

Ang  
Kahulugan ng  
Huling Ikasampung  
Bahagi  
ng Marangal na  
Qur'an

Kalakip ng  
Mga Panuntunang Pahahal-  
agahan ng Muslim

Ang Kahulugan ng Huling Ikasampung Bahagi ng Marangal na Qur'an

تَقْسِيمِ  
العُشْرِ الْأَخِيرِ  
من القرآن الكريم

# Ang Panimula

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

Ang papuri ay ukol kay Allah. Ang basbas at pangangalaga ni Allah ay ukol sa pinuno natin, Propeta natin, at minamahal natin, ang Sugo ni Allah.

**Pakaalamin ninyo mga kapatid na Muslim, kaawaan nawa kayo ni Allah, na isinatungkulin sa atin na matutunan ang apat na usapin:**

**1. Ang Kaalaman.** Ito ay ang makilala si Allah, ang makilala ang Propeta Niya (SAS), at ang malaman ang Relihiyong Islam dahil hindi ipinahihintulot na sambahin si Allah nang hindi ayon sa kaalaman. Ang sinumang gumawa ng hindi ayon sa kaalaman, ang hantungan niya ay tungo sa kaligawan at nakawangis nga niya ang mga Nasrání roon.

**2. Ang Paggawa.** Ang sinumang nakaalam ngunit hindi gumawa ay nakawangis nga niya ang mga Hudyo dahil ang mga ito ay nakaalam ng tama ngunit hindi gumawa. Kabilang sa mga panlalansi ng Demonyo ay inalalayo niya sa kaalaman ang loob ng tao sa pagpapaakala rito na ito ay mapagpapaumanhin ni Allah dahil sa kamangmangan nito. Hindi nito alam na ang sinumang binigyan ng kakayahang matuto at hindi nag-aaral ay nailahad na sa kanya ang patunay. Ito rin ang panlalansi ng mga kababayan ni Noe noong **“inilalagay nila ang mga daliri nila sa mga tainga nila, nagtatalukbong sila ng mga damit nila”** upang hindi nawa mailahad sa kanila ang patunay.

**3. Ang Pag-anyaya roon** dahil sa ang mga maalam at ang mga tagapag-anyaya sa Islam ay ang mga tagapagmana ng mga propeta. Isinumpa ni Allah ang mga anak ni Israel dahil **“Hindi sila noon nagsasawayan laban sa nakasasama na ginawa nila; talagang kaaba-aba ang ginagawa nila noon.”** Ang pag-aanyaya sa Islam at ang pagtuturo nito ay tungkuling sapat nang gampanan ng iilan sa kalipunan: kung isinagawa ito ng sinumang may sapat na kakayahan ay hindi magkakasala ang isa [sa kalipunan]; ngunit kung tinalikdan ito ng lahat ay magkakasala sila.

**4. Ang Pagtitiis sa kapinsalaan** dahil sa pagpapakaalam sa kaalaman, paggawa ayon dito, at pag-aanyaya para rito.

Bilang isang pakikilahok mula sa amin sa pagpawi sa kamangmangan at pagpapadali sa pagtamo ng kinakailangang kaalaman, tinipon namin sa pinaikling aklat na ito ang ilan sa ikapagtatamo ng kasapatan sa mga kaalamang pang-Islam kalakip ang Huling Ikasampung Bahagi ng Marangal na Qur'an at ang kahulugan nito dahil sa kadalasan ng pag-uulit-ulit nito. Ang anumang hindi matamo ang kahalatan nito ay hindi dapat iwan ang karamihan nito.

Sinikap namin sa lahat ng iyon ang maikling paglalahad at pagbatay sa napagtibay mula sa Propeta (SAS). Hindi namin inaangkin na kami ay humantong sa kalubusan sapagkat ito ay bagay na kabilang sa itinangi ni Allah para sa sarili Niya, bagkus ang akdang ito ay pagsisikap ng isang aba. Kaya kung tama, mula kay Allah ito. Kung mali naman, mula sa amin at sa Demonyo ang kamaliang ito; si Allah at ang Sugo Niya (SAS) ay walang kinalaman sa kamaliang ito. Kaawaan nawa ni Allah ang sinumang magturo sa amin sa mga kapintasan namin sa pamamagitan ng makalayunin at mapag-ayos na pagpuna.

Hinihiling namin kay Allah na gantihan nawa Niya ng pinakamabuting ganti ang sinumang lumahok sa paghahanda nito, paglilimbag nito, pamamahagi nito, pagbabasa nito, at pagtuturo nito; tanggapin nawa Niya ito mula sa kanila, at pag-ibayuhin nawa Niya para sa kanila ang kabayaran at gantimpala.

Si Allah ay higit na nakaaalam. Basbasan ni Allah at pangalagaan ang pinuno natin at ang Propeta nating si Muhammad sampu ng lahat ng mag-anak niya at mga kasamahan niya.

Ang aklat na ito Ipinamamahagi nang libre Hindi ipinahihintulot ipagbili

Unang edisyon Dinagdagan at inayos Dhul qa'dah, 1427 A.H.

Itinagubilin ang aklat na ito ng pangkat ng mga maalam at mga mag-aaral ng Islam sa Mundong Islam

Para sa karagdagang mga impormasyon o pag-aambag o pakikilahok o paghiling ng aklat:

Website: [www.tafseer.info](http://www.tafseer.info) E-mail: [phi@tafseer.info](mailto:phi@tafseer.info)

## Ang Kalamangan ng Pagbabasa ng Qur'an

Ang Qur'an ay Salita ni Allah. Ang kalamangan nito sa lahat ng salita ay gaya ng kalamangan ni Allah sa mga nilikha Niya. Ang pagbabasa nito ay ang pinakamainam na pagpapakilos ng dila.

★ **Ang pag-aaral ng Qur'an, ang pagtuturo nito, ang pagbabasa ay may dulot na maraming kalamangan na ang ilan ay ang sumusunod:**

▶ **Ang gantimpla ng pagtuturo nito.** Nagsabi ang Sugo (SAS) : *“Ang pinakamainam sa inyo ay ang nag-aral ng Qur'an at nagtuturo nito.”* Isinalaysay ito ni Imám alBukhárí.

▶ **Ang gantimpala sa pagbabasa nito.** Nagsabi ang Sugo (SAS) : *“Ang sinumang bumasa ng isang titik mula sa Aklat ni Allah ay magkakaroon siya dahil doon ng isang magandang gawa at ang magandang gawa ay ginagantimpalaan ng sampung ulit nito.”* Isinalaysay ito ni Imám atTirmidhí.

▶ **Ang kalamangan ng pag-aaral ng Qur'an at pagsasaulo nito at ang kahusayan sa pagbabasa nito.** Nagsabi ang Sugo (SAS) : *“[Siya ay] tulad ng isang nagbabasa ng Qur'an habang siya ay nagsasaulo nito kasama ng mga mabuting marangal na anghel at tulad ng isang nagbabasa ng Qur'an habang siya ay nagpapanatili nito at siya ay mahigpit dito kaya magkakamit siya ng dalawang gantimpala.”* Muttafaq 'Alayhi. Nagsabi pa ang Sugo (SAS) : *“Sasabihin sa kaibigan ng Qur'an: Bumasa ka, umakyat ka, at bumigkas ka gaya noong ikaw ay bumibigkas nito sa mundo sapagkat tunay na ang kalagayan mo ay nasa huling bahagi ng talata na binabasa mo.”* Isinalaysay ito ni Imám atTirmidhí.

**Nagsabi si alKhitábi:** “Nasaad sa salaysay na ang bilang ng mga talata ng Qur'an ay ayon sa dami ng baytang ng Paraiso kaya sasabihin sa nagbabasa [ng Qur'an]: ‘Umakyat ka sa mga baytang ayon sa dami ng binabasa mo noon mula sa mga talata ng Qur'an.’ Kaya ang sinumang nakalubos sa pagbasa ng buong Qur'an ay makapag-aangkin ng pinakamataas sa mga baytang ng Paraiso sa Kabilang-buhay. Ang sinumang nakabasa ng isang bahagi mula rito, ang pag-akyat niya sa mga baytang ay ayon sa dami niyon. Kaya ang pagwawakasan ng gantimpala ay ang pagwawakasan ng pagbasa.”

▶ **Ang kabayaran ng sinumang nag-aaral ang anak niya ng Qur'an.** Nagsabi ang Sugo (SAS) : *“Ang sinumang nagbasa ng Qur'an, nag-aral niyon, at gumawa ayon doon ay pasusuutin ang mga magulang nito sa Araw ng Pagbangon ng isang korona ng liwanag na ang tanglaw niyon ay tulad ng tanglaw ng araw at dadamitan ang mga magulang nito ng dalawang hiyas na hindi matutumbasan ng mundo ang mga ito. Kaya magsasabi silang dalawa: Bakit kami dinamitan nito? Kaya naman sasabihin: Dahil sa pagtangkilik ng anak ninyo sa Qur'an.”* Isinalaysay ito ni Imám alHákim.

▶ **Ang Pamamagitan ng Qur'an sa kaibigan nito sa Kabilang-buhay.** Nagsabi ang Sugo (SAS) : *“Basahin ninyo ang Qur'an sapagkat tunay na ito ay darating sa Araw ng Pagbangon bilang isang tagapamagitan para sa mga kaibigan nito.”* Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Nagsabi pa ang Sugo (SAS) : *“Ang Qur'an at ang pag-aayuno ay mamamagitan para sa tao sa Araw ng Pagbangon.”* Isinalaysay ito ni Imám Ahmad.

► **Ang kabayaran ng mga nagtipon para sa pagbigkas ng Qur'an at pag-aaral nito.** Nagsabi ang Sugo (SAS) : *“Kapag may nagtipong mga tao sa isang bahay na kabilang sa mga bahay ni Allah — binibigkas nila ang Aklat ni Allah at pinag-aaralan nila ito sa isa't isa sa kanila — ay bababa sa kanila ang kapanatagan, babalutin sila ng awa, paliligiran sila ng mga anghel, at babanggitin sila ni Allah sa sinumang nasa piling Niya...”* Isinalaysay ito ni Imám Abú Dáwud.

★ **Ang mga Kaasalan sa Pagbabasa ng Qur'an.** Bumanggit si Ibnu Kathír ng mga kaasalan at ang sumusunod ay ang ilan sa mga ito: Na hindi sasalingin ng tao ang Qur'an ni babasahin ito malibang siya ay táhir; na maglilinis ng ngipin sa pamamagitan ng siwák bago bigkasin ito; na magsusuot ng pinakamagandang kasuotan niya, na haharap sa Qiblah; na titigil sa pagbabasa kapag naghikab, na hindi puputulin ang pagbabasa sa pamamagitan ng pagsasalita ng iba maliban kung kinakailangan, na nakatuon ang isip; na hihinto pagkatapos ng talatang naglalaman ng pangako at hihilingin iyon at hihinto rin pagkatapos ng talatang naglalaman ng banta at magpapakupkop kay Allah; na hindi iiwan ang Mus'haf na nakabukas at hindi rin maglalagay sa ibabaw nito ng anuman; na hindi magpapalakasan sa pagbasa ang mga nagbabasa nito; na hindi ito babasahin sa mga palengke at mga pook ng kaingayan.

★ **Papaanong bibigkasin ang Qur'an?** Tinanong si Anas (RA) tungkol sa pagbigkas ng Propeta (SAS) kaya nagsabi ito: “Pinahahaba niya ang bigkas nang tamang pagpapahaba ng bigkas. Kapag binigkas niya ang **bismi -lláhi 'rahmán -rrahím** ay pinahahaba niya ang bigkas ng **bismi -lláhi**, pinahahaba niya ang bigkas ng **rahmán**, at pinahahaba niya ang bigkas ng **rahím**.” Isinalaysay ito ni Imám alBukhárí.

★ **Ang ibayong gantimpala sa pagbabasa ng Qur'an.** Lahat ng nagbabasa ng Qur'an na wagas na nag-uukol kay Allah ay gagantimpalaan. Subalit nag-iibayo ang gantimpalang ito at lumalaki kapag may konsentrasyon ng isip, pagbubulay-bulay, at pag-unawa sa binibigkas sapagkat ang isang titik ay katumbas ng sampung mabuting gawa hanggang sa pitong daang ulit.

★ **Ang dami ng babasahin sa araw at gabi.** Ang mga Kasamahan ng Propeta (SAS) noon ay nagtatalaga para sa mga sarili nila ng isang bahagi ng Qur'an sa bawat araw. Hindi nagpumilit ang isa mula sa kanila sa pagtapos nito sa loob ng mababa pa sa pitong araw, bagkus ay nasaad ang pagbabawal sa pagtapos nito sa loob ng mababa pa sa tatlong araw.

**Kaya maging masigasig ka kapatid sa paggamit sa oras mo sa pagbabasa nito.** Magtalaga ka para sa sarili ng **pang-araw-araw na oras para sa pagbabasa**, na hindi mo kakaligtaan anuman ang mangyari. Ang kaunting oras na tuloy-tuloy ay mainama kaysa sa maraming oras na patigil-tigil. Kaya kung nakaligtaan mo o nakatulugan mo ay punuan mo kinabukasan. Nagsabi ang Sugo (SAS) : *“Ang sinumang nakatulog kaya nakaligtaang bumasa ng isang **hizb** o ng isang bahagi mula rito at binasa niya naman sa pagitan ng **saláh sa fajr** at **saláh sa dhuhr** ay itatala para sa kanya na para bagang binasa niya iyon sa gabi.”* Isinalaysay ito ni Imam Muslim. Huwag kang maging kabilang sa mga umayaw sa Qur'an at lumimot dito maging sa anumang uri iyon gaya ng pag-ayaw sa **pagbabasa nito o pagbigkas nito o pagbubulay-bulay rito o paggawa ayon dito o pagpapalunas sa pamamagitan nito.**



## Súrah alFátihah [1]

- 1 Sa ngalan ni Allah,<sup>1</sup> ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.
- 2 Ang *lahat* ng papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang,
- 3 ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain,
- 4 ang May-ari ng Araw ng Paggantimpala.
- 5 Sa Iyo *lamang* kami sumasamba at sa Iyo *lamang* kami nagpapatulong.
- 6 Patubayan Mo kami sa tuwid na landasin:
- 7 ang landasin ng mga biniyayaan Mo, hindi ng mga kinagalitan at hindi ng mga naliligaw.

<sup>1</sup> Allah: Ang pansariling pangalan ng Panginoong Diyos sa wikang Arabe. Ito ay isang pangngalang pantangi at hindi pangngalang pambalana, kaya ang mga panandang gagamitin sa pagtukoy sa pangalang Allah ay SI, NI at KAY at **hindi** ANG, NG at SA. Samaka-tuwid ang tama ay sabihing: SI Allah, NI Allah at KAY Allah. Ito ang paninindigan ng pinakamataas na awtoridad sa wikang Filipino, ang Komisyon sa Wikang Filipino; at ito rin ang paninindigan ng Ministry of Islamic Affairs sa Saudi Arabia.

## Súrah alMujádilah [58]


Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Narinig nga ni Allah ang sinabi ng babae na nakikipagtalo sa iyo hinggil sa asawa niya at dumaraing kay Allah. Si Allah ay nakaririnig sa talakayan ninyong dalawa; tunay na si Allah ay Nakaririnig, Nakakikita.

2 Ang mga nagsasagawa ng *dhihár*<sup>1</sup> na kabilang sa inyo sa mga maybahay nila ay *nalalamang* ang mga ito ay hindi mga ina nila. Ang mga ina nila ay walang iba kundi ang mga nagsilang sa kanila. Tunay na sila ay talagang nagsasabi ng isang nakasasama na pananalita at isang kabulaanan. Tunay na si Allah ay talagang Mapagpaumanhin, Mapagpatawad.

3 Ang mga nagsasagawa ng *dhihár* sa mga maybahay nila, pagkatapos ay binawi nila ang sinabi nila, ay pagpapalaya ng isang alipin *ang pambayad-sala* bago magsalingan silang *mag-asawa*. Iyan ay ipinangangaral sa inyo. Si Allah sa anumang ginagawa ninyo ay Nakababatid.

4 Ngunit ang sinumang hindi makatagpo ng *mapalalaya* ay pag-aayuno ng dalawang buwang magkakasunod *ang pambayad-sala* bago magsalingan silang *mag-asawa*; ngunit kung hindi niya makakaya, pagpapakain ng animnapung dukha *ang pambayad-sala*. Iyan ay upang sumampalataya sila kay Allah at sa Sugo Niya. Iyon ay mga hangganan ni



Allah. Ukol sa mga tumatangging sumampalataya ay masakit na pagdurusa.

5 Tunay na ang mga sumasalansang kay Allah at sa Sugo Niya ay dudustain gaya ng pandudusta sa mga nauna sa kanila. Nagbaba na Kami<sup>2</sup> ng malilina na mga tanda. Ukol sa mga tumatangging sumampalataya ay pagdurusang magpapahiya,

6 sa Araw na bubuhayin sila ni Allah nang lahatan at saka ipababatid sa kanila

1 Ang paghahalintulad sa maybahay sa ina sa pamamagitan ng pagsabi sa maybahay: Ikaw sa ganang akin ay para bagang likod ng ina ko.

2 Ang tinutukoy ng Kami rito ay si Allah. Gaya ng ibang wika, ang panghalip na Kami at Kayo ay madalas na ipinantutukoy sa nag-iisang Diyos o nag-iisang tao. Madalas na ang paggamit ng pangmaramihang anyo ng panghalip ay nagpapahiwatig ng kapangyarihan at kamahalan (majesty) at hindi lamang ng bilang.

أَلَمْ تَرَ أَنَّ اللَّهَ يَعْلَمُ مَا فِي السَّمَوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ مَا يَكْتُوْنَ  
 مِنْ تَجْوَى ثَلَاثَةَ أَيَّامٍ إِلَّا هُوَ رَآهُمْ وَلَا هُمْ يَحِيطُونَ بِشَيْءٍ مِّنْ شَيْءٍ إِلَّا  
 مَا كَانُوا يَمْنُونَ ﴿٧﴾ أَلَمْ تَرَ إِلَى الَّذِينَ  
 يَزْعُمُونَ أَنَّهُمْ يُعْبُدُونَ اللَّهَ وَإِنَّمَا كَانُوا يَدْعُونَ  
 إِلَهَ الْإِنسَانِ الْمَذْمُومَ الْفَعِيلَ ﴿٨﴾ أَلَمْ تَرَ إِلَى الَّذِينَ  
 يَزْعُمُونَ أَنَّهُمْ يُعْبُدُونَ اللَّهَ وَإِنَّمَا كَانُوا يَدْعُونَ  
 إِلَهَ الْإِنسَانِ الْمَذْمُومَ الْفَعِيلَ ﴿٩﴾ أَلَمْ تَرَ إِلَى الَّذِينَ  
 يَزْعُمُونَ أَنَّهُمْ يُعْبُدُونَ اللَّهَ وَإِنَّمَا كَانُوا يَدْعُونَ  
 إِلَهَ الْإِنسَانِ الْمَذْمُومَ الْفَعِيلَ ﴿١٠﴾ أَلَمْ تَرَ إِلَى الَّذِينَ  
 يَزْعُمُونَ أَنَّهُمْ يُعْبُدُونَ اللَّهَ وَإِنَّمَا كَانُوا يَدْعُونَ  
 إِلَهَ الْإِنسَانِ الْمَذْمُومَ الْفَعِيلَ ﴿١١﴾

ang anumang ginawa nila. Itinala iyon ni Allah samantalang nakalimutan nila iyon. Si Allah sa bawat bagay ay Saksi.

7 Hindi mo ba napag-alaman na si Allah ay nakaalam sa anumang nasa mga langit at anumang nasa lupa? Hindi mangyayaring mayroong sariling pag-uusap ng tatlo kung hindi Siya ang ikaapat sa kanila, ni ng lima kung hindi Siya ang ikaanim sa kanila, ni ng higit na marami kaysa roon kung hindi Siya kasama nila saan man sila. Pagkatapos ay ipababatid Niya sa kanila sa Araw ng Pagkabuhay ang anumang ginawa nila. Tunay na si Allah sa bawat bagay ay Nakaaalam.

8 Hindi mo ba napag-alaman ang mga pinagbawalan na gumawa ng sariling

pag-uusap, pagkatapos ay nanunumbalik sa ipinagbawal sa kanila at palihim na nag-uusap-usap hinggil sa kasalanan, pang-aaway at pagsuway sa Sugo? Kapag pumunta sila sa iyo, binabati ka nila ng pagbating hindi ipinambabati sa iyo ni Allah at sinasabi nila sa mga sarili nila: “Bakit hindi tayo pagdusahin ni Allah sa sinasabi natin?” Sapat na sa kanila ang Impiyerno na papasukin nila. Kaaba-aba ang kahahantungan!

9 O mga sumampalataya, kapag palihim kayong nag-usap-usap ay huwag kayong palihim na mag-usap-usap hinggil sa kasalanan, pang-aaway at pagsuway sa Sugo; palihim na mag-usap-usap kayo tungkol sa pagpapakabuti at pangilingilag sa pagkakasala. Mangilag kayong magkasala kay Allah na sa Kanya ay titipunin kayo.

10 Ang masamang palihim na pag-uusap ay mula sa Demonyo upang palungkutin ang mga sumampalataya, ngunit hindi siya makapipinsala sa kanila ng anuman maliban kung may kapahintulutan ni Allah. Kay Allah manalig ang mga mananampalataya.

11 O mga sumampalataya, kapag sinabi sa inyo na magbigay-puwang kayo sa mga pagtitipon ay magbigay-puwang kayo; magbibigay-puwang si Allah para sa inyo. Kapag sinabi sa inyo na tumindig ay tumindig kayo; tataasan ni Allah ng mga antas ang mga sumampalataya na kabilang sa inyo at ang mga binigyan ng kaalaman. Si Allah sa anumang ginagawa ninyo ay Nakababatid.

12 O mga sumampalataya, kapag palihim na makikipag-usap kayo sa Sugo

ay maghandog muna kayo bago ang palihim na makikipag-usap ninyo ng isang kawanggawa *sa dukha*. Iyon ay higit na mabuti para sa inyo at higit na dalisay. Ngunit kung hindi kayo nakatagpo ng *ihahandog*, tunay na si Allah ay Mapagpatawad, Maawain.

13 Natakot ba kayo na maghandog muna bago ang palihim na makikipag-usap ninyo ng mga kawanggawa *sa dukha*? Kaya kapag hindi ninyo ginawa at pinatawad kayo ni Allah, panatilihin ninyo ang pagdarasal, magbigay kayo ng zakáh at tumalima kayo kay Allah at sa Sugo Niya. Si Allah sa anumang ginagawa ninyo ay Nakababatid.

14 Hindi mo ba napag-alaman ang mga tumangkilik sa mga taong kinagalitan ni Allah? Sila ay hindi kabilang sa inyo at hindi kabilang sa mga iyon. Sumusumpa sila sa kasinungalingan habang sila ay nakaaalam *sa kasinungalingan*.

15 Naghanda si Allah para sa kanila ng isang matinding pagdurusa. Tunay na sila ay masama sa ginagawa nila noon.

16 Ginawa nila ang mga panunumpa nila na isang panangga kaya nakasagabal sila sa landas ni Allah, kaya ukol sa kanila ay pagdurusang magpapahiya.

17 Walang magagawa para sa kanila ang mga yaman nila at ang mga anak nila na anuman laban kay Allah. Ang mga iyon ay ang mga mananahan sa Apoy; sila ay doon magsisipanatili.

18 Sa Araw na bubuhayin sila ni Allah nang lahatan ay manunumpa sila sa Kanya gaya ng isinusumpa nila sa inyo. Nag-aakala sila na sila ay nakabatay sa isang bagay na mapakikinabangan.

يٰۤاَيُّهَا الَّذِيْنَ ءٰمَنُوْا اِذَا نَجَّيْتُمُ الرَّسُوْلَ فَقَدِمُوْا بَيْنَ يَدَيِّ جَبُوْنِكُمْ  
صَدَقَةٌ ذٰلِكَ خَيْرٌ لَّكُمْ وَاَطْهَرُ فَاِنْ لَّمْ تَجِدُوْا فَاِنَّ اللّٰهَ غَفُوْرٌ رَّحِيْمٌ ﴿١٣﴾  
ءَاَسْفَقْتُمْ اَنْ تَقْدِمُوْا بَيْنَ يَدَيِّ جَبُوْنِكُمْ صَدَقْتُمْ فَاِذْ لَمْ تَفْعَلُوْا  
وَتَابَ اللّٰهُ عَلَيْكُمْ فَاَقِيْمُوا الصَّلٰوةَ وَاَتُوْا الزَّكٰوةَ وَاَطِيعُوْا اللّٰهَ  
وَرَسُوْلَهُ وَاَللّٰهُ خَيْرٌ يَّمَّا تَعْمَلُوْنَ ﴿١٤﴾ ﴿١٤﴾ اَلَمْ تَرَ اِلَى الَّذِيْنَ تَوَلَّوْا قَوْمًا  
غَضِبَ اللّٰهُ عَلَيْهِمْ مَا هُمْ مِنْكُمْ وَلَا مِنْهُمْ وَيَحْلِفُوْنَ عَلَى الْكٰذِبِ  
وَهُمْ يَعْلَمُوْنَ ﴿١٥﴾ اَعَدَّ اللّٰهُ لَهُمْ عَذَابًا شَدِيْدًا اِنَّهُمْ سَاءَ مَا كَانُوْا  
يَعْمَلُوْنَ ﴿١٦﴾ اتَّخَذُوْا اٰمَنِيْنَهُمْ جَنَّةً فَصَدُّوْا عَنْ سَبِيْلِ اللّٰهِ فَاهْمٌ  
عَذَابٌ مُّهِينٌ ﴿١٧﴾ لَنْ نَعْفِيَ عَنْهُمْ اَمْوَالَهُمْ وَلَا اَوْلَادَهُمْ مِّنَ اللّٰهِ  
شَيْئًا اُولٰٓئِكَ اَصْحٰبُ النَّارِ هُمْ فِيْهَا خٰلِدُوْنَ ﴿١٨﴾ يَوْمَ يَبْعَثُهُمُ  
اللّٰهُ جَمِيْعًا فَيَحْلِفُوْنَ لَهُ كَمَا يَحْلِفُوْنَ لَكُمْ وِجْهًا وَّيَحْسَبُوْنَ اَنَّهُمْ عَلَى شَيْءٍ اَلَّا  
يٰۤاَيُّهُمْ هُمُ الْكٰذِبُوْنَ ﴿١٩﴾ اَسْتَحْوَذَ عَلَيْهِمُ الشَّيْطٰنُ فَاَنسَاهُمْ ذِكْرَ  
اللّٰهِ اُولٰٓئِكَ حِزْبُ الشَّيْطٰنِ اَلَا اِنَّ حِزْبَ الشَّيْطٰنِ هُمُ الْخٰسِرُوْنَ ﴿٢٠﴾  
اِنَّ الَّذِيْنَ يُحٰدِثُوْنَ اللّٰهَ وَرَسُوْلَهُ وَاُولٰٓئِكَ فِي الْاٰذٰلِيْنَ ﴿٢١﴾  
كَتَبَ اللّٰهُ لَاَعْلِيْبَ اَنَا وَرَسُوْلِيْ اِنَّ اللّٰهَ قَوِيٌّ عَزِيْزٌ ﴿٢٢﴾

Talagang tunay na sila ay ang mga nagsisinungaling.

19 Napanaignan sila ng Demonyo kaya naipalimot nito sa kanila ang pag-alaala kay Allah. Ang mga iyon ay ang kapisanan ng Demonyo. Alalahanin, tunay na ang kapisanan ng Demonyo ay ang mga talunan.

20 Tunay na ang mga sumasalansang kay Allah at sa Sugo Niya, ang mga iyon ay kabilang sa mga napakahamak.

21 Itinakda ni Allah: “Talagang mananaig nga Ako sampu ng mga sugo kay Allah at sa Sugo Niya, ang mga iyon ay kabilang sa mga napakahamak, Nakapangyayari.



لَا يَجِدُ قَوْمًا يُؤْمِنُونَ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ يُوَادُّونَ مَنْ  
 حَادَّ اللَّهَ وَرَسُولَهُ. وَلَوْ كَانُوا آبَاءَهُمْ أَوْ أَبْنَاءَهُمْ  
 أَوْ إِخْوَانَهُمْ أَوْ عَشِيرَتَهُمْ أُولَئِكَ كَتَبَ فِي قُلُوبِهِمْ  
 الْإِيمَانَ وَأَيَّدَهُمْ بِرُوحٍ مِنْهُ وَيُدْخِلُهُمْ جَنَّاتٍ تَجْرِي  
 مِنْ تَحْتِهَا الْأَنْهَارُ خَالِدِينَ فِيهَا رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمْ وَرَضُوا  
 عَنْهُ أُولَئِكَ حِزْبُ اللَّهِ أَلَا إِنَّ حِزْبَ اللَّهِ هُمُ الْمُفْلِحُونَ ﴿٢٢﴾

سُورَةُ الْحَشْرِ  
 ٥٩ آيَاتُهَا ٢٤

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
 سَبَّحَ لِلَّهِ مَا فِي السَّمَوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ وَهُوَ الْعَزِيزُ الْحَكِيمُ  
 ﴿١﴾ هُوَ الَّذِي أَخْرَجَ الَّذِينَ كَفَرُوا مِنْ أَهْلِ الْكِنَبِ مِنْ دِيَارِهِمْ  
 لَأُولِ الْأَحْزَابِ مَا ظَنَنْتُمْ أَنْ يَخْرُجُوا وَظَنُّوا أَنَّهُمْ مَانِعَتُهُمْ  
 حُصُونُهُمْ مِنَ اللَّهِ فَأَنزَلَهُمْ اللَّهُ مِنْ حَيْثُ لَمْ يَحْتَسِبُوا وَقَدَفَ  
 فِي قُلُوبِهِمُ الرُّعْبَ يُخْرِبُونَ بُيُوتَهُمْ بِأَيْدِيهِمْ وَأَيْدِي الْمُؤْمِنِينَ  
 فَاعْتَبِرُوا يَا أُولِيَ الْأَبْصَارِ ﴿٢﴾ وَلَوْلَا أَنْ كَتَبَ اللَّهُ عَلَيْهِمُ  
 الْجَلَاءَ لَعَذَّبَهُمْ فِي الدُّنْيَا وَهُمْ فِي الْآخِرَةِ عَذَابُ النَّارِ ﴿٣﴾

﴿22﴾ Hindi ka makatatagpo ng mga taong sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw na mamahalin ang mga sumasalansang kay Allah at sa Sugo Niya, kahit pa man ang mga ito ay mga magulang nila o mga anak nila o mga kapatid nila o angkan nila. Ang mga iyon ay inukitan Niya sa mga puso nila ng pananampalataya at pinalakas Niya sila sa pamamagitan ng isang pag-alalay mula sa Kanya. Papapasukin Niya sila sa mga Hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog habang mga nananatili sa mga ito. Nalugod si Allah sa kanila at nalugod sila sa Kanya. Ang mga iyon ay ang kapisanan ni Allah. Talagang tunay na ang kapisanan ni Allah ay ang mga matagumpay.

## Súrah alH<sub>ashr</sub> [59]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

﴿1﴾ Nagluwalhati kay Allah ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Siya ay ang Nakapangyayari, ang Marunong.

﴿2﴾ Siya ang nagpalisan sa mga tumangging sumampalataya na kabilang sa mga May Kasulatan<sup>1</sup> mula sa mga tahanan nila sa unang pagkatipon. Hindi ninyo inakala na sila ay lilisan. Nagakala naman sila na sila ay maipagtatangol ng mga kuta nila laban kay Allah. Ngunit pinuntahan sila ng parusa ni Allah mula sa hindi nila inaasahan. Ipinukol Niya sa mga puso nila ang hilakbot. Sinisira nila ang mga bahay nila sa pamamagitan ng mga kamay nila at mga kamay ng mga mananampalataya. Kaya tumanggap kayo ng pangaral, o mga may paningin.

﴿3﴾ Kung hindi itinakda ni Allah sa kanila ang pagtataboy, talagang pinagdusa na sana Niya sila sa Mundo. Ukol sa kanila sa Kabilang-buhay ang pagdurusa sa Apoy.

<sup>1</sup> Mga May Kasulatan: mga Hudyo o mga Kristiyano. Ang tinutukoy rito ay mga Hudyo ng angkan ni Nadhír.

4 Iyon ay sapagkat nakipaghidwaan sila kay Allah at sa Sugo Niya. Ang sinumang makipaghidwaan kay Allah, tunay na si Allah ay matindi sa pagpaparusa.

5 Ang anumang pinutol ninyo na datiles o hinayaan ninyo na nakatayo ito sa mga ugat nito ay may pahintulot ni Allah, at upang dustain Niya ang mga nagpapakasuwail.

6 Ang anumang pinanumbalik ni Allah sa Sugo Niya na nasamsam mula sa kanila ay hindi kayo nagpasugod sa pagkamit nito ng isang kabayo ni isang sasakyang kamelyo, subalit pinananaig ni Allah ang mga sugo Niya sa kaninumang niloloob Niya. Si Allah sa bawat bagay ay Makapangyarihan.

7 Ang anumang pinanumbalik ni Allah sa Sugo Niya na nasamsam mula sa mga naninirahan sa mga bayan ay ukol kay Allah, ukol sa Sugo, ukol sa mga may malapit na kaugnayan sa Sugo, mga ulila, mga dukha at manlalakbay na kinapos sa daan upang hindi ito maging isang ari-ariang palipat-lipat sa pagitan ng mga mayaman mula sa inyo. Ang anumang ibinigay sa inyo ng Sugo ay kunin ninyo at ang anumang sinaway sa inyo ng Sugo ay tigilan ninyo. Mangilag kayong magkasala kay Allah; tunay na si Allah ay matindi sa pagpaparusa.

8 *Mayroon ding* ukol sa mga maralita, na nagsilikas na pinalisan mula sa mga tahanan nila at mga ari-arian nila, na naghahangad ng isang kagandahang-loob mula kay Allah at isang pagkalugod at tumutulong kay Allah at sa Sugo Niya. Ang mga iyon ay ang mga tapat.

ذَلِكَ بِأَنَّهُمْ شَاقُوا اللَّهَ وَرَسُولَهُ. وَمَنْ يُشَاقِ اللَّهَ فَإِنَّ اللَّهَ شَدِيدُ الْعِقَابِ ۖ (4) مَا قَطَعْتُمْ مِنْ لَيْنَةٍ أَوْ تَرَكْتُمْ هَا قَائِمَةً عَلَى أُصُولِهَا فَبِإِذْنِ اللَّهِ وَلِيخْرِي الْفَاسِقِينَ ۖ (5) وَمَا آفَاءَ اللَّهِ عَلَى رَسُولِهِ مِنْهُمْ فَمَا أَوْجَفْتُمْ عَلَيْهِ مِنْ خَيْلٍ وَلَا رِكَابٍ وَلَكِنَّ اللَّهَ يُسَلِّطُ رُسُلَهُ عَلَى مَنْ يَشَاءُ وَاللَّهُ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ ۖ (6) مَا آفَاءَ اللَّهِ عَلَى رَسُولِهِ مِنْ أَهْلِ الْقُرَى فَلِلَّهِ وَالرَّسُولِ وَلِذِي الْقُرْبَىٰ وَالْيَتَامَىٰ وَالْمَسْكِينِ وَابْنِ السَّبِيلِ كَيْ لَا يَكُونَ دُولَةً بَيْنَ الْأَغْنِيَاءِ مِنْكُمْ وَمَا آتَاكُمُ الرَّسُولُ فَخُذُوهُ وَمَا نَهَكُمُ عَنْهُ فَأَنْهَوْهُ ۗ وَأَتَقُوا اللَّهَ إِنَّ اللَّهَ شَدِيدُ الْعِقَابِ ۖ (7) لِلْفُقَرَاءِ الْمُهَاجِرِينَ الَّذِينَ أُخْرِجُوا مِنْ دِيَارِهِمْ وَأَمْوَالِهِمْ يَبْتَغُونَ فَضْلًا مِنَ اللَّهِ وَرِضْوَانًا وَيَنْصُرُونَ اللَّهَ وَرَسُولَهُ أُولَٰئِكَ هُمُ الصَّادِقُونَ ۖ (8) وَالَّذِينَ تَبَوَّءُوا الدَّارَ وَالْإِيمَانَ مِنْ قَبْلِهِمْ يُحِبُّونَ مَنْ هَاجَرَ إِلَيْهِمْ وَلَا يَجِدُونَ فِي صُدُورِهِمْ حَاجَةً مِمَّا أُوتُوا وَيُؤْتُونَ عَلَىٰ أَنْفُسِهِمْ وَلَوْ كَانَ بِهِمْ خَصَاصَةٌ ۚ وَمَنْ يُوقِ شُحَّ نَفْسِهِ فَأُولَٰئِكَ هُمُ الْمُفْلِحُونَ ۖ (9)

9 *Mayroon ding ukol sa* mga nanirahan na sa tahanan sa *Madinah* at yumakap na sa pananampalataya, bago pa dumating ang mga nagsilikas na iyon. Iniibig nila ang nagsilikas sa kanila at hindi sila nakatatagpo sa mga dibdib nila ng isang pangangailangan sa anumang ibinigay sa mga iyon at itinatangi pa nila ang mga iyon higit sa mga sarili nila, kahit pa man sa kanila ay may kadahupan. Ang sinumang napangangalagaan laban sa kasakiman ng sarili niya, ang mga iyon ay ang mga matagumpay.

وَالَّذِينَ جَاءُوا مِنْ بَعْدِهِمْ يَقُولُونَ رَبَّنَا اغْفِرْ لَنَا  
وَلِإِخْوَانِنَا الَّذِينَ سَبَقُونَا بِالْإِيمَانِ وَلَا تَجْعَلْ فِي قُلُوبِنَا  
غِلًّا لِلَّذِينَ آمَنُوا رَبَّنَا إِنَّكَ رَءُوفٌ رَحِيمٌ ﴿١٠﴾ أَلَمْ تَرَ إِلَى  
الَّذِينَ نَافَقُوا يَقُولُونَ لِإِخْوَانِهِمُ الَّذِينَ كَفَرُوا مِنْ أَهْلِ  
الْكِتَابِ لَئِنْ أُخْرِجْتُمْ لَنَخْرُجَنَّ مَعَكُمْ وَلَا نُطِغُ فِيكُمْ  
أَحَدًا أَبَدًا وَإِنْ قُوتِلْتُمْ لَنَنصُرَنَّكُمْ وَاللَّهُ بَشِيرٌ لَكِيدُونَ  
﴿١١﴾ لَئِنْ أُخْرِجُوا لَا يَخْرُجُونَ مَعَهُمْ وَلَئِنْ قُوتِلُوا لَا يَنْصُرُوهُمْ  
وَلَئِنْ نَصَرُوهُمْ لَيُوَلُّنَّ الْأَدْبَارَ ثُمَّ لَا يَنْصُرُونَ ﴿١٢﴾  
لَأَنْتُمْ أَشَدُّ رَهَبَةً فِي صُدُورِهِمْ مِنَ اللَّهِ ذَلِكَ بِأَنَّهُمْ قَوْمٌ  
لَا يَفْقَهُوهُ ﴿١٣﴾ لَا يَقْدِرُونَ عَلَيْكُمْ جَمِيعًا إِلَّا فِي قُرَى  
مُحَصَّنَةٍ أَوْ مِنْ وَرَاءِ جُدُرٍ بَأْسُهُمْ بَيْنَهُمْ شَدِيدٌ تَحْسَبُهُمْ  
جَمِيعًا وَقُلُوبُهُمْ شَتَّىٰ ذَلِكَ بِأَنَّهُمْ قَوْمٌ لَا يَعْقِلُونَ ﴿١٤﴾  
كَمَثَلِ الَّذِينَ مِنْ قَبْلِهِمْ قَرِيبًا ذَاتُ أُولِي أَلْأَمْرِ هُمْ وَهُمْ عَدَاوَةٌ  
أَلِيمٌ ﴿١٥﴾ كَمَثَلِ الشَّيْطَانِ إِذْ قَالَ لِلْإِنْسَانِ اكْفُرْ فَلَمَّا كَفَرَ  
قَالَ إِنِّي بَرِيءٌ مِنْكَ إِنِّي أَخَافُ اللَّهَ رَبَّ الْعَالَمِينَ ﴿١٦﴾

﴿١٠﴾ Ang mga dumating pagkatapos nila ay nagsasabi: “Panginoon namin, magpatawad Ka sa amin at sa mga kapatid namin na nauna sa amin sa pananampalataya, at huwag Kang maglagay sa mga puso Namin ng isang hinanakit sa mga sumampalataya; Panginoon namin, tunay na Ikaw ay Mahabagin, Maawain.”

﴿١١﴾ Hindi mo ba napag-alaman ang mga nagpapanggap na sumampalataya, na nagsasabi sa mga kapatid nila na mga tumangging sumampalataya na kabilang sa mga May Kasulatan: “Talagang kung palilisanin kayo ay talagang lilisan nga kami kasama ninyo. Hindi kami kailanman tatalima sa isa man laban sa inyo. Kung kakalabanin kayo ay talaga

namang iaadya namin kayo.” Si Allah ay sumasaksi na sila ay talagang mga nagsisinungaling.

﴿١٢﴾ Talagang kung palilisanin ang mga iyon ay hindi sila lilisan kasama ng mga iyon, at talagang kung kakalabanin ang mga iyon ay hindi sila mag-aadya sa mga iyon, at talagang kung mag-aadya man sila sa mga iyon ay talaga namang magsisibaling sila sa mga likuran nila, pagkatapos ay hindi maiaadya ang mga iyon.

﴿١٣﴾ Talagang kayo ay nagdudulot ng higit na matinding sindak sa mga dibdib nila kaysa kay Allah. Iyon ay dahil sila ay mga taong hindi nakauunawa.

﴿١٤﴾ Hindi sila sama-samang makikipaglaban sa inyo, maliban kung nasa loob ng mga bayang kinutahan o sa likod ng mga pader. Ang pagkamuhi nila sa isa’t-isa sa kanila ay matindi. Inaakala mo na sila ay sama-sama, ngunit ang mga puso nila ay hati-hati. Iyon ay dahil sila ay mga taong hindi nakauunawa.

﴿١٥﴾ Sila ay katulad ng mga nauna sa kanila kamakailan. Nalasap nila ang malalang kalalabasan ng kagagawan nila at ukol sa kanila ay isang masakit na pagdurusa.

﴿١٦﴾ Sila ay katulad ng Demonyo noong magsabi ito sa tao: “Tumanggi kang sumampalataya.” Ngunit noong tumanggi nang sumampalataya ito, nagsabi siya: “Tunay na ako ay walang-kaugnayan sa iyo; tunay na ako ay nangangamba kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang.”

17 Kaya ang kahihinatnan nilang dalawa ay na silang dalawa ay *papasok* sa Apoy upang magsisipanatili roon. Iyon ay ganti sa mga lumalabag sa katarungan.

18 O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allah. Pagmasdan ng *bawat* tao ang ginawa niya para sa kinabukasan. Mangilag kayong magkasala kay Allah; tunay na si Allah sa anumang ginagawa ninyo ay Nakababatid.

19 Huwag kayong maging gaya ng mga lumimot kay Allah, kaya ipinalimot Niya sa kanila ang mga sarili nila. Ang mga iyon ay ang mga nagpapakasuwail.

20 Hindi nagkakapantay ang mga maninirahan sa Apoy at ang mga maninirahan sa Paraiso; ang mga maninirahan sa Paraiso ay ang mga matagumpay.

21 Kung ibinaba Namin ang Qur'an na ito sa isang bundok, talagang nakita mo sana ito na nagpapakaaba na nagkabitakbitak dahil sa takot kay Allah. Ang mga paghahalintulad na ito ay ginagawa Namin para sa mga tao nang harinawa sila ay mag-isip-isip.

22 Siya ay si Allah na walang Diyos kundi Siya, ang Nakaaalam sa Nakalingid at Nasasaksihan. Siya ay ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

23 Siya ay si Allah na walang Diyos kundi Siya, ang Hari, ang Banal, ang Sakdal,<sup>1</sup> ang Tagapagpatiwasay,<sup>2</sup> ang Tagapagbantay, ang Nakapangyayari, ang Tagasupil, ang Makapagmamalaki.

فَكَانَ عَاقِبَتُهُمَا أَنَّهُمَا فِي النَّارِ خَالِدِينَ فِيهَا وَذَلِكَ جَزَاءُ الظَّالِمِينَ ﴿١٧﴾ يٰٓأَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ وَتَنظُرُوا نَفْسَ مَا قَدَّمْتُمْ لِغَدٍ وَاتَّقُوا اللَّهَ إِنَّ اللَّهَ خَبِيرٌ بِمَا تَعْمَلُونَ ﴿١٨﴾ وَلَا تَكُونُوا كَالَّذِينَ نَسُوا اللَّهَ فَأَنسَاهُمْ أَنفُسَهُمْ أُولَٰئِكَ هُمُ الْفٰسِقُونَ ﴿١٩﴾ لَا يَسْتَوِي أَصْحَابُ النَّارِ وَأَصْحَابُ الْجَنَّةِ أَصْحَابُ الْجَنَّةِ هُمُ الْفٰلِحُونَ ﴿٢٠﴾ لَوْ أَنزَلْنَا هٰذَا الْقُرْءَانَ عَلَىٰ جَبَلٍ لَّرَأَيْتَهُ خٰشِعًا مُّصَدَّرًا مِّنْ خَشْيَةِ اللَّهِ وَتِلْكَ الْأَمْثَلُ نَضْرِبُهَا لِلنَّاسِ لَعَلَّهُمْ يَتَفَكَّرُونَ ﴿٢١﴾ هُوَ اللَّهُ الَّذِي لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ عَلَيْهِ الْغَيْبِ وَالشَّهَادَةِ هُوَ الرَّحْمٰنُ الرَّحِيمُ ﴿٢٢﴾ هُوَ اللَّهُ الَّذِي لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْمَلِكُ الْقُدُّوسُ السَّلَامُ الْمُؤْمِنُ الْمُهَيَّبُ الْعَزِيزُ الْجَبَّارُ الْمُتَكَبِّرُ سُبْحٰنَ اللَّهِ عَمَّا يُشْرِكُونَ ﴿٢٣﴾ هُوَ اللَّهُ الْخَلِيقُ الْبَارِئُ الْمُصَوِّرُ لَهُ الْأَسْمَاءُ الْحُسْنَىٰ يُسَبِّحُ لَهُ مَا فِي السَّمٰوٰتِ وَالْأَرْضِ وَهُوَ الْعَزِيزُ الْحَكِيمُ ﴿٢٤﴾

سُوْرَةُ الْمُبْتَحٰثَةِ  
اٰیٰتِهَا ٢٤

Napakamaluwalhati ni Allah kaysa sa mga itinatambal nila.

24 Siya ay si Allah, ang Tagapaglikha, ang Maykapal, ang Tagapag-anyo. Taglay Niya ang mga pangalan na pinakamaganda. Nagluluwalhati sa Kanya ang anumang nasa mga Langit at Lupa. Siya ay ang Nakapangyayari, ang Marunong.

1 ang walang kapintasan o kakulangan.

2 O ang Tagapagpasampalataya.

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا لَا تَتَّخِذُوا عَدُوِّي وَعَدُوَّكُمْ أَوْلِيَاءَ تُلْقُونَ  
إِلَيْهِم بِالْمُودَةِ وَقَدْ كَفَرُوا بِمَا جَاءَكُمْ مِنَ الْحَقِّ يُخْرِجُونَ الرَّسُولَ  
وَإِيَّاكُمْ أَنْ تُؤْمِنُوا بِاللَّهِ رَبِّكُمْ إِنْ كُنْتُمْ حَرَجْتُمْ جِهَدًا فِي سَبِيلِي  
وَأَبْغَاءَ مَرْضَاتِي تُسِرُّونَ إِلَيْهِم بِالْمُودَةِ وَأَنَا أَعْلَمُ بِمَا أَخْفَيْتُمْ  
وَمَا أَعْلَنْتُمْ وَمَنْ يَفْعَلْهُ مِنْكُمْ فَقَدْ ضَلَّ سَوَاءَ السَّبِيلِ ۝١ إِنْ  
يَتَّقَوْكُمْ يَكُونُوا لَكُمْ أَعْدَاءً وَيَبْسُطُوا إِلَيْكُمْ أَيْدِيَهُمْ وَأَلْسِنَتَهُم  
بِالسُّوَىٰ وَوَدُّوا لَوْ تَكْفُرُونَ ۝٢ لَنْ نَنْفَعَكُمْ أَرْحَامَكُمْ وَلَا أَوْلَادَكُمْ  
يَوْمَ الْقِيَامَةِ يَفْصَلُ بَيْنَكُمْ وَاللَّهُ بِمَا تَعْمَلُونَ بَصِيرٌ ۝٣ قَدْ  
كَانَتْ لَكُمْ أُسْوَةٌ حَسَنَةٌ فِي إِبْرَاهِيمَ وَالَّذِينَ مَعَهُ إِذْ قَالُوا لَقَوْمِهِمْ  
إِنَّا بَرَاءٌ وَأُوَّامِنُكُمْ وَمِمَّا تَعْبُدُونَ مِنْ دُونِ اللَّهِ كَفَرْنَا بِكُمْ وَبَدَأَ بَيْنَنَا  
وَبَيْنَكُمْ الْعَدَاوَةَ وَالْبَغْضَاءَ أَبَدًا حَتَّىٰ تُؤْمِنُوا بِاللَّهِ وَحَدَهُ ۝٤ إِنْ  
قَوْلَ إِبْرَاهِيمَ لِأَبِيهِ لَأَسْتَغْفِرَنَّ لَكَ وَمَا أَمْلِكُ لَكَ مِنَ اللَّهِ مِنْ شَيْءٍ ۝٥  
رَبَّنَا عَلِّمْنَا لَكَ مَا تَشَاءُ وَتُؤْتِنَا إِنَّكَ أَنْتَ الْعَزِيزُ الْحَكِيمُ ۝٦

## Súrah alMumtahinah [60]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 O mga sumampalataya, huwag ninyong gawin ang mga kaaway Ko at ang mga kaaway ninyo na mga tagatangkilik na pag-uukulan ninyo sila ng pagmamahal gayong tumanggi na silang sumampalataya sa dumating sa inyo na katotohanan. Pinalilisan nila ang Sugo at kayo dahil sumampalataya kayo kay Allah, ang Panginoon ninyo. Kung kayo ay lumisan na para sa isang pakikibaka sa landas Ko at dahil sa paghahangad sa kaluguran Ko, *huwag silang tangkilikin*. Inililihim ninyo ang pag-uukol ng pagmamahal sa kanila gayong nalalaman Ko ang anumang

itinatago ninyo at ang anumang inihahayag ninyo. Ang sinuman sa inyo na gumawa niyon ay naligaw nga siya sa katumpakan ng daan.

2 Kung madadaig nila kayo, sila ay magiging mga kalaban ninyo at gagamitin nila sa inyo ang mga kamay nila at ang mga dila nila sa masama, at iibigin nila na sana tumanggi kayong sumampalataya.

3 Hindi magdudulot ng pakinabang sa inyo ang mga kamag-anakan ninyo ni ang mga anak ninyo; sa Araw ng Pagkabuhay, magpapahiwalay<sup>1</sup> Siya sa pagitan ninyo. Si Allah sa anumang ginagawa ninyo ay Nakababatid.

4 Nagkaroon na para sa inyo ng isang magandang huwaran dahil kay Abraham at sa mga kasama niya noong nagsabi sila sa mga kababayan nila: “Tunay na kami ay mga nagtatatwa sa inyo at sa anumang sinasamba ninyo bukod pa sa Allah. Tumanggi kaming maniwala sa inyo at lumitaw na sa pagitan namin at ninyo ang poot at ang suklam magpakailanman, malibang sumampalataya kayo kay Allah lamang.” — maliban sa sabi ni Abraham sa ama niya: “Talagang hihingi nga ako ng tawad para sa iyo, ngunit hindi ako nagtataglay ng anuman *na maipanananggalang* para sa iyo laban kay Allah; o Panginoon namin, sa Iyo kami nanalig, sa Iyo kami nagbabalik-loob at tungo sa Iyo ang kahahantungan.”

5 O Panginoon namin, huwag Mo kaming gawin na pinag-uusig<sup>2</sup> ng mga tumangging sumampalataya at patawarin Mo kami. O Panginoon namin, tunay na

1 O hahatol, o magpapasya.

2 O pinagdurus.

Ikaw ay ang Nakapangyayari, ang Marunong.”

❖ Talagang nagkaroon na para sa inyo dahil sa kanila ng isang magandang huwaran: para sa sinumang laging naghahangad kay Allah at sa Kabilang-buhay. Ang sinumang tatalikod, tunay na si Allah ay ang Walang-pangangailangan, ang Kapuri-puri.

❖ Marahil si Allah ay maglalagay sa pagitan ninyo at ng nakaaway ninyo mula sa kanila ng isang pagmamahalan yamang si Allah ay Makapangyarihan. Si Allah ay Mapagpatawad, Maawain.

❖ Hindi kayo pinagbabawalan ni Allah sa mga hindi kumalaban sa inyo dahil sa relihiyon at hindi nagpapalisan sa inyo mula sa mga tahanan ninyo, na makipagmabutihan sa kanila at makitungo nang makatarungan sa kanila. Tunay na si Allah ay umiibig sa mga makatarungang makitungo.

❖ Pinagbabawalan lamang kayo ni Allah sa mga kumalaban sa inyo dahil sa relihiyon, nagpalisan sa inyo mula sa mga tahanan ninyo at tumulong sa pagpapalisan sa inyo, na tangkilikin sila. Ang sinumang tumangkilik sa kanila, ang mga iyon ay ang mga lumalabag sa katarungan.

❖ O mga sumampalataya, kapag dumating sa inyo ang mga babaeng mananampalataya bilang mga nagsisilikas ay subukin ninyo sila. Si Allah ay higit na nakaaalam sa pananampalataya nila. Kaya kung nalaman<sup>1</sup> ninyo na sila ay mga babaeng mananampalataya, huwag ninyo silang ibalik sa mga *asawang*

لَقَدْ كَانَ لَكُمْ فِيهِمْ أُسْوَةٌ حَسَنَةٌ لِّمَن كَانَ يَرْجُوا اللَّهَ وَالْيَوْمَ الْآخِرَ  
وَمَن يَتَّبِعِ الْآسَافَةَ فَإِنَّ اللَّهَ هُوَ الْغَنِيُّ الْحَمِيدُ ﴿٦﴾ عَسَى اللَّهُ أَن يَجْعَلَ  
بَيْنَكُمْ وَبَيْنَ الَّذِينَ عَادَيْتُم مِّنْهُم مَّوَدَّةً وَاللَّهُ قَدِيرٌ وَاللَّهُ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿٧﴾  
لَّا يَنْهَى كُفْرًا اللَّهُ عَنِ الَّذِينَ لَمْ يُقِنُوا كُفْرَهُمْ فِي الَّذِينَ وَلَدُوا كُفْرَهُمْ  
مِّن دِينِكُمْ أَن يَتَّبِعُوا هُم مِّنْهُمْ وَتَقْسِطُوا إِلَيْهِمْ إِنْ اللَّهُ يُحِبُّ الْمُقْسِطِينَ ﴿٨﴾  
إِنَّمَا يَنْهَى كُفْرًا اللَّهُ عَنِ الَّذِينَ قَتَلُوا كُفْرَهُمْ فِي الَّذِينَ وَأَخْرَجُوا كُفْرَهُمْ  
مِّن دِينِكُمْ وَظَهَرُوا عَلَيْهِ إِخْرَاجِكُمْ أَن تَتَّوَلَّوهُمْ وَمَن يَتَّوَلَّهُمْ فَأُولَئِكَ  
هُم الظَّالِمُونَ ﴿٩﴾ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا إِذَا جَاءَكُمْ مُمُؤْمِنَاتٌ  
مُّهَنِّجَاتٌ فَأَمْتَحِنُوهُنَّ اللَّهُ أَعْلَمُ بِإِيمَانِهِنَّ فَإِن عَلِمْتُمُوهُنَّ مُؤْمِنَاتٍ  
فَلَا تَرْجِعُوهُنَّ إِلَى الْكُفَّارِ لَأَهْنَّ جُلُوهنَّ وَلَا هُمْ يَحِلُّونَ لَهُنَّ وَءَاتُوهُنَّ  
مَّا أَنفَقُوا وَلَا جُنَاحَ عَلَيْكُم أَن تَنْكِحُوهُنَّ إِذَا ءَانَيْتُمُوهُنَّ أَجْرَهُنَّ  
وَلَا تَمْسِكُوا بِعَصَمِ الْكُفَّارِ وَتَسْأَلُوا مَّا أَنفَقْتُمْ وَلَيْسَ لَكُم مَّا أَنفَقُوا  
ذَلِكُمْ حَكْمُ اللَّهِ يَحْكُمُ بَيْنَكُمْ وَاللَّهُ عَلِيمٌ حَكِيمٌ ﴿١٠﴾ وَإِن فَاتَكُمْ  
شَيْءٌ مِّنْ أَرْوَاجِكُمْ إِلَى الْكُفَّارِ فَعَابِقْتُمْ فَتَاوُوا الَّذِينَ ذَهَبَتْ  
أَرْوَاجُهُمْ مِّثْلَ مَّا أَنفَقُوا وَأَنْفَقُوا اللَّهُ الَّذِي أَنْتُمْ بِهِ مُؤْمِنُونَ ﴿١١﴾

tumatangging sumampalataya. Hindi sila ipinahintulot *na maging maybahay* para sa mga iyon at hindi ang mga iyon ipinahihintulot *na maging asawa* para sa kanila. Ngunit ibigay ninyo sa mga iyon ang ginugol ng mga iyon *sa kanila*. Hindi kasalanan para sa inyo na mapangasawa ninyo sila kapag ibinigay ninyo sa kanila ang mga bigay-kaya sa kanila. Huwag kayong kumapit sa mga bigkis ng kasal sa mga babaeng tumatangging sumampalataya. Hilingin ninyo ang ginugol ninyo *na bigay-kaya* at hilingin ng mga iyon ang ginugol nila *na bigay-kaya*. Iyon ay kahatulan ni Allah; humahatol Siya sa pagitan ninyo. Si Allah ay Maaalam, Marunong.

❖ Kung tinakasan kayo ng isa sa mga maybahay ninyo patungo sa mga

<sup>1</sup> O natiyak.

يَتَأْتِيهَا النَّبِيُّ إِذَا جَاءَكَ الْمُؤْمِنَاتُ يُبَايِعَنَّكَ عَلَى أَنْ لَا يُشْرِكَنَّ  
بِاللَّهِ شَيْئًا وَلَا يَسْرِفْنَ وَلَا يَزِينْنَ وَلَا يَقْتُلْنَ أَوْلَادَهُنَّ وَلَا يَأْتِينَ  
بِبُهْتَانٍ يَفْتَرِينَهُ بَيْنَ أَيْدِيهِنَّ وَأَرْجُلِهِنَّ وَلَا يَعْصِيَنَّكَ  
فِي مَعْرُوفٍ فَبَايَعْنَهُنَّ وَأَسْتَغْفِرْ لَهُنَّ اللَّهُ إِنَّ اللَّهَ غَفُورٌ رَحِيمٌ  
يَتَأْتِيهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا لَانْتَوَلَوْا قَوْمًا غَضِبَ اللَّهُ عَلَيْهِمْ  
قَدْ يَسْأَلُونَ مِنَ الْآخِرَةِ كَمَا يَسْأَلُ الْكُفَّارُ مِنَ أَصْحَابِ الْقُبُورِ

سُورَةُ الصَّافَّاتِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

سَبَّحَ لِلَّهِ مَا فِي السَّمَاوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ وَهُوَ الْعَزِيزُ الْحَكِيمُ  
يَتَأْتِيهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا لَمْ تَقُولُوا مَا لَا تَفْعَلُونَ  
كَبُرَ مَقْتًا عِنْدَ اللَّهِ أَنْ تَقُولُوا مَا لَا تَفْعَلُونَ  
إِنَّ اللَّهَ يُحِبُّ الَّذِينَ يُقِيمُونَ فِي سَبِيلِهِ صَفًا كَانَهُمْ  
بُنِينَ مَرْمُوسٍ وَإِذْ قَالَ مُوسَى لِقَوْمِهِ يَقُولُوا لِمَ  
تُؤَدُّونَنِي وَقَدْ تَعَلَّمْتُمْ أَنِّي رَسُولُ اللَّهِ إِلَيْكُمْ فَلَمَّا  
زَاعُوا أَرْوَاحَهُ قُلُوبُهُمْ وَاللَّهُ لَا يَهْدِي الْقَوْمَ الْفَاسِقِينَ

tumatangging sumampalataya at nakasamsam kayo, bigyan ninyo ang mga inalisang mga maybahay nila ng tulad ng ginugol nila *na bigay-kaya*. Mangilag kayong magkasala kay Allah na kayo ay sa Kanya mga mananampalataya.

12 O Propeta, kapag dumating sa iyo ang mga babaeng mananampalataya, na nangangako ng katapatan sa iyo na hindi sila magtatambal kay Allah ng anumang hindi sila magnanakaw, hindi sila mangangalunya, hindi sila papatay ng mga anak nila, hindi sila magdadala ng isang kasiraang-puri na ginagawa-gawa nila sa pagitan ng mga kamay nila at mga paa nila at hindi sila susuway sa iyo sa anumang naaangkop ay tanggapin mo

ang pangako ng katapatan nila at humingi ka ng kapatawaran para sa kanila kay Allah. Tunay na si Allah ay Mapagpatawad, Maawain.

13 O mga sumampalataya, huwag kayong tumangkilik sa mga tao na nagalit si Allah sa kanila. Nawalan na sila ng pag-asa sa Kabilang-buhay gaya ng pagkawala ng pag-asa ng mga tumatangging sumampalataya na kabilang sa mga nakalibing sa mga puntod.

## Súrah asSaff [61]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Nagluwalhati kay Allah ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Siya ay ang Nakapangyayari, ang Marunong.

2 O mga sumampalataya, bakit ninyo sinasabi ang hindi ninyo ginagawa?

3 Malaking pagkamuhang para kay Allah na sabihin ninyo ang hindi ninyo ginagawa.

4 Tunay na si Allah ay umiibig sa mga nakikipaglaban alang-alang sa daan Niya sa isang hanay na para bagang sila ay isang gusaling binuong matatag.

5 Banggitin noong nagsabi si Moises sa mga kalipi niya: “O mga kalipi ko, bakit ninyo ako sinasaktan samantalang nalalaman na ninyo na tunay na ako ay Sugo ni Allah sa inyo?” Kaya noong lumihis sila ay inilihing ni Allah ang mga puso nila. Si Allah ay hindi nagpapatnubay sa mga taong nagpapakasuwail.

6 Banggitin noong nagsabi si Jesus na anak ni Maria: “O mga anak ni Israel, tunay na ako ay sugo ni Allah sa inyo, na nagpapatotoo sa nauna sa akin na mula

sa Torah at nagbabalita ng nakagagalak hinggil sa isang Sugo na darating pagkatapos ko, na ang pangalan niya ay Ahmad.”<sup>1</sup> Ngunit noong dumating siya sa kanila dala ang mga malinaw na patunay, nagsabi sila: “Ito ay malinaw na panggagaway.”

**7** Sino pa ang higit na lumalabag sa katarungan kaysa sa kanya na gumawagawa tungkol kay Allah ng kasinungalingan samantalang siya ay inaanyayahan sa Islam. Si Allah ay hindi nagpapatnubay sa mga taong lumalabag sa katarungan.

**8** Ninanais nila na pawiin ang liwanag ni Allah sa pamamagitan ng mga bibig nila ngunit si Allah ay maglulubos sa liwanag Niya, kahit pa man masuklam ang mga tumatangging sumampalataya.

**9** Siya ang nagsugo sa Sugo Niya dala ang Patnubay at Relihiyon ng Katotohanan upang pangibabawin Niya ito sa lahat ng relihiyon, kahit pa man nasuklam ang mga Nagtatambal sa Kanya.

**10** O mga sumampalataya, magtuturo ba Ako sa inyo ng isang palitan<sup>2</sup> na magliligtas sa inyo sa isang masakit na pagdurusa?

**11** Sasampalataya kayo kay Allah at sa Sugo Niya at makikibaka kayo sa landas ni Allah sa pamamagitan ng mga yaman ninyo at mga sarili ninyo—iyon ay higit na mabuti para sa inyo kung nalalaman ninyo—

**12** magpapatawad Siya sa inyo sa mga pagkakasala ninyo at papapasukin Niya

وَاذْ قَالَ عِيسَى ابْنُ مَرْيَمَ يَدْعِيْ اِسْرَاءِيْلَ اِنِّيْ رَسُوْلُ اللّٰهِ اِلَيْكُمْ مُّصَدِّقًا لِّمَا بَيْنَ يَدَيِّ مِنَ التَّوْرَةِ وَمُبَشِّرًا بِرَسُوْلِ يَّآئِيْ مِنْ بَعْدِي اَسْمُهُ اَحْمَدٌ فَلَمَّا جَاءَهُمْ بِالْبَيِّنَاتِ قَالُوْا هٰذَا سِحْرٌ مُّؤْمِنٍ ﴿٦﴾ وَمَنْ اَظْلَمُ مِمَّنِ افْتَرَىٰ عَلَى اللّٰهِ الْكُذِبَ وَهُوَ يُدْعٰى اِلَى الْاِسْلٰمِ وَاللّٰهُ لَا يَهْدِي الْقَوْمَ الظّٰلِمِيْنَ ﴿٧﴾ يُرِيْدُوْنَ لِيُطْفِئُوْا نُوْرَ اللّٰهِ بِاَقْوَاهِمَ وَاللّٰهُ مِثْمُ نُوْرِهِ وَلَوْ كَرِهَ الْكَافِرُوْنَ ﴿٨﴾ هُوَ الَّذِيْ اَرْسَلَ رَسُوْلَهٗ بِالْهُدٰى وَدِيْنِ الْحَقِّ لِيُظْهِرَهُ عَلَى الدِّيْنِ كُلِّهِ وَلَوْ كَرِهَ الْمُشْرِكُوْنَ ﴿٩﴾ يٰٓاَيُّهَا الَّذِيْنَ ءَامَنُوْا هَلْ اَدْرٰكُمْ عَلَىٰ تَحْرِيفِ نُبِيْحِكُمْ مِنْ عَذَابِ اَلِيْمٍ ﴿١٠﴾ تُؤْمِنُوْنَ بِاللّٰهِ وَرَسُوْلِهِ وَتُجَاهِدُوْنَ فِيْ سَبِيْلِ اللّٰهِ بِاَمْوَالِكُمْ وَاَنْفُسِكُمْ ذٰلِكُمْ حٰزِلِكُمْ اِنْ كُنْتُمْ تَعْمَلُوْنَ ﴿١١﴾ يَغْفِرْ لَكُمْ ذُنُوْبَكُمْ وَيُدْخِلْكُمْ جَنَّاتٍ تَجْرِي مِنْ تَحْتِهَا الْاَنْهٰرُ وَمَسٰكِنَ طَيِّبَةً فِيْ جَنَّاتٍ عَدْنٍ ذٰلِكَ الْفَوْزُ الْعَظِيْمُ ﴿١٢﴾ وَاٰخِرٰى يُحِبُّوْنَهَا نَصْرًا مِنَ اللّٰهِ وَفَتْحًا قَرِيْبًا وَيُبَشِّرُ الْمُؤْمِنِيْنَ ﴿١٣﴾ يٰٓاَيُّهَا الَّذِيْنَ ءَامَنُوْا كُوْنُوْا اَنْصَارًا لِلّٰهِ كَمَا قَالَ عِيسَى ابْنُ مَرْيَمَ لِلْحَوَارِيْنَ مَنْ اَنْصَارِيْ اِلَى اللّٰهِ قَالَ الْحَوَارِيُّوْنَ نَحْنُ اَنْصَارُ اللّٰهِ فَاَمَنْتَ طٰلِيفَةٌ مِنْ نَحْبِ اِسْرٰءِيْلَ وَكَفَرْتَ طٰلِيفَةٌ فَاَيَّدْنَا الَّذِيْنَ ءَامَنُوْا عَلٰى عَدُوِّهِمْ فَاَصْبَحُوْا ظٰلِمِيْنَ ﴿١٤﴾

kayo sa mga Hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog at sa mga kaaya-ayang tahanan sa mga Hardin ng Pamamalagi. Iyan ay ang dakilang pagtamo.

**13** May isa pang maiibigan ninyo: isang tulong mula kay Allah at nalalapit na pagwawagi.<sup>3</sup> Balitaan mo ng nakagagalak ang mga sumampalataya.

**14** O mga sumampalataya maging mga katulong ni Allah gaya ng sinabi ni Jesus sa mga disipulo niya: “Sino ang mga katulong ko alang-alang kay Allah?” Nagsabi ang mga disipulo: “Kami ang mga katulong ni Allah.” Kaya may

<sup>1</sup> Ang Ahmad ay isa sa mga pangalan ni Propeta Muhammad.

<sup>2</sup> O kalakalan, sa literal na kahulugan.

<sup>3</sup> O isang pagpapawagi mula kay Allah at isang malapit na pagsakop.





sumampalataya na isang pangkat mula sa mga anak ni Israel at may tumangging sumampalataya na isang pangkat. Kaya pinalakas Namin ang mga sumampalataya laban sa mga kalaban nila, at sila ay naging mga nakalulupig.

## Súrah alJumu‘ah [62]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Nagluluwalhati kay Allah ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa—ang Hari, ang Banal, ang Nakapangyayari, ang Marunong.

2 Siya ang nagpadala sa mga dimarunong bumasa’t sumulat ng isang sugo na kabilang sa kanila na

bumibigkas sa kanila ng mga Kapahayagan Niya, nagdadalisay sa kanila at nagtuturo sa kanila ng Aklat at Karunungan, samantalang sila dati ay nasa isang malinaw na pagkaligaw,

3 at sa mga iba pa sa kanila na hindi pa sumama sa kanila. Siya ay ang Nakapangyayari, ang Marunong.

4 Iyan ay kagandahang-loob ni Allah; ibinibigay Niya ito sa kaninumang nilolob Niya. Si Allah ay ang may-aring dakilang kagandahang-loob.

5 Ang halimbawa ng mga pinapasan ng Torah, pagkatapos ay hindi pinasan ito, ay katulad ng asno na pumapasan ng mga makapal aklat. Kay saklap ng halimbawa ng mga taong nagpasinungaling sa mga Kapahayagan ni Allah. Si Allah ay hindi nagpapatnubay sa mga taong lumalabag sa katarungan.

6 Sabihin mo: “O mga naghudyo, kung inaangkin ninyo na kayo ay mga tinangkilik ni Allah bukod sa iba pang mga tao, mithiin ninyo ang kamatayan kung kayo ay mga tapat.”

7 Hindi nila mimithiin ito kailanman dahil sa ginawa ng mga kamay nila. Si Allah ay Nakaaalam sa mga lumalabag sa katarungan.

8 Sabihin mo: “Tunay na ang kamatayan na tinatakan ninyo, tunay na ito ay sasalubong sa inyo. Pagkatapos ay ibalik kayo sa Nakaaalam sa Nakalingid at Nasasaksihan, at ipababatid Niya sa inyo ang dati ninyong ginagawa.”

9 O mga sumampalataya, kapag nanawagan para sa pagdarasal sa araw ng Biyernes ay magdali-dali kayo sa

## Súrah alMunáfiqún [63]

Sa nagan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Kapag dumating sa iyo ang mga nagpapanggap na sumampalataya, magsasabi sila: “Sumasaksi kami na tunay na ikaw ay talagang Sugo ni Allah.” Si Allah ay nakaaalam na tunay na ikaw ay talagang Sugo Niya. Si Allah ay sumasaksi na tunay na ang mga nagpapanggap na sumampalataya ay talagang mga nagsisinungaling.

2 Ginawa nila ang mga panunumpa nila na isang panangga kaya nakasagabal sila sa landas ni Allah. Tunay na sila ay masama ang dating ginagawa.

3 Iyon ay dahil sila ay sumampalataya na, pagkatapos ay tumanggi pa silang sumampalataya, kaya ipininid ang mga puso nila kaya hindi sila nakauunawa.

4 Kapag nakita mo sila ay pahahangain ka ng mga anyo<sup>1</sup> nila; at kung magsasabi sila, makikinig ka sa sabi nila. Para bagang sila ay mga kahoy na isinandal; inaakala nila na ang bawat sigaw ay laban sa kanila. Sila ang mga kalaban; kaya mag-ingat kayo sa kanila. Sumpain sila ni Allah! Paano silang nailihis sa katotohanan!

يٰۤاَيُّهَا الَّذِيْنَ ءَامَنُوْا اِذَا نُودِيَ لِلصَّلٰوةِ مِنْ يَّوْمِ الْجُمُعَةِ فَاسْعَوْا اِلَىٰ ذِكْرِ اللّٰهِ وَذَرُوْا الْبَيْعَ ذٰلِكُمْ خَيْرٌ لَّكُمْ اِنْ كُنْتُمْ تَعْلَمُوْنَ ﴿١﴾ فَاِذَا قُضِيَتِ الصَّلٰوةُ فَانْتَشِرُوْا فِي الْاَرْضِ وَابْتَغُوْا مِنْ فَضْلِ اللّٰهِ وَاذْكُرُوْا اللّٰهَ كَثِيْرًا لَّعَلَّكُمْ تُفْلِحُوْنَ ﴿٢﴾ وَاِذَا رَاوُا تِجْرَةً اَوْ لَهْوًا اَوْ نَفْسًا لِّبٰهٍ وَتُرْكُوْكَ فَاِيْمًا قُلْ مَا عِنْدَ اللّٰهِ خَيْرٌ مِّنَ اللّٰهْوِ وَمِنَ التِّجْرَةِ وَاللّٰهُ خَيْرُ الرَّزٰقِيْنَ ﴿٣﴾

سُوْرَةُ الْمُنٰفِقِيْنَ ﴿٦٣﴾

بِسْمِ اللّٰهِ الرَّحْمٰنِ الرَّحِيْمِ  
اِذَا جَاكَ الْمُنٰفِقُوْنَ قَالُوْا نَشْهَدُ اِنَّكَ لِرَسُوْلِ اللّٰهِ وَاللّٰهُ يَعْلَمُ  
اِنَّكَ لِرَسُوْلِهِۦ وَاللّٰهُ يَشْهَدُ اِنَّ الْمُنٰفِقِيْنَ لَكٰذِبُوْنَ ﴿١﴾  
اَتَّخَذُوْا اٰيْمَتَهُمْ جَنَّةً فَصَدُّوْا عَنْ سَبِيْلِ اللّٰهِ اِنَّهُمْ سَاءَ مَا كَانُوْا  
يَعْمَلُوْنَ ﴿٢﴾ ذٰلِكَ بِاَنْتُمْ كَفَرْتُمْ كَفَرْتُمْ فَطَعِبَ عَلٰى قُلُوْبِهِمْ  
فَهُمْ لَا يَفْقَهُوْنَ ﴿٣﴾ وَاِذَا رَايْتَهُمْ نَعَجِبْكَ اَجْسَامُهُمْ  
وَاِنْ يَقُوْلُوْا سَمِعْنَا لِقَوْلِهِمْ كَاٰيْمَتِهِمْ حُسْبٌ مُّسْتَدَّةٌ يُحْسَبُوْنَ كُلُّ  
صِيْحَةٍ عَلَيْهِمْ هُمُ الْعٰدُوْنَ فَاحْذَرُوْهُمْ فَاَنْتُمْ لَعْنَةُ اللّٰهِ اَنْ يُّتُوْفَكُوْنَ ﴿٤﴾

pag-alaala kay Allah at iwan ninyo ang pagtitinda. Iyon ay higit na mabuti para sa inyo, kung kayo ay nakaaalam.

10 Kaya kapag natapos ang pagdarasal ay magsikalat kayo sa lupain, maghanap kayo ng kagandahang-loob ni Allah at alalahanin ninyo si Allah nang madalas nang harinawa kayo ay magtagumpay.

11 Ngunit minsan kapag nakakita sila ng isang kalakalan o isang libangan, naghihiwa-hiwalay sila patungo roon at iniwan ka nila na nakatayo. Sabihin mo: “Ang nasa kay Allah ay higit na mabuti kaysa sa libangan at kaysa sa pangangalakal. Si Allah ay ang pinakamabuti sa mga tagapagkaloob.”

وَإِذَا قِيلَ لَهُمْ تَعَالَوْا يَسْتَغْفِرْ لَكُمْ رَسُولُ اللَّهِ لَوَّارُوا وَهُمْ  
 وَرَأَيْتَهُمْ يَصُدُّونَ وَهُمْ مُسْتَكْبِرُونَ ٥ سَوَاءٌ عَلَيْهِمْ  
 أَسْتَغْفَرْتَ لَهُمْ أَمْ لَمْ تَسْتَغْفِرْ لَهُمْ لَنْ يَغْفِرَ اللَّهُ لَهُمْ إِنَّ  
 اللَّهَ لَا يَهْدِي الْقَوْمَ الْفَاسِقِينَ ٦ هُمْ الَّذِينَ يَقُولُونَ  
 لَا تُنْفِقُوا عَلَيَّ مِنْ عِنْدَ رَسُولِ اللَّهِ حَتَّى يَنْفَضُوا وَ لِلَّهِ  
 خَزَائِنُ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِ وَلَكِنَّ الْمُنْفِقِينَ لَا يَفْقَهُونَ  
 ٧ يَقُولُونَ لَيْنَ رَجَعْنَا إِلَى الْمَدِينَةِ لِيُخْرِجَنَا الْأَعْرَابُ  
 مِنْهَا الْأَذَلَّ وَلِلَّهِ الْعِزَّةُ وَلِرَسُولِهِ وَلِلْمُؤْمِنِينَ وَلَكِنَّ  
 الْمُنْفِقِينَ لَا يَعْلَمُونَ ٨ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا لَا تُلْهِكُمْ  
 أَمْوَالُكُمْ وَلَا أَوْلَادُكُمْ عَنْ ذِكْرِ اللَّهِ وَمَنْ يَفْعَلْ  
 ذَلِكَ فَأُولَئِكَ هُمُ الْخَاسِرُونَ ٩ وَأَنْفِقُوا مِنْ مَّا رَزَقْنَاكُمْ  
 مِمَّنْ قَبْلَ أَنْ يَأْتِيَنَّكُمْ أَلْحَادُكُمْ يَقُولُ رَبِّي لَوْلَا إِنْخَرَجْتُ  
 إِلَيْهِ أَجَلٌ قَرِيبٌ فَأَصَدَّقَ وَأَكُنْ مِنَ الصَّالِحِينَ ١٠ وَلَنْ  
 يُؤَخِّرَ اللَّهُ نَفْسًا إِذَا جَاءَ أَجَلُهَا وَاللَّهُ خَبِيرٌ بِمَا تَعْمَلُونَ ١١

سُورَةُ النَّجْمِ

٥ Kapag sinabi sa kanila: “Halikayo, hihingi ng kapatawaran para sa inyo ang Sugo ni Allah,” iniiling-iling nila ang mga ulo nila at makikita mo sila na umiiwas habang sila ay nagmamalaki.

٦ Magkatulad para sa kanila: humingi ka man ng kapatawaran para sa kanila o hindi ka humingi ng kapatawaran para sa kanila, hindi magpapatawad si Allah sa kanila. Tunay na si Allah ay hindi magpapatnubay sa mga taong nagpapakasuwail.

٧ Sila ang mga nagsasabi: “Huwag kayong gumugol sa mga kapisan ng Sugo ni Allah hanggang sa sila ay maghiwa-hiwalay.” Pag-aari ni Allah ang mga ingatang-yaman ng mga langit

at lupa, subalit ang mga nagpapanggap na sumampalataya ay hindi nakauunawa.

٨ Nagsasabi sila: “Talagang kung babalik tayo sa Madínah, talagang palilisanin nga ng pinakamarangal mula roon ang pinakahamak.” Ngunit ukol kay Allah ang karangalan, ukol sa Sugo Niya at ukol sa mga mananampalataya, subalit ang mga nagpapanggap na sumampalataya ay hindi nakaaalam.

٩ O mga sumampalataya, huwag kayong lingatin<sup>1</sup> ng mga yaman ninyo ni ng mga anak ninyo sa pag-alaala kay Allah. Ang sinumang gumawa niyon, ang mga iyon ang mga malulugi.

١٠ Gumugol kayo mula sa ipinagkaloob Namin sa inyo bago dumating sa isa sa inyo ang kamatayan at saka siya magsasabi: “Panginoon ko, kung sana inantala Mo ako hanggang sa isang maikling taning, magkakawang-gawa ako at magiging kabilang sa mga matuwid.”

١١ Hindi mag-aantala si Allah sa isang kaluluwa kapag dumating ang taning nito. Si Allah ay Nakababatid sa anumang ginagawa ninyo.

<sup>1</sup> O gambalain.

## Súrah at Taghábun [64]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Nagluluwalhati kay Allah ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa; ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan.

2 Siya ang lumikha sa inyo, at mayroon sa inyo na tumatangging sumampalataya at mayroon sa inyo na mananampalataya. Si Allah sa anumang ginagawa ninyo ay Nakakikita.

3 Nilikha Niya ang mga langit at ang lupa ayon sa katotohanan, inanyuan Niya kayo at saka pinaganda Niya ang mga anyo ninyo. Tungo sa Kanya ang kahahantungan.

4 Nalalaman Niya ang anumang nasa mga langit at lupa at nalalaman Niya ang anumang inililihim ninyo at ang anumang inihahayag ninyo. Si Allah ay Nakaalam sa kimkim ng mga dibdib.

5 Hindi ba nakarating sa inyo ang ulat hinggil sa mga tumangging sumampalataya noon? Kaya nalasap nila ang karubduban ng kinahitnan ng gawa nila, at ukol sa kanila ay isang masakit na pagdurusa.

6 Iyon ay dahil pinupuntahan sila noon ng mga sugo nila dala ang malilina na mga patunay, ngunit nagsabi sila: “Mga tao ba ang papatnubay sa amin?” Kaya tumanggi silang sumampalataya at tumalikod sila. Winalang-halaga sila ni Allah. Si Allah ay Walang-pangangailangan, Kapuri-puri.

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
يُسَبِّحُ لِلَّهِ مَا فِي السَّمَوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ لَهُ الْمُلْكُ وَلَهُ الْحَمْدُ  
وَهُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ ﴿١﴾ هُوَ الَّذِي خَلَقَكُمْ فَمِنْكُمْ كَافِرٌ  
وَمِنْكُمْ مُؤْمِنٌ وَاللَّهُ يَمَّا تَعْمَلُونَ بَصِيرٌ ﴿٢﴾ خَلَقَ السَّمَوَاتِ  
وَالْأَرْضَ بِالْحَقِّ وَصَوَّرَكُمْ فَأَحْسَنَ صُوَرَكُمْ وَإِلَيْهِ الْمَصِيرُ ﴿٣﴾  
يَعْلَمُ مَا فِي السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِ وَيَعْلَمُ مَا تُسْرُونَ وَمَا تُعْلِنُونَ وَاللَّهُ  
عَلِيمٌ بِذَاتِ الصُّدُورِ ﴿٤﴾ أَلَمْ يَأْتِكُمْ نَبُؤُا الَّذِينَ كَفَرُوا مِنْ قَبْلُ  
فَدَأَفُوا وَيَالَ أَمْرِئِهِمْ وَلَهُمْ عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿٥﴾ ذَلِكَ بِأَنَّهُ كَانَتْ تَأْتِيهِمْ  
رُسُلُهُمْ بِالْبَيِّنَاتِ فَعَالُوا أ\_Bَشْرٌ مُّهِدُونَا فَكَفَرُوا وَتَوَلَّوْا وَأَسْتَعَى  
اللَّهُ وَاللَّهُ غَفِيْرٌ حَمِيْدٌ ﴿٦﴾ زَعَمَ الَّذِينَ كَفَرُوا أَنْ لَنْ يُعَذِّبَهُمُ اللَّهُ  
وَيُرِيَهُمْ رَبُّهُمْ نِعْمَتَهُمْ وَلَنْ يَبْعَثَهُمْ كَبُورًا وَأَسْتَعَى  
وَرُسُلِهِمْ وَالنُّورِ الَّذِي أَنْزَلْنَا وَاللَّهُ يَمَّا تَعْمَلُونَ خَبِيرٌ ﴿٨﴾ يَوْمَ  
يَجْمَعُهُمْ لِیَوْمِ الْجَمْعِ ذَلِكَ یَوْمُ التَّعَابِیْنِ وَمَنْ یُؤْمِنْ بِاللَّهِ وَیَعْمَلْ  
صَالِحًا یُكْفِرْ عَنْهُ سِتْرًا یَهُدِیْهِ اللَّهُ جَنَّاتٍ تَجْرِی مِنْ تَحْتِهَا  
الْأَنْهَارُ خَالِدِينَ فِيهَا أَبَدًا ذَلِكَ الْفَوْزُ الْعَظِیْمُ ﴿٩﴾

7 Sinasabi ng mga tumangging sumampalataya na hindi raw sila bubuhayin. Sabihin mo: “Bagkus, sumpa man sa Panginoon ko, talagang bubuhayin nga kayo, pagkatapos ay talagang ibabalita nga sa inyo ang ginawa ninyo; at iyon kay Allah ay madali.”

8 Kaya sumampalataya kayo kay Allah, sa Sugo Niya at sa Liwanag na ibinaba Namin. Si Allah sa anumang ginagawa ninyo ay Nakababatid.

9 Sa Araw na titipunin Niya kayo para sa araw ng pagtitipon—iyon ang araw ng lamangan. Ang sinumang sumampalataya kay Allah at gumawa ng matuwid, pagtatakpan Niya ito sa mga

وَالَّذِينَ كَفَرُوا وَكَذَّبُوا بِآيَاتِنَا أُولَٰئِكَ أَصْحَابُ  
النَّارِ خَالِدِينَ فِيهَا وَبئسَ المصيرُ ﴿١٠﴾ مَا أَصَابَ مِنْ  
مُصِيبَةٍ إِلَّا بِإِذْنِ اللَّهِ وَمَنْ يُؤْمِنْ بِاللَّهِ يَهْدِ اللَّهُ قَلْبَهُ، وَاللَّهُ بِكُلِّ  
شَيْءٍ عَلِيمٌ ﴿١١﴾ وَأَطِيعُوا اللَّهَ وَأَطِيعُوا الرَّسُولَ فَإِن  
تَوَلَّيْتُمْ فَإِنَّمَا عَلَىٰ رَسُولِنَا الْبَلَاغُ الْمُبِينُ ﴿١٢﴾ اللَّهُ لَا إِلَهَ  
إِلَّا هُوَ وَعَلَىٰ اللَّهِ فَلْيَتَوَكَّلِ الْمُؤْمِنُونَ ﴿١٣﴾ يَتَأْتِيهَا  
الَّذِينَ ءَامَنُوا مِن آيَاتِنَا مِن آيَاتِنَا وَمِن آيَاتِنَا  
لَكُمْ فَأَحْذَرُوهُمْ وَإِن تَعَفَوْا وَتَصَفَّحُوا وَتَغْفُرُوا  
فَإِنَّ اللَّهَ غَفُورٌ رَّحِيمٌ ﴿١٤﴾ إِنَّمَا آمَنَ لَكُمْ وَأَوْلَدَكُمْ  
فِتْنَةً وَاللَّهُ عِنْدَهُ أَجْرٌ عَظِيمٌ ﴿١٥﴾ فَأَتَقُوا اللَّهَ مَا اسْتَطَعْتُمْ  
وَأَسْمَعُوا وَأَطِيعُوا وَأَنفِقُوا خَيْرًا لِّأَنفُسِكُمْ وَمَنْ  
يُوقِ شَحْمَ نَفْسِهِ فَأُولَٰئِكَ هُمُ الْمُفْلِحُونَ ﴿١٦﴾ إِن تَقَرَّبُوا  
إِلَى اللَّهِ قَرَّبًا وَسَأَلْتُمْهُ بِعَفْوِ لَكُمْ وَيَغْفِرْ لَكُمْ وَاللَّهُ شَكُورٌ  
حَلِيمٌ ﴿١٧﴾ عَلِيمُ الْغَيْبِ وَالشَّهَادَةِ الْعَزِيزُ الْحَكِيمُ ﴿١٨﴾

سُورَةُ الطَّلَاقِ

masamang nagawa nito at papasukin Niya ito sa mga Hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog habang mga nananatili sa mga ito magpakailanman. Iyan ay ang dakilang tagumpay.

﴿10﴾ Ang mga tumangging sumampalataya at nagpasinungaling sa mga Kapahayagan Namin, ang mga iyon ay ang mga maninirahan sa Apoy upang magsisipanatili roon. Kaaba-aba ang kahahantungan!

﴿11﴾ Walang dumapo na anumang kasawian maliban kung may pahintulot ni Allah. Ang sinumang sumampalataya kay Allah, papatnubayan Niya ang puso nito. Si Allah sa bawat bagay ay Nakaaalam.

﴿12﴾ Tumalima kayo kay Allah at tumalima kayo sa Sugo. Kaya kung tatalikod kayo, ang tungkulin ng Sugo Namin ay ang malinaw na pagpaparating lamang.

﴿13﴾ Si Allah, walang Diyos kundi Siya. Kay Allah manalig ang mga mananampalataya.

﴿14﴾ O mga sumampalataya, tunay na mayroon sa mga maybahay ninyo at mga anak ninyo na kaaway para sa inyo kaya mag-ingat kayo sa kanila. Kung magpapaumanhin kayo, magpapawalang-sala kayo at magpapatawad kayo, tunay na si Allah ay Mapagpatawad, Maawain.

﴿15﴾ Ang mga yaman ninyo at ang mga anak ninyo ay isang pagsubok lamang samantalang si Allah ay may laang isang dakilang gantimpala.

﴿16﴾ Kaya mangilag kayong magkasala kay Allah sa abot ng makakaya ninyo, makinig kayo, tumalima kayo at gumugol kayo sa *kawanggawa*, mabuti ito para sa mga sarili ninyo. Ang sinumang napangalagaan laban sa kasakiman ng sarili niya, ang mga iyon ay ang mga matagumpay.

﴿17﴾ Kung pauutangin ninyo si Allah ng isang magandang pautang, pag-iibayuhin<sup>1</sup> Niya ito para sa inyo at magpapatatawad Siya sa inyo. Si Allah ay Mapagpasalamat, Matimpiin,

﴿18﴾ ang Nakaaalam sa nakalingid at nasasaksihan, ang Nakapangyayari, ang Marunong.

<sup>1</sup> O dadalawahing ulit.

## Súrah at-Taláq [65]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

﴿1﴾ O Propeta, kapag didiborsiyuhin ninyo ang mga babae, diborsiyuhin ninyo sila sa panahon ng paghihintay nila: *pagkatapos ng regla bago nakipagtalik*, bilangin ninyo ang panahon ng paghihintay nila at mangilag kayong magkasala kay Allah, ang Panginoon ninyo. Huwag ninyo silang palisanin sa mga bahay *ng asawa* nila at hindi sila lilisan maliban kung sila ay nakagawa ng isang mahalay na malinaw. Iyan ay ang mga hangganan ni Allah. Ang sinumang lalampas sa mga hangganan ni Allah ay nilabag na niya ang katarungan sa sarili niya. Hindi mo nababatid marahil si Allah ay magpangyari pagkatapos niyon ng isang bagay.

﴿2﴾ Kaya kapag sumapit ang *pagtatapos ng taning ng paghihintay* nila ay panatilihin ninyo sila ayon sa naaangkop o hiwalayan ninyo sila ayon sa naaangkop. Magpasaksi kayo sa dalawang *tao na* may katarungan na kabilang sa inyo. Isagawa ninyo ang pagsasaksi alang-alang kay Allah. Iyan ay ipinangangaral sa sinumang laging sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw. Ang sinumang nangingilag magkasala kay Allah, gagawa Siya para sa kanya ng isang malalabasan *sa kagipitan*,

﴿3﴾ at pagkakalooban Niya ito mula sa hindi niya inaasahan. Ang sinumang mananalig kay Allah, Siya ay sapat na sa kanya. Tunay na si Allah ay magpapatupad sa layon Niya. Gumawa nga si Allah para sa bawat bagay ng takda.

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
يَا أَيُّهَا النَّبِيُّ إِذَا طَلَقْتُمُ النِّسَاءَ فَطَلِّقُوهُنَّ لِعَدَّتِهِنَّ وَأَحْصُوا  
الْعِدَّةَ وَاتَّقُوا اللَّهَ رَبَّكُمْ لَا تُخْرِجُوهُنَّ مِنْ بُيُوتِهِنَّ  
وَلَا يَخْرُجْنَ إِلَّا أَنْ يَأْتِيَنَّ يَفْحَشَةَ مُبِينَةً وَتِلْكَ حُدُودُ  
اللَّهِ وَمَنْ يَتَعَدَّ حُدُودَ اللَّهِ فَقَدْ ظَلَمَ نَفْسَهُ لَا تَدْرِي لَعَلَّ  
اللَّهُ يُحْدِثُ بَعْدَ ذَلِكَ أَمْرًا ﴿١﴾ فَإِذَا بَلَغْنَ أَجَلَهُنَّ فَأَمْسِكُوهُنَّ  
بِمَعْرُوفٍ أَوْ فَارِقُوهُنَّ بِمَعْرُوفٍ وَأَشْهِدُوا ذَوَى عَدْلٍ مَنكُمُ  
وَأَقِيمُوا الشَّهَادَةَ لِلَّهِ ذَلِكَ كُمْ يُوعَظُ بِهِ مَنْ كَانَ يُؤْمِنُ  
بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ وَمَنْ يَتَّقِ اللَّهَ يَجْعَلْ لَهُ مَخْرَجًا ﴿٢﴾ وَيَرْزُقْهُ  
مِنْ حَيْثُ لَا يَحْتَسِبُ وَمَنْ يَتَوَكَّلْ عَلَى اللَّهِ فَهُوَ حَسْبُهُ إِنَّ اللَّهَ  
بَلِّغُ أَمْرِهِ قَدْ جَعَلَ اللَّهُ لِكُلِّ شَيْءٍ قَدْرًا ﴿٣﴾ وَالَّتِي يُبَيِّنُ  
مِنَ الْمُحْضِرِ مِنْ نِسَائِكُمْ إِنْ أَرْبَبْتُمْ فَعِدَّتُهُنَّ ثَلَاثَةُ أَشْهُرٍ  
وَالَّتِي لَمْ يَحْضُرْ وَأُولَاتُ الْأَحْمَالِ أَجَلُهُنَّ أَنْ يَضَعْنَ حَمْلَهُنَّ  
وَمَنْ يَتَّقِ اللَّهَ يَجْعَلْ لَهُ مِنْ أَمْرِهِ يُسْرًا ﴿٤﴾ ذَلِكَ أَمْرُ اللَّهِ أَنْزَلَهُ  
إِلَيْكُمْ وَمَنْ يَتَّقِ اللَّهَ يَكْفُرْ عَنْهُ سَيِّئَاتِهِ وَيُعْظِمْ لَهُ أَجْرًا ﴿٥﴾

﴿4﴾ Ang mga babaeng nawalan na ng regla na kabilang sa mga maybahay ninyo, kung nag-alinlangan kayo, ang panahon ng paghihintay nila ay tatlong buwan at *gayon din* ang babaeng hindi pa niregla. Ang mga may dinadalang-tao, ang taning *ng paghihintay* nila ay hanggang sa maisilang nila ang dinadalang-tao nila. Ang sinumang mangingilag magkasala kay Allah, gagawa Siya para sa kanya mula sa kalagayan niya ng isang kaluwagan.

﴿5﴾ Iyan ay kautusan ni Allah; ibinaba Niya ito sa inyo. Ang sinumang mangingilag magkasala kay Allah, pagtatakpan Niya ito sa masasamang nagawa nito at magpaparami Siya para rito ng gantimpala.

أَسْكِنُوهُمْ مِّنْ حَيْثُ سَكَنْتُمْ مِنْ وَجْدِكُمْ وَلَا تُضَارُّوهُمْ لِأَنْصَارِهِمْ لِيُضَيِّقُوا  
 عَلَيْهِمْ وَإِنْ كُنْ أُولَاتٍ حَمَلٍ فَأَنْفِقُوا عَلَيْهِنَّ حَتَّىٰ يَضَعْنَ حَمْلَهُنَّ  
 فَإِنْ أَرْضَعْنَ لَكُمْ فَآتُوهُنَّ أُجُورَهُنَّ وَأَتَمُّوا بِبَيْنِكُمْ بِمَعْرِفِ وَإِنْ  
 تَعَارَفْتُمْ فَسُدُّوا لَهُنَّ آخَرَىٰ ﴿٦﴾ لِيُنْفِقَ ذُو سَعَةٍ مِّنْ سَعَتِهِ  
 وَمَنْ قُدِرَ عَلَيْهِ رِزْقُهُ فَلْيُنْفِقْ مِمَّا آتَاهُ اللَّهُ لَا يَكْلِفُ اللَّهُ نَفْسًا  
 إِلَّا مَاءً آتَاهَا سَبَّحَ اللَّهُ بَعْدَ عُسْرٍ يُسْرًا ﴿٧﴾ وَكَأَيِّن مِّنْ قَرِيْبَةٍ  
 عَنَّتْ عَنِّ أَمْرِ نَبِيِّهَا وَرُسُلِهِ فَحَاسِبْنَهَا حِسَابًا شَدِيدًا وَعَذِّبْنَهَا  
 عَذَابًا ثَكْرًا ﴿٨﴾ فَذَاقَتْ وَبَالَ أَمْرِهَا وَكَانَ عِقَبُهُ أَمْرًا حُسرًا ﴿٩﴾  
 أَعَدَّ اللَّهُ لَهُمْ عَذَابًا شَدِيدًا فَاتَّقُوا اللَّهَ يَا أُولِي الْأَلْبَابِ الَّذِينَ ءَامَنُوا  
 قَدْ أَنْزَلَ اللَّهُ إِلَيْكُمْ ذِكْرًا ﴿١٠﴾ رَسُولًا يَتْلُوا عَلَيْهِمْ ءَايَاتِ اللَّهِ مُبَيِّنَاتٍ  
 لِّيُخْرِجَ الَّذِينَ ءَامَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ مِنَ الظُّلُمَاتِ إِلَى النُّورِ  
 وَمَنْ يُؤْمِن بِاللَّهِ وَيَعْمَلْ صَالِحًا يُدْخِلْهُ جَنَّاتٍ تَجْرِي مِنْ تَحْتِهَا  
 الْأَنْهَارُ خَالِدِينَ فِيهَا أَبَدًا قَدْ أَحْسَنَ اللَّهُ لَهُ رِزْقًا ﴿١١﴾ اللَّهُ الَّذِي خَلَقَ  
 سَبْعَ سَمَاوَاتٍ وَمِنَ الْأَرْضِ مِثْلَهُنَّ يَنْزِلُ الْأَمْرُ بَيْنَهُنَّ لِتَعْلَمُوا أَنَّ  
 اللَّهَ عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ وَأَنَّ اللَّهَ قَدْ أَحَاطَ بِكُلِّ شَيْءٍ عِلْمًا ﴿١٢﴾

Patirahin ninyo sila na diniborsiyong kung saan kayo nakatira ayon sa kaya ninyo at huwag ninyo silang pinsalain upang gipitin sila. Kung sila ay mga may dinadalang-tao, gumugol kayo para sa kanila hanggang sa maisilang nila ang dinadalang-tao nila. At kung magpapasuso sila ng anak ninyo alang-alang sa inyo ay ibigay ninyo sa kanila ang mga kabayaran nila. Magsanggunian sa pagitan ninyo ayon sa naaangkop. Ngunit kung nagkahirapan kayo sa sanggunian ay pasususuhin ng ibang babae ito alang-alang sa kanya.

Gumugol ang may kariwasan mula sa kariwasan niya. Ang sinumang pinakapos sa kaloob sa kanya ay gumugol mula sa ibinigay sa kanya ni

Allah. Hindi nag-aatang si Allah sa isang tao kung hindi ayon sa ibinigay Niya rito. Gagawa si Allah, pagkatapos ng isang kahirapan, ng isang kaluwagan.

Kay rami nang bayan na naghimagsik sa kautusan ng Panginoon ng mga ito at sugo ng mga ito. Kaya tinuos Namin ang mga ito nang isang matinding pagtutuos at pagdurusahin Namin ang mga ito nang isang kakilakilabot na pagdurusahin.

Kaya nalasap ng mga ito ang malalang kalalabasan ng kagagawan ng mga ito at ang naging kinahinatnan ng kagagawan ng mga ito ay isang pagkapahamak.

Naghanda si Allah para sa kanila ng isang matinding pagdurusahin kaya mangilag kayong magkasala kay Allah, o mga may pag-iisip na sumampalataya. Nagpababa na si Allah sa inyo ng isang paalaala.

Nagsugo Siya ng isang Sugong bumibigkas sa inyo ng mga Kapahayagan ni Allah, na mga naglililaw, upang ilabas Niya ang mga sumampalataya at gumawa ng matutuwid mula sa mga kadiliman tungo sa liwanag. Ang sinumang sumampalataya kay Allah at gumawa ng matuwid, papapasukin Niya ito sa mga Hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog habang mga nananatili sa mga ito magpakailanman. Hinusayan ni Allah ang pagkakaloob sa kanya ng kaloob.

Si Allah ang lumikha ng pitong langit at mula sa lupa ng tulad ng bilang ng mga iyon. Bumababa-baba ang kautusan sa pagitan ng mga ito upang malaman ninyo na si Allah sa bawat bagay ay Makapangyarihan, at na si Allah ay sumaklaw ng sa bawat bagay sa kaalaman.

## Súrah atTahrím [66]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 O Propeta, bakit mo ipinagbabawal ang ipinahintulot ni Allah sa iyo, na naghahangad sa kaluguran ng mga maybahay mo? Si Allah ay Mapagpatawad, Maawain.

2 Isinatungkulin na ni Allah para sa inyo ang pagkalas sa mga taimtim na pangako ninyo. Si Allah ay ang Tagapagtangkilik ninyo at Siya ang Maalam, ang Marunong.

3 *Banggitin* noong nagtapat ang Propeta sa isa sa mga maybahay niya ng isang napag-usapan, pagkatapos noong ibinalita ito ng isang iyon sa ibang maybahay at ibinunyag naman ito ni Allah sa kanya ay nagpabatid siya ng isang bahagi nito at nagwalang-bahala sa ibang bahagi nito. Kaya noong ibinalita niya ito roon ito ay nagsabi iyon: “Sino ang nagbalita sa iyo nito?” Sinabi niya: “Nagbalita sa akin ang Maalam, ang Nakababatid.”

4 *Makabubuti* kung magbabalik-loob kayong dalawa<sup>1</sup> kay Allah sapagkat kumiling ang mga puso ninyong dalawa sa *kinasusuklaman*. Ngunit kung magkakampihan kayong dalawa laban sa kanya,<sup>2</sup> tunay na si Allah ay Tagatangkilik niya at *pati* si Gabriel at ang matuwid sa mga mananampalataya. Ang mga anghel, matapos niyon, ay kakampi niya.

5 Maaasahang ang Panginoon niya, kung didiborsiyuhin niya kayo, ay



magbibigay sa kanya ng kapalit na mga maybahay na higit na mabuti kaysa sa inyo — mga babaeng mapagpasakop, mga babaeng mananampalataya, mga babaeng palatalima, mga babaeng mapagsisi, mga babaeng palasamba, mga babaeng palaayuno — mga dating nakapag-asawa at mga birhen.

6 O mga sumampalataya, pangalagaan ninyo ang mga sarili ninyo at ang mga mag-anak ninyo laban sa Apoy na ang pangatong nito ay ang mga tao at ang mga bato, na tinalagaan ito ng mga anghel na mababagsik na matitindi na hindi sumusuway kay Allah sa anumang ipinag-utos Niya sa kanila at gumagawa sa anumang ipinag-uutos sa kanila.

1 Sina Hafsa at Á'ishah ang tinutukoy rito.

2 sa Propeta (SAS).



يَتَأْتِيهَا الَّذِينَ ءَامَنُوا تُوْبُوْا إِلَىٰ ٱللَّهِ تَوْبَةً نَّصُوْحًا عَسَىٰ رَبُّكُمْ  
 أَن يُكَفِّرَ عَنْكُمْ سَيِّئَاتِكُمْ وَيُدْخِلَكُم مَّجْدِنَ تَجْرِي  
 مِن تَحْتِهَا ٱلْأَنْهَارُ يَوْمَ لَا يُخْزِي ٱللَّهُ ٱلنَّبِيَّ وَٱلَّذِينَ ءَامَنُوا  
 مَعَهُ نُوْرُهُمْ يَسْعَىٰ بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَبِأَيْمَانِهِمْ يَقُولُونَ رَبَّنَا  
 ٱتِّمِّمْ لَنَا نُورَنَا وَٱغْفِرْ لَنَا إِنَّكَ عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ ﴿٨﴾  
 يَتَأْتِيهَا ٱلنَّبِيُّ جُهْدُ ٱلْكَفَّارِ وَٱلْمُنَافِقِينَ وَٱغْلَظْ عَلَيْهِمْ  
 وَمَأْوَاهُمْ جَهَنَّمُ وَبِئْسَ ٱلْمَصِيرُ ﴿٩﴾ ضَرَبَ ٱللَّهُ مَثَلًا  
 لِلَّذِينَ كَفَرُوا أَمْرَأَتَ نُوْجٍ وَأَمْرَأَتَ لُوْطٍ كَانَتَا تَحْتَ  
 عِبْدَيْنِ مِّنْ عِبَادِنَا صَالِحَيْنِ فَخَانَتَاهُمَا فَلَمَّا بَغَيْنَا عَنْهُمَا  
 مِنَ ٱللَّهِ شَيْئًا وَقِيلَ ٱدْخُلَا ٱلسَّارِعَ ٱلَّذَٰخِلَيْنِ ﴿١٠﴾  
 وَضَرَبَ ٱللَّهُ مَثَلًا لِلَّذِينَ ءَامَنُوا أَمْرَأَتَ فِرْعَوْنَ إِذْ  
 قَالَتْ رَبِّ ٱبْنِ لِي عِنْدَكَ بَيْتًا فِي ٱلْجَنَّةِ وَنَجِّنِي مِّنْ فِرْعَوْنَ  
 وَعَمَلِهِ وَنَجِّنِي مِّنَ ٱلْقَوْمِ ٱلظَّٰلِمِينَ ﴿١١﴾ وَمَرْيَمَ ٱبْنَتَ  
 عِمْرَانَ ٱلَّتِي أَحْصَنَتْ فَرْجَهَا فَنَفَخْنَا فِيهِ مِن رُّوحِنَا  
 وَصَدَقَتْ بِكَلِمَاتِ رَبِّهَا وَكُتِبَ عَلَيْهَا ٱلْقُرْءَانُ ﴿١٢﴾

7 O mga tumangging sumampalataya, huwag na kayong mangatuwiran sa araw na ito; gagantimpalaan lamang kayo sa dating ginagawa ninyo.

8 O mga sumampalataya, magbalik-loob kayo kay Allah nang may tapat na pagbabalik-loob. Maaasahang ang Panginoon ninyo ay magtatakip sa inyo sa mga masamang nagawa ninyo at magpapasok sa inyo sa mga Hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog, sa araw na hindi ipahihiya ni Allah ang Propeta at ang mga sumampalataya kasama nito. Ang liwanag nila ay sisinag sa mga harapan nila at sa mga kanang kamay nila, habang nagsasabi: “Panginoon namin, lubusin Mo para sa amin ang liwanag

namin at magpatawad Ka sa amin; tunay na Ikaw sa bawat bagay ay Makapangyarihan.”

9 O Propeta, makibaka ka laban sa mga tumatangging sumampalataya at sa mga nagpapanggap na sumampalataya at magmatigas ka sa kanila. Ang magiging kanlungan nila ay ang Impiyerno. Kaaba-aba ang kahahantungan!

10 Ginawa ni Allah na isang halimbawa para sa mga tumangging sumampalataya ang maybahay ni Noe at ang maybahay ni Lot. Ang dalawang ito ay nasa ilalim ng dalawang lingkod na kabilang sa mga lingkod Namin na matutuwid. Pinagtaksilan ng dalawang ito silang dalawa kaya walang nagawa silang dalawa na anuman para sa dalawang ito laban kay Allah, at sasabihin sa dalawang ito: “Pumasok kayong dalawa sa Apoy kasama ng mga magsisipasok.”

11 Ginawa ni Allah na isang halimbawa para sa mga sumampalataya ang maybahay ng Paraon, noong nagsabi ito: “Panginoon ko, magpatayo Ka para sa akin sa tabi Mo ng isang bahay sa Hardin, iligtas Mo ako sa Paraon at sa gawain niya, at iligtas Mo ako sa mga taong lumalabag sa katarungan.”

12 Isang halimbawa rin si Maria, ang anak ni ‘Imrán, na nangalaga sa puri niya; kaya umihip Kami sa bulsa ng baro niya sa pamamagitan ng Espiritu Namin. Naniwala siya sa mga salita ng Panginoon niya at mga Kasulatan Nito at siya ay kabilang sa mga palatalima.

## Súrah alMulk [67]

Sa ngalan ni Allah, ang  
Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Napakamapagpala Niya na nasa kamay Niya ang paghahari at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan,

2 na lumikha sa kamatayan at buhay upang subukin Niya kayo kung alin sa inyo ang pinakamagaling sa gawa. Siya ay ang Nakapangyayari, ang Mapagpatawad,

3 na lumikha sa pitong langit na nakapatung-patong. Hindi ka makakikita sa pagkakalikha ng Napakamaawain ng anumang kawalan ng pagtutugmaan. Panumbalikin mo ang paningin sa langit, may nakikita ka bang mga bitak?

4 Pagkatapos ay panumbalikin mo pa ang paningin nang makalawang ulit, babalik sa iyo ang paningin mo na hamak samantalang ito ay pata.

5 Talaga ngang ginayakan Namin ang pinakamalapit na langit ng mga lampara. Ginawa Namin ang mga ito na mga pambato sa mga demonyo at naghanda Kami para sa kanila ng pagdurusa sa naglalagablab na apoy.

6 Ukol sa mga tumatangging sumampalataya sa Panginoon nila ay ang pagdurusa sa Impiyerno. Kaaba-aba ang kahahantungan!

7 Kapag itinapon sila sa loob nito ay makaririnig sila ng atungal habang ito ay kumukulo.

8 Halos sumambulat<sup>1</sup> ito sa ngitngit. Tuwing nakapagtapon sa loob nito ng isang pulutong, tinatanong sila ng mga



tanod nito: “Hindi ba kayo pinuntahan ng isang tagapagbabala?”

9 Magsasabi sila: “Oo, pinuntahan kami ng isang tagapagbabala, ngunit pinasinungalingan namin at sinabi namin: Hindi nagpababa si Allah ng anuman; kayo ay nasa isang malaking pagkaligaw lamang.”

10 Magsasabi pa sila: “Kung kami noon ay nakikinig o nag-iisip, hindi sana kami naging mga maninirahan sa naglalagablab na apoy!”

11 Pagkatapos aamin sila sa pagkakasala nila, kaya pagkalayo sa awa ay ukol sa mga maninirahan sa naglalagablab na apoy!

12 Tunay na ang mga natatakot sa Panginoon nila nang lingid, ukol sa kanila ay kapatawaran at malaking gantimpala.

1 O magkapira-piraso.

وَأَسِرُّوا قَوْلَكُمْ أَوِ اجْهَرُوا بِهِ إِنَّهُ عَلِيمٌ بِذَاتِ الصُّدُورِ ﴿١٣﴾ أَلَا  
 يَعْلَمُ مَنْ خَلَقَ وَهُوَ اللَّطِيفُ الْخَبِيرُ ﴿١٤﴾ هُوَ الَّذِي جَعَلَ لَكُمْ  
 الْأَرْضَ ذُلُولًا فَأَمْشُوا فِي مَنَاكِبِهَا وَكُلُوا مِن رِّزْقِهِ وَإِلَيْهِ النُّشُورُ  
 ﴿١٥﴾ أَمْ أَمْنُكُمْ مَن فِي السَّمَاءِ أَن يَخْسِفَ بِكُمْ الْأَرْضَ فَإِذَا هِيَ  
 تَمُورٌ ﴿١٦﴾ أَمْ أَمْنُكُمْ مَن فِي السَّمَاءِ أَن يُرْسِلَ عَلَيْكُمْ حَاصِبًا  
 فَسَتَعْلَمُونَ كَيْفَ نَذِيرٍ ﴿١٧﴾ وَلَقَدْ كَذَّبَ الَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ فَكَيْفَ  
 كَانَ نَكِيرٍ ﴿١٨﴾ أَوَلَمْ يَرَوْا إِلَى الطَّيْرِ فَوْقَهُمْ صَفْتٍ وَيَقْبِضْنَ مَا  
 يُمَسِّكُهُنَّ إِلَّا أَلَمُ الرَّحْمَنِ إِنَّهُ بِكُلِّ شَيْءٍ بَصِيرٌ ﴿١٩﴾ أَمْ هَذَا الَّذِي  
 هُوَ جُنْدٌ لَّكُمْ يَنْصُرُكُمْ مِّن دُونِ الرَّحْمَنِ إِنِ الْكَافِرُونَ إِلَّا فِي غُرُورٍ  
 ﴿٢٠﴾ أَمْ هَذَا الَّذِي يَرْزُقُكُمْ إِنْ أَمْسَكَ رِزْقَهُ بَل لَّجُوا فِي عُتُوٍّ  
 وَنُفُورٍ ﴿٢١﴾ أَفَمَن يَمْشِي مُكِبًا عَلَىٰ وَجْهِهِ أَعْدَىٰ أَمَّن يَمْشِي سَوِيًّا  
 عَلَىٰ صِرَاطٍ مُّسْتَقِيمٍ ﴿٢٢﴾ قُلْ هُوَ الَّذِي أَنْشَأَكُمْ وَجَعَلَ لَكُمُ السَّمْعَ  
 وَالْأَبْصَرَ وَالْأَفْئِدَةَ قَلِيلًا مَّا تَشْكُرُونَ ﴿٢٣﴾ قُلْ هُوَ الَّذِي ذَرَأَكُمْ  
 فِي الْأَرْضِ وَإِلَيْهِ تُحْشَرُونَ ﴿٢٤﴾ وَيَقُولُونَ مَتَىٰ هَذَا الْوَعْدُ إِن كُنْتُمْ  
 صَادِقِينَ ﴿٢٥﴾ قُلْ إِنَّمَا الْعِلْمُ عِنْدَ اللَّهِ وَإِنَّمَا أَنَا نَذِيرٌ مُّبِينٌ ﴿٢٦﴾

13 Iihim man ninyo ang sinabi ninyo o ihayag ninyo ito, tunay na Siya ay Nakaalam sa kimkim ng mga dibdib.

14 Hindi ba nakaalam ang lumikha sa *nilikha* Niya gayong Siya ay ang Nakatatalos,<sup>1</sup> ang Nakababatid?

15 Siya ang gumawa sa lupa para sa inyo na madaling tirahan, kaya maglakad kayo sa mga dako nito at kainin ninyo ang kaloob Niya. Sa Kanya *hahantong* ang pagbubuhay.

16 Natiwasay ba kayo sa Kanya na nasa langit na *hindi* makapagpapalamon sa inyo sa lupa at walang anu-ano ito ay mayayanig?

17 Natiwasay ba kayo sa Kanya na nasa langit na *hindi* makapagpapadala sa inyo ng isang unos ng mga bato? Kaya malalaman ninyo kung papaano ang pagbabala Ko.

18 Talaga ngang nagpasinungaling ang mga nauna sa kanila, kaya magiging papaano na ang pagtatwa Ko sa kanila.

19 Hindi ba nila nakikita ang mga ibon sa ibabaw nila na mga nagbubuka at nagtitiklop *ng pakpak*? Walang pumipigil sa mga ito sa *pagbagsak* kundi ang Napakamaawain. Tunay na Siya sa bawat bagay ay Nakakikita.

20 O sino kaya itong hukbo para sa inyo na nag-aadya sa inyo, kundi ang Napakamaawain? Ang mga tumatangging sumampalataya ay nasa pagkalinlang.

21 O sino kaya itong magkakaloob sa inyo kung pipigilin Niya ang kaloob Niya sa inyo? Bagkus nagpatuloy sila sa kapalaluan at pagkalayo sa *katotohanan*.

22 Ang naglalakad ba na isinusubsob ang mukha niya ay higit na napatnubayan o ang naglalakad na nakatindig sa tuwid na landasin?

23 Sabihin mo: “Siya ang lumalang sa inyo at gumawa para sa inyo ng pandinig, mga paningin at mga puso. Kay dalang ninyong magpasalamat!”

24 Sabihin mo: “Siya ang nagpakalat sa inyo<sup>2</sup> sa lupa at sa Kanya kayo titipunin.”

25 Sasabihin nila: “Kailan *matutupad* ang pangakong ito kung kayo ay mga tapat?”

26 Sabihin mo: “Ang kaalaman ay nasa kay Allah lamang at ako ay isang tagapagbabala na naglilinaw lamang.”

27 Ngunit kapag nakikita na nila ito na

1 O ang Mabait.

2 O lumikha sa inyo.

nalalapit, sasagwa ang mga mukha ng mga tumangging sumampalataya at sasabihin: “Ito na ang dati ninyong pinananawagan.”

28 Sabihin mo: “Ipatatid ninyo sa *akin*<sup>1</sup> kung lilipulin ako ni Allah at ang sinumang kasama ko o kaaawaan Niya kami ay sino ang magsasanggalang sa mga tumatangging sumampalataya laban sa isang masakit na pagdurusa?”

29 Sabihin mo: “Siya ay ang Napakamaawain; sumampalataya kami sa Kanya at sa Kanya kami nanalig. Kaya malalaman ninyo kung sino ang nasa isang malinaw na pagkaligaw.

30. Sabihin mo: “Ipatatid ninyo sa *akin*,<sup>2</sup> kung ang tubig ninyo ay naging lubog sa *lupa*, sino pa ang magdadala sa inyo ng tubig na dumadaloy?”

## Súrah alQalam [68]

*Sa ngalan ni Allah, ang*

*Napakamaawain, ang Pinakamaawain.*

1 Nún. Sumpa man sa panulat at sa isinusulat nila.

2 Hindi ka,<sup>3</sup> sa pagpapala ng Panginoon mo, isang nabaliw.

3 Tunay na ukol sa iyo ay gantimpalang hindi mapuputol.

4 Tunay na ikaw ay talagang nasa isang dakilang kaasalan.

5 Kaya makikita mo at makikita nila,

6 kung nasa alin sa inyo ang kaululan.

7 Tunay na ang Panginoon ninyo ay higit na nakaalam sa kung sino ang naligaw sa landas Niya, at Siya ay higit na nakaalam sa mga napatnubayan.

8 Kaya huwag kang tumalima sa mga

فَلَمَّا رَأَوْهُ زُلْفَةً سَيِّتَتْ وُجُوهُ الَّذِينَ كَفَرُوا وَقِيلَ هَذَا الَّذِي كُنْتُمْ بِهِ تَدْعُونَ ﴿٢٧﴾ قُلْ أَرَأَيْتُمْ إِنْ أَهْلَكْنِي اللَّهُ وَمَنْ مَعِيَ أَوْ رَحِمَنَا فَمَنْ يُجِيرُ الْكَافِرِينَ مِنْ عَذَابِ أَلِيمٍ ﴿٢٨﴾ قُلْ هُوَ الرَّحْمَنُ أَمَّنَّا بِهِ وَعَلَيْهِ تَوَكَّلْنَا فَسَتَعْلَمُونَ مَنْ هُوَ فِي ضَلَالٍ مُبِينٍ ﴿٢٩﴾ قُلْ أَرَأَيْتُمْ إِنْ أَصْحَابَ مَاؤُكُمْ غَوْرًا فَمَنْ يَأْتِيكُمْ بِمَاءٍ مَعِينٍ ﴿٣٠﴾

سُورَةُ الْقَلَمِ  
أبوابها ٥٢  
آياتها ٤٨

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
ت وَالْقَلَمِ وَمَا يَسْطُرُونَ ﴿١﴾ مَا أَنْتَ بِنِعْمَةِ رَبِّكَ بِمَجْنُونٍ ﴿٢﴾ وَإِنَّ لَكَ لَأَجْرًا غَيْرَ مَمْنُونٍ ﴿٣﴾ وَإِنَّكَ لَعَلَى خُلُقٍ عَظِيمٍ ﴿٤﴾ فَسَبِّحْهُ وَابْحِرْهُ وَابْصُرْهُ بِأَيْتِكُمُ الْمَفْتُونِ ﴿٥﴾ إِنْ رَبُّكَ هُوَ أَعْلَمُ بِمَنْ ضَلَّ عَنْ سَبِيلِهِ وَهُوَ أَعْلَمُ بِالْمُهْتَدِينَ ﴿٦﴾ فَلَا تَطَّعِ الْمُكَدِّبِينَ ﴿٧﴾ وَذُو لُؤْلُؤٍ هُنُوتٍ ﴿٨﴾ وَلَا تَطَّعِ كُلَّ حَلَّافٍ مَهِينٍ ﴿٩﴾ هَمَّازٍ مَشَّاءٍ بِنَمِيمٍ ﴿١٠﴾ مَنَّاعٍ لِّلْخَيْرِ مُعْتَدٍ أَيْمٍ ﴿١١﴾ عَتَلٍ بَعْدَ ذَلِكَ رَنِيمٍ ﴿١٢﴾ أَنْ كَانَ ذَا مَالٍ وَبَنِينَ ﴿١٣﴾ إِذَا تَنَادَى عَلَيْهِ إِذْ يَأْتِيَنَّكَ أَسْطُرُ الْأُولَىٰ ﴿١٤﴾

nagpapasinungaling.

9 Hinangad nila na magpahinuhod ka sana at magpapahinuhod din sila.

10 Huwag kang tumalima sa bawat palasumpang hamak,

11 mapanlibak, mapagkalat ng paninirang-puri,

12 palahadlang sa kabutihan, palalabag, makasalanan,

13 malupit, pagkatapos niyon, anak sa labas,<sup>4</sup>

14 Dahil siya ay naging may yaman at mga anak,

15 kapag binibigkas sa kanya ang mga Kapahayagan Namin ay nagsasabi siya: “Mga alamat ng mga sinauna.”

16 Heheruhan Namin siya sa nguso.

1 Sa literal na kahulugan, Napag-alaman ba ninyo O Nakita ba ninyo.

2 O Sabihin mo: “Napag-alaman ba ninyo,...

3 Si Propeta Muhammad, sumakanya ang pagbati at ang pagpapala ni Allah, ang pinatutungkulan dito.

4 O nagpapanggap sa kaangkanan: nag-aangking anak ng isang lalaking hindi naman niya tunay na ama.

سَتَسِمُهُ عَلَى الْخُرطومِ ﴿١٦﴾ إِنَّا بَلَوْنَهُمْ كَمَا بَلَوْنَا أَصْحَابَ الْجَنَّةِ إِذْ أَقْسَمُوا  
 لَيَصْرُنَّهَا مُصْبِحِينَ ﴿١٧﴾ وَلَا يَسْتَنْوَنَ ﴿١٨﴾ فَطَافَ عَلَيْهِمُ طَائِفٌ مِّن رَّبِّكَ  
 وَهُمْ نَائِمُونَ ﴿١٩﴾ فَأَصْبَحَتْ كَالصَّرِيمِ ﴿٢٠﴾ فَنَادُوا مُصْبِحِينَ ﴿٢١﴾ أَنْ  
 اغْدُوا عَلَيْنَا حَرْثِكُمْ إِنْ كُنْتُمْ صَادِقِينَ ﴿٢٢﴾ فَأَنْطَلَقُوا وَهُمْ يَتَخَفَتُونَ ﴿٢٣﴾  
 أَنْ لَا يَدْخُلَهَا الْيَوْمَ عَلَيْكُمْ مَسْكِينٌ ﴿٢٤﴾ وَغَدَا عَلَيْنَا حَرْثٌ قَدِيرٌ ﴿٢٥﴾ فَلَمَّا  
 رَأَوْهَا قَالُوا إِنَّا لَضَالُونَ ﴿٢٦﴾ بَلْ نَحْنُ مَحْرُومُونَ ﴿٢٧﴾ قَالَ أَوْسَطُهُمْ أَلُوْا  
 لَكُمْ لَوْلَا آتَيْنَاكُمْ مِّن آتِنَا لَكُنَّا ظَالِمِينَ ﴿٢٨﴾ فَأَقْبَلَ  
 بَعْضُهُمْ عَلَى بَعْضٍ يَتَلَمَّضُونَ ﴿٢٩﴾ قَالُوا إِنَّا لَنَكَاظِمِينَ ﴿٣٠﴾ عَسَى  
 رَبَّنَا أَنْ يُدْخِلَنَا فِيهَا مِنَّا إِنْ إِلَى رَبِّنَا رُجُوعُونَ ﴿٣١﴾ كَذَلِكَ الْعَذَابُ وَالْعَذَابُ  
 الْآخِرَةُ أَكْبَرُ لَوْ كَانُوا يَعْلَمُونَ ﴿٣٢﴾ إِنْ لِّلْمُتَّقِينَ عِنْدَ رَبِّهِمْ جَنَّاتُ النَّعِيمِ  
 ﴿٣٣﴾ فَتَجْعَلُ الْمُسْلِمِينَ كَالْجَرِيمِ ﴿٣٤﴾ مَا لَكُمْ كَيْفَ تَحْكُمُونَ ﴿٣٥﴾ أَمْ  
 لَكُمْ كِتَابٌ فِيهِ تَدْرُسُونَ ﴿٣٦﴾ إِنْ لَكُمْ فِيهِ لَمَّا تَحْجُرُونَ ﴿٣٧﴾ أَمْ لَكُمْ أَيْمَانٌ  
 عَلَيْنَا بَلِغَةٌ إِلَى يَوْمِ الْقِيَامَةِ إِنْ لَكُمْ لَمَّا تَحْكُمُونَ ﴿٣٨﴾ سَلِّمُوا لَهُمْ  
 يَوْمَ يَكْشَفُ عَن سَاقٍ وَيُدْعَوْنَ إِلَى السُّجُودِ فَلَا يَسْتَطِيعُونَ ﴿٣٩﴾

17 Tunay na Kami ay sumubok sa kanila gaya ng pagkasubok Namin sa mga may-ari ng hardin, nang sumumpa ang mga ito na talagang pipitasin nga ng mga ito ang mga bunga pagkaumaga

18 nang hindi nagsasabing kung ipahihintulot ni Allah.

19 Kaya may dumalaw kinagabihan *saharding* ito na isang dumadalaw *na apoy* mula sa Panginoon mo habang sila ay natutulog.<sup>1</sup>

20 Kaya kinaumagahan ito ay naging para bagang madilim na gabi.<sup>2</sup>

21 Kaya nagtawagan sila kinaumagahan,

22 *na nagsasabi*: “Pumunta kayo sa pananim ninyo kung kayo ay mamimitas.”

23 Kaya humayo sila habang sila ay nagbubulungan

24 *na nagsasabi*: “Wala ngang papasok ngayong araw sa inyo na isang maralita.”

25 Pumunta sila kinaumagahan na may layunin *na magkai*<sup>3</sup> sa pag-aakalang *iyon* ay makakakaya.

26 Ngunit noong nakita nila ito ay nagsabi sila: “Tunay na tayo ay mga naliligaw,

27 bagkus tayo ay napagkaitan!”

28 Nagsabi ang pinakamaigi sa kanila: “Hindi ko ba sinabi sa inyo na bakit hindi ninyo sabihing kung ipahihintulot ni Allah?”

29 Nagsabi sila: “Napakamaluwalhati ng Panginoon natin! Tunay na tayo ay lumalabag dati sa katarungan.”

30 Kaya lumapit ang ilan sa kanila sa iba pa habang nagsisisihan.

31 Sinabi nila: “O kasawian sa atin; tayo noon ay nagmalabis.

32 Sana ang Panginoon natin ay palitan tayo ng higit na mabuti kaysa rito; tunay na tayo ay sa Panginoon natin naghahangad.”

33 Ganyan ang pagdurusa sa mundo at talagang ang pagdurusa sa Kabilang - buhay ay higit na malaki, kung nalalaman sana nila.

34 Tunay na ukol sa mga nangingilag magkasala, sa piling ng Panginoon nila, ang mga Hardin ng Lugod.

35 Kaya gagawin ba Namin ang mga Muslim na gaya ng mga salarin?

36 Anong nangyayari sa inyo? Paano kayong humuhusga?

37 O mayroon ba kayong isang kasulatan na nababasa ninyo sa loob nito,

1 Maaari ring isalin na: Kaya inikutan ang *harding*

ito na *apoy* na isang sakuna mula sa Panginoon mo habang sila ay natutulog.

2 O para bagang inanihan.

3 Magkai sa mga maralita ng mga bunga ng hardin.

38 na tunay na nauukol sa inyo sa loob nito ang minamabuti ninyo?

39 O mayroon ba kayong mga pinanumpaang sa Amin, na aabot hanggang sa Araw ng Pagkabuhay, na tunay na nauukol sa inyo ang anumang hinuhusga ninyo?

40 Tanungin mo sila kung alin sa kanila hinggil sa *pahayag na* ito ay tagapanagot.

41 O mayroon ba silang mga itinatambal *kay Allah* at dalhin nila ang mga itinatambal *kay Allah* kung sila nga ay mga tapat.

42 Sa Araw na itatambad ang isang lulod ni Allah at tatawagin sila para sa pagpapatirapa ngunit hindi nila makakaya,

43 nakatungo ang mga paningin nila, nilulukob sila ng isang kadustaan! Sila noon ay tinatawag na para sa pagpapatirapa noong sila ay malusog pa.

44 Kaya hayaan mo Ako at ang sinumang nagpapasinungaling sa *Pahayag na* ito; uunti-untiin Namin silang pagpapasasain mula sa hindi nila nalalaman.

45 Magpapalugit Ako para sa kanila. Tunay na ang pakana Ko ay matatag.

46 O humingi ka ba sa kanila ng kabayaran, kaya sila sa utang ay mga napabigatan?

47 O taglay ba nila ang kaalaman sa *Nakalingid kaya sila ay makapagsusulat nito?*

48 Kaya tiisin mo ang pasya ng Panginoon mo at huwag kang maging gaya ng Kasamahan ng isda<sup>1</sup> noong nanawagan siya habang siya ay namimighati.

49 Kung hindi siya inabot ng isang pagpapalang mula kay Allah, talagang itinatapon na sana siya sa lupang hawan samantalang siya ay sinisisi.

خَشِيَعَةً ابْصَرْتُمْ تَرْهَقُهُمْ ذِلَّةٌ وَقَدْ كَانُوا يُدْعَوْنَ إِلَى السُّجُودِ وَهُمْ سَلِيمُونَ  
 ٤٣ فَذَرْنِي وَمَنْ يَكْذِبْ بِهَذَا الْحَدِيثِ سَنَسْتَدْرِجُهُمْ مِنْ حَيْثُ لَا يَعْلَمُونَ ٤٤ وَأُمْلِي لَهُمْ إِنَّ كَيْدِي مَتِينٌ ٤٥ أَمْ تَسْتَأْجِرُهُمْ  
 مِنْ مَعْرَمٍ مُثْقَلُونَ ٤٦ أَمْ عِنْدَهُمُ الْغَيْبُ فَهُمْ يَكْتُبُونَ ٤٧ فَاصْبِرْ  
 لِحُكْمِ رَبِّكَ وَلَا تَكُنْ كَصَاحِبِ الْحُوتِ إِذْ نَادَى وَهُوَ مَكْظُومٌ ٤٨ نُوَلِّا  
 أَنْ تَدَارِكُم بِعَمَّةٍ مِنْ رَبِّهِ لِنَيْدٍ بِالْعَرَاءِ وَهُوَ مَذْمُومٌ ٤٩ فَاجْتَنِبْهُ رَبُّهُ  
 فَجَعَلَهُ مِنَ الصَّالِحِينَ ٥٠ وَإِنْ يَكَادُ الَّذِينَ كَفَرُوا لَيُزْلِقُونَكَ بِأَبْصَرِهِمْ  
 لَمَّا سَمِعُوا الذِّكْرَ وَيَقُولُونَ إِنَّهُ لَمَنْجُونٌ ٥١ وَمَا هُوَ إِلَّا ذِكْرٌ لِلْعَالَمِينَ ٥٢

سُورَةُ الْحَاقَّةِ  
 ١٩ آياتها  
 ٥٢

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
 الْحَاقَّةُ ١ مَا الْحَاقَّةُ ٢ وَمَا أَدْرَاكَ مَا الْحَاقَّةُ ٣ كَذَّبَتْ ثَمُودُ  
 وَعَادٌ بِالنَّارِ عَادَةَ ٤ فَأَمَّا ثَمُودُ فَأَهْلِكُوا بِالطَّاغِيَةِ ٥ وَأَمَّا  
 عَادُ فَأَهْلِكُوا بِرِيحٍ صَرْصَرٍ عَاتِيَةٍ ٦ سَخَّرَهَا عَلَيْهِمْ  
 سَبْعَ لَيَالٍ وَثَمَنِيَةَ أَيَّامٍ حُسُومًا فَتَرَى الْقَوْمَ فِيهَا صَرْعَى  
 كَأَنَّهُمْ أَعْجَازُ نَخْلٍ خَاوِيَةٍ ٧ فَهَلْ تَرَى لَهُمْ مِنْ بَاقِيَةٍ ٨

50 Ngunit hinirang siya ng Panginoon niya at ginawa siya Nito na kabilang sa mga matutuwid.

51 Tunay na halos ang mga tumangging sumampalataya ay talagang nagpadulas sa iyo sa pamamagitan ng mga tingin nila noong narinig nila ang paalaala at sinabi nila: Tunay na siya ay talagang baliw.<sup>2</sup>

52 Ngunit *ang Qur'an na* ito ay walang iba kundi paalaala sa mga nilalang.

## Súrah alHaqqah [69]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Ang Magkakatotoo.

2 Ano ang Magkakatotoo?

1 Si Jonas (AS).

2 O sinasaniban ng isang jinní.

وَجَاءَ فِرْعَوْنُ وَمَنْ قَبْلَهُ وَالْمُؤْتَفِكَاتُ بِالْخَاطِئَةِ ﴿٩﴾ فَصَوَّرَ رَسُولٌ  
 رَبِّهِمْ فَأَخَذَهُمْ أَخْذَةً رَابِيَةً ﴿١٠﴾ إِنَّا لَمَاطَطَعَا الْمَاءَ حَمَلْنَاكُمْ فِي الْجَابِلِ  
 ﴿١١﴾ لِنَجْعَلَهَا لَكُمْ تَذْكِرَةً وَتَعِبَا أَرْسًا وَعَيْةً ﴿١٢﴾ فَإِذَا نَفَخْتُمُ فِي الصُّورِ  
 نَفْحَةً وَاحِدَةً ﴿١٣﴾ وَجَمَلَتِ الْأَرْضُ وَالْجِبَالُ فَدُكَّتْ دَكَّةً وَاحِدَةً ﴿١٤﴾  
 فَيَوْمَئِذٍ وَقَعَتِ الْوَاقِعَةُ ﴿١٥﴾ وَأَنْشَقَّتِ السَّمَاءُ فَهِيَ يَوْمَئِذٍ وَهِيَةٌ  
 ﴿١٦﴾ وَالْمَلِكُ عَلَى أَرْجَائِهَا وَيَحْمِلُ عَرْشَ رَبِّكَ فَوْقَهُمْ يَوْمَئِذٍ ثَمَنِيَةٌ  
 ﴿١٧﴾ يَوْمَئِذٍ نَعْرِضُوكَ لَا تَخْفَى مِنْكُمْ خَافِيَةٌ ﴿١٨﴾ فَأَمَّا مَنْ أَوْفَى  
 كِتَابَهُ بِيَمِينِهِ فَقِيلَ هَؤُلَاءِ أَقْرَبُ وَأَكْنَبُ ﴿١٩﴾ إِنِّي ظَنَنْتُ أَنِّي مُلْكِي  
 حِسَابِيَّةٍ ﴿٢٠﴾ فَهُوَ فِي عِيشَةٍ رَاضِيَةٍ ﴿٢١﴾ فِي جَنَّةٍ عَالِيَةٍ ﴿٢٢﴾  
 قُطُوفُهَا دَانِيَةٌ ﴿٢٣﴾ كُلُوا وَاشْرَبُوا هَنِيئًا بِمَا أَسْلَفْتُمْ فِي الْأَيَّامِ  
 الْخَالِيَةِ ﴿٢٤﴾ وَأَمَّا مَنْ أَوْفَى كِتَابَهُ بِشِمَالِهِ فَقِيلَ يَلَيْتَنِي لَوْلَا تُوتِ كِتَابِيَّةٍ  
 ﴿٢٥﴾ وَلَوْلَا دَرٍ مَاجِسَابِيَّةٍ ﴿٢٦﴾ يَلَيْتَهَا كَانَتِ الْقَاضِيَةَ ﴿٢٧﴾ مَا أَغْنَى  
 عَنِّي مَالِيَّةٌ ﴿٢٨﴾ هَلَكَ عَنِّي سُلْطَانِيَّةٌ ﴿٢٩﴾ خَذُوهُ فَعُوقُوهُ ﴿٣٠﴾ ثُمَّ الْجَحِيمَ  
 صَلُّوهُ ﴿٣١﴾ ثُمَّ فِي سِلْسِلَةٍ ذَرْعُهَا سَبْعُونَ ذِرَاعًا فَاسْلُكُوهُ ﴿٣٢﴾ إِنَّهُ  
 كَانَ لَا يُؤْمِنُ بِاللَّهِ الْعَظِيمِ ﴿٣٣﴾ وَلَا يَحْضُ عَلَى طَعَامِ الْمَسْكِينِ ﴿٣٤﴾

3 Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Magkakatatotoo?

4 Pinasinungalingan ng *liping* Thamúd at *liping* ‘Ad ang Dagok.

5 Tungkol sa *liping* Thamúd, nalipol sila dahil sa pagkalakas-lakas na dagundong.

6 At tungkol naman sa *liping* ‘Ad, nalipol sila sa pamamagitan ng hanging malamig<sup>1</sup> na nangangalit,

7 na pinairal ito ni Allah sa kanila sa loob ng pitong gabi at walong araw na sunod-sunod, kaya makikita mo ang mga tao roon na nakahandusay na para bagang sila ay mga katawang hungkag ng punong datiles.

8 May nakita ka ba mula sa kanila na natitira?

9 Nakagawa ang Paraon, ang mga nauna sa kanya at ang mga naninirahan sa mga bayang itinaob, ng pagkakamali.

10 Yamang sinuway nila ang sugo ng Panginoon nila, kaya pinatawan Niya sila ng isang labis-labis na pagdurusa.

11 Tunay na noong umapaw ang tubig, dinala Namin kayo sa naglalayag na daong,

12 upang gawin Namin ito para sa inyo na isang tagapagpaalaala at mamalayan ito ng isang taingang nakamamalay.

13 Pagkatapos kapag ihip sa tambuli ng isang pag-ihip,

14 at bubuhatin ang lupa at ang mga bundok at dudurugin nang makaisang pagdurog,

15 ay sa araw na iyon magaganap ang magaganap na pagkabuhay.

16 Mabibiyak ang langit sapagkat ito sa araw na iyon ay marupok.

17 Ang mga anghel ay nasa mga gilid nito. Papasanin ang Trono ng Panginoon mo sa ibabaw nila sa araw na iyon ng walo.

18 Sa Araw na iyon ay itatanghal kayo; walang maitatago mula sa inyo na isang lihim.

19 Kaya tungkol sa binigyan ng talaan niya sa kanang kamay niya ay magsasabi siya: “Kunin ninyo; basahin ninyo ang talaan ko.

20 Tunay na ako ay nakatiyak na ako ay makikipagtagpo sa pagtutuos sa akin.”

21 Kaya siya ay nasa isang nakalulugod na pamumuhay,

22 sa isang mataas na Hardin,

23 na ang mga kumpol ng bunga doon ay malapit.

24 Sasabihan sa kanila: “Magsikain kayo at magsiinom kayo sa sarap dahil sa nagawa<sup>2</sup> ninyo sa mga nagdaang araw.”

25 Ngunit tungkol naman sa binigyan ng talaan niya sa kaliwang kamay niya ay magsasabi siya: “O kung sana ako ay hindi na binigyan ng talaan ko,

1 O humahagunot.

2 Sa literal na kahulugan, ipinauna.

26 at hindi ko na nabatid ang pagtutuos sa akin!

27 O kung sana *ang kamatayan* na ito ay naging ang nagpapawakas!

28 Walang nagawa para sa akin ang yaman ko.

29 Naglaho na sa akin ang kapangyarihan ko.”

30 *Sasabihin*: “Kunin siya at igapos ninyo siya.

31 Pagkatapos sa nagliliyab na apoy ay ipasok ninyo siya.

32 Pagkatapos sa isang tanikalang ang haba nito ay pitumpong braso ay ibigkis sa kanya.”

33 Tunay na siya noon ay hindi sumasampalataya kay Allah, ang Pinakadakila.

34 Ni hindi naghihikayat sa pagpapakain sa mga dukha.

35 Kaya hindi siya magkakaroon sa Araw na ito rito ng isang kaanak<sup>1</sup> na magtatanggol.

36 Walang pagkain kundi tagas ng sugat.

37 Walang kakain nito kundi ang mga makasalanan.

38 Totoong Ako ay sumusumpa sa anumang nakikita ninyo,

39 at sa anumang hindi ninyo nakikita.

40 Tunay na *ang Qur'an* na ito ay talagang sinabi sa isang marangal na Sugo.

41 Ito ay hindi sinabi ng isang manunula. Anong kaunti ng pinaniniwalaan ninyo!

42 Ito ay hindi rin sinabi ng isang manghuhula. Anong kaunti ng naaalaala ninyo!

43 *Ito ay* isang pagpapababa mula sa Panginoon ng mga nilalang.

44 Kung nagsabi-sabi siya tungkol sa Amin ng ilang mga sabi-sabi,

45 talaga sanang dinaklot na sana Namin siya sa kanang kamay.

فَلَيْسَ لَهُ الْيَوْمَ هَهُنَا حَمِيمٌ ۖ وَلَا طَعَامٌ إِلَّا مِنْ غَسِيلٍ ۖ لَأَيَّاكُمْ  
إِلَّا الْخَطِئُونَ ۗ فَلَا أَقِيمٌ يَمَانُصُرُونَ ۗ وَمَا لَا تُبْصِرُونَ ۗ ۳۸  
إِنَّهُ لَقَوْلُ رَسُولٍ كَرِيمٍ ۖ وَمَا هُوَ بِقَوْلِ شَاعِرٍ قَلِيلًا مَّا تُوْمِنُونَ ۗ ۴۱  
وَلَا يَقُولُ كَاهِنٌ قَلِيلًا مَّا تَذَكَّرُونَ ۗ ۴۲ نَزِيلٌ مِنْ رَبِّ الْعَالَمِينَ ۗ وَلَوْ  
لَقَوْلٌ عَلَيْنَا بِعَصَىٰ آقَابِيلَ ۗ ۴۳ لَأَخَذْنَا مِنْهُ بِالْيَمِينِ ۗ ۴۴ ثُمَّ لَقَطَعْنَا  
مِنْهُ الْوَتِينَ ۗ ۴۵ فَمَا مِنْكُمْ مِنْ أَحَدٍ عَنْهُ حَاجِزِينَ ۗ ۴۶ وَإِنَّهُ لَتَذَكَّرٌ  
لِّلْمُنْفِقِينَ ۗ ۴۷ وَإِنَّا لَتَعْلَمُونَ أَنَّ مِنْكُمْ مُّكَذِّبِينَ ۗ ۴۸ وَإِنَّهُ لِحَسْرَةٍ عَلَىٰ  
الْكَافِرِينَ ۗ ۴۹ وَإِنَّهُ لِحَقِّ الْبَقِيَّةِ ۗ ۵۰ فَسَبِّحْ بِاسْمِ رَبِّكَ الْعَظِيمِ ۗ ۵۱

سُورَةُ الْحَجَرِ  
أرأيتهم

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
سَأَلَ سَائِلٌ بِعَذَابٍ وَاقِعٍ ۗ لِّلْكَافِرِينَ لَيْسَ لَهُ دَافِعٌ ۗ ۱  
اللَّهُ ذِي الْمَعَارِجِ ۗ ۲ تَعْرُجُ الْمَلَائِكَةُ وَالرُّوحُ إِلَيْهِ فِي  
يَوْمٍ كَانَ مِقْدَارُهُ خَمْسِينَ أَلْفَ سَنَةٍ ۗ ۳ فَاصْبِرْ صَبْرًا جَدِيدًا ۗ ۴  
إِنَّهُمْ يَرَوْنَهُ بَعِيدًا ۗ ۵ وَرَأَيْنَاهُ قَرِيبًا ۗ ۶ يَوْمَ تَكُونُ السَّمَاءُ كَالْهَيْلِ  
ۗ ۷ وَتَكُونُ الْجِبَالُ كَالْعِهْنِ ۗ ۸ وَلَا يَسْئَلُ حَمِيمٌ حَمِيمًا ۗ ۹

46 Pagkatapos ay pinutol na sana Namin ang pinakapangunahing ugat sa puso *niya*.<sup>2</sup>

47 At wala mula sa inyo na isa mang sa *pagpaparusa* sa kanya ay makahahadlang.

48 Tunay na *ang Qur'an* na ito ay isang paalaala sa mga nangingilag magkasala.

49 Tunay na Kami ay nakaaalam na mayroon sa inyo na mga nagpapasinungaling.

50 Tunay na *ang Qur'an* na ito ay talagang magiging isang panghihinayang sa mga tumangging sumampalataya.

51 Tunay na ito ay talagang katotohanan ng katiyakan.

52 Kaya magluwalhati ka sa pangalan ng Panginoon mo, ang Napakadakila.

1 O kaibigan.

2 Sa Ingles, aorta.



١١ بَصُرُوهُمُ يُدَّ الْمُجْرِمُ لَوْ يَفْتَدِي مِنْ عَذَابِ يَوْمِئِذٍ بِبَنِيهِ  
 ١٢ وَصَحْبَتِهِ وَأَخِيهِ ١٣ وَفَصَّلِيلَتِ الَّتِي تُتَوِّبُهُ ١٤ وَمَنْ فِي الْأَرْضِ  
 ١٥ جَمِيعًا ثُمَّ نَبِّئِهِ ١٦ كَلَّا إِنَّمَا الظنُّ ١٧ نَزَاعَةٌ لِلشَّوَى ١٨ تَدْعُوا  
 ١٩ مَنْ أَدْبَرَ وَتَوَلَّى ٢٠ وَجَمَعَ فَأَوْعَى ٢١ إِنَّ الْإِنْسَانَ خُلِقَ هَلُوعًا  
 ٢٢ إِذَا مَسَّهُ الشَّرُّ جُرُوعًا ٢٣ وَإِذَا مَسَّهُ الْخَيْرُ مَنُوعًا ٢٤ إِلَّا  
 ٢٥ الْمُصَلِّينَ ٢٦ الَّذِينَ هُمْ عَلَى صَلَاتِهِمْ دَائِمُونَ ٢٧ وَالَّذِينَ فِي  
 ٢٨ أَمْوَالِهِمْ حَقٌّ مَعْلُومٌ ٢٩ لِلسَّائِلِ وَالْمَحْرُومِ ٣٠ وَالَّذِينَ يُصَدِّقُونَ  
 ٣١ بَيِّنَاتٍ ٣٢ وَالَّذِينَ هُمْ مِنْ عَذَابِ رَبِّهِمْ مُشْفِقُونَ ٣٣ إِنَّ عَذَابَ  
 ٣٤ رَبِّهِمْ غَيْرُ مَأْمُونٍ ٣٥ وَالَّذِينَ هُمْ لِفُرُوجِهِمْ حَافِظُونَ ٣٦ إِلَّا عَلَى  
 ٣٧ أَرْوَاحِهِمْ أَوْ مَا مَلَكَتْ أَيْمَانُهُمْ غَيْرُ مَلُومِينَ ٣٨ فَمَنْ ابْتَغَى وَرَاءَ  
 ٣٩ ذَلِكَ فَأُولَئِكَ هُمُ الْعَادُونَ ٤٠ وَالَّذِينَ هُمْ لِأَمْتِنَتِهِمْ وَعَهْدِهِمْ رِعُونَ  
 ٤١ وَالَّذِينَ هُمْ بِشَهَادَتِهِمْ قَائِمُونَ ٤٢ وَالَّذِينَ هُمْ عَلَى صَلَاتِهِمْ يُحَافِظُونَ  
 ٤٣ أُولَئِكَ فِي جَنَّاتٍ مُكْرَمُونَ ٤٤ قَالَ الَّذِينَ كَفَرُوا قَبْلَكَ مُهْطِعِينَ  
 ٤٥ عَنِ السَّمِينِ وَعَنِ الشَّمَالِ عَزِينَ ٤٦ أَيَطْمَعُ كُلُّ أُمَّرٍ مِنْهُمْ  
 ٤٧ أَنْ يَدْخُلَ جَنَّةَ نَعِيمٍ ٤٨ كَلَّا إِنَّا خَلَقْنَاهُمْ مِمَّا يَعْلَمُونَ ٤٩

## Súrah alMa'árij [70]

Sa ngalan ni Allah, ang

Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Humiling ang isang humihiling ng isang pagdurusang magaganap

2 para sa mga tumatangging sumampalataya, na wala roong isang makahahadlang.

3 Mula kay Allah *ito*, ang may-ari ng mga Akyatan.

4 Aakyat ang mga anghel at ang Espiritu<sup>2</sup> sa Kanya sa loob ng isang araw na ang sukat nito ay limampung libong taon.

5 Kaya magtiis ng isang magandang pagtitiis.

6 Tunay na sila ay nagtuturing na *ang pagdurusang* ito ay malayo na mangyari,

7 ngunit itinuturing Naming ito ay malapit na mangyari.

8 Sa Araw na ang langit ay magiging para bagang latak ng langis,

9 at ang mga bundok ay magiging para bagang nagliliparang lana,

10 at walang magtatanong na kamag-anak<sup>4</sup> sa kamag-anak nito.

11 Ipakikita *ang bawat isa* sa kanila. Pakaiibigin ng sumasalansang na tubusin niya sana *ang sarili* mula sa isang pagdurusang sa araw na iyon sa pamamagitan ng mga anak niya

12 at asawa niya at kapatid niya

13 at angkan niya na nagpapatuloy *noon* sa kanya

14 at sinumang nasa lupa sa kalahatan, *upang* pagkatapos ay maililigtas siya nito.

15 Aba'y hindi! Tunay na ang Impiyerno na iyon ay Alab,<sup>5</sup>

16 na nanunuklap ng anit,

17 na nag-aanyaya sa sinumang tumalikod sa katotohanan at tumanggi sa *pagtalima*,

18 at nagtipon ng *yaman* pagkatapos ay nag-imbak nito.

19 Tunay na ang tao ay nilikha na mainipin:

20 kapag dinapuan siya ng masama ay mapaghinaing,

21 kapag dinapuan siya ng mabuti ay mapagkait;

22 maliban sa mga madasalin

23 na sa pagdarasal nila ay mga palagian,

24 at yaong sa mga yaman nila ay may isang nakatakdang tungkulin<sup>6</sup>

25 ukol sa nanghingi at napagkaitan,

26 at yaong mga naniniwala sa Araw ng Paggantimpala,

3 O lusaw na tanso, O lusaw na tingga, O lusaw na pilak.

4 O kaibigan.

5 Isa sa mga pangalan ng Impiyerno, tinawag itong Alab dahil nag-aalab ang apoy nito.

6 O karapatan o bahagi.

1 O May nagtanong na isang nagtatanong tungkol sa isang parusang magaganap.

2 Si Anghel Gabriel.

27 at yaong sa pagpaparusa ng Panginoon nila ay mga nahihintakutan

28 —tunay na ang pagpaparusa ng Panginoon nila ay hindi mapapanatag ang sinuman—

29 at yaong sa mga puri nila ay mga nangangalaga

30 maliban sa mga maybahay nila o sa mga babaeng pag-aari ng mga kanang kamay nila sapagkat sila ay hindi na masisi

31 —ngunit ang sinumang maghangad ng higit pa roon, ang mga iyon ay ang mga lumalabag—

32 at yaong sa mga ipinagkakatiwalang tungkulin sa kanila at sa kasunduan sa kanila ay mga nangangalaga,

33 at yaong sa mga pagsasaksi nila ay mga naninindigan,

34 at yaong sa pagdarasal nila ay nangangalaga,

35 ang mga iyon ay sa mga Paraiso pararangalan.

36 Kaya ano ang nangyayari sa mga tumanging sumampalataya na nagdadali-dali<sup>1</sup> tungo sa iyo *Muhammad*

37 sa gawing kanan at sa gawing kaliwa sa mga umpukang hiwa-hiwalay?

38 Hinahangad ba ng bawat taong kabilang sa kanila na maipasok sa Hardin ng kaginhawaan?

39 Aba’y hindi! Tunay na Kami ay lumikha sa kanila mula sa bagay na nalalaman nila.

40 Kaya totoong sumusumpa Ako sa sarili na Panginoon ng mga sikatan at mga lubugan, tunay na Kami ay talagang Makapangyarihan

41 na magpalit ng higit na mabuti kaysa sa kanila, at hindi Kami mauunahan.

42 Kaya hayaan mo sila na tumalakay sa walang kabuluhan at maglaro hanggang sa makipagharap sila sa Araw

فَلَا أَقِيمُ رَبِّي الْمَشْرِقِ وَالْمَغْرِبِ إِنَّا لَقَدِيرُونَ ﴿٤٠﴾ عَلَيْنَ أَنْ نُبَدِّلَ خَيْرًا مِنْهُمْ  
وَمَا نَحْنُ بِمَسْبُوقِينَ ﴿٤١﴾ فَذَرَهُمْ يَخُوضُوا وَيَلْعَبُوا حَتَّى يُلْقُوا يَوْمَهُمُ الَّذِي  
يُوعَدُونَ ﴿٤٢﴾ يَوْمَ نَخْرُجُنَّ مِنَ الْأَجْدَاثِ سِرَاعًا كَأَنَّهُمْ إِلَى نُصُبٍ يُوفِضُونَ  
﴿٤٣﴾ خَشِيعَةً أَبْصَرُهُمْ تَرَهِفُهُمْ ذَلَّةٌ ذَلِكِ الْيَوْمِ الَّذِي كَانُوا يُوعَدُونَ ﴿٤٤﴾

سُورَةُ نُوحٍ ﴿٧١﴾

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
إِنَّا أَرْسَلْنَا نُوحًا إِلَى قَوْمِهِ أَنْ أَنْذِرْ قَوْمَكَ مِنْ قَبْلِ أَنْ يَأْتِيَهُمْ  
عَذَابٌ أَلِيمٌ ﴿١﴾ قَالَ يَقَوْمِ إِنِّي لَكُمْ نَذِيرٌ مُبِينٌ ﴿٢﴾ أَنْ أَعْبُدُوا  
اللَّهَ وَأَتَّقُوهُ وَأَطِيعُوا ﴿٣﴾ يَغْفِرْ لَكُمْ مِنْ ذُنُوبِكُمْ وَيُؤَخِّرَكُمْ  
إِلَى أَجَلٍ مُسَمًّى إِنْ أَجَلَ اللَّهُ إِذَا جَاءَ لَا يُؤَخَّرُ لَوْ كُنْتُمْ تَعْلَمُونَ ﴿٤﴾  
قَالَ رَبِّ إِنِّي دَعَوْتُ قَوْمِي لَيْلًا وَنَهَارًا ﴿٥﴾ فَلَمْ يَزِدْهُمْ دُعَائِي إِلَّا  
فِرَارًا ﴿٦﴾ وَإِنِّي كُلَّمَا دَعَوْتُهُمْ لِتَغْفِرَ لَهُمْ جَعَلُوا أَصْوَابَهُمْ  
فِي آعَادَانِهِمْ وَأَسْتَغْشَوْا ثِيَابَهُمْ وَأَصْرُوا وَاسْتَكْبَرُوا اسْتِكْبَارًا ﴿٧﴾  
ثُمَّ إِنِّي دَعَوْتُهُمْ جِهَارًا ﴿٨﴾ ثُمَّ إِنِّي أَعْلَنْتُ لَهُمْ وَأَسْرَرْتُ  
لَهُمْ إِسْرَارًا ﴿٩﴾ فَقُلْتُ اسْتَغْفِرُوا رَبَّكُمْ إِنَّهُ كَانَ غَفَّارًا ﴿١٠﴾

nila na ipinangako sa kanila—

43 sa araw na magsisilabasan sila mula sa mga libingan na nagmamatulon na para bagang sila papunta sa mga diyus-diyusan ay nagmamadali.

44 Nakatungo ang mga paningin nila, nilulukob sila ng isang kadustaan! Iyan ay ang araw na sa kanila noon ay ipinangangako.

## Súrah Nuh [71]

Sa ngalan ni Allah, ang

*Napakamaawain, ang Pinakamaawain.*

1 Tunay na Kami ay nagsugo kay Noe sa lipi niya na nagsasabi: “Magbabala ka sa kalipi mo bago sila datnan ng isang masakit na pagdurusa.”

2 Nagsabi siya: “O lipi ko, tunay na ako para sa inyo ay isang tagapagbabala na naglililaw:

1 O nakadunghal ang mga leeg.

يُرْسِلُ السَّمَاءَ عَلَيْكُمْ مِدْرَارًا ۝۱۱ وَيُمْدِدْكُمْ بِأَمْوَالٍ وَيَبْنِي وَجَعَلَ  
 لَكُمْ جَنَّاتٍ وَيَجْعَلُ لَكُمْ أَنْهَارًا ۝۱۲ مَا لَكُمْ لَا تَرْجُونَ لِلَّهِ وَقَارًا ۝۱۳  
 وَقَدْ خَلَقَكُمْ أَطْوَارًا ۝۱۴ أَلَمْ تَرَوْا كَيْفَ خَلَقَ اللَّهُ سَبْعَ سَمَاوَاتٍ  
 طِبَاقًا ۝۱۵ وَجَعَلَ الْقَمَرَ فِيهِنَّ نُورًا وَجَعَلَ الشَّمْسُ سِرَاجًا ۝۱۶  
 وَاللَّهُ أَنْبَتَكُمْ مِنَ الْأَرْضِ نَبَاتًا ۝۱۷ ثُمَّ يُعِيدْكُمْ فِيهَا وَيُخْرِجْكُمْ  
 إِخْرَاجًا ۝۱۸ وَاللَّهُ جَعَلَ لَكُمْ الْأَرْضَ بِسَاطًا ۝۱۹ لَيْسَلَكُمْ مِنْهَا  
 سُبُلًا فِجَاجًا ۝۲۰ قَالَ نُوحٌ رَبِّ إِنِّي مَعْصُونٌ وَأَنْتَ عَاوَنٌ لِمَنْ يَزِيدُ  
 مَالَهُ وَلَوْلَا ذَلِكَ لَفَاسَادٌ لِلْعَالَمِينَ ۝۲۱ وَمَكَرُوا مَكْرًا كَبِيرًا ۝۲۲ وَقَالُوا  
 لَا تَنْزِلْ عَلَيْنَا مَائِطَةٌ مِنَ السَّمَاءِ وَلَا نُغْرَقُ وَلَا نُصَلِّبُ وَلَا نُكَلِّبُ وَلَا نُجْعَلُ  
 فِيهَا قَارُونَ ۝۲۳ وَقَدْ أَضَلُّوا كَثِيرًا وَلَا تَزِدِ الظَّالِمِينَ إِلَّا ضَلَالًا ۝۲۴  
 مِمَّا خَطَبْتَنِيهِمْ أُعْرِفُوا فَأَذَلُّوا نَارًا فَلَمْ يَجِدُوا لَهُمْ مِنْ دُونِ  
 اللَّهِ أَنْصَارًا ۝۲۵ وَقَالَ نُوحٌ رَبِّ لَا تَذَرْنِي عَلَى الْأَرْضِ مِنَ الْكَافِرِينَ  
 دِيَارًا ۝۲۶ إِنَّكَ إِنْ تَذَرَهُمْ يُضِلُّوكَ وَإِنْ يَلِدُوا إِلَّا فِجْرًا  
 كَفَّارًا ۝۲۷ رَبِّ آغِضْ لِي وَلِوَالِدَيَّ وَلِمَنْ دَخَلَ بَيْتِي  
 مُؤْمِنًا وَالْمُؤْمِنِينَ وَالْمُؤْمِنَاتِ وَلَا تَزِدِ الظَّالِمِينَ إِلَّا بَارًا ۝۲۸

3 na sambahin ninyo si Allah, mangilag kayong magkasala sa Kanya at tumalima kayo sa akin;

4 magpapatawad Siya sa inyo sa mga pagkakasala ninyo at aantalain Niya kayo hanggang sa isang itinakdang taning. Tunay na ang taning ni Allah, kapag dumating, ay hindi aantalain, kung nalalaman sana ninyo.”

5 Nagsabi siya: “Panginoon ko, tunay na ako ay nag-anyaya sa lipi ko gabi’t araw,

6 ngunit walang naidagdag sa kanila ang pag-aanyaya ko kundi pagtakas sa pananampalataya.

7 Tunay na sa tuwing nag-anyaya ako sa kanila upang magpatawad Ka sa kanila ay inilalagay nila ang mga daliri nila sa mga tainga nila, nagtatalukbong sila ng mga damit nila, nagpupumilit sila, at nagmamalaki nang *matinding* pagmamalaki.

8 Pagkatapos tunay na ako ay nag-anyaya sa kanila nang hayagan.

9 Pagkatapos tunay na ako ay nakipaghayagan sa kanila at nakipagsarilinan sa kanila nang sarilinan at sinabi ko: ‘Humingi kayo ng tawad sa Panginoon ninyo; tunay na Siya ay laging Palapatawad.

10 Ipadadala Niya ang *ulan mula sa* langit sa inyo na nananagana;

11 Magpaparami Siya sa inyo ng mga yaman at mga anak at gagawa Siya para sa inyo ng mga hardin at gagawa Siya para sa inyo ng mga ilog.

12 Ano ang nangyayari sa inyo, hindi kayo natatakot kay Allah sa kabunyian *Niya*,

13 samantalang nilikha nga *Niya* kayo sa mga antas?

14 Hindi ba ninyo napag-alaman kung papaanong nilikha ni Allah ang pitong langit na patong-patong?

15 Inilagay *Niya* ang buwan sa mga ito bilang liwanag at inilagay *Niya* ang araw bilang sulo?

16 Si Allah ay nagpatubo sa inyo mula sa lupa sa isang pagpapatubo.

17 Pagkatapos ay ibalik niya kayo doon at ilalabas *Niya* kayo nang muling paglalabas.

18 Si Allah ay gumawa para sa inyo ng lupa na isang nakalatag

19 upang tumahak kayo rito sa mga landas na mga daanang maluwang.”

20 Nagsabi si Noe: “Panginoon ko, tunay na sila ay sumuway sa akin at sumunod sa isa na walang naidagdag sa kanya ang yaman niya at ang anak niya kundi pagkalugi.

21 Nanlansi sila ng isang pagkalakiling panlalansi;

22 at nagsabi sila: ‘Huwag nga ninyong iwan ang mga diyos ninyo at huwag nga ninyong iwan si Wadd ni si Suwá’, ni si Yaghúth at si Ya’úq at si Nasr.’<sup>1</sup>

1 Pangalan ng mga diyus-diyusan.

24 Nakapagligaw na sila ng marami; huwag Mo pong dagdagan ang mga lumalabag sa katarungan kundi pagkaligaw.”

25 Dahil sa mga kasalanan nila, nilunod sila at saka ipinasok sila sa Apoy at hindi sila nakatagpo para sa kanila bukod pa kay Allah ng mga tagapag-adya.

26 Nagsabi si Noe: “Panginoon ko, huwag Mo pong hayaan sa lupa na may kabilang sa mga tumatangging sumampalataya na maninirahan.

27 Tunay na kung hahayaan Mo sila ay ililigaw nila ang mga lingkod Mo at hindi sila magkakaanak kundi naglalapastangan na palatangging sumampalataya.

28 Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin, sa mga magulang ko, sa sinumang pumasok sa bahay ko na isang sumasampalataya, sa mga lalaking sumasampalataya, at sa mga babaeng sumasampalataya. Huwag Kang magdagdag sa mga lumalabag sa katarungan kundi pagkapahamak.

## Súrah alJinn [72]

*Sa ngalan ni Allah, ang*

*Napakamaawain, ang Pinakamaawain.*

1 Sabihin mo: “Isiniwalat sa akin na may nakinig na isang pangkat ng jinn at nagsabi sila: ‘Tunay na kami ay nakarinig ng isang kahanga-hangang pagbigkas,

2 na nagpapatnubay sa pagkagabay, kaya sumampalataya kami rito at hindi na kami magtatambal sa Panginoon namin ng isa man.

3 Nagtuturo ito na pagkataas-taas ng kadakilaan ng Panginoon namin; hindi Siya nagkaroon ng asawa ni anak.

4 Na laging nagsasabi ang hunghang namin laban kay Allah ng labis-labis na kabulaanan.<sup>1</sup>

1 O ...laban kay Allah ng *salitang* malayo sa katotohanan.

سُورَةُ الْجِنِّ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

قُلْ أُوحِيَ إِلَيَّ أَنَّهُ اسْتَمَعَ نَفَرٌ مِّنَ الْجِنِّ فَقَالُوا إِنَّا سَمِعْنَا قُرْءَانًا

عَجَبًا 1 يَهْدِي إِلَى الرُّشْدِ فَآمَنَّا بِهِ وَلَمْ نُشْرِكْ رَبِّنَا أَحَدًا 2

وَأَنَّهُ نَعَلَىٰ جِدْرَيْنَا مَا أَخَذَ صَاحِبَهُ وَلَا وَلَدًا 3 وَأَنَّهُ كَانَ

يَقُولُ سَفِيهًا عَلَىٰ اللَّهِ شَطَطًا 4 وَأَنَا ظَنَنَّا أَن لَّن نَقُولَ الْإِنسَ

وَالْجِنَّ عَلَىٰ اللَّهِ كَذِبًا 5 وَأَنَّهُ كَانَ رِجَالٌ مِّنَ الْإِنسِ يَعُوذُونَ بِرِجَالِ

مِّنَ الْجِنِّ فَزَادُوهُمْ رَهَقًا 6 وَأَنَّهُمْ ظَنُّوا كَمَا ظَنَنْتُمْ أَن لَّن يَبْعَثَ

اللَّهُ أَحَدًا 7 وَأَنَا لَمَسْنَا السَّمَاءَ فَوَجَدْنَا فِيهَا أُمَمًا مَّوَدَّاتٍ حَرَسًا

شَدِيدًا وَشُهَبًا 8 وَأَنَا كُنَّا نَقَعُدُّهَا مَقْعَدَ الشَّجَرِ لَلسَّمْعِ فَمَن

يَسْمِعِ الْآنَ مَجْدَلَهُ، شَهَابًا مَّوَدَّاتٍ 9 وَأَنَا لَا نَدْرِي أَشْرٌ أُرِيدُ

يَمُنُ فِي الْأَرْضِ أَمْ أَرَادَ بِهِمْ رَبُّهُمْ رَشَدًا 10 وَأَنَا مِنَّا الصَّالِحُونَ

وَمِنَادُونَ ذَلِكَ كُنَّا طَرِيقَ قَدَدًا 11 وَأَنَا ظَنَنَّا أَن لَّن نَّعْجِزَ

اللَّهُ فِي الْأَرْضِ وَلَن نَّعْجِزَهُ، هَرَبًا 12 وَأَنَا لَمَّا سَمِعْنَا الْمُهْدَىٰ

ءَامَنَّا بِهِ 13 فَمَن يُؤْمِنُ بِرَبِّهِ، فَلَا يَخَافُ بَخْسًا وَلَا رَهَقًا 13

5 Na kami ay nag-akala na hindi magsasabi ang tao at ang jinn hinggil kay Allah ng isang kasinungalingan.

6 Na may mga lalaking kabilang sa tao na nagpapakupkop sa mga lalaking kabilang sa jinn, kaya nadagdagan lamang nila ang mga ito ng kasalanan.<sup>2</sup>

7 Na sila ay nag-akala gaya ng inakala ninyo na hindi magsusugo si Allah ng isa man.

8 Na kami ay nagtangkang maabot ang langit ngunit nasumpungan namin ito na pinuno ng mga tanod na mababagsik at mga liyab.

9 Na kami dati ay umuupo doon sa ilang mauupuan para sa pakikinig, ngunit ang sinumang makikinig ngayon ay makakatagpo para sa kanya ng liyab na nakatambang.

2 O pagmamalabis, o kahunghangan.

وَأَنَا مِنَ الْمُسْلِمِينَ وَمِنَا الْقَاسِطُونَ فَمَنْ أَسْلَمَ فَأُولَئِكَ تَحَرَّوْا رَشَدًا ۚ وَأَمَّا الْقَاسِطُونَ فَكَانُوا لِجَهَنَّمَ حَطَبًا ۝<sup>10</sup>  
 وَالْوَالِدُوا اسْتَقِمُوا عَلَى الطَّرِيقَةِ لَأَسْقَيْنَهُمْ مَاءً غَدَقًا ۝<sup>11</sup> لَنَفْنِئَهُمْ فِيهِ وَمَنْ يُعْرِضْ عَنْ ذِكْرِ رَبِّهِ يَسْلُكْهُ عَذَابًا صَعَدًا ۝<sup>12</sup> وَأَنَّ الْمَسَاجِدَ لِلَّهِ فَلَا تَدْعُوا مَعَ اللَّهِ أَحَدًا ۝<sup>13</sup> وَأَنَّهُ لَمَّا قَامَ عَبْدُ اللَّهِ يَدْعُوهُ كَادُوا يَكُونُونَ عَلَيْهِ لِبَدًا ۝<sup>14</sup> قُلْ إِنَّمَا أَدْعُوا رَبِّي وَلَا أُشْرِكُ بِهِ أَحَدًا ۝<sup>15</sup> قُلْ إِنِّي لَا أَمْلِكُ لَكُمْ ضَرًّا وَلَا رَشَدًا ۝<sup>16</sup> قُلْ إِنِّي لَن مُّجِيرٍ مِنَ اللَّهِ أَحَدٌ وَلَنْ أَجِدَ مِنْ دُونِهِ مُلْتَحَدًا ۝<sup>17</sup> إِلَّا بَلَاغًا مِنَ اللَّهِ وَرِسَالَاتِهِ ۚ وَمَنْ يَعْصِ اللَّهَ وَرَسُولَهُ فَإِنَّ لَهُ نَارَ جَهَنَّمَ خَالِدًا فِيهَا أَبَدًا ۝<sup>18</sup> حَتَّىٰ إِذَا رَأَوْا مَا يُوعَدُونَ فَسَيَعْلَمُونَ مَنْ أَضَعَفَ نَاصِرًا وَقُلَّ عَدَدًا ۝<sup>19</sup> قُلْ إِنْ أَدْرَيْتُمْ أَقْرَبُ مَا تُوعَدُونَ أَمْ يَجْعَلُ لَهُ رَبِّي أَمَدًا ۝<sup>20</sup> عَلِيمُ الْغَيْبِ فَلَا يُظْهِرُ عَلَىٰ غَيْبِهِ أَحَدًا ۝<sup>21</sup> إِلَّا مَنِ ارْتَضَىٰ مِنْ رَسُولٍ فَإِنَّهُ يَسْلُكُ مِنْ بَيْنِ يَدَيْهِ وَمِنْ خَلْفِهِ رَصَدًا ۝<sup>22</sup> لِيَعْلَمَ أَنْ قَدْ أَبْلَغُوا رَسُولَاتِ رَبِّهِمْ وَأَحَاطَ بِمَا لَدَيْهِمْ وَأَحْصَىٰ كُلَّ شَيْءٍ عَدَدًا ۝<sup>23</sup>

<sup>10</sup> Na kami ay hindi nakababatid kung may masama ba na ninais para sa mga nasa lupa o nagnais sa kanila ang Panginoon nila ng isang pagkagabay.

<sup>11</sup> Na kabilang sa amin ang matutuwid at kabilang din sa amin ang mga iba pa roon; kami ay nasa mga kaparaanang magkakaiba.

<sup>12</sup> Na kami ay nakatiyak na hindi namin malulusutan si Allah sa lupa at hindi namin Siya malulusutan sa pagtakas.

<sup>13</sup> Na kami, noong narinig namin ang *Qur'an* na patnubay, ay sumampalataya kami rito; kaya ang sinumang sumampalataya sa Panginoon niya ay hindi mangangamba sa kabawasan sa gantimpala ni labis-labis na pagdurusa.

<sup>14</sup> Na kabilang sa amin ang mga Muslim at kabilang sa amin ang mga lumilihis sa katarungan. At ang

sinumang yumakap sa Islam, ang mga iyon ay naglayon sa pagkagabay.

<sup>15</sup> Tungkol naman sa mga lumilihis sa katarungan, sila para sa Impiyerno ay magiging mga panggatong.”

<sup>16</sup> Na kung nagpakatag<sup>1</sup> sila sa tamang daan, talagang pinatubigan na sana Namin sila ng masaganang tubig

<sup>17</sup> upang sulitin Namin sila dahil dito. Ang sinumang bumaling palayo sa pag-alaala sa Panginoon niya, isusuong<sup>2</sup> Niya ito sa isang mahirap na pagdurusa.

<sup>18</sup> Na ang mga masjid ay ukol kay Allah, kaya huwag kayong manalangin sa isa pa kasama ni Allah.

<sup>19</sup> Na noong tumindig ang lingkod ni Allah na si Muhammad na nananalangin sa Kanya, halos sila ay nagkapatong-patong sa paligid nito.

<sup>20</sup> Sabihin mo: “Dumadalangin lamang ako sa Panginoon ko at hindi ako nagtatambal sa Kanya ng isa man.”

<sup>21</sup> Sabihin mo: “Hindi ako nagtataglay ng kapangyarihan sa inyo sa pamiminsala ni sa paggabay.”

<sup>22</sup> Sabihin mo: “Tunay na ako ay hindi mapangangalagaan laban kay Allah ng isa man kung susuway ako at wala akong matatagpuan bukod pa sa Kanya na isang madadaupan.

<sup>23</sup> Wala akong maihatid kundi isang pagpaparating ng kautusan mula kay Allah at mga pasugo<sup>3</sup> Niya.” Ang sinumang sumusuway kay Allah at sa Sugo Niya ay tunay na ukol sa kanya ang Apoy ng Impiyerno upang manatili roon magpakailanman.

<sup>24</sup> Hanggang sa kapag nakita na nila ang ipinangako sa kanila ay saka nila malalaman kung sino ang higit na mahina sa tagapag-adya at higit na kaunti sa bilang ng hukbo.

<sup>1</sup> O tumahak.

<sup>2</sup> O ipapasok o ilalagay.

<sup>3</sup> O mga mensahe.

25 Sabihin mo: “Hindi ko nababatid kung malapit na ba ang ipinangako sa inyo o maglalagay pa ba para rito ang Panginoon ko ng isang mahabang panahon.

26 Siya ang Nakaaalam sa Nakalingid ngunit hindi niya inihahayag ang inilingid Niya sa isa man

27 maliban sa sinumang kinalugdan Niya na sugo at tunay na Siya ay nagpapalakad sa harapan nito at sa likuran nito ng mga anghel na nakatambang

28 upang malaman niya na naiparating na nila ang mga pasugo ng Panginoon nila; at nasaklawan Niya ang anumang nasa kanila at inisa-isa Niya ang bawat bagay sa bilang.

## Súrah alMuzzammil [73]

Sa ngalan ni Allah, ang

Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 O nakabalot!
- 2 Bumangon ka upang magdasal sa gabi maliban sa kaunting bahagi nito,
- 3 o kalahati nito o magbawas ka rito ng kaunti,
- 4 o magdagdag ka rito at bigkasin mo ang Qur'an nang dahan-dahan.
- 5 Tunay na Kami ay magpapanaog sa inyo ng isang mabigat na salita.
- 6 Tunay na ang pagsambang nagaganap sa gabi ay higit na matindi sa katatagan<sup>1</sup> at higit na matuwid<sup>2</sup> sa pagbigkas.
- 7 Tunay na mayroon ka sa maghapon na isang mahabang panahon.
- 8 Banggitin<sup>3</sup> mo ang pangalan ng Panginoon mo at ilaan mo ang pagsamba ukol sa Kanya nang isang lubusang paglalaan.<sup>4</sup>

1 O hirap, o pagtalab sa puso.

2 O malinaw.

3 O alalahanin.

4 O...at italaga mo ang sarili sa Kanya nang isang lubusang pagtatalaga.

سُورَةُ الْمُزَّمِّلِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

يَتَأْتِيَ الْمُزَّمِّلَ ۝١ قُلْ أَلَيْسَ إِلَّا قَلِيلًا ۝٢ نَضْفَهُ ۚ أَوْ أَنْقَضَ مِنْهُ قَلِيلًا ۝٣ أَوْزْدَ عَلَيْهِ وَرَتَّلَ الْقُرْءَانَ تَرْتِيلًا ۝٤ إِنْ أَسْأَلْتَنِي عَلَيْكَ قَوْلًا قَلِيلًا ۝٥ إِنْ نَاشِئَةُ اللَّيْلِ هِيَ أَشَدُّ وَطْأًا وَأَقْوَمُ قِيلًا ۝٦ إِنْ لَكَ فِي النَّهَارِ سَبْحًا طَوِيلًا ۝٧ وَأَذْكُرْ اسْمَ رَبِّكَ وَنَبِّئْ إِلَيْهِ تَبْتِيلًا ۝٨ رَبُّ الْمَشْرِقِ وَالْمَغْرِبِ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ فَاتَّخِذْهُ وَكِيلًا ۝٩ وَأَصْبِرْ عَلَى مَا يَقُولُونَ وَاهْجُرْهُمْ هَجْرًا جَمِيلًا ۝١٠ وَذَرْنِي وَالْمُكَذِّبِينَ أُولِي النَّعْمَةِ وَمَهَلْهُمُ قَلِيلًا ۝١١ إِنْ لَدَيْنَا أَنْكَالٌ وَحِمِيمًا ۝١٢ وَطَعَامًا ذَا غُصَّةٍ وَعَذَابًا أَلِيمًا ۝١٣ يَوْمَ تَرْجُفُ الْأَرْضُ وَالْجِبَالُ وَكَانَتِ الْجِبَالُ كَثِيرًا مَهِيلًا ۝١٤ إِنَّا أَرْسَلْنَا إِلَيْكَ رَسُولًا شَاهِدًا عَلَيْكَ كَمَا أَرْسَلْنَا إِلَى فِرْعَوْنَ رَسُولًا ۝١٥ فَعَصَى فِرْعَوْنُ الرَّسُولَ فَأَخَذْنَاهُ أَخْذًا وَبِيلًا ۝١٦ فَكَيْفَ تَنْفِقُونَ إِنْ كَفَرْتُمْ يَوْمًا يَجْعَلُ الْوِلْدَانَ شِيبًا ۝١٧ السَّمَاءُ مُنْفِطِرَةٌ بِهِ ۚ كَانَ وَعْدُهُ مَفْعُولًا ۝١٨ إِنَّ هَذِهِ تَذْكَرَةٌ ۖ فَمَنْ شَاءَ اتَّخَذْ إِلَىٰ رَبِّهِ سَبِيلًا ۝١٩

9 Siya ang Panginoon ng silangan at kanluran. Walang Diyos kundi Siya; kaya gawin mo Siya na Pinagkakatiwalaan.

10 Magtiis ka sa sinasabi nila at iwan mo sila nang isang magandang pag-iwan.

11 Hayaan mo Ako at ang mga nagpapabula, silang mga may biyaya, at palugitan mo sila nang kaunti.

12 Tunay na mayroon Kaming mga tanikala at apoy na naglalagablab para sa kanila,

13 at pagkain na nakabubulon at isang masakit na pagdurusa,

14 sa Araw na maaalog ang lupa at ang mga bundok at ang mga bundok ay magiging bunton ng buhanging gumuguho.

15 Tunay na Kami ay nagsugo sa inyo ng isang Sugo na sasaksi sa inyo gaya ng pagsugo Namin sa Paraon ng isang sugo.

إِنَّ رَبَّكَ يَعْلَمُ أَنَّكَ تَقُومُ أَدْنَىٰ مِنْ ثُلُثِي اللَّيْلِ وَيَصُفُّهُ، وَتُلْثُهُ، وَطَائِفَةٌ  
 مِنَ الَّذِينَ مَعَكَ وَاللَّهُ يَقْدِرُ اللَّيْلَ وَالنَّهَارَ عِلْمَ أَنْ لَنْ تُحْصَوْهُ فَنَابَ  
 عَلَيْكَ فَاقْرَأْهُ وَمَا تَنْسَخُ مِنَ الْقُرْآنِ عَلِيمٌ أَنْ سَيَكُونُ مِنْكُمْ مَرْضًى  
 وَأُخَرُونَ يَضْرِبُونَ فِي الْأَرْضِ يَبْتَغُونَ مِنْ فَضْلِ اللَّهِ وَآخَرُونَ  
 يُقْبِلُونَ فِي سَبِيلِ اللَّهِ فَاقْرَأْهُ وَمَا تَنْسَخُ مِنْهُ وَأَقِيمُوا الصَّلَاةَ وَآتُوا  
 الزَّكَاةَ وَأَقْرِضُوا اللَّهَ قَرْضًا حَسَنًا وَمَا تُقْدِمُوا لِأَنْفُسِكُمْ مِنْ خَيْرٍ يَجِدُوهُ  
 عِنْدَ اللَّهِ هُوَ خَيْرًا وَأَعْظَمَ أَجْرًا وَأَسْتَغْفِرُوا لِلَّهِ إِنَّ اللَّهَ عَفُورٌ رَحِيمٌ ﴿٢٠﴾

سُورَةُ الْمُدَّثِّرِ ﴿٧٤﴾

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

يَأْتِيهَا الْمُدَّثِّرُ ﴿١﴾ قُرْآنٍ ذِكْرٌ ﴿٢﴾ وَرَبِّكَ فَكْبُرُ ﴿٣﴾ وَيُنَادِيكَ فَطَهِّرُ ﴿٤﴾  
 وَالرُّجُزَ فَاهْجُرُ ﴿٥﴾ وَلَا تَنْسِنَنَّ تَسْتَكْبِرُ ﴿٦﴾ وَلِرَبِّكَ فَاصْبِرُ ﴿٧﴾  
 فَإِذَا نَفَخَ فِي النُّفُورِ ﴿٨﴾ فَذَلِكَ يَوْمَئِذٍ يَوْمٌ عَسِيرٌ ﴿٩﴾ عَلَى الْكَافِرِينَ  
 عَسِيرٌ ﴿١٠﴾ ذَرْبٍ وَمِنْ خَلْقَتْ وَحِيدًا ﴿١١﴾ وَجَعَلَتْ لَهُ، مَا لَا  
 مَمْدُودًا ﴿١٢﴾ وَبَيْنَ شُهُودًا ﴿١٣﴾ وَمَهْدَتْ لَهُ، تَهْيِيدًا ﴿١٤﴾ ثُمَّ يَطْمَعُ  
 أَنْ أَزِيدَ ﴿١٥﴾ كَلَّا إِنَّهُ كَانَ لِآيَاتِنَا عِينِدًا ﴿١٦﴾ سَاءَ رُهْقَهُ، صَعُودًا ﴿١٧﴾

16 Ngunit sinuway ng Paraon ang sugo kaya nilipol Namin siya ng isang matinding paglipol.<sup>1</sup>

17 Kaya papaano ninyong pangangilagan ang pagdurusa, kung tumanggi kayong sumampalataya, sa isang araw na gagawin ang mga bata na ubanin?

18 Ang langit ay mabibitak sa araw na iyon. Ang pangako Niya ay laging magaganap.

19 Tunay na ito ay isang pagpapaalaala; kaya ang sinumang nagloob ay tumahak siya patungo sa Panginoon niya sa isang landas.

20 Tunay na ang Panginoon mo ay nakaaalam na ikaw ay tumatayo sa pagdarasal sa kulang-kulang sa dalawang-

katlo ng magdamag o kalahati nito o katlo nito, at gayon din ang isang pangkat mula sa mga kasama mo. Si Allah ay nagtatakda sa sukat ng magdamag at maghapon. Nalalaman Niya na hindi ninyo makakaya iyon, kaya nagpatawad<sup>2</sup> Siya sa inyo. Kaya bigkasin ninyo ang anumang nadalian kayo mula sa Qur'án. Nalalaman Niya na magkakaroon mula sa inyo ng mga may-sakit, may mga iba na maglalakbay sa lupain upang maghanap ng kagandahang-loob ni Allah at may mga iba pa na makikipaglaban sa Landas ni Allah. Kaya bigkasin ninyo ang anumang nadalian kayo mula rito. Panatilihin ninyo ang pagdarasal, magbigay kayo ng zakáh at magpautang kayo kay Allah ng isang magandang pautang. Ang anumang ipanauuna ninyo para sa mga sarili ninyo na kabutihan, matatagpuan ninyo ito na nasa kay Allah, na higit na mabuti at higit na mabigat sa kabayaran. Humingi kayo ng tawad kay Allah; tunay na si Allah ay Mapagpatawad, Maawain.

## Súrah alMuddaththir [74]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 O nakatakip!

2 Bumangon ka at magbabala ka.

3 Ang Panginoon mo ay dakilain mo.

4 Ang kasuutan mo ay linisin mo.

5 Ang kasalulaan<sup>3</sup> ay layuan mo.

6 Huwag maghandog upang humiling ng marami pa.

7 Alang-alang sa Panginoon mo ay magtiis ka.

8 At kapag hinipan na ang Tambuli,

9 iyon, sa araw na iyon, ay isang araw na mahirap.

10 Sa mga tumatangging sumampalataya ay hindi madali.

1 O... kaya pinarusahan Namin siya ng isang matinding parusa.

2 O nagpagaan.

3 O mga diyus-diyusan.

11 Hayaan mo Ako at ang nilikha Ko nang mag-isa.

12 Ginawan Ko siya ng masaganang yaman.  
13 at mga anak na kapiling.

14 Nagpaalwan Ako sa kanya ng isang pag-aalwan.

15 Pagkatapos ay naghahangad siya na dagdagan Ko pa.

16 Aba'y hindi! Tunay na siya sa mga Kapahayagan Namin ay mapagmatigas.

17 Lulukubin<sup>1</sup> Ko siya ng pahirap!

18 Tunay na nag-isip siya at naghanda.

19 Kaya sumpain siya kung papaano siyang naghanda!

20 Pagkatapos ay sumpain siya kung papaano siyang naghanda!

21 Pagkatapos ay nag-isip-isp siya.

22 Pagkatapos ay nagkunot-noo siya at sumimangot siya.

23 Pagkatapos ay tumalikod siya at nagmalaki siya.

24 At nagsabi siya: “Ito ay walang iba kundi salamangkang inilipat;

25 ito ay walang iba kundi salita ng tao.”

26 Ipapasok Ko siya sa Saqar.

27 Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Saqar?

28 Hindi nagtitira ito at hindi nag-iiwan ito!

29 Nanununog ng mga balat!

30 Sa ibabaw nito ay may labingsiyam na anghel.

31 Hindi Kami naglagay<sup>2</sup> ng mga tanod ng Apoy kundi mga anghel. Hindi Namin ginawa ang bilang nila kundi bilang isang pagsubok para sa mga tumangging sumampalataya, upang makatiyak ang mga binigyan ng Kasulatan, madagdagan ang mga sumampalataya ng pananampalataya at hindi mag-alinlangan ang mga binigyan ng Kasulatan at ang mga sumasampalataya, at upang magsabi ang mga may sakit sa mga puso nila at ang mga tumatangging sumampalataya: “Ano ang ninais

إِنَّهُ، فَكَّرَ وَقَدَّرَ ۖ فَقِيلَ كَيْفَ قَدَّرَ ۖ ثُمَّ قِيلَ كَيْفَ قَدَّرَ ۖ ثُمَّ نَظَرَ ۖ  
ثُمَّ عَبَسَ وَبَسَرَ ۖ ثُمَّ أَدْبَرَ وَاسْتَكْبَرَ ۖ فَقَالَ إِنْ هَذَا إِلَّا أَلْحِبْرُ ۖ  
يُؤْتَرُ ۖ إِنْ هَذَا إِلَّا قَوْلُ الْبَشَرِ ۖ سَأَصْلِيهِ سَعَرَ ۖ وَمَا أَدْرَاكَ  
مَا سَعَرَ ۖ لَا نَبِيَّ وَلَا نَذَرَ ۖ لَوْ أَنَّهُ لَإِنَّمَا أَتَى عَلَىهَا أَسَعةَ عَشْرٍ  
ۖ وَمَا جَعَلْنَا أَصْحَابَ النَّارِ إِلَّا مَلَائِكَةً ۖ وَمَا جَعَلْنَا عِدَّتَهُمْ إِلَّا فِتْنَةً  
لِلَّذِينَ كَفَرُوا لِيَسْتَيْقِنَ الَّذِينَ أُوتُوا الْكِتَابَ وَيَزَادَ الَّذِينَ آمَنُوا إِيمَانًا  
وَلَا يَرْتَابَ الَّذِينَ أُوتُوا الْكِتَابَ وَالْمُؤْمِنُونَ وَلِيَقُولَ الَّذِينَ فِي قُلُوبِهِم مَّرَضٌ  
وَالْكَافِرُونَ مَاذَا أَرَادَ اللَّهُ بِهَذَا مَثَلًا ۖ كَذَلِكَ يُضِلُّ اللَّهُ مَن يَشَاءُ وَيَهْدِي  
مَن يَشَاءُ ۖ وَمَا يَعْلَمُ جُودَ رَبِّكَ إِلَّا هُوَ ۖ وَمَا هِيَ إِلَّا ذِكْرٌ لِلْبَشَرِ ۖ كَلَّا  
وَالْقَهَرِ ۖ وَاللَّيْلِ إِذَا أَدْبَرَ ۖ وَالصُّبْحِ إِذَا أَسْفَرَ ۖ إِنَّهَا إِلَّا لِحَدَى  
الْكُبَّرِ ۖ نَذِيرٌ لِلْبَشَرِ ۖ لِمَن شَاءَ مِنكُمْ أَن يَتَّقُوا ۖ أَوْ يَتَأَخَّرُوا ۖ كُلُّ  
نَفْسٍ بِمَا كَسَبَتْ رَهينَةٌ ۖ إِلَّا أَصْحَابَ الْيَمِينِ ۖ فِي جَنَّتِ بَيْسَاءُ لَوْنُ  
ۖ عَنِ الْمُجْرِمِينَ ۖ مَا سَلَكَكُمْ فِي سَقَرٍ ۖ قَالُوا لَوْ نَرَاكَ مِنَ  
الْمُصَلِّينَ ۖ وَلَمْ نَكُ نُطْعِمُ الْمِسْكِينَ ۖ وَكُنَّا نَخُوضُ مَعَ  
الْعُلَاقِضِينَ ۖ وَكُنَّا تُكذِّبُ بَيُوتَ الَّذِينَ ۖ حَتَّى آتَيْنَا الْيَقِينَ ۖ

ni Allah dito bilang halimbawa?” Ganyan inililigaw ni Allah ang sinumang niloloob Niya at pinapatnubayan Niya ang sinumang niloloob Niya. Walang nakaalam sa hukbo ng Panginoon mo kundi Siya. *Ang pagbanggit sa Apoy na* ito ay walang iba kundi paalaala sa tao.

32 Aba'y hindi! Sumpa man sa buwan,  
33 sumpa man sa gabi kapag lumisan,  
34 sumpa man sa madaling-araw kapag nagliwanag;

35 tunay na *ang Apoy na* ito ay isa sa napakamalalaking *kapahamakan*,

36 bilang isang tagapagbabala babala para sa tao,  
37 para sa sinumang nagloob mula sa inyo na sumulong o umurong.<sup>3</sup>

38 Bawat kaluluwa sa nakamit niya ay pananagutin,

39 maliban sa mga kasamahan ng kanan,

1 O Aatangan.

2 O gumawa.

3 O magpakauna o magpakahuli.



فَمَا نَنْفَعُهُمْ شَفَعَةُ الشَّافِعِينَ ﴿٤٨﴾ فَمَا لَهُمْ عَنِ التَّذْكَرَةِ مُعْرِضِينَ ﴿٤٩﴾ كَانَهُمْ حُمُرٌ مُسْتَنْفِرَةٌ ﴿٥٠﴾ فَرَّتْ مِنْ قَسْوَرَةٍ ﴿٥١﴾ بَلْ يُرِيدُ كُلُّ امْرِئٍ مِّنْهُمْ أَنْ يُؤْتَىٰ صُحُفًا مُنْشَرَةً ﴿٥٢﴾ كَلَّا بَلْ لَا يَخَافُونَ الْآخِرَةَ ﴿٥٣﴾ كَلَّا إِنَّهُ تَذَكُّرٌ ﴿٥٤﴾ فَمَنْ شَاءَ ذَكَرْهُ ﴿٥٥﴾ وَمَا يَذْكُرُونَ إِلَّا أَنْ يَشَاءَ اللَّهُ هُوَ أَهْلُ التَّقْوَىٰ وَأَهْلُ الْمَغْفِرَةِ ﴿٥٦﴾

### سُورَةُ الْقِيَامَةِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
لَا أُقْسِمُ بِيَوْمِ الْقِيَامَةِ ﴿١﴾ وَلَا أُقْسِمُ بِالنَّفْسِ اللَّوَّامَةِ ﴿٢﴾ ائْتَسَّبَ الْإِنْسَانُ أَلَّنْ يَجْمَعَ عِظَامَهُ ﴿٣﴾ بَلَىٰ قَدِيرِينَ عَلَيَّ أَنْ تُسَوَّىٰ بَنَانَهُ ﴿٤﴾ بَلْ يُرِيدُ الْإِنْسَانُ لِيَفْجُرْ أَمَامَهُ ﴿٥﴾ يَسْتَلْ أَيَّانَ يَوْمِ الْقِيَامَةِ ﴿٦﴾ فَإِذَا بَرِقَ الْبَصَرُ ﴿٧﴾ وَخَسَفَ الْقَمَرُ ﴿٨﴾ وَجُمِعَ الشَّمْسُ وَالْقَمَرُ ﴿٩﴾ يَقُولُ الْإِنْسَانُ يَوْمَئِذٍ أَيْنَ الْمَفْرُجُ ﴿١٠﴾ كَلَّا لَا وَزَرَ ﴿١١﴾ إِلَىٰ رَبِّكَ يَوْمَئِذٍ الْمُسْتَقَرُّ ﴿١٢﴾ يَبْتَئُونَ الْإِنْسَانَ يَوْمَئِذٍ يَمَّا قَدَّمَ وَأَخَّرَ ﴿١٣﴾ بَلِ الْإِنْسَانُ عَلَىٰ نَفْسِهِ بَصِيرَةٌ ﴿١٤﴾ وَلَوْ أَلْقَىٰ مَعَاذِرَهُ ﴿١٥﴾ لَا تُحْرِكْ بِهِ لِسَانَكَ لِتَعْجَلَ بِهِ ﴿١٦﴾ إِنَّ عَلَيْنَا جَمْعَهُ وَقُرْءَانَهُ ﴿١٧﴾ فَإِذَا قُرَأَتْهُ فَانصَبْ قُرْءَانَهُ ﴿١٨﴾ ثُمَّ إِنَّ عَلَيْنَا بَيَانَهُ ﴿١٩﴾

- 40 na sa mga Hardin ay magtatanungan sila  
41 tungkol sa mga sumasalansang:  
42 Sasabihin nila: “Ano ang nagpasok sa inyo sa Saqar?”  
43 Magsasabi ang mga ito: “Hindi kami kabilang noon sa mga nagdarasal, at hindi kami noon nagpapakain sa dukha.  
44 At kami noon ay sumusuong sa mga walang kabuluhang usapan kasama ng mga sumusuong;  
45 at kami noon ay nagpapabula sa Araw ng Paggantimpala,  
46 hanggang sa dumating sa amin ang katiyakan ng kamatayan.”  
47 Kaya hindi magdudulot ng pakinabang sa kanila ang pamamagitan ng mga namamagitan.  
48 Ano ang nangyayari sa kanila na sa pagpapaalaala ay mga bumabaling palayo?  
49 Para bagang sila ay mga asnong ligaw na nahihintakutan

- 51 na tumakas mula sa isang leon.  
52 Bagkus ninanais ng bawat isang tao na kabilang sa kanila na bigyan ng mga pahinang iniladlad.  
53 Aba’y hindi! Bagkus hindi nila pinangangambahan ang Kabilang-buhay.  
54 Aba’y hindi! Tunay na ang Qur’an na ito ay pagpapaalaala.  
55 Kaya ang sinumang nagloob, alalahanin niya ito.  
56 Hindi sila mag-aalaala maliban kung loloobin ni Allah. Siya ay ang karapat-dapat pangilagang pagkasalaan at ang karapat-dapat magpatawad.

## Súrah alQiyámah [75]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 Talagang sumusumpa Ako sa Araw ng Pagkabuhay,  
2 Talagang sumusumpa Ako sa mapanising kaluluwa.  
3 Inaakala ba ng tao na hindi Namin titipunin ang mga buto niya?  
4 Oo; nakakaya pa Namin na buuhin<sup>1</sup> ang mga dulo ng daliri niya.  
5 Bagkus ninanais ng tao na magkasala<sup>2</sup> pa sa hinaharap niya.  
6 Nagtatanong siya: “Kailan ang Araw ng Pagkabuhay?”  
7 Kaya kapag nagitla ang paningin, at nagdilim ang buwan,  
8 at pinagsama ang araw at ang buwan;  
9 magsasabi ang tao sa Araw na iyon: “Saan ang matatakas?”  
10 Aba’y hindi! Wala nang silungan.  
11 Tungo sa Panginoon mo, sa araw na iyon, ang pananahanan.  
12 Ibabalita sa tao sa araw na iyon ang mga gawang ipinauna niya at ipinahuli niya.  
13 Bagkus ang tao laban sa sarili niya ay isang patunay.<sup>1</sup>

1 O panumbalikin.

2 O manatili sa kasalanan.

15 Kahit pa man maglahad siya ng mga dahi-dahilan niya.

16 Huwag mong igalaw ang dila mo kasabay ng *pagsisiwalat sa Qur'an* na ito upang madaliin mo *ang pagsaulo* nito.

17 Tunay na sa Amin ang pagtitipon nito *sa puso mo* at ang pagpapabigkas nito.

18 Kaya kapag binigkas Namin ito *sa pamamagitan ni anghel Gabriel*, sundan mo ang pagbigkas nito.

19 Pagkatapos tunay na sa Amin ang pagpapaliwanag nito.

20 Aba'y hindi! Bagkus iniibig ninyo ang Panandaliang-buhay,

21 at pinababayaan ninyo ang Kabilang-buhay.

22 May mga mukha, sa araw na iyon, na mga nagniningning.

23 Sa Panginoon nila ay mga nakatingin.

24 May mga mukha rin, sa Araw na iyon, na mga nakasimangot.<sup>2</sup>

25 Inaasahan nilang gagawan sila ng isang kasawiang makababali ng likod.

26 Aba'y hindi! Bagkus kapag sumapit na itong *kaluluwa* sa balagat,

27 Sasabihin: "Sino ang magpapagaling?"

28 Nakatiyak niyang *naghihingalo* na tunay na ito ang pakikipaghiwalay *sa mundo*.

29 Pupulupot ang binti sa binti.

30 Tungo sa Panginoon mo, sa Araw na iyon, ang paghahatiran.

31 Hindi siya naniwala at hindi siya nagdasal.

32 Datapuwat ay nagpasinungaling siya at tumalikod siya,

33 saka pumunta siya sa mag-anak niya, na nagmamagilas sa paglakad.

34 Kasawian sa iyo at kasawian pa sa iyo!

35 Pagkatapos ay kasawian sa iyo at kasawian pa sa iyo!

36 Inaakala ba ng tao na iiwan siya na pinababayaan?

كَلَّا بَلْ تُحِبُّونَ الْعَاجِلَةَ ﴿٢٠﴾ وَتَذَرُونَ الْآخِرَةَ ﴿٢١﴾ وَجُوهٌ يَوْمَئِذٍ نَاصِرَةٌ ﴿٢٢﴾  
إِلَىٰ رِبَّهَا نَاطِرَةٌ ﴿٢٣﴾ وَجُوهٌ يَوْمَئِذٍ بَاسِرَةٌ ﴿٢٤﴾ تَطَّيَّنُ أَنْ يُفْعَلَ بِهَا فَاقِرَةٌ ﴿٢٥﴾  
كَلَّا إِذَا بَلَغَتِ التَّرَاقِيَ ﴿٢٦﴾ وَقِيلَ لَهَا مِمَّن رَاقِي ﴿٢٧﴾ وَطَنَّ أَنَّهُ الْفِرَاقُ ﴿٢٨﴾ وَالنَّفْسُ  
السَّاقِيَةُ السَّاقِي ﴿٢٩﴾ إِلَىٰ رَبِّكَ يَوْمَئِذٍ الْمَسَاقُ ﴿٣٠﴾ فَلَا صَدَقَ وَلَا صَلَّىٰ ﴿٣١﴾  
وَلَكِنْ كَذَّبَ وَتَوَلَّىٰ ﴿٣٢﴾ ثُمَّ ذَهَبَ إِلَىٰ أَهْلِهِ يَتَمَطَّىٰ ﴿٣٣﴾ أَوْلَىٰ لَكَ  
فَأَوْلَىٰ ﴿٣٤﴾ ثُمَّ أَوْلَىٰ لَكَ فَأَوْلَىٰ ﴿٣٥﴾ أَيَحْسَبُ الْإِنْسَانُ أَنْ يُتْرَكَ سُدًى ﴿٣٦﴾  
أَلَمْ يَكُنْ نَظْمَةً مِّن مَّن يَمَعَىٰ ﴿٣٧﴾ ثُمَّ كَانَ عِلقَةً فَخَلَقَ فَسَوَّىٰ ﴿٣٨﴾ جَعَلَ مِنهُ  
الزَّوْجَيْنِ الذَّكَرَ وَالْأُنثَىٰ ﴿٣٩﴾ أَلَيْسَ ذَلِكَ بِقَدْرِ عَلَىٰ أَنْ يُحْيِيَ الْمَوْتَىٰ ﴿٤٠﴾

### سُورَةُ الْإِنشَاءِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

هَلْ أَتَىٰ عَلَى الْإِنسَانِ حِينٌ مِّنَ الدَّهْرِ لَمْ يَكُن شَيْئًا مَّذْكُورًا ﴿١﴾  
إِنَّا خَلَقْنَا الْإِنسَانَ مِن نُّطْفَةٍ أَمْشَاجٍ نَّبْتَلِيهِ فَجَعَلْنَاهُ سَمِيعًا  
بَصِيرًا ﴿٢﴾ إِنَّا هَدَيْنَاهُ السَّبِيلَ إِمَّا شَاكِرًا وَإِمَّا كَفُورًا ﴿٣﴾  
إِنَّا أَعْتَدْنَا لِلْكَافِرِينَ سَلَاسِلًا وَأَغْلَالًا وَسَعِيرًا ﴿٤﴾ إِنَّ  
الْأَبْرَارَ يَشْرَبُونَ مِّنْ كَأْسٍ كَانَ مِزَاجُهَا كَافُورًا ﴿٥﴾

37 Hindi ba siya noon ay isang patak mula sa punlay na ibinuhos?

38 Pagkatapos siya ay naging isang dugong namuo at nilikha at saka binuo.

39 Ginawa Niya mula sa kanya ang dalawang kabiyak: ang lalaki at ang babae.

40 Hindi ba *ang Tagapaglikha* na iyon ay Makapangyarihan na magbigay-buhay sa mga patay?

### Súrah al'Insán [76]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 May dumating ba sa tao na isang sandali mula sa panahon noong siya ay hindi pa isang bagay na nababanggit?

2 Tunay na Kami ay lumikha sa tao mula sa patak na mga pinaghalo-halong bagay, upang subukin siya. Pagkatapos ay ginawa Namin siya na isang nakaririnig, isang nakakikita.

1 O saksi.

2 O namamanglaw.

عَيْنَا يَشْرَبُ بِهَا عِبَادُ اللَّهِ يُفَجِّرُونَهَا تَفْجِيرًا ﴿٦﴾ يُوقُونَ بِاللَّيْلِ وَالنَّجْمِ هُجُوجًا  
يَوْمًا كَانَ شَرْهُهُمُ مُسْتَطِيرًا ﴿٧﴾ وَيُطْعَمُونَ أَلْطَعَامَ عَلَىٰ حَيْثُ وَجَّعْتُمُوهُمْ  
وَيَسْتَأْذِنُوا بَلَدًا مُّحَرَّمًا ذُكِّرُوا بِهِ وَلَا يَشْكُرُونَ ﴿٨﴾ إِنَّمَا نُنْطِقُكُمْ بِوَجْهِ اللَّهِ لَا نُرِيدُ مِنْكُمْ جَزَاءً وَلَا شُكْرًا  
﴿٩﴾ إِنَّا نَخَافُ مِنْ رَبِّنَا يَوْمًا عَبُوسًا قَطَطِيرًا ﴿١٠﴾ فَوَقَّعْنَاهُم مِّنْ ذَٰلِكَ  
الْيَوْمِ وَلَقَّعْنَاهُمْ نَضْرَةً وَسُرُورًا ﴿١١﴾ وَجَرَّعْنَاهُمْ بِمَا صَبَرُوا جَنَّةً وَحَرِيرًا  
﴿١٢﴾ مُّتَّكِئِينَ فِيهَا عَلَىٰ الْأَرَائِكِ لَا يَرَوْنَ فِيهَا شَمْسًا وَلَا زَمهِيرًا ﴿١٣﴾  
وَدَائِبُهُمْ عَلَيْهِمْ ظِلَالٌ مِّنْ لَّدُنْهَا وَذَلَّلَتْ فَجْوَها نَذِيرًا ﴿١٤﴾ وَيُطَافُ عَلَيْهِمْ بِدَائِبَةٍ  
مِّنْ فِضَّةٍ وَأَكْوَابٍ كَانَتْ فَوَارِيرًا ﴿١٥﴾ فَوَارِيرًا مِّنْ فِضَّةٍ قَدَّرُوهَا تَقْدِيرًا ﴿١٦﴾  
وَيُسْقَوْنَ فِيهَا كَأْسًا كَانَ مِزَاجُهَا زَنْجَبِيلًا ﴿١٧﴾ عَيْنَا فِيهَا تُسَمَّىٰ سَلْسَبِيلًا ﴿١٨﴾  
وَيُطَوَّفُ عَلَيْهِمْ خِلْفًا مِّمَّا بَدَلْنَا إِذَا رَأَيْنَهُمْ جِبِينَهُمْ تُؤَلُّوا أَتَمُّورًا ﴿١٩﴾  
وَإِذَا رَأَيْتُمْ رِيَّاتٍ نَّعِيمًا وَمُلْكًا كَبِيرًا ﴿٢٠﴾ عَلَيْهِمْ فِيهَا بِسَبْعِينَ  
أَلْفًا مِّنْ ذُرِّيَّةٍ مِّنْ سَبْعِينَ أَلْفًا مِّنْ ذُرِّيَّةٍ مِّنْ سَبْعِينَ أَلْفًا مِّنْ ذُرِّيَّةٍ مِّنْ سَبْعِينَ أَلْفًا  
طَهُورًا ﴿٢١﴾ إِنَّ هَٰذَا كَانَ لَكُم جَزَاءً وَكَانَ سَعْيُكُمْ مَشْكُورًا ﴿٢٢﴾ إِنَّا  
نَحْنُ نَزَّلْنَا عَلَيْكَ الْقُرْآنَ تَنْزِيلًا ﴿٢٣﴾ فَاصْبِرْ لِحُكْمِ رَبِّكَ وَلَا تَطَّعْ  
مِنْهُمْ إِنَّمَا أَوْلَاؤُكُمْ هُنَا أَوْ كُفُورًا ﴿٢٤﴾ وَأَذْكُرْ اسْمَ رَبِّكَ بُكْرَةً وَأَصِيلًا ﴿٢٥﴾

3 Tunay na Kami ay nagpatnubay sa kanya sa landas, bilang isang nagpapasalamat o bilang isang mapagkaila sa utang na loob.

4 Tunay na Kami ay naghanda para sa mga tumatangging sumampalataya ng mga tanikala, mga kulyar at nagliliyab na apoy.

5 Tunay na ang mga nagpapakabuti ay iinom mula sa kopa ng alak na ang halo nito ay mula sa Kafur,

6 na isang bukhal na iinom doon ang mga lingkod ni Allah, na pabubulwakin nila nang masaganang pagbulwak.

7 Tumutupad sila sa mga panata at nangangamba sila sa isang araw na ang kasamaan nito ay magiging laganap.

8 Nagpapakain sila, sa kabila ng pagkaibig dito<sup>1</sup> sa pagkain, sa isang

dukha, isang ulila at isang bihag.

9 Sinasabi nila: “Pinakakain namin kayo para lamang sa ikasisiya ng Mukha ni Allah; hindi kami nagnanais mula sa inyo ng isang ganti ni isang pasasalamat; tunay na kami ay nangangamba sa Panginoon Namin sa isang araw na ang mukha ay mapanglaw, nalulumbay.”

10 Kaya pangangalagaan sila ni Allah laban sa kasamaan ng araw na iyon at ginawaran Niya sila ng ningning at lugod.

11 Gagantihan Niya sila, dahil nagtiis sila, ng Hardin sa Paraiso at kasuutang sutla.

12 Nakasandig sila doon sa mga supa; hindi sila makakikita roon ng init ng araw ni labis na lamig.

13 Malapit sa ibabaw nila ang mga lilim nitong Paraiso at pinadali ang pagpitas ng mga bunga nito nang pagkadali-dali.

14 Maglilibot sa kanila ng mga pinggang yari sa pilak at mga basong kasinglinaw ng kristal,

15 mga kristal na yari sa pilak, na sinukat ayon sa sukat ng iinom.

16 Paiinum sila roon ng isang kopa ng alak na ang halo nito ay luya

17 mula sa bukhal doon na pinanganganang Salsabil.

18 May iikot sa kanila na mga batang lalaki na pinamalaging bata. Kapag nakita mo sila, aakalain mo na sila ay mga mutyang ikinalat.

19 Kapag nakita mo ang Paraiso, makakikita ka ng kaginhawahan at malaking kaharian.

20 Nakasuot sila ng mga luntiang damit na manipis na sutla at makapal na sutla. Hihiyasan sila ng mga pulseras na yari sa pilak at paiinum sila ng Panginoon nila ng inuming nagdadalisay.

21 Sasabihin: “Tunay na ito ay para sa inyo bilang ganti at ang pagpupunyagi ninyo ay kinilala.”

22 Tunay na Kami, Kami nga, ay

1 O dahil sa pag-ibig sa Kanya.

nagpapababa sa iyo ng Qur'an sa isang pagpapababang unti unti.

24 Kaya magpakamatiisin ka sa kahatulan ng Panginoon mo at huwag kang tatalima mula sa kanila: sa isang nagkakasala o palatangging sumampalataya.

25 Banggitin mo ang pangalan ng Panginoon mo sa umaga at sa hapon.

26 Sa bahagi ng gabi ay magpatirapa ka sa Kanya at luwalhatiin mo Siya sa gabi nang matagal.

27 Tunay na ang mga tumatangging sumampalataya na ito ay umiibig sa buhay na panandalian at nag-iiwan sa likuran nila ng isang mabigat na araw.

28 Kami ay lumikha sa kanila at nagpapatatag sa pagkalalang sa kanila. Kapag niloob Namin, mapapalitan Namin sila ng mga tulad nila sa isang pagpapalit.

29 Tunay na ito ay isang paalaala; kaya ang sinumang nagloob ay tumahak siya tungo sa Panginoon niya sa isang landas.

30 Hindi ninyo niloloob maliban kung niloloob ni Allah. Tunay na si Allah ay laging Maalam, Marunong.

31 Papapasukin Niya ang sinumang niloloob Niya sa awa niya. Ngunit ang mga lumalabag sa katarungan ay naghanda Siya para sa kanila ng isang masakit na pagdurusa.

## Súrah alMursalát [77]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Sumpa man sa mga hangin<sup>1</sup> na sunud-sunod ipinadadala,

2 at sa mga hangin na bumubugso nang pabugso-bugso,

3 sumpa man sa mga anghel<sup>2</sup> na nagkakalat ng ulan,

4 at sa mga anghel na nagbubukod sa tama at mali,

وَمِنَ اللَّيْلِ فَاسْجُدْ لَهُ، وَسَبِّحْهُ لَيْلًا طَوِيلًا ﴿٢٦﴾ إِنَّ  
هَؤُلَاءِ يَجْعَلُونَ الْعَاجِلَةَ وَيَذُرُونَ وَرَاءَهُمْ يَوْمًا ثَقِيلًا ﴿٢٧﴾ نَحْنُ  
خَالِقُهُمْ وَشَدَدْنَا أَسْرَهُمْ وَإِذَا شِئْنَا بَدَلْنَا أَمْثَلَهُمْ تَبْدِيلًا  
﴿٢٨﴾ إِنَّ هَذِهِ تَذَكُّرَةٌ فَمَنْ شَاءَ اتَّخَذْ إِلَىٰ رَبِّهِ سَبِيلًا ﴿٢٩﴾  
وَمَا نَشَاءُ وَنُؤْتِيهِمْ إِنْ شَاءَ اللَّهُ إِنَّ اللَّهَ كَانَ عَلِيمًا حَكِيمًا ﴿٣٠﴾  
يَدْخُلُ مَنْ يَشَاءُ فِي رَحْمَتِهِ وَالظَّالِمِينَ أَعَدَّ لَهُمْ عَذَابًا أَلِيمًا ﴿٣١﴾

سُورَةُ الْمُرْسَلَاتِ  
أبوابها ٥  
آياتها ٧٧

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
وَالْمُرْسَلَاتِ عُرْفًا ﴿١﴾ فَالْعَصْفَاتِ عَصْفًا ﴿٢﴾ وَالتَّنَشِيرَاتِ نَشْرًا ﴿٣﴾  
فَالْفَرْقَاتِ فَرْقًا ﴿٤﴾ فَالْمَلَقَاتِ ذِكْرًا ﴿٥﴾ عُدْرًا أَوْ نَذْرًا ﴿٦﴾ إِنَّمَا  
تُوعَدُونَ لَوَاقِعٌ ﴿٧﴾ فَإِذَا التُّجُومُ طُمِسَتْ ﴿٨﴾ وَإِذَا السَّمَاءُ فُرِجَتْ ﴿٩﴾  
وَإِذَا الْجِبَالُ سُفِفَتْ ﴿١٠﴾ وَإِذَا الرَّسُلُ أُنْتَبِذَتْ ﴿١١﴾ لِأَيِّ يَوْمٍ أُخِّلَتْ  
﴿١٢﴾ لِيَوْمِ الْفَصْلِ ﴿١٣﴾ وَمَا أَدْرَاكَ مَا يَوْمَ الْفَصْلِ ﴿١٤﴾ وَيَلَّ يَوْمَئِذٍ  
لِّلْمُكَذِّبِينَ ﴿١٥﴾ أَلَمْ تَهْلِكِ الْأَوَّلِينَ ﴿١٦﴾ ثُمَّ نَتَّبِعُهُمُ الْآخَرِينَ ﴿١٧﴾  
كَذَلِكَ نَفْعَلُ بِالْمُجْرِمِينَ ﴿١٨﴾ وَيَلَّ يَوْمَئِذٍ لِّلْمُكَذِّبِينَ ﴿١٩﴾

5 at sa mga anghel na naghahatid ng paalaala

6 bilang paumanhin at babala.

7 Tunay na ang ipinangangako sa inyo ay talagang magaganap.

8 Kaya kapag ang mga bituin ay pinawi,<sup>3</sup>

9 kapag ang langit ay biniyak,

10 at kapag ang mga bundok ay pinalis,<sup>4</sup>

11 at kapag ang mga sugo ay tinipon sa takdang panahon,<sup>5</sup>

12 Alang-alang sa aling araw inantala ang mga sugong ito?<sup>6</sup>

13 Alang-alang sa Araw ng Pagpapasya.<sup>1</sup>

3 O inalisan ng liwanag.

4 O dinurog.

5 O at kapag ang mga sugo ay tinakdaan ng panahon.

6 O ang pagtiipong ito?

1 O anghel.

2 O hangin.

٢٠ فَجَعَلْنَاهُ فِي قَرَارٍ مَّكِينٍ ٢١ إِلَى قَدْرِ  
 مَعْلُومٍ ٢٢ فَفَدَّرْنَا فَنِعَمَ الْقَدِيرُونَ ٢٣ وَيَلُّ يَوْمَئِذٍ لِلْمُكَذِّبِينَ ٢٤  
 ٢٥ أَلَمْ نَجْعَلِ الْأَرْضَ كِفَاتًا ٢٦ أَحْيَاءَ وَأَمْوَاتًا ٢٧ وَجَعَلْنَا فِيهَا رِوْسَى  
 شَمِخَاتٍ وَأَسْقَيْنَاكُمْ مَاءً فُرَاتًا ٢٨ وَيَلُّ يَوْمَئِذٍ لِلْمُكَذِّبِينَ ٢٩  
 أَنْطَلِقُوا إِلَى مَا كُنتُمْ بِهِ تُكَذِّبُونَ ٣٠ أَنْطَلِقُوا إِلَى ظِلِّ ذِي ثُلُثِ  
 شُعْبٍ ٣١ لَا ظَلِيلٍ وَلَا يُغْنِي مِنَ الْهَبِّ ٣٢ إِنَّهَا تَرْمِي بِشَرِّ  
 كَالْقَصْرِ ٣٣ كَأَنَّهُ جِمْلَتٌ صُفْرٌ ٣٤ وَيَلُّ يَوْمَئِذٍ لِلْمُكَذِّبِينَ ٣٥  
 هَذَا يَوْمٌ لَا يَنْطِقُونَ ٣٦ وَلَا يُؤَدُّنَ لَهُمْ فِعْلَهُمْ ٣٧ وَيَلُّ يَوْمَئِذٍ  
 لِلْمُكَذِّبِينَ ٣٨ هَذَا يَوْمٌ الْفَصْلِ جَمَعْتُمْ وَالْأُولَى ٣٩ فَإِنْ كَانَ  
 لَكُمْ كَيْدٌ فَكِيدُوا ٤٠ وَيَلُّ يَوْمَئِذٍ لِلْمُكَذِّبِينَ ٤١ إِنَّ الْمُنَافِقِينَ فِي  
 ظُلُلٍ وَعُيُونٍ ٤٢ وَفُوكَهُ مِمَّا يَشْتَهُونَ ٤٣ كُلُّوا وَأَسْرِبُوا هَيْهَاتَا  
 بِمَا كُنتُمْ تَعْمَلُونَ ٤٤ إِنَّا كَذَلِكَ نَجْزِي الْمُحْسِنِينَ ٤٥ وَيَلُّ يَوْمَئِذٍ  
 لِلْمُكَذِّبِينَ ٤٦ كُلُّوا وَتَمَنَّعُوا قَلِيلًا إِنَّكُمْ جُحُومُونَ ٤٧ وَيَلُّ يَوْمَئِذٍ  
 لِلْمُكَذِّبِينَ ٤٨ وَإِذَا قِيلَ لَهُمْ ارْكَعُوا لَا تِرْكَعُوتَ ٤٩ وَيَلُّ  
 يَوْمَئِذٍ لِلْمُكَذِّبِينَ ٥٠ فَبِأَيِّ حَدِيثٍ بَعْدَهُ يُؤْمِنُونَ ٥١

14 Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Araw ng Pagpapasya?<sup>2</sup>

15 Kasawian sa Araw na iyon sa mga nagpapasinungaling!

16 Hindi ba nilipol Namin ang mga nauna?

17 Pagkatapos ay isinunod Namin sa kanila ang nahuli.

18 Ganyan ang gagawin Namin sa mga sumasalansang.

19 Kasawian sa Araw na iyon sa mga nagpapasinungaling!

20 Hindi ba nilikha Namin kayo mula sa likidong hamak?

21 Pagkatapos ay inilagay Namin ito sa tahananang matatag,

22 hanggang sa itinakdang panahon.

23 Kaya itinakda Namin; kay inam na tagatakda *Kami*.<sup>3</sup>

24 Kasawian sa Araw na iyon sa mga nagpapasinungaling!

25 Hindi ba ginawa Namin ang lupa na ipunan

26 para sa mga buhay at mga patay?

27 Naglagay Kami rito ng mga matatag na bundok na matatayog at pinainom Namin kayo ng matamis na tubig.

28 Kasawian sa Araw na iyon sa mga nagpapasinungaling!

29 *Sasabihin*: “Humayo kayo sa *Impiyerno* na ikinakaila ninyo noon.

30 Humayo kayo sa aninong may tatlong sangay,

31 na hindi makalililim ni may magagawa laban sa liyab.”

32 Tunay na ito ay maghahagis ng mga alipato na singlaki ng palasyo.

33 Para bagang ang mga ito ay mga itim na kamelyong naninilaw.

34 Kasawian sa Araw na iyon sa mga nagpapasinungaling!

35 Ito ay Araw na hindi sila magsasalita,

36 at hindi sila pahihintulutan na *magsalita* at mangatwiran.<sup>4</sup>

37 Kasawian sa Araw na iyon sa mga nagpapasinungaling!

38 Ito ay Araw ng Pagpapasya; titipunin Namin kayo at ang mga nauna.<sup>5</sup>

39 Kung mayroon kayong isang pakana ay magpakana kayo laban sa Akin.

40 Kasawian sa Araw na iyon sa mga nagpapasinungaling!

41 Tunay na ang mga nangingilag magkasala ay nasa may mga lilim at mga bukal,

42 at mga bungang-kahoy mula sa minimithi nila.

3 O At nakaya Namin; kay inam na Makapangyarihan *Kami*.

4 O at hindi sila pahihintulutan na mangatwiran.

5 O Ito ay ang Araw ng Pagbubukod; titipunin Namin kayo at ang mga nauna.

1 O Alang-alang sa Araw ng Pagbubukod.

2 O Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Araw ng Pagbubukod?

43 *Sasabihin sa kanila:* “Magsikain kayo at magsiinom kayo nang nalulugod dahil sa inyong ginagawa noon.”

44 Tunay na Kami ay ganyan gaganti sa mga gumagawa ng mabuti.

45 Kasawian sa Araw na iyon sa mga nagpapasinungaling!

46 *Sasabihin sa kanila:* “Magsikain kayo at magtamasa nang kaunti; tunay na kayo ay mga sumasalansang.

47 Kasawian sa Araw na iyon sa mga nagpapasinungaling!

22 Kapag ssinabi sa kanila: “Magpatirapa kayo sa pagdarasal,” ay hindi sila magpapatirapa.

49 Kasawian sa Araw na iyon sa mga nagpapasinungaling!

50 Sa alin pang pahayag matapos nitong *Qur'an* sila sasampalataya?

## Súrah anNaba' [78]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 Hinggil sa ano ang pinagtatanungan nila?
- 2 Hinggil sa isang dakilang balita, na sila hinggil doon ay nagkakaiba-iba.
- 3 Aba'y hindi! Malalaman nila!
- 4 Aba'y hindi! Malalaman nila!
- 5 Pagkatapos, aba'y hindi! Malalaman nila!
- 6 Hindi ba Namin ginawa ang lupa na nakalatag,
- 7 at ang mga bundok bilang tulos?
- 8 Nilikha Namin kayo na mga magkapares.
- 9 Ginawa Namin ang pagtulog ninyo bilang pamamahinga.
- 10 Ginawa Namin ang gabi bilang kasuutan.<sup>1</sup>
- 11 Ginawa Namin ang maghapon na oras ng paghahanap-buhay.
- 12 Nagtayo Kami sa itaas ninyo ng pitong matatatag na langit.
- 13 Naglagay Kami ng isang sulo na nagliliyab.

سُورَةُ النَّبَاِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

عَمَّ بَسَّاءٌ لَّوْنٌ ۝۱ عَنِ النَّبَاِ الْعَظِيمِ ۝۲ الَّذِي هُوَ فِيهِ يُخَلِّفُونَ ۝۳  
كَلَّا سَيَعْلَمُونَ ۝۴ تَوَكَّلَا سَيَعْلَمُونَ ۝۵ أَلَمْ نَجْعَلِ الْأَرْضَ مَهْدًا ۝۶  
وَالْجِبَالَ أَوْتَادًا ۝۷ وَخَلَقْنَا كُرُوزًا وَجَا ۝۸ وَجَعَلْنَا نَوْمَكُمْ سُبَاتًا ۝۹  
وَجَعَلْنَا اللَّيْلَ لِبَاسًا ۝۱۰ وَجَعَلْنَا النَّهَارَ مَعَاشًا ۝۱۱ وَبَنَيْنَا  
فَوْقَكُمْ سَبْعًا شِدَادًا ۝۱۲ وَجَعَلْنَا سِرَاجًا وَهَاجًا ۝۱۳ وَأَنْزَلْنَا  
مِنَ الْمُعْصِرَاتِ مَاءً ثَمَّاجًا ۝۱۴ لِنُخْرِجَ بِهِ حَبًّا وَنَبَاتًا ۝۱۵ وَجَعَلْنَا  
الْأَفَاقَ ۝۱۶ إِنْ يَوْمَ الْفَصْلِ كَانَ مِيقَاتًا ۝۱۷ يَوْمَ يُفْخَخُ فِي الْأُصُورِ  
فَنَأْتُونَ أَفْوَاجًا ۝۱۸ وَفُتِحَتِ السَّمَاءُ فَكَانَتْ أَبْوَابًا ۝۱۹ وَسُيِّرَتِ  
الْجِبَالُ فَكَانَتْ سَرَابًا ۝۲۰ إِنْ جَهَنَّمَ كَانَتْ مِرْصَادًا ۝۲۱ لِلطَّغْيِينِ  
مَتَابًا ۝۲۲ لَيْثِينَ فِيهَا أَحْقَابًا ۝۲۳ لَا يَذُقُونَ فِيهَا بَرْدًا وَلَا شَرَابًا ۝۲۴  
إِلَّا الْآحِيمَآ وَعَسَاقًا ۝۲۵ جَزَاءً وَفَاقًا ۝۲۶ إِنَّهُمْ كَانُوا  
لَا يَرْجُونَ حِسَابًا ۝۲۷ وَكَذَّبُوا بِآيَاتِنَا كِذَابًا ۝۲۸ وَكُلَّ شَيْءٍ  
أَخْصَيْنَاهُ كِتَابًا ۝۲۹ فَذُوقُوا فَلَنْ نَزِيدَكُمْ إِلَّا عَذَابًا ۝۳۰

14 Nagbaba Kami mula sa mga dagim ng bumubuhos na tubig

15 upang magpatubo Kami sa pamamagitan nito ng butil at halaman,

16 at mga halamanang malalago.

17 Tunay na ang Araw ng Pagpapasya ay isang nakatakdang panahon.

18 Sa Araw na may ihip sa Tambuli ay magdadatingan kayo na pulu-pulutong.

19 Bubuksan ang langit at magiging mga pintuan.

20 Iusad ang mga bundok at magiging isang malikmata.

21 Tunay na ang Impiyerno ay magiging isang tagatambang,<sup>2</sup>

22 na para sa mga lumabag ay isang uwian,

<sup>1</sup> Na nagtatakip sa pamamagitan ng kadiliman nito.

<sup>2</sup> O Tunay na ang Impiyerno ay magiging isang tandingan,

إِنَّ الْمُتَّقِينَ مَفَازًا ۝۳۱ حَدَائِقَ وَأَعْنَابًا ۝۳۲ وَكَوَاعِبَ أَتْرَابًا ۝۳۳ وَكَأْسًا  
 دِهَاقًا ۝۳۴ لَا يَسْمَعُونَ فِيهَا لَغْوًا وَلَا كِذَابًا ۝۳۵ جَزَاءً مِّن رَّبِّكَ عَطَاءٌ  
 حِسَابًا ۝۳۶ رَبِّ السَّمَوَاتِ وَالْأَرْضِ وَمَا بَيْنَهُمَا الرَّحْمَنُ لَا يَمْلِكُونَ  
 مِنْهُ خِطَابًا ۝۳۷ يَوْمَ يَقُومُ الرُّوحُ وَالْمَلَائِكَةُ صَفًّا لَا يَتَكَلَّمُونَ  
 إِلَّا مَن أِذِنَ لَهُ الرَّحْمَنُ وَقَالَ صَوَابًا ۝۳۸ ذَلِكَ الْيَوْمَ الْحَقُّ فَمَن  
 شَاءَ اتَّخَذْ إِلَىٰ رَبِّهِ مَآبًا ۝۳۹ إِنَّا أَنْذَرْتَكُمْ عَذَابًا قَرِيبًا يَوْمَ  
 يَنْظُرُ الْمَرْءُ مَا قَدَّمَتْ يَدَاهُ وَيَقُولُ الْكَافِرُ يَلْبِئْتَنِي كُنتَ تَرَبًّا ۝۴۰

### سُورَةُ النَّازِعَاتِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
 وَالنَّازِعَاتِ غَرْقًا ۝۱ وَالنَّشِيطَاتِ دَسَّاطًا ۝۲ وَالسَّيِّحَاتِ سَبًا  
 ۝۳ فَالسَّيِّدَاتِ سَبَقًا ۝۴ فَالْمُدْبِرَاتِ أَمْرًا ۝۵ يَوْمَ تَرْجُفُ الرَّاجِفَةُ  
 ۝۶ تَتَّبِعُنَّ الرِّادِفَةَ ۝۷ قُلُوبٌ يَوْمَئِذٍ وَاجِفَةٌ ۝۸ أَبْصَرُهَا  
 خَشَعَةٌ ۝۹ يَقُولُونَ أَيْنَا نَالِ الْمُرْدُودُونَ فِي الْحَافِرَةِ ۝۱۰ أَيْنَا كُنَّا  
 عِظْمًا تَخِرَّةً ۝۱۱ قَالُوا تِلْكَ إِذًا كَرَّةٌ خَاسِرَةٌ ۝۱۲ فَإِنَّمَا هِيَ زَجْرَةٌ  
 وَاحِدَةٌ ۝۱۳ فَإِذَا هُمْ بِالسَّاهِرَةِ ۝۱۴ هَلْ أُنثِقَ حَدِيثُ مُوسَىٰ ۝۱۵

23 na magsisipalagi sa loob nito nang mga panahong walang hanggan.

24 Hindi sila makatitikim sa loob nito ng lamig ni inumin,

25 maliban sa kumukulong tubig at nana,

26 isang nababagay na ganti.

27 Tunay na sila noon ay hindi natatakot sa Pagtutuos.

28 Pinasingungalingan nila ang mga Kapahayagan Namin nang *tahasang* pagpapasinungaling.

29 Bawat bagay ay inisa-isa Namin sa isang Talaan.

30 Kaya lasapin ninyo *ang pagdurusa*, wala Kaming idadagdag sa inyo kundi pagdurusa.

31 Tunay na ukol sa mga nangingilag magkasala ay tagumpay,

32 mga hardin at mga ubasan,

33 at mga *asawang* malulusog ang dibdib na magkakasinggulang,

34 at kopang puno.

35 Hindi sila makaririnig sa loob nito ng kabalbalan ni kasinungalingan—

36 isang ganti mula sa Panginoon mo, isang bigay na sapat sa dami,

37 mula sa Panginoon ng mga langit at lupa at ng anumang nasa pagitan ng mga ito, ang Napakamaawain. Hindi sila nagmamay-ari ng *karapatan* sa Kanya sa pakikipag-usap.

38 Sa Araw na tatayo ang Espiritu at ang iba pang mga anghel nang nakahanay, hindi sila magsasalita maliban sa sinumang pinahintulutan ng Napakamaawain at magsasabi siya ng wasto.

39 Iyan ay ang Araw na totoo; kaya ang sinumang nagloob ay tumahak siya patungo sa Panginoon niya sa isang uwian.

40 Tunay na Kami ay nagbabala na sa inyo ng isang nalalapit na pagdurusa sa Araw na masilayan ng tao ang anumang *gawang* ipinauna ng mga kamay niya, at magsasabi ang tumatangging sumampalataya: “O kung sana ako ay naging alabok!”

### Súrah anNázi‘át [79]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Sumpa man sa mga *anghel na* humahablot nang marahas sa *kaluluwa ng masama*,

2 sumpa man sa mga *anghel na* humuhugot nang banayad sa *kaluluwa ng mabuti*,

3 sumpa man sa mga *anghel na* lumalangoy ng isang langoy *pababa-pataas*,

4 sumpa man sa mga *anghel na* nag-uunahan sa isang unahan sa *pagtalima*,

5 sumpa man sa mga *anghel na* nagpapatupad sa utos,<sup>1</sup>

1 O sumpa man sa mga *anghel na* nagsasaayos sa *gawain*,

6 sa araw na yayanigin ang Daigdig ng unang pag-ihip sa tambuli ay mamamatay ang lahat,

7 susundan ito ng kasunod na pag-ihip sa tambuli at mabubuhay ang lahat.

8 May mga puso sa araw na iyon na kakabog-kabog sa takot.

9 Ang mga paningin nila ay nakatungo.

10 Sinasabi nila: “Tunay bang kami ay talagang panunumbalik sa dating kalagayan;

11 kapag ba kami ay naging mga butong durog na?”

12 Sinasabi nila: “Iyon samakatuwid ay isang naluluging panunumbalik.”

13 At ito ay isang sigaw lamang.<sup>1</sup>

14 At walang-anu-ano sila ay nasa balat na ng lupa.

15 Nakarating ba sa iyo ang sanaysay hinggil kay Moises?

16 Noong tinawag ito ng Panginoon nito sa banal na lambak ng Tuwá,

17 na nagsasabi: “Pumunta ka sa Paraon; tunay na siya ay nagmalabis na;

18 at sabihin mo sa kanya: Ibig mo bang magpakalinis ka sa kasalanan

19 at papatnubayan kita tungo sa Panginoon mo kaya katatakutan mo Siya.”

20 Pagkatapos ay ipinakita ni Moises sa kanya ang napakalaking tanda,

21 ngunit nagpasinungaling siya at sumuway siya.

22 Pagkatapos ay tinalikuran niya na nagpupunyagi laban kay Moises.

23 Kaya tinipon niya ang mga nasasakupan at nanawagan.

24 At nagsabi: “Ako ay ang panginoon ninyong pinakamataas.”

25 Kaya pinatawan siya ni Allah ng babalang parusa sa Kabilang-buhay at Unang-buhay.

26 Tunay na sa pangyayaring iyon ay talagang may isang pangaral para sa

إِذْ نَادَاهُ رَبُّهُ بِاللَّوَاءِ الْمُقَدَّسِ طُورٍ ﴿١٧﴾ أَذْهَبَ إِلَىٰ فِرْعَوْنَ إِنَّهُ طَغَىٰ ﴿١٧﴾ فَقُلْ هَلْ لَكَ إِلَهٌ إِلَّا أَن تَرْكِبَ ﴿١٨﴾ وَأَهْدِيكَ إِلَىٰ رِيكِ فَنَخْشِي ﴿١٩﴾ فَأَرَاهُ آيَاتِي الْكُبْرَىٰ ﴿٢٠﴾ فَكَذَّبَ وَعَصَىٰ ﴿٢١﴾ ثُمَّ أَذْبَرَ سَعْيِي ﴿٢٢﴾ فَحَشَرَ فَنَادَىٰ ﴿٢٣﴾ فَقَالَ أَنَا رَبُّكُمُ الْأَعْلَىٰ ﴿٢٤﴾ فَأَخَذَهُ اللَّهُ نَكَالَ الْآخِرَةِ وَالْأُولَىٰ ﴿٢٥﴾ إِنَّ فِي ذَٰلِكَ لَعِبْرَةً لِّمَن يَخْشَىٰ ﴿٢٦﴾ مَا نَتَمَّ أَشَدُّ حَلَقًا أَمِ السَّمَاءُ بَنَاهَا ﴿٢٧﴾ رَفَعَ سَمَكَهَا فَسَوَّاهَا ﴿٢٨﴾ وَأَغْطَشَ لَيْلَهَا وَأَخْرَجَ ضُحَاهَا ﴿٢٩﴾ وَالْأَرْضَ بَعْدَ ذَٰلِكَ دَحَاهَا ﴿٣٠﴾ أَخْرَجَ مِنْهَا مَاءَهَا وَمَرْعَاهَا ﴿٣١﴾ وَالْجِبَالَ أَرْسَاهَا ﴿٣٢﴾ مَنَّاعًا لِّكُمُوعًا وَلَا تَعْمِكُمْ ﴿٣٣﴾ فَإِذَا جَاءَتِ الطَّامَةُ الْكُبْرَىٰ ﴿٣٤﴾ يَوْمَ يَتَذَكَّرُ الْإِنْسَانُ مَا سَعَىٰ ﴿٣٥﴾ وَبُرْزَتِ الْجَحِيمُ لِمَن يَرَىٰ ﴿٣٦﴾ فَأَمَّا مَنْ طَغَىٰ ﴿٣٧﴾ وَءَاثَرَ الْحَيَاةِ الدُّنْيَا ﴿٣٨﴾ فَإِنَّ الْجَحِيمَ هِيَ الْمَأْوَىٰ ﴿٣٩﴾ وَأَمَّا مَنْ خَافَ مَقَامَ رَبِّهِ وَنَهَى النَّفْسَ عَنِ الْهَوَىٰ ﴿٤٠﴾ فَإِنَّ الْجَنَّةَ هِيَ الْمَأْوَىٰ ﴿٤١﴾ يَسْتَلُونَكَ عَنِ السَّاعَةِ أَيَّانَ مَرْسَاهَا ﴿٤٢﴾ فِيمَ أَنْتَ مِن ذِكْرِنَهَا ﴿٤٣﴾ إِلَىٰ رَبِّكَ مُنْهَاهَا ﴿٤٤﴾ إِنَّمَا أَنْتَ مُنذِرٌ مِّن يَخْشَاهَا ﴿٤٥﴾ كَأَنَّهُمْ يَوْمَ يَرَوْنَهَا لَمْ يَلْبَسُوا إِلَّا عَشِيَّةً أَوْ ضُحَاهَا ﴿٤٦﴾

sinumang natatakot kay Allah.

27 Kayo ba ay higit na mahirap likhain o ang langit? Niyari Niya ito.

28 Inangat Niya ang bubong nito at saka binuo ito.

29 Pinadilim Niya ang gabi nito at pinalabas Niya ang maghapon nito.

30 Ang lupa, matapos niyon, ay hinugis-itlog Niya ito.

31 Pinalabas Niya mula rito ang tubig nito at ang pastulan nito.

32 Ang mga bundok, pinatatag Niya ang mga ito,

33 bilang pakinabang para sa inyo at para sa mga hayupan ninyo.

34 Ngunit kapag dumating ang pinakamalaking Nag-uumapaw na Kasawian —

35 sa Araw na maaalaala ng tao ang pinagpunyagian niya,

<sup>1</sup> O At ang huling pag-ihip sa tambuli na ito ay isang sigaw lamang.



## بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

عَبَسَ وَتَوَلَّى ۙ (١) أَنْ جَاءَهُ الْأَعْمَىٰ (٢) وَمَا يُدْرِيكَ لَعَلَّهٗ يُرَىٰ (٣) أَوْ  
يَذُكَّرُ فَتَنْفَعَهُ الذِّكْرَىٰ (٤) أَمَّا مَنْ أَسْتَفْتَىٰ (٥) فَأَنْتَ لَهُ تَصَدَىٰ (٦)  
وَمَا عَلَيْكَ أَلَّا يَزَكِيَّ (٧) وَأَمَّا مَنْ جَاءَكَ يَسْعَىٰ (٨) وَهُوَ يُخْشَىٰ (٩) فَأَنْتَ  
عَنْهُ نَالٍ (١٠) كَلَّا إِنَّمَا تَدْكُرُ (١١) فَمَنْ شَاءَ ذَكَرْهُ (١٢) فِي حُجُوفِ مَكْرَمَةٍ  
(١٣) تَرْفُوعَةٍ مُّطَهَّرَةٍ (١٤) بِأَيْدِي سَفَرَةٍ (١٥) كِرَامٍ بَرَرَةٍ (١٦) قَبْلَ الْإِنْسَانِ  
مَا أَكْفَرَهُ (١٧) مِنْ أَيِّ شَيْءٍ خَلَقَهُ (١٨) مِنْ نَظْفِ خَلْقِهِ فَقَدَرَهُ (١٩) ثُمَّ  
الْتَسِيلَ يَسْرَهُ (٢٠) ثُمَّ أَمَانَهُ وَأَقْبَرَهُ (٢١) ثُمَّ إِذْ أَسَاءَ وَنَشَرَهُ (٢٢) كَلَّا لَمَّا  
يَقِضُ مَا أَمَرَهُ (٢٣) فَلْيَنْظُرِ الْإِنْسَانُ إِلَىٰ طَعَامِهِ (٢٤) أَنَا صَبَبْنَا الْمَاءَ صَبًّا  
(٢٥) ثُمَّ شَقَقْنَا الْأَرْضَ شَقًّا (٢٦) فَأَبْنَا فِيهَا حَبًّا (٢٧) وَعَسْنَا وَمَقْصَبًا (٢٨)  
وَزَيْتُونًا وَنَخْلًا (٢٩) وَحَدَائِقَ غُلْبًا (٣٠) وَفَيْكِهِمُ وَأَنَا مُنْعَلِمٌ (٣١)  
وَلِأَنْعَمِكُمْ (٣٢) فَإِذَا جَاءَتِ الصَّخَابَةُ (٣٣) يَوْمَ يَفِرُّ الْمَرْءُ مِنْ أَخِيهِ (٣٤)  
وَأُمِّهِ وَأَبِيهِ (٣٥) وَصَجِيهِ وَبَنِيهِ (٣٦) لِكُلِّ أُمْرِي مِنْهُمْ يَوْمَئِذٍ شَأْنٌ  
يُغْنِيهِ (٣٧) وَجُوهٌ يَوْمَئِذٍ مُّسْفِرَةٌ (٣٨) ضَاحِكَةٌ مُّسْتَبْشِرَةٌ (٣٩) وَوُجُوهٌ  
يَوْمَئِذٍ عَلَيْهَا غَبَرَةٌ (٤٠) تَرْهَقُهَا قَفَرَةٌ (٤١) أُولَٰئِكَ هُمُ الْكٰفِرَةُ الْفَجْرَةُ (٤٢)

36 at itanghal ang Impiyerno para sa sinumang makakikita —

37 kaya ang sinumang lumabag

38 at nagpahalaga sa makamundong buhay,

39 tunay na ang Impiyerno ay ang kanlungan niya.

40 Ngunit ang sinumang nangamba sa pagtayo sa harap ng Panginoon niya at nagbawal sa sarili laban sa pithaya,

41 tunay na ang Paraiso ay ang kanlungan niya.

42 Tinanatanong ka ba nila hinggil sa Huling Sandali kung kailan ang kaganapan niyon,

43 Nasa anong kalagayan ka para banggitin iyon?<sup>1</sup>

18 Sa Panginoon mo ang pinagwawakasan ng kaalaman niyon.

45 Ikaw ay isang tagapagbabala lamang sa sinumang natatakot doon.

46 Para bagang sila, sa araw na makikita nila iyon, ay hindi nanatili maliban sa isang hapon o isang umaga dito sa mundo.

## Súrah 'Abasa [80]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Nagkunot-noo siya<sup>2</sup> at tumalikod siya dahil pinuntahan siya ng isang bulag na sumasabad.

2 Ngunit ano ang magpapabatid sa iyo na harinawa siya ay magpapakalinis sa kasalanan,

3 o mapaalalahanan at magdudulot sa kanya ng pakinabang ang paalaala?

4 Sa nag-akalang walang pangangailangan sa patnubay,

5 ikaw ay sa kanya nag-ukol ng pansin.

6 Hindi pananagutan sa iyo na hindi siya magpapakalinis sa kasalanan.

7 Ngunit ang tumatakabong dumating sa iyo na nagsisikap

8 habang siya ay natatakot kay Allah,

9 ikaw ay sa kanya nagwawalang-bahala.

10 Aba'y huwag! Tunay na ang mga kabanatang ito<sup>3</sup> ay isang pagpapaalaala;

11 kaya ang sinumang nagloob, alalahanin niya ang pagsisiwalat na ito,

12 na nasa mga pahinang pinarangalan,

13 na inangat at dinalisay,

14 na nasa mga kamay ng mga anghel na tagatala

15 na mararangal na mabubuting-loob.

16 Sumpain ang tao na tumatangging sumampalataya; napakapalatangging sumampalataya nito!

17 Mula sa aling bagay nilikha Niya ito?

1 O Wala ka sa anumang kalagayan para banggitin iyon?

2 Si Propeta Muhammad (SAS) ang tinutukoy.

3 O ang mga talatang ito.

19 Mula sa patak ng punlay, nilikha Niya ito at tinakdaan Niya ito.

20 Pagkatapos ay ang landas ay pinadali Niya para rito.

21 Pagkatapos ay binawian Niya ito ng buhay at ipinalibing Niya ito.

22 Pagkatapos kapag niloob Niya, bubuhayin Niya ito.

23 Aba'y hindi! Hindi pa nito tinupad ang ipinag-utos Niya rito.<sup>1</sup>

24 Kaya tumingin ang tao sa pagkain nito: kung papaanong Kami ay nagbuhos ng tubig nang malakas na buhos,

25 pagkatapos ay binitak Namin ang lupa nang bitak-bitak

26 at nagpatubo Kami rito ng butil

27 at ubas at kumpay<sup>2</sup>

28 at oliba at datiles

29 at malalagong mga hardin

30 at bungang-kahoy at damo —

31 bilang kapakinabangan para sa inyo at para sa mga hayupan<sup>3</sup> ninyo.

32 Ngunit kapag dumating ang *dagundong na nakabibingi*,

33 sa Araw na tatakbuhan ng tao ang kapatid niya,

34 at ang ina niya at ang ama niya,

35 at ang asawa niya at ang mga anak niya,

36 para sa bawat isang tao mula sa kanila sa Araw na iyon ay isang pagkakaabalang makasasapat sa kanya.

37 May mga mukha sa Araw na iyon na nagliliwanag,

38 tumatawa na nagagalak.

39 May mga mukha naman sa Araw ring iyon na may alabok.

40 Nilulukob ang mga ito ng isang kadiliman.

41 Ang mga iyon ay ang mga tumangging sumampalataya na masasamang-loob.

1 O Aba'y hindi! Hindi pa Niya tinupad ang ipinag-utos Niya para rito.

2 O gulayin.

3 Alagaing hayop na kumakain ng damo.



## Súrah atTakwír [81]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Kapag ang araw ay ipinulupot,  
2 at kapag ang mga bituin ay nagbagsakan,<sup>4</sup>

3 at kapag ang mga bundok ay iiusad,  
4 at kapag ang mga buntis na kamelyo ay pinabayaan,

5 at kapag ang mga mailap na hayop ay tinipon,

6 at kapag ang mga dagat ay pinaapaw,<sup>5</sup>

7 at kapag ang mga kaluluwa ay pinagtambal,

8 at kapag ang batang babaeng inilibing nang buhay ay tatanungin:

9 dahil sa aling pagkakasala siya pinatay,

4 O nagtalsikan, o nagdilim.

5 O pinaningas.

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

إِذَا السَّمَاءُ انْفَطَرَتْ ۝ وَإِذَا الْكَوَاكِبُ انشَرتْ ۝ وَإِذَا الْبِحَارُ  
فُجِرَتْ ۝ وَإِذَا الْقُبُورُ بُعِثَتْ ۝ عَلِمْتَ نَفْسُ مَا قَدَّمْت  
وَأَخَّرْتَ ۝ يَا أَيُّهَا الْإِنْسَانُ مَا غَرَّكَ رَبُّكَ الَّذِي  
خَلَقَكَ فَسَوْنَكَ فَعَدَلَكَ ۝ فِي أَيِّ صُورَةٍ مَا شَاءَ رَكَّبَكَ ۝  
كَلَّا بَلْ تُكَذِّبُونَ بِالذِّينِ ۝ وَإِنَّ عَلَيْكُمْ لَحَافِظِينَ ۝ كِرَامًا  
كُنِينِ ۝ يَعْلَمُونَ مَا تَفْعَلُونَ ۝ إِنَّ الْأَبْرَارَ لَفِي نَعِيمٍ ۝ وَإِنَّ  
الْفَجَّارَ لَفِي حَمِيمٍ ۝ يَصَلُّونَهَا يَوْمَ الذِّينِ ۝ وَمَا هُمْ عَنْهَا بِعَائِينَ ۝  
وَمَا أَدْرَاكَ مَا يَوْمَ الذِّينِ ۝ ثُمَّ مَا أَدْرَاكَ مَا يَوْمَ الذِّينِ ۝  
يَوْمَ لَا تَمْلِكُ نَفْسٌ لِنَفْسٍ شَيْئًا ۝ وَالْأَمْرُ يَوْمَ لِلَّهِ ۝

سُورَةُ الْمُطَفِّفِينَ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

وَيْلٌ لِّلْمُطَفِّفِينَ ۝ الَّذِينَ إِذَا أَكَلُوا لُقْمًا عَلَى النَّاسِ يَسْتَوْفُونَ ۝  
وَإِذَا كَالُوهُمْ أَوْ وَزَنُوهُمْ يُخْسِرُونَ ۝ أَلَا يَظُنُّ أُولَئِكَ أَنَّهُمْ  
مَبْعُوثُونَ ۝ يَوْمَ عَظِيمٍ ۝ يَوْمَ يَقُومُ النَّاسُ لِرَبِّ الْعَالَمِينَ ۝

<sup>1</sup> at kapag ang mga pahina <sup>1</sup> ng mga gawa ay inilantad,  
<sup>2</sup> at kapag ang langit ay tinuklap,  
<sup>3</sup> at kapag ang Impiyerno ay pinagliyab,  
<sup>4</sup> at kapag ang Paraiso ay inilapit;  
<sup>5</sup> malalaman ng bawat kaluluwa ang anumang dinala nito.  
<sup>6</sup> Kaya talagang nanunumpa Ako sa mga talang umuurong—  
<sup>7</sup> na umiinog na nagkukubli—  
<sup>8</sup> at sa gabi kapag lumisan <sup>3</sup> ito,  
<sup>9</sup> at sa madaling-araw kapag nagliwanag ito,  
<sup>10</sup> tunay na ang *Qur'an* na ito ay talagang sinabi sa isang marangal <sup>5</sup> na sugo

1 O mga talaan.

2 O naglalaho.

3 O nagdilim.

4 O at sa madaling-araw kapag huminga ito.

5 O makisig.

<sup>20</sup> na anghel na may lakas, na para sa May-ari ng Trono ay mataas sa kalagayan,  
<sup>21</sup> na sinusunod at saka mapagkakatiwalaan.

<sup>22</sup> Ang kasamahan ninyo na si *Muhammad* ay hindi isang baliw.

<sup>23</sup> Talagang nakita na niya si *Anghel Gabriel* na ito sa maliwanag na abot-tanaw.

<sup>24</sup> Siya, sa pagpapahayag sa Nakalingid, ay hindi isang maramot.

<sup>25</sup> Ang *Qur'an* na ito ay hindi sinabi ng isang demonyong isinumpa.

<sup>26</sup> Kaya saan kayo pupunta?

<sup>27</sup> Ito ay walang iba kundi isang paalaala para sa mga nilalang,

<sup>28</sup> para sa sinumang nagloob mula sa inyo na magpakatuwid,

<sup>29</sup> at hindi ninyo niloloob maliban kung niloloob ni Allah, ang Panginoon ng mga nilalang.

## Súrah al'Infitár [82]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

<sup>1</sup> Kapag ang langit ay nabitak,  
<sup>2</sup> at kapag ang mga tala ay nagtalsikan,  
<sup>3</sup> at kapag ang mga dagat ay pinasambulat,  
<sup>4</sup> at kapag ang mga puntod ay hinalukay;  
<sup>5</sup> malalaman ng bawat kaluluwa ang mga gawang ipinauna niya at ipinahuli niya.  
<sup>6</sup> O tao, ano ang nakadaya sa iyo hinggil sa Panginoon mo, ang Mapagbigay,  
<sup>7</sup> na lumikha sa iyo, at saka bumuo sa iyo, saka nagpaangkop sa iyo?  
<sup>8</sup> Sa alinmang anyo na niloob Niya ay niyari ka Niya.  
<sup>9</sup> Aba'y hindi! Bagkus nagpapasinungaling kayo sa Paggantimpala.  
<sup>10</sup> Tunay na sa inyo ay talagang may mga tagapag-ingat,<sup>8</sup>

6 O nagbagsakan.

7 O at kapag ang mga laman ng mga puntod ay ikinalat (o inilabas);

8 O mga tagabantay.

- 11 na mararangal na mga tagasulat.  
 12 Nalalaman nila ang anumang ginagawa ninyo.  
 13 Tunay na ang mga mabuting-loob ay talagang *mananahan* sa Kaginhawahan.  
 14 Tunay na ang mga masamang-loob ay talagang *mananahan* sa Impiyerno,  
 15 Papasukin nila ito sa Araw ng Paggantimpala.  
 16 Hindi sila roon makaliliban.  
 17 Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Araw ng Paggantimpala?  
 18 Pagkatapos ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Araw ng Paggantimpala?  
 19 Ang Araw na hindi makapagdudulot ang isang kaluluwa sa ibang kaluluwa ng anuman at ang pagpapasya sa Araw na iyon ay ukol kay Allah.

### Súrah alMutaffifín [83]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 Kasawian sa mga nang-uumit sa pagsukat,  
 2 na kapag nagpatakal sila sa mga tao ay nagpapalubos sa sukat,  
 3 ngunit kapag tinatakalan nila ang mga ito o tinitimbangan nila ang mga ito ay pinalulugi nila.  
 4 Hindi ba iniisip ng mga iyon na sila ay mga bubuhayin  
 5 sa isang Dakilang Araw,  
 6 sa araw na tatayo ang mga tao sa harap ng Panginoon ng mga nilalang?  
 7 Aba'y hindi! Tunay na ang talaan ng 45 ay nasa Sijjín.  
 8 Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Sijjín?  
 9 Isang talaan na sinulatan.  
 10 Kasawian sa Araw na iyon sa mga nagpapasinungaling,  
 11 na mga nagpapasinungaling sa Araw ng Paggantimpala.  
 12 Walang nagpapasinungaling dito kundi bawat makasalanang lumalabag.  
 13 Kapag binibigkas sa kanya ang mga

كَلَّا إِنَّ كِتَابَ الْفُجَارِ لَفِي سِجِّينٍ ﴿٧﴾ وَمَا أَدْرَاكَ مَا سِجِّينٌ ﴿٨﴾ كِتَابٌ مَّرْهُومٌ ﴿٩﴾ وَيَلُّ يَوْمَئِذٍ السَّكَّادِينَ ﴿١٠﴾ الَّذِينَ يَكْذِبُونَ يَوْمَ الدِّينِ ﴿١١﴾ وَمَا يَكْذِبُ بِهِ إِلَّا كُلُّ مُعْتَدٍ أَثِيمٍ ﴿١٢﴾ إِذَا نُتِلَّى عَلَيْهِ إِسْمُكَ قَالَ أَسْطِيرٌ أَلَّا وَلِينَ ﴿١٣﴾ كَلَّا بَلْ رَانَ عَلَى قُلُوبِهِمْ مَا كَانُوا يَكْسِبُونَ ﴿١٤﴾ كَلَّا إِنَّهُمْ عَنْ رَبِّهِمْ يَوْمَئِذٍ لَمَحْجُورُونَ ﴿١٥﴾ ثُمَّ إِنَّهُمْ لَصَالُوا الْجَحِيمِ ﴿١٦﴾ ثُمَّ يُقَالُ هَذَا الَّذِي كُنْتُمْ بِهِ تُكَذِّبُونَ ﴿١٧﴾ كَلَّا إِنَّ كِتَابَ الْأَبْرَارِ لَفِي عِلِّيِّينَ ﴿١٨﴾ وَمَا أَدْرَاكَ مَا عِلِّيُّونَ ﴿١٩﴾ كِتَابٌ مَّرْهُومٌ ﴿٢٠﴾ يَشْهَدُهُ الْمُفْرَقُونَ ﴿٢١﴾ إِنَّ الْأَبْرَارَ لَفِي نَعِيمٍ ﴿٢٢﴾ عَلَى الْأَرَائِكِ يُنظَرُونَ ﴿٢٣﴾ تَعْرِفُ فِي وُجُوهِهِمْ نَضْرَةَ النَّعِيمِ ﴿٢٤﴾ يُسْقَوْنَ مِنْ رَحِيْقٍ مَحْتَمٍ ﴿٢٥﴾ خِتْمُهُمُ مَسْكٌ وَفِي ذَٰلِكَ فَلْيَتَنَفَّسْ الْمُنْتَفِسُونَ ﴿٢٦﴾ وَمَرَجِعُهُمْ إِلَىٰ رَبِّهِمْ لَعَلَّهُمْ شُرَكَاؤُا تَعْرِفُونَ ﴿٢٧﴾ عِيمًا يُشْرَبُ بِهَا الْمُفْرَقُونَ ﴿٢٨﴾ إِنَّ الَّذِينَ أَجْرَمُوا كَانُوا مِنَ الَّذِينَ ءَامَنُوا يَضْحَكُونَ ﴿٢٩﴾ وَإِذَا مَرُّوا بِهِمْ يَتَغَامَرُونَ ﴿٣٠﴾ وَإِذَا انْقَلَبُوا إِلَىٰ أَهْلِهِمْ انْقَلَبُوا فَكِهِينَ ﴿٣١﴾ وَإِذَا رَأَوْهُمْ قَالُوا إِنَّ هَٰؤُلَاءِ لَضَالُونَ ﴿٣٢﴾ وَمَا أَرْسَلْنَا عَلَيْهِمْ حَفِظِينَ ﴿٣٣﴾ فَالْيَوْمَ الَّذِينَ ءَامَنُوا مِنَ الْكُفَّارِ يَضْحَكُونَ ﴿٣٤﴾

Talata Namin, nagsasabi siya: “Mga alamat ng mga sinauna!”

- 14 Aba'y hindi! Bagkus, bumalot sa mga puso nila ang mga kasalanang kinakamit nila noon.  
 15 Aba'y hindi. Tunay na sila sa pagtingin sa Panginoon nila, sa araw na iyon, ay talagang mga lalambungan.<sup>1</sup>  
 16 Pagkatapos, tunay na sila ay talagang magsisipasok sa Impiyerno.  
 17 Pagkatapos ay sasabihin sa kanila: “Ito na ang pinabubulaanan ninyo noon.”  
 18 Aba'y hindi. Tunay na ang talaan ng mga mabuting-loob ay nasa ‘Illíyún.  
 19 Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang ‘Illíyún?  
 20 Isang talaan na sinulatan,  
 21 na sinasaksihan ito ng mga *Anghel*

1 O hahadlangan.

عَلَىٰ الْأَرْيَافِكِ يَنْظُرُونَ ﴿٣٥﴾ هَلْ تُؤِيبُ الْكَفَّارُ مَا كَانُوا يَفْعَلُونَ ﴿٣٦﴾

سُورَةُ الْاِنْشِقَاقِ ﴿٨٤﴾

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

إِذَا السَّمَاءُ انشَقَّتْ ﴿١﴾ وَأَذِنَتْ لِرَبِّهَا وَحُمَّتْ ﴿٢﴾ وَإِذَا الْأَرْضُ مُدَّتْ

﴿٣﴾ وَأَلْقَتْ مَا فِيهَا وَتَخَلَّتْ ﴿٤﴾ وَأَذِنَتْ لِرَبِّهَا وَحُمَّتْ ﴿٥﴾ يَتَأْتِيهَا

الْإِنْسَانُ إِنَّكَ كَادِحٌ إِلَىٰ رَبِّكَ كَدْحًا فَمُلَاقِيهِ ﴿٦﴾ فَأَمَّا مَنْ أُوْفِيَ

كِتَابَهُ، بِمِيزِينِهِ ﴿٧﴾ فَسَوْفَ يُحَاسَبُ حِسَابًا يَسِيرًا ﴿٨﴾ وَيَنْقَلِبُ

إِلَىٰ أَهْلِهِ مُسْرُورًا ﴿٩﴾ وَأَمَّا مَنْ أُوْفِيَ كِتَابَهُ، وَرَاءَ ظَهْرِهِ ﴿١٠﴾ فَسَوْفَ

يَدْعُوا بُرُورًا ﴿١١﴾ وَيَصَلِّي سَعِيرًا ﴿١٢﴾ إِنَّهُ كَانَ فِي أَهْلِهِ مُسْرُورًا ﴿١٣﴾

إِنَّهُ ظَنَّ أَنْ لَنْ يَحُورَ ﴿١٤﴾ بَلَىٰ إِنَّ رَبَّهُ كَانَ بِهِ بَصِيرًا ﴿١٥﴾ فَلَا أَقْسَمُ

بِالشَّفَقِ ﴿١٦﴾ وَاللَّيْلِ وَمَا وَسَقَ ﴿١٧﴾ وَالْقَمَرِ إِذَا اتَّسَقَ ﴿١٨﴾

لَتَرْكَبُنَّ طَبَقًا عَن طَبَقٍ ﴿١٩﴾ فَمَا لَهُمْ لَا يُؤْمِنُونَ ﴿٢٠﴾ وَإِذَا قُرِئَ

عَلَيْهِمُ الْقُرْآنُ لَا يَسْجُدُونَ ﴿٢١﴾ بَلِ الَّذِينَ كَفَرُوا يَكْذِبُونَ ﴿٢٢﴾

وَاللَّهُ أَعْلَمُ بِمَا يُوعُونَ ﴿٢٣﴾ فَبَشِّرْهُمْ بِعَذَابٍ أَلِيمٍ ﴿٢٤﴾

إِلَّا الَّذِينَ ءَامَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ لَهُمْ أَجْرٌ غَيْرُ مَمْنُونٍ ﴿٢٥﴾

na pinalapit kay Allah.

﴿22﴾ Tunay na ang mga mabuting-loob ay mananahan sa Kaginhawahan,

﴿23﴾ samantalang nasa mga supa sopa na nakatingin.

﴿24﴾ Mababatid mo sa mga mukha nila ang ningning ng Kaginhawahan.

﴿25﴾ Pinaiinom sila ng dalisay na alak na ipininid.

﴿26﴾ Ang pampinid nito ay musk.<sup>1</sup> Kaya dahil doon ay magtagisan ang mga nagtatagisan.

﴿27﴾ Ang halo nito ay mula sa Tasnīm:

﴿28﴾ isang bukhal na iinom mula roon ang mga inilapit kay Allah.

﴿29﴾ Tunay na ang mga sumalansang ay tumatawa noon sa mga sumampalataya.

﴿30﴾ Kapag napadaan sila sa mga ito ay

nagkikindatan sila.

﴿31﴾ Kapag nagbalik sila sa mga kapwa nila ay bumabalik sila na nagbibiro.

﴿32﴾ Kapag nakita nila ang mga ito ay nagsasabi sila: Tunay na ang mga ito ay talagang mga naliligaw.

﴿33﴾ Ngunit hindi sila ipinadala bilang mga tagapagbantay.

﴿34﴾ Kaya sa araw na iyon ang mga sumampalataya ay tatawa rin sa mga tumangging sumampalataya,

﴿35﴾ samantalang nasa mga supa na nakatingin.

﴿36﴾ Hindi ba gagantihan sa araw na iyon ang mga tumangging sumampalataya sa anumang dati nilang ginagawa?

## Súrah al'Inshiqáq [84]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

﴿1﴾ Kapag ang langit ay nabiyak,

﴿2﴾ at nakinig<sup>2</sup> ito sa Panginoon nito— at kinailangan nito na tumalima—

﴿3﴾ at kapag ang lupa ay binanat,

﴿4﴾ at ibinuga nito ang mga patay na nasa loob nito at nahungkag ito,

﴿5﴾ at nakinig<sup>3</sup> ito sa Panginoon nito— at kinailangan nito na tumalima —

﴿6﴾ o tao, tunay na ikaw ay nagpapakapagod tungo sa Panginoon mo nang malaking pagpapakapagod kaya makakatagpo mo Siya.<sup>4</sup>

﴿7﴾ Kaya hinggil sa sinumang bibigyan ng talaan niya sa kanang kamay niya,

﴿8﴾ tutuusin siya nang isang magaan pagtutuos,

﴿9﴾ at babalik sa mag-anak niya na masaya.

﴿10﴾ Ngunit hinggil sa sinumang bibigyan ng talaan niya sa likuran niya,

﴿11﴾ mananawagan siya ng kasawian,

2 O tumalima.

3 O tumalima.

4 O o tao, tunay na ikaw ay nagpapakahirap tungo sa Panginoon mo nang malaking pagpapakahirap kaya makakatagpo mo Siya.

1 O Ang pangwakas na amoy nito ay musk.

12 at papasok siya sa naglalagablab na apoy.

13 Tunay na siya noon sa piling ng mga kapwa niya ay masaya.

14 Tunay na siya ay nagpalagay na hindi siya magbabalik kay Allah.

15 Bagkus tunay na ang Panginoon niya sa kanya ay laging nakakikita.

16 Kaya Ako nga ay nanunumpa sa pamumula ng takipsilim,

17 at sa gabi at sa tinitipon nito,

18 at sa buwan kapag namilog ito;

19 talaga namang lululan kayo sa isang antas pagkatapos ng isang antas.

20 Kaya anong nangyari sa kanila; hindi sila sumampalataya?

21 Kapag binigkas sa kanila ang Qur'an ay hindi sila nagpapatirapa.

22 Bagkus ang mga tumangging sumampalataya ay nagpapasinungaling.

23 at si Allah ay higit na nakaaalam sa anumang kinikimkim nila.

24 Kaya magbalita ka sa kanila ng isang masakit na pagdurusa,

25 maliban sa mga sumampalataya at gumawa ng matutuwid; ukol sa kanila ay gantimpalang hindi matitigil.

## Súrah alBurúj [85]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Sumpa man sa langit na may mga pulutong ng bituin,

2 sumpa man sa Araw na ipinangako,

3 sumpa man sa isang sumasaksi at sa isang sinasaksihan;

4 isinumpa ang mga kasamahan sa paggawa ng bambang

5 na may apoy na may mga panggatong,

6 noong sila sa tabi nito ay mga nakaupo,

7 at sila, sa ginagawa nila sa mga sumasampalataya, ay mga nakasaksi.

8 Wala silang ipinaghihinakit sa mga ito maliban sa sumasampalataya ang

سُورَةُ الْبُرُوجِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

وَالسَّمَاءِ ذَاتِ الْبُرُوجِ ۝۱ وَأَيُّومِ الْمَوْعُودِ ۝۲ وَشَاهِدِ وَمَشْهُودِ ۝۳ قِيلَ أَصْحَابُ الْأَحْزَابِ ۝۴ النَّارِ ذَاتِ الْوَقُودِ ۝۵ إِذْ هُرِّعَتْهَا فُجُودٌ ۝۶ وَهُمْ عَلَىٰ مَا يَفْعَلُونَ بِالْمُؤْمِنِينَ شُهُودٌ ۝۷ وَمَا نَقَمُوا مِنْهُمْ إِلَّا أَن يُؤْمِنُوا بِاللَّهِ الْعَزِيزِ الْحَمِيدِ ۝۸ الَّذِي لَهُ مُلْكُ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضِ وَاللَّهُ عَلَىٰ كُلِّ شَيْءٍ شَهِيدٌ ۝۹ إِنَّ الَّذِينَ فَنَوُوا الْمُؤْمِنِينَ وَالْمُؤْمِنَاتِ ثُمَّ لَمَّا تَبَايَعُوا لَهُمْ عَدَابُ جَهَنَّمَ وَهُمْ عَذَابُ الْحَرِيقِ ۝۱۰ إِنَّ الَّذِينَ آمَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ هُمْ جَنَّاتُ تَجْرِي مِنْ تَحْتِهَا الْأَنْهَارُ ذَلِكَ الْفَوْزُ الْكَبِيرُ ۝۱۱ إِنَّ بَطْشَ رَبِّكَ لَشَدِيدٌ ۝۱۲ إِنَّهُ هُوَ يُبَدِّلُ وَيُبَدِّلُ ۝۱۳ وَهُوَ الْعَفُورُ الْوَدُودُ ۝۱۴ ذُو الْعَرْشِ الْمَجِيدِ ۝۱۵ فَعَالَ لَمَّا رِيَدُ ۝۱۶ هَلْ أَنْتَكَ حَدِيثُ الْجُنُودِ ۝۱۷ فِرْعَوْنَ وَنَمُودَ ۝۱۸ بَلِ الَّذِينَ كَفَرُوا فِي تَكْذِيبٍ ۝۱۹ وَاللَّهُ مِنْ وَرَائِهِمْ مُحِيطٌ ۝۲۰ بَلْ هُوَ قُرْءَانٌ مَجِيدٌ ۝۲۱ فِي لَوْحٍ مَحْفُوظٍ ۝۲۲

سُورَةُ الطَّارِقِ

mga ito kay Allah, ang Nakapangyayari, ang Kapuri-puri,

9 na ukol sa Kanya ang paghahari sa mga langit at lupa. Si Allah, sa bawat bagay, ay Saksi.

10 Tunay na ang mga umusig<sup>1</sup> sa mga lalaking mananampalataya at mga babaeng mananampalataya, pagkatapos ay hindi sila nagbalik-loob, ay ukol sa kanila ang pagdurusa sa Impiyerno at ukol sa kanila ang pagdurusa ng pagsusunog.

11 Tunay na ang mga sumampalataya at gumawa ng matutuwid, ukol sa kanila ay mga Hardin na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog. Iyan ay ang malaking tagumpay.

1 O sumunog.

### بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

وَالسَّمَاءِ وَالطَّارِقِ ① وَمَا أَدْرَاكَ مَا الطَّارِقُ ② النَّجْمُ الثَّاقِبُ ③ إِنَّ كُلَّ  
نَفْسٍ لَّمَّا عَلَيْهَا حَافِظٌ ④ فَلْيَنْظُرِ الْإِنْسَانُ مِمَّ خُلِقَ ⑤ خُلِقَ مِنْ مَّاءٍ  
دَافِقٍ ⑥ يَخْرُجُ مِنْ بَيْنِ الصُّلْبِ وَالتَّرَائِبِ ⑦ إِنَّهُ رَعْلٌ رَجِيءٌ لَقَادِرٌ ⑧  
يَوْمَ تَبْلَى السَّرَائِرُ ⑨ فَآلَهُ مِنْ قُوَّةٍ وَلَا نَاصِرَ ⑩ وَالسَّمَاءِ ذَاتِ الرَّجْعِ ⑪  
وَالْأَرْضِ ذَاتِ الصَّدْعِ ⑫ إِنَّهُ لَقَوْلُ فَصْلٍ ⑬ وَمَا هُوَ بِالْمُزَلِّ ⑭ لِإِثْمِهِمْ  
يَكِيدُونَ كَيْدًا ⑮ وَأَكِيدُ كَيْدًا ⑯ فَهَلِ الْكَافِرِينَ أَهْمُ لَهُمُ رُؤُوسُهُمْ ⑰

### سُورَةُ الْأَعْلَى

### بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

سَبَّحَ اسْمُ رَبِّكَ الْأَعْلَى ① الَّذِي خَلَقَ فَسَوَّى ② وَالَّذِي قَدَّرَ فَهَدَى ③  
وَالَّذِي أَخْرَجَ الْمَرْعَى ④ فَجَعَلَهُ غُثَاءً أَحْوَى ⑤ سَفَرِهِ تَكَ  
فَلَا تَنسَى ⑥ إِلَّا مَا شَاءَ اللَّهُ إِنَّهُ يَعْلَمُ الْجَهْرَ وَمَا يَخْفَى ⑦ وَنَسِيكَ  
لِلْيَسْرِ ⑧ فَذَكِّرْ إِنْ نَفَعَتِ الذِّكْرَى ⑨ سَيَذَكِّرْ مَنْ يَخْفَى ⑩  
وَنَجِّنَهَا الْأَشْفَى ⑪ الَّذِي يَصِلُ النَّارَ الْكُبْرَى ⑫ ثُمَّ لَا يَمُوتُ  
فِيهَا وَلَا يَحْيَى ⑬ قَدْ أَفْلَحَ مَنْ تَزَكَّى ⑭ وَذَكَرَ اسْمَ رَبِّهِ فَصَلَّى ⑮

⑫ Tunay na ang parusa<sup>1</sup> ng Panginoon mo ay talagang matindi.

⑬ Tunay na Siya ay nagpapasimula at nagpapanumbalik.

⑭ Siya ang Mapagpatawad, ang Mapagmahal,

⑮ Ang may-ari ng Maluwalhating Trono,

⑯ Palagawa ng anumang ninanais Niya.

⑰ Nakarating ba sa iyo ang sanaysay hinggil sa mga kawal

⑱ ng Paraon at Thamúd?

⑲ Bagkus ang mga tumangging sumampalataya ay patuloy sa pagtangi,

⑳ samantalang si Allah, mula sa likuran nila, ay nakasasaklaw.

㉑ Bagkus ito ay isang maluwalhating Qur'an,

㉒ na nasa Talaang Pinangalagaan.

### Súrah atTáriq [86]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

① Sumpa man sa langit at sa dumarating sa gabi,

② at ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang dumarating sa gabi:

③ ang bituing tumatagos;<sup>2</sup>

④ Walang tao na walang tagapagbantay sa kanya.

⑤ Kaya tingnan ng tao kung mula sa ano siya nilikha.

⑥ Nilikha siya mula sa likidong pumupulandit,

⑦ na lumabas mula sa pagitan ng gulugod at mga tadyang.

⑧ Tunay na Siya, sa pagpapanumbalik sa kanya, ay talagang Makapangyarihan.

⑨ Sa Araw na sisiyasatin<sup>3</sup> ang mga lihim,

⑩ wala na siyang anumang lakas ni tagaadya.

⑪ Sumpa man sa langit na may pagpapanumbalik,<sup>4</sup>

⑫ at sa lupa na may bitak-bitak;

⑬ tunay na ang Qur'an na ito ay talagang salitang nagbubukod,

⑭ at hindi ito ang biru-biro.

⑮ Tunay na sila ay nagpapakana ng isang pakana,

⑯ at nagpapakana naman Ako ng isang pakana.

⑰ Kaya palugitan mo ang mga tumatangging sumampalataya: magpalugit ka sa kanila nang sandali.

### Súrah al'A'lá [87]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

① Luwalhatiin mo ang pangalan ng Panginoon mo, ang Pinakamataas,

② na lumikha saka bumuo,

③ na nagtakda saka nagpatnubay,

2 O ang liwanag sa dilim.

3 O ibubunyag.

4 O Sumpa man sa langit na nagpapanumbalik

1 O paghihiganti.

4 na nagpatubo ng pastulan,  
 5 pagkatapos ay ginawa Niya ito na parang yagit na nangingitim.  
 6 ipabibigkas Namin sa iyo ang *Qur'an* kaya hindi mo malilimutan,  
 7 maliban sa niloob ni Allah; tunay na nalalaman Niya ang hayag at ang itinatago.  
 8 Magpapadali Kami sa iyo para sa pinakamadali.  
 9 Kaya magpaalaala ka kung mapakikinabangan ang paalaala;  
 10 mapaalalahanan ang sinumang natatakot kay Allah,  
 11 ngunit iiwasan ito ng pinakapighati,  
 12 na papasok sa pinakamalaking Apoy.  
 13 Pagkatapos ay hindi siya mamamatay sa loob nito at hindi rin mabubuhay.  
 14 Tunay na nagtagumpay ang sinumang nagpapakadalisay sa kasalanan,  
 15 at bumabanggit sa pangalan ng Panginoon niya at nagdarasal.  
 16 Bagkus minagaling ninyo ang pangmundong buhay,  
 17 samantalang ang Kabilang-buhay ay higit na mabuti at higit na namamalagi.  
 18 Tunay na ito ay nasa mga sinaunang kasulatan,  
 19 sa mga kasulatan nina Abraham at Moises.

### Súrah alGhásiyah [88]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Dumating na ba sa iyo ang sanaysay ng Tagalukob?  
 2 May mga mukha sa Araw na iyon na nagpapakaaba,  
 3 gumagawa, nagpapakapagod,  
 4 papasok ang mga ito sa isang Apoy na napakainit,  
 5 paiinum mula sa kumukulung bukal.  
 6 Wala silang pagkain maliban sa mula sa matinik na halaman,

بَلْ تُؤْثِرُونَ الْحَيَاةَ الدُّنْيَا ۖ وَالْآخِرَةُ خَيْرٌ وَأَبْقَىٰ ۗ إِنَّ هَذَا لَفِي الصُّحُفِ الْأُولَىٰ ۝۱۸ صُحُفِ إِبْرَاهِيمَ وَمُوسَىٰ ۝۱۹

سُورَةُ الْعَاشِيَةِ  
 ۸۸ آيَاتٍ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
 هَلْ أَتَاكَ حَدِيثُ الْغَاشِيَةِ ۝۱ وَجُوهٌ يَوْمَئِذٍ خَاشِعَةٌ ۝۲ عَامِلَةٌ نَاصِبَةٌ ۝۳ تَصَلَّىٰ نَارًا حَامِيَةً ۝۴ تَسْقَىٰ مِنْ عَيْنٍ آنِيَةٍ ۝۵ لَيْسَ لَهُمْ طَعَامٌ إِلَّا مِنْ ضَرِيحٍ ۝۶ لَا يُسْمِنُ وَلَا يُغْنِي مِنْ جُوعٍ ۝۷ وَجُوهٌ يَوْمَئِذٍ نَاعِمَةٌ ۝۸ لِسْعِمَهَا رَاضِيَةٌ ۝۹ فِي جَنَّةٍ عَالِيَةٍ ۝۱۰ لَا تَسْمَعُ فِيهَا لَغِيَةً ۝۱۱ فِيهَا عَيْنٌ جَارِيَةٌ ۝۱۲ فِيهَا سُرُرٌ مَرْفُوعَةٌ ۝۱۳ وَأَكْوَابٌ مَوْضُوعَةٌ ۝۱۴ وَمَنَارِقٌ مَصْفُوفَةٌ ۝۱۵ وَزُرَابِي مَبْنُوتَةٌ ۝۱۶ أَفَلَا يَنْظُرُونَ إِلَى الْإِبِلِ كَيْفَ خُلِقَتْ ۝۱۷ وَإِلَى السَّمَاءِ كَيْفَ رُفِعَتْ ۝۱۸ وَإِلَى الْجِبَالِ كَيْفَ نُصِبَتْ ۝۱۹ وَإِلَى الْأَرْضِ كَيْفَ سُطِحَتْ ۝۲۰ فَذَكِّرْ إِنَّمَا أَنْتَ مُذَكِّرٌ ۝۲۱ لَسْتَ عَلَيْهِمْ بِمُصَيِّرٍ ۝۲۲ إِلَّا مَنْ تَوَلَّىٰ وَكَفَرَ ۝۲۳ فَيُعَذِّبُهُ اللَّهُ الْعَذَابَ الْأَكْبَرَ ۝۲۴ إِنَّ إِلَيْنَا إِيَابَهُمْ ۝۲۵ ثُمَّ إِنَّ عَلَيْنَا حِسَابَهُمْ ۝۲۶

7 na hindi makapagpapataba<sup>2</sup> at hindi makapapawi sa gutom.  
 8 May mga mukha rin sa Araw na iyon na nagiginhawahan,  
 9 dahil sa pinagpunyagian nila ay nalulugod,  
 10 sa mataas na Hardin,  
 11 na hindi sila makaririnig sa loob niyon ng walang-kabuluhang salita.  
 12 Sa loob niyon ay may bukal na dumadaloy.  
 13 Sa loob niyon ay may mga tronong itinaas,  
 14 at may mga kopang nakahain,  
 15 at may mga almohadon na nakahanay,  
 16 at mga magagarang alpombra na inilatag.

1 O dayami o pinaggapasan o tuyong damo at halaman

2 O makapagpapalusog



## سُورَةُ الْفَجْرِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

وَالْفَجْرِ ١ وَلَيَالٍ عَشْرٍ ٢ وَالشَّفْعِ وَالْوَتْرِ ٣ وَاللَّيْلِ إِذَا يَسْرِ ٤ هَلْ فِي ذَلِكَ قَسَمٌ لِّذِي حَبْرِ ٥ أَلَمْ تَرَ كَيْفَ فَعَلَ رَبُّكَ بِعَادٍ ٦ إِرْمَ ذَاتِ الْعِمَادِ ٧ الَّتِي لَمْ يُخَلِّقْ مِثْلَهَا فِي الْعَالَمِينَ ٨ وَثَمُودَ الَّذِينَ جَانُوا الصَّخْرَ بِالْوَادِ ٩ وَفِرْعَوْنَ ذِي الْأَوْدَادِ ١٠ الَّذِينَ طَعَوْا فِي الْعَالَمِينَ ١١ فَأَكْثَرُوا فِيهَا الْفَسَادَ ١٢ فَصَبَّ عَلَيْهِمْ رَبُّكَ سَوْطَ عَذَابٍ ١٣ إِنَّ رَبَّكَ لِبَاصٍ عَمَّادٍ ١٤ فَأَمَّا الْإِنْسَانُ إِذَا مَا ابْنَلَهُ رَبَّهُ فَأُحْكَمَتَا فَرْعَهُ، نِعْمَهُ، فَيَقُولُ رَبِّي أَكْرَمَنِ ١٥ وَأَمَّا إِذَا مَا ابْنَلَهُ فَقَدَرَ عَلَيْهِ رِزْقَهُ، فَيَقُولُ رَبِّي أَهْنَنِ ١٦ كَلَّا بَلْ لَا تَكْرُمُونَ الْيَتِيمَ ١٧ وَلَا تَحْضُونَ عَلَى طَعَامِهِ الْمَيْسُورِينَ ١٨ وَتَأْكُلُونَ التُّرَاثَ أَكْلًا لَمًّا ١٩ وَتُحِبُّونَ الْمَالَ حُبًّا جَمًّا ٢٠ كَلَّا إِذَا دُكَّتِ الْأَرْضُ دَكًّا دَكًّا ٢١ وَجَاءَ رَبُّكَ وَالْمَلَكُ صَفًّا صَفًّا ٢٢ وَجِئَءَ يَوْمَئِذٍ بِجَهَنَّمَ يَوْمَئِذٍ يَبْدَأُ الْإِنْسَانَ وَإِنَّ لَهُ لِلذِّكْرِ ٢٣

17 Kaya hindi ba sila tumitingin sa mga kamelyo kung papaanong nilikha ang mga ito?

18 Sa langit kung papaanong inangat ito?

19 Sa mga bundok kung papaanong itinayo ang mga ito?

20 Sa lupa kung papaanong inilatag ito?

21 Kaya magpaalaala ka; ikaw ay tagapagpaalaala lamang.

22 Hindi ka sa kanila isang tagapilit.

23 Subalit ang sinumang tumalikod at tumangging sumampalataya,

24 ay pagdurusahin siya ni Allah ng pinakamalaking pagdurusang.

25 Tunay na tungo sa Amin ang pagbabalik nila.

26 Pagkatapos tunay na ang pagtutuos sa kanila ay sa Amin.

## Súrah alFajr [89]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Sumpa man sa madaling-araw,  
2 sumpa man sa Sampung Gabi,  
3 sumpa man sa tukol at gansal,  
4 sumpa man sa gabi kapag dumadaan ito.  
5 Sa mga nabanggit na iyon ba ay may panunumpa na sapat na para sa may pang-unawa?

6 Hindi mo ba napag-alaman kung papaano ang ginawa ng Panginoon mo sa angkan ni Ad—

7 ang lipi ni Iram na may mga mataas na haligi,

8 na hindi nalikha ang tulad nito sa lupain—

9 at sa lipi ni Thamúd na pumuputol sa mga malaking bato sa lambak,

10 at sa Paraon na may mga tulos?

11 Silang lahat ay mga nagmalabis sa lupain,

12 saka pinarami nila roon ang kaguluhan,

13 kaya nagbuhos sa kanila ang Panginoon mo ng hagupit<sup>2</sup> ng pagdurusang.

14 Tunay na ang Panginoon ay talagang nasa pagtatambang.

15 At ang tao, kapag sinubok siya ng Panginoon niya—kaya naman pinarangalan siya Nito at biniyayaan siya Nito—ay nagsasabi: “Ang Panginoon ko ay nagparangal sa akin!”

16 Ngunit kapag sinubok siya Nito—kaya naman ginipit Nito sa kanya ang kaloob sa kanya—ay nagsasabi: “Ang Panginoon ko ay humamak sa akin!”

17 Aba’y hindi! Bagkus hindi kayo nagpaparangal sa ulila,

18 at hindi kayo naghihimukan sa pagpapakain sa dukha.

19 Nilalamon ninyo ang pamana nang masidhing paglamon.

1 tukol: bilang na mahahati sa dalawa nang walang labis, gaya ng mga bilang 2 at 4; gansal: bilang na kapag hinati sa dalawa ay may labis na isa, gaya ng mga bilang 3 at 5.

2 O sari-saring uri

20 Minamahal ninyo ang yaman nang labis na pagmamahal.

21 Aba'y hindi! Kapag dinurog ang lupa nang durog na durog,

22 at dumating ang Panginoon mo at ang mga anghel na hanay-hanay,

23 at ilalahad sa araw na iyon ang Impiyerno; sa Araw na iyon ay makaalaala na ang tao ngunit papaano pa ang halaga para sa kanya ng pag-aalaala?

24 Sasabihin niya: “O kung sana ako ay nagpauna ng kabutihan para sa kabilang buhay ko.”

25 Kaya sa araw na iyon ay walang isang magpaparusa gaya ng pagpaparusa Niya,

26 at walang isang gagapos gaya ng paggapos Niya.

27 Sasabihin sa matutuwid: “O kaluluwang napapanatag,

28 magbalik ka sa Panginoon mo na nalulugod na kinalulugdan Niya;

29 kaya pumasok ka sa kinabibilangan ng mga lingkod Ko,

30 at pumasok ka sa Paraiso Ko!”

## Súrah alBalad [90]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Nanunumpa nga ako sa bayang ito—

2 at<sup>1</sup> ikaw ay naninirahan<sup>2</sup> sa bayang ito—

3 at sa nag-anak at sa inanak niya;

4 talaga ngang nilikha Namin ang tao na nasa pagpapakahirap.

5 Inaakala ba niya na walang isang makakapanaig sa kanya?

6 Sinasabi niya: “Nakagugol ako ng limpak-limpak na yaman.”

7 Inaakala ba niya na walang isang nakakikita sa kanya?

8 Hindi ba gumawa Kami para sa kanya ng dalawang mata,

9 isang dila at dalawang labi?

10 Nilinaw Namin sa kanya ang dalawang

يَقُولُ يَلَيْتَنِي قَدَّمْتُ لِحَيَاتِي ٢٤ فَيَوْمَئِذٍ لَا يُعَذِّبُ عَذَابَهُ أَحَدٌ ٢٥

وَلَا يُؤْتِيهِمْ وَتَافَهُ أَحَدٌ ٢٦ يَتَأْتِيهَا النَّفْسُ الْمُطْمَئِنَّةُ ٢٧ أَرْجِعِي

إِلَىٰ رَبِّكَ رَاضِيَةً مُّرْتَضَةً ٢٨ فَأَدْخِلِي فِي عِبَادِي ٢٩ وَأَدْخِلِي جَنَّتِي ٣٠

### سُورَةُ الْبَلَدِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

لَا أُقْسِمُ بِهَذَا الْبَلَدِ ١ وَأَنْتَ حِلٌّ بِهَذَا الْبَلَدِ ٢ وَالْوَالِدِ وَمَا وَلَدٌ

٣ لَقَدْ خَلَقْنَا الْإِنْسَانَ فِي كَبَدٍ ٤ أَيَحْسَبُ أَنْ لَنْ يَفْعَرَّ عَلَيْهِ

أَحَدٌ ٥ يَقُولُ أَهْلَكْتُ مَا لَا بَدَأٌ ٦ أَيَحْسَبُ أَنْ لَمْ يَرَهُ أَحَدٌ

٧ أَلَمْ يَجْعَلْ لَهُ عَيْنَيْنِ ٨ وَلِسَانًا وَشَفَتَيْنِ ٩ وَهَدَيْنَاهُ

الْجَدِيبَ ١٠ فَلَا أَفْنَحُمُ الْعَقَبَةَ ١١ وَمَا أَدْرَاكَ مَا الْعَقَبَةُ ١٢

فَكَرِهْتَهُ ١٣ أَوْ إِطْعَمٌ فِي يَوْمٍ ذِي مَسْغَبَةٍ ١٤ بَيْنَمَا ذَا مَقْرَبَةٍ

١٥ أَوْ مَسْكِينًا ذَا مَتْرَبَةٍ ١٦ ثُمَّ كَانَ مِنَ الَّذِينَ آمَنُوا وَتَوَاصَوْا

بِالصَّبْرِ وَتَوَاصَوْا بِالْمَرْحَمَةِ ١٧ أُولَٰئِكَ أَصْحَابُ الْمُنَنَى ١٨ وَالَّذِينَ

كَفَرُوا بَشَانَا لَهُمْ أَصْحَابُ الْمَشْأَمَةِ ١٩ عَلَيْهِمْ نَارٌ مُّؤَصَّدَةٌ ٢٠

### سُورَةُ الْبَلَدِ

landas ng kabutihan at kasamaan.

11 Ngunit hindi niya kasi binagtas<sup>3</sup> ang matarik na daan.

12 Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang matarik na daan?

13 Ito ay pagpapalaya sa isang alipin,<sup>4</sup>

14 o pagpapakain sa isang araw na may taggutom:

15 sa isang ulilang may malapit na kaugnayan,

16 o sa isang dukhang may paghihikahos.

17 Pagkatapos ay naging kabilang pa sa mga sumampalataya at nagtagubilinan sa pagtitiis at nagtagubilinan sa pagkaawa.

18 Ang mga iyon ay ang mga kasamahan sa Kanan.<sup>5</sup>

1 O habang.

2 O malaya sa anumang gagawin.

3 O nilampasan, o nilusutan

4 O isang bihag.

5 Ang mga dadalhin sa gawing kanan patungo sa Paraiso.

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

وَالشَّمْسِ وَضُحَاهَا ١ وَالْقَمَرِ إِذَا لِلَّهَا ٢ وَالنَّهَارِ إِذَا جَلَّتْهَا ٣  
وَاللَّيْلِ إِذَا يَغْشَاهَا ٤ وَالسَّمَاءِ وَمَا بَدَنَهَا ٥ وَالْأَرْضِ وَمَا طَحَنَهَا ٦  
وَنَفْسٍ وَمَا سَوَّاهَا ٧ فَأَلْهَمَهَا فُجُورَهَا وَتَقْوَاهَا ٨ قَدْ  
أَفْلَحَ مَنْ زَكَّاهَا ٩ وَقَدْ خَابَ مَنْ دَسَّاهَا ١٠ كَذَّبَتْ ثَمُودُ  
بِطَعُونِهَا ١١ إِذِ ابْنَعَتْ أَشْقَاهَا ١٢ فَقَالَ لَهُمْ رَسُولُ اللَّهِ  
نَاقَةَ اللَّهِ وَسُقْيَاهَا ١٣ فَكَذَّبُوهُ فَعَقَرُوهَا فَدَمْدَمَ  
عَلَيْهِمْ رَبُّهُمْ بِذُنُوبِهِمْ فَسَوَّاهَا ١٤ وَلَا يَخَافُ عُقْبَاهَا ١٥

سُورَةُ اللَّيْلِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

وَاللَّيْلِ إِذَا يَغْشَى ١ وَالنَّهَارِ إِذَا تَجَلَّى ٢ وَمَا خَلَقَ الذَّكَرَ وَالْأُنثَى ٣  
إِنْ سَعَيْكُمْ لَشَيْءٌ ٤ فَأَمَّا مَنْ أَعْطَى وَانْفَكَى ٥ وَصَدَقَ بِالْحَسَنَى ٦  
فَسَتِيرُهُ لِلسَّرَى ٧ وَأَمَّا مَنْ بَخِلَ وَاسْتَغْنَى ٨ وَكَذَّبَ بِالْحَسَنَى ٩  
فَسَتِيرُهُ لِلعَسْرَى ١٠ وَمَا يَعْزُبُ عَنْهُ مَالُهُ إِذَا تَرَدَّى ١١ إِنَّ عَلَيْنَا  
لَلْهُدَى ١٢ وَإِلَّا لَنَا الْآخِرَةُ وَالْأُولَى ١٣ فَأَنْذَرْتُمْ نَارًا تَلْفُطَى ١٤

19 Ngunit ang mga tumangging sumampalataya sa Talata<sup>1</sup> Namin ay ang mga kasamahan sa Kaliwa.<sup>2</sup>

20 Sa ibabaw nila ay may Apoy na nakataklob.

## Súrah ashShams [91]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Sumpa man sa araw at sa pangumagang liwanag nito,<sup>3</sup>

2 sumpa man sa buwan kapag sinundan nito iyon,

3 sumpa man sa maghapon kapag inilantad nito *ang lupa*,

4 sumpa man sa magdamag kapag tinatakpan nito *ang lupa*,

5 sumpa man sa langit at sa paggawa Niya nito,

6 sumpa man sa lupa at sa pagkalatag nito,

7 sumpa man sa kaluluwa at sa pagkabuo nito.

8 Pagkatapos ay ipinatalos Niya rito ang pagpapakagumon nito sa pagkakasala at ang pangigingilag nito sa pagkakasala.<sup>4</sup>

9 Nagtagumpay na ang sinumang nagdalisay nito *sa kasalanan*,

10 at nabigo na ang sinumang naglibing nito *sa kasalanan*.

11 Pinabulaanan ng lipi ni Thamúd ang propeta nila dahil sa paglabag nila,

12 nang sumugod ang napakasawi<sup>5</sup> sa kanila *sa dumalagang kamelyo*.

13 Kaya nagsabi sa kanila ang sugo ni Allah: “*Hayaan ang dumalagang kamelyo ni Allah at ang pag-inom nito.*”

14 Ngunit pinasinungalingan nila siya at kinatay nila ito kaya nagsaklob ng pagdurusang sa kanila ang Panginoon nila<sup>6</sup> dahil sa pagkakasala nila at pinagpantay-pantay Niya *nila sa pagdurusang* ito.

15 Hindi Siya nangangamba sa kahihinatnan nito.

## Súrah alLayl [92]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Sumpa man sa gabi kapag tumatakip ito,

2 sumpa man sa maghapon kapag lumalantad ito,

3 sumpa man sa paglikha sa lalaki at babae;

4 tunay na ang pagpupunyagi ninyo ay sari-sari.

5 Kaya ang sinumang nagbigay ng *kawang gawa* at nangilag magkasala,

1 O Tanda.

2 Ang mga dadalhin sa gawing kaliwa patungo sa Impiyerno.

3 O Sumpa man sa araw at sa kaliwanagan nito,

4 O Pagkatapos ay ipinatalos Niya rito ang ikasasama nito at ang ikabubuti nito.

5 O napakalapastangan.

6 O kaya nilipol sila ng Panginoon nila

- 6 at naniwala sa pinakamagandang pahayag;<sup>1</sup>
- 7 Magpapadali Kami sa kanya para sa ikagiginhawa.
- 8 Ngunit tungkol naman sa sinumang nagmaramot at nag-akalang makapagsasarili, at nagpasinungaling sa pinakamamagandang pahayag;
- 9 magpapadali Kami sa kanya para sa ikapaghihirap.
- 11 Ano ang magagawa para sa kanya ng yaman niya kapag nabulid siya sa Impiyerno?<sup>2</sup>
- 12 Tunay na talagang ang pagpapatnubay ay sa Amin.
- 13 Tunay na sa Amin talaga ang Kabilang-buhay at ang Unang Buhay.
- 14 Kaya binalaan Ko kayo ng Apoy na naglalagablab,
- 15 Walang papasok doon kundi ang napakalapastangan,<sup>3</sup>
- 16 na nagpasinungaling at tumalikod sa pananampalataya.
- 17 Paiwasin naman doon ang pinakanangingilag magkasala
- 18 na nagbibigay ng mula sa yaman niya dahil nagpapakadalisay sa kasalanan,
- 19 hindi alang-alang sa isa na sa kanya ay may isang kabutihang-loob na gagantihan.<sup>4</sup>
- 20 kundi sa paghahangad ng ikasisiya ng Mukha ng Panginoon niya, ang Pinakamataas.
- 21 Talagang malulugod siya.

### Súrah adDuhá [93]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 Sumpa man sa umaga,
- 2 Sumpa man sa gabi kapag bumalot<sup>5</sup> ito;

1 O gantimpala. Ang pahayag na tinutukoy rito ay ang pagpapahayag na walang tunay na Diyos kundi si Allah.

2 O Walang magagawa para sa kanya ang yaman niya kapag nabulid siya sa Impiyerno.

3 O napakasawi.

4 O hindi nagbibigay alang-alang sa isang nakagawa sa kanya ng isang kabutihang-loob na gagantihan,

لَا يَصْلُحْنَ إِلَّا الْأَشْقَى (15) الَّذِي كَذَّبَ وَتَوَلَّى (16) وَسَيُجَنَّبُهَا  
الْأَتَقَى (17) الَّذِي يُؤْتِي مَالَهُ يَتَزَكَّى (18) وَمَا لِأَحَدٍ عِنْدَهُ مِنْ  
نِعْمَةٍ تُجْرَى (19) إِلَّا إِلَّا ابْتِغَاءَ وَجْهِ رَبِّهِ الْأَعْلَى (20) وَلَسَوْفَ يَرْضَى (21)

#### سُورَةُ الضُّحَى

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
وَالضُّحَى (1) وَاللَّيْلِ إِذَا سَجَى (2) مَا وَدَّعَكَ رَبُّكَ وَمَاقَلَى (3)  
وَلِآخِرَةِ خَيْرٌ لَّكَ مِنَ الْأُولَى (4) وَلَسَوْفَ يُعْطِيكَ رَبُّكَ  
فَتَرْضَى (5) أَلَمْ يَجِدْكَ يَتِيمًا فَآوَى (6) وَوَجَدَكَ ضَالًّا  
فَهَدَى (7) وَوَجَدَكَ عَائِلًا فَأَغْنَى (8) فَأَمَّا الْيَتِيمَ فَلَا تَقْهَرْ  
(9) وَأَمَّا السَّائِلَ فَلَا تَنْهَرْ (10) وَأَمَّا بِنِعْمَةِ رَبِّكَ فَحَدِّثْ (11)

#### سُورَةُ الشُّرُوحِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
الرُّشْرَحِ لَكَ صَدْرُكَ (1) وَوَضَعْنَا عَنكَ وِزْرَكَ (2) الَّذِي  
أَنْقَضَ ظَهْرَكَ (3) وَرَفَعْنَا لَكَ ذِكْرَكَ (4) فَإِنَّ مَعَ الْعُسْرِ يُسْرًا (5) إِنَّ  
مَعَ الْعُسْرِ يُسْرًا (6) فَإِذَا فَرَغْتَ فَانصَبْ (7) وَإِلَى رَبِّكَ فَارْغَبْ (8)

- 3 hindi ka pinabayaan ng Panginoon mo at hindi ka Niya kinasuklaman.
- 4 Talagang ang Kabilang-buhay ay higit na mabuti para sa iyo kaysa sa unang buhay.
- 5 Talagang bibigyan ka ng Panginoon mo kaya malulugod ka.
- 6 Hindi ba natagpuan ka Niya na isang ulila kaya kinandili ka Niya?
- 7 Natagpuan ka Niya na nalilingat kaya pinatnubayan Ka niya.
- 8 Natagpuan ka Niya na naghihikahos kaya binigyan ka Niya ng kasapatan?
- 9 Kaya naman ang ulila ay huwag mong siilin.
- 10 Ang nanghihingi naman ay huwag mong itaboy.
- 11 Ang biyaya naman ng Panginoon mo ay isaysay mo.

5 O tumahan.

## سُورَةُ التِّينِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
 وَاللَّيْلِ وَالزَّيْتُونِ ۝١ وَطُورِ سِينِينَ ۝٢ وَهَذَا الْبَلَدِ الْأَمِينِ ۝٣  
 لَقَدْ خَلَقْنَا الْإِنْسَانَ فِي أَحْسَنِ تَقْوِيمٍ ۝٤ ثُمَّ رَدَدْنَاهُ أَسْفَلَ سَفِيلِينَ ۝٥  
 إِلَّا الَّذِينَ آمَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ فَلَهُمْ أَجْرٌ غَيْرُ مَمْنُونٍ ۝٦  
 فَمَا يُكَذِّبُكَ بَعْدُ بِالذِّينِ ۝٧ أَلَيْسَ اللَّهُ بِأَحْكَمَ الْحَاكِمِينَ ۝٨

## سُورَةُ الْعَلَقِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
 أَقْرَأْ بِاسْمِ رَبِّكَ الَّذِي خَلَقَ ۝١ خَلَقَ الْإِنْسَانَ مِنْ عَلَقٍ ۝٢ أَقْرَأْ وَرَبُّكَ  
 الْأَكْرَمُ ۝٣ الَّذِي عَلَّمَ بِالْقَلَمِ ۝٤ عَلَّمَ الْإِنْسَانَ مَا لَمْ يَعْلَمْ ۝٥ كَلَّا إِنَّ  
 الْإِنْسَانَ لِرَبِّهِ لَكَنَافٍ ۝٦ أَنزَلْنَاهُ نَارِئًا ۝٧ إِنَّا إِلَىٰ رَبِّكَ الرَّجْعِيُّ ۝٨ أَرَأَيْتَ  
 الَّذِي يَنْهَىٰ ۝٩ عَبْدًا إِذَا صَلَّىٰ ۝١٠ أَرَأَيْتَ إِنْ كَانَ عَلَىٰ الْهُدَىٰ ۝١١ أَوْ أَمَرَ  
 بِالْتَّقْوَىٰ ۝١٢ أَرَأَيْتَ إِنْ كَذَّبَ وَتَوَلَّىٰ ۝١٣ أَلَمْ يَعْلَم بِأَنَّ اللَّهَ يَرَىٰ ۝١٤ كَلَّا لَئِنْ  
 لَمْ يَنْهَ لَنْتَفَعْنَا بِالنَّاصِيَةِ ۝١٥ نَاصِيَةٍ كَذِبَةٍ خَاطِئَةٍ ۝١٦ فليدع ناديه ۝١٧  
 سَنَدْعُ الزَّبَانِيَةَ ۝١٨ كَلَّا لَا تَطْعَمُهُ وَاسْجُدْ وَاقْتَرِبْ ۝١٩

## سُورَةُ الشَّارِحِ [94]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 Hindi ba pinaluwag Namin para sa iyo ang dibdib mo?
- 2 Inalis Namin mula sa iyo ang pasanin mo,
- 3 na nakabibigat sa likod mo.
- 4 Inangat Namin para sa iyo ang katanyagan mo.
- 5 Kaya tunay na kasama ng hirap ay ginhawa,
- 6 tunay na kasama ng hirap ay ginhawa.
- 7 Kaya kapag nakatapos ka sa gawain, magpakahirap ka sa pagsamba,<sup>1</sup>
- 8 at sa Panginoon mo ay magmithi ka.

## Súrah atTín [95]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 Sumpa man sa igos at sa oliba,
- 2 sumpa man sa bundok ng Sinai,
- 3 sumpa man sa matiwasay na bayang ito;
- 4 talaga ngang nilikha Namin ang tao sa pinakamahusay na tikas,<sup>2</sup>
- 5 Pagkatapos ay ibinalik Namin siya sa pinakamababa sa mga mababa,
- 6 maliban sa mga sumampalataya at gumawa ng matutuwid sapagkat ukol sa kanila ay gantimpalang hindi matitigil.
- 7 Kaya ano ang nagpapakaila sa iyo, matapos ang paglilinaw na ito, sa Paggantimpala?
- 8 Hindi ba si Allah ay ang pinakahukom ng mga hukom?

## Súrah al'Alaq [96]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 Bumasa ka sa ngalan ng Panginoon mo na lumikha,
- 2 lumikha sa tao mula sa namuong dugo.
- 3 Bumasa ka, at ang Panginoon mo ay ang Napakamapagbigay,
- 4 na nagturo sa pamamagitan ng panulat,
- 5 nagturo sa tao ng hindi nito nalaman.
- 6 Aba'y hindi! Totoong tunay na ang tao ay talagang nagmamalabis,
- 7 sapagkat nakita niya ang sarili niya na nakasapat na.
- 8 Tunay na tungo sa Panginoon mo ang pagbabalik.
- 9 Nakita mo ba ang sumasaway
- 10 sa isang lingkod kapag nagdasal ito?
- 11 Nakita mo ba kung siya ay nasa patnubay,
- 12 o nag-utos sa pangingilag sa pagkakasala?
- 13 Nakita mo ba kung nagpasinungaling siya o tumalikod siya?

1 O magpakahirap ka sa ibang gawain.

2 O pagkahubog.

14 Hindi ba niya nalaman na si Allah ay nakakikita?

15 Aba'y hind! Talagang kung hindi siya titigil ay talagang hahablutin nga Namin siya sa bumbunan:

16 bumbunan na nagsisinungaling, nagkakamali.

17 Kaya tawagin niya ang kapisanan niya;

18 tatawagin Namin ang mga tagatanod ng Impiyerno.

19 Aba'y hindi! Huwag kang tumalima sa kanya. Magpatirapa ka at lumapit ka kay Allah.

### Súrah alQadr [97]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Tunay na Kami ay nagbaba nito sa Gabi ng Pagtatakda.

2 Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Gabi ng Pagtatakda?

3 Ang Gabi ng Pagtatakda ay higit na mabuti kaysa sa isang libong buwan.

4 Nagsisibabaan ang mga Anghel at ang Espiritu sa oras na ito, ayon sa kapahintulutan ng Panginoon Nila alang-alang sa bawat utos.

5 Kapayapaan, ito ay hanggang sa pagsikat ng madaling-araw.

### Súrah alBayyinah [98]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Ang mga tumangging sumampalataya na mga may kasulatan at mga nagtatambal kay Allah ay hindi kakalas sa paniniwala nila hanggang sa dumating sa kanila ang malinaw na patunay:

2 isang Sugo mula kay Allah na bumibigkas ng mga pahinang dinalisay,

3 na sa loob nito ay may mga nakasulat na kautusang matuwid.

4 Hindi nagkahati-hati ang mga binigyan ng kasulatan kundi pa matapos na dumating sa kanila ang malinaw na patunay.

5 Hindi sila inutusan kundi na

### سُورَةُ الْقَدْرِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

إِنَّا أَنْزَلْنَاهُ فِي لَيْلَةِ الْقَدْرِ ۚ وَمَا أَدْرَاكَ مَا لَيْلَةُ الْقَدْرِ ۚ

لَيْلَةُ الْقَدْرِ خَيْرٌ مِنْ أَلْفِ شَهْرٍ ۚ نَزَّلَ الْمَلَكُ وَالرُّوحُ

فِيهَا بِإِذْنِ رَبِّهِمْ مِنْ كُلِّ أَمْرٍ ۚ سَلَّمْنَاهُ حَتَّىٰ مَطَلَعِ الْفَجْرِ ۝

### سُورَةُ الْبَيِّنَاتِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

لَمْ يَكُنِ الَّذِينَ كَفَرُوا مِنْ أَهْلِ الْكِتَابِ وَالْمُشْرِكِينَ مُنْفَكِينَ

حَتَّىٰ تَأْتِيَهُمُ الْبَيِّنَةُ ۚ رَسُولٌ مِنَ اللَّهِ يَتْلُو صُحُفًا مُطَهَّرَةً ۚ

فِيهَا كُتِبَ قِيمَةٌ ۚ وَمَا نَفَرَقَ الَّذِينَ أُوتُوا الْكِتَابَ إِلَّا مِنْ

بَعْدِ مَا جَاءَتْهُمْ الْبَيِّنَةُ ۚ وَمَا أُمِرُوا إِلَّا لِيَعْبُدُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ

لَهُ الدِّينَ حُنَفَاءَ وَيُقِيمُوا الصَّلَاةَ وَيُؤْتُوا الزَّكَاةَ ۚ وَذَلِكَ دِينُ

الْقِيمَةِ ۚ إِنَّ الَّذِينَ كَفَرُوا مِنْ أَهْلِ الْكِتَابِ وَالْمُشْرِكِينَ

فِي نَارِ جَهَنَّمَ خَالِدِينَ فِيهَا أُولَئِكَ هُمْ شَرُّ الْبَرِيَّةِ ۚ إِنَّ

الَّذِينَ آمَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ أُولَئِكَ هُمْ خَيْرُ الْبَرِيَّةِ ۚ

sambahin nila si Allah bilang mga nag-aalay ng kawagasan sa Kanya sa pagtalima,<sup>1</sup> bilang mga makatotoo; na panatilihin nila ang dasal at na ibigay nila ang zakáh. Iyan ay ang Relihiyon ng kapaniwalaang matuwid.

6 Tunay na ang mga tumangging sumampalataya na mga may kasulatan at mga nagtatambal kay Allah ay nasa Apoy ng Impiyerno habang mga nananatili sa loob nito. Ang mga iyon ay pinakamasama sa sangkinapal.

7 Tunay na ang mga sumampalataya at gumawa ng mga matuwid, ang mga iyon ay pinakamabuti sa sangkinapal.

8 Ang ganti sa kanila sa piling Panginoon nila ay mga Hardin ng

1 O relihiyon o pagsamba.

جَزَاءُ هُمْ عِنْدَ رَبِّهِمْ جَنَّاتُ عَدْنٍ تَجْرِي مِنْ تَحْتِهَا الْأَنْهَارُ خَالِدِينَ فِيهَا أَبَدًا رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمْ وَرَضُوا عَنْهُ ذَلِكَ لِمَنْ خَشِيَ رَبَّهُ. ٨

سُورَةُ الْبُرُوجِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
 إِذَا زُلْزِلَتِ الْأَرْضُ زِلْزَالَهَا ١ وَأَخْرَجَتِ الْأَرْضُ أَثْقَالَهَا ٢  
 وَقَالَ الْإِنْسَانُ مَا لَهَا ٣ يَوْمَئِذٍ تُخْبِتُ أَخْبَارَهَا ٤  
 إِنَّ رَبَّكَ أَوْحَىٰ لَهَا ٥ يَوْمَئِذٍ يَصُدُّرُ النَّاسُ أَشْتَاتًا  
 لِيُرَوْا أَعْمَالَهُمْ ٦ فَمَنْ يَعْمَلْ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ خَيْرًا  
 يَرَهُ ٧ وَمَنْ يَعْمَلْ مِثْقَالَ ذَرَّةٍ شَرًّا يَرَهُ ٨

سُورَةُ الْجَعَاتِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
 وَالْعَادِيَاتِ صَبِيحًا ١ فَأَلْمُورَاتِ قَدْحًا ٢ فَأَلْغَيْرَاتِ صَبِيحًا  
 ٣ فَأَثَرْنَ بِهِ نَقْعًا ٤ فَوَسَطْنَ بِهِ جَمْعًا ٥ إِنَّ الْإِنْسَانَ  
 لِرَبِّهِ لَكَنُودٌ ٦ وَإِنَّهُ عَلَىٰ ذَٰلِكَ لَشَهِيدٌ ٧ وَإِنَّهُ لِحَبِيبِ  
 آلِ خَيْرٍ لَشَدِيدٌ ٨ أَفَلَا يَعْلَمُ إِذَا بُعِثَ رَمًا فِي الْأَقْبُورِ ٩

Pamamalagi na dumadaloy mula sa ilalim ng mga ito ang mga ilog habang mga nananatili sa mga ito magpakailanman. Nalugod si Allah sa kanila at nalugod sila sa Kanya. Iyon ay ukol sa sinumang natakot sa Panginoon niya.

### Súrah azZalzalah [99]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 Kapag niyanig na ang lupa sa *huling* yanig nito,
- 2 at inilabas na ng lupa ang mga pabigat nito,
- 3 at magsasabi ang tao: “Ano ang nangyari dito?” —
- 4 sa Araw na iyon ay isasaysay nito ang mga ulat nito,

5 dahil ang Panginoon mo ay nagsiwalat dito.

6 Sa Araw na iyon ay lilisan<sup>1</sup> ang mga tao nang hiwa-hiwalay upang ipakita sa kanila ang mga nagawa nila.

7 Kaya ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang munting langgam na kabutihian ay makikita niya iyon;

8 at ang sinumang gumawa ng kasimbigat ng isang munting langgam na kasamaan ay makikita niya iyon.

### Súrah al‘Ádiyát [100]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 Sumpa man sa mga *kabayong* tumatakbo habang nagsisingasingan,
- 2 at mga nagpapaningas *ang mga kuko* habang nakikiskis,
- 3 at nanlulusob sa madaling-araw,
- 4 at bumulabog dahil sa *pagtakbong* iyon sa mga alikabok,
- 5 at nagpagitna sa *pook na* iyon<sup>2</sup> sa kalipunan *ng mga kalaban*.

6 Tunay na ang tao, sa Panginoon niya, ay talagang walang utang na loob,

7 Tunay na siya hinggil doon ay talagang saksi.

8 Tunay na siya, sa pagmamahal sa yaman, ay talagang matindi.

9 Kaya hindi ba niya nalalaman na kapag hinalukay<sup>3</sup> ang nasa loob ng mga puntod,

10 at inilantad ang nasa loob ng mga dibdib;

11 tunay na ang Panginoon nila hinggil sa kanila sa Araw na iyon ay talagang Nakababatid.

1 O lalabas sa mga libingan.

2 O sa pamamagitan ng *mga kabayong* iyon (at-Tafsír al-Muyassar); o sa *sandaling* iyon (ash-Shawkaní); o sa pamamagitan ng *mga alikabok na* iyon (‘Uthaymín).

3 O ikinalat o inilabas;

## Súrah alQári‘ah [101]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 Ang Hagupit.
- 2 Ano ang Hagupit?
- 3 Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Hagupit?
- 4 Ito ang Araw na ang mga tao ay magiging para bagang mga gamugamong pinakalat,
- 5 at ang mga bundok ay magiging para bagang mga balahibong nagliliparan.
- 6 Kaya tungkol sa sinumang bumigat ang mga timbangan niya *sa kabutihan*,
- 7 siya ay nasa isang nakalulugod na buhay;
- 8 at tungkol naman sa sinumang gumaan ang mga timbangan niya *sa kabutihan*,
- 9 ang kanlungan niya ay Kailaliman.
- 10 Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ito?
- 11 Ito ay isang Apoy na napakainit.

## Súrah atTakáthur [102]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 Nilibang<sup>1</sup> kayo ng pagpaparamihan,
- 2 hanggang sa dumalaw<sup>2</sup> kayo sa mga libingan ninyo.
- 3 Aba’y hindi! Malalaman ninyo.

وَحُصِّلَ مَا فِي الصُّدُورِ ۝ إِنَّ رَبَّهُمْ بِهِمْ يَوْمَئِذٍ لَّخَبِيرٌ ۝

سُورَةُ الْقَارِعَةِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
 الْقَارِعَةُ ۝ ۱ مَا الْقَارِعَةُ ۝ ۲ وَمَا أَدْرَاكَ مَا الْقَارِعَةُ ۝  
 ۳ يَوْمَ يَكُونُ النَّاسُ كَالْفَرَاشِ الْمَبْثُوثِ ۝ ۴ وَتَكُونُ الْجِبَالُ كَالْعِهْنِ الْمَنْفُوشِ ۝ ۵ فَأَمَّا  
 مَنْ ثَقُلَتْ مَوَازِينُهُ ۝ ۶ فَهُوَ فِي عِيشَةٍ رَاضِيَةٍ ۝ ۷  
 وَأَمَّا مَنْ خَفَّتْ مَوَازِينُهُ ۝ ۸ فَأُمُّهُ هَاوِيَةٌ ۝ ۹  
 وَمَا أَدْرَاكَ مَا هِيَ ۝ ۱۰ نَارُ حَامِيَةٍ ۝ ۱۱

سُورَةُ التَّكْوِينِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
 أَلَمْ نَكْمِلكَ التَّكْوِينِ ۝ ۱ حَتَّى زُرْتُمُ الْمَقَابِرَ ۝ ۲ كَلَّا سَوْفَ  
 تَعْلَمُونَ ۝ ۳ ثُمَّ كَلَّا سَوْفَ تَعْلَمُونَ ۝ ۴ كَلَّا لَوْ تَعْلَمُونَ  
 عِلْمَ الْيَقِينِ ۝ ۵ لَتَرَوُنَّ الْجَحِيمَ ۝ ۶ ثُمَّ لَتَرَوُنَّهَا  
 عَيْنَ الْيَقِينِ ۝ ۷ ثُمَّ لَتَسْأَلُنَّ يَوْمَئِذٍ عَنِ النَّعِيمِ ۝ ۸

- 4 Pagkatapos, aba’y huwag! Malalaman ninyo.
- 5 Aba’y hindi! Kung nalalaman sana ninyo nang may kaalamang tiyak,
- 6 talagang makikita nga ninyo ang Nagliliyab na Apoy.
- 7 Pagkatapos ay talagang makikita nga ninyo ito nang may mata ng katiyakan.
- 8 Pagkatapos ay talagang tatanungin nga kayo sa Araw na iyon hinggil sa tinamasang kaginhawahan.

1 O nilingat.

2 O humantong.



## سُورَةُ الْعَصْرِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

وَالْعَصْرِ ١ إِنَّ الْإِنْسَانَ لَفِي خُسْرٍ ٢ إِلَّا الَّذِينَ ءَامَنُوا وَعَمِلُوا الصَّالِحَاتِ وَتَوَّصُوا بِالحَقِّ وَتَوَّصُوا بِالصَّبْرِ ٣

## سُورَةُ الْهُجُرَةِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

وَيْلٌ لِّكُلِّ هُمَزَةٍ لُّمَزَةٍ ١ الَّذِي جَمَعَ مَالًا وَعَدَّدَهُ ٢ يَحْسَبُ أَنَّ مَالَهُ أَخْلَدَهُ ٣ كَلَّا لَيُبَدِّلَنَّا فِي الحُطْمَةِ ٤ وَمَا آذَنَّاكَ مَا الحُطْمَةُ ٥ نَارُ اللَّهِ الْمُوقَدَةُ ٦ الَّتِي تَطَّلِعُ عَلَى الآفَاقِ ٧ إِنَّهَا عَلَيْهِمْ مُّوَصَّدَةٌ ٨ فِي عَمَدٍ مُّمَدَّدَةٍ ٩

## سُورَةُ الْفَيْلِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

أَلَمْ تَرَ كَيْفَ فَعَلَ رَبُّكَ بِأَصْحَابِ الْفَيْلِ ١ أَلَمْ يَجْعَلْ كَيْدَهُمْ فِي تَضْلِيلٍ ٢ وَأَرْسَلَ عَلَيْهِمْ طَيْرًا أَبَابِيلَ ٣ تَرْمِيهِمْ بِحِجَارَةٍ مِّن سِجِّيلٍ ٤ فَجَعَلَهُمْ كَعَصْفٍ مَّأْكُولٍ ٥

## Súrah alHumazah [104]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Kasawian sa bawat mapanirang-puri na mapanlibak,  
2 na nag-ipon ng yaman at binilang-bilang ito,  
3 nag-aakala na ang yaman niya ay magpapanatiling-buhay sa kanya.

4 Aba'y hindi! Talagang ihahagis nga siya sa Hutamah.<sup>1</sup>

5 Ano ang nagpabatid sa iyo kung ano ang Hutamah?

6 Ito ay ang Apoy ni Allah na pinagniningas,

7 na nanunuot sa mga puso.

8 Tunay na ito sa kanila ay itataklob,

9 sa mga haliging pinahaba.

## Súrah al'Asr [103]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Sumpa man sa panahon,  
2 tunay na ang tao ay nasa kalugihan,  
3 maliban sa mga sumampalataya at gumawa ng mga matuwid at nagtagubilinan ng katotohanan at nagtagubilinan ng pagtitiis.

## Súrah alFíl [105]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

1 Hindi mo ba napag-alaman kung papaano ang ginawa ng Panginoon mo sa mga kasamahan ng elepante?

2 Hindi ba Niya ginawa ang pakana nila na mauwi sa pagkawala?

3 Nagpadala Siya sa kanila ng mga ibon na kawan-kawan,

4 na nagbabato sa kanila ng mga batong mula sa luwad.

5 Kaya ginawa Niya sila na para bagang uhay na kinainan.

1 O Paladurog.

## Súrah alQuraysh [106]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 Dahil sa pagkahirati ng Quraysh—
- 2 sa pagkahirati nila sa *katiwasayan* sa paglalakbay sa taglamig at tag-init—
- 3 ay sambahin nila ang Panginoon ng Bahay na ito,
- 4 na nagpakain sa kanila mula sa pagkagutom at nagpatiwasay sa kanila mula sa pangamba.

## Súrah alMá‘ún [107]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 Nakita mo ba ang nagpapasinungaling sa Paggantimpala?
- 2 Sapagkat iyon ay ang nagsasalya<sup>1</sup> sa ulila,
- 3 at hindi nanghihikayat sa pagpapakain sa dukha.
- 4 Kaya kasawian sa mga nagdarasal,
- 5 na sila sa pagdarasal nila ay nagpapabaya,
- 6 na sila ay nagpapakitang-tao,
- 7 at nagkakait ng munting tulong.<sup>2</sup>

### سُورَةُ قُرَيْشٍ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
 1 لِأَيْلَافِ قُرَيْشٍ 1  
 2 فَلَيعْبُدُوا رَبَّ هَذَا الْبَيْتِ 2  
 3 الَّذِي أَطْعَمَهُمْ  
 4 مِنْ جُوعٍ وَآمَنَهُمْ مِنْ خَوْفٍ 4

### سُورَةُ الْمَاعُونِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
 1 أَرَأَيْتَ الَّذِي يُكَذِّبُ بِالْإِيمَانِ 1  
 2 فَمَنْ إِذْ يُدْعَى لِلْيَتِيمِ 2  
 3 وَلَا يُحِضُّ عَلَىٰ طَعَامِ الْمِسْكِينِ 3  
 4 فَوَيْلٌ لِلْمُصَلِّينَ 4  
 5 الَّذِينَ هُمْ عَنْ صَلَاتِهِمْ سَاهُونَ 5  
 6 الَّذِينَ هُمْ بَرَاءَةٌ 6  
 7 وَيَمْنَعُونَ الْمَاعُونَ 7

### سُورَةُ الْبَكْوَرِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
 1 إِنَّا أَعْطَيْنَكَ الْكَوْثَرَ 1  
 2 فَصَلِّ لِرَبِّكَ وَأَنْحَرِ 2  
 3 إِنَّ شَانِئَكَ هُوَ الْأَبْتَرُ 3

## Súrah alKawthar [108]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 Tunay na Kami ay nagbigay sa iyo ng Kawthar.<sup>3</sup>
- 2 Kaya magdasal ka sa Panginoon mo at mag-alay.
- 3 Tunay na ang nasusuklam<sup>4</sup> sa iyo ay ang pinakapatid sa lahat ng pagpapala.

1 O nagtutulak nang malakas.

2 O at nagkakait na magpahiram ng mga gamit.

3 Isang ilog sa Paraiso.

4 O nangangaway.

## سُورَةُ الْبَكَرَاتِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

قُلْ يَتَّبِعُوا آلَ الْكَافِرِينَ ۚ لَا أَعْبُدُ مَا تَعْبُدُونَ ۚ (٢)  
 وَلَا أَنْتُمْ عَابِدُونَ مَا أَعْبُدُ ۚ وَلَا أَنَا عَابِدٌ مَّا عَبَدْتُمْ ۚ (٤)  
 وَلَا أَنْتُمْ عَابِدُونَ مَا أَعْبُدُ ۚ لَكُمْ دِينُكُمْ وَلِيَ دِينِ ۖ (٦)

## سُورَةُ النَّصْرِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

إِذَا جَاءَ نَصْرُ اللَّهِ وَالْفَتْحُ ۚ (١) وَرَأَيْتَ النَّاسَ  
 يَدْخُلُونَ فِي دِينِ اللَّهِ أَفْوَاجًا ۚ (٢) فَسَبِّحْ بِحَمْدِ رَبِّكَ  
 وَأَسْتَغْفِرْ لَهُ إِنَّهُ كَانَ تَوَّابًا ۚ (٣)

## سُورَةُ الْمَسَدِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ

تَبَّتْ يَدَا أَبِي لَهَبٍ وَتَبَّ ۚ (١) مَا أَغْنَىٰ عَنْهُ مَالُهُ وَمَا  
 كَسَبَ ۚ (٢) سَيَصْلَىٰ نَارًا ذَاتَ لَهَبٍ ۚ (٣) وَامْرَأَتُهُ  
 حَمَّالَةَ الْحَطَبِ ۚ (٤) فِي جِيدِهَا حَبْلٌ مِّن مَّسَدٍ ۚ (٥)

## سُورَةُ الْكَافِرِينَ [109]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 Sabihin mo: “O mga tumatangging sumampalataya,
- 2 hindi ko sinasamba ang sinasamba ninyo,
- 3 at hindi kayo mga sumasamba sa sinasamba ko;
- 4 at hindi ako sumasamba sa sinamba ninyo,
- 5 at hindi kayo mga sumasamba sa sinasamba ko;
- 6 ukol sa inyo ang relihiyon ninyo at

ukol sa akin ang relihiyon ko.”<sup>1</sup>

## Súrah an-Naşr [110]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 Kapag dumating ang pagpapawagi ni Allah at ang pagsakop,
- 2 at nakita mo ang mga tao na pumapasok sa Relihiyon mula kay Allah na mga pulu-pulutong,
- 3 ay magluwalhati ka kalakip ng papuri sa Panginoon mo at humingi ka ng tawad sa Kanya. Tunay na Siya ay laging Mapagpatawad.

## Súrah al-Masad [111]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 Napahamak ang dalawang kamay ni Abú Lahab at napahamak siya!
- 2 Walang nagawa para sa kanya ang yaman niya at ang anumang nakamit niya.
- 3 Papasok siya sa Apoy na may liyab,
- 4 at gayon din ang may-bahay niya, ang tagapasan ng panggatong.
- 5 Sa leeg nito ay may tali mula sa linubid na himaymay.

1 O Sa inyo na ang relihiyon ninyo at sa akin na ang relihiyon ko.

## Súrah al'Ikhlás [112]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 Sabihin mo: “Siya, si Allah, ay Iisa.<sup>1</sup>
- 2 Si Allah ay ang Dulugan sa pangangailangan.
- 3 Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak,
- 4 at walang isa man na sa Kanya ay naging kapantay.”

### سُورَةُ الْاِخْلَاصِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
 قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ ۝ ۱ اللَّهُ الصَّمَدُ ۝ ۲ لَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا أَحَدٌ ۝ ۳  
 وَلَمْ يُولَدْ ۝ ۴ وَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا أَحَدٌ ۝ ۴

### سُورَةُ الْفَلَقِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
 قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْفَلَقِ ۝ ۱ مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ ۝ ۲ وَمِنْ  
 شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ ۝ ۳ وَمِنْ شَرِّ النَّفَّاثَاتِ فِي  
 الْعُقَدِ ۝ ۴ وَمِنْ شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ ۝ ۵

### سُورَةُ النَّاسِ

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ  
 قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ النَّاسِ ۝ ۱ مَلِكِ النَّاسِ ۝ ۲ إِلَهِ  
 النَّاسِ ۝ ۳ مِنْ شَرِّ الْوَسْوَاسِ الْخَنَّاسِ ۝ ۴ الَّذِي  
 يُؤَسُّوسُ فِي صُدُورِ النَّاسِ ۝ ۵ مِنْ الْجِنَّةِ وَالنَّاسِ ۝ ۶

## Súrah alFalaq [113]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 Sabihin mo: “Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng bukung-liwayway,
- 2 laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya,
- 3 at laban sa kasamaan ng madilim na gabi kapag bumalot ito,
- 4 at laban sa kasamaan ng mga manggagaway na palaihip sa mga buhol,
- 5 at laban sa kasamaan ng naiinggit kapag naiinggit ito.”

## Súrah anNás [114]

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain.

- 1 Sabihin mo: “Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao,
- 2 ang Hari ng mga tao,
- 3 ang Diyos ng mga tao,
- 4 laban sa kasamaan ng bumubulong na palaurong<sup>2</sup>—
- 5 na bumubulong sa mga dibdib ng mga tao—
- 6 na kabilang sa mga jinn at mga tao.”

1 O Siya, si Allah, ay isa; O Siya ay si Allah, isa. 2 O palakubli.

## Mga Mahalagang Tanong sa Buhay ng Muslim

1. **Mula saan kinukuha ng Muslim ang pinaniniwalaan niya?** Kinukuha niya ito mula sa Aklat ni Allah<sup>1</sup> at sa tumpak na Sunnah ng Sugo ni Allah (SAS)<sup>2</sup> na hindi bumibigkas ng ayon sa pithaya: **Ito ay isang pagsisiwalat lamang na isiniwalat sa kanya.**<sup>3</sup> Iyon ay alinsunod sa pagkaunawa ng mga Sahábi<sup>4</sup> at matuwid na Salaf,<sup>5</sup> masiyahan nawa si Allah sa kanila.
2. **Ilan ang mga antas ng Relihiyong Islam?** Ang mga antas ng Relihiyon ay tatlo: Ang Islám (Pagpapasakop), ang Ímán (Pananampalataya), at ang Ihsán (Pagpapahusay).
3. **Ano ang Islam at ilan ang mga sandigan<sup>6</sup> nito?** Ang Islam ay ang pagsuko kay Allah sa pamamagitan ng Tawhíd,<sup>7</sup> ang pagpapaakay sa Kanya sa pamamagitan ng pagtalima, at ang pagwawalang-kaugnayan sa Shirk<sup>8</sup> at mga tagapagtaguyod nito. Ang mga saligan nito ay lima, na binaggit ng Propeta (SAS) sa sinabi niya: *Itinayo ang Islam sa lima: ang pagsaksi na walang [totoong] Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah, ang pagpapanatili ng shaláh, ang pagbibigay ng zakáh, ang pagsasagawa ng hajj sa Bahay [ni Allah], at ang pag-aayuno sa Ramadán.* Isinalaysay ito nina Imám alBukháríy at Imám Muslim.
4. **Ano ang Ímán at ilan ang mga sandigan nito?** Ang Ímán ay ang paniniwala ng puso, ang pagsasabi ng dila, at ang paggawa ng mga bahagi ng katawan, na nadadagdagan sa pamamagitan ng pagtalima at nababawasan sa pamamagitan ng pagsuway. Nagsabi si Allah: **upang madagdagan sila sa pananampalataya kasama sa taglay na nilang pananampalataya.**<sup>9</sup> Nagsabi naman ang Sugo (SAS): *Ang Pananampalataya ay higit sa pitumpong sangay. Ang pinakamainam sa*

1 Allah: Ang pansariling pangalan ng Panginoong Diyos sa wikang Arabe. Ito ay isang pangalang pantangi at hindi pangngalang pambalana, kaya ang mga panandang gagamitin sa pagtukoy sa pangalang Allah ay SI, NI at KAY at **hindi** ANG, NG at SA. Samakatuwid ang tama ay sabihing: SI Allah, NI Allah at KAY Allah. Ito ang paninindigan ng pinakamataas na awtoridad sa wikang Filipino, ang Komisyon sa Wikang Filipino; at ito rin ang paninindigan ng *Ministry of Islamic Affairs* sa Saudi Arabia.

2 (SAS): Sallalláhu ‘Alayhi wa Sallam: Basbasan siya ni Allah at pangalagaan (o batiin). Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

3 Qur’an: 53:4.

4 Taong nakakita kay Propeta Muhammad, na sumampalataya sa Islam at namatay sa Islam.

5 Ang katawagang Salaf ay kadalasang tumutukoy sa unang tatlong salinlahi ng mga Muslim bagamat ito ay nangangahulugang mga nauna o mga naunang salinlahi.

6 Madalas isalin, pati na ng tagapagsaling ito noon, ang salitang Arabe na *rukhn* bilang haligi, bunsod marahil ng pagkakasalin nito sa Ingles bilang *pillar*. Ngunit ang kahulugan talaga ng *rukhn* ay **sandigan**, at ang haligi naman sa Arabe ay *‘amúd*. Tingnan ang *alMu‘jam alWasít*, ang *Hans Wehr Dictionary of Modern Written Arabic*, at ang *A Dictionary of Islamic Words and Expressions* ni Dr. Mahmoud Isma‘il Saleh.

7 Ang paniniwala sa kaisahan ni Allah o ang pagbubukod-tangi kay Allah sa anumang nauukol sa Kanya lalo na sa anumang kinakailangang gampanan sa Kanya na mga uri ng pagsamba. Ang paniniwala na nag-iisa si Allah sa pagkapanginoon Niya, sa pagkadiyos Niya, at sa mga pangalan Niya at mga katangian Niya.

8 Ang pagtatambal kay Allah ng iba sa anumang ukol lamang sa Kanya. Ang paniniwala na si Allah ay hindi nag-iisa o hindi namumukod-tangi sa pagkadiyos Niya, sa pagkapanginoon Niya, at sa mga pangalan Niya at mga katangian Niya. Ito ang kasalungat ng Tawhíd.

9 Qur’an 48:4.

*mga ito ay ang paniniwala sa lá iláha illa -lláh<sup>1</sup> at ang pinakamababa sa mga ito ay ang pag-aalis sa daan ng bagay na nakapipinsala. Ang pagkakaroon ng hiya ay isang sangay ng Pananampalataya.* Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Nabibigyang-diin ito ng napapansin ng Muslim na kasiglahan sa pagtalima sa mga panahon ng mga kabutihan at katamlayan rito sa sandali ng paggawa ng pagsuway. Nagsabi si Allah: **Tunay na ang mga magandang gawa ay nag-aalis sa mga masagwang gawa.**<sup>2</sup> Ang mga sandigan nito ay anim, na binanggit ng Propeta (SAS) sa sinabi niya: *na maniwala ka kay Allah, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, sa mga sugo Niya, sa Huling Araw, at sa pagtatakda: ang mabuti rito at ang masama rito.* Isinalaysay ito ni Imám alBukháry.

**5. Ano ang kahulugan ng lá iláha illa -lláh<sup>3</sup>?** Ang pagkakaila sa pagiging karapat-dapat ng pagsamba sa iba pa kay Allah at ang pagkilala nito kay Allah lamang.

**6. Sino ang pangkatin na maliligtas sa Araw ng Pagbangon?** Nagsabi ang Sugo (SAS): *Mahahati ang Kalipunan ko sa pitumpu't tatlong kapaniwalaan; lahat sila ay mapupunta sa Apoy maliban sa isang kapaniwalaan.* Nagsabi sila: “Sino ito, o Sugo ni Allah?” *Ang [kapaniwalaang] ako ay nakabatay roon at ang mga Kasamahan ko.* Isinalaysay ito nina Imám Ahmad at Imám atTirmidhíy. Kaya ang katotohanan ay ang anumang nakabatay roon ang Propeta (SAS) at ang mga Sahábíy niya (RA).<sup>4</sup> Kaya naman kailangan mong sumunod at kaingat ka sa bid‘ah,<sup>5</sup> kung ikaw ay nagnaanis ng kaligtasan at pagtanggap ni Allah sa mga gawa.

**7. Si Allah ba ay kasama natin?** Oo. Si Allah ay kasama natin sa pamamagitin ng kaalaman Niya, pandinig Niya, paningin Niya, pangangalaga Niya, pagsasaklaw Niya, kapangyarihan Niya, at kalooban Niya. Tungkol naman sa sarili Niya, hindi ito nakikihalubilo sa mga sarili ng mga nilikha at hindi Siya nasasaklawan ng anumang sa mga nilikha.

**8. Makikita ba si Allah sa pamamagitan ng mata?** Nagkaisa ang Muslim na si Allah ay HINDI makikita sa Mundo, at na ang mga mananampalataya ay makakikita kay Allah sa Kabalang-buhay sa Mahshar<sup>6</sup> at sa Paraiso. **Nagsabi Siya: May mga mukha, sa araw na iyon, na mga nagniningning. Sa Panginoon nila ay mga nakatingin.**<sup>7</sup>

**9. Ano ang pakinabang ng pagkakaalam sa mga pangalan ni Allah at mga katangian Niya?** Tunay na ang kauna-unahan sa tungkuling isinatungkulin ni Allah sa nilikha Niya ay ang makilala Siya. Kaya kapag nakilala Siya ng mga tao

1 Ang paniniwala na walang [totoong] Diyos kundi si Allah.

2 Qur'an 11:114.

3 Walang [totoong] Diyos kundi si Allah.

4 (RA): *Radiyalláhu ‘Anhu* para sa lalaki, *Radiyalláhu ‘Anhá* para sa babae, *Radiyalláhu ‘Anhum* para sa marami; ang ibig sabihin nito ay: Masiyahan nawa si Allah sa kanya (o kanila) ni Allah. Ito ay panalanging binabanggit sa tuwing nababanggit ang pangalan o taguri ng Kasamahan o asawa ni Propeta Muhammad (SAS).

5 Anumang paniniwala o katuruan na inaakalang bahagi ng Islam ngunit hindi naman itinuro ng Propeta (SAS).

6 Ang pagtitipunan sa mga tao sa Kabilang-buhay bago makapasok sa Paraiso o Impiyerno.

7 Qur'an 75:22-23.

ay sasambahin nila Siya ng totoong pagsamba sa Kanya. Nagsabi Siya: **Kaya alamin mo na walang Diyos kundi si Allah, at humingi ka ng tawad sa pagkakasala mo.**<sup>1</sup> Kaya ang pagkaalaala kay Allah sa lawak ng awa Niya ay nagsasanhi ng pagkakaroon ng pag-asa. Ang pagkaalaala sa Kanya sa tindi ng paghihiganti Niya ay nagsasanhi ng pangamba. Ang pagkaalaala sa Kanya dahil sa pamumukod-tangi Niya sa pagbibiyaya ay nagsasanhi ng pasasalamat.

Ang nilalayon ng pagsamba sa pamamagitan ng mga pangalan ni Allah at mga katangian Niya ay ang pagsasakatuparan ng kaalaman sa mga ito at ang pagkaunawa sa mga kahulugan ng mga ito. Mayroon sa mga pangalan ni Allah at mga katangian Niya na napupuri ang tao sa pag-aangkin nito gaya ng kaalaman, pagkaawa, at katarungan. Mayroon naman sa mga ito na napupulaan ang tao sa pag-aangkin nito gaya ng pagkadiyos, pagkamapanupil, at ang pagkamapagmalaki.

Ang tao ay may mga katangiang pinupuri siya dahil sa mga ito at ipinag-uutos sa kanya gaya ng pagpapakaalipin kay Allah, pagdulog sa Kanya ng karalitaan, pangangailangan sa Kanya, pagpapakaaba sa Kanya, paghiling sa Kanya, at anumang tulad niyon, ngunit imposibleng taglayin ng Panginoon ang mga katangiang ito.

Ang pinakakaibig-ibig na nilikha para kay Allah ay ang sinumang nagtaglay ng mga katangiang naiibigan Niya. Ang pinakakasuklam-suklam na nilikha para sa Kanya ay ang sinumang nagtaglay ng mga katangiang kinamumuhian Niya. Nagsasabi si Allah: **Taglay ni Allah ang mga pangalang napakagaganda kaya dumalangan kayo sa Kanya sa pamamagitan ng mga ito.**<sup>2</sup> Napagtibay nga ayon sa Propeta (SAS) na siya ay nagsabi: *Tunay na si Allah, pagkataas-taas Niya, ay may siyamnapu't siyam na pangalan: isandaan maliban sa isa; ang sinumang nakabilang sa mga ito ay papasok sa Paraiso.* Isinalaysay ito nina Imám alBukháríy at Imám Muslim.

Ang sinumang nagsiyasat sa Qur'an at Sunnah na tumpak ay makakaya niyang tipunin ito. Siya si Alláh, **ArRahmán** (Ang Napakamaawain), **ArRahím** (Ang Maawain), **AlMalik** (Ang Hari), **AlQuddús** (Ang Banal), **asSalám** (ang Sakdal<sup>3</sup>), **alMu'min** (Tagapagpatiwasy<sup>4</sup>), **alMuhaymín** (Ang Tagapagbantay), **Al'Azíz** (Ang Matatag), **AlJabbár** (Ang Palasupil), **AIMutakabbir** (Ang Nakapagmamalaki), **AlKháliq** (Ang Tagapaglikha), **AlBári'** (Ang Maykapal), **AlMuşawwir** (Ang Tagapag-anyo), **Al'Awwal** (Ang Kauna-unahan), **Al'Ákhiru** (Ang Kahuli-hulihan), **AdhDháhír** (Ang Nangingibabaw<sup>5</sup>), **AlBátin** (Ang Nakaaarok), **AsSamí'** (Ang Nakaririnig), **AlBaşír** (Ang Nakakikita), **AlMawlá** (Ang Tagatangkilik), **AnNaşír** (Ang Tagaadya), **Al' Afúw** (Ang Mapagpaumanhin), **AlQadír** (Ang Makapangyarihan), **AlLatíf** (Ang Nakakatatalos o Ang Mabait), **AlKhabír** (Ang Nakababatid), **AlWitr** (Ang Bugtong), **AlJamíl** (Ang Maganda), **AlHayíy** (Ang May-hiya), **AsSittír** (Ang Mapagtakip), **AlKabír** (Ang Malaki), **AlMuta'ál** (Ang Makapagmamataas), **AlWáhid** (Ang Nag-iisa), **AlQahhár** (Ang

<sup>1</sup> Qur'an 47:19.

<sup>2</sup> Qur'an 7:180.

<sup>3</sup> ang walang kapintasan o kakulangan.

<sup>4</sup> O ang Tagapagpasampalataya.

<sup>5</sup> O ang Nakalantad at ang Nakakubli

Palalupig), **AlHaqq** (Ang Totoo), **AlMubín** (Ang Naglilina), **AlQawíy** (Ang Malakas), **AlMatín** (Ang Matibay), **AlHayy** (Ang Buhay), **AlQayyúm** (Ang Tagapagpanatili), **Al'Alíy** (Ang Mataas), **Al'Adhím** (Ang Sukdulan), **ashShakúr** (Ang Mapagpasalamat), **AlHalím** (Ang Matimpiin), **AlWási'** (Ang Malawak), **Al'Alím** (Ang Maaalam), **AtTawwáb** (Ang Palatanggap ng pagsisi), **AlHakím** (Ang Marunong), **AlGhaníy** (Ang Mayaman<sup>1</sup>), **AlKarím** (Ang Mapagbigay), **Al'Ahad** (Ang Iisa), **AsSamad** (Ang Dulugan), **AlQaríb** (Ang Malapit), **AlMujíb** (Ang Tumutugon), **AlGhafúr** (Ang Mapagpatawad), **AlWadúd** (Ang Mapagmahal), **AlWalíy** (Ang Katangkilik), **AlHamíd** (Ang Kapuri-puri), **AlHafídh** (Ang Mapag-ingat), **AlMajíd** (Ang Maringal), **AlFattáh** (Ang Tagapagpasya), **AshShahíd** (Ang Saksi), **AlMuqaddim** (Ang Tagapagpauna), **AlMu'akhkhir** (Ang Tagapagpahuli), **AlMalík** (Ang Kahari-harian), **AlMuqtadir** (Ang Nakakakaya), **AlMussa'ir** (Ang Tagapagpaliyab), **AlQábid** (Ang Tagapagpagipit), **AlBásit** (Ang Tagapagpaluwag), **ArRáziq** (Ang Tagapagtustos), **AlQáhir** (Ang Tagalupig), **AdDayyán** (Ang Palagantimpala<sup>2</sup>), **AshShákir** (Ang Nagpapasalamat<sup>3</sup>), **AlMannán** (Ang Mapagbiyaya), **AlQádir** (Ang Nakapangyayari), **AlKhalláq** (Ang Palalikha), **AlMálik** (Ang Nagmamay-ari), **ArRazzáq** (Ang Palatustos), **AlWakíl** (Ang Pinagkakatiwalaan), **ArRaquíb** (Ang Mapagmasid), **AlMuhsin** (Ang Mapagmagandang-loob), **AlHasíb** (Ang Tagapagtuos), **AshSháfíy** (Ang Tagapagpagaling), **ArRafíq** (Ang Magiliw), **AlMu'tíy** (Ang Tagapagbigay), **AlMuqít** (Ang Tagakandili), **AsSayyid** (Ang Poon), **AtTayyib** (Ang Kaaya-aya), **AlHakam** (Ang Hukum), **Al'Akram** (Ang Pinakamapagbigay), **AlBarr** (Ang Mabuti), **AlGhaffár** (Ang Tagapagpatawad), **ArRa'úf** (Ang Mahabagin), **AlWahháb** (Ang Mapagkaloob), **AlJawwád** (Ang Mapagmabuting-loob), **AsSubbúh** (Ang Maluwalhati), **AlWáarith** (Ang Tagapagpamana), **ArRabb** (Ang Panginoon), **Al'A'lá** (Ang Kataas-taasan), **Al'Iláh** (Ang Diyos).<sup>4</sup>

Ang kahulugan ng *nakabilang sa mga ito* ay **gumawa ayon sa mga ito**. Kaya kapag sinabi ng isang Muslim ang **AlHakím** (Ang Marunong) ay isusuko nito ang lahat ng gawain nito kay Allah dahil ang lahat ng iyon ay magiging alisunod sa karunungan Niya. Kapag naman sinabi nito ang **AlQuddús** (Ang Banal) ay isasaisip nito na si Allah ay malayo sa lahat ng mga kakulangan. Bahagi rin ng paggawa ayon sa mga ito ay ang pagdakila sa mga ito, ang pagpipitagan sa mga ito, at ang pagdalangin kay Allah sa pamamagitan ng mga ito.

**10. Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga pangalan ni Allah at mga katangian Niya?** Ang mga pangalan ni Allah at ang mga katangian niya ay kapwa ipinahihintulot gamitin sa panalangin ng pagpapakupkop at sa panunumpa. Subalit sa mga ito ay may mga pagkakaiba na ang pinakamahalaga ay ang sumusunod:

1 O Ang Walang-pangangailangan

2 O Ang Palasupil, Ang Palahatol, Ang Palahukom.

3 Kumikilala sa kabutihang nagawa.

4 Ang pangalan ni Allah ay ang mga salitang Arabe na ipinantawag Niya sa sarili niya. Ang salin ng mga pangalan ni Allah ay hindi Niya pangalan. Halimbawa ang **Al'Alím** ay isa sa mga pangalan ni Allah samantalang ang Ang Maalam ay kahulugan ng pangalan niya sa Tagalog at hindi ang mismong pangalan Niya.



1. Ang mga pangalan ni Allah, ngunit hindi ang mga katangian Niya, ay ipinahihintulot na gamitin sa pangalang nagsisimula sa ‘Abd at sa pagdalangin. Ang pagpapangalang nagsisimula sa ‘Abd ay tulad ng pangalang ‘Abdulkarím (Alipin ng Mapagbigay). Ang pangalang ‘Abdulkaram (Aliping ng Pagkamapagbigay) ay hindi ipinahihintulot.<sup>1</sup> Ang pagdalangin naman ay gaya ng pagsabi ng Yá Karím.<sup>2</sup> Hindi ipinahihintulot ang Yá Karam.<sup>3</sup> 2. Ang mga pangalan ni Allah ay pinaghahanguan ng mga katangian gaya ng ArRahmán (Ang Napakamaawain) na pinaghahanguan ng isang katangian Niya, ang rahmah (awa). Tungkol naman sa mga katangian Niya, hindi hahango mula sa mga ito ng mga pangalan Niya. Kaya ang katangiang istiwá’ (pagluklok) Niya ay hindi pinaghahanguan ng pangalang AlMustawí’ [bilang pangalan ni Allah]. 3. Ang mga nagagawa ni Allah ay hindi pinaghahanguan ng mga pangalan Niya. Kabilang sa mga nagagawa ni Allah ay ang magalit (ghadab), ngunit hindi masasabing kabilang sa mga pangalan ni Allah ang AlGhádib (Ang Nagagalit). Ang mga katangian Niya ay hinahango mula sa mga gawain Niya. Kaya ang katangiang magalit (ghadab) ay kikilalaning taglay ni Allah dahil ang magalit ay kabilang sa mga nagagawa Niya.

**11. Ano ang kahulugan ng paniniwala sa mga anghel?** Ito ay ang tiyak na pagkilala sa kairalan nila, na si Allah ay lumikha sa kanila para sumamba sa Kanya at ipatupad ang utos Niya. Sinabi ni Allah: **bagkus mga pinarangalang lingkod sila. Hindi nila Siya inuunahan sa pagsasalita at sila sa utos Niya ay nagsasagawa.**<sup>4</sup> Ang paniniwala sa kanila ay naglalaman ng ilang bagay: 1. ang paniniwala sa kairalan nila; 2. ang paniniwala sa sinumang nalaman natin sa kanila ang pangalan niya gaya ni Jibríl; 3. ang paniniwala sa anumang nalaman natin sa mga katangian nila gaya ng kalakihan ng pagkakalikha sa kanila; 4. ang paniniwala sa anumang nalamanan natin sa mga katungkulan nila na natatangi sila roon gaya ng Anghel ng Kamatayan.

**12. Ano ang Qur’an?** Ang Qur’an ay ang Salita ni Allah, na ang pagbigkas nito ay pagsamba. Mula sa Kanya nagsimula ito at sa Kanya babalik ito. Sinalita Niya ito sa katotohanan sa pamamagitan ng titik at tinig. Narinig ito mula sa Kanya ni Jibríl at pagkatapos ay ipinarating ito ni Jibríl kay Propeta Muhammad (SAS). Ang mga makalangit na kasulatan ay lahat salita ni Allah.

**13. Magkakaysa ba tayo sa Qur’an nang walang Sunnah ng Propeta?** Hindi ito ipinahihintulot sapagkat si Allah ay nag-utos na tanggapin ang Sunnah ayon sa sinabi Niya: **Ang anumang ibinigay sa inyo ng Sugo ay tanggapin ninyo at ang anumang sinaway sa inyo ng Sugo ay tigilan ninyo.**<sup>5</sup> Ang Sunnah ay dumating bilang isang tagapaliwanag para sa Qur’an. Hindi malalaman ang detalye ng katuruan ng Islam kung hindi sa pamamagitan nito. Nagsabi ang Sugo (SAS): ***Pakatandaan! Tunay na ako ay binigyan ng Kasulatan at tulad nito kasama nito. Pakatanadaan! Halos may isang lalaking busog na busog na nakaupo sa sopa niya, na nagsasabi: Manatili kayo sa Qur’an na ito. Kaya ang anumang natagpuan ninyo rito na***

<sup>1</sup> Dahil ang karam ay hindi pangalan ni Allah.

<sup>2</sup> O Mapagpigay (o O Marangal).

<sup>3</sup> O Pagkamapagbigay (o O Dangal).

<sup>4</sup> Qur’an 21:26-27.

<sup>5</sup> Qur’an 59:7.

*ipinahintulot ay ipahintulot ninyo at ang anumang natagpuan ninyo rito na ipinagbawal ay ipagbawal ninyo.* Isinalaysay ito ni Imám Abú Dáwud.

**14. Ano ang kahulugan ng paniniwala sa mga sugo?** Ito ay ang tiyak na paniniwala na si Allah ay nagpadala sa bawat kalipunan ng sugong kabilang sa kanila. Nag-aanyaya ito sa pagsamba kay Allah lamang at sa pagtanggap sumampalataya sa anumang sinasamba bukod pa sa Kanya. Silang lahat ay mga tapat, mga mapaniniwalaan, mga matalino, mga marangal, mga nagpapakabuti, mga nangingilag sa pagkakasala, mga mapagkakatiwalaan, mga napatnubayan. Sila ay nagparating ng pasugo nila. Sila ang pinakamainam sa mga nilikha. Sila ay napangalagaan laban sa pagtatambal kay Allah magmula sa pagsilang sa kanila at hanggang sa kamatayan nila.

**15. Ano ang kahulugan ng paniniwala sa Huling Araw?** Ito ay ang tiyak na paniniwala sa kaganapan nito. Napaloloob roon ang paniniwala sa kamatayan at anumang magaganap pagkatapos nito, gaya ng pagsubok sa libingan, pagdurusa roon, at ginhawa roon; sa pag-ihip sa tambuli; sa pagtayo ng mga tao sa harap ng Panginoon nila; sa pagbubuklat sa mga talaan ng gawa; sa paglalagay ng timbangan; sa Sirát; sa Hawd; sa Pamamagitan; at mula roon patungong Paraiso o patungong Impiyerno.

**16. Ano ang mga uri ng Pamamagitan sa Araw ng Pagbangon? 1.** Ang mga ito ay iba't ibang uri na ang pinakadakila sa mga ito ay ang pinakadakilang Pamamagitan. Ito ay magaganap sa tinatayuan sa Araw ng Pagkabuhay matapos na tumayo ang mga tao nang limampung libong taon habang naghihintay na hatulan sila. Mamamagitan si Propeta Muhammad (SAS) sa Panginoon niya at hihilingin sa Kanya na magbaba ng hatol sa mga tao. Ito ay laan lamang sa Propeta nating si Muhammad (SAS). Ito ang pinapupurihang kalagayan na ipinangako sa kanya. **2.** Ang Pamamagitan para sa paghiling na buksan ang pintuan ng Paraiso. Ang unang hihiling na buksan ang pintuan niyon ay ang Propeta nating si Muhammad (SAS) at ang unang papasok roon sa lahat ng mga kalipunan ay ang kalipunan niya. **3.** Ang Pamamagitan para sa ilang pangkat ng mga tao na nautusan nang pumasok sa Apoy upang hindi na sila pumasok doon. **4.** Ang Pamamagitan para sa mga pumasok na sa Apoy na mga sumusuway na sumampalataya sa Tawhíd upang lumabas sila roon. **5.** Ang Pamamagitan para sa pag-aangat sa mga antas ng ilang pangkat ng mga taong kabilang sa mga maninirahan sa Paraiso. Ang huling tatlong Pamamagitan ay hindi ukol lamang sa Propeta natin subalit siya ang mangunguna roon. Pagkatapos niya, ang mga propeta, ang mga anghel, ang mga matuwid, at ang mga martir ay mamamagitan din. **6.** Ang Pamamagitan para sa ilang pangkat upang pumasok sila sa Paraiso nang walang pagtutuos. **7.** Ang Pamamagitan para sa pagpapagaan ng pagdurusa ng ilan sa mga Káfir. Ito ay ukol lamang sa Propeta natin (SAS) alang-alang sa tiyuhin niyang si Abú Tálíb upang pagaanin ang pagdurusa nito. Pagkatapos ay magpapalabas si Allah mula sa Apoy dahil sa awa Niya ng ilang pangkat ng mga taong namatay sa paniniwalang Tawhíd nang walang Pamamagitan ng isa man. Walang makabibilang sa kanila kundi si Allah at papapasukin Niya sila sa Paraiso dahil sa awa Niya.

**17. Ipinahintulot ba ang pagpapatulong o ang paghiling ng Pamamagitan**

**mula sa mga taong buhay?** Oo, ipinahihintulot at nag-uudyok ang Islam sa pagtulong sa iba sapagkat nagsabi nga si Allah: **Magtulungan kayo sa kabutihan at panginigilag sa pagkakasala,**<sup>1</sup> at nagsabi naman ang Sugo (SAS): **Si Allah ay nasa pagtulong sa tao kapag ang tao ay nasa pagtulong ng kapwa niya.** Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Tungkol naman sa Pamamagitan, ang kabutihan nito ay malaki. Ito ay nangangahulugang pagpapagitna. Nagsabi ang Sugo: **Ang sinumang namagitan ng isang magandang pamamagitan ay magkakaroon siya ng isang bahagi [ng gantimpala] mula roon.** Nagsabi pa ang Sugo: **Mamagitan kayo, gagantimpalaan kayo.** Isinalaysay ito ni Imám alBukháríy. **Ang lahat ng iyon ay alinsunod sa mga sumusunod na kundisyon:** **1.** na ito ay mula sa taong buhay sapagkat ang patay ay hindi nakakakayang magdulot ng kapakinabangan sa sarili kaya papaanong makapagdudulot iyon ng kapakinabangan sa iba? **2.** na nauunawaan nito ang sinasabi sa kanya; **3.** na ang hinihilingan ay kausap mismo; **4.** na ang Pamamagitan ito ay sa anumang makakaya; **5.** na ito ay kaugnay sa mga baga-bagay sa Mundo; **6.** na ito ay sa ipinahihintulot na bagay na walang pinsalang dulot.

**18. Ilan ang mga bahagi ng tawassul<sup>2</sup>?** Dalawa. Una: Ang ipinahihintulot at ito ay tatlong uri: **1.** Ang pagsusumamo kay Allah sa pamamagitan ng mga pangalan Niya at mga katangian Niya. **2.** Ang pagsusumamo kay Allah sa pamamagitan ng ilan sa mga nagawang matuwid gaya ng nasaad sa kuwento ng tatlong tao na nakulong sa yungib. **3.** Ang pagsusumamo kay Allah sa pamamagitan ng panalangin ng matuwid na buhay na Muslim na kapiling mismo na inaaasahang tutugunin ang panalangin nito.

**Ikalawa: Ang ipinagbabawal at ito ay dalawang uri: 1.** Na hihiling kay Allah sa pamamagitan ng kabunyian ng Propeta (SAS) o ng isang walíy<sup>3</sup> gaya ng pagsabi ng: O Allah, tunay na ako ay humihiling sa Iyo sa pamamagitan ng kabunyian ng Propeta Mo, o kabunyian ni Husayn, halimbawa. Tama na ang kabunyian ng Propeta (SAS) ay sukdulan sa ganang kay Allah at gayon din ang kabunyian ng mga matuwid. Subalit ang mga *Ṣahábíy*, bagamat sila ang pinakamasigasig sa mga tao sa kabutihan, noong nagkaroon ng tagtuyot ay hindi nagsusumamo sa pamamagitan ng kabunyian ng Propeta (SAS) samantalang ang libingan ng Propeta ay nariyan lamang sa gitna nila. Nagsumamo na lamang sila sa pamamagitan ng panalangin ng tiyuhin ng Propeta na si ‘Abbás (RA).

**2.** Na hihiling ang tao sa Panginoon nito ng pangangailangan nito habang sumusumpa sa Propeta Niya (SAS) o sa inaakalang walíy Niya gaya ng pagsabi ng: O Allah, tunay na ako ay humihiling sa iyo ng ganito sumpa man sa walíy Mo na si Polano o sumpa man sa karapatan ng propeta Mo na si Polano. Ipinagbabawal ito ay dahil sa ang

1 Qur'an 5:2.

2 Ang tawassul ay ang pagsusumamo na gawin o ibigay ang isang bagay sa pamamagitan ng paggamit ng kaparaanang ikapagpapalapit-loob sa pinagsusumamuhan.

3 Ang walíy, sa literal na kahulugan ay katangkilik o tinangkilik ni Allah. Siya ay taong banal at malapit kay Allah. Siya ay maaaring makagawa ng mga himala at mga kababalaghan. Subalit wala talagang nakaalam kung ang isang tao ay walíy bukod pa kay Allah. Kung ituring ng ilang Muslim ang inaakala nilang walíy ay halos gaya ng turing ng mga Katoliko sa santo nila. Hindi ito ipinahihintulot sa Islam.

pagsumpa sa nilikha sa harap ng isang nilikha ay ipinagbabawal. [Ang pagsumpa sa iba] sa harap ni Allah ay higit na matindi sa pagkabawal. Pagkatapos pa, tunay na walang tungkulin si Allah para sa tao dahil lamang sa pagtalima nito sa Kanya.

**19. Ano ang hatol sa pagdalangin<sup>1</sup> sa mga patay o [paghiling sa] mga taong hindi kausap?** Ang pagdalangin sa mga patay o [paghiling sa] mga taong hindi kausap ay Shirk dahil ang pagdalangin ay isang pagsamba na walang karapat-dapat dito kundi si Allah dahil ang sabi Niya: **samantalang ang mga dinadalanginan ninyo bukod pa sa Kanya ay hindi nagmamay-ari ng kahit isang lamad<sup>2</sup> ng buto ng datiles. Kung dadalanginan ninyo sila ay hindi sila makaririnig sa panalangin ninyo, at kung sakaling nakarinig sila ay hindi sila tutugon sa inyo. Sa Araw ng Pagbangon ay itatanggi nila ang pagtatambal ninyo sa kanila kay Allah.**<sup>3</sup> Nagsabi naman ang Propeta (SAS): *Ang sinumang namatay samantalang ito ay dumadalangin sa iba pa kay Allah bilang isang kaagaw ay papasok sa Apoy.*

Isinalaysay ito ni Imám alBukháríy. Ang kaagaw ay katambal. Papaanong hihilingan ang patay samantalang siya ang nangangailangan sa panalangin ng buhay. Naputol na ang gawa ng patay dahil sa pagkamatay niya maliban pa sa aabot sa kanya na gantimpala dahil sa panalangin at iba pa samantalang ang buhay ay nasa panahon ng paggawa. Ang patay ay nagagalak kapag ipinanalangin siya kaya papaano siyang hihilingan samantalang siya ang nangangailangan? Tungkol naman sa hindi kausap, tunay na siya ay hindi nakaririnig sa malayo sa kanya kaya papaano siyang tutugon?

**20. Ang Paraiso at ang Impiyerno ba ay umiiral na?** Oo. Nilikha na ni Allah ang mga ito bago pa nilikha ang mga tao. Ang mga ito ay hindi maglalaho magpakailanman at hindi mawawala. Lumikha si Allah para sa Paraiso ng mga maninirahan ayon sa kabutihang-loob Niya at lumikha Siya para sa Impiyerno ng mga maninirahan ayon naman sa katarungan Niya. Bawat tao ay padadaliin sa patutunguhan ng pagkalikha sa kanya.

**21. Ano ang kahulugan ng paniniwala sa Qadr [Pagtatakda]?** Ito ay ang tiyak na paniniwala na ang bawat mabuti o masama ay ayon lamang sa pagtatadhana ni Allah at pagtatakda Niya, at na Siya ang Palagawa sa anumang ninanais Niya. Nagsabi ang Sugo (SAS): *Kung sakaling si Allah ay nagparusa sa mga naninirahan sa mga langit Niya at sa mga naninirahan sa lupa Niya, pinarusahan Niya sila samantalang Siya ay hindi lumalabag sa katarungan sa kanila. Kung sakaling kinaawaan Niya sila, ang awa Niya ay higit na mainam para sa kanila kaysa sa mga [mabuting] gawa nila. Kung sakaling gumugol ka ng tulad sa [laki ng bundok ng] Uhud na ginto sa layunin ni Allah, hindi tatanggapin ni Allah iyon mula sa iyo malibang maniwala ka sa Pagtatakda at malaman mo na ang anumang magpapasawi sa iyo ay hindi lalampas sa iyo at na ang anumang lalampas sa iyo ay hindi magpapasawi sa iyo. Kung sakaling namatay ka sa iba pa sa [paniniwalang] ito ay talagang papasok ka sa Apoy.* Isinalaysay ito ni Imám Ahmad at

<sup>1</sup> Ang paghiling na tinutukoy rito ay maaari ring mangahulugang pagdalangin o panawagan upang humiling ng isang bagay.

<sup>2</sup> Manipis na balot.

<sup>3</sup> Qur'an 35:13-14.

Imám Abú Dáwud. Ang paniniwala sa Pagtatakda ay naglalaman ng apat na bagay:

1. Ang paniniwala na si Allah ay nakaalam sa bawat bagay sa kabuuan at sa detalye.
2. Ang paniniwala na Siya ay nagsulat na niyon sa Talaang Iniingatan. Nagsabi ang Sugo (SAS): *Isinulat ni Allah ang mga naitakda sa mga nilikha limampung libong taon bago Niya nilikha ang mga langit at ang lupa.* Isinalaysay ito ni Imám Muslim.
3. Ang paniniwala sa kalooban ni Allah na nagaganap na hindi mapipigilan ng anumang anuman at sa kapangyarihan Niya na hindi mapanghihina ng anumang anuman. Ang anumang niloob Niya ay mangyayari at ang anumang hindi niya niloob ay hindi mangyayari.
4. Ang paniniwala na si Allah ay ang Tagapaglikha na nagpairal sa bawat bagay at na ang anumang iba pa sa Kanya ay likha Niya.

**22. Ang nilikha ba ay may kakayahan, kalooban, at pagnanais na tunay? Oo.**

Ang tao ay may kalooban, pagnanais, at kakayahang pumili subalit ang mga ito ay hindi makasusuway sa kalooban ni Allah, pagkataas-taas Niya. Sinabi Niya: **Hindi ninyo lolobin malibang lolobin ni Allah.**<sup>1</sup> Nagsabi naman ang Sugo (SAS): *Gumawa kayo sapagkat bawat tao ay padadaliin sa patutunguhan ng pagkalikha sa kanya.* Isinalaysay ito nina Imám alBukháríy at Imám Muslim. Si Allah ay nagbigay sa atin ng pag-iisip, pandinig, at paningin upang makilala natin ang pagkakaiba ng matuwid at tiwali. Kaya mayroon bang may isip na nagnanakaw at pagkatapos ay magsasabing itinakda na ni Allah sa kanya iyon? Kung sakaling sinabi niya iyon ay hindi siya pagpapaumanhinan ng mga tao. Bagkus ay parurusahan siya at pagsasabihan ding: “Itinakda na ni Allah sa iyo ang parusang iyan.” Kaya ang pagdadahilan at pagpapalusot sa pamamagitan ng Pagtatakda ay hindi ipinahihintulot. Ito ay isang pagpapasinungaling. Nagsabi si Allah: **Sasabihin ng mga nagtambal kay Allah: “Kung sakaling niloob ni Allah ay hindi sana kami nagtambal sa Kanya ni ang mga ninuno namin, at hindi sana kami nagbawal ng anumang.”** Ganoon din nagpasinungaling ang mga nauna sa kanila<sup>2</sup>

**23. Ano ang Ihsán?** Nagsabi ang Propeta (SAS) sa pagtugon sa isang nagtanong sa kanya tungkol sa Ihsán: *Na sambahin mo si Allah na para bagang ikaw ay nakikita sa Kanya sapagkat tunay na kung ikaw man ay hindi nakakikita sa kanya, tunay na Siya ay nakakikita sa iyo.* Ito ang pinakamataas sa tatlong antas ng Relihiyong Islam.

**24. Ano ang mga kundisyon sa pagtanggap [ni Allah] sa matuwid na gawa?** Ang sumusunod ay ang mga kundisyon nito: **1.** Ang Pananampalataya kay Allah at paniniwala sa kaisahan Niya: hindi tatanggapin [ni Allah] ang matuwid na gawa mula sa isang Mushrik. **2.** Ang Kawagasan: sa pamamagitan ng pagnanais sa ikasisiya ng Mukha ni Allah [ang layon sa paggawa]. **3.** Ang Pagsunod sa Propeta (SAS) sa paggawa: sa pamamagitan na pagiging sang-ayon sa katuruang inihatid ng Propeta (SAS). Kaya hindi sasambahin si Allah malibang ayon sa isinabatas Niya.

Kung nawala ang isa sa mga ito, ang gawa ay tatanggihan. Nagsabi si Allah: **Pupunta Kami sa anumang ginawa nila na gawain sa Mundo at gagawin**

<sup>1</sup> Qur'an 76:30.

<sup>2</sup> Qur'an 6:148.

Namin ito na alabok na isinabog.<sup>1</sup>

**25. Kapag nagkasalungatan tayo ay sa ano tayo sasangguni?** Sasangguni tayo sa panuntunang makatotoo at ang hatol doon ay nasa Aklat ni Allah at Sunnah ng Sugo Niya (SAS) yamang nagsabi si Allah: **Kaya kapag nagkahidwaan kayo sa isang bagay ay isangguni ninyo ito kay Allah at sa Sugo,**<sup>2</sup> at nagsabi naman ang Propeta (SAS): *Mag-iwan ako sa inyo ng dalawang bagay na hindi kayo maliligaw habang kumakapit kayo sa dalawang ito: ang Aklat ni Allah at ang Sunnah ng Propeta Niya.* Isinalaysay ito sa alMuwatta'.

**26. Ilan ang mga bahagi ng Tawhíd?** Ang mga bahagi nito ay tatlo: **1. Ang Tawhíd arRubúbíyah (Ang Paniniwala sa Pagkaiisa sa Pagkapanginoon).** Ito ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa mga gawain Niya gaya ng paglikha, pagtustos, pagbibigay-buhay, at iba pa. Ang mga Káfir noon ay kumikilala naman sa uring ito bago pa man isinugo ang Propeta (SAS). **2. Ang Tawhíd al'Ulúhíyah (Ang Paniniwala sa Pagkaiisa sa Pagkadiyos).** Ito ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa pag-uukol sa mga pagsamba gaya ng *saláh*, pamamanata, pagkakawanggawa, at iba pa. Alang-alang sa pagbubukod-tangi kay Allah sa pagsamba ipinadala ang mga sugo at ibinaba ang mga banal na kasulatan. **3. Ang Tawhíd al'Asmá' wa asSifát (Ang Paniniwala sa Pagkaiisa sa mga Pangalan at mga Katangian).** Ito ay ang pagkilala sa anumang kinilala ni Allah at ng Sugo Niya na mga pinakamagandang pangalan at mga pinakamataas na katangian para kay Allah nang walang *tahríf*, walang *ta'tíl*, walang *takyíf* at walang *tamthíl*.<sup>3</sup>

**27. Sino ang walíy<sup>4</sup>?** Siya ang mananampalatayang matuwid na nangingilag magkasala. Nagsabi si Allah: **Pakatandaan, tunay na ang mga katangkilik ni Allah ay walang pangamba sa kanila at hindi sila malulungkot: sila na sumampalataya at laging nangingilag magkasala kay Allah.**<sup>5</sup> Nagsabi naman ang Sugo (SAS): *Ang katangkilik ko lamang ay si Allah at ang matuwid sa mga mananampalataya.* Isinalaysay ito nina Imám alBukháríy at Imám Muslim.

**28. Ano ang isinatungkulin sa atin kaugnay sa mga Sahábí<sup>6</sup> ng Propeta (SAS)?** Ang isinatungkulin sa atin ay ang ibigin sila, ang dumalanging masiyahan si Allah sa kanila, ang maging malinis ang mga puso natin at mga dila natin kaugnay sa kanila,

<sup>1</sup> Qur'an 25:23.

<sup>2</sup> Qur'an 4:59.

<sup>3</sup> Ang *tahríf* ay ang paglilihis sa kahulugan ng anumang katangian Niya palayo sa hayag na kahulugan nito nang walang patunay. Ang *ta'tíl* ay ang pagtangi sa kahulugan ng kinakailangang paniwalaan na mga pangalan at mga katangian na ukol kay Allah, o ang pagtangi sa ilan sa mga ito. Ang *takyíf* ay ang pagsasalaysay sa kalagayan (o detalye) ng mga katangian ni Allah, sa isip o sa salita, gaya ng pagsasabing ang Kamay ni Allah ay ganito at gayon. Ang *tamthíl* ay ang paghahalintulad o ang pagwawangis sa mga katangian Niya sa mga katangian ng mga nilikha o paniwala na ang mga katangian Niya ay nakawawangis ng mga katangian ng mga nilikha. Ang Tagapagsalin.

<sup>4</sup> Ang walíy, sa literal na kahulugan ay katangkilik o tinangkilik ni Allah. Siya ay taong banal at malapit kay Allah. Siya ay maaaring makagawa ng mga himala at mga kababalaghan. Subalit wala talagang nakaalam kung ang isang tao ay walíy bukod pa kay Allah. Kung ituring ng ilang Muslim ang inaakala nilang walíy ay halos gaya ng turing ng mga Katoliko sa santo nila. Hindi ito ipinahihintulot sa Islam.

<sup>5</sup> Qur'an 10:62-63.

<sup>6</sup> Taong nakakita kay Propeta Muhammad, na sumampalataya sa Islam at namatay sa Islam.

ang ipalaganap ang mga kabutihan nila, at ang pagpipigil na itanghal ang mga kasiraan nila at ang anumang hidwaang namagitan sa kanila. Sila ay hindi napangalagaan laban sa pagkakamali subalit sila ay nagsisikap. Ang tumama sa kanila ay may dalawang gantimpala. Ang nagkamali sa kanila may isang gantimpala dahil sa pagsisikap niya at ang pagkakamali niya ay patatawarin. Sila ay may mga kabutihang hindi maaalis ng isang masagwang gawa na nangyari mula sa kanila kung may nangyari man. Nagsabi ang Sugo <sup>(SAS)</sup>: *Huwag ninyong alipustain ang mga Kasamahan ko sapagkat sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya: kung sakaling ang isa sa inyo ay gumugol man ng tulad ng [laki ng bundok ng] Uhud na ginto, hindi iyon makaabot sa isang dakot [na kabutihan] ng isa sa kanila ni sa kalahati niyon.* Isinalaysay ito nina Imám alBukháríy at Imám Muslim.

**29. Magpapalabis ba tayo sa papuri sa Sugo <sup>(SAS)</sup> higit sa antas na ibinigay ni Allah sa kanya?** Walang duda na ang pinuno nating si Muhammad ay ang pinakamarangal sa nilikha ni Allah at ang pinakamainam sa lahat sa kanila. Subalit hindi ipinahihintulot na magpakalabis tayo sa pagpupuri sa kanya gaya ng pagpapakalabis ng mga Kristiyano sa pagpuri kay Jesus na anak ni Maria, sumakanila ang pangangalaga ni Allah, dahil ipinagbawal iyon sa atin ng Sugo <sup>(SAS)</sup> batay sa sabi niya: *Huwag kayong magpakalabis-labis sa papuri sa akin gaya ng pagpakalabis-labis ng mga Kristiyano sa pagpuri sa anak ni Maria sapagkat ako ay isang lingkod lamang. Kaya sabihin ninyo: Lingkod ni Alláh at Sugo Niya.* Isinalaysay ito ni Imám alBukháríy.

**30. Ilan ang mga uri ng takot?** Apat: **1. Isinasatungkulin.** Ito ay ang pagkatakot kay Allah yamang ang Panananmpalataya ay nakasalalay sa dalawang saligan: ang kalubusan ng pag-ibig at ang kalubusan ng pagkatakot. **2. Malaking Shirk.** Ito ay ang pagkatakot sa mga diyos ng mga Mushrik na makapagdulot ang mga ito ng masama. **3. Ipinagbabawal.** Ito ay pagtalikod sa isang isinatungkulin sa Islam o paggawa ng ipinagbabawal dahil sa takot sa mga tao.

4. Ipinahihintulot. Gaya ng likas na pagkatakot sa mabangis na hayop at iba pa.

**31. Ilan ang mga uri ng pananalig?** Tatlo: **1. Isinasatungkulin:** Ito ay ang pananalig kay Allah sa lahat ng bagay sa pagtamo ng mga pakinabang at sa pagtaboy sa mga pinsala. **2. Ipinagbabawal.** Ito ay may dalawang uri: **A. Malaking Shirk.** Ito ay ang lubos na pag-asa sa mga kadahilanan at na ang mga ito ay malayang nakaaapekto sa pagtamo ng pakinabang at pagtaboy ng pinsala. **B. Maliit na Shirk.** Gaya ng pag-asa sa isang tao sa pagtamo ng panustos nang walang kalakip na paniniwala sa malayang kakayahan niya sa pagdulot ng epekto subalit ang pagkahumaling sa kanya ay higit sa paniniwala na siya ay isang dahilan lamang. **3. Ipinahihintulot:** Ito ay ang pagtatalaga ng tao sa iba at pag-asa rito sa isang gagawaing makakaya nito gaya ng pagtitinda at pagbili.

**32. Ilan ang mga uri ng pag-ibig?** Apat. **1. Pag-ibig kay Allah.** Ito ang saligan ng Pananampalataya. **2. Pag-ibig alang-alang kay Allah.** Ito ay ang pagtangkilik sa mga mananampalataya at pag-ibig sa kanila sa kabuuan. Tungkol naman sa mga indibiduwal na Muslim, ang bawat isa ay iibigin ayon sa lapit nito kay Allah at pagtalima nito sa Kanya. Ito ay isinasatungkulin. **3. Pag-ibig kasama kay Allah.** Ito ay pagtatambal ng iba pa kay Allah sa isinasatungkuling pag-ibig gaya ng pag-

ibig ng mga Mushrik sa mga diyos nila. Ito ang saligan ng Shirk. **4. Pag-ibig na likas.** Gaya ng pag-ibig sa mga magulang at mga anak, pagkaibig sa pagkain, at iba pa. Ito ay ipinahihintulot.

**33. Ano ang mga pangkat ng mga tao sa pagtangkilik at pagwawalang-kaugnayan?** Ang mga tao ay tatlong pangkat. **1.** Ang tatangkilikin ng dalisay na pagtangkilik nang walang pagkalaban na kalakip. Sila ang mga dalisay na mananampalataya gaya ng mga propeta at mga matapat. Ang pangulo nila ay ang pinuno nating si Muhammad <sup>(SAS)</sup>, ang mga maybahay niya, ang mga anak niya, at ang mga Kasamahan niya. **2.** Ang hindi tatangkilikin nang lubos bagkus ay magpapawalang-kaugnayan doon. Sila ang mga Káfir na gaya ng mga Ahlulkitáb, mga Mushrik, at mga Munáfiq.<sup>1</sup> **3.** Ang tatangkilikin sa isang banda at magpapawalang-kaugnayan doon sa ibang banda. Sila ang mga sumusuway na mananampalataya. Kaya tatangkilikin sila dahil sa taglay nilang pananampalataya at kasusuklaman sila dahil sa taglay nilang mga pagsuway. Ang pagwawalang-kaugnayan sa Kufr<sup>2</sup> ng mga Káfir ay ang pagkasuklam sa Kufr nila, ang hindi pagpapasimula sa pagbati sa kanila, ang hindi pagpapakaaba sa kanila o hindi paghanga sa kanila, at ang hindi paglikas sa bayan nila. Ang pagtangkilik sa mga mananampalataya ay sa pamamagitan ng paglikas sa kanila sa mga bayan ng Islam kapag makakaya, pakikipagtulungan sa kanila at pagkampi sa kanila sa pamamagitan ng sarili at yaman, ang pagkadama ng sakit at tuwa sa anumang nagaganap sa kanila, at ang pagkaibig ng kabutihan para sa kanila.

**Ang pagtangkilik sa mga Káfir ay dalawang uri: 1.** Ang anumang nagiging dahilan ng pagkatiwalag at paglabas sa Islam gaya ng pagkampi sa mga Káfir at pakikipagtulungan sa kanila laban sa mga Muslim, o ang hindi paniniwala sa pagiging Káfir nila o pagsasawalang-kibo sa pagiging Káfir nila o pagdududa roon. **2.** Ang anumang mababa pa roon na kabilang sa mga malaking kasalanan at mga kinasusuklaman gaya ng pakikilahok sa kanila sa mga pagdiriwang nila o pagbati sa kanila sa mga ito, o ng pagwangis sa kanila. May nagaganap na kalituhan at kaguluhan paminsan-minsan sa pagitan ng kagandahan ng pakikitungo sa mga Káfir (na hindi nakikidigma laban sa mga Muslim) at ng pagkasuklam sa Kufr ng mga Káfir at pagwawalang-kaugnayan sa Kufr nila. Nararapat ang paglilinaw sa pagkakaiba sa pagitan ng dalawa. Ang kagandahan ng pakikitungo sa kanila nang walang pagmamahal na lihim gaya ng kabaitan sa mahina sa kanila at kalumayan sa pakikipag-usap sa kanila bilang pagpapakabanayad sa kanila at awa hindi bilang pagkatakot sa kanila at kaabahan ay isang bagay na may sinabi si Allah tungkol dito: **Hindi kayo sinasaway ni Allah hinggil sa mga hindi kumalaban sa inyo dahil sa relihiyon at hindi nagpapalisan sa inyo mula sa mga tahanan ninyo na makipagmabutihan kayo sa kanila at makatarungang makitungo sa kanila.**<sup>3</sup> Kaya maaari ang katarungan sa pakikitungo sa kanila kalakip ng pagkasuklam sa Kufr nila at hindi pagmamahal sa kanila gaya ng ginawa ng Sugo sa mga Hudyo sa

<sup>1</sup> Ang nagpapanggap o nagkukunwaring sumasampalataya sa Islam.

<sup>2</sup> Kawalang pananampalataya o pagtanggap sumampalataya.

<sup>3</sup> Qur'an 60:8.



Madínah.

**34. Ang mga Ahlulkitáb ba ay mga mananampalataya?** Ang mga Hudyo, ang mga Kristiyano, at ang mga tagasunod ng iba pang mga relihiyon ay mga Káfir kahit pa man sila ay sumusunod sa isang relihiyong ang orihinal nito ay tumpak. Ang sinumang hindi nag-iwan ng relihiyon niya matapos na isinugo ang Propeta Muhammad <sup>(SAS)</sup> at hindi yumakap sa Islam, **hindi iyon matatanggap mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga malulugi.**<sup>1</sup> Kapag hindi naniwala ang Muslim sa pagiging Káfir nila o nagduda sa kawalang-saysay ng relihiyon nila, naging Káfir na rin ito dahil sinalungat nito ang hatol ni Allah at ng Sugo Niya. Nagsabi si Allah: **Ang sinumang tumangging sumampalataya rito kabilang sa mga magkakampi, ang Apoy ay ipinangakong hahantungan niya.**<sup>2</sup> Ang tinutukoy rito ng **mga magkakampi** ay ang mga kaanib ng ibang mga kapaniwalaan. Nagsabi naman ang Sugo <sup>(SAS)</sup>: *Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ni Muhammad ay nasa kamay Niya: Kapag may nakaririnig tungkol sa akin na isang kapanahon ng kalipunang ito maging Hudyo man ni Kristiyano pagkatapos ay namatay nang hindi sumampalataya sa ipinasugo sa akin, siya ay magiging kabilang sa mga mananahan sa Apoy.* Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

**35. Ipinahihintulutan bang gawan ng paglabag sa katarungan ang Káfir?** Ang paglabag sa katarungan ay ipinagbabawal batay sa sabi ni Allah [sa Hadíth Qudsí]: **Tunay na Ako ay nagbawal sa sarili Ko ng paglabag sa katarungan at ginawa Ko ito sa gitna ninyo na ipinagbabawal kaya huwag kayong maglabagan sa katarungan.** Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Ang mga Káfir ay dalawang pangkat kaugnay sa pakikitungo sa kanila.

**1. Ahlu ‘Ahd** (ang may kasunduan sa mga Muslim). **Sila ay tatlong uri:**  
**A. Ahludh dhimmah** (ang mga taong nagtatamasa ng pangangalaga ng bayang Muslim). Sila ay ang mga nagbabayad ng jizyah.<sup>3</sup> Ang mga ito nagtatamasa ng palagiang pangangalaga. Nakipagkasundo sila sa mga Muslim sa kundisyong ipatutupad sa kanila ang batas ni Allah at ng Sugo Niya para sa pananatili nila sa lupain ng Islam. Sila ay tulad ng mga nanirahan sa bayan ng Islam. **B. Ahluhudnah** (ang mga taong nakipagkasundo ng kapayapaan sa bayang Muslim). Sila ay ang mga nakipagkasundo sa mga Muslim sa kundisyong manatili sa lupain ng mga Muslim. Ang mga ito ay hindi isinasailalim sa mga batas ng Islam gaya ng pagkakasailalim ng ahludh dhimmah subalit kailangan nilang magpigil sa pakikidigma sa mga Muslim, gaya ng mga Hudyo noong kapanahunan ng Propeta <sup>(SAS)</sup>. **C. Ahlu’amán at Musta’mín** (ang mga taong matiwasay at naghahanap ng katiwasayan sa piling ng mga Muslim). Sila ang mga pumupunta sa mga bayan ng mga Muslim dahil sa pangangailangang manirahan sa mga ito gaya ng mga naglilingkod sa pasuguan, mga mangangalakal, mga nagpakandili, mga dumadalaw, at mga tulad nila. Ang batas kaugnay sa kanila ay na hindi sila papatayin at hindi kukuha sa kanila ng jizyah. Ang nagpapakandili ay aaluking yumakap sa Islam. Kung pumasok ito sa Islam ay mabuti

<sup>1</sup> Qur’an 3:85.

<sup>2</sup> Qur’an 11:17.

<sup>3</sup> Buwis ng mga hindi Muslim sa isang bayang Muslim kapalit ng pangangalaga sa kanila.

iyon. Kung ibig niyang dumating sa pook na ligtas siya, pararatingin siya at walang hahadlang sa kanya.

**2. Ahlu Harb** (ang taong may digmaan laban sa mga Muslim). Sila ang mga hindi pumasok sa kasunduang magtamo ng pangangalaga ng mga Muslim at hindi nagtatamasa ng katiwasayang dulot ng mga Muslim at ng kasunduan sa mga Muslim. Sila ay ilang uri: ang mga kumakalaban sa mga Muslim sa gawa at nagsasabwatan laban sa mga ito, ang mga nagpahayag ng pakikidigma laban sa Islam at mga Muslim o pumanig sa mga kaaway ng Islam. Ang mga ito ay kakalabanin at lilipulin sa digmaan.

**36. Ano ang bid'ah'?** Sinabi ni Ibnu Rajab, kaawaan siya ni Allah: “Ang ibig sabihin ng bid'ah ay ang anumang ginawa-gawang bago na walang batayan sa Shari'ah na maipatatunay rito. Tungkol naman sa anumang may batayan sa Shari'ah na maipatatunay rito, ito ay hindi bid'ah sa katawagang panterminolohiya kahit pa man ito ay bid'ah katawagang pangwika.”

**37. Sa Islam ba ay may magandang bid'ah at masagwang bid'ah?** Nasaad ang mga Áyah at ang mga Hadíth kaugnay sa pagpula sa mga bid'ah na pinatutungkulan ng Shari'ah at ito ay ang anumang ginawa-gawang bago at walang batayan sa Shari'ah yamang nagsabi ang Sugo <sup>(SAS)</sup>: *Ang sinumang gumawa ng isang gawaing hindi batay sa kautusan namin, ito ay tatanggihan.* Isinalaysay ito nina Imám alBukháríy at Imám Muslim. Nagsabi pa ang Sugo ni Allah: *Mag-ingat kayo sa mga bagong ginawa-gawa sapagkat tunay na ang bawat bagong ginawa-gawa ay bid'ah at ang bawat bid'ah ay pagkaligaw.* Isinalaysay ito ni Imám Abú Dáwud. Nagsabi si Imám Málik, kaawaan siya ni Allah, tungkol sa pang-Shari'ah na kahulugan ng bid'ah: “Ang sinumang gumawa-gawa sa Islam ng isang bid'ah na itinuturing niya na maganda ay nag-akala nga na si Muhammad <sup>(SAS)</sup> ay nagtaksil sa pagkasugo dahil si Allah ay nagsasabi: **Sa araw na ito ay nilubos Ko para sa inyo ang Relihiyon ninyo, binuo Ko sa inyo ang pagpapala Ko.**<sup>2</sup>” May nasaad sa ilan sa mga Hadíth na nagpupuri sa bid'ah ayon sa pangwikang kahulugan nito. Ito ay ang anumang nasaad sa katuruan ng Islam ngunit ito ay nakalimutan kaya hinimok ng Propeta <sup>(SAS)</sup> ang pagpapaalala nito sa mga tao gaya ng sabi niya <sup>(SAS)</sup>: *Ang sinumang nagpasimula sa Islam ng isang magandang kalakaran ay magtatamo siya ng kabayaran doon at kabayaran ng sinumang gumawa ng ayon doon na hindi nakababawas ng anuman mula sa mga kabayaran nila.* Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Ayon sa kahulugang ito nasaad ang sabi ni 'Umar <sup>(RA)</sup>: Kay inam na bid'ah ito! Tinutukoy niya ang saláh na taráwíh sapagkat ito ay isinabatas. Hinimok ng Propeta ang pagsasagawa nito at dinasal niya ng tatlong gabi pagkatapos ay itinigil niya sa pangambang baka isatungkulin ito. Kaya dinasal ito ni 'Umar <sup>(RA)</sup> at tinipon niya ang mga tao para rito.

<sup>1</sup> Ang bid'ah ay isang bagay o gawain o paniniwala na inimbento na wala naman dati; ngunit kadalasang ang bid'ah ay tumutukoy sa bid'ah sa relihiyon, na maaaring mangahulugang: inimbentong bagong paniniwala o gawaing inaakalang tanggap sa Islam o mula sa Islam ngunit walang batayan sa Qur'an at Sunnah.

<sup>2</sup> Qur'an 5:3.

### 38. Ilan ang mga uri ng Nifáq?<sup>1</sup> Dalawang uri:

**1. Nifáq na pampaniniwala o malaki.** Ito ay ang pagpapalitaw ng pananampalataya at ang pagkukubli ng kawalang pananampalataya. Ito ay nakapagpapalabas sa tao sa Islam. Kapag namatay ang nagtataglay nito habang siya ay nagpupumilit dito, namatay siya sa kawalang pananampalataya. Nagsabi si Allah: **Tunay na ang mga nagkukunwaring sumasampalataya ay malalagay sa pinakamababang palapag ng Apoy,**<sup>2</sup> Kabilang sa mga katangian nila ay na sila ay nagtatangkang linlangin si Allah at ang mga sumampalataya, nangungutya sa mga mananampalataya at kumakampi sa mga Káfir laban sa mga Muslim. Nagnanais sila sa pamamagitan ng mga matuwid gawa nila ng layuning makamundo.

**2. Nifáq na panggawain o maliit.** Hindi ito nakapagpapalabas sa tao sa Islam subalit siya ay nasa ilalim ng isang panganib na magpapahantong sa kanya sa malaking Nifáq kung hindi siya magbabalik-loob. Ang nagtataglay nito ay may mga katangiang ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod: Kapag nagsalita siya ay nagsisinungaling siya, na kapag nangako siya ay nagtatalusira<sup>3</sup> siya, kapag nakipagtalo siya ay nagsasalita siya nang marahas, kapag nakipagkasunduan sa kanya ay nandadaya siya, at kapag pinagkatiwalaan siya ay nagtataksil siya. Kaya mag-ingat ka, kapatid ko, na mapasaiyo ang isang mga katangiang ito at tuusin mo ang sarili mo.

**39. Kinakailangan ba sa Muslim na mangamba sa Nifáq?** Oo, sapagkat ang mga *Sahábíy* (RA) ay nangangamba noon sa Nifáq na panggawain. Nagsabi si Ibnu Abí Mulaykah, kaawaan siya ni Allah: “Nakaabot ako ng tatlumpo sa mga Kasamahan ng Propeta (SAS). Lahat sila ay nangangamba sa Nifáq sa sarili nila.” Nagsabi naman si Ibráhím atTaymíy, kaawaan siya ni Allah: “Hindi ko inihambing ang sabi ko sa gawa ko nang hindi ako nangamba na ako ay maging isang sinungaling.” Nagsabi naman si Hasan alBasríy, kaawaan siya ni Allah: “Walang nangangamba roon kundi isang mananampalataya at walang natitiwasay roon kundi isang nagkukunwaring sumasampalataya.” Nagsabi naman si ‘Umar (RA) kay Hudhayfah (RA): “Nakikiusap ako sa iyo, sumpa man kay Allah; binanggit ba ako sa iyo ng Sugo ni Allah (SAS) na kabilang sa kanila, ibig sabihin ay kabilang sa mga nagkukunwaring sumampalataya?” Nagsabi ito: “Hindi. Hindi na ako magpapatotoo ng kalinisang-budhi sa isa man matapos mo.”

**40. Ano ang pinakasukdulan sa mga pagkakasala at ang pinakamalaki sa mga ito sa ganang kay Allah?** Ito ay ang pagtatambal (Shirk) kay Allah, pagkataas-taas Niya yamang sinabi Niya: **Tunay na ang pagtatambal kay Allah ay talagang isang sukdulang paglabag sa katarungan.**<sup>4</sup> Noong tinanong ang Sugo (SAS) kung aling pagkakasala ang pinakasukdulan ay sinabi niya: **Na gawan mo si Allah ng isang kaagaw samantalang Siya ay lumikha sa iyo.** Isinalaysay ito nina Imám alBukháríy at Imám Muslim.

<sup>1</sup> Pagpapanggap na sumasampalataya. Ang gumagawa nito ang nagpapanggap na sumasampalataya ay tinatawag na Munáfiq.

<sup>2</sup> Qur’an 4:145.

<sup>3</sup> Sumisira sa pangako

<sup>4</sup> Qur’an 31:13.

**41. Ilan ang mga uri ng Shirk?** Dalawang uri: **1. Shirk na malaki.** Inilalabas nito ang tao sa Islam at hindi patatawarin ni Allah ang nagtataglay nito<sup>1</sup> batay sa sabi Niya: **Tunay na si Allah ay hindi magpapatawad na tambalan Siya ngunit mapatatawad Niya ang anumang mababa pa roon<sup>2</sup> sa kaninumang loloobin Niya.<sup>3</sup> Ang mga bahagi nito ay apat: A.** Ang Shirk sa panalangin at paghiling. **B.** Ang Shirk sa paglalayon, pagnanais, at pagbabalak sa pamamagitan ng paggawa ng mga matuwid na gawa alang-alang sa iba pa kay Allah. **C.** Ang Shirk sa pagtalima sa pamamagitan ng pagtalima sa mga maalam sa pagbabawal ng anumang ipinahintulot ni Allah o pagpapahintulot sa anumang ipinagbawal Niya. **D.** Ang Shirk sa Pag-ibig sa pamamagitan ng pag-ibig sa isa gaya ng pag-ibig kay Allah.

**2. Shirk na maliit.** Hindi nito inilalabas sa Islam ang nagtataglay nito gaya ng tagong Shirk at ito ay ang kaunting pagpapakitang-tao.

**42. Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng Shirk na malaki at maliit?** Kabilang sa mga pagkakaiba sa pagitan ng dalawang ito ay na ang Shirk na malaki ay nahahatulan ang nagtataglay nito ng paglabas sa Islam sa Mundo at ng pananatili sa Impiyerno sa Kabilang-buhay. Ang Shirk na maliit naman ay hindi nahahatulan ang nagtataglay nito ng kawalang pananampalataya sa Mundo at hindi siya pananatilihin sa Impiyerno sa Kabilang-buhay. Ang Shirk na malaki ay nagpapawalang kabuluhan sa lahat ng mga mabuting nagawa samantalang ang Shirk na maliit ay nagpapawalang kabuluhan lamang sa gawaing naugnay rito. May natitirang isang usaping pinagtatalunan: Ang Shirk na maliit ba ay hindi patatawarin maliban kung may pagbabalik-loob gaya ng Shirk na malaki o ito ay gaya ng mga malaking kasalanan na nasa ilalim ng kalooban ni Allah [ang kapatawaran]? Ang usapin ay lubhang mapanganib.

**43. Ang Shirk na maliit ba ay may mga halimbawa?** Oo. Ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod: **1.** Ang kaunting pagpapakitang-tao ayon sa sabi ng Sugo (SAS): *Tunay na ang higit pinangangambahan sa anumang pinangangambahan ko sa para sa inyo na Shirk na maliit ay ang pagpapakitang-tao.* Isinalaysay ito ni Imám Ahmad. **2.** Ang pagsumpa sa iba pa kay Allah. **3.** Ang tatayyur.<sup>4</sup> Ito ay ang pagtuturing na malas ang ilan sa mga ibon, mga pangalan, mga pananalita, mga lugar, at iba pa.

**44. Ang Shirk na maliit na ito ba ay may pananggalang bago ito maganap o may panakip-sala kung naganap na?** Oo. Ang pananggalang laban sa pagpapakitang-tao ay sa pamamagitan ng paghahangad sa pamamagitan ng mabuting gawa ng ikasisiya ng mukha ni Allah. Ang [pananggalang sa] kaunti nito ay sa pamamagitan ng panalangin. Nagsabi ang Sugo: **O mga tao, pangilagan ninyo ang Shirk na ito sapagkat ito ay higit na tago kaysa sa paggapang ng langgam.** Sinabi naman sa kanya: At papaano naming pangilingilan ito samantalang ito ay higit na tago kaysa sa paggapang ng langgam. Nagsabi siya:

<sup>1</sup> Kung hindi pinagsisihan.

<sup>2</sup> Kahit hindi pinagsisihan.

<sup>3</sup> Qur'an 4:48.

<sup>4</sup> Ang literal na kahulugan ng tatayyur ay ang pagtuturing na malas na makakita ng ibon sa isang takdang sandali. Katulad ito ng pamahiin sa atin na malas daw ang makakita ng isang itim na pusa sa isang takdang sandali. Sa kabuuan ito ay ang pag-uugnay ng kamalasan sa anumang bagay o pangyayari.

Sabihin ninyo: **Alláhumma inná na‘údhū bika min an nushrika bika shay’an na‘lamuhu wa nastaghfiruka limá lá na‘lamh.**<sup>1</sup> Isinalaysay ito ni Imám Ahmad.

**45. Ilan ang mga bahagi ng pagpapakitang-tao?** Apat: **1. Na ang pagpapakitang-tao** ay ang dahilan ng paggawa [ng mabuti] gaya ng kalagayan ng mga nagtataglay ng Nifáq na malaki. **2. Na ang paggawa** [ng mabuti] ay para kay Allah at sa pagpapakitang-tao nang magkasama. Ang uring ito at ang nauna rito ay nagkakasala at hindi nagagantimpalaan ang nagtataglay nito at ang gawa niya ay ibabalik sa kanya. **3. Na ang paggawa** [ng mabuti] ay para kay Allah at pagkatapos ay pinasok ito ng layuning magpakitang-tao. Kung tinangka niyang itulak ang pagpapakitang-tao at inayawan ito, hindi siya mapipinsala nito. Kung napapahalaga siya rito at napapanatag ang sarili niya rito, tunay na ang gawang ito ay mawawalang-saysay. **4. Na ang pagpapakitang-tao** ay matapos gumawa [ng mabuti]. Ito ay mga bulong ng demonyo na walang epekto sa gawang [mabuti] at gumagawa [ng mabuti]. May mga tagong uri ng pagpapakitang-tao kaya maging maingat ka laban sa mga iyon.

**46. Ilan ang mga uri ng Kufr?**<sup>2</sup> Dalawang uri:

**1. Kufr na malaki.** Inilalabas nito ang tao sa Islam. Ito ay may limang bahagi: **A.** Ang Kufr na dulot ng pagpapasinungaling. **B.** Ang Kufr na dulot ng pagmamalaki kalakip ng paniniwala. **C.** Ang Kufr na dulot ng pagdududa. **D.** Ang Kufr na dulot ng pag-ayaw. **E.** Ang Kufr na dulot ng Nifáq.

**2. Kufr na maliit.** Ito ay Kufr na dulot ng pagsuway. Hindi nito inilalabas sa Islam ang nagtataglay nito, gaya ng pagpatay ng isang Muslim.

**47. Ano ang hatol sa pamamanata?** Ipinagbawal ng Sugo (SAS) ang pamamanta at sinabi niya: *Tunay na ito ay walang nadadalang mabuti.* Isinalaysay ito ni Imám alBukháríy. Ito ay kapag ang pamamanata ay wagas na ukol kay Allah. Kapag ang pamamanata naman ay ukol sa iba pa kay Allah gaya ng isang namamanata sa isang puntod o sa isang walíy raw, tunay na ito ay isang ipinagbabawal na pamamanata at hindi ipinahihintulot na tuparin ito.

**48. Ano ang hatol sa panggagaway?**<sup>3</sup> Ang panggagaway ay umiiral. Ang katotohanan nito ay batay sa ilusyon ayon sa sabi ni Allah: **Walang anu-ano, ang mga lubid nila at ang mga tungkod nila ay lumitaw sa paningin niya – dahil sa panggagaway nila – na ang mga ito ay mabilis na gumagapang.**<sup>4</sup> Ang pag-epekto nito ay napagtibay na nasaad sa Qur’an at Sunnah. Ito ay bawal at malaki at sukdulang kasalanan ayon sa sinabi ng Sugo (SAS): *Iwasan ninyo ang pitong nakapapahamak.* Nagsabi sila: “O Sugo ni Allah, at ano po ang mga iyon?” Nagsabi siya: *Ang panggagaway,...* Isinalaysay ito nina Imám alBukháríy at Imám Muslim. Ayon din sa sabi naman ni Allah: **Kami ay tukso lamang, kaya huwag kang**

1 O Allah, tunay na kami ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagtatambal namin sa Iyo ng anumang nalalaman namin at humihingi kami sa Iyo ng tawad para sa anumang hindi namin nalalaman.

2 Ang Kufr ay ang kawalan ng pananampalataya o ang pagtanggap sumampalataya.

3 Ang panggagaway ay gawaing gumagamit ng karunungan itim o ng pagpapatulong sa mga jinn at demonyo. Ang pangungulam ay isang uri ng panggagaway. Tinawag ito sa Ingles na sorcery. Ang mahika o magic, kapag bilis lamang ng kamay at walang halong gawaing makademonyo, ay hindi panggagaway.

4 Qur’an 20:66.

tumalikod sa pananampalataya.<sup>1</sup> Tungkol naman sa isang sanaysay na nagsasabing: “Mag-aral kayo ng panggagaway at huwag ninyong gawin,” at ang mga tulad nito, ang mga ito ay mga Hadíth na pinasinungalingan at hindi tumpak.

**49. Ano ang hatol sa pagpunta sa nanghuhula sa nangyari na at nanghuhula sa mangyayari pa?** Ito ay ipinagbabawal. Kung pumunta siya sa kanila upang humingi ng maidudulot nilang kapakinabangan subalit hindi siya naniniwala sa pag-aangkin nila ng kaalaman sa nakalingid, hindi tatanggapin sa kanya ang *saláh* sa loob ng apatnapung araw ayon sa sabi ng Sugo (SAS): *Ang sinumang pumunta sa isang manghuhula at nagtanong doon ng anuman ay hindi tatanggapin mula sa kanya ang saláh sa apatnapung araw.* Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Kung pumunta naman siya sa kanila at naniwala sa kanila sa pag-aangkin nila ng kaalaman sa nakalingid ay tumanggi nga siyang sumampalataya sa Relihiyon ni Muhammad (SAS) ayon sa sabi nito (SAS): *Ang sinumang nagsadya sa isang manghuhula at naniwala rito sa sinasabi nito ay tumanggi na nga siyang sumam-palataya sa ibinaba kay Muhammad.* Isinalaysay ito ni Imám Abú Dáwud.

**50. Kailan ang paghingi ng ulan sa pamamagitan ng mga bituin maging Shirk na malaki o maliit?** Ang sinumang naniwala na ang bituin ay may epektong dulot na hindi saklaw ng kalooban ni Allah ay iniugnay niya ang ulan sa bituin sa paglikha at paggawa nito. Ito ay isang Shirk na malaki. Ang sinumang naniwala naman na ang bituin ay may epektong dulot na saklaw ng kalooban ni Allah, na si Allah ay gumawa rito bilang isang dahilan sa pagbaba ng ulan, na Siya ay nagpahirati sa pagkakaroon ng ulan sa paglitaw ng bituin na iyon, ito ay ipinagbabawal at isang Shirk na maliit dahil siya gumawa roon bilang isang dahilan nang walang patunay mula sa Islam o kamalayan o matinong pag-iisip. Ang paghuhulo naman sa pamamagitan ng mga bituin ng pagsapit ng mga panahon ng isang taon at mga oras ng pagbaba ng ulan ay ipinahihintulot.

**51. Ilan ang mga bahagi ng mga pagsuway [al ma‘asi]?** Dalawang bahagi: **1. Mga malaking pagsuway.** Ang mga ito ay ang anumang may nabanggit na parusa sa Mundo at banta sa Kabilang-buhay, o galit, o sumpa, o pagkakaila ng pananampalataya. **2. Mga maliit na pagsuway.** Ang mga iyon ay ang anumang mababa pa sa mga malaking iyon.

**52. May mga dahilan ba na nagpapabago sa mga maliit na pagkasasala upang maging mga malaking pagkakasala?** Oo, mayroong maraming dahilan. Ang pinakamahalaga sa mga ito ay ang sumusunod: Ang pagpupumilit sa pananatili sa mga maliit na pagsuway, o ang pag-ulit-ulit sa mga ito, o ang pagmamaliit sa mga ito, ang pagmamalaki sa pagtamo sa mga ito, o ang pagpapakita sa paggawa ng mga ito.

**53. Ano ang hatol sa pagbabalik-loob [Tawbah]?** Papanong tatanggapin? Ang pagbabalik-loob ay kinakailangan kaagad-agad. Ang pagkakasadlak sa pagkakasala ay hindi problema mismo sapagkat ito ay kalikasan ng tao. Nagsabi ang Sugo (SAS): *Bawat anak ni Adan ay mapagkamali at ang pinakamainam sa mga*

<sup>1</sup> Qur’an 2:102. Sinipi ni Allah rito ang sinabi ng dalawang anghel.

*mapagkamali ay ang mga mapagbalik-loob.* Isinalaysay ito ni Imám atTirmidhíy. Nagsabi pa ang Sugo (SAS): *Kung sakaling hindi kayo nagkasala ay talagang inalis na sana ni Allah kayo at talagang nagpalitaw na sana Siya ng mga taong nagkakasala at pagkatapos ay humihingi ng tawad sa Kanya at magpapatawad naman Siya sa kanila.* Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Subalit ang mali ay ang pagpupumilit sa pananatili sa pagkakasala at pagpapaliban sa pagbabalik-loob. Nagsabi si Allah: **Ang pagtanggap ng pagbabalik-loob ay kay Allah lamang para sa mga nakagagawa ng kasagwaan dala ng kamangmangan at pagkatapos ay nagbabalik-loob kaagad kaya ang mga iyon ang tatanggapin ni Allah ang pagbabalik-loob nila.**<sup>1</sup>

**Ang pagtanggap ng pagbabalik-loob [Tawbah] ay may mga kundisyon: 1.** Ang pagkalas sa pagkakasala, **2.** Ang pagsisisi sa anumang nagdaang pagkakasala, **3.** Ang pagtitika na hindi manunumbalik sa pagkakasala sa hinaharap. **4.** Kapag ang pagkakasala ay nakaugnay sa paglabag sa mga karapatan ng isang tao, kailangang ibalik ang mga nalabag na karapatan sa may-ari ng mga ito.

**54. Ang pagbabalik-loob ba ay naaangkop sa lahat ng mga pagkakasala? Kailan natatapos ang panahon nito? Ano ang gantimpala sa nagbalik-loob?**

Oo, ang pagbabalik-loob ay naaangkop sa lahat ng mga pagkakasala. Ito ay mananatili hanggang sa sumikat ang araw sa kanluran nito, o hanggang sa gumaralgal ang kaluluwa sa sandali ng mga pasakit ng kamatayan. Ang gantimpala ng nagbalik-loob kung naging tapat siya sa pagbabalik-loob niya ay papalitan ang mga masagwang gawa niya ng mga magandang gawa, kahit pa man umabot sa mga ulap ng langit sa dami.

**55. Ano ang tungkulin sa namamahala sa kapakanan ng mga Muslim?** Ang tungkulin sa kanila ay ang makinig at ang tumalima sa kanila sa kaiga-igaya at kasuklam-suklam na sandali. Hindi ipinahihintulot ang paghihimagsik laban sa kanila kahit pa man nakagawa sila ng labag sa katarungan. Hindi tayo mananalangin laban sa kanila. Hindi natin aalisin ang pagtalima sa kanila. Ipananalangin natin para sa kanila ang pagkamatuwid, ang kalusugan, at ang katumpakan. Itinuturing natin na pagtalima sa kanila ay bahagi ng pagtalima kay Allah habang sila ay hindi nag-uutos ng pagsuway. Ngunit kung nag-utos sila ng pagsuway, ipinagbabawal ang pagtalima sa kanila roon at kinakailangan naman ang pagtalima sa iba pa roon ayon sa nakabubuti. Nagsabi ang Sugo (SAS): *Makikinig ka at tatalima ka sa pinuno, at kahit pa hinagupit ang likod mo at kinuha ang ari-arian mo ay makinig ka at tumalima ka.* Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

**56. Pinapayagan ba ang pagtatanong tungkol sa katwiran ni Allah sa mga pag-uutos at mga pagsaway Niya?** Oo, sa kundisyong hindi ikakapit ang pananampalataya o ang paggawa sa pagkakaalam ng katwiran at sa pagkakumbinsi rito. Ang pagkaalam ay magiging karagdagan lamang sa tibay ng pagkakilala ng mananampalataya sa katotohanan. Subalit ang ganap na

<sup>1</sup> Qur'an 4:17.

pagpapasakop at ang hindi pagtatanong ay isang patunay sa kalubusan ng pagpapakaalipin kay Allah at ng pananampalataya sa Kanya at sa lubos na katwiran Niya gaya ng kalagayan ng mga *Sahábíy* (RA).

**57. Ano ang tinutukoy ng sinabi ni Allah: Ang anumang dumapo sa iyo na maganda ay mula kay Allah at ang anumang dumapo sa iyo na masagwa ay mula sa sarili mo. Isinugo ka Namin sa mga tao bilang sugo?**<sup>1</sup> Ang tinutukoy ng **maganda** rito ay ang biyaya at ang **masagwa** naman ay ang kasawian. Ang lahat ay itinakda ni Allah. Kaya ang magandang pangyayari ay inuugnay kay Allah dahil Siya ang nagmagandang-loob nito. Ang masagwang pangyayari naman ay nilikha Niya dahil sa isang katwiran. Sa pagsasaalang-alang sa katwirang iyon, ito ay bahagi ng pagmamagandang-loob Niya sapagkat tunay na Siya ay hindi gumagawa ng isang masagwang bagay kailanman. Bagkus ang gawain Niya ay lahat maganda. Sinabi ng Propeta (SAS): **Ang kabutihan, ang lahat ng ito, ay nasa mga kamay Mo at ang kasamaan ay hindi nauugnay sa Iyo.** Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Kaya ang mga gawa ng tao ay nilikha ni Allah at ito naman ay tinamo ng mga tao sa mismong sandali [ng paglikha]. Nagsabi si Allah: **Kaya ang sinumang nagbigay ng kawanggawa at nangilag magkasala, at naniwala sa pinakamagandang pahayag;**<sup>2</sup> magpapadali Kami sa kanya para sa ikagiginhawa. Ngunit tungkol naman sa sinumang nagmaramot at nag-akalang makapagsasarili, at nagpasinungaling sa pinakamagandang pahayag; magpapadali Kami sa kanya para sa ikapaghihirap.<sup>3</sup>

**58. Ipinahihintulot ba na sabihin ko na si Polano ay isang [Shahid] martir?** Ang paghusga sa isang takdang tao ng pagkamartir ay gaya ng paghusga sa kanya ng pagpasok sa Paraiso. Ang katuruan ng Ahlussunnah ay na hindi tayo magsasabi hinggil isang takdang taong kabilang sa mga Muslim na siya ay kabilang sa mga maninirahan sa Paraiso o kabilang sa mga maninirahan sa Impiyerno maliban sa isang taong nagpabatid ang Propeta (SAS) ng tungkol sa kanya: na siya ay kabilang sa mga maninirahan sa isa sa dalawa. Ito ay dahil sa ang reyalidad ay nakakubli. Hindi natin natatalos kung sa anong kalagayan namatay ang isang tao. Ang mga gawain ay hinuhusguhan ayon sa mga pangwakas na gawain. Ang nakaaalam sa layunin ay si Allah. Subalit inaasahan natin ang gantimpala para sa gumagawa ng maganda at pinangangambahan natin ang parusa para sa gumagawa ng masagwa.

**59. Ipinahihintulot bang husgahan ang isang takdang Muslim ng kawalang-pananampalataya?** Hindi ipinahihintulot na husgahan ang isang Muslim ng kawalang-pananampalataya, ni ng paggawa ng Shirk, ni ng Nifáq kapag hindi lumitaw mula sa kanya ang anumang nagpapatunay roon at hindi napasusubalian ang mga patunay na salungat sa paratang. Ipinaubaya natin kay Allah ang kinikimkim ng puso niya.

<sup>1</sup> Qur'an 4:79.

<sup>2</sup> O gantimpala. Ang pahayag na tinutukoy rito ay ang pagpapahayag na walang tunay na Diyos kundi si Allah.

<sup>3</sup> Qur'an 92:5-10.



**60. Ipinahihintulot ba na magsagawa ng ṭawáf sa iba pa sa Ka‘bah?** Walang pook sa lupa na ipinahihintulot pagsagawaan ng ṭawáf maliban sa Ka‘bah at hindi ipinahihintulot na iwangis dito ang alimang pook maging gaano man ang dangal nito. Ang sinumang nagsagawa ng tawáf sa iba pa sa Ka‘bah bilang pagdakila roon ay sinuwang nga niya si Allah.

**61. Ano ang mga tanda ng Malaking Huling Sandali?**<sup>1</sup> Nagsabi ang Propeta (SAS): *Tunay na ito ay hindi sasapit hanggat hindi kayo nakakikita bago nito ng sampung tanda.* Pagkatapos ay binanggit niya: *ang usok, ang Dajjál,<sup>2</sup> ang malaking hayop, ang pagsikat ng araw sa kanluran nito, ang pagbaba ni Jesus na anak ni Maria (AS), ang Ya‘júj at ang Ma‘júj,<sup>3</sup> tatlong paglamon ng lupa: paglamon ng lupa sa silangan, paglamon ng lupa sa kanluran, at paglamon ng lupa sa Arabia, at ang panghuli niyon ay apoy na lalabas sa Yemen na magtutulak sa mga tao patungo sa pagtitipunan nila.* Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

**62. Ano ang pinakasukdulang tukso na daraan sa mga tao?** Nagsabi ang Propeta (SAS): *Sa pagitan ng paglikha kay Adan hanggang sa pagsapit ng Huling Sandali ay walang bagay na higit na malaki [ang tukso] kaysa kay Dajjál.* Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Siya ay isang lalaking kabilang sa mga Anak ni Adan. Darating siya sa wakas ng panahon. May nakasulat na K F R sa pagitan ng mga mata niya, na mababasa ng bawat mananampalataya. Siya ay kirat sa kanang mata. Para bagang ang mata niya ay isang ubas na nakaluwa. Sa unang sandali ng paglitaw niya ay sasabihin niyang siya ay matuwid, pagkatapos ay propeta, pagkatapos ay diyos. Pupunta siya sa mga tao at aanyayahan niya sila ngunit pasisinungalingan nila siya at tututulan ang sinasabi niya. Kaya lilisan siya palayo sa kanila at susundan siya ng mga ari-arian nila kaya kinaumagahan wala nang anuman sa mga kamay nila. Pagkatapos ay pupunta muli siya sa mga tao at aanyayahan niya sila. Tutugon sila sa kanya at maniniwala sa kanya. Utusan niya ang langit at uulan ito. Utusan niya ang lupa na magpatubo at magpapatubo ito. Pupunta siya sa mga tao na may dalang apoy at tubig. Ang apoy niya ay malamig na tubig at ang tubig niya ay apoy. Nararapat para sa mananampalataya na magpakukop kay Allah laban sa tukso niya sa katapusan ng bawat ṣaláh at bumigkas sa harap niya ng unang mga áyah ng Súrah alKahf<sup>4</sup> kung naabutan siya. Iiwasang makaharap siya sa takot na matukso. Nagsabi ang Sugo: *Ang sinumang nakarinig tungkol sa Dajjál ay magpakalayu-layo sa kanya sapagkat sumpa man kay Allah, tunay na ang tao ay talagang pupunta sa kanya samantalang ito ay nag-aakalang ito ay isang mananampalataya ngunit susunod ito sa kanya dahil sa dinadala niya na mga pampalito.* Isinalaysay ito ni Imám Abú Dáwud. Mananatili siya sa lupa nang apatnapung araw; may araw na gaya ng isang taon, may araw na gaya ng isang buwan, may araw na gaya ng isang linggo, at ang nalalabing mga araw niya ay gaya ng mga araw nating ito. Wala siyang iiwang bayan o lupain na

<sup>1</sup> Dalawa ang Huling Sandali sa buhay ng tao: ang Maliit na Huling Sandali o ang kamatayan sa Mundo; at ang Malaking Huling Sandali o ang katapusan ng Mundo.

<sup>2</sup> Pinaiksing tawag sa alMaṣṣih adDajjál o ang Bulaang Kristo.

<sup>3</sup> Marahil ang Og at ang Magog na sinasabi sa Bibliya.

<sup>4</sup> Ika-18 Súrah ng Qur‘an.

hindi niya papasukin maliban sa Makkah at Madínah. Pagkatapos ay bababa si Jesus (AS) at papatayin niya ang Dajjál.

## Mahinahong Talakayan

Nakatagpo ng isang lalaking ang pangalan ay **‘Abdulláh** ang isang lalaking ang pangalan ay **‘Abdunnabíy**.<sup>1</sup> Minasama ni **‘Abdulláh** ang pangalang ito sa sarili niya at sinabi niya: “Papapaanong sasambahin ng isa ang iba pa kay Allah?” Pagkatapos ay kinausap niya si **‘Abdunnabíy** at sinabi: “Sumasamba ka ba sa iba pa kay Allah?” **‘Abdunnabíy**: Hindi. Ako ay hindi sumasamba sa iba pa kay Allah. Ako ay Muslim at sumasamba kay Allah lamang.

**‘Abdulláh**: Samakatuwid, ano itong pangalan mo na nakahahawig ng mga pangalan ng mga Kristiyano dahil sa pagpapangalan nila ng **‘Abdulmasíh**<sup>2</sup> at hindi kataka-taka sapagkat ang mga Krisyitiano ay sumasamba kay Jesus. Ang nakaririnig ng pangalan mo ay papasok sa isip niya na ikaw ay sumasamba kay Propeta Muhammad (SAS). Hindi ito ay ang paniniwala ng Muslim sa Propeta niya. Bagkus ang isinasatungkulin sa kanya ay na maniwala siya na si Muhammad (SAS) ay alipin ni Allah at Sugo Niya.

**‘Abdunnabíy**: Subalit si Propeta Muhammad (SAS) ay ang pinakamabuting mortal at ang pinuno ng mga propeta. Kami ay nagpapangalan ng ganitong pangalan bilang pagpapabiyaya at pagpapalapit-loob kay Allah sa pamamagitan ng kabunyian niya at mataas na kalagayan niya sa ganang kay Allah. Hinihiling natin sa kanya ang pamamagitan dahil doon. Huwag kang magtaka; ang kapatid ko, ang pangalan niya ay **‘Abdulhusayn**. Bago pa siya, ang ama ko, ang pangalan niya ay **‘Abdurrasúl**.<sup>3</sup> Ang pagpapangalan sa pamamagitan ng mga ganitong pangalan ay isang matandang kaugalian at laganap sa mga tao. Nakagisnan na namin ang mga ninuno namin sa kaugilang ito. Kaya huwag kang magpakahigpit sa usaping ito sapagkat tunay na ang bagay na ito ay magaan at ang Relihiyong Islam naman ay maluwap.

**‘Abdulláh**: Ito ay isang nakasasama na higit na malaki kaysa sa unang nakasasama: ang paghiling sa iba pa kay Allah ng isang bagay na wala namang nakakakaya kundi si Allah. Magkatulad lamang kung ang hinihilingang ito ay si Propeta Muhammad (SAS) mismo o sinumang mababa pa sa kanya na gaya ng mga matuwid na tao tulad ni Husayn (RA) o iba pa. Ito ay sumasalungat sa Tawhíd na ipinag-utos sa atin at sa kahulugan ng *La iláha illa -lláh*. Maglalahad ako sa iyo ng ilang katanungan upang luminaw sa iyo ang kasukdulan ng usapin at ang mga kahihinatnan ng pagpapangalan ng ganitong pangalan at mga tulad nito. Wala akong hangarin ni pakay kundi ang katotohanan at ang pagsunod dito, ang paglilinaw sa kabulaanan at ang pag-iwas dito, at ang pag-uutos sa nakabubuti at ang pagsaway sa nakasasama. Si Allah ang hinihingan ng tulong. Sa Kanya ang pananalig. Walang galaw at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah, ang Mataas, ang Sukdulan. Subalit magpapaalala ako sa iyo bago iyon ng sinabi ni

<sup>1</sup> Ang ibig sabihin ng **‘Abdulláh** ay alipin o mananamba ni Allah at ang ibig sabihin naman ng **‘Abdunnabíy** ay alipin o mananamba ng Propeta. Bagamat may mga naturang Muslim na **‘Abdunnabíy** ang pangalan ipinagbabawal sa tunay na Islam ang ganitong pangalan.

<sup>2</sup> Ang ibig sabihin nito ay alipin o mananamba ni Kristo. Karaniwang pangalan ito ng mga Arabeng Kristiyano.

<sup>3</sup> Ang **‘Abdulhusayn** ay alipin o mananamba ni Husayn at ang **‘Abdurrasúl** ay alipin o mananamba ng Sugo.

Allah: **Tanging ang sasabihin ng mga sumasampalataya kapag tinawag sila kay Allah at sa Sugo Niya upang humatol siya sa kanila ay ang sinasabi nilang: “Narinig namin at tumalima kami.”<sup>1</sup>** at ng sinabi pa Niya: **Kaya kapag nagkahidwaan kayo sa isang bagay ay isangguni ninyo ito kay Allah at sa Sugo, kung kayo ay sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw.<sup>2</sup>**

Ikaw ay nagsabi na ikaw ay naniniwala kay Allah lamang at sumasaksi na walang Diyos kundi si Allah, kaya maaari mo bang linawin sa akin ang kahulugan niyon?

**‘Abdunnabí:** Ang Tawhíd ay ang sumampalataya ka na si Allah ay umiiral; Siya ang lumikha sa mga langit at lupa; na Siya ang Nagbibigay-buhay, ang Nagbibigay-kamatayan, ang nagpapainog sa sansinukob, at Siya ang Palastustos, ang Maalam, ang Nakababatid, ang Nakapangyayari...

**‘Abdulláh:** Kung sakaling ganito lamang ang Tawhíd, talaga sanang ang Paraon, ang mga tao niya, si Abú Jahl, at ang iba pa ay mga naniniwala sa Tawhíd sapagkat hindi nalingid sa kanila ang bagay na ito gaya ng nakararami sa mga Mushrik. Ang Paraon na nag-angkin ng Pagkapanginon ay kumikilala at naniniwala noon sa kaibuturan ng sarili niya na si Allah ay umiiral at Siya ang nagpapainog sa sansinukob. Ang patunay ay ang sabi ni Allah: **Ikinaila nila ang mga tanda na ito, samantalang natiyak ang mga ito ng mga sarili nila, dala ng paglabag sa katarungan at pagmamataas.<sup>3</sup>** Lumitaw ang pagkilalang ito nang hayagan noong humantong siya sa pagkalunod. Subalit sa katotohanan ang Tawhíd na alang-alang doon ay ipinadala ang mga sugo, ibinaba ang mga banal na kasulatan, at kinalaban alang-alang doon ang angkan ng Quraysh ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa pagsamba. Ang pagsamba ay isang pangalang sumasaklaw sa bawat anumang naiibigan ni Allah at kinalulugdan Niya ng mga salita at mga gawa, na hayag at lingid. Ang Diyos sa adhikaing **Walang Diyos kundi si Allah** ay nangangahulugang ang sinasamba na hindi tutumpak ang pagsamba malibang ukol sa Kanya.

Nalalaman mo ba kung bakit isinugo ang mga sugo sa lupa, na ang kaunahan sa kanila ay si Noe?

**‘Abdunnabí:** Upang anyayahan ang Mushrik para sa pagsamba kay Allah lamang at iwan ang lahat ng itinatambal sa Kanya.

**‘Abdulláh:** At ano ang dahilan ng paggawa ng Shirk ng mga tao ni Noe?

**‘Abdunnabí:** Hindi ko alam!

**‘Abdulláh:** Isinugo ni Allah si Noe sa mga tao niya noong nagpakalabis sila sa pagdakila sa mga matuwid na taong sina Wadd, Suwá‘, Yaghúth, Ya‘úq, at Nasr.

**‘Abdunnabí:** Ibig mo bang sabihin na sina Wadd, Suwá‘, at iba pa ay mga pangalan ng mga lalaking matuwid at hindi pangalan ng mga mapaniil na Káfir?

**‘Abdulláh:** Oo. Ang mga ito ay mga pangalan ng mga lalaking matuwid na ginawang mga diyos ng mga tao ni Noe at sinunod naman sila doon ng mga Arabe noon. Ang patunay niyon ay ang nabanggit ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA), na nagsabi:

<sup>1</sup> Qur’an 24:51.

<sup>2</sup> Qur’an 4:58.

<sup>3</sup> Qur’an 27:14.

“Ang mga diyus-diyusan na nasa mga tao ni Noe noon ay naging nasa mga Arabe pagkatapos. Si Wadd ay naging [diyus-diyusan] sa liping Kalb sa Dúmatuljandal. Si Suwá‘ naman ay naging [diyus-diyusan] sa liping Hudhayl. Si Yaghúth naman ay naging [diyus-diyusan] sa liping Murád at pagkatapos sa angkan ng Ghutayf sa malapit sa Saba’. Si Ya‘úq naman ay naging [diyus-diyusan] sa liping Hamdán. Si Nasr naman ay naging [diyus-diyusan] sa mag-anak ni Dhulkalá’. [Ang mga ito ay] mga pangalan ng mga matuwid na lalaking kabilang sa mga tao ni Noe, ngunit noong namatay sila ay nag-udyok ang Demonyo sa mga tao ni Noe na gumawa ng mga rebulto sa mga pinagtitipunan nila na inuupuan nila noon at tawagin ang mga ito sa mga pangalan nila. Ginawa ng mga iyon ngunit hindi sila sinamba hanggang sa noong namatay ang mga iyon at naglaho ang kaalaman ay saka sila sinamba.”

Isinalaysay ito ni Imám alBukháríy.

**‘Abdunnabí:** Ito ay isang pambihirang pananalita.

**‘Abdulláh:** Hayaan mong banggitin ko sa iyo ang higit na pambihira kaysa riyán. Nalalaman mo na ang pangwakas sa mga Propeta ay ang pinuno natin na si Muhammad (SAS). Isinugo siya ni Allah sa mga taong humihingi ng tawad, sumasamba, nagsasagawa ng tawáf, nagsasagawa ng sa‘iy, nagsasagawa ng hajj, at nakakawanggawa. Subalit sila ay gumagawa sa ilan sa mga nilikha bilang mga tagapagitan sa pagitan nila at ni Allah. Sinasabi nila: “Ninanis namin sa kanila ang mapalapit-loob kay Allah at ninanis namin ang pamamagitan nila sa Kanya, gaya ng sa mga anghel, kay Jesus, at iba pang mga taong kabilang sa mga matuwid.” Kaya ipinadala ni Allah si Muhammad (SAS) na nagpapanumbalik para sa kanila sa relihiyon ng ninuno nilang si Abraham (AS) at nagpapatid sa kanila na ang pagpapakalapit-loob at ang paniniwalang ito ay karapatang tanging kay Allah at hindi naaangkop ang anuman dito sa iba pa sa Kanya sapagkat Siya ang Tagapaglikha lamang: wala Siyang katambal, walang tagapagtustos kundi Siya. Ang pitong langit at ang sinumang nasa mga ito at ang pitong lupa at ang sinumang nasa mga ito, lahat sila ay mga alipin Niya at nasa ilalim ng pamamalakad Niya at pangingibabaw Niya. Bagkus pati na ang mga diyos na sinasamba nila ay kinkilala nila na nasa ilalim ng paghahari Niya at pamamalakad Niya.

**‘Abdunnabí:** Ito ay isang pananalitang maselan at pambihira, kaya mayroon bang patunay rito?

**‘Abdulláh:** Ang mga patunay ay marami. Kabilang dito ang sabi ni Allah: Sabihin mo: **“Sino ang nagtutustos sa inyo mula sa langit at lupa? O sino ang nagmamay-ari ng pandinig at mga paningin? Sino ang nagpapaluwal ng buhay mula sa patay at ang nagpapaluwal ng patay mula sa buhay? Sino ang nangangasiwa sa kapakanan?”** at magsasabi sila na si Allah. Kaya sabihin mo: **“Kaya hindi pa ba kayo mangingilag magkasala?”**<sup>1</sup> at ang sabi pa Niya: Sabihin mo: **“Kanino ang lupa at ang sinumang narito kung kayo ay nakaaalam.”** Sasabihin nila: **“Kay Allah.”** Sabihin mo: **“Kaya hindi ba kayo**

<sup>1</sup> Qur’an 10:31.

magpapaalala?” Sabihin mo: “Sino ang Panginoon ng pitong langit at ang Panginoon ng dakilang trono? Sasabihin nila: “Si Allah.” Sabihin mo: “Kaya hindi ba kayo mangingilag magkasala?” Sabihin mo: “Sino siyang nasa kamay niya ang paghahari sa bawat bagay at siya na kumakalinga ngunit hindi siya kinakalinga kung talagang nalalaman ninyo?” Sasabihin nila: “Si Allah.” Sabihin mo: “Kaya naman bakit pa kayo napaglalanganan?”<sup>1</sup> Ang mga Mushrik noon ay sumasambit ng talbiyah sa hajj sa pamamagitan ng pagsabi nila ng *Labbayka -lláhumma labbayka labbayaka lá sharíka laka illá sharíkan huwa laka tamlikuhu wa má malak.*<sup>2</sup> Ang pagkilala ng mga Mushrik ng liping Quraysh na si Allah ay ang namamalakad ng sansinukob o ang tinatawag ng Tawhíd arRubúbíyah ay hindi nagpapasok sa kanila sa Islam. Ang pagdulog nila sa mga anghel o mga propeta o mga matuwid na tao sa pagnanais nila ng pamamagitan ng mga ito at pagpapakalapit-loob kay Allah dahil doon ay siyang nagkakit sa pangangalaga sa mga buhay nila at mga ari-arian. Dahil dito, kinakailangang ang panalangin ay ibaling lahat kay Allah, ang panata ay ibaling lahat kay Allah, ang pag-aalay ay ibaling lahat kay Allah, ang pagpapatulong<sup>3</sup> ay ibaling lahat kay Allah. Ang lahat ng pagsamba ay ibabaling lahat kay Allah.

**‘Abdunnabí:** Kapag ang Tawhíd ay hindi lamang ang pagkilala sa kairalan ni Allah at pamamalakad Niya sa sansinukob gaya ng sinasabi mo, kung gayon ay ano ito?

**‘Abdulláh:** Ang Tawhíd na isinugo alang-alang doon ang mga sugo at tinanggihan ng mga Mushrik ang pagkilala roon ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa pagsamba. Kaya hindi ibabaling ang anuman sa mga uri ng pagsamba sa iba pa sa Kanya, gaya ng panalangin, pamamanata, pag-aalay, pagpapasaklolo,<sup>4</sup> at iba pa. Ang Tawhíd na ito ang kahulugan ng sabi mo na walang Diyos kundi si Allah. Ang Diyos para sa mga Mushrik ng liping Quraysh ay ang nilalayon ng mga pagsambang ito, maging ito man ay anghel, o propeta, o walíy, o punong-kahoy, o puntod, o jinn,. Hindi nila tinutukoy ang Diyos ay ang Tagapaglikha, ang Tagapagtustos, at ang Tagapangasiwa sapagkat tunay na sila ay nakaaalam na iyon ay kay Allah lamang gaya ng naunang nabanggit. Pumunta sa kanila ang Propeta na nag-aanyaya sa Adhikaing ng Tawhíd: Walang Diyos kundi si Allah, at sa pagpapatupad sa kahulugan nito hindi si pagbigkas lamang nito.

**‘Abdunnabí:** Para bagang ninanais mong sabihin na ang ma Mushrik ng liping Quraysh ay higit na maalam sa kahulugan ng adhikaing Walang Diyos kundi si Allah kaysa sa marami sa mga Muslim sa panahon natin.

**‘Abdulláh:** Oo. Ito ang nakasasasakit na reyalidad. Tunay na ang mga mangmang na Káfir ay nakaaalam na ang tinutukoy ng Propeta sa adhikaing ito ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa pagsamba, ang pagtanggap sumampalataya sa anumang sinasamba bukod pa kay Allah, at ang pagpapawalang-kaugnayan doon

<sup>1</sup> Qur’an 23:84-89.

<sup>2</sup> Bilang pagtugon sa Iyo, o Allah, bilang pagtugon sa Iyo, bilang pagtugon sa Iyo. Wala kang katambal maliban sa katambal na ukol sa Iyo, na minamay-ari Mo siya at at ang anumang minay-ari niya.

<sup>3</sup> Sa anumang walang makatutulong kundi si Allah. Hindi masamang magpatulong sa tao kung kaya nito.

<sup>4</sup> Sa anumang walang makasasaklolo kundi si Allah. Hindi masamang magpasaklolo sa tao kung kaya nito.

sapagkat tunay na noong sinabi sa kanila na sabihing Walang Diyos kundi si Allah ay nagsabi sila: **Ginawa ba niya ang mga diyos na nag-iisang diyos? Tunay na ito ay talagang isang kataka-takang bagay**<sup>1</sup> sa kabila ng paniniwala nila na si Allah ang namamalakad sa sansinukob. Kaya kapag ang mga mangmang ng mga Káfir ay nakaalam doon, ang kataka-taka ay mula sa isang nag-aangking kaanib ng Islam samantalang siya ay hindi nakababatid sa pakahulugan ng adhikaing ito na nabatid ng mga Káfir ng liping Quraysh. Bagkus ay inaakala niya na iyon ay ang pagbigkas ng mga titik nito nang walang paniniwala ng puso sa anuman sa kahulugan nito. Ang mahusay sa kanila ay nag-aakalang na ang kahulugan nito ay walang lumilikha, walang nagtutustos, at walang nangangasiwa sa kapakanan kundi si Allah. Kaya walang mabuti sa mga taong nag-aangking kaanib ng Islam samantalang ang mga mangmang ng liping Quraysh ay higit na maalam kaysa sa kanila sa kahulugan ng adhikaing Walang Diyos kundi si Allah.

**‘Abdunnabí:** Subalit ako ay hindi nagtatambal kay Allah. Bagkus ay sumasaksi ako na walang lumilikha, walang nagtutustos, walang nagdudulot ng pakinabang, at walang nagdudulot ng pinsala kundi si Allah, tanging Siya: wala Siyang katambal; at na si Muhammad (SAS) ay hindi nakapagdudulot sa sarili niya ng pakinabang ni pinsala, lalo na sina ‘Ali, Husayn, ‘Abdulqádir, at iba pa. Subalit ako ay nagkakasala at ang mga matuwid na tao ay may kabunyian sa ganang kay Allah. Humihiling ako sa kanila na mamagitan para sa aking sa pamamagitan ng kabunyian nila sa ganang kay Allah.

**‘Abdulláh:** Sasagutin kita ng naunang nabanggit na ang mga kinalaban ng Propeta (SAS) ay mga kumikilala sa binanggit mo at mga kumikilala na ang mga diyus-diyusan nila ay hindi nangangasiwa ng anuman. Ninanais lamang nila ang [makinabang sa] kabunyian at Pamamagitan [ng mga ito]. Nauna nang nagbigay-patunay tayo roon mula sa Qur’an.

**‘Abdunnabí:** Subalit ang mga áyah na pinababa patungkol sa sumasamba sa mga rebulto, kaya papaano ninyong gagawaing gaya ng mga diyus-diyusan ang mga propeta at ang mga matuwid na tao?

**‘Abdulláh:** Nauna nang napagkaisahan natin na ang ilan sa mga rebulto na ito ay pinangalan ng mga pangalan ng mga matuwid na lalaki gaya noong sa panahon ni Noe at na ang mga Káfir ay walang ninais sa mga ito kundi ang Pamamagitan [ng mga ito] kay Allah dahil ang mga ito ay may mataas na kalagayan sa ganang Kanya. Ang patunay ay sabi ni Allah: **Ang mga gumagawa ng mga katangkilik bukod pa sa Kanya ay nagsasabi: “Hindi kami sumasamba sa kanila kundi upang ilapit nila kami kay Allah nang pagkalapit-lapit.”**<sup>2</sup> Tungkol naman sa sabi mo na papaanong ginagawang diyus-diyusan ang mga propeta at ang mga katangkilik (wali) ay masasabi natin na ang mga Káfir na isinugo sa kanila ang Propeta (SAS) ay mayroon sa kanila na dumadalangin sa mga katangkilik, na tungkol sa kanila ay nagsabi si Allah: **Ang mga iyon na dinadalanginan nila ay naghahangad tungo sa**

<sup>1</sup> Qur’an 38:5.

<sup>2</sup> Qur’an 39:3.

**Panginoon nila ng ikalalapit. Ang alin man sa kanila ay naghahangad maging pinakamalapit, umaasa sa awa Niya at nangangamba sa pagdurusang mula sa Kanya. Tunay na ang parusa ng Panginoon mo ay laging pinangingilabutan.**<sup>1</sup>

Mayroon sa kanila na dumadalangin kay JESUS (AS) at sa ina niya. Sinabi nga ni Allah: **Banggitin kapag magsasabi si Allah: “O Jesus na anak ni Maria, ikaw ba ay nagsabi sa mga tao: Gawin ninyo ako at ang ina ko bilang mga diyos bukod pa kay Allah?”**<sup>2</sup> Mayroon sa kanila na dumadalangin sa mga anghel. Sinabi nga ni Allah: **Banggitin ang araw na titipunin sila nang sama-sama, pagkatapos ay sasabihin Niya sa mga anghel: “Ang mga ito ba ay sa inyo noon sumasamba?”**<sup>3</sup>

Kaya magnilay-nilay ka sa mga áyah na ito. Hinusgahan nga ni Allah sa mga áyah na ito ng kawalang-pananampalataya ang sinumang dumudulog sa mga diyos-diyusan. Hinusgahan Niya ng kawalang-pananampalataya ang sinumang dumudulog sa mga matuwid gaya ng mga propeta, mga anghel, at mga walíy nang walang pagtatangi. Kinalaban sila ng Sugo ni Allah at hindi siya nagtangi sa kanila hinggil doon.

**‘Abdunnabí:** Subalit ang mga Káfir ay nagnanais mula sa mga iyon ng pakinabang samantalang ako ay sumasaksi na si Allah ang tagapagdulot ng pakinabang, ang tagapagdulot ng pinsala, ang tagapangasiwa. Hindi ko ninanais iyon malibang mula sa Kanya. Ang mga matuwid ay walang anumang taglay mula sa nabanggit. Subalit dumudulog ako sa kanila yamang umaasa ako sa Pamamagitan nila kay Allah.

**‘Abdulláh:** Ang sabi mong ito ay ang sabi ng mga Káfir, magkatulad na magkatulad. Ang patunay ang sabi ni Allah: **Sinasamba nila bukod pa kay Allah ang hindi nakapagdudulot ng pinsala sa kanila at hindi nakapagdudulot ng pakinabang sa kanila at nagsasabi sila: “Ang mga ito ay ang mga tagapamagitan natin kay Allah.”**<sup>4</sup>

**‘Abdunnabí:** Subalit ako ay walang sinasamba kundi si Allah. Ang pagsadya sa kanila at ang pagdalangin sa kanila ay hindi pagsamba!

**‘Abdulláh:** Subalit tanungin kita: Inaamin mo ba na si Allah ay isinatungkulin sa iyo ang pagpapakawagas sa pagsamba sa Kanya yamang ito ay karapatan Niya sa iyo gaya ng nasaad sa sabi Niya: **Walang ipinag-utos sa kanila kundi na sambahin nila si Allah bilang mga nagpapakawagas sa Kanya sa pagtalima,**<sup>5</sup> **bilang mga makatotoo;**<sup>6</sup>

**‘Abdunnabí:** Oo; isinatungkulin Niya iyon sa akin.

**‘Abdulláh:** Ako ay humihiling sa iyo na linawin mo sa akin itong isinatungkulin ni Allah sa iyo, ang pagpapakawagas sa pagsamba.

**‘Abdunnabí:** Hindi ko naintindihan kung ang ipinakakahulugan mo sa tanong na ito kaya linawin mo sa akin.

<sup>1</sup> Qur’an 17:57.

<sup>2</sup> Qur’an 5:116.

<sup>3</sup> Qur’an 34:40.

<sup>4</sup> Qur’an 10:18.

<sup>5</sup> O relihiyon o pagsamba.

<sup>6</sup> Qur’an 98:5.



‘**Abdulláh:** Makinig ka sa akin upang linawin ko sa iyo. Nagsabi si Allah: **kayo sa Panginoon ninyo nang may pagpapakumbaba at nang palihim. Tunay na hindi Niya iniibig ang mga lumalabag sa hangganan.**<sup>1</sup> Ang pagdalangin ba ay isang pagsamba kay Allah o hindi?

‘**Abdunnabí:** Oo; ito ay saligan ng pagsamba gaya ng nasaad sa Hadíth: **Ang panalangin ay ang pagsamba.** (Isinalaysya ito ni Imám Abú Dáwud.)

‘**Abdulláh:** Yayamang inamin mo na iyon ay isang pagsamba kay Allah, pagkatapos ay dumadalangin ka kay Allah sa araw at gabi dala ng pangamba at pagmimithi sa isang pangangailangan, pagkatapos dahil sa pangangailangang iyon ay dumadalangin ka sa isang propeta o sa isang anghel o sa isang matuwid sa puntod nito, hindi ka kaya nagtambal sa Kanya sa pagsambang ito?

‘**Abdunnabí:** Oo; nagtambal ako. Ito ay isang tumpak na malinaw na pananalita.

‘**Abdulláh:** Heto pa ang isang pang halimbawa. Kapag nalaman mo ang sabi ni Allah na: **Kaya magdasal ka sa Panginoon mo at mag-alay**<sup>2</sup> at tinalima mo ang utos na ito mula kay Allah at nag-alay ka at nagkatay ka bilang handog sa Kanya, ang pag-aalay mo ba at pagkakatay mo ba bilang handog ay isang pagsamba sa Kanya o hindi?

‘**Abdunnabí:** Oo; ito ay isang pagsamba.

‘**Abdulláh:** Kaya kung nagkatay ka bilang handog sa isang nilikha na isang propeta o isang jinn o iba pa sa mga ito kasama kay Allah, nagtambal ka ba sa pagsambang ito sa iba pa kay Allah?

‘**Abdunnabí:** Oo; ito isang Shirk, walang duda.

‘**Abdulláh:** Ako ay naghalimbawa sa iyo ng panalangin at pag-aalay dahil ang panalangin ay ang pinakatiyak sa mga uri ng pagsambang sinasabi at ang pag-aalay naman ay ang pinakatiyak sa mga uri ng pagsambang ginagawa. Ang pagsamba ay hindi limitado sa dalawang ito, bagkus ito ay higit na malawak kaysa roon. Napaloloob dito ang pamamanata, ang pagsumpa, ang pagpapakupkop, at iba pa. Subalit ang mga Mushrik na ibinaba sa kanila ang Qur’an, sila ba ay sumasamba noon sa mga anghel, sa mga matuwid, kay Lát, at iba pa?

‘**Abdunnabí:** Oo; sila noon ay gumagawa niyon.

‘**Abdulláh:** Ang pagsamba ba nila noon sa mga iyon ay sa panalangin, pag-aalay, pagpapakupkop, pagpapatulong, at pagdulog? Kung hindi ganoon, sila ay mga umaamin na sila ay mga alipin ni Allah at nasa ilalim ng pangingibabaw Niya, at na si Allah ay ang nangangasiwa sa kapakanan. Subalit dumalangin sila sa mga iyon at dumulog sila sa mga iyon dahil daw sa kabunyian at sa pamamagitan [ng mga iyon]. Ito ay lubhang hayag.

‘**Abdunnabí:** Ikinakaila mo ba, Abdullah, ang Pamamagitan ng Sugo ni Allah (SAS) at itinatwa mo ba iyon?

‘**Abdulláh:** Hindi. Ako ay hindi nag-kakaila roon at hindi nagtatatwa roon. Bagkus siya –tutubusin ko siya kahit sa pamamagitan ng ama ko at ina ka – ang

<sup>1</sup> Qur’an 7:55.

<sup>2</sup> Qur’an 108:2.

Tagapamagitan na binigyan ng Pamamagitan at inaasam ko ang Pamamagitan niya. Subalit ang Pamamagitan ay bigay lahat ni Allah gaya ng sinabi Niya: **Taglay ni Allah ang pagpapahintulot sa lahat ng Pamamagitan.**<sup>1</sup> Hindi ito mangyayari malibang matapos magpahintulot si Allah roon, gaya ng sabi ni Allah: **Sino kaya itong makapamamagitan sa Kanya kung walang kalakip na pahintulot Niya?**<sup>2</sup> Hindi pamamagitanin ang isa malibang matapos magpahintulot si Allah roon, gaya ng sabi ni Allah: **Hindi sila makapamamagitan kundi sa sinumang kinasiyahan Niya,**<sup>3</sup> Siya ay walang kinasisiyahan kundi ang Tawhíd, gaya ng sinabi Niya: **Ang sinumang naghahangad ng iba pa sa Islam bilang relihiyon, hindi iyon matatanggap mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga malulugi.**<sup>4</sup> Kaya kapag ang pagbibigay ng Pamamagitan ay lahat ukol kay Allah. Hindi ito mangyayari malibang matapos ang pagpapahintulot Niya. Hindi mamamagitan ang Propeta ni ang iba pa sa kanya sa isa man hanggat hindi nagpahintulot si Allah roon at hindi magpapahintulot si Allah niyon kundi sa mga alagad ng Tawhíd. Kaya kapag luminaw sa iyo na ang pagbibigay ng Pamamagitan ay lahat ukol kay Allah, ako ay humihiling niyon mula sa kanya kaya sinasabi ko: “O Allah, huwag Mo akong pagkaitan ng Pamamagitan niya; o Allah, pamamagitanin Mo sa akin ang Sugo Mo.” at tulad nito.

**‘Abdunnabí:** Napagkaisahan natin hindi ipinahihintulot na humiling mula sa isa ng isang bagay na hindi niya minamay-ari. Ang Propeta ay binigyan na ni Allah ng karapatan sa Pamamagitan at dahil sa siya ay binigyan nito, minamay-ari na niya ito. Dahil dito, ipinahihintulot na humiling ako mula sa kanya ng minamay-ari niya at iyon ay hindi magiging isang shirk.

**‘Abdulláh:** Oo; ito ay isang tamang pananalita kung sakaling hindi ipinagbawal iyon ni Allah sa iyo yamang sinabi Niya: **kaya huwag kayong manalangin sa isa pa kasama kay Allah.**<sup>5</sup> Ang paghiling ng Pamamagitan ay isang panalangin. Ang nagbigay sa Propeta ng karapatan sa Pamamagitan ay si Allah at Siya ang nagbawal sa iyo na humiling niyon sa iba pa sa Kanya maging ano pa man ang hinihilingan. Ang Pamamagitan din ay ibinigay sa iba pa kay Propeta Muhammad (sas). Nasaad sa tumpak na sanaysay na ang mga anghel ay mamamagitan, ang mga batang namatay bago tumuntong sa sapat na gulang ay mamamagitan, at ang mga [tunay na] walíy ay mamamagitan. Kaya sasabihin mo ba: Si Allah ay nagbigay sa kanila ng karapatan sa Pamamagitan kaya hihilingin ko ito sa kanila? Kung sinabi mo ito ay bumalik ka sa pagsamba sa mga matuwid na tao na binanggit ni Allah sa Aklat Niya. Kung sinabi mo naman na hindi ay nawalan ng saysay ang sabi mo na: “Binigyan siya ni Allah ng karapatan sa Pamamagitan at ako ay hihiling niyon sa sinumang binigyan niyon ni Allah.”

<sup>1</sup> Qur’an 39:44.

<sup>2</sup> Qur’an 2:55.

<sup>3</sup> Qur’an 21:28.

<sup>4</sup> Qur’an 3:85.

<sup>5</sup> Qur’an 72:18.

**‘Abdunnabí:** Subalit ako ay hindi nagtatambal kay Allah ng anuman at ang pagdulog sa mga matuwid na tao ay hindi isang shirk.

**‘Abdulláh:** Inaamin mo ba at kinikilala na si Allah ay nagbawal sa Shirk nang higit na sukduhan kaysa sa pagbabawal sa pangangalunya, at na si Allah ay hindi magpapatawad nito.<sup>1</sup>

**‘Abdunnabí:** Oo; kinikilala ko ito. Ito ay maliwanag sa pananalita ni Allah.

**‘Abdulláh:** Ikaw ngayon ay nagkaila para sa sarili mo ng shirk na ipinagbawal ni Allah. Kaya maaari ba, sumpa man kay Allah sa iyo, na linawin mo sa akin kung ano ang Shirk kay Allah na hindi ka nasadlak doon at ikinaila mo para sa sarili mo?

**‘Abdunnabí:** Ang Shirk kay Allah ay ang pagsamba sa mga diyus-diyusan, ang pagbaling sa mga ito, ang paghiling sa mga ito, at ang takot sa mga ito.

**‘Abdulláh:** Ano ang kahulugan ng pagsamba sa mga diyus-diyusan? Inaakala mo ba na ang mga Káfir ng liping Quraysh ay naniniwala na itong mga [rebutlong] kahoy at mga [rebutlong] bato ay lumilikha, nagtutustos, at nangangasiwa sa kapakanan ng sinumang dumalangin sa mga ito? Sila ay naniniwala ng gayon gaya ng nabanggit ko sa iyo.

**‘Abdunnabí:** At ako ay hindi rin naniniwala ng gayon. Tunay na ang sinumang nagsadya sa isang kahoy o isang bato o isang estruktura sa ibabaw ng puntod o iba pa, dumadalangin doon, nag-aalay para roon, at nagsasabing: “Tunay na iyon ay nagpapalapit sa amin kay Allah nang pagkalapit-lapit at nagsasanggalang si Allah sa amin sa pamamagitan nito,” ito ay pagsamba sa mga diyus-diyusan na tinutukoy ko.

**‘Abdulláh:** Totoo ang sinabi mo. Subalit ito ang gawain ninyo sa tabi ng mga bato, mga estruktura, mga mauseleo na nasa ibabaw ng mga puntod, at iba pa. Ang sabi mo rin na ang Shirk ay ang pagsamba sa mga diyus-diyusan, ang nais mo bang sabihin ay na ang Shirk ay natatangi sa sinumang gumawa niyon lamang? Na ang pag-asa sa mga [patay na] matuwid at ang pagdalangin sa kanila ay hindi nagpapapasok sa tinatawag na Shirk?

**‘Abdunnabí:** Oo; ito ang nais kong sabihin.

**‘Abdulláh:** Kung gayon, saan ka lalagay sa maraming áyah na binanggit ni Allah sa mga ito ang pagbabawal sa pag-asa sa [patay na] mga propeta at mga matuwid na tao at sa pagkahumaling sa mga anghel at iba pa, at ang kawalang-pananampalataya ng sinumang gumawa niyon, gaya ng nauna mong nabanggit at nagbigay-patunay ka pa roon?

**‘Abdunnabí:** Subalit ang mga dumalangin sa mga anghel at mga propeta ay hindi naging mga Káfir sa kadahilanang ito, bagkus ay naging mga Káfir sila noong sinabi nila na ang mga anghel ay mga anak na babae ni Allah at ang Kristo ay anak ni Allah. Kami ay hindi nagsabing si ‘Abdulqádir ay anak ni Allah ni si Zaynab ay anak na babae ni Allah.

**‘Abdulláh:** Tungkol sa pag-uugnay ng anak kay Allah, ito ay isang kawalang-pananampalatayang hiwalay [sa tinalalakay]. Nagsabi si Allah: **Sabihin mo: “Siya,**

<sup>1</sup> Kung hindi ihiningi ng tawad bago namatay. Ang lahat ng kasalanan ay mapatatawad ni Allah kahit hindi ihiningi ng tawad, maliban sa Shirk.

si Allah, ay Iisa.<sup>1</sup> Si Allah ay ang Dulugan sa pangangailangan. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak.”<sup>2</sup> Ang sinumang nagkaila nito ay naging Káfir na, kahit pa man hindi niya ikinaila ang huling bahagi ng Súrah na ito. Nagsabi si Allah, pagkataas-taas Niya: **Hindi gumawa si Allah ng anumang anak. Hindi nangyaring may kasama Siya na anumang diyos. Kung nagkagayon ay talagang dinala na sana ng bawat diyos ang nilikha nito at talagang nangibabaw na sana ang ilan sa kanila sa iba.**<sup>3</sup> Samakatuwid ay pinag-iba Niya ang dalawang kawalang-pananampalataya. Ang patunay rito rin ay na ang mga naging mga Káfir dahil sa pagdalangin kay Allát gayong siya ay isang lalaking matuwid ay hindi gumawa sa kanya bilang anak ni Allah. Ang mga naging mga Káfir dahil sa pagsamba sa mga jinn ay hindi gumawa sa mga ito bilang gayon. Gayon din ang apat na madhhab na bumabanggit sa isang kabanata tungkol sa hatol sa tumiwalag sa Islam na ang Muslim, kapag nag-akala siya na si Allah ay may anak, siya ay isang tiwalag; na kung siya ay nagtambal kay Allah, siya ay isang tiwalag. Kaya nga pinag-iiba nila ang dalawang uri.

**‘Abdunnabí:** Subalit si Allah ay nagsasabi: **Pakatandaan, tunay na ang mga katangkilik ni Allah ay walang pangamba sa kanila at hindi sila malulungkot.**<sup>4</sup>

**‘Abdulláh:** Tayo ay sumasampalataya na ito ang katotohanan at pinaniniwalaan natin ito suabalit hindi sila sasambahin. Tayo ay walang tinatanggihan kundi ang pagsamba sa kanila kasama kay Allah at ang pagtatambal sa kanila sa Kanya. Ang isinasatungkulin sa iyo ay ang ibigin sila, ang sundin sila, at ang kilalanin ang mga himala nila. Walang nagkakaila sa mga himala ng mga walíy ni Allah kundi ang mga kampon ng bid‘ah. Ang Relihiyon ni Allah ay panggitna sa pagitan ng dalawang dulo, patnubay sa pagitan ng dalawang pagkaligaw, at katotohanan sa pagitan ng dalawang kabulaanan.

**‘Abdunnabí:** Ang mga taong ibinaba dahil sa kanila ang Qur’an ay hindi sumasaksi na walang Diyos kundi si Allah, nagpapasinungaling sa Sugo ni Allah (SAS), nagkakaila sa pagkabuhay, nagpapasinungaling sa Qur’an, at nagtuturing dito na isang panggagaway. Kami ay sumasaksi na walang Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah. Naniniwala kami sa Qur’an. Sumasampalataya kami sa pagkabuhay. Nagdarasal kami at nag-aayuno kami. Kaya papaano ninyo kaming ituturing na tulad ng mga iyon?

**‘Abdulláh:** Subalit walang salungatan sa pagitan ng mga maalam sa Islam, lahat sila, na ang tao kapag naniwala kay Muhammad (SAS) sa isang bagay at nagpasinungaling sa kanya sa isang bagay, siya ay isang Káfir na hindi napabibilang sa Islam. Gayon din kung naniwala siya sa isang bahagi ng Qur’an at nagkaila sa iba pang bahagi nito, gaya ng isang kumilala sa Tawhíd at nagkakaila sa saláh, o kumilala sa Tawhíd at

<sup>1</sup> O Siya, si Allah, ay isa; O Siya ay si Allah, isa.

<sup>2</sup> Qur’an 112:1-4.

<sup>3</sup> Qur’an 23:19.

<sup>4</sup> Qur’an 10:62.

saláh ngunit nagkakaila sa pagka-obligado ng zakáh, o kumilala sa lahat ng ito ngunit nagkakaila sa pag-aayuno, o kumilala sa lahat ng ito ngunit nagkakaila sa pagka-obligado ng hajj. Noong hindi sumunod ang ilang tao noong panahon ng Propeta (SAS) sa pagsasagawa ng hajj ay nagbaba si Allah ng áyah patungkol sa kanila: **Kay Allah ay may tungkulin ang mga tao na magsagawa ng Hajj sa Bahay: ang sinumang makakakayang makarating doon. Ang sinumang tumangging sumampalataya, tunay na si Allah ay di-nangangailangan sa mga Nilalalang.**<sup>1</sup> Kung ikinaila niya ang pagkabuhay *na muli*, naging Káfir siya ayon sa *ijmá'*.<sup>2</sup> Dahil doon, ipinahayag ni Allah sa Aklat Niya na ang sinumang sumampalataya sa isang bahagi ng Qur'an at tumangging sumampalataya sa iba pang bahagi nito, siya Káfir sa totoo. Ipinag-utos niya na tanggapin ang Islam nang buo. Ang sinumang tumanggap ng isang bahagi at nag-isang sa isang bahagi ay naging Káfir nga. Kaya ikaw ba ay kumikilala na ang sinumang sumampalataya sa isang bahagi at nag-iwan sa isang bahagi ay naging Káfir?

**'Abdunnabí:** Oo; kinikilala ko iyon. Ito ay maliwanag sa Marangal na Qur'an.

**'Abdulláh:** Kaya kapag ikaw ay kumikilala na ang sinumang naniniwala sa Sugo (SAS) sa isang bagay at nagkaila sa pagka-obligado ng saláh, o kumilala sa lahat ng bagay maliban sa pagkabuhay *na muli*, siya ay isang Káfir ayon sa *ijmá'* ng mga madhhab. Binigkas nga ng Qur'an ito gaya nang naunang nabanggit. Kaya alamin mo na ang Tawhíd ay pinakadakilang tungkulin na inihatid ng Propeta (SAS). Ito ay mas dakila kaysa sa saláh, zakáh, at hajj. Kaya papaano na kapag nagkaila ang tao ng isa sa mga bagay na ito? Magiging Káfir siya, kahit pa man nagsagawa siya ng lahat ng inihatid ng Sugo (SAS). Kapag ikinaila niya ang Tawhíd na paniniwala ng lahat ng sugo ay hindi siya nagiging Káfir? Subhána -lláh! Kay bihira ng kamangmangang ito! Bukod pa riyán, pagnilay-nilayan mo ang mga Kasamahan ng Sugo ni Allah (SAS) noong nakipaglaban sila sa angkan ni Hanífah sa Yamámah. Yumakap sa Islam ang mga ito sa harap ng Propeta (SAS). Sila ay sumasaksi na walang Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah, nagdarasal, nagsasagawa ng *adhán*.<sup>3</sup>

**'Abdunnabí:** Subalit sila ay sumasaksi na si Musaylamah ay isang propeta raw samantalang kami ay nagsasabing wala nang propeta pagkatapos ni Muhammad (SAS).

**'Abdulláh:** Subalit kayo ay nag-aangat sa ilan sa mga matuwid na gaya ng mga propeta, o mga anghel, o mga Sahábíy, o iba pa sa kanila, sa antas ng *superhuman* sa mga langit at lupa. Kapag ang isang nag-aangat sa isang tao sa antas ng Propeta (SAS) ay naging Káfir, napagkaitan ng pangangalaga ng Islam ang buhay niya at ang ari-arian niya, at hindi makapagdudulot sa kanya ng pakinabang ang shahádatán at ang saláh, ang sinumang nag-aangat sa isang tao sa antas ni Allah ay masahol pa. Gayon din ang mga sinunog ni 'Alíy (RA) sa apoy, lahat sila ay nag-aangkin ng pagkaanib sa Islam. Sila ay mga kasamahan ni 'Alíy. Natuto sila ng kaalaman mula sa mga Sahábíy. Subalit may pinaniwalaan sila kay 'Alíy na tulad ng paniniwala

<sup>1</sup> Qur'an 3:97.

<sup>2</sup> Nagkaisang pahayag o paniniwala ng Kalipunang Islam.

<sup>3</sup> Kinalaban sila ng mga Sahábíy dahil sa pagkampi nila sa huwad na propetang si Musaylamah.

ninyo kay ‘Abdulqádir at iba pa sa kanya.<sup>1</sup> Papanong nagkaisa ang mga Sahábíy sa pagkalaban sa kanila at pagkawalang-pananampalataya nila? Inaakala mo ba na ang mga Sahábíy ay nagpararatang ng pagka-Káfir sa mga Muslim? O inaakala mo na ang paniniwala sa Sayyid at mga tulad niya ay hindi nakapipinsala at ang paniniwala kay ‘Alíy (RA) ay ikapagiging Káfir?

**Masasabi rin:** Kapag ang mga sinauna ay hindi itinuring na Káfir malibang dahil ipinagsama nila ang Shirk, ang pagpapasinungaling sa Sugo (SAS) at sa Qur’an, ang pagkakaila sa pagkabuhay *na muli*, at iba pa roon, ano ang kahulugan ng kabanata na binanggit ng mga maalam sa Islam sa bawat madhhab: Kabanata sa Hatol sa Tiwalag, at ito ay ang Muslim na naging Káfir matapos ng pagkaanib niya sa Islam. Bumanggit sila ng maraming bagay. Bawat uri sa mga ito ay nagpapalabas sa Islam sa nakagagawa niyon. Hanggang sa sila ay bumanggit pa ng mga bagay na maliit para sa gumagawa niyon, gaya ng isang pananalita tungkol sa pagkagalit kay Allah na binibanggit ng dila na wala naman sa puso, o binabanggit niya bilang pagbibiro at paglalaro. Gayon din ang mga taong nagsabi si Allah patungkol sa kanila: **“Kay Allah, sa mga Tanda Niya, at sa Sugo Niya ba kayo nangungutya?” Huwag na kayong magdahilan pa; tumanggi na kayong sumampalataya matapos ang pagsampalataya ninyo.**<sup>2</sup> Ang mga ito na ipinahayag ni Allah na sila ay naging Káfir matapos ang pagsampalataya nila at sila ay kasama ng Sugo Niya sa paglusob sa Tabúk ay nagsabi ng isang salitang nabanggit nila na sila ay nagsabi niyon bilang pagbibiro.

**Masasabi rin:** Ang isinalaysay ni Allah tungkol sa mga anak ni Israel sa kabila ng pagkayakap nila sa Islam,<sup>3</sup> kaalaman nila, at pagkamatuwid nila, sila ay nakapagsabi kay Moises: **gumawa ka para sa amin ng isang diyos.**<sup>4</sup> Gayon din ang sabi ng ilang taong kabilang sa mga Kasamahan ng Propeta (SAS): **“Gumawa ka para sa amin ng Dhátu Anwát.”**<sup>5</sup> Kaya sumumpa ang Propeta (SAS) na ito tulad ng sinabi ng mga anak ni Israel: **gumawa ka para sa amin ng isang diyos gaya ng pagkakaroon nila ng mga diyos.**<sup>6</sup>

**‘Abdunnabí:** Subalit ang mga anak ni Israel at ang mga humiling sa Propeta (SAS) na gumawa siya para sa kanila ng Dhátu Anwát ay hindi naging mga Káfir dahil doon.

**‘Abdulláh:** Ang sagot doon ay na ang mga anak ni Israel at ang mga humiling sa Propeta ay hindi gumawa niyon. Kung sakaling ginawa nila iyon ay talagang naging Káfir na sana sila.

<sup>1</sup> May mga mangmang na niniwala na si ‘Abdulqádir ay may mala-Diyos na kapangyarihan. Ang mga sinunog ni ‘Alíy (RA) ay naniniwalang siya ay Diyos.

<sup>2</sup> Qur’an 9:65-66.

<sup>3</sup> Islam ng panahon ni Moises. Ang relihiyong hatid ng lahat ng mga propeta ay Islam. Ang Islam na kilala ngayon ay ang kalubusan ng Islam, na inihatid naman ni Propeta Muhammad (SAS).

<sup>4</sup> Qur’an 7:138.

<sup>5</sup> Ang literal na kahulugan ng Dhátu Anwát ay May Nakasabit. Isa itong punongkahoy na may nakasabit na mga sandata. Isinasabit dito ng mga Mushrik ang mga sandata nila bilang pagpapabiyaya. Dahil bago pa sa Islam ang ilan sa mga Sahábíy ay hiniling nila sa Sugo (SAS) na gawan din sila ng Dhátu Anwát nila, na ikinagalit naman ng Sugo (SAS).

<sup>6</sup> Qur’an 7:138.

**‘Abdunnabí:** Subalit mayroon akong isa pang suliranin. Ito ay ang kuwento tungkol kay Usámah ibnu Zayd (RA) nang pinatay niya ang isang nagsabi ng lá iláha illa -lláh at ang pagtuligsa ng Propeta (SAS) sa kanya. Nagsabi ang Sugo (SAS) sa kanya: ***Pinatay mo ba siya matapos na nagsabi siya ng lá iláha illa -lláh?*** Isinalaysay ito ni Imám alBukháríy. Gayon din ang sabi ng Sugo: ***Inutusan ako na makipaglaban sa mga tao hanggang sa maniwala sila na walang Diyos kundi si Allah.*** Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Kaya paano mong pagtutugmain ang sinabi mo at ang dalawang hadíth na ito? Patnubayan mo ako, papatnubayan ka ni Allah.

**‘Abdulláh:** Alam natin na ang Propeta (SAS) ay nakipaglaban sa mga Hudyo at binihag niya sila samantalang sila ay nagsasabi ng lá iláha illa -lláh, na ang mga Sahábíy niya ay nakipaglaban sa Angkan ni Hanífah gayong sila ay sumasaksi na walang Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah, at gayon din ang mga sinunog ni ‘Alíy (RA). Ikaw ay kumikilala na ang sinumang nagkakaila sa pagkabuhay *na muli* ay naging Káfir kahit pa man nagsabi siya ng lá iláha illa -lláh, na ang sinumang nagkaila sa anuman sa mga Sandigan ng Islam ay naging Káfir kahit pa man nagsabi siya ng lá iláha illa -lláh. Kaya papaano niyang hindi mapakikinabangan ang lá iláha illa -lláh kapag nagkaila siya ng anuman sa mga sangay ng paniniwala at mapakikinabangan niya ang lá iláha illa -lláh kapag ikinaila niya ang Tawhíd na siyang batayan ng relihiyon ng mga sugo? Marahil ikaw ay hindi nakaunawa sa kahulugan ng mga hadíth na ito. Tungkol sa hadíth kaugnay kay Usámah, tunay na siya ay pumatay ng taong nag-angkin ng pag-anib sa Islam dahil siya ay nag-akalang ito ay nagsabi niyon dala lamang sa pagtakot para sa buhay nito at ari-arian nito. Ang taong nagpapakita ng pag-anib sa Islam ay kinakailangang pangalagaan hanggang sa lumitaw nang malinaw mula sa kanya ang sumasalungat doon sa pagyakap sa Islam. Nagsabi si Allah: ***O mga sumampalataya, kapag maglalakbay kayo upang makipaglaban sa landas ni Allah ay pakalinawin ninyo ang katotohanan.***<sup>1</sup> Ibig sabihin ay pakatiyakin ninyo. Ang áyah ay nagpapahiwatig na kinakailangan ang pagpipigil at ang pagtitiyak. Kaya kapag lumitaw nang malinaw mula sa kanya pagkatapos niyon ang sumasalungat sa Islam ay parurusahan siya dahil ang sabi ni Allah ay ***pakalinawin ninyo.***

**Gayon din ang isa pang hadíth,** ang kahulugan nito ay ang nabanggit natin: na ang sinumang nagpakita ng paniniwala sa Tawhíd at Islam ay kailangang pangalagaan maliban kung lumitaw nang malinaw mula sa kanya ang sumasalansang doon. Ang patunay rito ay na ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsabi: ***Pinatay mo ba siya matapos na nagsabi siya ng lá iláha illa -lláh?*** Isinalaysay ito ni Imám alBukháríy. Sinabi pa niya (SAS): ***Inutusan ako na makipaglaban sa mga tao hanggang sa maniwala sila na walang Diyos kundi si Allah.*** Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Siya rin ang nagsabi hinggil sa Khawárij: ***Kaya saan man ninyo sila makatagpo ay patayin ninyo sila.***<sup>2</sup>

<sup>1</sup> Qur’an 4:94.

<sup>2</sup> Isinalaysay ito ni Imám alBukháríy. Ang Khawárij ay ang mga taong naghimagsik sa pamunuan ng Islam. Sila ay lubhang napakamarahas at maraming Muslim ang namatay sa kanila. Ang sinumang hindi umayon sa kanila ay pinapatay nila. Lumitaw sila noong wala na ang Propeta (SAS) gayunpaman ay napropesiya na ng Propeta (SAS) ang pagdating nila.

sa kabila ng lahat na sila ay pinakamarami sa mga tao sa pagsamba at pagdakila sa kaisahan ni Allah anupat ang mga Sahábíy ay nanlalait sa mga sarili kapag nakikita ang pagsamba ng mga ito. Sila ay natuto ng kaalaman mula sa mga Sahábíy ngunit hindi sila naipagtanggol ng adhikaing lá iláha illa -Iláh ni ng dami ng pagsamba ni ng pag-aangking kaanib ng Islam laban sa pagkalipol noong lumitaw mula sa kanila ang paglabag sa Sharí'ah.<sup>1</sup>

**'Abdunnabí:** Ano ang masasabi mo sa napagtibay na sanaysay ayon sa Propeta (SAS) na ang mga tao sa Araw ng Pagkabuhay ay magpapasaklolo kay Adan, pagkatapos ay kay Noe, pagkatapos ay kay Abraham, pagkatapos ay kay Moises, at pagkatapos ay kay Jesus ngunit hihingi sila ng paumanhin, hanggang sa magwakas kay Muhammad (SAS). Ito ay nagpapatunay na ang pagpapasaklolo kay Allah ay hindi isang shirk.

**'Abdulláh:** Ito ay kalituhan mula sa iyo sa reyalidad ng usapin. Ang pagpapasaklolo sa isang buhay na nakakausap na nilikha kaugnay sa anumang makakayang gawin nito ay hindi natin tinutulan, gaya ng sinabi ni Allah: **at nagpasaklolo sa kanya ang kabilang sa mga kakampi niya laban sa kabilang sa mga kaaway niya<sup>2</sup>** at gaya ng pagpapasaklolo ng isang tao sa mga kasamahan niya sa sandali ng digmaan at sa iba pa kaugnay sa mga bagay na makakayang gawin. Kami ay tumututol sa pagpapasaklolo na pagsamba na ginagawa ninyo sa mga puntod ng mga walíy o sa sandaling wala sila sa piling kaugnay sa mga bagay na walang nakakayang gumawa kundi Allah. Ang mga tao ay magpapasaklolo sa mga propeta sa Araw ng Pagkabuhay. Nanaisin nila mula sa mga ito na manawagan kay Allah na tuusin na ang mga tao upang makapagpahinga na ang mga maninirahan sa Paraiso sa mga pighati ng pagtayo. Ito ay ipinahihintulot, sa Mundo at Kabilang-buhay, na pumunta ka sa isang matuwid na tao na uupo sa harap mo, maririnig mo ang pananalita niya, at magsasabi ka sa kanya: “Ipanalangin mo ako,” gaya ng mga Sahábíy ng Propeta (SAS) na humihiling noon sa kanya noon nabubuhay pa siya. Noong matapos na namatay siya ay hindi na nangyari at hinding hindi na. Sila ay hindi humiling niyon sa tabi ng puntod niya. Bagkus ay tinutulan ng Salaf ang pagdalangin kay Allah sa tabi ng puntod.

**'Abdunnabí:** Ano ang masasabi mo sa kuwento tungkol kay Abraham noong itinapon siya sa apoy at hinarang siya ni Anghel Gabriel sa ere at sinabi nito: “May kailangan ka ba?” at sinabi naman niya: “Kung sa iyo, wala.” Kaya kung sakaling ang pagpapasaklolo kay Gabriel ay Shirk, hindi na sana niya inialok ito kay Abraham.

**'Abdulláh:** Ang maling-akala na ito ay kauri ng unang maling-akala. Ang kuwento ay hindi tama. Kung sakaling ipagpapalagay natin na tama ito, si Anghel Gabriel ay nag-alok kay Abraham na magdulot ng pakinabang sa pamamagitan ng gawaing makakaya niya sapagkat gaya ng sinabi ni Allah sa kanya: **Tinuruan siya ng**

<sup>1</sup> Ang pangunahing krimen ng Khawárij na humantong sa paglipol sa kanila ay ang walang pakundangang pagpatay nila sa mga Muslim na hindi sang-ayon sa pananaw.

<sup>2</sup> Qur'an 28:15.



**matindi ang lakas,**<sup>1</sup> Kaya kung sakaling pinahinutlutan siya ni Allah na kunin ang apoy na susunog kay Abraham at ang anumang nakapalibot dito na lupa at mga bundok at itatapon niya ang mga ito sa silangan o kanluran ay talagang hindi makapagpapahina sa kanya iyon. Ito ay gaya ng isang taong mayaman na nag-alok sa isang nangangailangan na pauutangin niya ito ng pera upang ipantugon sa pangangailangan nito ngunit tumanggi naman ito hanggang sa naghatid si Allah rito ng panustos na walang maisusumbat doon ang isa man. Paano mong ihahambing ito sa pagpapasaklolo na pagsamba at Shirk na ginagawa mo ngayon? Dapat mong malaman kapatid na ang mga sinanaunang mga tao na ipanadala sa kanila si Propeta Muhammad ay higit na magaan sa Shirk kaysa sa mga tao sa panahon natin dahil sa tatlong kadahilanan:

**1.** Ang mga sinaunang tao ay nagtatambal lamang kay Allah sa iba pa sa Kanya sa panahon ng kaginhawahan. Sa panahon ng kagipitan ay nagpapakawagas sila sa pagsamba kay Allah ayon sa patunay ng sinabi ni Allah: **Kapag nakasakay sila sa sasakyang-dagat ay dumadalangin sila kay Allah bilang mga nagpapakawagas sa Kanya sa pagtalima; subalit noong naihatid na Niya sila nang ligtas sa katihan, walang-anu-ano sila ay nagtatambal sa Kanya**<sup>2</sup> at ng sinabi pa Niya: **Kapag nilukob sila ng mga alon na gaya ng mga anino ay dumadalangin sila kay Allah bilang mga nagpapakawagas sa Kanya sa pagtalima. Ngunit noong nailigtas Niya sila patungo sa katihan ay mayroon sa kanila na katamtaman sa pagpapasalamat. Walang nagkakaila sa mga tanda Namin kundi ang bawat palasira sa pangako na walang utang na loob.**<sup>3</sup> Samakatuwid ang mga Mushrik na nakalaban ng Propeta (SAS) ay dumadalangin kay Allah at dumadalangin sa iba sa Kanya sa panahong ng kaginhawahan ngunit sa panahon ng kagipitan ay wala silang dinadalanginan kundi si Allah lamang at kinakalimutan nila ang mga poon nila. Ang mga Mushrik naman sa panahon natin ay tunay na sila ay dumadalangin sa iba pa kay Allah sa panahong ng kaginhawahan at kagipitan. Kapag nagipit ang isa sa kanila ay magsasabi ito: “O Sugo ni Allah, o Husayn,” at iba pa. Subalit nasaan ang nakauunawa niyon?

**2.** Ang mga sinauna ay dumadalangin kasama kay Allah sa mga malapit kay Allah, na maaaring isang propeta, o isang walíy, o isang anghel, o kahit papaano ay isang bato o isang punong-kahoy na likas na tumatalima kay Allah at hindi sumusuway sa Kanya. Ang mga tao naman sa panahon natin ay dumadalangin sa mga tao na kabilang sa pinakasuway sa mga tao. Ang naniniwala sa matuwid na tao o sa isang hindi sumusuway gaya ng bato at punong-kahoy ay higit na magaan sa kasalanan kaysa sa isang naniniwala sa isang nasasaksihan ang kasuwailan nito at katiwalian nito.

**3.** Ang kabuuan ng mga Mushrik sa panahon ng Propeta (SAS), ang Shirk nila ay sa Tawhíd al’Ulúhíyah at hindi sa Tawhíd arRubúbíyah, taliwas sa Shirk ng mga

<sup>1</sup> Qur’an 53:5. Ang ibig sabihin ng áyah na ito ay: Tinuruan si Propeta Muhammad (SAS) ni Anghel Gabriel na matindi ang lakas.

<sup>2</sup> Qur’an 29:65.

<sup>3</sup> Qur’an 31:32.

makabago sapagkat ang Shirk sa mga ito ay nagaganap sa kadalasan sa Tawhíd arRubúbíyah kung papaanong ito ay nagaganap sa Tawhíd al'Ulúhíyah rin. Itinuturing nila ang kalikasan, halimbawa, na siyang tagapangasiwa sa sansinukob sa pagbibibagay-buhay at pagbibigay-kamatayan.

Marahil ay wawakasan ko ang aking pananalita sa pagbanggit ng isang dakilang usapin na mauunawaan mo mula sa nauna nang nabanggit. Walang salungtan na ang Tawhíd ay kailangang sa pamamagitan ng paniniwala ng puso, pagsasalita ng dila, at paggawa ng mga kadahilanan sa pamamagitan ng pagkilos ng mga bahagi ng katawan. Kaya kung may nasirang anuman mula rito, ang tao ay hindi magiging isang Muslim. Kung nalaman niya ang Tawhíd at hindi niya isinagawa, siya ay isang Káfir na nagmamatigas gaya ng Paraon at ni Iblís. Nagkakamali rito ang marami sa mga tao at sinasabi nila: Ito ay totoo subalit hindi natin makakayang gawin ito, hindi ipinahihintulot sa mga mamamayan ng bayan namin at mga kalahi namin. Kailangang makiayon sa kanila at maglangis sa kanila dahil pinangangambahan ang masamang magagawa nila. Hindi alam ng pobre na ang karamihan sa mga ulo ng kawalang pananampalataya ay nakaaalam sa katotohanan at iniwan nila ito dahil lamang sa isa sa mga dahilan, gaya ng sinabi ni Allah: **Ipinagpalit nila ang mga Tanda ni Allah sa isang kakaunting halaga at humadlang sila sa landas Niya. Tunay na sila ay masama ang kanilang ginagawa noon.**<sup>1</sup> Ang sinumang nagsasagawa sa Tawhíd sa panlabas na gawain ngunit hindi niya ito nauunawaan at hindi niya ito pinaniniwalaan sa puso niya, siya ay isang Munáfiq. Siya ay masahol pa sa purong Káfir dahil sa sabi ni Allah: **Tunay na ang mga nagkukunwaring sumasampalataya ay malalagay sa pinakamababang palapag ng Apoy, at hindi ka makatatagpo para sa kanila ng isang tagaadya,**<sup>2</sup> Ang usaping ito ay liliinaw sa iyo nang maliwanag kapag nagmuni-muni ka sa binibitawan ng mga dila ng mga tao. Makikita mo ang nakaaalam sa katotohanan at umaayaw sa paggawa ayon dito dahil sa pangamba sa kabawasan ng makamundong tinatamasa niya gaya ni Qárún, o ng kabunyian niya gaya ni Hámán, o ng paghahari niya gaya ng Paraon. Makikita mo rin ang gumagawa ayon sa katotohanan sa panlabas hindi sa panloob gaya ng mga Munáfiq kaya kapag tinanong mo siya tungkol sa pinaniniwalaan niya sa puso niya ay nakagugulat na siya ay hindi nakaaalam.

**Subalit may kailangan kang maunawaan na dalawang áyah mula sa Aklat ni Allah:**

**Ang unang áyah:** Ang nauna nang nabanggit, ang sinabi Niya: **Huwag na kayong magdahilan pa; tumanggi na kayong sumampalataya matapos ang pagsampalataya ninyo.**<sup>3</sup> Kapag nalaman mo na ang ilan sa mga lumusob sa Silangang Roma kasama ng Sugo ni Allah (SAS) ay naging mga Káfir dahil sa isang pananalitang sinabi nila nang patuya at pabiro ay liliinaw sa iyo na ang nagsasalita ng

<sup>1</sup> Qur'an 9:9.

<sup>2</sup> Qur'an 1:45.

<sup>3</sup> Qur'an 9:65-66.

kawalang pananampalataya o gumagawa nito dala ng pangamba sa kabawasan ng yaman o kabunyian o sa pakikipagmabutihan sa isa ay higit na masahol kaysa sa nagsasalita niyon nang pabiro dahil ang nagbibiro sa kadalasan ay hindi naniniwala sa puso niya sa sinasabi ng dila niya dahil nagpapatawa lamang siya sa mga tao. Ang nagsasalita naman ng kawalang pananampalataya o gumagawa ayon dito dala ng pangamba o pag-iimbot sa taglay ng isang nilikha ay naniwala nga sa Demonyo sa pangako nito: **Ang Demonyo ay nagbabanta sa inyo ng karalitaan at nag-uutos sa inyo na gumawa ng kahalayan.**<sup>1</sup> at nangamba sa banta nito: **Itong Demonyo ay nagpapakaba lamang sa inyo sa mga katangkilik niya;**<sup>2</sup> Hindi ito naniwala kay Allah, ang Napakamaawain, sa pangako Niya: **samantalang si Allah ay nangangako sa inyo ng isang kapatawaran mula sa Kanya at isang kabutihang-loob.**<sup>3</sup> Hindi ito nangamba sa banta ni Allah, ang Palasupil: **kaya huwag kayong mangamba sa kanila bagkus mangamba kayo sa Akin kung kayo ay mga mananampalataya.**<sup>4</sup> Karapat-dapat ba ang sinumang ito ang kalagayan niya na maging kabilang sa mga katangkilik ni Allah o kabilang sa mga katangkilik ng Demonyo?

Ang ikalawang áyah: Ang sabi ni Allah: **Ang sinumang tumangging sumampalataya kay Allah pagkatapos ng pagsampalataya niya, maliban sa pinilit habang ang puso niya naman ay napapanatag sa Pananampalataya, at ang sinumang nagbukas ng dibdib sa kawalang pananampalataya ay tatanggap sila ng galit mula kay Allah at magkakaroon sila ng isang sukdulang pagdurus.**<sup>5</sup> Hindi magpagpapaumanhin si Allah sa mga ito maliban sa pinilit ngunit ang puso niya ay napapanatag sa pananampalataya. Ang iba pa rito ay naging Káfir na, ginawa niya man ito dala ng pangamba, o pag-iimbot, o paglalangis sa isa, o pagkaibig sa bayan niya o mag-anak niya o angkan niya o yaman niya, o ginawa niya iyon sa paraang pabiro, o dahilang iba pa roon, maliban sa pinilit. Ang áyah ay nagpapakita na ang tao ay hindi mapipilit maliban sa salita at gawa samantalang ang paniniwala ng puso ay walang isang makapipilit. Ang sabi pa ni Allah: **Iyan ay dahil sa sila ay umibig sa makamundong buhay higit sa Kabilang-buhay at dahil sa si Allah ay hindi nagpapatnubay sa mga taong tumatangging sumampalataya.**<sup>6</sup> Nilinaw nito na ang pagdurus ay hindi dahil lamang sa paniniwala, kamangmangan, pagkamuhi sa relihiyon, o pag-ibig sa kawalang pananampalataya, ang dahilan din nito ay na siya ay may isang magandang kapalaran sa mundo ngunit minagaling niya ito higit kaysa sa Kabilang-buhay. Matapos ang lahat ng ito hindi ba nalalapit na sa iyo, patnubayan ka ni Allah, na magpabalik-loob ka sa Panginoon mo, manumbalik sa Kanya, at iwan mo ang kinalalagay mo sapagkat ang bagay na ito gaya ng narinig mo ay seryoso at maselan, ang usapin ay matindi, at ang kalagayan ay mabigat?

<sup>1</sup> Qur'an 2:268.

<sup>2</sup> Qur'an 3:175.

<sup>3</sup> Qur'an 3:268.

<sup>4</sup> Qur'an 3:175.

<sup>5</sup> Qur'an 16:106.

<sup>6</sup> Qur'an 16:107.

**‘Abdunnabí:** Humihingi ako ng tawad kay Allah. Nagbabalik-loob ako sa Kanya. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah. Tumanggi na akong sumampalataya sa lahat ng sinasamba ko noon bukod pa kay Allah. Hinihiling ko kay Allah na pagpaumanhinan ako sa anumang nagdaan na, na magpawalang-sala Siya sa akin, na pagkalooban Niya ako ng kabaitan Niya, kapatawaran Niya, at awa Niya, at na patatagin Niya ako sa Tawhíd at tamang paniniwala hanggang sa makatagpo ko Siya. Hinihiling ko sa Kanya na gantimpalaan ka Niya, kapatid na ‘Abdulláh, ng mabuti dahil sa payong ito yamang ang Relihiyon ay ang pagpapayo; dahil sa pagtutol mo sa dating kalagayan ko: ang pangalan kong ‘Abdunnabíy, na ibinabalita ko sa iyo na papalitan ko ito ng pangalang ‘Abdurrahmán; dahil sa pagtutol sa nakasasamang kubli na dati kong pininiwalaan: ang ligaw na paniniwalang kung sakaling nakatagpo ko si Allah samantalang ako ay nanantili roon ay talang hindi ako magtatagumpay magpakailanman.

Subalit nais ko na humiling sa iyo ng isang mabuting hiling. Banggitin mo sa akin ang ilan sa mga nakasasama na dumami ang pagkakamali ng mga tao kaugnay rito.

**‘Abdulláh:** Walang ano man. Ibigay mo sa akin ang pakikinig mo:

\* Kaingat ka na ang adhikain mo sa anumang usaping nagkasalungatan sa pag-unawa mula sa Qur’an at Sunnah ay ang pagsunod sa pinagkakasalungatan sa paghahangad ng kaguluhan at paghahangad ng pakahulugan niyon. Sa katotohanan, walang nakaaalam sa pakahulugan niyon kundi si Allah. Hinihiling ko na ang adhikain mo ay ang adhikain ng mga nakaugat sa kaalaman, na nagsasabi sa tungkol sa bawat matalinghaga: **Sumasampalataya kami rito; lahat ay buhat sa Panginoon namin.**<sup>1</sup> Kaugnay pa sa pinagkakasalungatan ay ang sabi ng Sugo (SAS): *Iwan mo ang nagpapaalinlangan sa iyo patungo sa hindi nagpapaalinlangan sa iyo.* Isinalaysay ito nina Imám Ahmad at Imám atTirmidhíy. Ang sabi pa ng Propeta: **Kaya ang sinumang nangilag sa mga nakalilito ay nangangalaga sa reliyon niya at sa karangalan niya. Ang sinumang nasadlak sa mga nakalilito ay nasadlak sa ipinagbabawal.** Isinalaysay ito nina Imám alBukháríy at Imám Muslim. Ang sabi pa ng Propeta (SAS): **Ang kasalanan ay ang anumang lumiligalig sa loob ng dibdib mo at kinasuklaman mo na mapag-alaman ito ng mga tao.** Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Ang sabi ng Propeta (SAS): **Sanguniin mo ang puso mo; sangguniin mo ang sarili mo – tatlong ulit niyang sinabi – at ang pagpapakabuti ay ang anumang napanatag dito ang sarili at ang kasalanan ay ang anumang lumiligalig sa sarili at nagpapaatubili sa loob ng dibdib kahit pa man nagpayo ang mga tao sa iyo at nagpayo sila sa iyo.** Isinalaysay ito ni Imám Ahmad.

\* Kaingat ka na sumunod sa pithaya sapagkat tunay na si Allah ay nagbabala laban doon ayon sa sabi Niya: **Nakita mo ba ang gumawa sa pithaya niya bilang diyos niya? Kaya ikaw ba sa kanya ay magiging isang katiwala?**<sup>2</sup>

\* Kaingat ka sa bulag na pagkiling sa mga tao, mga pananaw, at anumang nakagisnan ng mga magulang sapagkat ito ay humahadlang sa pagitan ng tao at katotohanan. Ang katotohanan ay pinakamimithi ng mananampalataya; saan man

<sup>1</sup> Qur’an 3:7.

<sup>2</sup> Qur’an 25:43.

niya matagpuan ito ay siya ang higit na karapat-dapat dito. Nagsabi si Allah: **Kapag sinabi sa kanila: “Sundin ninyo ang ibinaba ni Allah,” sasabihin nila: “Bagkus susundin namin ang natagpuan namin sa mga ninuno namin.” Kahit na ba ang mga ninuno nila ay hindi nakauunawa ng anuman at hindi napapatnubayan?**<sup>1</sup>

★ Kaingat ka sa pagwangis sa mga Káfir sapagkat tunay na ito ay ulo ng bawat pagsubok. Nagsabi ang Sugo (SAS): **Ang sinumang nagpapakawangis sa [ilang] mga tao, siya ay kabilang sa kanila.** Isinalaysay ito ni Imám Abú Dáwud.

★ Kaingat ka na manalig sa iba pa kay Allah sapagkat nagsabi Siya: **Ang sinumang nananalig kay Allah, Siya ay sapat na sa kanya.**<sup>2</sup>

★ Huwag ka na tumalima sa alinmang nilikha kapalit ng pagsuway kay Allah. Sinabi ng Sugo (SAS): **Walang pagtalima ukol sa isang nilikha kapalit ng pagsuway sa Tagapaglikha.** Isinalaysay ito ni Imám atTirmidhíy.

★ Kaingat ka sa masagwang pag-aakala kay Allah sapagkat Siya ay nagsabi sa Hadíth Qudsí: **Ako ay ayon sa palagay ng lingkod Ko sa Akin.**

★ Kaingat ka na magsuot ng singsing o pendant o mga tulad nito na pangtaboy raw ng kamalasan bago dumapo ito o pag-aalis nito kapag dumapo.

★ Kaingat ka sa pagsusuot ng mga pangontra sa usog sapagkat ito ay Shirk. Nagsabi ang Sugo: **Ang sinumang nagsuot ng isang bagay [bilang agimat], ipagkakatiwala siya roon.**

★ Kaingat ka na magpabiyaya sa mga bato, mga punongkahoy, mga alaala, at mga estruktura sapagkat ito ay Shirk.<sup>3</sup>

★ Kaingat ka sa tatayyur<sup>4</sup> at paniniwala sa kamalasan ng anuman sapagkat ito ay Shirk. Nagsabi ang Sugo (SAS): **Ang tatayyur ay Shirk, ang tatayyur ay Shirk.** Tatlong ulit na sinabi.

★ Kaingat ka na maniwala sa mga mangkukulam at mga astrologo na nag-aangking may kaalaman sa nakalingid.<sup>5</sup> Nagsusulat sila ng mga horoscope sa mga diyaryo tungkol sa suwerte at kamalasan ng mga tao. Ang paniniwala sa kanila kaugnay sa mga ito ay Shirk dahil walang nakaaalam sa nakalingid kundi si Allah.

★ Kaingat ka na pag-uugnay ng pagbuhos ng ulan dahil sa mga bituin o mga panahon sapagkat ito ay Shirk. Inuugnay lamang ito kay Allah.

★ Kaingat ka na manumpa sa iba pa kay Allah maging ano man ang sinusumpaang ito sapagkat ito ay Shirk. Nasaad nga sa Hadíth: **Ang sinumang nanumpa sa iba pa kay Allah ay tumanggi ngang sumampalataya o gumawa ng Shirk.** Isinalaysay ito ni Imám Ahmad. Ito ay gaya ng pagsumpa sa Propeta, sa katapatan, sa karangalan, o sa pananagutan, o sa buhay.

<sup>1</sup> Qur'an 2:170.

<sup>2</sup> Qur'an 65:3.

<sup>3</sup> Ang halimbawa ng alaala rito ay ang anumang pag-aari gaya ng tungkod ng isang banal na tao at ang halimbawa naman ng estruktura ay ang tinirahan ng isang banal na tao.

<sup>4</sup> Ang literal na kahulugan ng tatayyur ay ang pagtuturing na malas na makakita ng ibon sa isang takdang sandali. Katulad ito ng pamahiin sa atin na malas daw ang makakita ng isang itim na pusa sa isang takdang sandali. Sa kabuuan ito ay ang pag-uugnay ng kamalasan sa anumang bagay o pangyayari.

<sup>5</sup> Ang nakalingid na tinutukoy rito ay ang tinatawag na ghayb sa Arabe. Kabilang sa nakalingid ay ang mga bagay na mangyayari sa hinaharap.

★ Kaingat ka sa pang-aalipusta sa panahon, pang-aalipusta sa hangin, o araw, o lamig, o init sapagkat ito ay pag-alipusta kay Allah na lumikha sa mga ito.

★ Kaingat sa pagsabi ng “kung sana’y” kapag dinapuan ka ng isang kinasusuklamang pangyayari sapagkat ito ay nagbubukas sa gawain ng Demonyo at mayroon itong pagtutol sa itinakda ni Allah. Bagkus ay sabihin mo: “Itinakda n iAllah at ang anumang niloob Niya ay ginagawa Niya.”

★ Kaingat ka na gawing mga masjid ang mga libingan sapagkat hindi magdarasal sa isang masjid na sa loob nito ay may libingan. Ayon kay ‘Á’ishah (RA) na nagsabi: “Tunay na ang Sugo ni Allah ay nagsabi samantalang siya ay nasa sandali ng mga hapdi ng paghihingalo: *Isinumpa ni Allah ang mga Hudyo at mga Kristiyano. Ginawa nilang mga sambahan ang mga libingan ng mga propeta nila.* Nagbibigay-babala siya laban sa ginawa nila.” Sinabi pa niya: “Kung sakaling hindi sinabi iyon ay talagang iniangat sana nila ang libingan niya.” Isinalaysay ito ni Imám alBukháríy. Nagsabi pa ang Sugo (SAS): *Tunay na ang mga nauna noon sa inyo ay gumagawa sa mga libingan ng mga propeta nila at mga taong matuwid nila bilang mga sambahan. Kaya huwag ninyong gawin ang mga libingan bilang mga sambahan; tunay na ako ay nagbabawal sa inyo kaugnay roon.* Itinala ito ni Abú ‘Awánah.

★ Kaingat ka na maniwala sa mga Hadíth na iniugnay ng mga palasinungaling sa Sugo ni Allah (SAS) kaugnay sa pag-uudyok sa pagsusumamo sa pamamagitan ng pagkatao niya o ng mga matuwid na tao na kabilang sa mga Kalipunan niya. Ang mga Hadíth na ito ay gawa-gawang bunga ng kasinungalingan. Ang isa sa mga ito: Magsumamo kayo sa pamamagitan ng kabunyian ko sapagkat tunay na ang kabunyian ko sa ganang kay Allah ay sukdulan. Ang isa pa sa mga ito: Kapag pinanghina kayo ng mga bagay-bagay ay umasa kayo sa mga taong nakalibing. Ang isa pa sa mga ito: Tunay na si Allay ay nagtatalaga ng isang anghel sa libingan ng bawat walíy na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga tao. Ang isa pa sa mga ito: Kung sakaling pinaganda ng isa sa inyo ang palagay niya sa isang bato ay makapagdudulot ito ng pakinabang sa kanya. Ang iba pa rito ay marami.

★ Kaingat ka na magdiwang ng mga tinatawag ng okasyong pangrelihiyon tuladng Kaarawan ng Propeta, Gabi ng Isrá’ at Mi‘ráj, Gabi ng Nisfu Sha‘bán, at iba pa. Ang mga ito ay bid‘ah na walang patunay mula sa Sugo ni Allah (SAS) ni mula sa mga Sahábíy niya na umiibig sa Sugo nang higit kaysa sa atin at masigasig sa mga mabuti nang higit na matindi kaysa sa akin. Kung sakaling iyon ay mabuti ay talagang naunahan na nila sana tayó roon.

## Ang Pagsaksi na Walang Diyos Kundi si Allah

Naisalaysay mula sa salaysay ng isang *Sahábíy* na ang susi ng paraiso ay ang *Lá iláha illa -lláh* subalit ang lahat ba ng nagsasabi nito ay karapat-dapat na pagbuksan ng pinto ng Paraiso? Sinabi kay Wahab ibnu Munabbih (RA): “Hindi ba’t ang *Lá iláha illa -lláh* ay susi ng Paraiso?” Sinabi niya: “Siya nga. Sublit walang susi na walang mga ngipin. Kaya kapag nagdala ka ng isang susi na may mga ngipin ay mapagbubuksan ka at kung hindi ay hindi ka mapagbubuksan.”

May Nasaad ayon sa Prtopeta (SAS) na maraming *Hadíth* na nililinaw ng mga ito sa kabuan ang mga ngipin ng susing ito gaya ng sabi niya: *Ang sinumang nagsabi ng Lá iláha illa -lláh nang tapat...na nakatitiyak dito ang puso niya...nagsasabi nito nang totoo mula sa puso niya...* at iba pa. Iniugnay niya ang mga *Hadíth* na ito at iba pa sa pagpasok sa Paraiso alinsunod sa kaalaman sa kahulugan nito, pananatili rito hanggang sa mamatay, sa pagpapakumbaba sa ipinahihiwatig nito, at iba pa. Mula sa kabuuan ng mga patunay ay nakahulo ang mga maalam sa Islam ng mga kundisyong kailangang matupad kaalinsabay ng paglaho ng mga nakahahadlang sa katuparan nang sa gayon ang adhikaing *Lá iláha illa -lláh* ay maging susi para sa Paraiso at makinabang ang nagtatalay nito. Ang mga kundisyon na ito ay ang mga ngipin ng susi. Ang mga ito ay ang sumusunod:

**1 Ang Kaalaman.** Yamang ang bawat pahayag ay may kahulugan, kinakailangan na malaman mo ang kahulugan ng *Lá iláha illa -lláh* batay sa kaalamang sumasalungat sa kamangmangan. Ito ay nagkakaila sa pagkadiyos ng iba pa kay Allah at kumikilala nito para sa Kanya. Ang ibig sabihin ay walang sinasamba sa katotohanan kundi si Allah. **Nagsabi si Allah: maliban sa mga sumaksi sa katotohanan at sila ay nakaaalam sa katotohanan.**<sup>1</sup> Nagsabi naman ang Sugo: *“Ang sinumang namatay samantalang siya ay nakaaalam na walang Diyos kundi si Allah, papasok siya sa Paraiso.”* Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

**2 Ang Katiyakan.** Ito ay nangangahulugang pakatitiyakin nang matibay bibigkasin ang kahulugan nito sapagkat tunay na ito ay hindi tumatanggap ng pagdududa, ni ng pagpapalagay, ni ng pag-aatubili, ni ng pag-aalinlangan. Bagkus kinakailangan na ito ay nakabatay sa katiyakang matatag at matibay sapagkat nagsabi si Allah sa paglalarawan sa mga mananampalataya: **Ang mga sumasampalataya ay tanging ang mga naniwala kay Allah at sa Sugo Niya, pagkatapos ay hindi sila nag-alinlangan at nakibaka sila sa pamamagitan ng mga ari-arian nila at mga sarili nila sa landas ni Allah. Ang mga iyon ay ang mga nagsasalita ng totoo.**<sup>2</sup> Kaya hindi nakasasapat ang pagbigkas lamang nito. Bagkos ay kailangang pakatitiyakin ng puso sapagkat kung hindi ito nangyari, ito ang lantay na pagkukunwaring sumampalataya. Nagsabi ang Sugo (SAS): *“Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah at na ako ay Sugo ni Allah. Kapag makikipagtagpo kay Allah ang isang tao taglay ang dalawang [pagsaksing] ito samantalang hindi nagdududa sa dalawang ito, papasok siya sa Paraiso.”* Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

<sup>1</sup> Qur’an 43:86.

<sup>2</sup> Qur’an 49:15.

**3 Ang Pagtanggap.** Kaya kapag nalaman mo at natiyak mo, nararapat na ang kaalamang tiyak na ito ay may epekto. Iyon ay ang pagtanggap sa hinihiling ng adhikaing ito sa puso at dila sapagkat ang sinumang tumanggi sa paanyaya ng Tawhíd at hindi tumanggap dito, siya ay isang Káfir, walang pagkakaiba kung ang pagtanging iyon ay dahil sa pagmamalaki, o pagmamatigas, o inggit. Nagsabi nga si Allah tungkol sa mga Káfir na tumanggi rito dala ng pagmamalaki: **Tunay na sila noon, kapag sinabi sa kanila na walang Diyos kundi si Allah, ay nagmamalaki sa pagtangi**<sup>1</sup>

**4 Ang Pagpapaakay.** Ang Tawhíd ay nangangailangan ng lubos na pagpapaakay. Ito ang tunay na sukatan at ang praktikal na pamantayan sa pananampalataya. Naisasakaganapan ito sa pamamagitan ng pagsagawa sa isinabatas ni Allah at pagtalikdo sa sinaway Niya gaya ng sinabi Niya: **Ang sinumang magsuko ng sarili niya kay Allah habang siya ay nagmamagandang-loob ay nangapit na sa hawakang pinakamatibay. Tungo kay Allah ang kahihinatnan ng mga bagay.**<sup>2</sup> Ito ang kalubusan ng pagpapaakay.

**5 Ang Katapatan.** Sa pagsabi ng Lá iláha illa -lláh ay dapat may katapatang sumasalungat sa kasinungalingan sapagkat tunay na ang sinumang nagsabi nito sa pamamagitan ng dila niya lamang samantalang ang puso niya ay nagpapasinungaling dito, siya ay isang Munáfiq. Ang patunay ay ang sinabi Niya sa pagpula sa mga Munáfiq: **Sinasabi nila sa pamamagitan ng mga dila nila ang wala sa mga puso nila.**<sup>3</sup>

**6 Ang Pag-ibig.** Iibigin ng mananampalataya ang adhikaing ito at iibigin niya ang paggawa ayon dito. Iibigin niya ang mga alagad nito na nagsasagawa ng ayon dito. Ang tanda ng pag-ibig ng tao sa Panginoon niya ay ang pagpapauna sa pag-ibig kay Allah kahit pa man sumasalungat ito sa pithaya niya, ang pagtangkilik sa sinumang tinangkilik ni Allah at ng Sugo Niya, ang pagkalaban sa sinumang kinalaban Niya, ang pagsunod sa Sugo, ang pagsunod, ang pagsunod sa bakas nito, at ang pagtanggap sa patnubay nito.

**7 Ang Kawagasan.** Ito ay sa pamamagitan ng pagnanais na sabihin ito dahil lamang sa ikasisiya ng mukha ni Allah. Sinabi Niya: **Walang ipinag-utos sa kanila kundi na sambahin nila si Allah bilang mga nagpapakawagas sa Kanya sa pagtalima,**<sup>4</sup> Sinabi naman ng Sugo (SAS): *“At tunay na si Allah ay nagkait nga sa Impiyerno ng sinumang nagsabi ng Lá Iláha Illalláh, na naghahangad sa pamamagitan niyon ng ikisisiya ng Mukha ni Allah.”* Isinalaysay ito ni Imám alBukháríy. Kalakip ng mga kundisyong ito na magkakasama-sama, kinakailangang manatili sa adhikaing ito at magpakatatag dito hanggang sa mamatay.

<sup>1</sup> Qur'an 37:35.

<sup>2</sup> Qur'an 31:22.

<sup>3</sup> Qur'an 48:11.

<sup>4</sup> Qur'an 98:5. O relihiyon o pagsamba.



## Ang Pagsaksi na si Muhammad (SAS) ay Sugo ni Allah

Ang patay sa libingan ay tatanungin ng tatlong katanungan. Kung nasagot niya ang mga ito ay maliligtas siya. Kung hindi niya nasagot ang mga ito ay mapapahamak siya. Kabilang sa mga tanong na ito ay kung sino ang Panginoon mo? Walang makasasagot dito kundi ang pinatnubayan ni Allah sa buhay niya sa Mundo upang maisakatuparan ang mga kundisyon nito, pinatatag Niya, at kinasihan Niya sa libingan nito kaya naman napakinabangan nito iyon sa Kabilang-buhay niya sa Araw na hindi mapakikinabangan ang yaman ni ang mga anak. Ang mga kundisyon na ito ay ang sumusunod:

### 1 Ang pagtalima kay Propeta Muhammad (SAS) sa anumang ipinag-utos niya.

Ito ay yamang ipinag-utos sa atin ni Allah ang pagtalima sa kanya. Sinabi ni Allah: Ang sinumang tumalima sa Sugo ay tumalima nga kay Allah;<sup>1</sup> Sinabi pa Niya: Sabihin mo: **Kung kayo ay umiibig kay Allah ay sundin ninyo ako; iibigin kayo ni Allah.**<sup>2</sup> Ang kalubusan ng pagpasok sa Paraiso ay nakasalalay sa kalubusan ng pagtalima sa kanya sapagkat nagsabi siya (SAS): *Lahat ng kalipunan ko ay papasok sa Paraiso maliban sa umayaw.* Sinabi nila: “O Sugo ni Allah, at sino naman ang aayaw?” Sinabi niya: *Ang sinumang tumalima sa akin ay papasok sa Paraiso at ang sinumang sumuway sa akin ay umayaw nga.* Isinalaysay ito ni Imám alBukháríy. Ang sinumang umiibig sa Propeta (SAS) ay kailangang tumalima sa kanya dahil ang pagtalima ay bunga ng pag-ibig. **Ang sinumang nagsabi na ang pag-ibig niya sa Propeta (SAS) ay walang kalakip ng pagsunod at pagtalima, siya ay isang sinungaling sa pahayag niya.**

### 2 Ang paniniwala sa kanya sa anumang ipinabatid niya.

Kaya ang sinumang nagpasinungaling sa anumang na napagtibay na ayon sa Propeta (SAS) dahil sa udyok ng laman o dahil sa pithaya ay nagpasinungaling nga kay Allah at sa Sugo Niya dahil ang Propeta (SAS) ay napangalagaan laban sa pagkakamali at pagsisinungaling. **Hindi siya bumibigkas ayon sa pithaya.**<sup>3</sup>

### 3 Ang pag-iwas sa anumang sinaway niya at sinansala.

Magsisimula sa pinakasukdulan sa mga pagkakasala, ang Shirk, kabilang na ang mga malaking kasalanan at ang mga kasalanang nakapapahamak, at magwawakas sa mga maliit na kasalanan at mga gawaing kinasusuklam. Ayon sa sukat ng pag-ibig ng isang Muslim sa Propeta nito (SAS) nadadagdagan ang pananampalataya nito. Kapag nadagdagan ang pananampalataya nito ay gagawin ni Allah na kaibig-ibig dito ang mga matuwid na gawain at gagawin Niya na kasuklam-suklam dito ang kawalang pananampalataya, ang kasuwailan, at ang pagsuway.

### 4 Ang hindi pagsamba kay Allah kung hindi ayon sa isinabatas Niya na ipinahayag ng Propeta Niya (SAS).

Ang pangunahing panuntunan sa pagsamba ay pag-iwas sa pagsambang walang batayan. Kaya hindi ipinahihintulot na sambahin si Allah malibang ayon sa nasaad mula sa Sugo (SAS). Nagsabi ang Sugo (SAS): *Ang sinumang gumawa ng isang gawaing hindi batay sa utos namin, ito ay*

<sup>1</sup> Qur'an 4:80.

<sup>2</sup> Qur'an 3:31.

<sup>3</sup> Qur'an 53:3.

**tatanghian.** Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Ibig sabihin ay ibabalik sa kanya. Pakaalamin mo na ang pag-ibig sa Propeta (SAS) ay isinasatungkulin ay makasasapat ang pag-ibig lamang. Bagkus, **kailangan na ang Propeta (SAS) ay higit na iniibig mo kaysa sa bawat anuman pati na ang sarili mo.** Ang sinumang umibig sa anuman ay mamagalingin niya ito mamagalingin niya ang pagsang-ayon dito. Ang tapat sa pag-ibig sa Propeta (SAS) ay ang sinumang lumilitaw sa kanya ang tanda niyon sa pamamagitan ng pagtulad sa kanya at pagsunod sa Sunnah niya sa salita at sa gawa, ng pagtalima sa mga utos niya, ng pag-iwas sa mga sinaway niya, ng pag-aasal ng ayon sa mga kaasalan niya sa kagipitan at kaginhawahan, at sa sandali ng galak at lumbay. Tunay na ang pagtalima at ang pagsunod ay bunga ng pag-ibig at kung walang kalakip nito ay hindi magiging tapat ang pag-ibig. Ang pag-ibig sa Propeta ay may maraming tanda. Ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod: **Ang kadalasan ng pagbanggit sa kanya at pagdalangin para sa kanya** sapagkat ang sinumang umibig sa anuman ay dinadalasan nito ang pagbanggit doon. Kabilang dito **ang pananabik sa pakikipagtagpo sa kanya** sapagkat ang bawat nagmamahal ay nananabik sa pakikipagtagpo sa minamahal nito. Kabilang din dito **ang pagdakila sa kanya at ang pagpipitagan sa kanya kapag nabanggit siya.** Nagsabi si Is'háq, kaawaan nawa siya ni Allah: “Ang mga Kasamahan ng Propeta (SAS) noong wala na siya, kapag bumabanggit sa kanya ay nagpapakumbaba sila, nangingilabot ang mga balat nila, at napapaiyak sila.” Kabilang din sa mga ito **ang pagkasuklam sa anumang kinasuklaman niya,** ang pagklaban sa anumang kinalaban niya, at ang pag-iwas sa sa sinumang sumalungat sa Sunnah niya at gumawa ng bid'ah sa Relihiyon niya na kabilang sa mga kampon ng bid'ah at mga Munáfiq. Kabilang din dito ang pag-ibig sa sinumang inibig ng Propeta (SAS) na kinabibilangan ng mag-anak niya, mga asawa niya, at mga Kasamahan niya niya mga muhájir at anṣár, at ang pagkalaban sa sinumang kinalaban nila, at ang pagkamuhi sa namuhi sa kanila at nag-alipusta sa kanila. Kabilang din dito ang pagtulad sa mga marangal na kaasalan niya yamang siya ang pinakamarangal sa mga tao sa kaasalan anupat nagsabi si 'Á'ishah (RA): “Ang kaasalan ng Sugo ni Allah (SAS) ay ang Qur'an.” Ibig sabihin ay inubliga niya ang sarili niya na gumawa lamang ng ipinag-utos ng Qur'an.

**Tungkol naman sa mga katangian ng Propeta (SAS),** siya ay ang pinakamatapang sa mga tao at lalong nagiging napakatapang sa sandali ng katindihan ng mga digmaan. Siya ang pinakamapagbigay sa mga tao at ang pinakabukas-palad sa kanila at lalong nagiging napakabukas-palad sa Ramadán. Siya ang pinakamapagpayong nilikha sa mga nilikha. Siya ang pinakamatimpiin sa mga tao; hindi siya naghiganti para sa sarili niya lamang. Siya ang pinakamatindi sa mga tao sa pagtalima sa utos ni Allah. Siya ang pinakamatindi sa mga tao sa pagpapakumbaba sa sandali ng kahinahunan, ang pinakamatindi sa kabinihan kaysa sa birhen sa pagkamaingat nito, ang pinakamabuti sa mga tao sa maybahay niya, ang pinakamaawain na nilikha sa mga nilikha. Ang iba pang katangian niya ay marami.

## Ang Tahárah

Ang saláh ay ikalawa sa mga sandigan ng Islam at hindi ito magiging tumpak kundi sa pamamagitan ng tahárah. Ang tahárah ay hindi maisasakatuparan kundi sa pamamagitan ng tubig at alabok.

**Ang mga uri ng tubig: 1. Táhír (dalisay).** Ang dalisay sa sarili mismo, ang nakapagdadalisay sa iba. Ito ay nakapag-aalis ng hadath at nakapag-aalis ng najis.<sup>1</sup>

**2. Najis (marumi).** Ito ang nasaling ng najásah<sup>2</sup> kahit kaunti, o nagbago ang lasa nito o ang kulay nito o ang amoy nito dahil sa najásah kahit marami.

**Paalaala:** Ang maraming tubig ay hindi nagiging najis maliban kung nabago ng najásah ang isa sa mga katangian nito: ang kulay nito, o ang lasa nito, o ang amoy nito. Ang kaunting tubig ay nagiging najis kapag nasalang ng najásah. Itinuring na ang tubig ay marami kapag humigit ito sa dalawang qullah o mga 210 litro.

**Ang sisidlan.**<sup>3</sup> Ang lahat ng sisidlan na táhír ay ipinahihintulot na taglayin at gamitin maliban sa mga sisidlang ginto at pilak. Magiging tanggap ang tahárah sa pamamagitan ng ginto at pilak kaya nga lamang ay may kasalanan. Ipinahihintulot gamitin ang mga sisidlan at mga kasuutan ng mga Káfir maliban kapag nalaman natin ang pagiging najis ng mga ito.

**Ang balat ng maytah.**<sup>4</sup> Ito ay ganap na najis. Ang maytah ay alin sa dalawang uri: **1.** ang hayop na bawal kainan; **2.** ang hayop na hindi bawal kainin ngunit hindi nakatay. Ang hayop na hindi bawal kainin ngunit hindi nakatay, kapag kinulti ang balat nito, ay ipinahihintulot gamitin sa mga bagay na tuyo, hindi sa mga bagay na likido.<sup>5</sup>

**Ang istinjá’.**<sup>6</sup> Ang pag-aalis ng maruming lumabas sa ari at puwit. Kapag ito ay sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig, tinatawag ito na istinjá’. Kapag sa pamamagitan ng bato o papel at mga tulad nito, tinatawag ito na istijmár. Isang kundisyon sa paggsasagawa ng istijmár lamang ay ang paggamit ng bagay na táhír, ipinahihintulot, nakapaglilinis, at hindi kinakain. Ito ay isasagawa sa pamamagitan ng tatlong bato, halimbawa, o higit pa. Ang pagsasagawa ng istinjá’ o istijmár ay isinasatungkulin sa bawat pag-ihi o pagdumi. Ipinagbabawal sa sinumang ihi o dudumi ang manatili sa palikuran nang higit pa sa pangangailangan niya; ang pagdumi at ang pag-ihi sa pinanggagalingan ng tubig o sa daang dinadaan o sa sinisilungan o sa ilalim ng lilim ng punong-kahoy na may bunga; at ang pagharap sa Qiblah sa sandali ng pag-ihi at pagdumi. Kinasusuklaman para sa sinumang ihi o dudumi ang pagpasok sa palikuran nang may dalang anumang may nakasulat na pangalan ni Allah, ang pagsasalita habang nasa loob nito, ang pag-ihi sa butas<sup>7</sup> at tulad nito, ang paghipo ng ari sa pamamagitan ng kanang kamay, ang pagharap sa Qiblah sa loob ng palikuran. Ipinahihintulot ang mga unang nabanggit kung

<sup>1</sup> Ang najis ay ang anumang itinuturing na marumi sa Islam.

<sup>2</sup> Ang najásah ay ang anumang may taglay na najis.

<sup>3</sup> Ang lalagyang ng likido na gaya ng tubig. Ito ay maaaring baso, tabo, kaldero, batya at iba pa.

<sup>4</sup> Ang hayop na namatay nang hindi sadyaang kinatay gaya ng nasagasaan, o namatay sa sakit o suwag o ano pa man. Hindi rin ito maaaring kainin

<sup>5</sup> Ang halimbawa ng bagay na tuyo ay sapatos at ang halimbawa naman ng bagay na basa ay ang *waterskin*.

<sup>6</sup> Ang paghuhugas sa ari o sa puwit matapos umihi o dumumi.

<sup>7</sup> Para sa hindi umihi sa palikuran.

kailangan. Kaibig-ibig sa sinumang ihi o dudumi ang gansal na bilang ng paghuhugas o pagpupunas at ang pagsasama ng istinjá' at istijmár.

**Ang siwák.** Sunnah na gumamit ng siwák sa pamamagitan ng isang malambot na patpat gay ng arák at nagiging tiyak ang pagiging Sunnah nito sa sandali ng *ṣaláh*, pagbigkas ng Qur'an pagsasagawa ng wudú' bago magmumog, pagkagising, pagpasok sa masjid at bahay, at pagbabago ng amoy ng bibig, at tulad ng mga ito.

**Ang wudú'.** Ang mga sandigan nito ay: **1.** ang paghuhugas ng mukha kabilang na ang pagmumog at pagsinghot ng tubig, **2.** ang paghuhugas ng mga kamay mula sa mga dulo ng mga daliri hanggang sa pati ang mga siko, **3.** ang pagpupunas sa buong ulo kasama ang mga tainga, **4.** ang paghuhugas sa mga paa hanggang sa pati ang mga bukung-bukong, **5.** ang pagkakasunud-sunod, **6.** ang pagkatuluy-tuloy.

**Ang mga Sunnah ng wudú'.** Ang paggamit ng siwák, ang paghuhugas ng mga palad sa simula nito, ang pagpapauna sa pagmumumog at pagsinghot ng tubig bago maghugas ng mukha, ang paglulubus-lubos sa pagmumumog at pagsinghot ng tubig para sa hindi nag-aayuno, ang pagsingit ng mga daliri sa makapal na balbas, ang paghaplos sa pagitan ng mga daliri, ang pagsisimula sa kanang bahagi ng katawan, ang paghuhugas sa bahagi ng katawan nang makalawa o makatatlo, ang pagsinghot ng tubig sa pamamagitan ng kanang kamay at ang pagsinga nito sa pamaamgitan ng kaliwang kamay, ang pagkuskos sa mga bahaging hinuhugasan, ang paglubus-lubos sa pagsasagawa ng wudú', ang pagdalangin sa pamamagitan ng du'á' na nasaad mula sa Propeta (SAS) pagkatapos ng wudú'.

**Ang mga isinatungkulin sa wudú'.** Ang pagsambit ng basmalah bago nito, ang paghuhugas ng mga kamay para sa kagigising sa pagtulog sa gabi nang makatatlo bago isasaw ang mga kamay sa tubig.

**Ang mga kinasusuklaman sa wudú'.** Ang pagsasagawa ng wudú' sa pamamagitan ng tubig na mainit o malamig, ang kalabisan sa tatlong paghuhugas para sa iisang wudú', ang pagpagpag sa tubig na naiwan sa hinugasang bahagi, at ang paghuhugas ng loob ng mata. Tungkol naman sa pagpupunas sa bahaging hinugasan matapos ang wudú', ito ay pinahihintulutan.

**Paalaala:** Ang pagmumumog ay kailangang may pagpapagalaw ng tubig sa loob ng bibig. Ang pagsinghot ay kailangang may pagpapasok ng tubig sa loob ng ilong sa pamamagitan ng paghatak ng hininga hindi ng kamay lamang at ganoon din ang pagsinga; hindi magiging tama ang dalawang ito kundi sa pamamagitan ng gayong paglalarawan.

**Ang mga katangian ng wudú'.** Ito ay sa pamamagitan ng paglalayon nito sa puso. Pagkatapos ay babanggitin ang basmalah at huhugasan ang mga kamay. Pagkatapos ay magmumumog at sisinghot ng tubig at isisinga. Pagkatapos ay huhugasan ang mukha (ang saklaw nito ay mula sa karaniwang tinutubuan ng buhok hanggang sa baba, pababa; at mula sa isang tainga papunta sa isang tainga, pahalang). Pagkatapos ay huhugasan ang mga kamay kasamga ang mga braso at ang mga siko. Pagkatapos ay pupunasan ang buong ibabaw ng ulo mula sa hangganan ng mukha hanggang sa batok at sa balat sa ibabaw ng mga tainga. Ipapasok ang mga hintuturo sa mga butas ng mga tainga at papahiran ang mga

likod ng tainga sa pamamagitan ng mga hinlalaki. Pagkatapos ay huhugasan ang mga paa kasama ng mga bukung-bukong.

**Paalaala:** Ang balbas, kapag manipis, ay kinakailangang hugasan ang balat sa ilalim nito. Kapag naman makapal ay huhugasan ang ibabaw nito.

**Ang pagpunas sa khuff o medyas.**<sup>1</sup> Ang khuff ay kasuotan ng paa na yari sa balat at tulad nito. Kung ito ay yari sa lana (wool) o tulad nito, tinatawag naman ito na medyas. Ang pagpupunas sa ibabaw nito<sup>2</sup> ay ipinahihintulot sa maliit na hadath lamang.<sup>3</sup> **Ipinahihintulot ang pagpupunas alinsunod sa mga kundisyon:** **1.** Ang pagkasuot ng mga ito habang nasa sandali pa ng lubos na tahárah<sup>4</sup> (matapos na mahugasan sa wudú' ang ikalawang paa), **2.** Na ang tahárah ay sa pamamagitan ng tubig,<sup>5</sup> **3.** Ang pagkasuot ng mga ito sa bahagi ng mga paa na isinatungkuling hugasan, **4.** Ang pagkaipinahihintulot ng materyal sa paggawa ng mga ito, **5.** Ang tahárah (kalinisan) mismo ng mga ito.

**Ang turban.** Ipinahihintulot ang pagpunas sa ibabaw nito<sup>6</sup> alinsunod sa mga kundisyon: **1.** Na ito ay suot ng lalaki, **2.** Na natatakpan nito ang karaniwang bahagi ng ulo, **3.** Na ang pagpupunas ay para sa maliit na hadáth, **4.** Na ang tahárah ay sa pamamagitan ng tubig.

**Ang belo.** Ipinahihintulot ang pagpunas sa ibabaw nito alinsunod sa mga kundisyon: **1.** Na ito ay suot ng babae, **2.** Na natatakpan pati ang leeg, **3.** Na ang pagpupunas ay para sa maliit na hadáth, **4.** Na ang tahárah ay sa pamamagitan ng tubig. **5.** Na natatakpan nito ang karaniwang bahagi ng ulo.

**Ang tagal ng yugto ng pagpupunas.** Para sa muqím<sup>7</sup> ay isang araw at isang gabi. Para sa naglalakbay ay kapag naglakbay ng layong **80 kilometro** sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi.<sup>8</sup>

**Ang simula ng pagpupunas.** Mula sa unang pagpupunas pagkatapos ng unang maliit na hadath matapos isuot ang mga medyas hanggang sa mismong oras ng kasunod na araw (24 oras).

**Ang sukat ng pupunasang bahagi ng mga medyas.** Ang karamihang bahagi ng ibabaw nito mula sa ibabaw ng mga daliri ng paa hanggang sa hangganan ng lulod. Ang pagpupunas ay sa pamamagitan ng mga magkakahiwalay na daliri ng mga kamay.

<sup>1</sup> Ang khuff ay parang medyas na yari sa balat. Ang makabagong katumbas ng khuff ay ang medyas na yari sa tela. Ang anumang patakaran na kaugnay sa khuff ay katulad ng sa medyas.

<sup>2</sup> Sa halip na hubarin ang medyas at hugasan ang paa.

<sup>3</sup> Ang maliit na hadath ay ang pagkasira ng wudú' dahil sa pag-ihl, pag-utot, pagdumi, at pagkatulog.

<sup>4</sup> Hindi pa nasira ang wudú'.

<sup>5</sup> Wudú', hindi tayammum.

<sup>6</sup> Sa halip na hubarin ang turban at punasan ang ulo mismo.

<sup>7</sup> Ang nananatili sa bayan na pinaninirahan niya. Halimbawa ang isang Pilipino na nagtatrabaho sa Lungsod ng Riyadh at naninirahan doon sa loob ng panahon ng pagtatrabaho niya roon ay muqím ng Riyadh kahit hindi siya talaga tagaroon.

<sup>8</sup> Kapag nalampasan na ang limit ay kailangang hugasan na ang mga paa at kapag naisuot na ang medyas habang may wudú' pa ay magsisimula na naman ang bagong ugto.

**Paalaala:** Ang sinumang nagpunas sa sandali ng paglalakbay at pagkatapos ay naging muqím,<sup>1</sup> o sa sandali ng pagiging muqím at pagkatapos ay naglakbay, o nagduda kung kailan ang simula ng pagpupunas ay magpupunas na gaya ng isang muqím.

**Ang balangkat.** Dalawang kahoy na ibinabalangkat<sup>2</sup> sa nabaling buto at tulad nito. Ipinahihintulot ang pagpupunas dito<sup>3</sup> alinsunod sa mga kundisyon: **1.** Na ito ay kinakailangan, **2.** Na hindi lalampas sa bahaging kailangang lagyan, **3.** Na magkasunod ang pagpupunas dito at ang paghuhugas sa nalalabing mga bahagi na hinuhagasan sa wudú'. Kapag lumampas ang balangkat sa bahaging kailangang lagyan ay kinakailangang alisin ang bahaging lumabis. Kung pinangambahan naman ang pinsalang maidudulot dahil doon makasasapat na sa kanya na punasan iyon.

**Paalaala:** \* Ang mainam ay punasan ang medyas nang magkasabay nang hindi na inuuna ang kanan. \* Hindi isinasabatas ang pagpupunas sa talampakan o sakong ng medyas \* Kinasusuklaman na hugasan ang medyas kapalit ng pagpupunas at ang pag-uulit ng pagpupunas<sup>4</sup> \* Ang turban at ang belo ay kinakailangang punasan ang higit na maraming bahagi ng mga ito.

**Ang mga nakasisira sa wudú':** **1.** Ang paglabas sa labasan ng ihi at labasan ng dumi ng isang táhir gaya utot<sup>5</sup> at punlay at ng isang najis gaya ng ihi at madhy,<sup>6</sup> **2.** Ang pagkawala ng ulirat dahil nakatulog o hinimatay ngunit ang dagliang pagkaidlip habang nakaupo o nakatayo ay hindi nakasisira ng wudú', **3.** Ang paglabas ng ihi o dumi mula sa hindi likas na labasan ng mga ito, **4.** Ang paglabas ng bagay na najis (na hindi ihi ni tae) mula sa katawan kapag labis-labis gaya ng maraming dugo, **5.** Ang pagkain ng laman ng kamelyo, **6.** Ang pagsaling sa ari nang walang nakatakip, **7.** Ang pagsaling ng isang lalaki sa isang babae o ang kabaliktaran nang may kalakip na pagnanasa kapag walang nakaharang na anuman sa bahaging nasaling, **8.** Ang pagtiwalag sa Islam. Ang sinumang nakatiyak na siya ay nakapagsagawa ng wudú' ngunit nagduda kung nasira ito o ang kabaliktaran nito, ang pagbabatayan niya ay kung ano ang natiyak niya.

**Ang ghusl (paligo).** Ang mga kalagayang nangangailangan nito: **1.** Ang paglabas ng punlay nang may kalakip na kasiyahan para sa isang gising o ang paglabas nito mula sa isang tulog nang may kalakip na kasiyahan o wala, **2.** Ang pagpasok ng ulo na ari ng lalaki sa puwerta ng babae kahit pa walang lumabas na punlay, **3.** Ang pagyakap sa Islam ng isang Káfir kahit pa man isang tiwalag sa Islam, **4.** Ang paglabas ng dugo ng regla, **5.** Ang paglabas ng dugo ng nifás, **6.** Ang pagkamatay ng isang Muslim.

**Ang mga isinasatungkulin sa ghusl:** Makasasapat na mabasa ng tubig ang buong katawan kalakip ng layuning maliligo, at ang loob ng bibig at ilong. **Ang kalubusan**

<sup>1</sup> Bumalik sa bayang tinitirahan o doon na naging residente.

<sup>2</sup> Ipinang-iipit sa magkabilaang bahagi ng napilay na braso, halimbawa, upang hindi magalaw ang buto.

<sup>3</sup> Sa halip na hugasan dahil hindi naman maaaring alisin.

<sup>4</sup> Ang pagpupunas ay isang ulit lamang sa bawat wudú'.

<sup>5</sup> Ang utot ay hindi itinuturing na najis dahil kapag lumabas ito ay hindi kailangang hugasan ang bahaging labasan nito at hindi rin kailangang hugasan o palitan ang underwear, na taliwas naman sa ihi at dumi dahil kapag ang mga ito ay nakabahid sa underwear o anumang bahagi ng damit ay kailangang hugasan iyon o palitan.

<sup>6</sup> Ito ay malagkit na puting likido na lumalabas sa ari sa sandali ng pagnanasang seksuwal.

ng paligo ay sa pamamagitan ng siyam na gawain: **1.** maglalayon, **2.** sasambit ng bismilláh, **3.** maghuhugas ng mga kamay bago sumaling ang mga ito ng tubig na nasa sisidlan, **4.** huhugasan ang ari at anumang nadumihan nito, **5.** magsasagawa ng wudú', **6.** magbubuhos sa ulo nang tatlong ulit, **7.** lulubusin ang pagbubuhos ng tubig sa katawan, **8.** kukuskusin ng mga kamay ang katawan, **9.** at magsisimula sa mga kanang bahagi ng katawan. **Ipinagbabawal sa isang may maliit na hadath: 1.** ang pagsaling ng Qur'an, **2.** ang pagsasagawa ng saláh, **3.** ang pagsasagawa ng tawáf. Ipinagbabawal naman sa may malaking hadath karagdagan sa naunang nabanggit: **4.** ang pagbabasa ng Qur'an, **5.** ang pananatili sa masjid. Kinasusuklaman ang pagtulog ng isang junub nang walang wudú' at ang pagsasayang sa paggamit ng tubig sa ghusl.

**Ang Tayammum.** Ang mga kundisyon nito: **1.** Ang kawalan ng tubig, **2.** Na isasagawa ito sa pamamagitan ng táhir na lupa, ipinahihintulot gamitin, may alabok, at hindi nasunog. Ang mga sandigan nito: Ang pagpupunas sa buong mukha, pagkatapos ay ang pagpupunas sa mga kamay hanggang sa galanggalangan (wrist bone), at ang pagkakasunud-sunod, ang pagkatuluy-tuloy.

**Ang mga nakasisira rito. 1.** Lahat ng nakasisira sa wudú', **2.** Ang pagkakaroon ng tubig kung nagsagawa ng tayammum dahil sa kawalan ng tubig, **3.** Ang paglaho ng dahilang nagpapahintulot sa pagsasagawa nito gaya ng isang nagsagawa ng tayammum dahil sa karamadaman at gumaling na.

**Ang mga Sunnah rito: 1.** Ang pagkasunud-sunod at pagkatuluy-tuloy para sa tayammum dahil sa malaking hadath, **2.** Ang pag-aantala nito hanggang sa huling sandali, **3.** Ang pagsambit ng dhikr para sa wudú' pagkatapos nito.

Ang mga kinasusukalaman dito: Ang pag-ulit-ulit ng pagtapik sa lupa.

**Ang pamamaraan nito:** Na maglalayon, pagkatapos ay sasambitin ang bismilláh, tatapikin ang lupa ng mga kamay nang iisang ulit, pagkatapos ay ipapahid sa mukha muna sa pamamagitan ng paghaplos ng mga palad sa mukha at balbas, pagkatapos ay papahiran ang mga palad, papahiran ang ibabaw ng kanang kamay ng palad ng kaliwang kamay, papahiran ang ibabaw ng kaliwang kamay ng palad ng kanang kamay.

**Ang pag-aalis ng najásah.** Ang tatlong bagay na najis:

**Mga hayop.** Dalawang uri ito: **1. Najis:** ang aso, ang baboy, ang nanggaling sa mga ito, at anumang hindi ipinahihintulot kainin na mga ibon at mga hayop na higit na malaki kaysa sa pusa. Sa uring ito ng mga hayop, ang ihi nito, ang dumi nito, ang laway nito, ang pawis nito, ang punlay nito, ang gatas nito, ang sipon nito, at ang suka nito ay najis. **2. Táhir.** Ito ay tatlong uri: **A. Ang tao.** Ang punlay nito, ang pawis nito, ang laway nito, ang gatas nito, ang sipon nito, ang plema nito, at ang pamamasa sa ari ng babae nito ay táhir. Gayon din lahat ng mga bahagi ng katawan at mga inilalabas nito maliban sa ihi, dumi, madhy, wady,<sup>1</sup> at dugo, ang mga ito ay najis. **B.** Ang lahat ng hayop na ipinahihintulot kainin, ang laman nito, ang ihi nito, ang dumi nito, ang punlay nito, ang gatas nito, ang pawis nito, ang

<sup>1</sup> Ito ay malapot na puting likido na lumalabas sa ari matapos umihi.

laway nito, ang sipon nito, ang suka nito, ang madhy nito, ang wady nito ay táhir.

**C.** Ang hayop na mahirap iwasan gaya ng asno, pusa, daga, at tulad nito, ang laway nito at ang pawis nito lamang ang táhir.

**Ang maytah.**<sup>1</sup> Lahat ng ito ay najis maliban sa patay na tao, isda, balang, at anumang walang likidong dugo gaya ng alakdan, langgam, at lamok.

Ang mga bagay na walang buhay. Ang mga ito ay táhir gaya ng lupa, mga bato, at mga tulad nito. (Hindi kasama rito ang bawat walang buhay na mula sa naunang nabanggit.)

**Paalaala:** \* Ang dugo. \* Ang naknak, at ang nana ay najis. Mapagpapaumanhinan sa pagsasagawa ng saláh at iba pa ang kaunting bahid nito kapag nanggaling sa hayop na táhir. \* Ang dugo ay táhir sa dalawang uri: **1.** isda, at **2.** anumang dugo na natira sa karne at mga ugat nito mula sa hayop na kinatay. \* Ang anumang naputol na bahagi ng katawan mula sa isang buhay na hayop na ipinahihintulot kainin at ang bilig (fetus), lahat ito ay najis. \* Ang pag-aalis ng najásah ay hindi nangangailangan ng layunin kaya kung naglaho dahil sa ulan, halimbawa, ito ay nagiging táhir. \* Ang pagkasaling ng najásah sa pamamagitan ng kamay o ang paglalakad sa ibabaw nito ay hindi nakasisira sa wudú' ang kinakailangan lamang ay alisin ito at alisin ang anumang bumahid sa katawan at mga damit. \* Ang najásah ay nagiging táhir alinsunod sa mga kundisyon: **1.** Na huhugasan ng tubig na nakalilinis, **2.** Na pipigain ang bagay na hinuhugasan sa labas ng tubig kung ang tulad nito ay napipiga, **3.** Na maglalaho ang najásah sa pamamagitan ng pagkuskos at ng tulad nito kapag hindi nakasasapat ang paghuhugas, **4.** Na huhugasan ng pitong ulit at ang ikawalo ay may kasamang lupa o sabon kung ang najásah ay galing sa aso.

**Babala:** \* Ang najásah sa lupa kung likido gaya ng ihi ay makasasapat na buhusan ng tubig hanggang sa maglaho ang najásah, ang kulay nito, at ang amoy nito. Kung ito naman ay solido gaya ng tae, kailangang alisin ang solidong najis at alisin ang bakas nito. \* Kapag imposibleng maalis ang najásah kung hindi sa pamamagitan ng tubig, kailangang hugasan ito sa tubig. \* Kung nakakubli sa kinalalagyan ang najásah, huhugasan ang kinalalagyan hanggang sa matiyak na nahugasan. \* Ang sinumang nagsagawa ng wudú' para sa pagsasagawa ng saláh na náfilah ay ipinahihintulot na magsagawa sa pamamagitan ng wudú' na ito ng saláh na isinatungkulin. \* Wala nang gagawing istinjá' ang nakatulog o umutot dahil ang utot ay hindi najis; ang kailangan na lamang niyang gawin ay wudú' kapag ninais niyang magsagawa ng saláh at ng tulad nito.

<sup>1</sup> Kung tao ang tinutukoy nito, ang ibig sabihin nito ay bangkay; kung ang tinutukoy nito ay hayop, ang ibig sabihin nito ay ang hayop na namatay nang hindi kinakatay ayon sa Islam.



## Ang Regla at ang Istihādah <sup>1</sup>

Ang Usapin	Ang Patakaran
<b>Ang pinakabata at ang pinakamatandang edad na nagreregla ang babae.</b>	Ang pinakabata ay siyam na taon. Kaya kung may lumabas na dugo sa ari niya bago magsiyam na taon, ito ay istihādah. Walang hangganan sa pinakamatanda.
<b>Ang pinakakaunting araw na nagpapatuloy ang regla.</b>	Isang araw at isang gabi (24 oras). Kaya kung kaunti pa roon, ito ay istihādah.
<b>Ang panahong walang regla sa pagitan ng dalawang regla.</b>	Labingtalong araw. Kaya kung lumitaw ang dugo bago nalubos ang labingtalong araw, ito ay istihādah.
<b>Ang karaniwang haba ng panahong walang regla.</b>	Dalawampu't tatlo o dalawampu't apat na araw.
<b>Ang pagdurugo ba sa panahon ng pagbubuntis ay regla?</b>	Ang anumang lumalabas sa babaeng buntis na dugo o likidong matingkad na kayumangi o likidong manilaw-nilaw, ito ay istihādah.
<b>Kailan malalaman ng nireregla na huminto na ang regla niya?</b>	<b>Ang mga babae ay dalawang uri:</b> <b>1.</b> Sa pamamagitan ng <i>white discharge</i> <sup>2</sup> kung nakikita niya ito; <b>2.</b> Sa pamamagitan ng panunuyo ( <i>dryness</i> ) ng ari: walang dugo ni likidong matingkad na kayumanggi ni likidong manilaw-nilaw kung siya ay kabilang sa hindi nakakikita ng <i>white mens</i> .
<b>Ang lumalabas sa ari ng babae na mga likido sa panahon na walang regla.</b>	Kung ito ay likidong malinaw o kulay puti na malagkit, ito ay tahir. Kung ito ay dugo o likidong matingkad na kayumanggi o likidong manilaw-nilaw, ito ay najis. Ang lahat ng ito ay nakasisira ng wudú'. Kung nagpatuloy ito sa paglabas, ito ay istihādah.
<b>Ang likidong matingkad na kayumanggi at ang likidong manilaw-nilaw mula sa ari.</b>	Kung ito ay karugtong ng regla, bago o matapos ang regla, ito ay ituturing na regla. Kung ito hindi karugtong, ito ay istihādah.
<b>Ang babaeng may regular na mga araw ng regla sa bawat buwan ngunit tumigil ang regla bago nalubos ang regular na bilang.</b>	Ituturing na tumigil ang regla niya kapag nahinto na ang dugo at nakita niya na ang panunuyo kahit pa man hindi natapos ang bilang ng regla niya na nakasanayan niyang nakikita ang regla.

<sup>1</sup> Ang regla ay dugong likas na lumalabas sa malusog na babae at hindi dahil sa panganganak. Ang istihādah ay ang paglabas ng dugo sa ari ng babae nang wala sa panahon ng regla dahilan sa karamdaman o *disorder*. Ang pagkakaiba sa pagitan ng regla at istihādah ay: **1.** ang dugo ng regla ay kulay pulang halos nangitim-ngitim samantalang ang dugo ng istihādah ay matingkad na pula na para bagang ito ay dugo ng balinguyngoy (nosebleed); **2.** ang dugo ng regla ay malapot na maaaring nasasamahan ng mga namumuong dugo samantalang ang dugo ng istihādah naman ay malabnaw na dumadaloy na para bagang ito ay sugat na may tumutulong dugo; **3.** ang dugo ng regla ay may masangsang na amoy kadalasan samantalang ang dugo ng istihādah ay may amoy na gayo ng amoy ng karaniwang dugo. Ipinagbabawal sa panahon ng pagreregla ang ilang bagay na ang sumusunod ay ang ilan: ang pakikipagtalik, ang pagdidiborsiyo, ang saláh, ang pag-aayuno, ang tawáf, ang pagbabasa ng Qur'an, ang pagsaling ng Qur'an, at ang pananatili sa loob ng masjid.

<sup>2</sup> Ito ay puting likidong lumalabas sa ari sa panahon na walang regla. Ito ay tahir ngunit nakasisira sa wudú'.

<b>Ang maagang pagdating o ang huling pagdating ng regla sa nakagawiang panahon.</b>	Ang anumang luminaw rito na mga katangian ng regla, ito ay regla sa anumang oras sa kundisyong may higit sa 13 araw (ang pinakamaikling panahon na walang regla) sa pagitan ng dalawang paglabas ng dugo dahil kung hindi, ito ay istihādah.
<b>Kapag nadagdagan o nabawasan ang nakagawiang bilang ng araw ng regla.</b>	Ito ay regla sa kundisyong hindi lalabis sa pinakamahabang pagreregla (15 araw).
<b>Kapag nilabasan ang babae ng dugo sa loob ng matagal na panahon gaya ng isang buwang buo o higit pa.</b>	Ang babae ay may ilang kalagayan: <b>1.</b> Ang babaeng nakaaalam sa panahon ng pagreregla niya sa isang buwan at sa bilang ng mga araw nito ay magtuturing na nagreregla alinsunod sa nakagawiang bilang ng araw at panahon at walang ipinagkaiba kung ang dugo nito ay nakikilala o hindi nakikilala; <b>2.</b> Ang babaeng nakaaalam sa panahong ng pagreregla niya sa isang buwan ngunit hindi nakaaalam sa bilang ng mga araw nito ay magtuturing na nagreregla ng 6 o 7 araw (ang kadalasang pagreregla) sa mismong mga araw na nalalaman niyang nireregla siya; <b>3.</b> Ang babaeng nakaaalam sa bilang ng mga araw ng pagreregla niya ngunit hindi nakaaalam sa oras ng pagdating nito sa isang buwan ay magtuturing na nagreregla ayon sa bilang ng araw na nalalaman niya sa simula ng bawat buwan ng kalendaryo ng Islam.

## Ang Nifás<sup>1</sup>

Ang Usapin	Ang Patakaran
<b>Kapag nagsilang ang babae at hindi nakakita ng lumalabas na dugo.</b>	Hindi ito nasasakop ng mga patakaran kaugnay sa mga babaeng may nifás, hindi kinakailang magsagawa ng ghusl, at hindi masisira ang pag-aayuno niya.
<b>Kapag nakakita ng mga tanda ng nalalapit na panganganak.</b>	Ang nakikita niya na lumalabas na dugo o tubig kasama ng pananakit ilang sandali bago magsilang ay hindi nasasakop ng mga patakaran kaugnay sa nifás. Bagkus ito ay istihādah.
<b>Ang dugo na lumalabas sa babae sa sandali ng pagsisilang.</b>	Ang dugong ito ay dugo ng nifás, kahit pa man hindi lumabas ang bata o lumabas ang ilang bahagi ng bata. Hindi kinakailangang magsagawa ng qadá' <sup>2</sup> para sa isang saláh na nagdaan sa babae sa panahong ito.
<b>Kailan nagsisimula ang pagbilang ng mga araw ng nifás?</b>	Matapos na nailuwal nang buo ang sanggol mula sa sinapupunan ng ina nito.
<b>Ano ang pinakakaunting bilang ng mga araw ng nifás?</b>	Walang takda sa pinakakaunti nito. Kaya kung sakaling nagsilang siya at pagkatapos ay tumigil ang pagdurugo niya matapos niyon kaagad, kailangang magsagawa siya ng ghusl at magsagawa ng saláh at hindi na niya hihintaying mabuo ang 40 araw.
<b>Ano ang pinakamaraming bilang ng mga araw ng nifás?</b>	Apat na pung araw. Kaya kapag lumabis ay hindi ituturing na nifás. Kailangang magsagawa ng ghusl at saláh maliban kung natapat ang labis na pagdurugo sa panahon ng pagreregla niya bago nagdalang-tao.
<b>Ang babaeng nagsilang ng kambal o higit pa.</b>	Nagsisimula ang bilang ng mga araw ng nifás matapos mailuwal ng babae ang unang sanggol.

<sup>1</sup> Ang pagdurugo bago o matapos magsilang.

<sup>2</sup> Pagsasagawa ng mga nakaligtaang pagsamba, gaya ng *saláh* o pag-aayuno, sa ibang oras o ibang araw bilang kabayaran.

**Ang dugo matapos makunan.**

Kapag ang edad ng nalaglag na sanggol ay 80 araw o kulang, ang dugong lumalabas matapos nito ay istihádah. Kapag ang edad ng nalaglag higit sa 90 araw, ang dugo ay nifás. Kapag ito ay nasa pagitan ng edad na 80 at 90 araw, ang hatol ay nakabatay sa kaanyuan ng nalaglag: kung may anyong tao, ang dugo matapos nito ay nifás; kung hindi nag-aanyong tao, ito ay istihádah.

**Kapag tumigil ang pagdurugo sa loob ng 40 araw at pagkatapos ay binalikan siya nito bago nalubos ang 40 araw.**

Ang nakikita ng babae na pagtigil ng pagdurugo sa loob ng 40 araw ng nifás ay ituturing na pagtigil ng pagdurugo. Magsasagawa siya ng ghusl dahil doon at magsasagawa ng saláh. Kapag binalikan siya ng pagdurugo sa loob ng 40 araw ay masasakop ito ng mga patakaran kaugnay sa nifás. Ganito hanggang sa natapos ang 40 araw.

**Mga Babala:**

- ★ Isinasatungkulin sa babaeng may istihádah na magsagawa ng saláh subalit siya ay magsasagawa ng wudú' sa bawat saláh.
- ★ Kapag tumigil ang pagdurugo ng babae na regla o nifás bago lumubog ang araw, kailangang isagawa niya ang saláh sa dhuhr at 'asr ng araw na ito. Kapag naman tumigil ang pagdurugo bago sumapit ang madaling-araw, siya ay magsasagawa ng saláh sa maghrib at 'ishá' ng araw na ito.
- ★ Kapag naabutan ang babae ng oras ng saláh at pagkatapos ay niregla siya o nagkaroon siya ng nifás bago niya naisagawa ang saláh na iyon, siya ay hindi kailangang magsagawa ng qadá'.
- ★ Kinakailangan sa babae na kalagin niya ang buhok niya kapag magsasagawa ng ghusl dahil sa regla o nifás. Hindi kinakailangan sa kanya na kalagin ito dahil sa ghusl janábah.<sup>1</sup>
- ★ Ipinagbabawal na makipagtalik sa babaeng may regla o nifás. Ipinahihintulot na makipagniig sa kanya kung walang aktuwal na pagtatalik.
- ★ Kinasusuklaman na makipagtalik sa babaeng nasa sandali ng istihádah at ipinahihintulot naman kapag nakadama ang asawa ng pangangailangan doon.
- ★ Kanais-nais para sa babaeng nasa sandali ng istihádah na magsagawa ng ghusl sa bawat saláh. Kung hindi niya kaya pagsasamahin niya ang pagsasagawa ng saláh na dhuhr at 'asr sa isang ghusl at ang pagsasagawa ng saláh na maghrib at 'ishá' sa isang ghusl. Magsasagawa rin siya ng ghusl para sa fajr. Kaya ang kabuuan ay tatlong paligo sa araw at gabi. Kung hindi niya naman kaya ito ay magsasagawa siya ng ghusl nang isang ulit sa isang araw at magsasagawa ng wudú' sa bawat saláh. Kung hindi pa rin niya kaya iyon ay magsasagawa siya ng wudú' sa bawat saláh matapos na magsagawa ng ghusl dahil sa regla.
- ★ Ipinahihintulot sa babae na gumamit ng gamot na pansamantalang nagpapahinto sa regla upang maisagawa ang mga gawain sa hajj at 'umrah, o upang malubos niya ang pag-aayuno sa Ramadán. Iyan ay sa kundisyong ligtas siya kapinsalaang maidudulot ng gamot na ito.

<sup>1</sup> Ang ghusl na isinasagawa matapos magtalik bago magsagawa ng anumang saláh.

Ang adhán at iqámah ay dalawang fard kifáyah<sup>1</sup> sa mga taong hindi naglalakbay para sa mga lalaki. Sunnah ito para sa mag-isang nagsasagawa ng saláh at para sa naglalakbay. Kinasusuklaman na isagawa ito ng mga babae. Hindi tamang isagawa bago dumating ang oras nito maliban sa saláh na fajr sapagkat tamang isagawa ang unang adhán para rito pagkatapos ng hating-gabi.

**Ang mga kundisyon sa pagsasagawa ng saláh:** **1.** Ang pagiging kaanib sa Islam. **2.** Ang sapat na pag-iisip. **3.** Ang tamang gulang. **4.** Ang pagsasagawa ng tahárah sa abot na makakaya. **5.** Ang pagsapit ng takdang oras: **Ang oras ng dhuhr** na mula sa paglihis ng araw sa katanghaliang-tapat<sup>2</sup> hanggang sa ang anino ng bawat bagay ay bago naging kasinghaba ng sarili nito, pagkatapos ay **ang oras ng ‘asr** na ang oras na malaya pang magsagawa ay hanggang sa ang anino ng bawat bagay ay naging dalawang ulit ng haba sa sarili nito at ang oras na kailangan nang magsagawa ay hanggang sa bago ang paglubog ng araw, pagkatapos ay kasunod nito **ang oras ng maghrib** na hanggang sa bago maglaho ang takipsilim, pagkatapos ay ang oras ng **‘ishá’** na ang oras na malaya pang magsagawa ay hanggang sa bago ang hatinggabi at ang oras na kailangan nang magsagawa ay hanggang sa bago ang pagsapit ng madaling-araw, pagkatapos ay ang oras ng **fajr** na hanggang sa bago ang pagsikat ng araw. **6.** Ang pagtatakip sa ‘awrah<sup>3</sup> sa abot ng makakaya sa pamamagitan ng isang bagay na hindi nakapagpapakita ng balat. Ang ‘awrah ng lalaking tumuntong sa sampung taong gulang pataas ay ang nasa pagitan ng pusod at tuhod. Ang ‘awrah ng babaeng malaya ay ang lahat sa kanya sa sandali ng saláh maliban sa mukha niya. **7.** Ang kawalan ng najásah sa katawan, kasuutan, at pinagdarasalan sa abot ng makakaya. **8.** Ang pagharap sa Qiblah sa abot ng makakaya. **9.** Ang layunin.

**Ang mga sandigan (rukn) ng saláh ay labing-apat:** **1.** Ang pagtayo sa abot ng makakaya, **2.** Ang takbíratul’hrám,<sup>4</sup> **3.** Ang pagbigkas ng alFátihah, **4.** Ang pagyukod (rukú’) sa bawat rak‘ah, **5.** Ang pag-angat mula sa pagkakayukod, **6.** Ang pagtayo nang tuwid pagkatapos ng pagyukod, **7.** Ang pagpapatirapa (sújúd) sa pitong bahagi ng katawan, **8.** Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa, **9.** Ang huling tashahhud, **10.** Ang pag-upo para sa tashahhud, **11.** Ang panalangin para sa Propeta (sas) sa huling tashahhud, **12.** Ang unang taslím,<sup>5</sup> **13.** Ang kapanatagan sa lahat ng mga sandigang may pagkilos, **14.** Ang pagkakasunud-sunod sa pagsasagawa ng mga sandigang ito.

**Ang saláh ay hindi magiging tama malibang kalakip ang mga sandigang ito at nawawalan ng saysay ang isang rak‘ah kapag nakaligtaan ang isa sa mga ito, sinasadya man o dala ng pagkalingat.**

<sup>1</sup> Tungkulin ng kapag isinagawa ng isa o ilan, hindi na mananagot ang lahat ngunit kapag hindi isinagawa ng isa o ilan ang buong komunidad ay magkakasala.

<sup>2</sup> Pagkiling nito palayo sa kalagitnan ng langit patungo sa dakong kanluran.

<sup>3</sup> Ang bahagi ng katawan na hindi dapat makita ng iba maliban sa asawa o sa mahram.

<sup>4</sup> Ang uang pagsabi ng Alláhu akbar.

<sup>5</sup> Ang pagsabi ng assalámu ‘alaykum habang lumilingon sa kanan.

**Ang mga kinakailangan (wájib) sa ṣaláh ay walo:** **1.** Ang lahat ng pagsasabi ng Alláhu akbar maliban sa takbíratul'ihrá<sup>1</sup>m, **2.** Ang pagsabi ng sami' -lláhu liman ḥamidah<sup>1</sup> para sa imám at sa mag-isang nagdarasal, **3.** Ang pagsabi ng rabbaná wa laka -lḥamd,<sup>2</sup> **4.** Ang pagsabi ng subḥána rabbiya -l'adhím<sup>3</sup> nang isang ulit habang nakayukod, **5.** Ang pagsabi ng subḥána rabbiyal a'lá<sup>4</sup> nang isang ulit habang nakapatirapa, **6.** Ang pagsabi ng rabbi -ghfir lí<sup>5</sup> sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa, **7.** Ang unang tashahhud, **8.** Ang pag-upo para sa unang tashahhud.

**Ang mga kinakailangan na ito, kung nakaligtaan nang sadya, ay nawawalan ng saysay ang saláh. Kung nakaligtaan ito dala ng pagkalingat ay magsasagawa ng sujúdussahw.<sup>6</sup>**

**Ang mga Sunnah sa saláh** ay ang mga sinasabi at ang mga ginagawa. Hindi nawawalan ng saysay ang saláh sa pagkaligta sa anuman sa mga ito kahit pa sinadya. **Ang mga Sunnah na mga sinasabi ay ang pagsabi ng du'a' al'istiftáh, ang ta'awwudh,<sup>7</sup> ang basmalah, ang pagsabi ng ámín,** ang malakas na pagbigkas nito sa mga saláh na binibigkas nang malakas ang una at ikalawang rak'ah, **ang pagbigkas ng anumang bahagi ng Qur'an** pagkatapos ng alFátihah, **ang malakas na pagbigkas** para sa imám (ang ma'múm ay pinagbabawalan samantalang ang mag-iisang nagsasagawa ng saláh ay makakapamilya), **ang pagsabi ng ḥamdan kathíran tayyibam mubáranan fihi mil'a -ssamáwáti wa mil'a -l'ard...<sup>8</sup>** matapos magsabi ng rabbaná wa laka -lḥamd, **ang karagdagan sa isang ulit na pagsambit** ng panalangin sa rukú' at sujúd o pagsambit ng rabbi -ghfir lí, ang du'a' bago ang taslím. **Ang mga Sunnah na mga ginagawa ay ang pag-aangat ng mga kamay** kasabay ng pagsambit ng takbíratul'ihrá<sup>1</sup>m, sa pagyukod, sa pag-angat mula sa pagkakayukod, at sa pagbangon mula sa pagkakaupo sa unang tashahhud; **ang paglalagay ng kanang kamay sa ibabaw ng kaliwang kamay** sa ilalim ng dibdib sa sandali ng pagtayo; **ang pagtingin sa pagpapatirapaan; ang paghihiwalay** sa mga paa samantalang nakatayo; **ang pagsisimula sa pagpapatirapa** sa pamamagitan ng paglapag ng mga tuhod, pagkatapos ay ng mga kamay, at pagkatapos ay ng noo at ilong; **ang paglalayo ng mga braso** sa mga tagiliran ng katawan, ng tiyan sa mga hita, ng mga hita sa mga lulod; **ang paghihiwalay** sa mga tuhod; **ang pagtukod ng mga paa** nang magkahiwalay at ang pagpapadiit sa mga daliri ng mga ito sa lupa; **ang paglapag sa mga kamay** nang pantay sa mga balikat habang nakabuka at nakadikit ang mga daliri; **ang pagbangon sa ibabaw ng mga unahan ng mga paa** at ang pagtukod sa mga tuhod sa pamamagitan ng mga kamay; **ang pag-upong iftirásh** sa pag-upo sa pagitan ng dalawang

<sup>1</sup> Dinidinig ni Allah ang sinumang nagpupuri sa Kanya.

<sup>2</sup> Panginoon namin, ukol sa Iyo ang papuri.

<sup>3</sup> Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Sukdulan.

<sup>4</sup> Kaluwalhatian Panginoon ko, ang Kataas-taasan.

<sup>5</sup> O Panginoon ko, patawarin Mo po ako.

<sup>6</sup> Dalawang magkasunod na pagpapatirapa habang nakaupo-bago magsagawa ng taslim.

<sup>7</sup> Ang panalangin ng pagpapakupkop kay Allah: a'údu bi-lláhi mina -shshaytáni 'rrajím.

<sup>8</sup> Ang papuri ay ukol kay Allah, papuring marami, mabuti, nagpapala na makapupuno ng mga langit, makapupuno ng lupa...



pagpapatirapang nakaupo at sa unang tashahhud; **ang pag-upong tawarruk** sa ikalawang tashahhud; **ang paglalagay ng mga kamay** sa ibabaw ng mga hita na mga nakabuka at mga magkakahimalay ang mga daliri sa pagitan ng dalawang nakaupong pagpapatirapa at gayon din sa tashahhud ngunit ikukuyom sa kanang kamay ang hinliliit at ang hinsicingsing, magsasalubong ang hinlalaki at ang hinlalato, at ituturo ang hintuturo sa pagbanggit kay Allah at pagdalangin sa Kanya bilang pagpapahiwatig sa kaisahan Niya; **ang paglingon** sa kanan at kaliwa sa taslím; at **ang pagsisimula sa kanan** sa paglingon.

**Ang Sujúdussahw:**<sup>1</sup> Sunnah na gawin ito kapag nakasambit ng sinasabing bahagi ng saláh sa hindi nito kinalalagyan dala ng pagkalingat gaya ng pagbigkas ng Qur'an sa sandali ng pagkapatirapa. Ipinahihintulot gawin ito kapag may nakaligtaang isang sunnah sa saláh. Kinakailangan naman ito kapag nakadagdag ng rukú', o sujúd, o pagtayo, o pag-upo, o nagsagawa ng taslím bago nalubos ang saláh, o nagkamali sa pagbigkas na nakasira sa kahulugan, o nakaligtang gawin ang isang wájib, o nagduda kung may naidagdag sa sandali ng pagsasagawa. Nawawalan ng saysay ang saláh sa sadyaang hindi pagsasagawa ng kinakailangang sujúdussahw.

**Ang pamamaraan ng pagsasagawa ng saláh:** Kapag tumindig upang magsagawa ng saláh ay harap sa Qiblah at magsasabi ng Alláhu akbar. Lalakasan ito ng imám at gayon din sa lahat ng mga takbír upang maiparinig sa sinumang nasa likuran niya at hihinaan naman ito ng ma'múm. Iaangat ang mga kamay sa pagsisimula ng takbír nang pantay sa mga balikat. Pagkatapos ay ilalagay ang mga kamay sa ibabaw ng dibdib habang hinahawakan ng kanang kamay ang kaliwang kamay samantalang ang paningin ay nakatuon sa pagpapatirapaan. Pagkatapos ay sasambit ng du'a' al'istiftáh na ayon sa ilang nasaad sa Sunnah na tulad ng: subhánaka -lláhumma wa bihamdika wa tabáraka -smuka wa ta'álá jadduka wa lá iláha ghayruk.<sup>2</sup> Pagkatapos ay magsasabi siya ng a'údhu bi-lláhi mina -shshaytáni -irrajím.<sup>3</sup> Pagkatapos ay sasambitin niya ang bismi -lláhi -rrahmáni -rrahím. (Hindi bibigkasin nang malakas ang mga naunang nabanggit.) Pagkatapos ay bibigkasin ang alFátihah. Kanais-nais para sa ma'múm na bigkasin ito sa sandali ng mga pananahimik ng imám at sa mga rak'ah na hindi ito binibigkas nang malakas kung ang saláh ay ang binibigkas nang malakas ang unang dalawang rak'ah at kinakailangan na bigkasin ito sa mga saláh na binibigkas nang tahimik. Pagkatapos ay bibigkas ng anuman sa Qur'an. Kanais-nais na bumigkas ng mga mahabang súrah sa fajr, ng mga maikling súrah sa maghrib, at ng mga katamtamang súrah sa nalalabing mga saláh. Ang mga mahabang súrah mula sa Súrah Qáf (50) hanggang sa Súrah anNaba' (78), ang mga katamtamang súrah ay hanggang sa Súrah adDuhá (93), at ang mga maikling súrah ay hanggang sa Súrah anNás (114). Lalakasan ng

<sup>1</sup> Dalawang sujúd (pagpapatirapa) na isinasagawa bago o matapos magsagawa ng kapag **nagkamali** o **nagdudang nagkamali** sa pagsasagawa ng saláh.

<sup>2</sup> Kaluwalhatian sa Iyo, o Alláh, at papuri sa Iyo. Mapagpala ang pangalan Mo, kataastaasan ang kabunyian Mo at walang totoong Diyos maliban sa Iyo.

<sup>3</sup> Nagpapakupkop ako kay Allah laban sa Demyonong isinumpa.

imám ang pagbigkas sa saláh sa fajr at sa unang dalawang rak‘ah ng maghrib at ‘ishá’ at hihinaan sa iba pa rito. Pagkatapos ay magsasabi ng takbír, yuyukod, mag-aangat ng mga kamay gaya ng pag-angat sa tatkbíratul’ihrám, maglalagay ng dalawang kamay sa mga tuhod, paghihiwalayin ang mga daliri, itutuwid ang likod, at ipapantay ang ulo sa likod. Pagkatapos ay magsasabi ng subhána rabbiya -l’adhím nang tatlong ulit. Pagkatapos ay iaangat ang ulo habang nagsasabi ng sami‘a -lláhu liman hamidah, iaangat ang mga kamay gaya ng pag-angat sa tatkbíratul’ihrám at kapag nakatayo na ay magsasabi ng rabbaná wa laka -lhamdu hamdan kathíran tayyibam mubáran fíhi mil’a -ssamáwáti wa mil’a -l’ardj wa mil’a má shi’ta min shay’im ba’d .<sup>1</sup> Pagkatapos ay magpapatirapa habang sumasambit ng takbír, ilalayo ang mga braso sa mga tagiliran ng katawan at ilalayo ang tiyan sa mga hita, ilalapag ang mga kamay nang pantay sa balikat, nakatukod sa mga dulo ng mga paa habang nakaharap ang mga daliri ng mga kamay at mga paa sa Qiblah. Pagkatapos ay magsasabi ng subhána rabbiya -l’a‘lá nang tatlong ulit at maaaring magdagdag ng ilan sa mga nasaad na panalangin o manalangin ng anumang nais. Pagkatapos ay iaangat ang ulo habang nagsasabi ng takbír, uupo ng pag-upong iftirásh: ihihiga ang kaliwang paa, uupo rito, itutukod ang kanang paa samantalang nakaharap ang mga daliri nito sa Qiblah o itutukod ang dalawang paa samantalang ang mga daliri ng mga ito ay nakaharap sa Qiblah at uupo sa mga sakong, magsasabi ng rabbi -ghfir lí nang dalawang ulit at maaaring dagdagan ng wa -rhamní wa -jburní wa -rfa‘ní wa -rzuqní wa -nsurní wa -hdiní wa ‘áfiní wa -‘fu ‘anní.<sup>2</sup> Pagkatapos ay magpapatirapa sa ikalawang pagkakataon gaya ng sa una. Pagkatapos ay iaangat ang ulo habang nagsasabi ng takbír, babangon na tumatayo sa mga unahan ng mga paa, at isasagawa ang ikalawang rak‘ah gaya ng unang rak‘ah. Kapag natapos na sa dalawang pagpapatirapa ay uupo para sa tashahhud nang pag-upong iftirásh, ipapatong ang kaliwang kamay sa kaliwang hita at ang kanang kamay sa kanang hita, ikukuyom sa kanang kamay ang hinliliit at ang hinsicingsing, magsasalubong ang hinlalaki at ang hinlalato, ituturo ang hintuturo, at sasabihin ang unang tashahhud: **Attahíyátu lilláhi wa -ssalawátu wa -ttayyibát, assalámu ‘alayka ayyuha -nnabíyu wa rahmatu -lláhi wa barakátuh, assalámu ‘alayná wa ‘alá ‘ibádi -lláhi -ssálihín, ashhadu an lá iláha illa -lláh, wa ashhadu anna muhammadan ‘abduhu wa rasúluh.**<sup>3</sup>

Pagkatapos ay tatayo para sa tatluhan at apatang rak‘ah na saláh habang nagsasabi ng takbír samantalang nag-aangat ng mga kamay, isagawa ang natitira ngunit hindi

<sup>1</sup> Ang papuri ay ukol kay Allah, papuring marami, mabuti, nagpapala na makapupuno ng mga langit, makapupuno ng lupa at makapupuno ng anumang bagay na niloob Mo pagkatapos

<sup>2</sup> Kaawaan Mo ako, pariwasain Mo ako, iangat Mo ako, tustusan Mo ako, iadya Mo ako, patnubayan Mo ako, palusugin Mo ako, at pagpaumanhinan Mo ako.

<sup>3</sup> Ang mga pagbati ay ukol kay Allah, at ang mga dasal at mga mabuting gawa. Ang kapayapaan ay sumaiyo, o Propeta, at ang awa ni Allah at ang biyaya Niya. Ang kapayapaan nawa ay sa kanya at sa mga matuwid na lingkod ni Allah. Sumasaksi ako na walang [totoong] Diyos kundi si Allah, nag-iisa Siya, wala Siyang katambal; at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.

lalakasan ang pagbigkas at bibigkasin ang alFátihah lamang. Pagkatapos ay uupo para sa huling tashahhud nang pag-upong tawarruk:

Ihigang ang kaliwang paa, ilalabas ito sa ilalim ng kanang lulod, itutukod ang kanang paa, at iuupo ang pigi sa lapag. (Ang upong tawarruk ay sa huling pag-upo para sa saláh na sinasabi ang dalawang tashahhud.) Pagkatapos ay sasabihin ang unang tashahhud. Pagkatapos ay sasabihin ang sumusunod: **Alláhumma salli ‘alá muḥammadin wa ‘alá ‘áli Muḥammad, kamá sallayta ‘alá ibrahíma wa ‘alá ‘áli ibrahím, innaka hamídum majíd. Alláhumma bárik ‘alá muḥammadin wa ‘alá ‘áli muḥammad, kamá bárakta ‘alá ibrahím, innaka hamídum majíd.**<sup>1</sup>

Sunnah na sabihin ang sumusunod at ang iba pa na nasaad sa Hadíth: **A‘údu bi-lláhi min ‘adhábi -lqabri wa min ‘adhábi -nnári wa min fitnati -lmaḥyá wa -lmamáti wa min fitnati -lmasíhi -ddajjál.**<sup>2</sup>

Pagkatapos ay magsasabi ng dalawang taslím: lilingon sa kanan habang nagsasabi ng assalámu ‘alaykum wa rah̄matu -lláh at pagkatapos ay gayon din sa kaliwa. Sunnah pagkatapos ng saláh ang pagsambit ng du‘á’ na nasasaad sa Hadíth.<sup>3</sup>

<sup>1</sup> O Allah, basbasan Mo si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagbasbas Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati. O Allah, pagpalain Mo si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagpala Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati.

<sup>2</sup> Nagpapakupkop ako kay Allah laban sa pagdurusa sa Apoy, laban sa pagdurusa sa libingan, laban sa tukso ng buhay at kamatayan, at laban sa tukso ng Bulaang Kristo.

<sup>3</sup> Sasabihin ang sumusunod: **Astaghfiru -llah, astaghfiru -llah, astaghfiru -llah, alláhumma anta -ssalám wa minka -ssalám, tabárakta yá dha -ljaláli wa -l‘ikrám.** *Humihingi ako ng tawad kay Allah. Humihingi ako ng tawad kay Allah. Humihingi ako ng tawad kay Allah. O Allah, Ikaw ang Sakdal at mula sa Iyo ang kapayapaan. Napakamapagpala Mo, o pinag-uukulan ng pagpipitagan at pagpaparantal.*

**Lá iláha illa -lláh waḥdahu lá sharíka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamdu wa huwa ‘alá kulli shay’in qadír. Lá ḥawla wa lá qúwata illá bi-lláh, lá iláha illa -lláh, wa lá na‘budu illá iyyáh, lahu -nni‘matu wa lahu -lfaḍlu wa lahu -ththaná’u -lḥasan, lá iláha illa -lláhu mukhlisína lahu -ddína wa law kariha -lkáfirún.** *Walang Diyos kundi si Allah — tangíng Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay nakakakaya. Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah. Walang [totoong] Diyos kundi si Allah, at wala tayong sinasamba kundi Siya. Ukol sa Kanya ang pagbibiyaya at ukol sa Kanya ang pagmamabuting-loob at ukol sa Kanya ang magandang pagbubunyi. Walang [totoong] Diyos kundi si Allah, bilang mga nag-aalay ng kawagasan sa Kanya sa pagtalima, kahit pa man masuklam ang mga tumatangging sumampalataya.*

**Alláhumma lá máni‘a limá a‘tayta, wa lá mu‘ṭiya limá mana‘ta, wa lá yanfa‘u dha -ljaddi minka -ljadd.** *O Alláh, walang makapipigil sa anumang ibinigay Mo at walang makapagbibigay sa anumang pinigil Mo, at hindi makapag-dudulot ng pakinabang sa may yaman ang yaman laban sa Iyo.*

**Pagkatapos ng saláh na fajr at maghrib, kasama ng naunang nabanggit ay sasabihin nang 10 ulít ang sumusunod:** **Lá iláha illa -lláh, waḥdahu lá sharíka lah, lahu -lmulku wa lahu -lḥamdu, yuhyí wa yumít, wa huwa ‘alá kulli shay’in qadír.**

*Walang [totoong] Diyos kundi si Alláh — tangíng Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Nagbibigay Siya ng buhay at bumabawi Siya ng buhay. Siya sa lahat ng bagay ay Makapangyarihan.*

**Pagkatapos nito ay sabihin ang sumusunod:** **Subḥána -lláh (33x).** *(Kaluwalhatian kay Allah.)* **Alḥamdu lilláh (33x).** *(Ang papuri ay ukol kay Allah.)* **Alláhu akbar (33x).** *(Si Allah ay pinakadakila.)*



**Ang saláh ng maysakit:** Kapag ang pagtayo ay makadaragdag sa sakit niya o hindi ito makakaya, magdadasal siya na nakaupo. Kung hindi rin niya makakaya ay hihiga nang nakatagilid. Kung mahirap din iyon sa kanya ay hihiga na nakatihaya. Kung hindi niya makakaya ang rukú' at ang sujúd ay ipahihiwatig ito. Tungkulin niya rin na magsagawa ng qadá' para sa mga saláh na hindi naisagawa. Kung mahirap sa kanya ang pagsasagawa ng bawat saláh sa oras nito ay maaari niyang pagsamahin ang dhuhr at ang 'asr o ang maghrib at ang 'ishá' sa oras ng alinman sa dalawa.

**Ang saláh ng naglalakbay:** Kapag ang layo ng paglalakbay ay mga 80 kilometro at ang paglalakbay ay sa layong ipinahihintulot, maaaring paiksiin sa dalawang rak'ah ang saláh na apatang rak'ah. Kung nilayon niya manatili sa isang lugar sa panahon ng paglalakbay nang higit sa apat na araw (20 saláh), lulubusin ang saláh magmula ng dumating doon at hindi paiiksiin. Kung ang naglalakbay ay ma'múm ng isang imám na muqím o nakalimutan niyang isagawa ang saláh ng muqím at naalaala ito noon nasa paglalakbay na o ang kabaliktaran nito, kailangan niyang lubusin ang bawat saláh na nauna. Maaaring lubusin ng naglalakbay ang mga rak'ah ngunit ang pagpapaiklil ay mainam.

**Ang saláh sa jumu'ah:** Ito ay higit na mainam kaysa sa saláh na dhuhr. Ito ay hiwalay na saláh hindi dhuhr na pinaikli. Kaya hindi ipinahihintulot na gawing apat na rak'ah at hindi isinasagawa nang may layuning para sa dhuhr. Tandisang hindi ipinahihintulot na isama ito sa 'asr, kahit pa man mayroong dahilang pagsamahin.

**Ang witr:** Ito ay sunnah. Ang oras nito ay magmula sa oras ng saláh na 'ishá' hanggang sa bago sumapit ang madaling-araw. Ang pinakakaunting rak'ah nito ay isang rak'ah at ang pinakamarami nito ay 11 rak'ah. Magsasabi ng taslím sa bawat dalawang rak'ah, at ito ang pinakamainam. O dadasalin ito sa tig-apat, o tigaapat o tigaanim o tigwawalong rak'ah na magkasama sa isang taslím at wawakasan ng isang rak'ah pagkatapos ng tukol<sup>1</sup> na bilang ng rak'ah. O dadasalin ito sa tigtatlatlo o tiglilima o tigpipito o tigsisiyam na rak'ah na magkasama sa isang taslím. Ang pinakamababang bilang ng lubos na witr ay tatlong rak'ah na may dalawang taslím. Ipinahihintulot pagkatapos nito ang saláh na dalawang rak'ah na nakaupo.

**Ang saláh para sa patay (salátuljanázah):** Paliliguan ang patay na Muslim, babalutin siya, magdarasal para sa kanya, at dadalhin siya sa libingan. Ang pagpapalibing sa kanya ay fard kifáyah,<sup>2</sup> maliban sa shahíd<sup>3</sup> sa digmaan sapagkat ito ay hindi paliliguan at hindi babalutin ng pambalot sa patay. Ipinahihintulot na

**Pagkatapos ay magsasabi ka sa paglulubos ng isandaan ng:** Lá iláha illa 'lláh wahdahu lá sharíka lah, lahu 'lmulku wa lahu 'lhamdu wa huwa 'alá kulli shay'in qadír.

*Walang Diyos kundi si Allah: tanging Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay makapangyarihan.*

Pagkatapos ay bibigkain ang Áyatulkursi (Qur'an 2:255), ang Súrah al'Ikhlás, ang Súrah alFalaq, at ang Súrah anNás. Uulitin ng tatlong ulit ang Súrah al'Ikhlás, ang Súrah alFalaq, at ang Súrah anNás pagkatapos ng saláh sa fajr at maghrib.

<sup>1</sup> Even number sa Ingles o bilang na kapag hinati sa dalawa ay walang butal.

<sup>2</sup> Tungkulin ng kapag isinagawa ng isa o ilan, hindi na mananagot ang lahat ngunit kapag hindi isinagawa ng isa o ilan ang buong komunidad ay magkakasala.

<sup>3</sup> Taong namatay na nag-alay ng buhay kay Allah sa pagtatanggol sa Islam o mga Muslim.

magdasal para sa kanya. Ililibing siya sa kalagayang kinamatayan niya. Babalutin ang lalaki sa tatlong pirasong telang puti at ang babae naman ay sa limang piraso: isang tapis, isang belo, isang pang-itaas, at dalawang pambalot. Sunnah na tumayo ang imám at ang ma'múm sa tabi ng dibdib ng patay na lalaki at sa kalagitnaan ng patay na babae. Magsasabi ng takbír nang apat na ulit habang inaangat ang mga kamay sa bawat takbír. Magsisimula sa unang takbír at saka sasambit ng ta'awwudh<sup>1</sup> at basmalah at bibigkas nang tahimik ng alFátihah lamang. Pagkatapos ay sasambit ng takbír sa ikalawang pagkakataon at babanggit ng panalangin para sa Propeta (SAS).<sup>2</sup> Pagkatapos ay sasambit ng takbír sa ikatlong pagkakataon at dadalangin para sa patay. Pagkatapos ay sasambit ng takbír sa ikaapat na pagkakataon at titigil nang kaunti. Pagkatapos ay sasambit ng isang taslím habang lumilingon sa kanan.

Ipinagbabawal ang pag-angat ng puntod nang higit sa isang dangkal, ang pagpapalitada nito, ang paghalik dito, ang pag-insenso rito, ang pagsusulat dito, at ang pag-upo o paglalakad sa ibabaw nito. Ipinagbabawal ang mag-ilaw sa mga libingan, ang magsagawa ng ṭawáf sa palibot ng mga ito, at ang magpatayo ng masjid sa ibabaw nito o ang maglibing ng patay sa loob ng masjid. Kinakailangang sirain ang mga kupola (dome) sa ibabaw ng puntod.

✳ Walang takda sa mga pananalita ng pakikiramay. Kabilang sa mga ito ang sinasabi ng nakikiramay: Palakihin ni Allah ang gantimapala sa iyo, pagandahin niya ang pampalubag-loob sa iyo, at patawarin Niya ang patay mo. Sa pakikiramay ng Muslim sa Káfir: Palakihin ni Allah ang gantimapala sa iyo at pagandahin niya ang pampalubag-loob sa iyo.

✳ Kapag nalaman ng isang tao na ang mag-anak ng isang namatayan ay nananaghoy sa pagkamatay nito, kinakailangang payuhan niya sila na itigil ang pananaghoy dahil kung hindi ay magdurusa ang patay dahil sa panaghoy nila.

✳ Nagsabi si Imám ashSháfi'íy, kaawaan siya ni Allah: Kinasusuklaman ang pananatili sa namatayan para magpahayag ng pakikiramay. Ito ay ang pakikipagkita sa mag-anak ng patay sa isang bahay upang sadyain sila ng sinumang nagnanais na magpahayag ng pakikiramay. Bagkus, nararapat na lumisan sila, maging mga lalaki man o mga babae, at pagtuunan ang mga pangangailangan nila.

✳ Sunnah na gawan ng pagkain ang mag-anak ng namatayan at kinasusuklaman na makikain sa pagkain nila o gumawa ng pagkain para sa nakikipagkita sa kanila.

✳ Sunnah ang pagdalaw sa libingan ng isang Muslim nang hindi na nagsasagawa ng isang paglalakbay. Ipinahihintulot ang pagdalaw sa libingan ng Káfir at hindi ipinagbabawal sa isang Káfir na dumalaw sa libingan ng isang Muslim.

✳ **Sunnah sa sinumang pumasok sa sementeryo na magsabi ng:** Assalámu 'alaykum dára qawmim mu'minína (o ahla -ddiyár mina -lmu'minína); wa inná in

<sup>1</sup> Ang pagsasabi ng a'údu bi-lláhi mina -shshaytáni -rrajím.

<sup>2</sup> Alláhumma ṣalli 'alá muḥammadin wa 'alá áli Muḥammad, kamá ṣallayta 'alá ibrahíma wa 'alá áli ibrahím, innaka ḥamídum majíd. Alláhumma bárik 'alá muḥammadin wa 'alá áli muḥammad, kamá bárakta 'alá ibrahím, innaka ḥamídum majíd.

shá'a -lláhu bikum láhiqún; yarhamu -lláhu -Imustaqdimína minná wa -Imusta'khirína; nas'alu -lláha laná wa lakum al'áfiyah; alláhumma lá tahrinná ajrahum wa lá taftinná ba'dahum; wa -ghfir laná wa lahum.<sup>1</sup>

\* Ipinagbabawal ang pagsusulat ng mga áyah ng Qur'an sa kafn (pambalot sa patay) sa pangambang marumihan ang mga iyon, dahil ito ay isang paghamak sa mga iyon, at dahil sa kawalan ng nasaad sa Hadíth para sa gawaing ito.

\* **Du'á' na masaklaw para sa patay.** Nagsabi ang Propeta (SAS): Alláhumma -ghfir laHU wa -rhamHU wa 'áfiHI wa -'fu 'anHU, wa akrim nuzulaHU wa wassi' madkhalaHU, wa -ghsilHU bi-lmá'i wa -ththalji wa -lbarad, wa naqqiHI mina -dhhdhunúbi wa -lkhatáyá, kamá yunaqqa -ththawbu -l'abyadu mina -ddanas, wa abdiiHU dárán khairam min dáriHI wa ahlan khairam min ahliHI, wa adkhiHU -ljannah, wa a'idhHU min 'adhábi -lqabri wa 'adhábi -nnár.<sup>2</sup> Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

**Ang saláh sa dalawang 'id:** Ito ay fard kifáyah. Ang oras nito ay gaya ng saláh na duhá. Kung nalaman ang pagsapit ng 'id sa oras ng duhr, isasagawa ito kinabukasan bilang qadá'. Ang mga kundisyon nito gaya ng sa saláh sa jumu'ah maliban sa dalawang khutbah.<sup>3</sup> Hindi kanais-nais ang pagsagawa ng sunnah na saláh sa pagdarasalan bago o matapos ito isagawa. Ang pamamaraan ng pagsasagawa nito: Dalawang rak'ah ito. Magsasabi ng anim na takbír sa unang rak'ah matapos sabihin ang takbíratul'íhrám at bago bigkasin ang ta'awwudh at sa ikalawang rak'ah naman ay magsasabi ng limang takbír habang inaangat ang mga kamay sa bawat takbír bago bumigkas ng Qur'an. Pagkatapos ay bibigkas ng ta'awwudh. Pagkatapos ay bibigkasin nang malakas ang alFátihah at pagkatapos nito ay bibigkasin ang Súrah al'A'la (87) para sa unang rak'ah at ang Súrah alGhashiyah (88) para sa ikalawang rak'ah. Kapag nakapagsabi na ng taslím ang imám ay magbibigay na siya ng dalawang khutbah gaya ng dalawang khutbah sa jumu'ah ngunit sunnah na damihan sa sandaling ito ang pagsambait ng takbír. Kung isinagawa ang saláh sa 'id na gaya ng karaniwang saláh na sunnah, tumpak pa rin ito dahil ang mga karagdagang takbír ay sunnah lamang.

<sup>1</sup> Ang kapayapaan ay sumainyo, o tahanan ng mga [namatay na] mananampalataya (o mga nanunuluyan sa mga libingan), mula sa mga mananampalataya. Tunay na kami, kung niloob ni Allah, sa inyo ay susunod. Kaawaan nawa ni Allah ang mga nauna sa amin at ang mga mahuhuli sa amin. Hinihiling namin kay Allah para sa amin at para sa inyo ang kagalingan. O Allah, huwag Mo kaming pagkaitan ng gantimpala [dahil sa pagkamatay] nila, huwag Mo kaming subukin ngayong wala na sila, at patawarin Mo kami at sila.

<sup>2</sup> O Allah, patawarin Mo siya; kaawaan Mo siya; pangalagaan Mo siya; pagpaumanhinan Mo siya; tanggapin Mo siya nang may karangalan; palawakin Mo ang libingan niya; linisin Mo siya sa pamamagitan ng tubig, yelo, at niyebe; linisin Mo siya mula sa mga pagkakasala at mga kamalian gaya ng pagkalinis ng puting damit mula sa karumihan; palitan Mo ang tahanan niya ng tahanang higit na mainam kaysa sa dati at ang asawa niya ng asawang higit na mainam kaysa sa dati; papasukin Mo siya sa Paraiso; kupkupin Mo siya laban sa pagdurusa sa libingan at pagdurusa sa Impiyerno. (Papalitan ang HU at ang HI ng HÁ kung ang dinadasalan ay isang babaeng patay. Papalitan ang HU ng HUMÁ at ang HI ng HIMÁ kung ang dinadasalan ay dalawang patay. Papalitan ang HU ng HUNNA at ang HI ng HINNA kung ang dindadasalan ay tatlong babae o higit pa. Papalitan ang HU ng HUM at ang HI ng HIM kung ang dinadasalan ay tatlong patay o higit pa na mga lalaki, o mga lalaki at mga babae.)

<sup>3</sup> Ang dalawang khutbah sa 'id ay matapos ang saláh.

**Ang saláh kapag may eklipse:** Ito ay sunnah. Ang oras nito ay sa pagsisimula ng eklipse sa araw o gabi hanggang sa maglaho ito. Hindi na magsasagawa ng qadá' kung nawala na ang eklipse. Ito ay dalawang rak'ah; binibigkas nang malakas rito ang alFátihah at ang isang mahabang súrah. Pagkatapos ay yuyukod nang matagal. Pagkatapos ay iaangat ang katawan, magsasabi ng sami'a -lláhu liman ḥamidah at rabbaná wa laka -lḥamd, at hindi magpapatirapa. Bagkus ay bibigkasin na naman ang alFátihah at ang isang mahabang súrah. Pagkatapos ay yuyukod nang matagal. Pagkatapos ay iaangat ang katawan. Pagkatapos ay magpapatirapa ng dalawang matagal na pagpapatirapa. Pagkatapos ay isasagawa ang ikalawang rak'ah na gaya ng unang rak'ah. Pagkatapos ay bibigkasin ang tashahhud at ang taslím. Kapag may ma'múm na dumating matapos ang unang pagyukod, hindi na nito naabutan ang rak'ah na ito.

**Ang saláh ng paghingi ng ulan (istisqá')**: Sunnah ito kapag nagkaroon ng tagtuyot at kumaunti ang ulan. Ang oras nito, ang pamamaraan nito, at ang mga patakaran dito ay gaya ng sa saláh sa 'íd kaya nga lamang ay magbibigay ng iisang khutbah pagkatapos ng saláh. Sunnah na baliktarin ang balabal sa katapusan nito tanda ng pag-asa na mapapalitan ng mabuting kalagayan.

**Mga Babala:** ✱ Nasaad ang utos mula sa Propeta (SAS) hinggil sa pagtutuwid ng mga hanay ayon sa sabi niya: Talagang ituwid nga ninyo ang mga hanay ninyo o pagsasalungatin Niya ang mga mukha ninyo. Isinalaysay ito ni Imám alBukháríy. Nagsabi si Nu'mán ibnu Bashír: “Kaya nakakita ako ng lalaki na nagdikit ng balikat niya sa balikat ng katabi niya, ng tuhod niya sa tuhod ng katabi niya, at ng bukung-bukong niya sa bukung-bukong ng katabi niya.” ✱ Ang saláh sa jamá'ah ay isinasatungkulin para sa mga lalaki pati na sa paglalakbay kung posible. Pagsasabihan at didisiplinahin ang humihinto sa pagsasagawa nito o nagpapabaya sa pagsagawa nito. Ito ay adhikain ng mga mananampalataya. Ang pagtalikod dito ay adhikain ng mga munáfiq. Nagsabi ang Propeta (SAS): *Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ko ay nasa kamay Niya, talagang ngang nagbalak ako [minsan] na mag-utos na kumuha ng mga panggatong kaya may kukuha ng panggatong. Pagkatapos ay mag-utos ako na isagawa ang saláh kaya mananawagan para rito. Pagkatapos ay mag-utos ako sa isang lalaki at mamumuno siya sa mga tao [sa saláh]. Pagkatapos ay pupunta ako sa mga lalaking [hindi dumadalo sa saláh] at susunugin ko sa kanila ang mga bahay nila.* Isinalaysay ito nina Imám alBukháríy at Imám Muslim.

## Ang Zakáh

**Ang mga uri ng zakáh:** Isinasatungkuling ang pagpataw ng zakáh sa apat na uri: **1.** Ang mga inaalagaang hayupan, **1** **2.** Ang produkto ng lupa, **3.** Ang mamahaling metal, at **4.** Ang paninda ng pangangalakal.

Ang mga kundisyon ng pagkaisinatungkulin ng zakáh: Hindi isinasatungkulin ito malibang alinsunod sa limang kundisyon: **1.** Ang pagiging kaanib ng Islam, **2.** Ang pagiging malaya, **3.** Ang pagkaabot sa nişáb,<sup>2</sup> **4.** Ang kalubusan ng pagmamay-ari, **5.** Ang paglipas ng isang buong taon, maliban sa produkto ng lupa.

Ang zakáh ng mga hayupan. Ang mga ito ay tatlong uri: ang kamelyo, ang baka, at ang tupa.<sup>3</sup> Upang maging isinasatungkulin ang pagpataw ng zakáh sa mga ito ay may dalawang kundisyon: **1.** Na nanginginain ang mga ito sa pastulan sa buong taon o sa higit na maraming bahagi ng taon. **2.** Na ang mga ito ay para gatasan at paramihin hindi para pantrabaho. Kung ang mga ito ay para ikalakal, pinapatawan ito ng zakáh na tulad ng sa paninda ng pangangalakal.

### Ang zakáh ng kamelyo:

Bilang	1-4	5-9	10-14	15-19	20-24	25-35	36-45	46-60	61-75	76-90	91-120
Zakáh	wala	1 tupa	2 tupa	3 tupa	4 tupa	1 bint makhád	1 bint labún	1 hiqqah	1 jadh'ah	2 bint labún	2 hiqqah

Kapag lumabis sa 120, isang hiqqah para sa bawat 50 dagdag o isang bint labún para sa bawat 40 dagdag ang zakáh.

Ang bint makhád ay 1 taong babaeng kamelyo. Ang bint labún ay 2 taong babaeng kamelyo. Ang hiqqah ay 3 taong babaeng kamelyo. Ang jad'ah ay 4 taong babaeng kamelyo.

### Ang zakáh ng baka:

Bilang	1-29	30-39	40-59
Zakáh	wala	tabí'	musinn

Kapag umabot sa 60 pataas, isang tabí' para sa bawat 30 dagdag o isang musinn para sa bawat 40 dagdag ang zakáh. Ang tabí' ay isang taong guya. Ang musinn ay dalawang taong guya.

### Ang zakáh ng tupa:

Bilang	1-39	40-120	121-200	201-399
Zakáh	wala	1 sháh	2 sháh	3 sháh

Kapag umabot sa 400 pataas, isang tupa para sa bawat 100 dagdag ang zakáh. Hindi kukunin bilang zaká sa tupa ang lalaking tupa, ni ang matanda, ni ang bulag sa isang mata, ni ang nagpapasuso sa anak, ni ang buntis, ni ang mamahalin. Ang sháh ay 6 buwang tupa o 1 taong kambing.

<sup>1</sup> Mga hayop na may apat na paa at kumakain ng damo.

<sup>2</sup> Ang nişáb ay ang minimum na bilang o halaga ng ari-arian upang ito ay maaari nang patawan ng zakáh.

<sup>3</sup> Ang kalabaw ay kauri ng baka at ang kambing ay kauri ng tupa.

**Ang zakáh ng produkto ng lupa:** Isinasatungkuling ang pagpataw ng zakáh mula sa pananim sa bawat butil at bunga alinsunod sa mga kundisyon: **1.** Na ang pananim ay isang uring natatakal at naiimbik gaya ng barley at trigo para sa butil at gaya ng ubas at datiles para sa bunga. Tungkol naman sa hindi natatakal ni naiimbak gaya ng mga gulay, mga talbos, at tulad ng mga ito, walang pataw na zakáh sa mga ito. **2.** Ang pagkaabot sa nisáb. Ito ay **654 kilogramo** pataas. **3.** Na ang pananim ay pag-aari sa oras na naging isinasatungkulin ang pagpataw na zakáh. Ang oras na naging isinatungkulin ang pagpataw ng zakáh ay ang paglitaw ng kahustuhan ng datiles o ang paglitaw ng kahustuhan ng bunga sa pamamagitan ng pamumula o paninilaw. Ang butil naman ay sa pamamagitan ng pagtigas at pagkatuyo nito.

Isinasatungkulin ang pataw na 10% ng ani para sa napatutubigan nang walang pagpapakapagod gaya ng napatutubigan ng mga ulan o mga ilog at ang pataw na 5% ng ani para sa napatutubigan nang may pagguguol o pagpapakapagod gaya ng tubig na hinahango sa mga balon at mga tulad nito. Tungkol naman sa pagpapatubig na may pagpapakahirap sa ilan sa mga araw ng taon at walang pagpapakahirap sa iba pang mga araw ng taon, ang porsiyento nito ay ayon sa pinakamadalas sa dalawang ito at ang pagtutuos ay ayon sa proporsiyon ng mga araw na may pagpapakahirap sa pagpapatubig at mga araw na walang pagpapakahirap.

**Ang zakáh ng mamahaling metal.** Ito ay dalawang uri: **1.** Ang ginto; walang pataw na zakáh ito hanggat hindi umabot sa **85 gramo**. **2.** Ang pilak; walang pataw na zakáh hanggat hindi umabot sa **595 gramo**. Walang zakáh ang perang metal at ang perang papel hanggat hindi umabot ang halaga ng mga ito, sa oras na pagpapataw ng zakáh, sa pinakamababa sa halaga ng nisáb ng ginto o pilak. Ang porsiyento ng zakáh na ipinapataw sa mamahaling metal at pera ay **2½%**.

Ang mga ipinahihintulot na alahas na ginagamit ay walang pataw na zakáh samantalang ang ikinakalakal o itinatago lamang ay may pataw na zakáh.

Ipinahihintulot sa mga babae ang lahat ng nakaugaliang isinusuot na ginto at pilak. Ipinahihintulot ang paglalagay ng kaunting pilak sa nilalagyan ng pagkain o inumin. Ipinahihintulot sa mga lalaki ang pagsusuot ng kaunting pilak gaya ng singsing, salamin, at mga tulad nito. Tungkol naman sa ginto, ipinagbabawal na maglagay ng anuman mula rito sa nilalagyan ng inumin at pagkain. Ipinahihintulot sa lalaki ang kaunting nakakabit sa ibang bagay gaya ng butones sa damit at nakakapit sa ngipin, nang walang pagwawangis sa mga babae.

Ang sinumang may mga yamang bawat isa ay nadadagdagan at nababawasan, at mahirap para sa kanya na tayain ang zakáh ng bawat halaga sa mga ito sa pag-iisang taon nito, magbibigay siya ng zakáh sa isang araw na itinatakda niya sa isang taon at sa araw na iyon ay titingnan niya kung magkano ang minamay-ari niya. Kukunin niya rito ang **2½%** kahit ang iba sa yaman niya hindi pa umabot sa isang taon. Ang may tinatanggap na suweldo o may pinaupahang gaya ng bahay o lupa, kung walang naipon mula rito, ay wala ring zakáh na ipapataw para rito kahit gaano man karami ang kinita. Kung may naiipon mula rito, papatawan ng zakáh ang naipon kung nalipasan ng isang taon. Kung mahirap sa kanya na alamin ang

paglipas ng taon, magtatakda siya ng isang araw sa isang taon para sa pagbibigay ng zakáh gaya ng naunang nabanggit.

**Ang zakáh sa utang:** Ang sinumang may pautang sa isang may kakayahang magbayad o may ari-ariang maaari niyang kunin bilang bayad ay kailangang magbigay siya ng pataw na mga zakáh para rito kapag nabawi na niya ito para sa nagdaan na mga taon maging gaano man karami. Kung imposibleng mabawi, gaya ng pautang sa isang naging bangkarota, wala nang pataw na zakáh ito dahil hindi na makakayang mapanghawakan ito.

**Ang zakáh sa panininda ng pangangalakal:** May zakáh ito alinsunod sa apat na kundisyon: **1.** Na minamay-ari ito ng magbibigay ng zakáh, **2.** Na naglalayon siyang ikalakal ito, **3.** Na umabot ang halaga nito sa nisáb: ang pinakamababa sa halaga ng nisáb ng ginto o pilak, **4.** Ang pagkalubos ng isang taon. Kaya kapag natupad ang mga kundisyon na ito, magpapataw ng zakáh ayon sa halaga nito. Kung mayroon siyang ginto o pilak o pera, isasama ang mga ito sa halaga ng paninda upang malubos ang nisáb. Kapag nilayon siya sa panindang ikinakalakal ang pansariling paggamit nito gaya ng damit, bahay, sasakyan, at mga tulad nito, wala nang zakáh ang mga ito. Pagkatapos kung nilayon sa mga ito matapos niyon na ikalakal, sisimulan niya para rito ang pagbilang ng isang taon.<sup>1</sup>

**Ang zakátulfitr:** Ito ay isinasatungkulin sa bawat Muslim kapag nagmay-ari siya ng yamang nakahihigit sa halaga ng pagkain niya at pagkain ng mag-anak niya sa bisperas at araw ng 'íd. Ang sukat nito ay **2¼ kilogramo** ng pagkain ng bayan niya para sa bawat isang tao, lalaki man o babae. Ang sinumang may tungkuling magbigay nito ay may tungkulin ding magbigay nito sa bisperas ng 'íd para sa sinumang may tungkulin siyang suportahan kapag nagmay-ari siya nito. Kanais-nais na ibigay ito sa araw ng 'íd bago ang saláh. Hindi ipinahihintulot na ibigay ito matapos ang saláh sa 'íd. Ipinahihintulot na agahan ang pagbibigay nito ng isang araw o dalawang araw bago ang 'íd. Ipinahihintulot na ibigay sa isang tao ang kinakailangan sanang ibigay sa marami o ibigay sa marami ang kinakailangan sanang ibigay sa isang tao.

**Ang pagbibigay ng zakáh:** Isinasatungkuling ibigay ang zakáh kaagad-agad. Kinakailangang magbigay nito para sa bata o baliw ang tagatangkilik nila. Sunnah na ihayag ito at ipamahagi ng may-ari nito mismo. Isang kundisyon sa pagbibigay nito ang layunin ng may tungkuling magbigay. Hindi matatanggap kung naglayon lamang na magbigay ng kawanggawang lubos,<sup>2</sup> kahit pa man ikinawanggawa niya ang lahat ng yaman niya. Ang pinakamainam ay italaga ang zakáh na ipinapataw sa bawat ari-arian sa mga maralita ng sariling bayan. Ipinahihintulot na ilipat ito sa ibang bayan alinsunod sa kapakanan. Tanggap at tama rin na agahan ang pagbibigay ng zakáh para sa dalawang taon kapag nabuo ang nisáb.

<sup>1</sup> Ang nisáb ng paninda ay katumbas sa halaga ng 85 gramong ginto o sa halaga ng 595 gramong pilak. Ang pipiliing nisáb ay ang higit na mababa sa halaga ng nisáb ng dalawang ito sa oras ng pagbibigay ng zakáh.

<sup>2</sup> Hindi tuwirang naglayon na magbibigay ng zakáh.

**Ang mga karapat-dapat sa zakáh:** Sila ay walo: **1.** ang **maralita**, **2.** ang **dukha**,<sup>1</sup> **3.** ang **mga naglilingkod sa pagkalap ng zakáh**, **4.** ang **mga mapalulubag-loob ang mga puso** sa Islam, **5.** ang **pagpapalaya ng alipin**, **6.** ang **mga nagkautang**, **7.** ang nakikibaka sa **landas ni Allah**, **8.** ang kinapos na **manlalakbay**. Bibigyan ang lahat ng ito ng zakáh ayon sa pangangailangan maliban sa taong naglilingkod sa pagkalap nito sapagkat bibigyan siya ayon sa takdang suweldo niya kahit pa man siya ay isang mayaman. Tanggap na ibigay ito ng isang tao sa Khawárij at mga naghihimagsik kapag nahawakan nila ang bayan niya. Tanggap pa rin kapag kinuha ito ng namumuno sa bayan, sapilitan man o kusang-loob ibinigay, naging makatarungan man siya o naging mapaniil.

Hindi tanggap na ibigay ng isang Muslim ang zakáh sa Káfir, sa alipin,<sup>2</sup> sa mayaman, sa sinumang tungkulin niyang suportahan, at sa angkan ni Háshim.<sup>3</sup> Kung ibinigay niya ito sa hindi karapat-dapat dito at hindi niya nalalaman at pagkatapos ay nalaman niya, hindi ito tanggap bilang zakáh, maliban kung ibinigay niya ito sa inaakala niyang isang maralita at pagkatapos ay lumabas na mayaman pala, ito ay tanggap.

Ang kawanggawa na kusang-loob. Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): ***Tunay na kabilang sa iuugnay sa mananampalataya mula sa mabuting gawa niya at magandang nagawa niya matapos ang kamatayan niya na [kinabibilangan ng] kaalamang itinuro niya at ipinalaganap niya, anak na matuwid na naiwan niya, mus'haf na ipinamana niya, o masjid na ipinatayo niya, bahay na ipinatayo niya para tuluyan ng kinapos na manlalakbay, o ilog na pinadaloy niya, o kawanggawa na inilabas niya mula sa yaman niya sa panahon ng kalusugan niya at buhay niya ay iuugnay sa kanya matapos ang kamatayan niya.*** Isinalaysay ito ni Imám Ibnu Májah.

<sup>1</sup> Ayon sa Tagalog-English DICTIONARY ni Leo James English ang **maralita** ay *extremely poor* o *lubhang mahirap* at ang **dukha** naman ay *poor* o *mahirap*.

<sup>2</sup> Dahil ang matatanggap ng alipin ay aangkinin ng panginoon niya.

<sup>3</sup> Ang angkan kinabibilangan ng Propeta (SAS).



Isinasatungkulin ang pag-aayuno sa Ramadán sa bawat Muslim na báligh,<sup>1</sup> ‘áqil,<sup>2</sup> kayang mag-ayuno, at hindi niriregla o may nifás. Utusan ang bata na mag-ayuno kung makakaya nito upang makasanayan niya. Nalalaman ang pagsapit ng buwan ng Ramadán sa pamamagitan ng alin sa dalawa: **1.** Ang pagkakita ng bagong buwan ayon sa pagsaksi ng isang Muslim na makatarungan at mukallaf<sup>3</sup> kahit babae; **2.** Ang pagkabuo ng 30 araw ng Sha‘bán. Nagsisimula ang tunguling mag-ayuno sa pagsapit ng tunay na madaling-araw hanggang sa lumubog ang araw. Kailangan sa pag-aayunong isinatungkulin na magkaroon ng layunin bago magmadaling-araw.

**Ang mga nakasisira sa pag-aayuno:** **1.** Ang pakikipagtalik. Kailangan niyang magsagawa ng qadá’ at magbigay ng kaffárah<sup>4</sup> at ito ay ang pagpapalaya ng isang alipin; ngunit kung hindi nakakita ng mapalalaya ay pag-aayuno ng dalawang buwang magkasunod; ngunit kung hindi makakaya ay pagpapakain ng 60 dukha; ngunit kung hindi nakakita ay wala na siyang gagawin. **2.** Ang paglabas ng punlay dahil sa paghalik o paghipo o *masturbation*, ngunit hindi masisira ang pag-aayuno kung ito ay dahil sa *wet dream*. **3.** Ang pagkain o ang pag-inom nang sinasadya, ngunit kung nakalimot lamang ay tumpak pa rin ang pag-aayuno niya. **4.** Ang pagpapalabas ng dugo sa pamamagitan ng hijámah o pagbibigay nito, ngunit ang kaunting pagpapalabas ng dugo para sa pagsusuring medikal o ang anumang lumabas nang hindi sinasadya gaya ng pagkasugat at balinguynogoy ay hindi makasisira sa pag-aayuno. **5.** Ang pagsuka nang sadya.

Kapag nakalunok ng alikabok at umabot sa lalamunan, o nagmumog o nakasinghot ng tubig at may umabot na tubig sa lalamunan, o nakapag-isip at may lumabas na punlay, o dumanas ng *wet dream*, o may lumabas sa kanya na dugo o suka nang hindi sinasadya, hindi masisira ang pag-aayuno niya.

Ang sinumang nakakain sa pag-aakalang gabi na ngunit natalos na araw pa pala, kailangan niyang magsagawa ng qadá’. Ang sinumang kumain sa gabi habang nagdududa sa pagsapit ng madaling-araw, hindi nasira ang pag-aayuno niya. Kung nakakain sa araw samantalang nagdududa sa paglubog ng araw, kailangan niyang magsagawa ng qadá’.

**Ang mga patakaran kaugnay sa hindi pag-aayuno:** Ipinagbabawal ang hindi pag-aayuno sa Ramadán para sa sinumang walang tanggap na dahilan. Kinakailangang hindi mag-ayuno ang niriregla o ang may nifás, ang sinumang nangangailangang hindi muna mag-ayuno upang sumagip ng isang buhay mula sa isang kapahamakan. Sunnah ang hindi mag-ayuno para sa isang naglalakbay na pinahihintulatang magpaikli ng saláh at para sa isang maysakit na pinangangambahang makasasama ang mag-ayuno. Ipinahihintulot din ang hindi pag-ayuno para sa isang muqím na naglalakbay sa loob ng maghapon at para sa isang

<sup>1</sup> Nagiging báligh ang tao kapag naging ganap nang 15 gulang, o tinubuan ng buhok sa maselang bahagi ng katawan, o kapag may punlay na lumalabas sa *wet dream* o sa iba pang paraan kung lalaki, at kapag nagkaroon na ng regla kung babae.

<sup>2</sup> May sapat at matinong pag-iisip.

<sup>3</sup> Nasa edad o kalagayang maaari nang pumasang pananagutan.

<sup>4</sup> Pambayad sa kasalanan.

nagdadalang-tao o isang nagpapasuso na nangangamba para sa sarili nila o para sa anak nila. Ang lahat ng ito ay kailangang magsagawa ng qadá' lamang. Magdadagdag ang nagdadalang-tao o ang nagpapasuso ng pagpapakain sa dukha para sa bawat araw na hindi napag-ayunuhan, bukod pa sa qadá', kapag hindi nag-ayuno dahil lamang nangambang makasasama ito sa anak.

Ang sinumang hindi makakayang mag-ayuno dahil sa katandaan o karamdamang hindi maaasahang gumaling ay magpapakain ng isang dukha para sa bawat araw na hindi napag-ayunuhan at wala nang qadá' para sa kanya.

Ang sinumang naantala sa pagsasagawa ng qadá' dahil sa isang tanggap na dahilan hanggang sa naabutan siya ng isa pang Ramadán, kailangan niyang magsagawa ng qadá' lamang. Kung wala namang tanggap na dahilan sa pagkaantala nito, magpapakain siya ng isang dukha kalakip ng qadá' para sa bawat araw na hindi napag-ayunuhan. Kung hindi naisagawa ang qadá' dahil sa isang tanggap na dahilan at namatay siya, wala siyang pananagutan. Kung wala namang tanggap na dahilan sa hindi pagkakasagawa ng qadá', ay magpapakain alang-alang sa kanya ng isang dukha para sa bawat araw na hindi niya napag-ayunuhan. Sunnah para sa kaanak niya na mag-ayuno para sa anumang napabayaang niya na qadá' para sa pag-aayuno sa Ramadán o para sa pag-aayunong panata niya at na isagawa ang bawat panata niya bilang pagtalima kay Allah para sa kanya.

Ang sinumang tumigil muna sa pag-aayuno bunsod ng isang tanggap na dahilan at pagkatapos ay naglaho ang tanggap na dahilan niya sa mga sandali ng maghapon ng Ramadán ay kailangang tumigil sa pagkain at pag-inom. Kung yumakap ang tao sa Islam, o tumigil ang regla ng babae, gumaling ang maysakit, o dumating ang naglalakbay, o naging báligh ang bata, o nanumbalik ang pag-iisip ng baliw sa mga sandali ng maghapon ng Ramadán samantalang ang mga ito ay hindi nag-aayuno, kinakailangang magsagawa sila ng qadá' kahit pa pinag-ayunuhan nila ang nalalabing bahagi ng maghapon. Ang sinumang pinahintulutan na hindi mag-ayuno sa Ramadán ay hindi mag-aayuno ng pag-aayunong hindi sa Ramadán.

**Ang pag-aayunong boluntaryo:** Ang pinakamainam dito ay salitan sa araw ng pag-aayuno at hindi pag-aayuno. Pagkatapos ay ang pag-aayuno sa Lunes at Huwebes. Pagkatapos ay ang pag-aayuno ng tatlong araw sa bawat buwan at pinakamainam dito ay ang tinatawag na mga puting araw: ang ika-13, ika-14, at ika-15 sa bawat buwan ng kalendaryo ng Islam. Sunnah na mag-ayuno sa higit na maraming araw sa mga araw ng Muharram at Sha'bán, sa araw ng 'Áshurá', sa araw ng 'Arafah, at sa anim na araw sa Shawwál. Hindi kanais-nais na magtangi sa Rajab, sa Biyernes, at Sabado ng isang pag-aayuno at gayon din ang pag-aayuno sa araw na nakalilito: ang ikatatlumpo ng Sha'ban kapag hindi maualap ang kalangitan.<sup>1</sup> Ipinagbabawal ang pag-aayuno sa araw ng 'ídulfitr at 'ídul'ad'há, at sa mga araw ng tashríq: ang ika-11, ika-12, at ika-13 ng Dhulhijjah maliban sa isang nagsagawa ng hajj na tamattu' o qiran na kailangang mag-ayuno.

<sup>1</sup> Ang ika-30 ng Sha'bán ay maaaring ang huling araw ng Sha'bán o maaari ring ang unang araw ng Ramadán kung lumitaw na ang bagong buwan. Kapag malinaw ang kalangitan dahil walang ulap, matitiyak kung ang ika-30 ng Sha'ban ay sa Sha'ban o sa Ramadán.

### Mga babbala:

- ★ Ang sinumang may malaking hadath gaya ng junub at ng nireregla at may nifás na tumigil na ang pagdurugo nila bago nagmadaling-araw ay maaari nilang ipahuli ang ghusl hanggang sa matapos ang adhán ng fajr at unahin ang sahur. Ang pag-aayuno ay tumpak.
- ★ Ipinahihintulot na gumamit ang babae ng gamot na nagpapahuli sa pagdating ng regla niya sa Ramadán sa layuning makilahok nang lubos sa kapwa mga Muslim sa pagsamba nila kung ligtas naman sa kapinsalaan.
- ★ Ipinahihintulot sa nag-aayuno ang paglunok ng laway o plema na nasa loob pa ng bunganga niya.
- ★ Nagsabi ang Propeta (SAS): *Hindi matitigil ang kalipunan ko sa mabuti habang nagmamadali sa iftár at ipinahuhuli nila ang sahur.* Isinalaysay ito ni Imám Ahmad. *Sinabi pa niya: Hindi matitigil ang relihiyong Islam sa pananaig habang nagmamadali sa iftár dahil ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano ay nagpapahuli nito.* Isinalaysay ito ni Imám Abú Dáwud.
- ★ Kanais-nais na sumambit ng du‘á’ bago isagawa ang iftár. Nagsabi ang Sugo (SAS): *Ang nag-aayuno sa pagsasagawa ng iftár ay may panalanging hindi tinatanggihan.* Isinalaysay ito ni Imám Ibnu Májah. Kabilang sa nasaad na mga du‘á’ sa pagsasagawa ng iftár ay sabi ng Sugo (SAS): **Dhahaba -dhdhama’u wa -btallati -l’urúqu wa thabata -l’ajru in shá’a -lláh.**<sup>1</sup> Isinalaysay ito ni Imám Abú Dáwud.
- ★ Ang Sunnah na ang iftár ay sisimulan sa manibalang na datiles. Kung wala nito ay hinog na datiles. Kung wala rin nito ay tubig.
- ★ Nararapat sa nag-aayuno na iwasan ang kuḥl, at ang gamot na ipinapatak sa mata o sa tainga sa oras ng pag-aayuno bilang pag-iwas na masangkot sa usaping pinagtatalunan ngunit kung siya ay nangangailangan nito, gaya ng pagpapagamot, ay walang masama kahit umabot pa ang lasa ng gamot sa lalamunan niya at ang pag-aayuno niya ay tumpak pa rin.
- ★ Sunnah na gumamit ng siwák sa lahat ng oras ng pag-aayuno at walang kinasusuklanan dito ayon sa tamang pananaw.
- ★ Isinasatungkulin sa nag-aayuno na tumigil sa panlilibak, paninirang-puri, pagsisinungaling, at tulad nito. Kung aalipustain siya o iinsultuhin ay sabihin niya: *“Ako ay nag-aayuno.”* Sa pangangalaga niya ng dila niya at lahat ng bahagi ng katawan niya laban sa mga kasalanan ay napangangalagaan niya ang pag-aayuno niya sapagkay may nasaad buhat sa Propeta na siya ay nagsabi: *Ang sinumang hindi tumigil sa pagsasabi ng kabulaanan at sa paggawa ayon dito, si Allah ay walang pangangailangan na itigil niya ang pagkain niya at ang pag-inom niya.*
- ★ Sunnah sa isang inanyayahan sa pagkain ngunit siya ay nag-aayuno na dumalangin para sa may-ari ng pagkain at kung siya naman ay hindi nag-aayuno ay sunnah na kumain siya.
- ★ Ang Laylatulqadr ay ang pinakamainam na gabi sa buong taon. Naitakdang magaganap ito sa huling sampung gabi ng Ramadán. Ang pinakamalapit sa katiyakan na gabi ng kaganapan nito ay ang ika-27 na gabi. Ang paggawa ng

<sup>1</sup> Ibig sabihin: Lumisan ang uhaw, nabasa ang mga ugat at natiyak ang gantimpala, kung loloobin ni Allah.

matuwid sa gabing iyon ay higit na mabuti kaysa sa paggawa sa loob ng isang libong buwan. Ito ay may mga tanda na ang ilan ay ang sumusunod: ang pagsikat ng araw kinaumagahan nito nang maputi na walang maraming sinag at ang pagiging katamtaman ng klima. Maaaring maabutan ito ng isang Muslim nang hindi niya nalalaman. Ang hinihiling sa kanya ay magsikap sa pagsagawa ng pagsamba sa Ramadan, lalo na sa sampung huling araw. Magsisigasig siya na walang makaliligtaang isang gabi sa mga gabi ng Ramadán nang hindi nakapaagsagawa ng qiyámullayl. Kapag nagdasal siya ng taráwih sa jamá'ah ay hindi siya lilisan hanggat hindi natatapos ng imám ang taráwih nang lubusan upang maitala para sa kanya ang pagdalo sa qiyámullayl.

★ Ang nagsagawa ng pag-aayunong boluntaryo ay hindi kailangan sa kanya na lubusin ito ni isinasatungkulin. Kung sinadya niyang sirain ito ay walang masama at walang qadá'.

**Ang I'tikáf:** Ito ay ang pananatili ng isang Muslim na 'áqil sa isang masjid bilang pagtalima. Isang kundisyon dito na ang nagsasagawa ng i'tikáf ay malaya sa malaking hadath. Hindi lalabas ang nagsasagawa ng i'tikáf maliban kung kailangang gawin, gaya ng pagkain, pagpunta sa palikuran, at pagsasagawa ng kinakailangang ghusl, halimbawa. Nawawalan ito ng saysay dahil sa paglabas na hindi kailangan at pakikipagtalik. Sunnah na isagawa sa bawat oras at sa Ramadán ay higit na binibigyang-diin. Ang higit na binibigyang-diing panahon ng pagsasagawa nito ay ang sampung huling araw ng Ramadán. Ang pinakamaiksing panahon ng i'tikáf ay isang oras. Kanais-nais na hindi kukulang sa isang araw at isang gabi. Ang babae ay hindi magsasagawa ng i'tikáf nang walang pahintulot ng asawa niya. Sunnah sa nagsasagawa ng i'tikáf na magpakaabala sa pagsamba at pagtalima kay Allah, na iwan ang karamihan sa mga bagay na ipinahihintulot, na umiwas sa anumang hindi pumapatungkol sa kanya.

## Ang Hajj at ang 'Umrah

Isinasatungkulin ang pagsasagawa ng hajj at 'umrah isang ulit sa tanang buhay. Ang mga kundisyon sa pagkatungkuling isagawa ang mga ito ay: **1.** ang pagiging kaanib ng Islam, **2.** ang sapat na pag-iisip, **3.** ang sapat na gulang, **4.** ang pagiging malaya, **5.** ang kakayahan: ang pagkakaroon ng panggugol at masasakyan. Ang babae ay nadadagdagan ng ikaanim na kundisyon: ang makakasamang asawa o mahram na kailanman ay hindi niya maaaring mapangasawa at tanggap rin ang hajj niya kahit hindi kasama ito ngunit nagkakasala siya. Ang sinumang nagpabaya hanggang sa namatay na ay kukunan ang yaman niya ng panggastos para sa hajj at 'umrah na isasagawa para sa kanya ng iba. Hindi tanggap ang hajj at 'umrah na isinagawa ng isang Káfir o isang baliw. Tanggap naman ang hajj na isinagawa ng isang bata o isang alipin ngunit hindi makasapat ito para sa kanila bilang hajj na hinihiling ng Islam. Ang walang kakayahan gaya ng maralita, kapag nangutang at nagsagawa ng hajj, ay tanggap ang hajj niya.

Ang sinumang nagsagawa ng hajj para sa iba ngunit hindi pa siya nakapagsagawa ng hajj para sa sarili niya, ang hajj na ito ay magiging para sa kanya.

**Ang Ihrám:** Sunnah sa sinumang nagnanais na magsagawa ng ihrám na magsagawa ng ghusl, maglinis, magpabango, maghubad ng anumang makhít,<sup>1</sup> at magsuot ng malinis na puting izár (tapis) at ridá (balabal). Pagkatapos ay isasagawa ng ihrám sa pamamagitan ng pagsabi ng labbayka -lláhumma 'umrah o hajj o 'umratan wa hajj.<sup>2</sup> Kung nangambang baka maudlot ito ay maaari siyang magbigay ng kundisyon sa pamamagitan ng pagsabi niya ng in habasaní hábisun famahallí haythu habastaní.<sup>3</sup>

**Ang nagsasagawa ng hajj ay makakapamilya sa tatlong uri ng hajj:** ang tamattu', ang ifrád, at ang qirán. Ang pinakamainam sa mga ito ay ang tamattu'. Ang tamattu' ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagsasagawa ng ihrám para sa 'umrah lamang sa mga buwan ng hajj. Pagkatapos ay kakalas siya sa ihrám ng natapos na 'umrah. Pagkatapos ay magsasagawa siya ng ihrám para sa hajj sa oras nito. Ang ifrád ay isinasagawa sa pamamagitan ng pagsasagawa ng ihrám para sa hajj lamang. Ang qirán ay sa pamamagitan ng pagsasagawa ng ihrám para sa magkarugtong na 'umrah at hajj o magsasagawa ng ihrám para sa 'umrah at pagkatapos ay idudugtong sa layuning magsagawa ng 'umrah ang layuning magsagawa ng hajj matapos maisagawa ang tawáf para sa 'umrah.

Kapag nakasakay na ang nagnanais magsagawa ng hajj sa sasakyan niya ay sasambitin niya ang talbiyah: **Labbayka -lláhumma labbayk, labbayka lá sharíka laka labbayk, inna -lhamda wa -nni'mata laka wa -lmulk, lá sharíka lak.**<sup>4</sup> Kanais-nais na dalasan ang pagsambit nito at itaas ang tinig sa pagsambit nito para sa hindi mga babae.

<sup>1</sup> Kasuutang naisuot sa pamamagitan ng pagpasok sa kamay at paa.

<sup>2</sup> Bilang pagtugon sa panawagan Mo na magsagawa ng 'umrah o hajj o 'umrah at hajj.

<sup>3</sup> Kung hinadlangan ako ng isang hadlang, ang titigilan ng pasasagawa ko ay kung saan mo ako hinadlangan.

<sup>4</sup> Bilang pagtugon sa panawagan Mo, o Allah, bi-lang pagtugon sa panawagan Mo; bilang pagtugon sa panawagan Mo, wala Kang katambal; bilang pagtugon sa panawagan Mo. Tunay na ang papuri at ang pagbibiyaya ay ukol sa Iyo at ang paghaha-ri; wala Kang katambal.

**Ang mga ipinagbabawal habang nasa sandali ng ihrám ay siyam:** **1.** Ang paggupit ng buhok. **2.** Ang pagputol ng mga kuko. **3.** Ang pagsuot ng makhít para sa lalaki ngunit kapag hindi nakahanap ng izár ay makapagsusuot ng pantalon o kapag hindi nakahanap ng tsinelas ay makapagsusuot ng khuff na mababa upang lumitaw ang mga bukung-bukong. Walang fidyah<sup>1</sup> para rito. **4.** Ang pagtatakip sa ulo para sa mga lalaki. **5.** Ang paglalagay ng pabango sa katawan o kasuutan. **6.** Ang pagpatay ng ligaw na hayop na ipinahihintulot kainin. **7.** Ang pag-aasawa. Ito ay harám ngunit walang fidyah. **8.** Ang pagsasalingang may kalakip na pagnanasa ngunit walang pagtatalik. Ang fidyah nito ay isang tupa o tatlong araw na pag-aayuno o pagpapakain ng anim na dukha. **9.** Ang pakikipagtalik. Kung nangyari ito sa unang tahallul (pagkalas sa ihrám) ay nasira na ang hajj at kinakailangang buuhin ito at isagawang muli sa susunod na taon kalakip ng pagkakatay ng isang kamelyo na ipamamahagi sa mga maralita ng lungsod ng Makkah. Kung nangyari naman ito matapos ang unang tahallul ay hindi masisira ang hajj ngunit kailangang mag-alay ng isang kamelyo. Kung nakipagtalik sa panahon ng pagsasagawa ng ‘umrah ay masisira ito at kailangan ng fidyah na isang tupa at kinakailangang isagawang muli ito. Hindi nasisira ang hajj o ‘umrah dahil sa anumang hindi pakikipagtalik. Ang babae ay gaya ng lalaki malibang ang babae ay maaaring magsuot ng makhít ngunit hindi siya maaaring magsuot ng burqá<sup>2</sup> o niqáb at ng guwantes.

**Ang fidyah ay dalawang uri: 1. Ayon sa mapagpipilian.** Ito ay fidyah dahil sa pagpapagupit o pagpapabango o pagputol ng mga kuko o pagtatakip ng ulo o pagsusuot ng makhít para sa mga lalaki. Makapipili sa sumusunod: pag-aayuno ng tatlong araw, o pagbibigay ng pagkain sa anim na dukha na isa at kalahating kilong bigas<sup>2</sup> sa bawat isa, o pagkakatay ng isang tupa. Ang fidyah para sa pagpatay ng ligaw na hayop at inaalagaang hayop na tulad ng pinatay kung may katulad niyon. Kung walang katulad niyon ay magbabayad ng halaga niyon. **2. Ayon sa pagkakasunud-sunod.** Ang fidyah ng nagsasagawa ng tamattu‘ o qirán ay isang tupa. Ang fidyah dahil sa pakikipagtalik ay isang kamelyo. Kung hindi nakahanap nito, ang fidyah ay pag-aayuno ng tatlong araw sa panahon ng hajj at pitong araw kapag nakauwi na. Ang hayop na alay o ang pagkaing ibinibigay ay ibinibigay lamang sa mga maralita ng Haram.<sup>3</sup>

**Ang pagpasok sa Makkah:** Kapag pumasok ang nagsasagawa ng hajj sa alMasjid alHarám ay sasabihin niya ang nakatakandang du‘á’ sa pagpasok sa mga masjid. Pagkatapos ay sisimulan niya ang pagsasagawa ng tawáf ng ‘umrah kung siya ay nagsasagawa ng tamattu‘ o ng tawáf ng pagdating kung siya ay nagsasagawa ng ifrád o qirán. Isusuot niya ang ridá’ niya ayon sa pagsuot na idtibá‘: ilalagay ang kalagitnaan nito sa ilalim ng kanang kilikili at ang magkabilaang dulo nito ay ilalagay sa ibabaw ng

<sup>1</sup> Pantubos o pambayad-sala sa paglabag sa ilang gawain sa hajj. Hindi ito magkakatulad kaya kapag nakagawa ng anuman sa mga nabanggit na ipinagbabawal, magtanong sa nakaa-alam kung ano ang dapat gawin.

<sup>2</sup> O harina o mais o barley, depende sa pangunahing pagkain ng isang lugar.

<sup>3</sup> Ang Haram ay ang lugar sa palibot ng alMasjid alHarám. Ang alMasjid alHarám ay ang masjid na nakapalibot sa Ka‘bah. Ang labas ng Haram ay tinatawag na Hill. May takdang hangganan ito.

kaliwang balik. Magsisimula siya sa tapat ng alHajar al'Aswad (Batong Itim). Hihipuin niya ito at hahalikan o ituturo ito habang nagsasabi ng bismi -lláhi wa -lláhu akbar. Gagawin niya sa bawat ikot. Pagkatapos ay ilalagay niya ang Ka'bah sa gawing kaliwa niya at iikot ng pitong ulit. Magsasagawa siya ng raml (mabilis na paglalakad sa maliit na mga hakbang) sa unang tatlong ikot ayon sa makakaya at maglalakad sa mga natirang ikot. Sa tuwing matatapat sa arRukn alYamáníy ay hihipuin ito kung makakaya at sasabihin sa pagitan ng arRukn alYamáníy at alHajar al'Aswad: **rabbaná átiná fi -ddunyá hasanah, wa fi -l'áakhirati hasanah, wa qiná 'adhába -nnár.**<sup>1</sup> Sa ibang bahagi ng pag-ikot ay mananalangin ng anumang maibigang panalangin. Pagkatapos ay magsagawa ng dalawang rak'ah na saláh sa harap ng Maqám Ibráhim kung makakaya. Bibigkasin pagkatapos ng alFátihah ang Súrah alKáfirún sa unang rak'ah at ang Súrah al'Ikhlás sa ikalawa. Pagkatapos ay iinom ng tubig ng Zamzam at dadamihan ang iinum. Babalik sa alHajar al'Aswad at hihipuin ito kung makakaya at pagkatapos ay mananalangin sa Multazam (pagitan ng alHajar al'Aswad at pintuan ng Ka'bah). Pagkatapos ay pupunta sa Safá upang magsagawa ng sa'y.<sup>2</sup> Aakyat doon at magsasabi ng abda'u bimá bada'a -lláhu bihi.<sup>3</sup> Pagkatapos ay bibigkasin niya ang sinabi ni Allah: inna -ssafá wa -lmarwata min sha 'á'iri -lláhi faman hajja -l bayta awi -'tamara falá junáha 'alayhi ay yattawwafa bihimá wa man tatawwa'a khayran fa'inna -lláha shákirun 'alím.<sup>4</sup> Magsasabi siya ng takbír at lá iláha illa -lláh. Haharap siya sa Qiblah, iiangat ang mga kamay, at mananalangin. Pagkatapos ay bababa at maglalakad patungo sa palatandaang kulay berde. Pagkatapos ay tatakbo patungo sa isa pang palatandaang kulay berde. Pagkalampas ay maglalakad na naman hanggang sa dumating sa Marwah at gagawin ang tulad ng ginawa sa Safá. Pagkatapos ay bababa mula sa Marwah at gagawin ang ginawa sa unang shawt hanggang sa mabuo ang pitong shawt. Ang pagpunta mula sa Safá hanggang sa Marwah ay isang shawt at ang pagpunta mula naman Marwah hanggang sa Safá ay isang shawt din. Pagkatapos ay paiiklian niya ang buhok niya o ipapakalbo. Ang pagpapakalbo ay higit na mainam maliban sa 'umrah ng hajj na tamattu' dahil magsasagawa pa ng hajj pagkatapos nito at dapat may natirang buhok. Tungkol naman sa nagsasagawa ng hajj na qirán at ifrád, matapos ang tawáf ng pagdating ay hindi siya magpapagupit hanggat natatapos ang pagsasagawa ng ramy sa Jamrah al'Aqabah (alJamrah alKubrú) sa araw ng 'íd. Ang babae ay gaya ng lalaki ngunit siya ay hindi maglalakad nang mabilis (raml) sa tawáf at sa'y.

**Ang pamamaraan ng pagsasagawa ng hajj:** Kapag araw na ng tarwiyah (ikawalong araw ng Dhulhijjah), magsasagawa ng ihrám sa kinaroroonan sa Makkah kung kumalas sa unang ihrám at pupunta sa Miná upang magpagabi roon sa gabi ng ika-9 ng Dhulhijjah. Kapag sumikat na ang araw ng ika-9 ng Dhulhijjah<sup>5</sup>

<sup>1</sup> Panginoon namin, bigyan Mo po kami sa mundo ng mabuti at sa Kabilang-buhay ng mabuti rin; at iadaya Mo po kami sa pagdurusa sa Apoy.

<sup>2</sup> Pagparoon at pagparito sa pagitan ng Safá at Marwah.

<sup>3</sup> Sisimulan ko ang sinimulan ni Allah.

<sup>4</sup> Qur'an 2:158: Tunay na ang Safá at ang Marwah ay kabilang sa mga sagisag ni Allah. Kaya ang sinumang magsasagawa ng hajj sa Bahay o magsasagawa ng 'umrah ay hindi kasalanan para sa kanya magpabalik-balik sa pagitan ng dalawang iyon. Ang sinumang magkusang-loob na gumawa ng mabuti, tunay na si Allah ay Kumikilala sa kabutihán, Nakaaalam.

<sup>5</sup> Sa kalendaryo ng Islam ay nagpapalit ng petsa sa paglubog ng araw at hindi sa hatinggabi kaya ang gabi ng isang petsa ay laging una sa maghapon ng petsa.

ay pupunta sa ‘Arafah. Kapag lumihis na ang araw sa katanghaliang-tapat ay isasagawa ang dhuhr at ‘asr na magkasama at pinaikli. Ang buong ‘Arafah ay pook na pananatilihin maliban sa Lambak ng ‘Urnah (Wádí ‘Urnah). Dadalasan ang pagsabi ng Lá iláha illa -lláhu wahdahu lá sharíka lah, lahu -lmuḥku wa lahu -lḥamd, wa huwa ‘alá kulli shay’in qadír.<sup>1</sup> Magpapakasigasig sa pananalangin, pagbabalik-loob, at pagdulog kay Allah. Kapag lumubog ang araw ay lilisan patungong Muzdalifah nang may kapanatagan at kahinahunan habang sumasambit ng talbiyah at nag-aalaala kay Allah. Kapag dumating na sa Muzdalifah ay isasagawa roon ang saláh na maghrib at ‘ishá’ nang magkasama at pinaikli. Pagkatapos ay magpapagabi roon. Pagkatapos ay isasagawa ang saláh sa fajr sa unang oras nito at mananatili roon na dumadalangin hanggang sa nagliliwanag na ang kalangitan. Pagkatapos ay lilisan at kapag dumating sa Wádí Muhassir ay magmamadali nang labis kung makakaya hanggang sa dumating sa Miná at sisimulan sa Jamrah al‘Aqabah (alJamrah alKubrá) ang pagbato (ramy). Babatuhin ito ng pitong maliit na bato na halos kasinglaki ng garbansos. Magsasabi ng takbír sa bawat pagbato. Iaangat ang kamay sa pagbato at kinakailangang bumagsak ang bato sa sahurán kahit hindi man tamaan ang pinupukol. Ititigil ang pagsambit ng talbiyah sa pagsisimula ng pagbato. Pagkatapos ay kakatayin ang hady. Pagkatapos ay magpapakalbo o magpapaiksi ng buhok. Ang pagpapakalbo ay higit na mainam. Sa pamamagitan ng pagbato (ramy) at pagpapakalbo (o pagpapaiksi ng buhok) ay magiging ipinahihintulot na ang lahat maliban sa pakikipagtalik. Ito ang unang tahallul (pagpapahintulot ng dating ipinagbabawal sa sandali ng ihrám). Pagkatapos ay pupunta sa Makkah at isasagawa ang tawáf al’ifádah. Ito ang tawáf na kinakailangan sa hajj na sa pamamagitan nito ay nalulubos ang hajj. Pagkatapos ay magsagawa ng sa’y sa pagitan ng Safá at Marwah kung nagsasagawa ng hajj na tamattu‘ o kung hindi nagsagawa ng sa’y matapos ang tawáf ng pagdating. Kapag ginawa niya ito. Ipinahihintulot na ang lahat pati ang pakikipatalik. Ito ang ikalawang tahallul. Pagkatapos ay babalik sa Miná at kailangang magpagabi roon ng ilang gabi. Magsasagawa ng ramy sa mga Jamrah pagkatapos ng katanghaliang-tapat sa mga araw ng pananatili sa Miná. Bawat Jamarah ay pitong bato. Magsisimula sa alJamarah asSughrá at babatuhin ito ng pitong bato. Pagkatapos ay susulong at titigil at mananalangin kay Allah. Pagkatapos ay pupunta sa alJamrah alWustá at babatuhin din ito ng pitong bato at mananalangin pagkatapos. Pagkatapos ay pupunta sa Jamrah al‘Aqabah (alJamrah alKubrá) at babatuhin ito ngunit hindi na titigil sa tabi nito pagkatapos. Pagkatapos ay magsasagawa uli ng ramy sa kasunod na araw rin. Kung ibig na magmadaling umalis ay lalabas sa Makkah bago lumubog ang araw. Kung sa paglubog ng araw sa ika-12 ng Dhulhijjah ay nasa Miná pa siya, kailangang magpagabi siya sa Miná at magsagawa uli ng ramy kinabukasan. Kung naantala siya ng siksikan ngunit nakapagpasya na siyang lumabas sa Makkah, walang masama na makalabas siya

<sup>1</sup> Walang [totoong] Diyos kundi si Alláh — tanging Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan.



kahit matapos na lumubog ang araw. patungo sa palatandaang kulay berde.

Ang nagsasagawa ng qirán ay gaya ng nagsasagawa ng ifrád ngunit kinakailangan ang hady sa nagsasagawa ng qirán gaya ng nagsasagawa ng tamattu'. Kapag ninais na maglakbay pauwi sa mag-anak ay hindi lalabas sa Makkah hanggang nagpapaalam sa Ka'bah sa pamamagitan ng pagsasagawa ng tawáf alwadá' (tawáf ng pamamaalam) upang ang huling sandali ay sa Ka'bah, maliban sa nireregla at may nifás sapagkat hindi na nila kailangang isagawa ang tawáf alwadá'. Ngunit kung matapos nito ay naroon pa na nagpakaabala sa pangangalakal, halimbawa, uulitin niya ang tawáf alwadá'. Ang sinumang lumabas sa Makkah bago nagsagawa ng tawáf alwadá' ay babalik kung malapit pa sa Makkah. Kung malayo na ay magkakatay siya ng hayop pagbalik.

**Ang mga sandigan ng hajj ay apat:** 1. ang iḥrám o ang layunin ng pagpasok sa gawain ng hajj (o 'umrah); 2. ang pagtigil sa 'Arafah; 3. ang tawáf al'ifáḍah; 4. ang sa'y ng hajj.

**Ang mga kinakailangan (wájib) sa hajj ay pito:** 1. ang pagsasagawa ng iḥrám sa míqát; 2. ang pagtigil (wuqúf) sa 'Arafah hanggang sa lumubog ang araw; 3. ang pagpapagabi sa Muzdalifah hanggang sa matapos ang hating-gabi; 4. ang pagpapagabi sa Miná sa mga gabi ng *tashríq*; 5. ang pagsasagawa ng ramy sa mga Jamrah; 6. ang pagpapakalbo o ang pagpapaiksi ng buhok; 7. ang pagsasagawa ng tawáf alwadá'.

**Ang mga sandigan ng 'umrah ay tatlo:** 1. ang iḥrám; 2. ang tawáf ng 'umrah; 3. ang sa'y ng 'umrah.

**Ang mga kinakailangan (wájib) sa 'umrah ay dalawa:** 1. ang pagsasagawa ng iḥrám sa míqát; 2. ang pagpapakalbo o ang pagpapaiksi ng buhok.

**Ang sinumang may nakaligtaang gawin na isang sandigan ay hindi malulubos ang hajj o ang 'umrah malibang isagawa ito. Ang sinumang may nakaligtaang gawin na isang kinakailangan (wájib) ay maaayos ito sa pamamagitan ng pagkakatay ng hayop. Ang sinumang may nakaligtaang Sunnah ay walang kailangang gawin.**

**Ang mga kundisyon sa katumpakan ng tawáf sa Ka'bah ay 13:** 1. ang pagiging kaanib ng Islam; 2. ang sapat na pag-iisip; 3. ang takdang layunin; 4. ang pagsapit ng oras ng tawáf; 5. ang pagtatakíp ng 'awrah para sa isang nakakakaya niyon; 6. kawalan ng hadath maliban sa bata; 7. ang tiyak na pagkabuo ng pitong ikot; 8. ang paglalagay sa Ka'bah sa gawing kaliwa at uulitin ang anumang pagkakamali; 9. ang hindi pag-ikot pabalik; 10. ang paglalakad sa isang nakakakaya; 11. ang pagkatuluy-tuloy ng mga ikot; 12. na ito ay nasa loob ng alMasjid alHarám; 13. na ang simula ay tapat ng alHajar al'Aswad.

**Ang mga sunnah sa tawáf:** ang paghipo sa alHajar al'Aswad, ang paghalik sa alHajar al'Aswad, ang pagsambit ng takbír sa tabi ng alHajar al'Aswad, ang paghipo sa arRukn alYamáníy, ang *idtibá'*, ang raml at ang paglalakad sa mga kinauukulang ikot, ang pagdalangin, ang pagsambit ng dhikr, ang paglapit sa Ka'bah, at ang saláh na dalawang rak'ah sa harap ng Maqám Ibráhím.

<sup>1</sup> Ang ika-11, ika-12, at ika-13 ng Dhuhijjah. Sa kalendaryo ng Islam ang petsa ay nagpapalit sa paglubog ng araw.

**Ang mga kundisyon sa sa'y ay siyam:** **1.** ang pagiging kaanib ng Islam; **2.** ang sapat na pag-iisip; **3.** ang layunin; **4.** ang pagkatuluy-tuloy; **5.** ang paglalakad sa nakakayang maglakad; **6.** ang pagbuo sa pitong shawt; **7.** Ang lubos na pagparoon at pagparito sa pagitan ng Safá at Marwah; **8.** na ito ay matapos ang tamang tawáf; **9.** ang apat na shawt mula sa Safá patungo sa Marwa at tatlong shawt mula Marwah patungo sa Safá.

**Ang mga sunnah sa sa'y:** ang kawalan ng hadath at karumihan, ang pagtatakip ng 'awrah, ang pagsambit ng dhikr at du'á', ang paglalakad at ang pagtakbo sa tamang lugar ng mga ito, ang pag-akyat sa Safá at Marwah, at ang kaagad na pagsasagawa nito matapos ang tawáf.

**Babala:** Ang pinakamainam ay isagawa ang ramy sa araw nito mismo. Kung sakaling ipinahuli ang pagsasagawa ng ramy sa sunod na araw kinabukasan o ipinahuli ang lahat sa huling araw ng mga araw ng tashríq ay tanggap pa rin.

**Ang ud'hiyah.** Ito ay sunnah na binigyang-diin. Kapag sumapit ang ika-10 ng Dhulhijjah ay ipinagbabawal sa sinumang nagnais na mag-alay ng hayop (ud'hiyah) na kumuha ng anuman sa buhok niya o kuko niya o balat niya hanggang sa makatay niya ang hayop na alay niya.

**Ang 'Aqíqah.** Ito ay sunnah. Para sa batang lalaki, ito ay dalawang tupa (o kambing); at para sa batang babae ito ay isang tupa (o kambing). Kakatayin ito sa ikapitong araw ng pagsilang niya. Sunnah sa ikapitong-araw ang pag-ahit ng ulo ng batang lalaki at ang pagkakawang-gawa ng halagang katumbas sa halaga ng pilak na kasimbigat ng inahit na buhok. Pangangalanan siya sa araw na iyon. Ang pinakakaibig-ibig na pangalan para kay Allah ay 'Abdulláh at 'Abdurrahmán. Ipinagbabawal na magpangalan ng pangalang may 'Abd na nakadugtong sa pangalang hindi kay Allah gaya ng 'Abdunnabíy o 'Abdurrasúl. Kung natapos ang oras ng 'aqíqah sa oras ng pag-aalay ng ud'hiyah ay makasasapat na ang alin sa dalawa para sa isa sa dalawa.

### Buod ng mga Gawain sa Hajj ayon sa Pagkakasunud-sunod

Ifrád	Qirán	Tamattu'	Uri
Labbayka hajjá.	Labbayka 'umratán wa hajjá.	Labbayka 'umratán mutamatti'am bilhá, li -lhali.	Simula: ihrám at Talbiyah
Tawáf ng pagdating.	Tawáf ng pagdating.	Tawáf ng 'umrah.	Pagkatapos
Sa'y ng hajj.	Sa'y ng hajj.	Sa'y ng 'umrah.	Pagkatapos
Manatili sa ihrám.	Manatili sa ihrám.	Lubos na tahallul.	Pagkatapos
Pagpunta sa Miná.	Pagpunta sa Miná.	Ihrám sa Makkah, para sa hajj. Pagpunta sa Miná	Ika-8 ng Dhulhijjah bago ang dhuhr
		Pagpunta sa 'Arafah, salah na dhuhr at 'asr na magkasama at pinaikli sa oras ng dhuhr. Pagkatapos ay pagdalan ng hanggang sa lumubog ang araw.	Ika-9 matapos sumikat ang araw
		Pagtungo sa Muzdalifah. Pagsasagawa ng maghrib at 'ishá, na pinaikli pagdating. Pagpapagabi roon hanggang sa hating-gabi at sunnah hanggang sa fajr.	Matapos lumubog ang Araw
		Pagpunta sa Miná, ramy sa Jamrah al'Aqabah	Ika-10 matapos ang fajr bago sumikat ang araw
Wala	Hady	Hady	
		Pakalbo o paiksi. Pagkatapos ay tawáf al'ifádah. Sa paggawa ng dalawa sa tatlong ito, maaari na ang unang tahallul at sa paggawa ng tatlo, maaari na ang ikalawang tahallul.	
Wala.	Wala.	Sa'y ng hajj.	
		Pagkatapos ng tanghaling-tapat magsagawa ng ramy sa mga Jamrah: asSughrá, pagkatapos ay al'Wustá, pagkatapos ay al'Kubrá.	Ika-11, Ika-12, at Ika-13 para sa Nagpahuli
		Tawáf alwidá'. Hindi isasagawa ng nireglá at may nifás.	Sa Paglisan

★ Ninanais ng Demonyo na madaig ang tao sa pamamagitan ng isa sa pitong balakid. Kapag hindi niya nakaya sa pamamagitan ng isa ay lilipat siya sa kasunod nito. Ang mga ito ay ang balakid ng Shirk at Kufr. Kung hindi pa rin niya nakaya ay sa pamamagitan naman ng bid'ah sa paniniwala at sa pagtalikod sa patulad sa Propeta (SAS) at mga Kasamahan niya (RA). Kung hindi pa rin niya nakaya ay sa pamamagitan naman ng paggawa ng mga malaking kasalanan. Kung hindi pa rin niya nakaya ay sa pamamagitan naman ng paggawa ng mga maliit na kasalanan. Kung hindi pa rin niya nakaya ay sa pamamagitan naman ng pagpaparami ng paggawa ng mga ipinahihintulot. Kung hindi pa rin niya nakaya ay sa pamamagitan naman ng paggawa ng mga gawaing pagsunod nga kay Allah ngunit ang ibang mga gawain ay higit na mainam kaysa sa mga ito at higit na malaki sa gantimpala. Kung hindi pa rin niya nakaya ay sa pamamagitan naman pagbibigay ng kapamahalaanan sa mga demonyong jinn at tao.

★ Ang gawang masagwa. Mapapawi ito at mababayaran sa pamamagitan ng mga gawain ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod: ang tapat na pagbabalik-loob, ang paghingi ng tawad, ang paggawa ng mga gawang maganda, ang pagdanas ng pagsubok sa pamamagitan ng pagtamo ng mga kasawian, ang kawanggawa, at ang panalangin ng ibang tao. Kung may natira at hindi siya pinatawad ni Allah, dahil sa mga gawang masagwa na iyon ay parurusahan siya sa libingan o sa Araw ng Pagbangon o sa Apoy ng Impiyerno hanggang sa madalisay siya mula sa mga iyon. Pagkatapos ay papasok siya sa Paraiso kung namatay siya sa Tawhid. Kung namatay siya sa kufr o shirk o pagpapanggap, pananatilihin siya sa Apoy ng Impiyerno. **Ang mga pagsuway at ang mga pagkakasala ay may maraming epekto sa tao. Ang epekto ng mga ito sa puso.** Ang mga ito ay nagsasanhi ng pangungulila, kapanglawanan, kaabahan, at karamdaman. Humahadlang ang mga ito sa kanya kay Allah. **Ang epekto ng mga ito sa pananampalataya.** Ang mga ito ay nagsasanhi ng tulad ng epekto sa puso. Nagkakait ng pakikinabang sa pagtalima kay Allah at sa panalangin ng Sugo (SAS), mga anghel, at mga mananampalataya. **Ang epekto ng mga ito sa pagtustos ni Allah.** Ito ay nagkakait ng pagtustos ni Allah, nag-aalis ng biyaya, at pumapawi sa pagpapala sa yaman. **Ang epekto ng mga ito sa indibiduwal.** Ito ay pumapawi sa biyaya ng buhay at nagsasanhi ng masikip na pamumuhay at pagpapahirap ng mga kalagayan. **Ang epekto ng mga ito sa mga mabuting nagawa.** Ito ay humahadlang sa pagtanggap nito ni Allah. **Ang epekto ng mga ito sa lipunan.** Ito ay nag-aalis ng biyaya ng katiwasayan, pagmahal ng bilingin, pangingibabaw ng mga naghahari-harian at mga kaaway, pagkapigil ng pagpapatak ng ulan ng langit, at iba pa. Nagsabi si Ibnu alJawziy, kaawaan naman siya ni Allah: “Ang pinakasukdulang pagpaparusa ay ang hindi makadama ang pinarurusahan ng kaparusahan. Ang pinakamatindi kaysa roon ay maganap ang pagkatuwa sa isang bagay na isang parusa pala, gaya ng pagkagalak sa yamang bawal at ang kadalubhasaan sa pagkakasala.

★ **Ang mga alalahanin.** Ang kapahingahan ng puso, ang galak nito, ang paglaho ng mga alalahanin nito ay hiling ng bawat isa at sa pamamagitan nito ay natatamo ang kaaya-ayang buhay. Ang pagtamo niyon ay may mga kadahilanang

panrelihiyon, pangkalikasan, at panggawain na hindi natitipon kundi sa isang mananampalataya. Kabilang doon: **1.** ang pananampalataya kay Allah; **2.** ang paggawa sa mga ipinag-uutos at ang pag-iwas sa mga sinasaway; **3.** ang pagmamagandang-loob sa nilikha sa pamamagitan ng salita, gawa, at mga uri ng nakabubuting gawain; **4.** ang pagpapakaabala sa mga mabuting gawa, pagtamo ng mga napakikinabangang kaalaman na panrelihiyon at pangmundo; **5.** ang hindi pag-iisip sa mga gawain sa hinaharap o nakaraan bagkus ay magpapakaabala sa mga gawaing pang-araw-araw; **6.** ang madalas na pag-alaala kay Allah; **7.** ang pagsasalita tungkol sa panlabas at panloob na mga biyaya ni Allah; **8.** ang pagtingin sa sinumang higit na kapos kaysa sa atin at ang hindi pagtingin sa sinumang nakalamang sa atin sa mga bagay-bagay sa mundo; **9.** ang pagsisikap para maaalis ang mga kadahilanang humatak sa mga alalahanin at matamo ang mga kadahilanang humahatak sa kagalakan; **10.** ang pagpapakanlong kay Allah sa pamamagitan ng ilan sa mga panalanging ginagamit ng Propeta sa paghingi ng tulong sa pag-alis ng alalahanin gaya ng sabi niya (SAS): ***Kapag may isang dinapuan ng alalahanin at lungkot at nagsabi siya ng Alláhumma inní ‘abduk, wa -bnu ‘abdik, wa -bnu amatik, násiyatí biyadik, mádin fíya hukmuk, ‘adlun fíya qadá’uk, as’aluka bikulli -smin huwa lak, sammayta bihi nafsak, aw anzaltahu fí kitábik, aw ‘allamtahu ahádan min khalqik, awi -sta’tharta bihi fí ‘ilmi -lghaybi ‘indak, an taj’ala -lqur’ána rabí’a qalbí, wa núra šadri, wa jalá’a huzní, wa dhahába hammí,***<sup>1</sup> *aalisin ni Allah ang alalahanin niya at lungkot niya at papalitan Niya ito bilang kapalit nito ng tuwa.* Isinalaysay ito ni Imám Ahmad. Ang aral: Sinabi ni Ibráhím alKhawwás, kaawaan nawa siya ni Allah: “Ang gamot ng puso ay limang bagay: ang pagbigkas ng Qur’an ng may pagnilay-nilay, ang kawalan ng laman ng tiyan, ang pagdarasal sa gabi, ang pasusumamo [kay Allah] bago magmadaling-araw, ang pakikihalubilo sa mga matuwid.” Ang sinumang dinapuan ng kasawian ay nagnais na pagaanin ito at paliitin ito ay gunigunihin niya na ito ay higit na malaki, isip-isipin niya ang gantimpala ng pagtitiis dahil dito, at ipagpalagay niya ang pagbaba ng higit na sukdul kaysa roon.

\* **Ang saláh na náfilah.** Napagtibay na ang Sugo (SAS) ay nagdarasal bawat araw ng labingdalawang rak’ah na hindi isinatungkuling saláh: dalawang rak’ah bago ang saláh sa fajr, apat na rak’ah bago ang saláh sa dhuhr at dalawang rak’ah pagkatapos nito, dalawang rak’ah pagkatapos ng maghrib, at dalawang rak’ah pagkatapos ng ‘ishá’. May iba pang tumpak na nasaad ayon sa Sugo na mga náfilah: apat na rak’ah bago ang saláh sa dhuhr, ‘asr, at jumu’ah, apat pagkatapos ng dhuhr, maghrib, at ‘ishá’, dalawang rak’ah pagkatapos ng adhán sa maghrib, at dalawang rak’ah pagkatapos ng witr.

<sup>1</sup> O Allah, tunay na ako ay alipin Mo, anak ng lalaking alipin Mo, at anak ng babaing alipin Mo. Ang bumbunan ko ay nasa kamay Mo, matutupad sa akin ang hatol Mo, at makatarungan sa akin ang paghuhukom Mo. Hinihiling ko sa Iyo sa pamamagitan ng bawat pangalan na taglay Mo na ipinangalan Mo sa sarili Mo, o ibinaba Mo sa Aklat Mo, o itinuro mo sa isang sa mga nilikha Mo, o sinarili Mo sa kaalaman sa nakalingid na nasa Iyo, na gawin Mo ang Qur’an bilang bukal ng puso ko, liwanag ng dibdib ko, tagapagpalisan ng kalungkutan ko, at tagapag-alis ng alalahanin ko.

\* **Ang pagbigkas ng Qur'an.** Kapag ang bumibigkas ng Qur'an ay isang nakasaulo nito magtatamo siya dahil sa pagninilay-nilay, pag-isip-isip, konsentrasyon, at pagkatalos ng higit ay matatamo ng isang nagbabasa mula sa kopya ng Qur'an sapagkat ang pagbigkas mula sa memorya ay higit na mainam. Kung ang pagbigkas mula sa memorya at ang pagbigkas mula sa pagbasa ay magkapantay ang dami, ang pagbigkas mula sa pagbasa ay higit na mainam.

\* **Paalaala:** Ang pagsambit ng dhikr kay Allah sa saláh at iba pa ay hindi maituturing na dhikr hanggat hindi nabibigkas sa paraang naririnig mismo ngunit hindi nakaiistorbo sa iba.

\* **Ang mga oras na bawal magsagawa ng saláh.** Ipinagbabawal ang pagsasagawa ng saláh sa mga oras na napagtibay ang pagbabawal sa saláh sa mga sandaling iyon. **Ang mga ito ay ang sumusunod:** **1.** mula ng natapos ang saláh sa fajr hanggang sa 15 minuto o 20 minuto matapos sumikat ang araw, **2.** kapag ang araw ay nasa katanghaliang-tapat, **3.** matapos ang saláh sa 'asr hanggang sa lumubog ang araw. Ang mga saláh na dapat gampanan at nagkataong natapat lamang sa mga oras na ito ay tumpak na isagawa sa mga oras na ito gaya ng saláh ng pagbati sa masjid, dalawang rak'ah pagkatapos ng tawáf, náfilah ng saláh sa fajr, saláh para sa patay (janázah), dalawang rak'ah pagkatapos ng wudú', at pagpapatirapa sa pagbabasa ng Qur'an at pasasalamat.

\* Ang sinumang pumasok sa masjid ng Propeta (SAS) ay magsisimulang magdasal ng dalawang rak'ah na pagbati sa masjid. Pagkatapos ay pupunta sa puntod ng Propeta (SAS) at tatayo sa harap nito na nakatalikod sa Qiblah na puno ang puso ng kataimtiman na para bagang nakikita ang Propeta (SAS) at saka babati sa kanya ng assalámu alayka yá rasúla -Iláh.<sup>1</sup> Kung dadagdagan ang pagbati ay maganda rin. Pagkatapos ay hahakbang sa gawing kanan ng isang hakbang at magsasabi ng assalámu alayka yá abá bakrini -ssiddíq, assalámu alayka yá 'umara -Ifárúq, alláhumma -jzihumá 'an nabíyihimá wa 'ani l'islámi khayran.<sup>2</sup> Pagkatapos ay haharap sa Qiblah at dadalangin.

\* Ang pag-aasawa. Sunnah ang pag-aasawa sa isang may pagnanasa sa pakikipagtalik ngunit hindi nangangambang masadlak sa pangangalunya. Ipinahihintulot din ito sa isang walang pagnanasa sa pakikipagtalik. Kinakailangan ang pag-aasawa sa isang natatakot na masadlak sa pangangalunya. Uunahin ito kaysa sa isinasatungkuling hajj.<sup>3</sup> Ipinagbabawal ang pagtingin sa babae ng may pagnanasa at gayon din ang pagtingin sa matandang babae o sa kapwa lalaki nang may pagnanasa.

\* **Ang mga kundisyon sa pag-aasawa:** **1. Ang tiyakang pagtukoy sa pagkakilanlan ng mga ikakasal.** Kaya hindi tamang sabihin ng *guardian* (walíy) ng babae sa seremonya ng kasal: "Ipinakakasal kita sa ISA SA MGA ANAK."

<sup>1</sup> Ang pagbati ng kapayapaan ay sumaiyo, o Sugo ni Allah.

<sup>2</sup> Ang pagbati ng kapayapaan ay sumaiyo, o Abú Bakr asSiddíq, ang pagbati ng kapayapaan ay sumaiyo, o 'Umar alFárúq; o Allah, gantimpalaan mo sila ng mabuti alang-alang sa Propeta namin at alang-alang sa Islam.

<sup>3</sup> Ang kauna-unahang hajj na isasagawa ng isang Muslim.

Yamang ang mga anak niya ay higit sa isa, [sino sa mga ito?] **2. Ang pagtanggap ng ikinakasal na lalaking nasa tamang gulang at may sapat na pag-iisip at ang pagtanggap ng ikinakasal na babaeng malaya at may sapat na pag-iisip.** **3. Ang pagkakaroon ng walíy na magpapahintulot na mag-asawa ang babae.** Kaya naman hindi tumpak na ipakasal ng babae ang sarili niya, at hindi ipahintulot na ipakakasal siya ng hindi niya walíy maliban kung humahadlang ito na ipakasal ang babae sa karapat-dapat. Ang karapat-dapat magpahintulot na mag-asawa ang babae ay ang ama niya, pagkatapos ay ang ama ng ama niya, pataas; pagkatapos ay ang lalaking anak niya at ang lalaking anak ng lalaking anak niya, pababa; pagkatapos ay ang lalaking kapatid niya sa ama at ina; pagkatapos ay ang lalaking kapatid sa ama; pagkatapos ay ang lalaking anak ng lalaking kapatid. **4. Ang pagsasaksi.** Kailangan ng pagsaksi ng dalawang lalaking nasa tamang gulang, may sapat na pag-iisip, at makatarungan. **5.** Ang kawalan ng mga hadlang sa pagpapakasal ng babae at lalaki. Ang mga hadlang ay gaya ng pagiging magkapatid sa pagpapasuso o pagiging napakalapit na kamag-anak sa dugo<sup>1</sup> o pagiging napakalapit na kamag-anak sa dahil sa kasal.<sup>2</sup>

\* **Ang mga babaeng bawal mapangasawa:** Ang mga ito ay may ilang uri: **Una: Ang mga bawal mapangasawa magpakailanman: 1. Ang napakalapit na kamag-anak sa dugo.** Ito ay ang ina, ang lola, at ang sinumang babaeng kanununan; ang babaeng anak, ang babaeng anak ng anak, at ang sinumang babaeng kaapu-apuhan; ang babaeng kapatid, walang pasubali, ang babaeng anak ng babaeng kapatid, ang babaeng anak ng lalaking anak nito, o ang babaeng anak ng babaeng anak nito, ang babaeng anak ng lalaking kapatid, walang pasubali, ang babaeng anak nito, ang babaeng anak ng lalaking anak nito, ang babaeng anak ng babaeng anak nito, at ang sinumang kaapu-apuhan ng mga ito; ang tiyahin sa panig ng ama, ang tiyahin sa panig ng ina, at ang sinumang tiyahin ng kanunu-nunuan. **2. Ang napakalapit na kamag-anak dahil sa pagpapasuso.** Ang pagbabawal dito ay katulad ng sa kamag-anak sa dugo at kamag-anak dahil sa kasal. **3. Ang napakalapit na kamag-anak dahil sa kasal.** Sila ay ang ina at ang mga lola ng maybahay, ang mga maybahay ng mga kanunu-nunuan, at ang mga babaeng anak ng maybahay sa dating asawa nito, pati ang sinumang kaapu-apuhan ng mga ito. **Ikalawa: Ang pansamantalang bawal mapangasawa.** Ito ay dalawang uri: **1. Dahil sa bawal pagsasabayin,** gaya ng pagiging sabay na asawa ng isang babae at babaeng kapatid nito o at ng isang babae at tiyahin nito; **2. Dahil sa kalagayang maaaring maglaho,** gaya ng isang maybahay ng iba.

\* Hindi karapatan ng mga magulang na pilitin ang anak na mag-asawa ng hindi niya ninanais at hindi niya tungkuling tumalima sa kanila roon at hindi siya nagiging suwail dahil doon.

<sup>1</sup> Halimbawa ang magtiyo at ang magtiya.

<sup>2</sup> Ang biyuda ng anak ng isang lalaki ay kailan man ay hindi niya maaaring maging asawa dahil sa pagiging dating asawa ng anak niya.

\* Isinasatungkulin sa asawa na gumugol sa maybahay niya sa lahat ng pangangailangan ng maybahay niya gaya ng pagkain, inumin, kasuutan, at tirahan ayon sa nakabubuting kalakaran.

\* **Ang Diborsiyo.** Ipinagbabawal na diborsiyuhin ang babae sa panahong may regla o nifás. Ipinagbabawal ding diborsiyuhin ang babe sa panahong wala ngang regla ngunit nakipagtalik sa kanya, ngunit kung sakaling diniborsiyo ay may bisa ito. Ipinagbabawal ang diborsiyo kung hindi kailangan. Ipinahihintulot ito kung kailangan. Sunnah ang diborsiyo para sa isang mapipinsala dahil sa pag-aasawa.<sup>1</sup> Hindi isinasatungkuling tumalima sa mga magulang sa usapin ng diborsiyo. Ang sinumang nagnais na magdiborsiyo sa maybahay ay ipinagbabawal sa kanya na diborsiyuhin nang higit sa isang ulit.<sup>2</sup> Kinakailangang ang babae ay nasa kalagayang hindi siya inatalik ng lalaki mula ng tumigil ang regla niya. Didiborsiyuhin niya ito nang isang ulit at hindi na siya magsagawa rito ng karagdagang diborsiyo hanggang sa hindi natapos ang ‘iddah<sup>3</sup> nito. Ipinagbabawal sa babaeng nasa ilalim ng diborsiyong raj‘í<sup>4</sup> na lumabas sa bahay [kung hindi kailangan], o palabasin siya ng lalaki, bago matapos ang ‘iddah. Ang diborsiyo ay magaganap sa pamamagitan ng pagbigkas at hindi magaganap sa pamamagitan lamang ng pagkakaroon ng gayong hangarin lamang.

\* **Ang iddah. Ang mga uri: 1.** Ang nagdadalang-tao. Ang ‘iddah nito kapag diniborsiyo o namatayan ng asawa ay hanggang sa maisilang niya ang dinadala niya. **2.** Ang hindi nagdadalang-tao na namatayan ng asawa ay may ‘iddah na apat na buwan at sampung araw. **3.** Ang dinoborsiyo habang may regla pa ay may ‘iddah na tatlong pagrereгла. **4.** Ang diniborsiyo na hindi na nagrereгла (menopause) ay may ‘iddah na tatlong buwan. Ang babaeng nasa sandali ng ‘iddah dahil sa diborsiyong raj‘í ay kinakailangan manatili kasama ng asawa sa panahon ng ‘iddah at ipinahihintulot sa asawa na makita ang anumang naisin nito sa kanya at makipagsarilinan sa kanya hanggat hindi natatapos ang ‘iddah, nang harinawa si Allah ay magpakasundo sa kanila. Magaganap ang pagkakabalikan sa pamamagitan ng pagsabi ng lalaki na babalikan na niya ito o sa pamamagitan ng pakikipagtalik niya rito. Hindi kinakailangan sa pagbabalikan ang pagsang-ayon ng babae.<sup>5</sup>

\* **Ang mga panunumpa.** May apat na kundisyon upang magsagawa ng kaffárah sa sumpaang hindi natupad. **1.** Ang paglalayong magsasagwa ng panunumpa. Kaya

<sup>1</sup> Halimbawa: natuklasan ng isang babae na may AIDS ang asawa niya.

<sup>2</sup> Ang pagdidiborsiyo sa Islam ay nagaganap kapag sinabi ng lalaki sa may bahay niya: Anti táliq (Ikaw ay diniborsiyo). Isang ulit lamang itong sasabihin dahil kapag nasabi ito, kahit pabiro lamang, ay may bisa na agad ito.

<sup>3</sup> Ang ‘iddah ay ang panahon ng pahihintay. Sa panahong ito ay hindi pa maaaring mag-asawa ang babaeng diborsiyada o nabalo. Kapag natapos na ang ‘iddah ay saka pa lamang lubusang naging diborsiyada ang babae at maaaring mag-asawang muli. Gayon din ang balo, kailangang tapusin muna ang ‘iddah bago maaaring mag-asawang muli.

<sup>4</sup> Ang diborsiyong raj‘í ay ang diborsiyong maaari pang magkabalikan ang dalawa nang hindi kailangang mag-asawa muna ang babae ng ibang lalaki.

<sup>5</sup> Kung talagang ayaw nang makipagbalikan ng babae ay hihiling siya sa hukuman ng Shar‘fah ng diborsiyong tinatawag na khul‘ (pakikipagkalas).

hindi ito nauukol sa sinabi sa pamamagitan ng dila nang walang paglalayong sumumpa at tinawag iyon na nadulas na panunumpa, gaya ng pagsabi ng: “Hindi, sumpa man kay Allah” o “Oo, sumpa man kay Allah” sa sandali ng pagkakamali sa pananalita. **2.** Ang sinumpaang ay anumang posibleng mangyayari sa hinaharap. Kaya hindi ito nauukol sa isang nangyari na hindi naman nalalaman, o nag-aakala sa pagsasabi ng sarili ng totoo, nagsisinungaling sa kabila ng pagkakaalam (ito ay bulaang panunumpa at kabilang sa mga malaking pagkakasala), o nanunumpa para sa gagawin sa hinaharap sa pag-aakalang nagsasabi ang sarili ng totoo ngunit lumitaw ang salungat sa akala. **3.** Na ang sumusumpa ay may kalayaang pumili at hindi napipilitan. **4.** Na sisira sa sinumpaang pamamagitan ng paggawa ng sinumpaang hindi gagawin o ng hindi paggawa ng sinumpaang gagawin. **Ang sinumang sumumpa at nagpasubali** ay hindi isinasatungkulin sa kanya na magsagawa ng kaffarah alinsunod sa dalawang kundisyon: **1.** Ang pagkadugtong ng pasubali<sup>1</sup> sa panunumpa,<sup>2</sup> at **2.** na nilalayon na isalalay ng katuparan ng panunumpa sa pasubali, gaya ng pagsabi ng ganito: “Sumpa man kay Allah, gagawin ko kung loloobin ni Allah.” Ang sinumang sumumpa na gagawa ng isang bagay ngunit nakita niya na ang kapakanan ay humihiling ng salungat sa sinumpaang, ang Sunnah ay hindi tuparin ang sinumpaang, magsagawa ng kaffarah, at gawin ang higit na mabuti. Ang kaffarah sa panunumpang hindi tinupad ay ang pagbibigay ng pagkain sa sampung dukha na isang kilo’t kalahating bigas,<sup>3</sup> o magbigay ng kasuutan sa kanila, o magpalaya ng isang alipin. Ang sinumang hindi makahanap nito ay kailangang mag-ayuno ng tatlong araw na magkakasunod. Ang sinumang nag-ayuno sa kabila ng kakayahang magbigay ng pagkain o kasuutan sa mga dukha ay hindi naalisan ng pananagutan niya. Ipinahihintulot na magsagawa ng kaffarah bago sumira sa sinumpaang o matapos sumira. Ang sinumang sumumpa nang higit sa isang ulit na gagawin niya ang isang bagay ay makasasapat na para sa kanya na magsagawa ng isang kaffarah para sa paglabag niyon. Kung dumami ang panunumpa ay darami rin ang kaffarah para sa paglabag ng mga iyon.

\* **Ang pamamanata<sup>4</sup> ay ilang uri. 1. Ang lubos na panata** gaya ng pagsabi ng: “May panata ako kay Allah kung pagagalangin niya ako” at nanahimik na lamang at hindi na naglayon ng isang takdang panata ay kailangang magsagawa ng kaffarah sa panunumpa kapag natupad ang paggaling. **2. Ang panata dala ng silakbo ng damdamin at galit:** isasalalay ang panata sa isang kundisyon kalakip ng layuning magpipigil sa paggawa ng isang bagay o magpupumilit sa paggawa niyon gaya ng pagsabi ng ganito: “Kapag kinausap kita ay kailangan kong mag-ayuno ng isang taon.” Ang hatol dito ay mamimili sa pagitan ng pagsasagawa sa inobliga sa sarili o magsasagawa ng kaffarah para sa panunumpa pagkatapos ng pagsasabi niya. **3. Ang panatang ipinahihintulot,** tulad ng pagsasabi ng ganito: “Isinusumpa ko kay Allah

<sup>1</sup> Ang pagsabi ng maliban o kung hindi.

<sup>2</sup> Halimbawa: Sumpa man kay Allah, hindi ko siya tutulungan kung hindi siya magbabago.

<sup>3</sup> O mais o trigo, ayon sa pangunahing pagkain ng lugar.

<sup>4</sup> Ang pamamanata ay ang pagsumpa na gagawin ang isang bagay kapag natupad ang isang ninanais.



na isusuot ko ang thawb ko.” Ang hatol dito ay pamimilin siya sa pagitan ng pagsusuot ng thawb o magsagawa ng kaffárah sa panunumpa. **4. Ang panatang kasuklam-suklam,** tulad ng pagsabi ng ganito: “Isinusumpa ko kay Allah na didiborsiyuhin ko ang maybahay ko.” Ang hatol dito ay Sunnah para sa kanya na magsagawa ng kaffárah ng panunumpa at hindi gagawin ang ipinanata. Ngunit kung isinagawa ito ay wala nang kaffárah para sa kanya. **5. Ang panata ng pagsuway, gaya ng pagsabi ng ganito:** “Isinusumpa ko kay Allah na magnanakaw ako.” Ang hatol dito ay ipinagbabawal ang pagtupad nito at magsasagawa ng kaffárah sa panunumpa. Kung isinagawa niya ito ay magkakasala siya ngunit ay wala nang kaffárah para sa kanya. **6. Ang panata ng pagtalima, tulad ng pagsabi ng ganito:** “Isinusumpa ko kay Allah na magdarasal ako ng ganito” dahil sa paglalayon niya ng ikapaglalapit-loob kay Allah. Kung isinalalay niya ito sa isang kundisyon gaya ng paggaling ng isang maysakit, kinakailangan ang pagtupad doon kapag natupad ang kundisyon. Kung hindi naman isinalalay ito sa kundisyon ay kinakailangan ang pagtupad nang walang pasubali.

★ **Ang pagluluksa.** Ipinagbabawal sa babae ang isang pagluluksang higit pa sa tatlong araw para sa isang patay maliban pa sa asawa. Isinasatungkulin sa babae na magluksa para sa asawa ng apat na buwan at tatlong araw. Isinasatungkulin sa pagluluksa niya na tumitigil sa paggamit ng pampapaganda, pagpapabango, pagsusuot ng alahas kahit singsing, pagsusuot ng makulay na kasuutang panggayak gaya ng kulay pula at dilaw, pagpapaganda sa pamamagitan ng *henna*, *makeup*, *eyeliner*, at pagpahid ng mabango. Ipinahihintulot sa kanya na magputol ng kuko, bumunot ng buhok sa kilikili, at maligo. Hindi kinakailangan ng isang takda kulay para sa mga kasuutan na gaya ng itim. Kinakailangang isagawa ang ‘iddah sa bahay na kinamatayan ng asawa niya samantalang siya ay naroon rin. Ipinagbabawal ang lumipat malibang dahil sa isang pangangailangan. Hindi siya lalabas ng bahay niya maliban sa isang pangangailangan at sa araw lamang.

★ **Ang pagpapasuso sa isang sanggol na hindi anak.** Ipinagbabawal dahil dito ang anumang ipinagbabawal kaugnay sa pagkakamag-anak sa dugo.<sup>1</sup> Iyon ay alinsunod sa tatlong kundisyon: **1.** na ang gatas na sinuso ay nagmula sa panganganak at hindi sa iba pa; **2.** na ang pagsuso ng sanggol ay sa loob ng dalawang taon pagkapanganak; **3.** na pagsuso ay tiyakang limang ulit o higit pa. Ang ibig sabihin ng pagsuso ay ang pagsipsip ng gatas sa suso<sup>2</sup> hanggang sa kusang umayaw ang bata kahit hindi pa nabusog. Hindi nasasakop ng pagkakamag-anak sa gatas ang usapin kaugnay sa pagsustento at pagpapamana.

<sup>1</sup> Kapag pinasuso ang sanggol ng babaeng hindi niya ina, ang babaeng ito ay magiging ina niya sa gatas, ang asawa nito ay magiging ama niya sa gatas, ang mga anak nito ay magiging kapatid niya sa gatas. Kung ano ang bawal sa mga kamag-anak niya sa dugo ay siya ring bawal sa kamag-anak niya sa dugo sa usapin ng pag-aasawa.

<sup>2</sup> Kung may magmamasama sa paggamit ng salitang ito ay patawarin ngunit hindi maaaring gumamit ng hindi tumpak o paligoy-ligoy na salita sa paglilinaw ng isang maselang usapin. Ang tagapagsalin.

\* **Ang habilin.**<sup>1</sup> Isinasatungkulin pagkamatay ng naghabilin na ipatupad ito ng sinumang may karapatang magpatupad nang wala nang pagpapatunay na pinaghabilinang ipatupad ito sa kinauukulan nito. Sunnah ito sa isang mag-iiwan ng maraming yaman. Kaibig-ibig na maghabilin na ikawanggawa ang ikalimang bahagi ng yaman sa mga maralitang kamag-anak na hindi tagapagmana o kung hindi naman ay sa dukha o maalam sa Islam o matuwid na tao. Kinasusuklamang maghabilin para sa iba ang isang maralita na may mga likas na tagapagmana naman, maliban kung ang tagapagmana niya ay may yaman sapagkat mapahihintulutan ito. Ipinagbabawal na ihabiling ibigay sa hindi legal na tapagpamana ang higit sa  $\frac{1}{3}$  ng yaman. Ipinagbabawal sa likas na tagapagmana na kumuha mula sa anumang ihinabilin para sa iba maliban kung nagpahintulot niyon ang mga tagapagmana pagkamatay ng naghabilin. Napawawalang-saysay ang habilin sa pagsabi ng naghabilin ng ganito: “Binawi ko na,” o “Pinawalang-saysay ko na,” o “Binago ko na,” at mga tulad nito. Kaibig-ibig na magsulat sa simula ng habilin ng ganito:

Bismi -lláhi -rrahmání -rrahím. Ito ang hinahabilin ko kay Polano: na sumasaksi siya na walang Diyos kundi si Allah: tanging Siya, wala Siyang katambal; na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya; na ang Paraiso ay totoo; na ang Impiyerno ay totoo; na ang Huling Sandali ay darating nang walang pag-aalinlangan; na ibabangon ni Allah ang sinumang nasa mga libingan. Naghabilin ako sa mag-anak ko na mangilag silang magkasala kay Allah, ayusin nila ang sigalot nila, at tumalima sila kay Allah at sa Sugo Niya kung sila ay mga mananampalataya. Naghabilin ako sa kanila ng ihinabilin ni Abraham sa mga anak niya at ni Jacob: **Nagtagubilin si Abraham sa mga anak niya at si Jacob: “O mga anak ko, tunay na si Allah ay humirang para sa inyo ng relihiyon kaya huwag nga kayong mamamatay malibang kayo ay mga sumusuko sa *Kanya*.”**<sup>2</sup>

\* Kaibig-ibig kapag dadalangin ng basbas para sa Propeta (SAS) na pagsamahin ang pagsabi ng *saláh*<sup>3</sup> at *taslím*<sup>4</sup> at huwag magkakasay sa isa lamang sa dalawang ito. Ang hindi propeta ay hindi sinasabihan *salla -lláhu* kaya hindi sinasabing: Si Abú Bakr, *salla -lláhu ‘alayhi wa sallam* (‘alayhi -ssalátu wa -ssalám). Ito ay kinasusuklaman ayon sa pagkasuklam na pag-iiwas. Ipinahihintulot naman ayon sa nagkakaisang pahayag ang paglagay sa mga hindi propeta kasunod sa mga propeta sa pagdalanging ito: *Alláhumma, salli ‘alá muhammadin wa ‘alá áli muhammadin wa ashábihi wa azwájíhi wa dhurriyatíhi*.<sup>5</sup> Kaibig-ibig na dumalanging kasiyahan at kaawaan nawa ni Allah ang mga *Sahábí*, ang mga tagasunod ng mga *Sahábí*, at ang mga kasunod nila na mga maalam sa Islam, mga palasamba, at lahat ng mga

<sup>1</sup> Ang tinutukoy rito ay ang habilin ng namatay na ibigay ang isang takdang bahagi ng ari-arian niya sa isang hindi direktang legal na tagapagmana niya ayon sa panuntunang itinakda ng Islam kung sino ang likas na tagapagmana ng isang tao. Ang matitira ay mamanahin ng mga tagapagmana niya ayon sa panuntunang itinakda ng Islam at hindi ayon sa kagustuhan niya.

<sup>2</sup> Qur’an 2:182.

<sup>3</sup> Ang *saláh* na ito ay hindi dasal bagkus ay panalanging basbasan ang Propeta (SAS).

<sup>4</sup> Hindi ito pagsasabi ng *assalámu ‘alyikum* bagkus ay panalanging pangalagaan ang Propeta (SAS).

<sup>5</sup> O Allah, basbasan Mo si Muhammad, ang mag-anak ni Muhammad, ang mga Kasamahan niya, ang mga maybahay niya, at ang mga supling niya.

mabuting tao. Kaya kapag nabanggit si Imám Abú Hanífah, o Imám Málík, o Imám ashSháfi'í, o Imám Ahmad ay magsasabi ng radíya -lláhu 'anhu<sup>1</sup> o rahimahu -lláh.<sup>2</sup>

\* Ang pagkakatay ayon sa panuntunan ng Islam. Isinasatungkulin ang pagkatay ayon sa Islam ng ipinahihintulot na hayop upang mapahintulutang kainin ito. Ang hayop na kakatayin ay alinsunod sa mga kundisyon: **1.** na ito ay ipinahihintulot kainin; **2.** na makakayang alagaan; **3.** na ito ay hayop na nabubuhay sa katihan.

**Ang pagkakatay ay may apat na kundisyon:** **1.** na ang nagkakatay ay may sapat na isip; **2.** na ang kasangkapan ng pagkakatay ay isang bagay na hindi ngipin at kuko sapagkat hindi ipinahihintulot ang pagkatay sa pamamagitan ng mga ito; **3.** paglalaslas sa lalamunan,<sup>3</sup> ng esopago,<sup>4</sup> at ng dalawang malaking ugat sa leeg o isa sa dalawa. **4.** ang pagsabi ng bismilláh sa paggalaw ng kamay sa pagkatay at maaari ring sabihin ang kahulugan nito sa wikang hindi Arabe. Sunnah na banggitin ang Alláhu akbar pagkatapos ng bismilláh.

\* **Ang pangangaso.** Ang hayop na ipinangangaso ay may mga kundisyon: **1.** na ito ay ipinahihintulot kainin; **2.** na ito ay likas na mailap (wild); **3.** na hindi inaalagaan. Ang hatol kaugnay rito ay ipinahihintulot para sa nangangailangan nito at kinasusuklanan kung paglilibangan at paglalaruan. Kung makasasakit sa mga tao dahil sa paghabol dito, ipinagbabawal ito. **Ipinahihintulot ang pangangaso alinsunod sa apat na kundisyon:** **1.** na ang nangangaso ay kabilang sa pinahihintulutang magkatay; **2.** na ang kasangkapan ay kabilang sa anumang mapahihintulutan kainin ang pinatay nito: matalas gaya ng sibat, palaso, at mga tulad nito. Kung ang pangangaso ay sa pamamagitan ng hayop na naninila gaya ng lawin o aso, ito ay dapat turuan; **3.** ang paglalayong mangangaso: ang pagtudla ng sandata sa layuning mangaso ngunit kung nakatama nang walang layunin ang may-ari nito, hindi ipinahihintulot kainin iyon; **4.** ang pagsabi ng bismilláh sa pagtudla ng sandata at hindi mapahihintulutang makaligtaang banggitin ang bismilláh rito sapagkat bawal kainin ito kung hindi nabanggit. **Paalaala:** Isinatungkulin sa may-ari ng hayop na pakainin at painumin ito. Kung umayaw ito ay pipilitan. Kung tumanggi o hindi kayang kumain ay ipagbibili o kakatayin kung maaaring kainin. Ipinagbabawal na pagsalitaan ito ng masama, pagpapasanin ng lubhang mabigat, gatasan ng labis sa paraang ikapipinsala ng anak nito, paluin, heruhan sa mukha nito.

\* **Ang pagkain.** Ito ay ang nakakain at naiinom. Sa kabuuan ay ipinahihintulot ito. Kaya naman ipinahihintulot ang bawat pagkain alinsunod sa tatlong kundisyon: **1.** na ang pagkain ay táhir;<sup>5</sup> **2.** na ito ay walang pinsalang dulot; **3.** na ito ay hindi marumi. Ipinagbabawal ang bawat pagkaing najis<sup>6</sup> gaya ng dugo at hayop na namatay na hindi nakatay, ang anumang may pinsalang dulot gaya ng lason, at ang marumi na gaya ng tae, ihi, kuto, at pulgas. Ipinagbabawal mula sa mga hayop na

<sup>1</sup> Masiyahan nawa si Allah sa kanya.

<sup>2</sup> Kaawaan nawa siya ni Allah.

<sup>3</sup> Daanan ng hangin papuntang бага.

<sup>4</sup> Daanan ng pagkain at inumin.

<sup>5</sup> Malinis ayon sa pamantayan ng Islam.

<sup>6</sup> Marumi ayon sa pamantayang ng Islam.

pangkatihan ang asnong inaalagaan; at ang anumang naninila sa pamamagitan ng pangil gaya ng leyon, tigre, lobo, *cheetah*, aso, baboy, unggoy, pusa, alamid, *fox*, at squirrel, ngunit hindi ang hyena. Ipinagbabawal mula sa mga ibon ang anumang naninila sa pamamagitan ng mga kuko gaya ng agila, *falcon*, lawin, uwak, at kuwago, ang anumang kumakain ng patay gaya ng agila, buwitre, at tagak. Lahat ng minamarumi ng mga Arabe na naninirahan sa mga bayan gaya ng paniki, putakti, bubuyog, langaw, paruparo, *hoopoe*,<sup>1</sup> *hedgehog*,<sup>2</sup> *porcupine*,<sup>3</sup> at ahas, at ang mga maliit na hayop gaya ng uod, bubwit, tuko; ang lahat ng ipinag-uutos ng Islam na patayin gaya ng alakdan; ang ipinagbawal patayin gaya ng langgam; ang hybrid ng hayop na kinakain at hindi kinakain gaya ng *sim'* na anak ng *hyena* at lobo. Hindi ipinagbabawal ang hybrid ng dalawang ipinahihintulot na hayop gaya ng mola na anak ng ligaw na asno at kabayo. Ang anumang hayop na hindi nalalaman ng mga Arabe at hindi nabanggit sa Qur'an at Hadíth ay ihahambing sa pinakamalapit na nakahahawig nito sa Hijáz.<sup>4</sup> Kung nakahahawig nito ang isang hayop na bawal kainin o ipinahihintulot kainin ay ibibilang siya rito. Kung sakaling humawig ito sa isang hayop na ipinahihintulot at isang hayop na ipinagbabawal kainin ay pananaiigin ang pagbabawal. Ipinahihintulot ang anumang iba pa rito gaya ng hayupan<sup>5</sup> at kabayo; mga ligaw (wild) na hayop gaya ng *giraffe*, kuneho, *hyrax*,<sup>6</sup> *jerboa*,<sup>7</sup> *dabb*,<sup>8</sup> at *antelope*; mga ibon na gaya ng ostrich, manok, paboreal (peacock), loro, kalapati, maya, pato, itik, bibi, gansa at lahat ng ibon sa tubig; lahat ng hayop na naninirahan sa tubig maliban sa palaka, ahas, at buwaya. Ang anumang nainuman o nadumihan na pananim o bunga ay ipinahihintulot kainin maliban kung lumitaw ang lasa ng najásah o ang amoy nito sapagkat sa ipinagbabawal na kung nagkagayon. Kinasusuklaman ang pagkain ng uling, lupa, at putik, at ang pagkain ng sibuyas, bawang, at mga tulad nito kung hindi naluto. Kapag walang makain at kinailangang kumain ay maaaring kumain ng sapat sa pagsagip ng buhay.

★ **Ang 'awrah.** Ang kahubaran ng tao at ikinahihiya niyang makita mula sa kanya. Ang pag-uusapan natin ay tungkol sa **'awrah na hindi magiging tumpak ang saláh at ang tawáf kung hindi ito natatakpan.** Ang 'awrah ng lalaking tumuntong sa pitong taong gulang ay ang maselang bahagi sa harap at likod lamang. Ang sa tumuntong sa sampung taong gulang ay ang nasa pagitan ng pusod at tuhod. Ang 'awrah ng babaeng malaya at tumuntong sa sapat na gulang ay ang buong katawan niya maliban sa mukha, mga kamay, at mga paa sa saláh at kinasusuklaman takpan ang mga ito malibang mayroong mga di-kaano-ano sapagkat kung nagkagayon ay kailangang magbelo. Kapag nagsagawa ang babae

<sup>1</sup> Isang uri ng ibon.

<sup>2</sup> Hayop na malaki nang kaunti sa daga at matulis ang mga balahibo.

<sup>3</sup> Maladagang hayop na matulis ang mga balahibo at hawig sa *hedgehog*.

<sup>4</sup> Ang kanlurang bahagi ng Saudi Arabia sa ngayon, na kinaroroonan ng Makkah, Jeddah, at Madinah.

<sup>5</sup> Mga hayop na may apat na paa at kumakain ng damo.

<sup>6</sup> Hayop na kasinglaki ng kuneho.

<sup>7</sup> Hayop na hawig sa dagang bukid.

<sup>8</sup> Hayop na hawig sa iguana. Hindi ito bayawak.

ng saláh o tawáf habang ang braso niya ay nakalitaw, halimbawa, ang pagsamba niya ay walang kabuluhan at hindi tumpak. Ang ‘awrah na pinakamaselan ay kailangang takpan kahit sa labas ng saláh. Kinasusuklamang malantad ito kung walang pangangailangan kahit pa sa dilim o nag-iisa. Ipinahihintulot na ilantad ito sa asawa at sa isang pangangailangan gaya ng pagpapagamot at pagpapatuli.

✳ **Ang mga patakaran kaugnay sa mga masjid.** Ang pagpapatayo ng mga ito ay isinasatungkulin ayon sa pangangailangan. Ito ang pinakakaibig-ibig na lugar para kay Allah. Ipinagbabawal sa loob ng mga ito ang pag-awit, ang pagpalakpak, ang pagtugtog, ang pagbigkas ng bawal na tula, ang pakikihalubilo ng mga lalaki sa mga babae, ang pakikipagtalik, ang pagbili at pagtitinda at Sunnah na sabihin ng huwag sanang patubuin ni Allah ang pangangalakal mo. Ipinagbabawal ang pagtatanong tungkol sa nawawalang bagay sa loob nito at Sunnah para sa nakarinig niyon na magsabing huwag nawang ibalik ni Allah iyon sa kanya. Ipinahihintulot ang magturo sa mga batang hindi gagawa ng kapinsalaan, ang magkasal, ang humatol, ang bumigkas ng ipinahihintulot na tula, ang matulog sa loob nito para sa nagsasagawa ng i’tikáf doon at iba pa, ang pagpagabi ng isang panauhin at maysakit, at ang umidlip. Sunnah na pangalagaan ang mga ito laban sa pag-iingay, pakipagbangayan, daldalan, pagtataas ng tinig sa pagsabi ng isang kinasusuklaman, at laban sa hindi kinakailangang paggawa sa mga ito bilang daanan. Kinasusuklaman ang kalabisang pag-uusap sa loob nito tungkol sa makamundong bagay. Hindi gagamitin ang mga karpit ng mga ito o ang mga ilaw ng mga ito o ang kuryente ng mga ito sa mga pansariling kapakanan gaya ng pagkakasal at pakikiramay sa patay.

✳ **Ang oras.** Ang Salaf ay nagbibigay-babala noon laban sa pagsasayang ng oras sa anumang hindi napakikinabangan. Ang mga araw ay parang taniman. Sa tuwing nagsasabog ka rito ng butil ay nagpapatubo ito ng maraming butil. Kaya nararapat ba sa isang may sapat na pag-iisip na huminto sa pagsasabog ng butil o magbagal-bagal doon?

✳ Ipinagbabawal ang pagsusuot ng anumang may larawan ng isang tao o isang hayop, ang pagsasabit nito, ang pagtatakip nito sa dingding, at ang pagtitinda nito. Ito ay kabilang sa mga malaking kasalanan.

✳ **Ang pangangalunya ay kabilang sa pinakamabigat sa mga pagkakasala** pagkatapos ng Shirk. Nagsabi si Imám Ahmad: “Wala akong nalamang kasalanan pagkatapos ng pagpatay na higit na mabigat kaysa sa pangangalunya.” Ang kasalananang pangangalunya ay nagkakaiba. Ang pangangalunya sa isang may asawa o isang mahram, o sa isang kapitbahay o isang kamag-anak ay higit na mabigat at higit na karumal-dumal. Ang higit na nakaririmarim sa mga kahalayan ay ang sodomiya. Dahil dito, naniniwala ang karamihan sa mga maalam sa Islam na dapat parusahan ng kamatayan ang nagsasagawa ng sodomiya at ang pinagsasagawaan<sup>1</sup> ng sodomiya kahit pa sila ay mga walang naunang karanasan. Nagsabi si Shamsuddín: “Kung minagaling ng pinuno na sunugin ang gumagawa ng sodomiya

<sup>1</sup> Ang nagsasagawa (active) ay ang nag-aastang lalaki at ang pinagsasagawaan ay ang nag-aastang babae (passive).

at nasa kanya na iyon.” Ito ay naisalaysay ayon kay Abú Bakr asSiddíq at isang pangkat ng mga Sahábí (RA).

✳ Ipinagbabawal ang bumati sa mga Káfir sa mga pagdiriwang nila at ang pagdalo sa mga iyon. Ang pag-una sa kanila sa pagbati ng assalámu ‘alaykum. Kapag inunahan nila tayo sa pagbati ng assalámu ‘alaykum ay kailangang tugunin sa pamamgitan ng pagsabi ng wa ‘alaykum (at sumainyo rin). Ipinagbabawal ang pagtayo bilang paggalang sa kanila at mga gumagawa ng bid‘ah. Hindi kanais-nais ang pakikipagkamay sa kanila. Ang pakikiramay sa kanila at ang pagdalaw sa maysakit nila ay bawal kung walang mabuting dahilan.

✳ Nagbiyaya sa atin si Allah ng mga anak bilang gayak sa mundo subalit sila rin ay tukso at pagsubok. Nagsabi si Allah: **Ang mga yaman ninyo at ang mga anak ninyo ay isang tukso lamang**<sup>1</sup> kaya kinakailangan sa ama ang pagkilos para sa kapakanan ng pinangangalagaan niya dahil ang sabi ni Allah: **O mga sumampalataya, pangalagaan ninyo ang mga sarili ninyo at ang mga mag-anak ninyo laban sa Apoy**<sup>2</sup> at ang sabi naman ng Sugo (SAS): Lahat kayo ay tagapangalaga at lahat kayo ay pananagutin sa pinangangalagaan niya. Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Ang pagtuntong ng pinangangalagaan ay hindi magpapalaya sa tagatangkilik nila sa pananagutan. Kapag nagpabaya siya sa pagpapayo sa kanila at sa pagsupil sa kanila sa anumang makapipinsala sa kanila mula sa mga bagay-bagay kaugnay sa buhay sa mundo at sa Kabilang-buhay at nagtaksil siya sa ipinagkatiwalang tungkulin at naging karapatdapat sa matinding banta sa sabi ng Sugo (SAS): *Kapag may taong pinangalaga ni Allah sa isang pinangangalagaan na namatay sa araw na [itinakdang] mamatay ito habang siya ay nandaraya sa inaalagaan niya, ipagbabawal ni Allah sa kanya ang Paraiso.*

✳ Ang pag-iwas sa kamunduhan. Hindi bahagi ng pag-iwas sa kamunduhan ang pagtalikod sa anumang nagpapanatili sa buhay, nagpapabuti rito sa kapakanan nito, at nakatutulong dito sa daan tungo sa Kabilang-buhay. Bagkus ito ay ang pag-iwas ng mga mangmang sa kamunduhan. Ang pag-iwas sa kamunduhan ay ang pagtalikod sa mga kalabisan ng buhay at hindi kinakailangan sa pananatili ng buhay. Nakabatay rito noon ang Propeta (SAS) at mga Kasamahan niya.

<sup>1</sup> Qur’an 64:15.

<sup>2</sup> Qur’an 66:66.

## Ang Ruqyah' na Pang-Islam

Tunay na ang nagmamalabis sa mga kalakaran ni Allah ay nakaaalam na ang pagsubok Niya ay isang bahagi ng mga kalakaran Niya na pangnilikha at pangtadhana. Nagsabi Siya: **Talagang susubukin nga Namin kayo sa pamamagitan ng bagay na tulad ng pangamba, gutom, at kabawasan mula sa mga ari-arian, mga buhay, at mga bunga. Balitaan mo ng nakagagalak ang mga nagtitiis,**<sup>1</sup> Nagkakamali ang sinumang nag-aakala na ang mga matuwid ay malayo sa pagsubok. Bagkus ang pagtamo ng pagsubok ay patunay ng pananampalataya sapagkat tinanong ang Sugo (SAS) kung alin sa mga tao ang pinakamatindi sa pagsubok at sinabi niya: *Ang mga propeta at pagkatapos ay ang mga matuwid at pagkatapos ay ang napakabuti at pagkatapos ay ang napakabuti kabilang sa mga tao; sinusubok ang tao alinsunod [sa pagsunod] sa relihiyon niya. Kaya kung sa relihiyon niya ay may katigasan sa pagsunod, dinadagdagan siya ng pagsubok. Kung sa relihiyon niya ay may kalambutan sa pagsunod, nagpapagaan sa kanya [ang pagsubok.]* Isinalaysay ito ni Imám Ibnu Májah.

Ito ay kabilang sa mga tanda ng pag-ibig ni Allah sa tao. Nagsabi ang Sugo: *Tunay na si Allah, kapag umibig sa mga tao, ay sumusubok sa kanila.* Isinalaysay ito ni Imám Ahmad. Kabilang din sa mga tanda ng pagnanais ni Allah ng kabutihan sa lingkod Niya ay ang sinabi ng Sugo (SAS): *Kapag ninais ni Allah sa lingkod Niya ang kabutihan, mamadaliin Niya para rito ang parusa sa Mundo. Kapag ninais ni Allah sa lingkod Niya ang masama, pipigilin muna ni Allah [ang hatol] sa kanya hanggang sa malubos nito iyon sa Araw ng Pagbangon.* Isinalaysay ito ni Imám atTirmidhíy.

Ang pagsubok ay panakip-sala sa mga pagkakasala, kahit pa man kaunti. Nagsabi ang Sugo: *Kapag ang isang Muslim ay dinapuan ng isang kapinsalaan na [pagkatusok ng] tinik at anumang higit pa rito, pagtatakpan ni Allah sa pamamagitan nito ang mga masagwang gawa niya gaya ng paglalaglag ng punong-kahoy ng mga dahon nito.* Isinalaysay ito ni Imám alBukháríy at Imám Muslim.

Dahil doon, tunay na ang Muslim na sinusubok, kung siya ay matuwid, ang pagsubok sa kanya ay isang panakip-sala para sa mga nagawang masagwa na nakalipas na o isang pag-aangat sa mga antas niya. Kung siya naman ay isang sumusuway, ito ay isa ring panakip-sala para sa mga nagawang masagwa at isang pagpapaalaala sa panganib ng mga ito. Nagsabi si Allah: **Lumitaw ang katiwalian sa kalupaan at karagatan dahil sa nakamit ng mga kamay ng mga tao upang palasapin Niya sila ng ilan sa ginawa nila nang harinawa sila ay magbabalik.**<sup>2</sup>  
**Ang mga Uri ng Pagsubok**

Pagsubok sa pamamagitan ng mabuti gaya ng karagdang yaman at pagsubok sa pamamagitan ng masama gaya ng pangamba, pagkagutom, at pagkabawas ng yaman. Nagsasabi si Allah: Bawat *may* kaluluwa ay makalalapas ng kamatayan. Susubukin Namin kayo sa pamamagitan ng masama at mabuti bilang tukso,<sup>3</sup>

Kabilang dito ang pagsubok sa pamamagitan ng pagkakasakit at kamatayan, na

<sup>1</sup> Qur'an 2:155.

<sup>2</sup> Qur'an 30:41

<sup>3</sup> Qur'an 21:35.

ang pinakasukdulan sa mga kadahilanan nito ay ang usog at ang kulam na namumutawi mula sa pagkainggit. Nagsabi ang Sugo (SAS): **Ang pinakamarami sa namamatay sa kalipunan ko matapos ang pagtatadhana ni Allah ay ang pagtatakda Niya ay dahil sa usog.** Isinalaysay ito ni Imám atTayálisíy.

**Ang pagsasanggalang laban sa Usog at Kulam:** Ang pagsasanggalang ay mainam kaysa sa pagpapagamot. Kaya naman kailangan nating magsigasig sa pagsasanggalang. Kabilang sa napakahalaga sa mga ito ay ang sumusunod: \* Ang pagpapalakas sa sarili sa pamamagitan ng Tawhíd, ang pananampalataya na ang nagpapainog sa sangsinukob ay si Allah, at ang pagpapadala sa paggawa ng mga magandang gawa. \* Ang kagandahan ng iniisip kay Allah at ang pananalig sa Kanya, kaya naman hindi mag-iilusyon ng karamdaman at usog dala lamang ng anumang sintoma sapagkat ang pag-iilusyon ay isang sakit mismo. \* Kapag may napatanyag na tao na siya raw ay nang-uusog o nangungulam, siya ay iiwasan bilang pagsasagawa ng mga kadahilanan ng kaligtasan hindi bilang takot. \* Ang pagsambit kay Allah at ang pagdalangin ng pagpapala kapag nakakita ng anumang hinahangaan. Nagsabi ang Sugo (SAS): **Kapag nakakita ang isa sa inyo sa sarili niya o sa yaman niya o sa kapwa niya ng anumang naiibigan niya ay manalangin siya ng pagpapala sapagkat tunay na ang usog ay totoo.** Isinalaysay ito ni Imám alHákim. Ang pagdalangin ng pagpapala ay ang pagsabi ng **báraka -lláhu lak** (Magkaloob si Allah sa iyo ng pagpapala) hindi ang pagsabi ng **tabáraka -lláh** (Napakamapagpala si Allah). \* Kabilang sa mga kadahilanan ng pagkakasanggalang laban sa kulam ay ang pagkain sa umaga ng pitong pirasong datiles na ‘Ajwah na galing sa Lungsod ng Propeta. \* Ang pagpapakanlong kay Allah, ang pananalig sa Kanya, ang kagandahan ng iniisip sa Kanya, ang pagpapakupkop sa Kanya laban sa usog at kulam, ang pagpapanatili sa pagsambit ng mga dhikr at mga ta‘wídh<sup>1</sup> sa bawat araw, sa umaga at gabi. Ang mga dhikr na ito ay may epekto na nadadagdagan o nababawasan ayon sa pahintulot ni Allah dahil sa dalawang dahilan: **1.** Ang pananampalataya na ang nasaad sa [dhikr o ta‘widh na] ito ay katotohanan at katapatan at na ito ay napakikinabangan ayon sa pahintulot ni Allah; **2.** Na bibigkasin ito ng dila niya at makikinig dito ang mga tainga niya at ang puso niya ay nakatuon dito dahil ito ay panalangin at ang panalangin ay hindi tinutugon mula sa isang pusong nalilingat at naglililiwaliw gaya ng tumpak na nasaad mula sa Propeta (SAS). Ang oras ng mga dhikr at mga ta‘wídh: ang mga dhikr sa umaga ay sinasabi pagkatapos ng *ṣaláh* na fajr at ang mga dhikr naman sa gabi ay sinasabi pagkatapos ng *ṣaláh* sa ‘asr. Kapag nakalimutan ng Muslim na sabihin ito o nakaligtaan ay sabihin niya ito pagkaalaala niya rito.

**Ang mga tanda ng pagkausog at iba pa:** Walang salungatan sa pagitan ng medisina at ruqyah na pang-Islam sapagkat ang Qur’an ay may panglunas sa mga karamdamang pisikal at mga karamdamang espirituwal. Kapag ang tao ay ligtas sa mga karamdamang pisikal, ang mga karamdaman kadalasan ay nasa anyong sakit ng ulo na pabalik-balik, paninilaw sa mukha, madalas na pagpapawis at pag-ihí, kawalan ng gana sa pagkain, pamamanhid o panginiginit o panlalamig sa mga dulo ng kamay at paa, pagkakabug-

<sup>1</sup> Mga panalanging sumasambit ng pagpapakupkop kay Allah gaya ng Súrah 113 at Súrah 114.



kabog ng dibdib, pabalik-balik na pananakit ng pinakamababang bahagi ng likod at mga balikat, pagkalungkot at paninikip ng dibdib, insomia, matinding reaksiyon bunsod ng pangamba at galit na hindi likas, madalas na pagdidighay at pagbubuntong-hininga, pagkaibig sa pag-iisa, katamlayan at katamaran, paghilig sa pagtulog, at iba pang mga suliraning pangkalusugang walang dahilang medikal. Maaaring matagpuan ang mga tanda na ito ang ilan sa mga ito alinsunod sa lakas at hina ng sakit.

Kinakailangan sa Muslim na maging malakas ang Pananampalata at ang puso, na hindi siya pinapasok ng mga sulsol ng Demonyo kaya naman hindi niya pag-iilusyunan ang sarili niya na siya ay dinapuan ng anumang sakit dahil lamang sa pagkadama niya sa isa sa mga sintoma na ito dahil ang ilusyon ay kabilang sa pinakamahirap lunasan sa mga sakit. Maaaring matagpuan ang ilan sa mga tanda na ito sa ilan gayong sila naman ay mga malusog. Maaari itong matagpuan gayong ang dahilan ay pisikal na karamdaman. Maaari ring ang dahilan ay ang kahinaan ng pananampalataya, gaya ng paninikip ng dibdib, kalungkutan, at katamlayan. Kaya naman kailangang repasuhin niya ang ugnayan niya kay Allah.

**Kaya kapag ang karamdaman ay dahil sa usog,<sup>1</sup> tunay na ang lunas ayon sa kakahintulutan ni Allah ay sa pamamagitan ng isa sa dalawang paraan:**

**1.** Kung nakikilala ang nang-usog ay pag-uutusan siya na maligo at magdala ng ipinaligong tubig na ito o magdala ng mula sa naapektuhan<sup>2</sup> niya at pagkatapos ay ipaliligo at iinumang. **2.** Kung hindi nakikilala ang nang-usog, ang pagpapagamot ay sa pamamagitan ng ruqyah, panalangin, at *hijámah*.<sup>3</sup>

**Kung ang karamdaman naman ay kulam,<sup>4</sup> tunay na ang lunas ayon sa kakahintulutan ni Allah ay sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na paraan:**

**1.** Ang pag-alam sa kinaroroonan ng pinagsagawaan ng kulam at kapag natagpuan ito ay kakalasin ang kinapitan nito habang binibigkas ang *mu'awwidhatán*<sup>5</sup> at pagkatapos

<sup>1</sup> Ang usog ('ayn sa Arabe) ay kapinsalaang mula sa jinn na dumadapo ayon sa kakahintulutan ni Allah sa isang nausog dahil sa paglalarawan at paghangga mula sa nakausog, na nadaluhan ng mga demonyo at hindi nagkaroon ng panghadlang (na gaya ng dhikr, dasal, at iba pa). Sumasaksi para rito ang *Hádíth: Ang usog ay totoo*, na isinalaysay ni Imám alBukhárí; at nasaad sa iba pang sanaysay: *Dinadaluhan ito ng demonyo at nainggit ito sa anak ni Adan*, na isinalaysay naman ni Imám Ahmad. Tinagurian ito na 'ayn (mata sa wikang Arabe) dahil ito ang kasangkapan ng paglalarawan hindi dahil sa ito ang nagdudulot ng pinsala, na ayon sa isang patunay na ang bulag nakpagdudulot nito sa ibang tao gayong siya ay hindi naman nakatingin sa taon iyon.

<sup>2</sup> Ang naapektuhan ay anumang bagay na nasaling ng nakausog gaya ng mga tira sa ininuman niya o kinainan niya o anumang nasaling niya. Kukuha mula rito o papahiran sa pamamagitan ng panyo o tulad nito at dadagdagan ng tubig. Pagkatapos ay ibubuhos sa nausog at iinumang ang isang bahagi nito.

<sup>3</sup> Cupping sa Ingles. Ang panggagamot sa pamamagitan ng paghihiwa sa anumang bahagi ng katawan at pagpapalabas ng dugo roon.

<sup>4</sup> Ang orihinal na Arabe na ginamit dito ay sihr o sorcery o black magic sa Ingles at panggagaway o karunungan itim naman sa Tagalog. Ang kulam ay isang uri ng panggagaway. Ang panggagaway ay naisasagawa sa pamamagitan ng pagbubuhol (ng sinulid o tali), mga orasyon, pananalitang binibigkas o nakagagawa ng anumang nakaapekto sa katawan ng nakulam o sa puso nito o sa pag-iisip nito nang direktahan. Ito ay may katotohanan. Ang ilan dito ay ang nakapapatay. Ang ilan dito ay ang nakapagdudulot ng karamdaman. Ang ilan dito ay ang nakapipigil sa lalaki sa pakikipagtalik sa maybahay niya. Ang ilan dito ay ang nakapagpapahiwalay sa mag-asawa. Ang ilan dito ay Shirk at Kufr. Ang ilan dito ay isang malaking kasalanan.

<sup>5</sup> Ang *Súrah* 113 at *Súrah* 114.

ay susunugin iyon. **2.** Ang ruqyah na pang-Islam sa pamamagitan ng mga talata ng Qur'an, ng mu'awwidhatán at Súrah alBaqarah higit sa lahat, at ng mga panalangin, na tatalakayin mamaya. **3.** Ang orasyon (o ang bulong) at ito ay dalawang uri: **A. Ang bawal:** Ito ay ang paglunas sa kulam sa pamamagitan ng kulam at pagpunta sa mangkukulam upang alisin niya ito. **B. Ang ipinahihintulot:** Kabilang dito ang pagkuha ng pitong pirasong dahon ng mansanitas at ang pagdurog ng mga ito. Pagkatapos ay bibigkasan ng tigtatatlong ulit na Súrah alKáfirún, Súrah al'Ikhlás, Súrah alFalaq, Súrah anNás. Pagkatapos ay ilalagay sa tubig. Pagkatapos ay iinumín at ipaliligo. Uulit-ulitin iyon hanggang sa gumaling, kung ipahintulot ito Allah. **4.** Ang pag-aalis ng bisa ng kulam sa pamamagitan ng pagsuka sa pamamagitan ng paggamit ng pampasuka kung ito ay nasa loob ng tiyan sa pamamagitan ng *hijámah*<sup>1</sup> kung nasa bahaging iba sa tiyan. **Ang mga Kundisyon ng Pagsasagawa ng Ruqyah: 1.** Na ito ay sa pamamagitan ng mga talata ng Qur'an at mga du'á' na ipinahihintulot sa Islam, **2.** Na ito ay nasa wikang Arabe; ipinahihintulot din ang mga panalangin na nasa ibang wika, **3.** Ang paniniwala na ang ruqyah ay hindi nagpapagaling mismo bagkus ang kagalingan ay mula kay Allah,

Para sa karagdagang epekto nito ay nararapat na magbasa ng Qur'an nang **may layuning magpagaling at magpatnubay**<sup>2</sup> para sa tao at jinn sapagkat ang Qur'an ay ibinaba bilang patnubay at kagalingan. Hindi ito binabasa sa layuning patayin ang jinn, maliban kung naging imposibleng palayasin ito sa pamamagitan ng naunang nabanggit.

**Ang mga Kundisyon ng Nagsasagawa ng Ruqyah: 1.** Na siya ay isang Muslim, na siya ay isang matuwid na nangingilag magkasala. Kapag siya ay higit na nangingilag magkasala, ang epekto ay higit na malakas. **2.** Na babaling siya kay Allah nang may paniniwala sa sandali ng pagsasagawa ng ruqyah sa pamamagitan ng pagbubuklod sa nilalaman ng puso at sinasabi ng dila. Ang mainam ay na magsagawa ng ruqyah ang tao sa sarili niya dahil ang iba pa sa kanya ay kadalasang abala ang puso niyon sa iba at dahil sa walang tulad niya na nakadarama sa kagipitan niya at pangangailangan niya. Ang mga nagigipit ay pinangakuan ni Allah ng katugunan.

**Ang mga Kundisyon ng Pinagsasagawaan ng Ruqyah: 1.** Kaibig-ibig na siya ay isang matuwid na mananampalataya at alinsunod sa sukat ng pananampalataya lumalaki ang bisa. Nagsabi si Allah: **At pinabababa Namin mula sa Qur'an ang isang pagpapagaling at isang awa para sa mga mananampalataya, ngunit walang naidagdag ito sa mga lumalabag sa katarungan kundi pagkalugi.**<sup>3</sup> **2.** Ang

<sup>1</sup> Nagsabi ang Sugo (SAS): *Tunay na ang pinakamainam sa anumang ipinangagamutan ninyo ay ang hijámah.* Nagpagaling nga si Allah sa pamamagitan nito ng mga karamdamang pisikal o mga karamdamang sanhi ng usog at kulam, gaya ng kanser sa ilang tunay na buhay na pangyayari.

<sup>2</sup> May layuning magpatnubay: mag-anyaya sa sinumang nakaririnig sa Qur'an sa pagsunod sa Relihiyon ni Allah, paggawa ng mabuti, at pagpipigil sa kasamaan. Ang hangaring ito ay may malaking epekto ayon sa karanasan. Naaapektuhan ang jinn ng Qur'an at napipigilan ang kasamaan nito sa maysakit nang mabilis kadalasan. Taliwas iyon sa layuning patayin ito, na nag-uudyok sa pagmamatigas nito, pagmamalaki nito, at pananakit nito sa nagsasagawa ng ruqyah at sa maysakit. Nagsabi ang Sugo (SAS): *Tunay na si Allah ay mabait; naiibigan Niya ang kabaitan at nagbibigay Siya dahil sa kabaitan ng hindi Niya ibinibigay dahil sa karahasan.*

<sup>3</sup> Qur'an 17:82

pagbaling kay Allah nang may paniniwala na pagagalingin Niya ito. **3.** Na hindi niya ituturing na mabagal ang paggaling dahil ang ruqyah ay isang panalangin at kapag nagmadali sa pagtamo ng katugunan ay maaaring hindi na siya tutugunin. Nagsabi ang Sugo: *Tinutugon ang [bawat] isa sa inyo kapag hindi nagmadali, na nagsasabi: Dumalangin ako ngunit hindi ako tinugon.* Isinalaysay ito nina Imám alBukháríy at Imám Muslim.

**Ang Ruqyah ay may mga Pamamaraan:** **1.** Ang pagbigkas ng ruqyah kalakip ng banayad na pagdurang walang laway, **2.** Ang pagbigkas nang walang kalakip ng banayad na pagdura, **3.** Ang paglagay ng laway sa daliri at paghalo nito sa lupa at paghaplos nito sa kinaroroonan ng sakit, **4.** Ang pagbigkas ng ruqyah kalakip ng paghaplos nito sa kinaroroonan ng sakit.

**Ang mga Áyah mula sa Qur'an at ang mga Hadíth na Binibigkas Bilang Ruqyah sa Maysakit:**

**Ang mga Áyah:** Ang Súrah alFátihah, ang dalawag huling talata ng Súrah alBaqarah: 285-286,<sup>1</sup> ang Súrah alKáfírún (109), ang Súrah al'Ikhlás (112), ang Súrah alFalaq (113), ang Súrah anNás (114), at mga Áyah na sumusunod:

﴿فَسَيَكْفِيكَهُمُ اللَّهُ وَهُوَ السَّمِيعُ الْعَلِيمُ﴾ Fasayakfikahumu -lláhu wa huwa -ssamí'u -l'alím.<sup>2</sup>

﴿يَقَوْمَنَا أَجِيبُوا دَاعِيَ اللَّهِ وَآمِنُوا بِهِ، يَغْفِرْ لَكُمْ مِنْ ذُنُوبِكُمْ وَيَجْزِمَكُمْ مِنَ عَذَابِ الْإِيمِ﴾ Yáqawmaná ajíbu dá'iya -lláhi wa áminú bihi yaghfir lakum min dhunúbikum wa yujirkum min 'adhábin alím.<sup>3</sup>

﴿وَنَزَّلْنَا مِنَ الْقُرْآنِ مَا هُوَ شِفَاءٌ وَرَحْمَةٌ لِّلْمُؤْمِنِينَ وَلَا يَزِيدُ الظَّالِمِينَ إِلَّا خَسَارًا﴾ Wa nunazzilu mina -lqur'áni má huwa shifá'uw wa rahmatul lillmu'minína wa lá yazídu -dhdhálimína illá khasará<sup>4</sup>

﴿أَمْ يَحْسُدُونَ النَّاسَ عَلَى مَا آتَاهُمُ اللَّهُ مِنْ فَضْلِهِ﴾ Am yahsudúna -nnása 'alá má átáhumu -lláhu min fadlihi.<sup>5</sup>

<sup>1</sup> ﴿أَمَانًا -rrasúlu bimá unzila ilayhi mir rabbihi wa -lmu'minún, kullun ámana bi'lláhi wa malá'ikatihí wa kutubihí wa rusulihí lá nufarriqu bayna ahadim mir rusulih, wa qalú sami'ná wa ata'ná: ghufránaka rabbaná wa ilayka -lmasír,﴾<sup>286</sup> lá yukallifu -lláhu nafsán illá wus'ahá, labá má kasabat wa 'alayhá má -ktasabat; rabbaná lá fu'ákhidhná in nasiná aw akhta'ná, rabbaná wa lá tahmil 'alayná isran kamá hamaltahú 'ala -lladhína min qabliná, rabbaná wa lá tuhammilná má lá táqata laná bihi: wa -fu'anná wa -ghfir laná wa -rhamná, anta mawláná fa-nsurná 'ala -lqawmi -lkáfirín.

<sup>2</sup> Sumampalataya ang Sugo sa anumang ibinaba sa kanya mula sa Panginoon niya at *gayon din* ang mga mananampalataya. Bawat *isa* ay sumampalataya kay Allah, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya. "Hindi kami nagtatangi sa isa man sa mga sugo Niya," *sabi nila*. Nagsabi *pa* sila: "Narinig namin at tumalima kami. *Igawad Mo* ang kapatawaran Mo, Panginoon namin, at tungo sa Iyo ang kahahantungan." <sup>3</sup> Hindi nag-aatang si Allah sa isang kaluluwa malibang *ayon sa* kakayahan nito. Tatamasain nito ang *kabutihang* nakamit nito at pananagutan nito ang *kasamaang* nakamtan nito. Panginoon namin, huwag Mo kaming sisihin<sup>1</sup> kung nakalimot kami o nagkamali kami. Panginoon namin, huwag Kang magpatong sa amin ng isang pabigat na gaya ng ipinatong Mo sa mga nauna sa amin. Panginoon namin, huwag Mo kaming pagpasanin ng anumang walang kaming lakas doon. Magpaumanhin Ka sa amin, magpatawad Ka sa amin, at maawa ka sa amin. Ikaw ay Tagatangkilik namin, kaya iadya Mo kami laban sa mga taong tumatangging sumampalataya.

<sup>2</sup> Kaya pangangalagaan ka laban sa kanila ni Allah. Siya ay ang Nakaririnig, ang Nakaalam. Qur'an 2:137.

<sup>3</sup> O mga kalahi namin; tumugon kayo sa tagapaanyaya ni Allah at sumampalataya kayo sa kanya, magpatawad Siya sa inyo sa ilan sa mga pagkakasala ninyo at ipagsasanggalang Niya kayo laban sa isang masakit na pagdurusa. Qur'an 46:31.

<sup>4</sup> At pinabababa Namin mula sa Qur'an ang isang pagpapagaling at isang awa para sa mga mananampalataya, ngunit walang naidagdag ito sa mga lumalabag sa katarungan kundi pagkalugi. Qur'an 17:82.

<sup>5</sup> O kinaiinggitan ba nila ang mga tao dahil sa ibinigay ni Allah sa mga ito mula sa kabutihang-loob Niya? Qur'an 4:54.

- ﴿ وَإِذَا مَرِضْتُ فَهُوَ يَشْفِينِ ﴾ Wa idhá maridtu fahuwa yashfíni.<sup>1</sup>
- ﴿ وَيَشْفِي صُدُورَ قَوْمٍ مُّؤْمِنِينَ ﴾ Wa yashfi sudúra qawmin mu' minín.<sup>2</sup>
- ﴿ قُلْ هُوَ الَّذِي ءَامَنُوا هُدًى وَشِفَاءً ﴾ Qul huwa lilladhína ámanú hudaw wa shifá'.<sup>3</sup>
- ﴿ لَوْ أَنزَلْنَا هَذَا الْقُرْءَانَ عَلَىٰ جَبَلٍ لَّرَأَيْتَهُ خَاشِعًا مُّتَصَدِّعًا مِّنْ خَشْيَةِ اللَّهِ ﴾ Law anzalná hádha -lqur'ána 'alá jabalil lara' aytahú kháshi'am mutassadi'am min khashyati -lláh.<sup>4</sup>
- ﴿ فَارْجِعِ الْبَصَرَ هَلْ تَرَىٰ مِنْ فُطُورٍ ﴾ Fa-rji' -lbašara hal tará min futúr.<sup>5</sup>
- ﴿ وَإِنْ يَكَادُ الَّذِينَ كَفَرُوا لَيُزْلِقُونَكَ بِأَبْصَرِهِمْ لَمَّا سَمِعُوا الذِّكْرَ وَيَقُولُونَ إِنَّهُ لَمَجْنُونٌ ﴾ Wa in yakádu -lladhína kafarú layuzliqúnaka bi'absárihim lammá sami'u -dhdhikra wa yaqúlúna innahú lamajnún.<sup>6</sup>
- ﴿ وَأَوْحَيْنَا إِلَىٰ مُوسَىٰ أَنْ أَلْقِ عَصَاكَ إِذَا هِيَ تَلْقَفُ مَا يَأْفِكُونَ ﴿١٧﴾ فَوَقَّ الْحَقُّ وَبَطَلَ مَا كَانُوا يَعْمَلُونَ ﴿١٨﴾ فَعَلِبُوا هُنَالِكَ وَانْقَلَبُوا صَغِيرِينَ ﴾ Wa awhayná ilá músa an alqi 'asáka fa-idhá hiya talqafu má ya'fikún; fawaqa'a -lhaqu wa bařala má kánú ya'malún; faghulibú hunálíka wa -nqalabú sághirín.<sup>7</sup>
- ﴿ قَالُوا يَمْوَسِيٰٓءُ ۖ إِنَّمَا أَنْتَ لُقْيٰٓءُ وَإِنَّمَا أَنْتَ لَقْيٰٓءُ أَوَّلٌ مِّنَ الْلُقْيٰٓءِ ﴿١٥﴾ قَالَ بَلْ أَلْقَوْنَا إِذْ جَاءَهُمْ وَعَصٰٓءُ يٰٓمُجِبِلِ ۖ إِلٰهِي ۖ مِنْ سِحْرِهِمْ ۖ أَنَّمَا تَسْعٰٓءُ ﴿١٦﴾ فَأَوْجَسَ فِي نَفْسِهِ ۖ خِيفَةً مُّوسَىٰ ﴿١٧﴾ فَلَمَّا لَا تَخَفْ ۖ إِنَّا كُنَّا نَقْفُ مَا صَنَعُوا ۖ إِنَّمَا صَنَعُوا كَيْدَ سِحْرٍ ۖ وَلَا يُفْلِحُ السَّٰحِرُ حَيْثُ أَتَىٰ ﴾ Qálú yámúsá immá an tulqiya wa immá an nakúna awwala man alqá; qála bal alqú: fa'idhá hibáluhum wa 'isíyuhum yukhayyalu ilayhi min sihrihim annahá tas'á; fa'awjasa fí nafsihí khífatan músá; qulná lá takhaf innaka anta -al'alá wa alqi má fí yamíníka talqaf má šana'ú innamá sana'ú kaydu sáhirin wa lá yuflíhu -ssáhiru haythu atá.<sup>8</sup>
- ﴿ ثُمَّ أَنْزَلَ اللَّهُ سَكِينَتَهُ عَلَىٰ رَسُولِهِ ۖ وَعَلَىٰ الْمُؤْمِنِينَ ﴾ Thumma anzala -lláhu sakínatahú 'alá rasúlihí wa 'ala -lmu'minín.<sup>9</sup>
- ﴿ فَأَنْزَلَ اللَّهُ سَكِينَتَهُ عَلَيْهِ ۖ وَأَيْدِيَهُمْ يَجْتُمِدُ لَمْ تَرَوْهَا ﴾ Fa'anzala -lláhu sakínatahú 'alayhi wa ayyadahú bijunúdil lam tarawhá.<sup>10</sup>
- ﴿ فَأَنْزَلَ اللَّهُ سَكِينَتَهُ عَلَىٰ رَسُولِهِ ۖ وَعَلَىٰ الْمُؤْمِنِينَ ۖ وَأَلَزَمَهُم كَلِمَةً الْقَوِيٰٓءِ ﴾ Fa'anzala -lláhu

<sup>1</sup> at kapag nagkasakit ako, Siya ay nagpapagaling sa akin; Qur'an 26:80.

<sup>2</sup> pagagalangin Niya ang mga dibdib ng mga taong sumasampalataya, Qur'an 9:14.

<sup>3</sup> Sabihin mo: "Ito, para sa mga sumampalataya, ay isang patnubay at isang lunas; Qur'an 14:44.

<sup>4</sup> Kung sakaling ibinaba Namin ang Qur'an na ito sa isang bundok, talagang nakita mo sana ito na nagpapakaaba na nagkabitak-bitak dahil sa takot kay Allah. Qur'an 59:21.

<sup>5</sup> Panumbalikin mo ang paningin sa langit, may nakikita ka bang mga bitak? Qur'an 67:3.

<sup>6</sup> Tunay na halos ang mga tumangging sumampalataya ay talagang nagpadulas sa iyo sa pamamagitan ng mga tingin nila noong narinig nila ang paalaala at sinabi nila: Tunay na siya ay talagang baliw. Qur'an 68:51.

<sup>7</sup> Nagsiwalat Kami kay Moises, na nagsasabi: "Itapon mo ang tungkod mo," kaya walang anu-ano'y mabilis na nilulon nito ang ikinukunwari nila. Kaya napagtibay ang katotohanan at napawalang-saysay ang ikinukunwari nila. Kaya nadaig sila roon at umuwi na mga minamaliit. Qur'an 7:117-119.

<sup>8</sup> Nagsabi sila: "O Moises, mauna ka kayang magtatapon o kami kaya ang unang magtatapon. Nagsabi siya: "Bagkus magtapon muna kayo." Walang anu-ano, ang mga lubid nila at ang mga tungkod nila ay lumitaw sa paningin niya – dahil sa panggagaway nila – na ang mga ito ay mabilis na gumagapang. Kaya nakadama si Moises sa sarili niya ng isang pagkatakot. Sinabi Namin: "Huwag kang mangamba; tunay na ikaw ay ang pinakamataas." Itapon mo ang nasa kanang kamay mo, lalamunin nito ang ginawa nila; tunay na ang ginawa nila ay isang pakana ng isang manggagaway at hindi magtatagumpay ang manggagaway saanman siya pumunta. Qur'an 20:65-69.

<sup>9</sup> Pagkatapos ay nagbaba si Allah ng kapanatagan Niya sa Sugo Niya at sa mga sumasampalataya Qur'an 9:26.

<sup>10</sup> Kaya ibinaba ni Allah ang katiwasayan Niya sa kanya at inalalayan Niya siya ng mga kawal na hindi niyo nakita Qur'an 9:40.

sakínatahú ‘alá rasúlihí wa ‘ala -lmu’ minína wa alzamahum kalimata -ttaqwá.<sup>1</sup>

﴿لَقَدْ رَضِيَ اللَّهُ عَنِ الْمُؤْمِنِينَ إِذْ يُبَايِعُونَكَ تَحْتَ الشَّجَرَةِ فَعَلِمَ مَا فِي قُلُوبِهِمْ فَأَنْزَلَ السَّكِينَةَ عَلَيْهِمْ وَأَثَبَهُمْ فَتْحًا قَرِيبًا﴾

Laqad radiya -lláhu ‘ani -lmu’ minína idh yubáyi‘únaka tahta -shshajarati fa‘alima má fí qulúbihim fa‘anzala -ssakínata ‘alayhim wa athábahum fat’han qaríbá.<sup>2</sup>

﴿هُوَ الَّذِي أَنْزَلَ السَّكِينَةَ فِي قُلُوبِ الْمُؤْمِنِينَ لِيَزْدَادُوا إِيمَانًا مَعَ إِيمَانِهِمْ﴾ Huwa -lladhí anzala -ssakínata fí qulúbi -lmu’ minína liyazdadú ímánam ma‘a ímánihim.<sup>3</sup>

### Ang mga Áyah Hadíth:

(أَسْأَلُ اللَّهَ الْعَظِيمَ رَبَّ الْعَرْشِ الْعَظِيمِ أَنْ يَشْفِيكَ) ٧ مرات

As’alu -lláha -l‘adhíma rabba -l‘arshi -l‘adhími an yashfík.<sup>4</sup> Pitong ulit.

(أُعِيدُكَ بِكَلِمَاتِ اللَّهِ التَّامَّةِ مِنْ كُلِّ شَيْطَانٍ وَهَامَّةٍ وَمِنْ كُلِّ عَيْنٍ لَامَةٍ) ٣ مرات

U‘ídhuka bikalimátilláhi ttammáti min kulli shaytáníw wa hámmatin wa min kulli ‘aynin lámamah.<sup>5</sup> Tatlong ulit.

(اللَّهُمَّ رَبَّ النَّاسِ أَذْهِبِ الْبَأْسَ اشْفِ أَنْتَ الشَّافِي لَا شِفَاءَ إِلَّا شِفَاؤُكَ شِفَاءً لَا يُغَادِرُ سَقَمًا) ٣ مرات

Alláhumma rabba -nnási adhhibi -lba’sa, ishfi anta -shsháfí lá shifá’a illá shifá’uka shifá’an lá yughádiru saqamá.<sup>6</sup> Tatlong ulit.

(اللَّهُمَّ أَذْهِبْ عَنْهُ حَرًّا وَبَرِّدْهَا وَوَصِّبْهَا) مرة واحدة

Alláhumma adhhibi ‘anhu harrahá wa bardahá wa wasibahá.<sup>7</sup> Pitong ulit.

(حَسْبِيَ اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ عَلَيْهِ تَوَكَّلْتُ وَهُوَ رَبُّ الْعَرْشِ الْعَظِيمِ) ٧ مرات

Hasbiya -lláhu lá iláha illá huwa: ‘alayhi tawakkaltu: wa huwa rabbu -l‘arshi -l‘adhím.<sup>8</sup> Pitong ulit.

(بِسْمِ اللَّهِ أَرْقِيكَ مِنْ كُلِّ دَاءٍ يُؤْذِيكَ وَمِنْ شَرِّ كُلِّ نَفْسٍ أَوْ عَيْنٍ حَاسِدٍ، اللَّهُ يَشْفِيكَ بِسْمِ اللَّهِ أَرْقِيكَ) ٣ مرات

Bismi -lláhi arqíka min kulli dá’in yu’dhíka wa min sharri kulli nafsin aw ‘aynin hásid; Alláhu yashfíka bismi -lláhi arqíka.<sup>9</sup> Tatlong ulit.

Ilagay mo ang kamay mo sa bahaging may sakit at magsasabi ka nang tatlong ulit na:

<sup>1</sup> saka ibinaba ni Allah ang katiwasayan Niya sa Sugo Niya at sa mga sumasampalataya. Pinanatili Niya sila sa Salita ng Pangingilag sa Pagkakasala Qur’an 48:26.

<sup>2</sup> Talaga nang nasiyahan si Allah sa mga sumasampalataya noong nangako sila ng katapatan sa iyo sa ilalim ng punong-kahoy. Yamang nalaman Niya ang nasa puso nila kaya naman ibinaba Niya ang katiwasayan sa kanila at ginantimpalaan Niya sila ng isang nalalapit na pananaig, Qur’an 48:18.

<sup>3</sup> Siya ang nagbaba ng Katiwasayan sa mga puso ng mga sumasampalataya upang madagdagan sila sa pananampalataya kasama sa taglay na pananampalataya nila. Qur’an 48:4.

<sup>4</sup> Hinihiling ko kay Allah, ang Sukdulan, ang Panginoon ng tronong sukdulan sa laki, na pagalingin ka Niya.

<sup>5</sup> Ipinakukupkop kita laban sa bawat demonyo at salot at laban sa bawat matang naiinggit.

<sup>6</sup> O Allah, Panginoon ng mga tao, alisin Mo ang sakit, pagalingin Mo; Ikaw ang Tagapagpagaling, walang pagpapagaling kundi ang pagpapagaling Mo: isang pagpapagaling na hindi nag-iwan ng isang karamdaman.

<sup>7</sup> O Allah, alisin Mo sa kanya ang init niyon, ang lamig niyon, at ang paglala niyon.

<sup>8</sup> Sapat na sa akin si Allah, walang [totoong] Diyos kundi Siya; sa Kanya ako nanalig at Siya ang Panginoon ng tronong sukdulan sa laki.

<sup>9</sup> Sa ngalan ni Allah ipinanalangin kita laban sa bawat karamdamang nakasakit sa iyo at laban sa kasamaan ng bawat tao o matang naiinggit. Si Allah ay magpagaling nawa sa iyo; sa ngalan ni Allah, ipinanalangin kita.

( بِسْمِ اللَّهِ ( ٣ مرات ) أَعُوذُ بِعِزَّةِ اللَّهِ وَقُدْرَتِهِ مِنْ شَرِّ مَا أَجِدُ وَأُحَاذِرُ ( ٧ مرات ) )

Bismi -lláhi. Tatlong ulit. A'údhu bi'izzati -lláhi wa qudratihi min sharri má ajidu wa uhádhir. Pitong ulit.<sup>1</sup>

### Mga Paalaala

- ❶ Hindi ipinahihintulot na paniwalaan ang mga pamihiiin kaugnay sa nakausog gaya ng pag-inom ng ihi niya at na ang bisa nito ay hindi tatalab kapag nalaman.
- ❷ Hindi ipinahihintulot ang paglagay ng mga agimat na nasa anyong mga katad, mga pulseras, at mga kuwintas sa isang kinatatakutang dapuan ng usog. Nagsabi ang Sugo (SAS): *Ang sinumang nagsuot ng isang bagay [bilang agimat], ipagkakatiwala siya roon.*
- ❸ Ang pagsusulat ng *ما شاء الله ببارك الله*,<sup>2</sup> o ang pagguhit ng espada o punyal o mata, o ang paglalagay ng Qur'an sa loob ng kotse, o ang pagsasabit ng ilang talata ng Qur'an sa loob ng mga bahay, ang lahat ng ito ay hindi nakapagtataboy ng usog bagkus ay maaari pang maging mga agimat na ipinagbabawal.
- ❹ Kinakailangan sa maysakit na magkaroon ng tiyak na paniniwala sa katugunan, na hindi niya ituturing na mabagal ang paggaling at siya ay tutugunin. Kung sakaling sinabi sa kanya na ang paggaling sa pamamagitan ng ilang gamot ay tatagal nang buong buhay ay hindi siya manghihinawa. Subalit siya ay nanghihinawa kapag nagtagal ang bisa ng ruqyah, gayong siya ay magkakamit ng isang *hasanah* sa bawat titik na binibigkas niya [sa ruqyah] at ang isang *hasanah* ay katumbas sa sampung katulad [na *hasanah* sa gantimpala]. Manatili siya sa pagdalangin, paghingi ng kapatawaran, at madalas ng pagkakawanggawa sapagkat tunay na ang mga ito ay kabilang sa makapagpapagaling sa kanya.
- ❺ Ang sama-samang pagbigkas ng panalangin ay sumasalungat sa Sunnah at ang bisa nito ay mahina. Gayon din ang pagkakasya sa paggamit ng recorder [sa pagbigkas ng panalangin] dahil ang layunin ay hindi naisasakatuparan dito samantalang ito ay isang kundisyon sa nagsasagawa ng ruqyah bagamat sa pakikinig niyon ay may kabutihan naman. Sunnah na ulit-ulitin ang ruqyah hanggang sa gumaling maliban kung ikinapapagod na niya iyon at kakauntian ang pagsambit niyon nang sa gayon ay hindi magsawa. Ang pag-ulit-ulit ng pagbigkas ng mga áyah at du'a' ayon sa isang takdang bilang ay hindi tumpak kung walang patunay.
- ❻ Mayroong mga palatandaang magagamit na patunay ang mga ito o ang ilan sa mga ito na ang nagsasagawa ng ruqyah ay gumagamit ng karunungan itim at hindi Qur'an at huwag kang palililalang sa ilan sa ipinakikita niyang karelihiyosuhan sapagkat maaaring pasisimulan niya ang pagbigkas niya sa pamamagitan ng Qur'an at hindi maglalaon ay babaguhin niya iyon. Maaari rin siya ay kabilang sa nahihirating pumunta sa mga masjid para pakitang-gilas sa mga tao. Maaaring nakikita mo siya na madalas sumambit ng dhikr kay Allah sa harap mo. **Kaya huwag kang malililalang nito at mag-ingat ka. Kabilang sa mga Palatandaan ng mga Mangkukulam at mga Bulaang Manggagamot** ✨ Ang pagtanong sa maysakit ng pangalan niya at pangalan ng ina

<sup>1</sup> Sa Ngalan ni Allah (tatlong ulit) Nagpapakupkop ako sa kapangyarihan ni Allah at kakayahan Niya laban sa kasamaan ng anumang matatagpuan at pinangingilagan ko.

<sup>2</sup> **Má shá'a -lláhu báraka -lláh:** Ang niloob ni Allah [ay nangyari]; napakamapagpala ni Allah.

niya dahil ang pagkakaalam sa pangalan o ang kawalan ng kaalaman ay hindi makapagbabago ng anuman sa pagpapagaling. \* Ang paghingi ng anuman mula sa mga kasuutan ng maysakit gaya ng damit o kamiseta. \* Maaaring humingi sa maysakit ng isang hayop na may mga takdang katangian upang ialay sa jinn. \* Ang pagsusulat at ang pagbabasa ng mga bulong na hindi maunawaan at walang kahulugan. \* Ang pagbibigay sa maysakit ng isang papel na may nakasulat na mga kuwadrado na sa loob ng mga ito ay may mga titik at mga numero. Tinatawag ito na *hijáb*<sup>1</sup> [sa Arabe]. \* Ang pag-uutos sa maysakit na humiwalay sa mga tao sa loob ng ilang panahon sa loob ng isang madilim na silid. Tinatawag ito na *hajbáh* [sa Arabe]. \* Ang pag-uutos sa maysakit na huwag sumaling ng tubig sa loob ng isang takdang panahon. \* Ang pagbibigay sa maysakit ng isang bagay na ililibing niya sa lupa o isang papel na susunugin niya at ipampapausok niya. \* Ang pagpapabatid sa maysakit ng ilan sa mga kaalamang ukol lamang sa kanya na hindi nalalaman ng iba o ng pangalan niya, ng bayan niya, at ng sakit niya bago pa man siya nagsalita. \* Ang pagsusuri sa kalagayan ng maysakit pagkakilala sa kanya sa pamamagitan lamang ng pagpasok sa kinaroroonan niya o ng telepono o ng sulat.

**7** Ang paniniwala ng Ahlussunnah ay na ang jinn ay nakasasanib sa tao at ang patunay ay ang sabi ni Allah: **Ang mga nakikinabang sa pagpapatubo sa utang ay hindi babangon kundi gaya ng pagbangon ng ibinubuwal ng Demonyo dahil sa pagkabalih.**<sup>2</sup> Nagkaisa ang mga mufassir<sup>3</sup> na ang tinutukoy rito na pagkabalih sa áyah na ito ay ang kabaliwang dulot ng demonyo na dumadapo sa tao dahil sa pagsanib ng jinn sa kanya.

**Aral:** Ang inggit ay ang pagmimithi ng paglaho ng biyaya sa iba. Kadalasang ang usog ay mula sa inggit. Ito ay kabilang sa napakalaki sa mga pagkakasala. Bagkus ay ito ang saligan ng mga pagkakasala at kauna-unahan sa kasalanang ipinangsuway kay Allah sapagkat umayaw si Satanas na magpatirapa kay Adan dala ng inggit sa kanya at si Abel ay pumatay sa kapatid niya dala rin ng inggit. Ang lunas sa inggit ay ang malaman ang kabigatan ng pagkakasala, na ito ay lumalamon sa mga gawang maganda gaya ng paglamon ng apoy sa gatong.

\* Ang ibinigay ni Allah sa iba ay batay sa pagtatakda Niya at karunungan Niya kaya ang kawalan ng kasiyahan doon ay isang pagtutol kay Allah at kahinaan ng pananampalataya sa tadhana at takda.

\* Ang pagsabi mo ng *má shá'a -lláh báraka -lláhu lak*<sup>4</sup> pagkakita mo ng anumang hinahangaan mo ay isang patunay sa kabutihan ng kalooban mo.

\* Ang pagkakaalam sa gantimpala ng pag-iwan sa inggit sapagkat ang sinumang natulog samantalang sa puso niya ay walang pagkainggit sa isa man, ang gantimpala sa kanya ay malaki. Napagtibay na ang Propeta (SAS) ay nagpalugod sa isa sa mga Sahábíy sa pamamagitan ng pagbalita ng pagpasok sa Paraiso sapagkat natulog sa bahay niya si 'Abdulláh ibnu 'Amr [nang hindi nakadama ng inggit] at tiniyak niya na iyon ang dahilan ng paghahatid sa kanya ng nakalulugod na balita ng pagpasok sa Paraiso.

<sup>1</sup> Wala itong kinalaman sa *hijáb* ng babae.

<sup>2</sup> Qur'an 2:275.

<sup>3</sup> Dalubhasa sa pagpapaliwanag ng Qur'an.

<sup>4</sup> [Nangyari] ang niloob ni Allah at pagpalain ka ni Allah.

Ang lahat ng mga nilikha ay mga nagdarahop kay Allah at mga nangangailangan sa anumang nasa Kanya, samantalang Siya ay walang-pangangailangan sa kanila at hindi nangangailangan sa kanila.

Isinatungkulin ni Allah sa mga lingkod Niya ang pagdalangin, kaya naman sinabi Niya (40:60): **“Dumalangin kayo sa Akin, tutugunin Ko kayo; tunay na ang mga nagmamalaki sa pag-ayaw sa pagsamba sa Akin ay magsisipasok sa Impiyerno na mga hamak.”** Ang ibig sabihin ng pagsamba sa Akin ay pagdalangin sa Akin. Nagsabi ang Propeta (SAS): **“Ang sinumang hindi humiling kay Allah ay kagagalan Niya.”** Isinalaysay ito ni Imám Ibnu Májah. Kalakip nito, si Allah ay natutuwa sa paghiling ng mga lingkod Niya sa Kanya. Iniibig Niya ang mga mapilit sa Kanya at inilalapat Niya sila sa Kanya.

Talaga ngang nadama ng mga Kasamahan ng Propeta (SAS) ang bagay na ito sapagkat may isa sa kanila na hindi nagmamaliit ng anumang hihilingin niya kay Allah. Hindi rin nila idinudulog ang mga hiling nila sa isa sa mga nilikha Niya. Walang ibang dahilan iyon kundi dahil sa pagkahumaling nila sa Panginoon nila at pagkalapit nila sa Kanya at pagkalapit Niya sa kanila, bilang pagsunod sa sabi Niya (2:186): **“Kapag tinanong ka ng mga lingkod Ko hinggil sa Akin ay sabihin mo: “Tunay na Ako ay malapit:”** Ang pagdalangin ay may dakilang kalagayan para kay Allah sapagkat ito ay napakarangal na gawain para kay Allah at maaaring makapigil sa tadhana. Ang bawat dumalangin kay Allah ay tinutugon Niya kung umiral ang mga kadahilanan sa pagtugon at nawala ang mga pumipigil sa pagtugon. Bibigyan ang dumadalangin ng isa sa mga kalagayang binanggit ng Propeta (SAS) sa sinabi niya: **“Walang isang Muslim na dumadalangin ng isang panalanging walang lamang kasalanan ni paglagot sa ugnayan sa kaanak na hindi magbibigay si Allah dahil doon ng isa sa tatlo: maaaring mamadaliin para sa kanya ang tugon sa panalangin niya, maaaring ilalaan iyon para sa kanya sa Kabilang-buhay, at maaaring maglalayo sa kanya ng isang masamang katumbas niyon.”** Nagsabi sila: “Kung gayon ay dadamihan namin [ang panalangin]?” Nagsabi siya: **“Si Allah ay [nagmamay-ari] ng higit na marami.”**

**Ang mga uri ng panalangin** ay dalawang uri: **1.** Panalangin ng pagsamba: gaya ng saláh at pag-aayuno, **2.** Panalangin ng paghingi at paghiling.

**Ang pagkakalamangan ng mga gawain.** Ang pagbabasa ba ng Qur’an ay pinakamainam o ang dhikr o ang panalangin at ang paghiling? Ang pagbabasa ng Qur’an ay pinakamainam, walang pasubali. Pagkatapos ay ang dhikr at ang pagbubunyi kay Allah. Pagkatapos ay ang panalangin at ang paghiling kay Allah. Ito ay sa ganang pagbubuod. Subalit maaaring malagay ang gawaing nalamangan sa kalagayang gagawa rito na maging higit na karapat-dapat kaysa sa gawaing nakalalamang. Ang panalangin sa araw ng ‘Arafah ay higit na mainam kaysa sa pagbabasa ng Qur’an at ang pagpapakaabala sa pagsambit ng mga dhikr na nasaad sa Sunnah pagkatapos ng saláh na isinatungkulin ay higit na karapat-dapat kaysa sa pagbabasa ng Qur’an.

**Ang mga kadahilanan sa ikatutugon ng panalangin. Mayroong mga hayag na kadahilanan at mga kubling kadahilanan:**



**1. Ang mga hayag na kadahilanan:** ang pagsasagawa muna ng mga matuwid na gawain gaya ng pagkakawanggawa, pagsasagawa ng wudú', pagsasagawa ng saláh, pagharap sa Qiblah, pag-aangat ng mga kamay, pagbubunyi kay Allah sa pamamagitan ng karapat-dapat sa Kanya, at paggamit ng mga pangalan ni Allah at mga katangian Niya na nababagay sa ipinapanalangin. Kaya kapag ang panalangin ay ang paghiling ng Paraiso, ang pagsusumamo ay sa pamamagitan ng kabutihang-loob Niya at awa niya. Kapag dumalangin laban sa isang maniniil, halimbawa, ay hindi gagamitin ang pangalan ni Allah na Arrahmán (ang Napakamaawain) o Alkarím (ang Mapagbigay); ang gagamitin lamang ay ang pangalan Niyang Aljabbár (ang Tagasupil) o Alqahhár (ang Palalupig).

Kabilang din sa mga kadahilanan ng pagtugon sa panalangin ang pagdalangin para sa Propeta (SAS) sa simula ng panalangin, kalagitnaan nito, at sa katapusan nito, ang pag-amin sa mga pagkakasala, ang pasasalamat kay Allah sa mga biyaya Niya, at ang pagsamantala sa mga sandaling nakalamang sa pagtugon sa panalangin na nasaad ang patunay na ang sandaling iyon ay sandaling malamang na tugunin ang panalangin. Ang mga sandaling ito ay marami, na ang ilan sa mga ito ay ang sumusunod: ✱ Sa araw at gabi: sa huling ikatlong bahagi ng gabi kapag bumababa si Allah sa mababang langit, sa pagitan ng iqámah at adhán, pagkatapos magsagawa ng wudú', sa sandali ng pagkatirapa, bago sabihin ang salám ng saláh, mga sandali matapos ang mga saláh, kapag natapos basahin ang Qur'an, kapag tumilaok ang tandang, sa paglalakbay, sa pagdalangin ng naaapi, sa pagdalangin ng nagigipit, sa pagdalangin ng magulang sa anak niya, sa pagdalangin nang palihim ng isang Muslim sa kapwa niya, at kapag nakatagpo ang kaaway sa digmaan. ✱ Sa isang linggo: sa araw ng Biyernes lalo na sa huling bahagi nito. ✱ Sa mga buwan: sa buwan ng Ramadán sa sandali ng iftár at sa sandali ng sahur, sa laylatu'lqadr, at sa Araw ng 'Arafah. ✱ Sa mga mahal na pook: sa masjid sa pangkalahatan, sa tabi ng Ka'bah lalo na sa tabi ng pinto nito, sa tabi ng Maqám Ibráhím (AS), sa ibabaw ng Safá at Marwah, sa 'Arafát, sa Muzdalifah, sa Miná sa araw ng Hajj, sa paginom ng tubig ng Zamzam, at iba pa.

**2. Ang mga kubling kadahilanan. Bago magsagawa ng panalangin:** ang pagsasagawa muna ng totoong pagbabalik-loob; ang pagpapanumbalik sa mga nakuhang labag sa katarungan; na ang pagkain, ang inumin, ang kasuutan, at ang tirahan ay mula sa kinitang halál; ang pagpaparami ng mga pagtalima kay Allah; ang pag-iwas sa mga ipinagbabawal; ang pagpipigil sa sarili sa mga bagay na mapaghihinalaan at mga hilig ng laman. Sa sandali ng panalangin: ang pagkatuon ng puso, ang pagtitiwala kay Allah, ang lakas ng pag-asa, ang pagpapakalinga sa Kanya, ang pagpapakumbaba, ang pagpupumilit, ang pagpapaubaya ng kapakanan sa Kanya, ang pagputol ng pagtingin sa iba pa sa Kanya, at ang pagkadama ng katiyakan sa pagtugon.

**Ang mga nakahahadlang sa pagtugon sa panalangin.** Maaaring dumadalangin ang isang tao ngunit hindi siya tinutugon o nababalam ang pagtugon. Ang mga kadahilanan ay marami, na ang ilan ay ang sumusunod. ✱ Ang pagdalangin sa iba pa kay Allah kasama kay Allah. ✱ Ang pagdedetalye sa panalangin gaya ng

pagpapakupkop laban sa INIT ng Impiyerno, sa SIKIP nito, at sa KADILIMAN nito, yayamang makasasapat na magpakupkop laban sa IMPIYERNO lamang. \* Ang pagdalangin ng isang Muslim laban sa kapwa niya Muslim o sa iba pa nang labag sa katarungan. \* Ang pagdalangin na humihiling ng kasalanan at pagpuputol sa ugnayan sa kaanak. \* Ang pag-uugnay ng panalangin sa kalooban ni Allah sa pamamagitan ng pagsabi ng ganito: O Allah patawarin Mo ako kung loloobin Mo, at mga tulad nito. \* Ang pagmamadali sa pagtugon anupa't nakapagsasabi ng ganito: Nanalangin na ako ngunit hindi pa ako tinutugon. \* Ang panghihinawa o ang pagtigil sa pagdalangin dala ng pagkapagod o pagkasawa sa panalangin. \* Ang pagdalangin nang wala sa loob at nalilingat. \* Ang hindi magandang pag-asal sa harap ni Allah gaya ng narinig ng Propeta (SAS) sa isang lalaki na dumadalangin sa mga saláh nito ngunit hindi dumadalangin para sa Propeta (SAS) kaya nagsabi ang Propea: “Nagmadali ito” at pagkatapos ay tinawag niya ito at sinabihan ito o ang iba pa rito: “Kapag nagdasal ang bawat isa sa inyo ay magsimula siya sa pamamagitan ng pagpuri kay Allah at pagbubunyi sa Kanya, pagkatapos ay dumalangin siya para sa Propeta, at pagkatapos ay dumalangin siya matapos niyon ng anumang loloobin niya;” isinalaysay ito ni Imám atTirmidhí. \* Ang pagdalangin humihiling ng isang bagay na natapos nang pagpasyahan gaya ng panalangin humihiling ng buhay na walang hanggan sa lupa.<sup>1</sup> \* Ang pilit na matulaing pagbigkas ng panalangin; nagsabi si Allah (7:55): **Manalangin kayo sa Panginoon ninyo nang may pagpapakumbaba at paglilihim. Tunay na hindi Niya iniibig ang mga lumalabag sa hangganan.** Nagsabi naman si Ibnu ‘Abbás: “Kaya magingat kayo sa matulaing pagbigkas ng panalangin; iwasan ninyo ito, sapagkat tunay na ako ay nakababatid sa Sugo ni Allah (SAS) at sa mga Kasamahan niya: wala silang ginagawa kundi iyon.” Ang ibig niyang sabihin ay: Wala silang ginagawa kundi ang pag-iwas na iyon. \* Ang pagpapalabis sa pagtataas ng tinig sa panalangin. Nagsabi si Allah (17:110): Huwag mong lakasan ang dasal mo at huwag mong ibulong ito bagkus maghangad ka sa pagitan niyon ng isang *katamtamang* paraan. Nagsabi naman si ‘Á’ishah (RA): “Ibinaba ito dahil kaugnay sa panalangin.”

**Kaibig-ibig na isaayos ng dumadalangin ang panalangin niya gaya ng sumusunod:** **una:** ang papuri at ang pagbubunyi kay Allah; **ikalawa:** ang pagdalangin para sa Propeta (SAS); **ikatlo:** ang pagbabalik-loob at ang pag-amin sa pagkakasala; **ikaapat:** ang pasasalamat kay Allah sa mga biyaya Niya; **ikalima:** ang pagsisimula agad sa pagdalangin at ang pagsisigasig sa mga masaklaw na panalangin at panalangin napagtibay na itinuro ng Propeta (SAS) o ng Salaf;<sup>2</sup> **ikaanim:** Ang pagwawakas sa panalangin sa pamamagitan ng panalangin para sa Propeta (SAS).

<sup>1</sup> Napagpasyahan na ni Allah na ang tao ay hindi mamumuhay nang walang hanggan sa lupa kaya hindi na ito maaaring hilingin pa sa panalangin.

<sup>2</sup> Kadalasang tumutukoy ang katawagang ito sa unang tatlong salinlahi ng mga Muslim bagamat maaaring mangahulugan ito na mga matuwid na sinaunang Muslim o mga naunang salinlahing Muslim.

## Ang mga Mahalagang Panalanging Nararapat na Isaulo

Ang Dahilan	Ang Panalangin: Sinabi ng Propeta (SAS)
<b>Bago at Matapos Matulog</b>	<b>Bi-smika -lláhumma amútu wa ahyá.</b> (Sa ngalan Mo, o Allah, nabubuhay ako at mamatay ako.) Kapag nagising ay sasabihin: <b>Alhamdu lilláhi -lladhí ahyáná ba'da má amátaná wa ilayhi -nnushúr.</b> (Ang papuri ay ukol kay Allah na nagbigay-buhay sa atin matapos nagbigay-kamatayan sa atin, at tungo sa Kanya ang pagkabuhay.)
<b>Ang sinumang may kinatatakutan sa pagtulog.</b>	<b>A'údhu bikalimáti -lláhi -ttámmáti min ghaḍabihi wa 'iqábihi, wa sharri 'ibádihi, wa min sharri hamazáti -shshayátina wa ay yahdurún.</b> (Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allah laban sa galit Niya at parusa Niya, at laban sa kasamaan ng mga lingkod Niya, at laban sa mga pambubuyo ng mga demonyo at sa pagdating nila.)
<b>Kapag nanaginip ng isang panaginip</b>	Kapag nanaginip ang isa sa inyo ng isang panaginip na naiibigan niya, ito ay mula kay Allah lamang. Magpuri siya kay Allah dahil doon at isalaysay niya iyon. Ngunit kapag nanaginip siya ng hindi gayon: panaginip na kabilang sa kinasusuklanan, iyon ay mula sa Demonyo lamang. Magpapakupkop siya kay Allah laban sa kasamaan niyon at huwag niyang babanggitin iyon sa isa man upang iyon ay hindi makapinsala sa kanya.
<b>Ang paglabas sa bahay</b>	<b>Alláhumma inní a'údhu bika an aḍilla aw uḍalla, aw azilla aw uzalla, aw aḥlima aw uḥlama, aw ajhala aw yujhala 'alayya.</b> (O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo upang huwag akong maligaw o mailigaw ako, o matisod ako o maitisod ako, o mang-api ako o maapi ako, o gumawa ako ng kahangalan o gawin ang kahangalan sa akin.)
<b>Ang pagpasok sa masjid</b>	Kapag papasok sa masjid ay iuuna ang kanang paa at magsasabi: <b>Bismi -lláh, wa-ssalámu 'alá rasúli -lláh, alláhumma -ghfir lí dhunúbí wa -ftah lí abwába rahmatik.</b> (Sa ngalan ni Allah; ang pangangalaga ay sa Sugo ni Allah. O Allah, patawarin Mo ako sa mga pagkakasala ko at buksan Mo para sa akin ang mga pinto ng awa Mo.)
<b>Ang paglabas sa masjid</b>	Kapag lalabas sa masjid ay iuuna ang kaliwang paa at magsasabi: <b>Bismi -lláh, wa-ssalámu 'alá rasúli -lláh, alláhumma -ghfir lí dhunúbí wa -ftah lí abwába fadlik.</b> (Sa ngalan ni Allah; ang pangangalaga ay sa Sugo ni Allah. O Allah, patawarin Mo ako sa mga pagkakasala ko at buksan Mo para sa akin ang mga pinto ng kabutihang-loob Mo.)
<b>Ang pagbati sa bagong kasal</b>	<b>Báraka -lláhu lak, wa báraka 'alayk, wa jama'a baynakumá fí khayr.</b> (Ipagkaloob ni Allah sa iyo ang pagpapala, panatilihin Niya sa iyo ang pagpapala, at pagsamahin Niya kayo sa kabutihan.)
<b>Ang sinumang nakarinig ng tilaok ng tandang, ungo ng asno, at tahol ng aso</b>	Kapag nakarinig kayo ng ungo ng mga asno ay magpapakupkop kayo kay Allah laban sa kasamaan nito sapagkat ang mga iyon ay nakakita ng isang demonyo. Kapag nakarinig kayo ng tilaok ng tandang ay humingi kayo kay Allah ng kabutihang-loob Niya sapagkat iyon ay nakakita ng isang anghel. Kapag nakarinig kayo ng tahol ng aso at ungo ng asno sa gabi ay magpapakupkop kay Allah...
<b>Ang sinumang nagpaalam sa iyo na siya ay nagmamahal sa</b>	Ayon kay Anas (RA): May isang lalaki na nasa tabi ng Propeta (SAS). May isang lalaki na dumaan kaya nagsabi iyon: "O Sugo ni Allah, tunay na ako ay talagang umiibig sa taong iyon." Kaya naman nagsabi rito ang Propeta (SAS): " <b>Ipinabatid mo sa kanya?</b> " Nagsabi iyon: "Hindi po." Nagsabi siya: " <b>Ipinabatid mo sa kanya.</b> " Kaya hinabol nito iyon at sinabi:

<b>iyo alang-alang kay Allah</b>	“Tunay na ako ay nagmamahal sa iyo alang-alang kay Allah.” Nagsabi naman iyon: “Pinaibig ka Niya na umibig ka sa akin dahil sa Kanya.” <sup>1</sup>
<b>Kapag bumahin ang kapatid mong Muslim</b>	Kapag bumahin ang isa sa inyo ay magsabi ng <b>alḥamdu lillāh</b> ( <i>Ang papuri ay ukol kay Allah</i> ). Magsabi naman ang kapatid niya [sa Islam] o ang kasama niya ng <b>yarḥamuka -llāh</b> ( <i>Kaawaan ka ni Allah</i> ). Kaya kapag nagsabi sa kanya ng <b>yarḥamuka -llāh</b> ay magsabi naman siya rito ng <b>yahdīkumu -llāh wa yuṣliḥu bālakum</b> ( <i>Patnubayan kayo ni Allah at pabutihin nawa Niya ang kalagayan ninyo</i> ). Kapag bumahin ang Kāfir ay magsabi ka sa kanya ng <b>yahdīkumu -llāh</b> at huwag kang magsabi ng <b>yarḥamuka -llāh</b> .
<b>Ang panalangin sa pagdadalam hati</b>	<b>Lá iláha illá -lláhu -l’adhímu -lhalím, lá iláha illá -lláhu rabbu -l’arshi -l’adhím, lá iláha illá -lláhu rabbu -ssamawáti wa rabbu -l’arḍi wa rabbu -l’arshi -l’karím; Alláhu -lláhu rabbí lá ushriku bihi shay’á; Yá hayyu, yá qayyúmu, birahmatika astaghíth; subhána -lláhi -l’adhím.</b> ( <i>Walang [totoong] Diyos kundi si Allah, ang Napakadakila, ang Matimpiin. Walang [totoong] Diyos kundi si Allah, ang Pangioon ng tronong napakadakila. Walang [totoong] Diyos kundi si Allah, ang Panginoon ng mga langit at lupa at ang Panginoon ng tronong marangal. Si Allah, si Allah ay Panginoon ko; hindi ako nagtatambal sa Kanya ng anuman. O Buháy, o Tagapagpanatili, sa pamamagitan ng awa Mo ay nagpapasaklolo ako. Kaluwalhatian kay Allah, ang Dakila.</i> )
<b>Ang panalangin laban sa mga kaaway</b>	<b>Alláhumma munzila -lkitáb, sarí’a -lhisáb, ihzimi -l’ahzáb, alláhumma -hzimhum wa zalzilhum.</b> ( <i>O Allah, ang Tagapagbaba ng kasulatan, ang Mabilis sa pagtutuos, gapiin Mo ang mga magkakampi; o Allah gapiin Mo sila, yanigin Mo sila.</i> )
<b>Kapag nahirapan sa isang bagay</b>	<b>Alláhumma lá saḥla illá má ja’altahu saḥlan wa anta taj’alu -lhuzna idhá shi’ta sahlá.</b> ( <i>O Allah, walang madali kundi ang ginawa Mo na [maging] madali at Ikaw ay gumagawa sa kalungkutan, kapag niloob Mo, na [maging] madali.</i> )
<b>Ang panalangin sa pag-alpas sa utang</b>	<b>Alláhumma inní a’údhu bika mina -lhammi wa -lhuzni wa -l’ajzi wa -l’kasli wa -lbukhli wa -l’jubni, wa ḍala’i -ddayn wa ghalbati -rrijál.</b> ( <i>O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa alalahanin, kalungkutan, kawalang-kakayahan, katamaran, karamutan, karuwagan, bigat ng utang, at panggagapi ng mga tao.</i> )
<b>Paggamit ng palikuran</b>	Kapag pumasok sa palikuran ay magsasabi ng: <b>Bismi -llāh, alláhumma inní a’údhu bika mina -l’khubthi wa -l’khabá’ith.</b> ( <i>Sa ngalan ni Allah; o Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa mga lalaking demonyo at mga babaeng demonyo.</i> ) Kapag lumabas naman mula roon ay magsasabi ng: <b>Ghufrának.</b> ( <i>[Hinihingi ko] ang kapatawaran Mo.</i> )

<sup>1</sup> Ang pag-ibig na tinutukoy rito ay ang pag-ibig ng mananampalataya sa kapwa mananampalataya, pag-ibig na bunsod ng pananampalataya at alang-alang kay Allah at hindi isang romantikong pag-ibig.

<b>Mga panggagambala ng Demonyo sa <u>ṣaláh</u></b>	Iyan ay isang demonyo na tinatawag na Khinzab kaya kapag naramdaman mo siya ay magpakupkop ka kay Allah laban sa kanya <sup>1</sup> at dumura <sup>2</sup> ka sa gawing kaliwa mo nang tatlong ulit.
<b>Sa sandali ng pagkapatirapa</b>	<b>Alláhumma -ghfir lí dhambí kullahu diqqahu wa jillahu, wa awwalahu wa ákhirahu, wa ‘alániyatahu wa sirrahu; subhánaka rabbí wa bihamdika, alláhumma -ghfir lí; alláhumma, inní a‘údhú biridáka min sakhtika, wa bimu‘áfátika min ‘uqúbatika, wa a‘údhú bika minka; lá uhsí thaná’an ‘alayka, anta kamá athnayta ‘alá nafsika.</b> (O Allah patawarin Mo ako sa pagkakasala ko: sa lahat ng ito, kaliit-liitan nito at kalaki-lakihan nito, una nito at huli nito, at hayagan nito at lihim nito. Kaluwalhatian sa Iyo, o Panginoon ko at kalakip ng papupuri sa Iyo. O Allah patawarin Mo ako. O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa kasiyahan Mo laban sa pagkayamot Mo, sa pagpapaumanhin Mo laban sa pagpaparusa Mo; nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa Iyo. Hindi ako makabibilang ng pagbubunyi sa Iyo. Ikaw ay gaya ng pagbunyi Mo sa sarili Mo.)
<b>Pagpapatirapa sa sandali ng pagbigkas ng Qur’an<sup>3</sup></b>	<b>Alláhumma laka sajadtu, wa bika ámantu, wa laka aslamtu, sajada wajhí lilládhí khalaqahu wa ṣawwarahu, wa shaqqa sam‘ahu wa basarahu, tabáraka -lláhu aḥsana -lkháliqín.</b> (O Allah, sa Iyo ako nagpatirapa, sa Iyo ako sumampalataya, at sa Iyo ako nagpasakop. Nagpatirapa ang mukha ko sa Kanya na lumikha rito, nag-anyo rito, nagbukas sa pandinig at paningin nito. Napakamapagpala ni Allah, ang pinamagaling sa mga tagalikha.)
<b>Du‘á’ al’Istiftáh</b>	<b>Alláhumma bá‘id bayní wa bayna khatáyáya kamá bá‘adta bayna -lmashriqi wa -lmaghribi. Alláhumma naqqíní mina -lkhatáyá kamá yunaqqa -ththawbu -l’abyadu mina -ddanas; alláhumma -ghsil khatáyáya bi-lmá’i wa -ththalji wa -lbarad.</b> (O Allah, paglayuin Mo ako at ang mga kamalian ko gaya ng pagpalayo mo sa silangan at kanluran. O Allah, dalisayin Mo ako mula sa mga kamalian gaya ng pagkakadalisay sa puting kasuutan mula sa karumihan. O Allah, hugasan Mo ang mga kamalian ko ng tubig, yelo at niyebe.)
<b>Katapusan ng <u>ṣaláh</u></b>	<b>Alláhumma inní dhalamtu nafsí dhulman kathirá, wa lá yaghfiru -dhdhunúba illá anta, fa-ghfir lí maghfiratam min ‘indika wa -rḥamní, innaka anta -lghafúru -rrahím.</b> (O Allah, tunay na ako ay lumabag sa katarungan sa sarili ko nang maraming paglabag at walang nagpatawad sa mga pagkakasala kundi Ikaw kaya magpatawad ka sa akin ng isang kapatawarang mula sa Iyo at kaawaan Mo ako; tunay na Ikaw ay ang Mapagpatawad, ang Maawain.)
<b>Matapos ang <u>ṣaláh</u></b>	<b>Alláhumma a‘inní ‘alá dhikrika wa shukrika wa ḥusni ‘ibádatik.</b> (O Allah, tulungan Mo ako sa pag-aalaala sa Iyo, pagpapasalamat sa Iyo, at pagpapahusay sa pagsamba sa Iyo.)
<b>Ang sinumang ginawan ng nakabubuti</b>	Ang sinumang ginawan ng isang nakabubuti at nagsabi sa gumawa nito ng <b>jazáka -lláhu khayrá</b> (Gantihan ka ni Allah ng mabuti) ay nagpakalubus-lubos sa pagbubunyi. Tutugon naman ang huli sa pamamagitan ng pagsabi niya ng <b>jazák</b> (Gantihan ka Niya) o <b>wa iyyák</b> (at sa iyo rin).

<sup>1</sup> Magsabi ka ng a‘údhú bi-lláhi mina -shshaytáni -rrajím (Nagpapakupkop ako kay Allah laban sa Demonyong isinumpa).

<sup>2</sup> Nang walang kasamang laway.

<sup>3</sup> Sujúdu -tiláwáh sa Arabe. Binibigkas ito kapag narinig o nabigkas ang mga talata ng Qur’an na nagsasaad ng pagpapatirapa kay Allah.

<p><b>Kapag nakakita ng ulan</b></p>	<p><b>Alláhumma sayyiban náfi‘á.</b> (O Allah, [gawin Mo ito na] isang ulan na napakikinabangan.) Sabihin nang dalawa o tatlong ulit.</p> <p><b>Muṭirná bifadli -lláhi wa rahmatih.</b> (Inulan tayo dahil sa kabutihang-loob ni Allah at awa Niya.) Mananalangin ng anumang loloobin sapagkat ang panalangin ay tinutugon sa sandali ng pagbuhos ng ulan.</p>
<p><b>Kapag bumugso ang hangin</b></p>	<p><b>Alláhumma inní as‘aluka khayrahá, wa khayra má fihá, wa khayra má ursilat bihi, wa a‘údhū bika min sharrihá, wa sharri má fihá, wa sharri má ursilat bih.</b> (O Allah, tunay na ako ay humihingi sa Iyo ng kabutihan nito, ng kabutihan ng nasa loob nito, at ng kabutihan ng bagay na ipinadala kalakip nito. Nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa kasamaan nito, sa kasamaan ng nasa loob nito, at sa kasamaan ng bagay na ipinadala kalakip nito.)</p>
<p><b>Mga masaklaw na panalangin ipinandalangin ng Propeta (SAS)</b></p>	<p><b>Alláhumma inní a‘údhū bika min sú‘i -lqadá‘ wa min daraki -shshaqá‘i wa min shamátati -l‘a‘dá‘i wa min jahdi -lbalá‘.</b> (O Alláh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kasagwaan ng tadhana, laban sa kahihitnan ng kasawian, laban sa galak ng mga kaaway, at laban sa pahirap ng masaklap na pagsubok.)</p> <p><b>Alláhumma -ghfir lí khatí‘atí wa jahlí wa isráfi fí amrí kullíhi wa má anta a‘lamu bihi minní, alláhumma -ghfir lí jiddí wa hazlí wa khat‘í wa ‘amadí wa kullu dhálika ‘indí, alláhumma -ghfir lí má qaddamtu wa má akhkhartu wa má asrartu wa má a‘lantu anta -lmuqaddimu wa anta -lmu‘akhkhiru wa anta ‘alá kulli shay‘in qadír.</b> (O Allah, patawarin Mo ako sa kamalian ko, kamangmangan ko, at pagmamalabis ko sa gawa ko: sa lahat ng ito at anumang Ikaw ay higit na nakaalam doon kaysa sa akin. O Allah, patawarin Mo ako sa [kasalanang bunga ng] pagkaseryoso ko, pagbibiro ko, pagkakamali ko, at pananadya ko. Lahat ng iyon ay buhat sa akin. O Allah, patawarin Mo ako sa [kasalanang] ipinauna ko, ipinahuli ko, inilihim ko, at inihayag ko; Ikaw ang Nagpapauna at Ikaw ang Nagpapahuli, at Ikaw sa bawat bagay ay Makapangyarihan.)</p> <p><b>Alláhumma aslih lí díní -lladhí huwa ‘ismatu amrí wa aslih lí dunyáya -llatí fihá ma‘áshí wa aslih lí ákhirati -llatí fihá ma‘ádí wa -j‘ali -lhayáta ziyádatan lí fí kulli khayrin wa -j‘ali -lmawta ráhatan lí min kulli sharr.</b> (O Allah, ituwid Mo para sa akin ang pananampalataya ko na siyang pananggalang ng kapakanan ko, ituwid Mo para sa akin ang Mundo ko na nasa loob nito ang pamumuhay ko, ituwid mo para sa akin ang Kabilang-buhay ko na nasa loob nito ang pangkabilang-buhay ko, gawin Mo ang buhay na karagdagan para sa akin sa bawat mabuti, at gawin Mo ang kamatayan na kapahingahan para sa akin mula sa bawat kasamaan.)</p> <p><b>Alláhumma inní as‘aluka -lhudá wa -ttuqá wa -l‘afáfa wa -lghiná.</b> (O Allah, tunay na ako ay humihingi sa Iyo ng patnubay, panginigilag sa pagkakasala, kalinisan ng kalooban, at kasapatan.)</p> <p><b>Alláhumma áti nafsí taqwáhá wa zakkihá, anta khayru man zakkáhá, anta walíyuhá wa mawláhá; alláhumma inní a‘údhū bika min ‘ilmin lá yanfa‘, wa min galbin lá yakhsha‘, wa min nafsín lá tashba‘, wa min da‘watin lá yustajábu lahá.</b> (O Allah, bigyan Mo ang kaluluwa ko ng panginigilag nito sa pagkakasala at dalisayin Mo ito; Ikaw ay pinakamabuti na nagdadalisay nito at Ikaw ay Tagatangilik nito at Pinapanginoon nito. O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kaalamang hindi nagdudulot na pakinabang, laban sa puso na hindi nagpapakumbaba, laban sa sarili na hindi nabubusog, at laban sa pagdalangin na hindi tinutugon.)</p> <p><b>Alláhumma inní a‘údhū bika min zawáli ni‘matika wa tahawwuli ‘áfiyatik, wa fujá-ati niqmatik wa jami‘i sakhatik.</b> O Alláh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa paglaho ng biyaya Mo, pagbabagong-anyo ng pangangalaga Mo, pamimigla ng parusa Mo, at lahat ng ikayayamot Mo.</p>

<p><b>Kapag nakita ang bagong buwan</b></p>	<p><b>Alláhu akbar, alláhumma ahilláhu ‘alayná bi-l’imán, wa -ssalámati wa -l’islám, wa -ttawfiqi limá tuhhibbu rabbaná wa tardá, rabbuná wa rabbuka -lláh.</b> (Si Allah ay pinakadakila. O Allah, palitawin Mo itong [buwan] sa ibabaw namin sa katiwasayan, pananampalataya, kaligtasan, Islam, at pagpapaayon sa anumang naiibigan Mo, Panginoon namin, at kinasisiyahan Mo. Ang Panginoon namin at ang Panginoon mo ay si Allah.)</p>
<p><b>Ang magpapaalam sa isang maglalakbay</b></p>	<p><b>Astawdi‘u -lláha dínak, wa amánatak, wa khawátíma ‘amalík.</b> (Ihinahabilin ko sa pangangalaga ni Allah ang relihiyon mo, ang ipinagkatiwala sa iyo, at ang mga pangwakas sa gawain mo.)          Sasagutin naman siya ng maglalakbay sa pamamagitan ng pagsabi niya ng <b>Astawdi‘ukumu -lláha -lladhí lá tadjí‘u ‘indahú wadá‘i‘ah.</b> (Ihinahabilin ko kayo sa pangangalaga ni Allah na hindi mawawala sa piling Niya ang mga ihinabilin sa Kanya.)</p>
<p><b>Ang panalangin sa paglalakbay</b></p>	<p><b>Alláhu akbar, alláhu akbar, alláhu akbar; subhána -lladhí sakhkhara laná hádhá, wa má kunná lahú muqrínín, wa inná ilá rabbiná lamunqalibún; alláhumma inná nas’aluka fí safariná hádhá -lbirra wa -ttaqwá wa mina -l’amali má tardá; alláhumma hawwin ‘alayná safaraná hádhá, wa -tawi ‘anná bu’dah; alláhumma anta -ssáhibu fí -ssafar, wa -lkhalífatu fí -l’ahli; alláhumma inni a‘údhú bika min wa‘thá‘I -ssafar, wa ka‘ábati -lmandhar, wa sú‘I -lmunqalabi fí -lmáli wa -l’ahli.</b> (Si Allah ay pinakadakila, si Allah ay pinakadakila, si Allah ay pinakadakila. Kaluwalhatian sa Kanya na nagpasunod-sunuran sa atin nito, at tayo ay hindi makakakaya nito. Tunay na tayo sa Panginoon natin ay talagang mga magbabalikan. O Allah, tunay na kami ay humihiling sa Iyo sa paglalakbay naming ito ng kabutihan, panginigilag sa pagkakasala, at gawang ikasisiya Mo. O Allah, pagaanin Mo sa amin ang paglalakbay naming ito at paiksiin Mo para sa amin ang layo nito. O Allah, ikaw ang kasama sa paglalakbay at ang pinag-iwanan sa mag-anak. O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa hirap ng paglalakbay, laban sa panglaw ng tanawin, laban sa kasaklapan ng madadatnan sa ari-arian at mag-anak.)          Kapag pauwi na ay sasabihin ang panalanging ito at idagdag ang sumusunod: <b>Áyibúna, tá’ibúna, ‘ábidúna, lirabbiná hámidún.</b> ([Tayo ay] mga umuuwi, na mga nagbabalik-loob, na mga sumasamba, na mga nagpupuri sa Panginoon natin.)</p>
<p><b>Ang panalangin sa pagpunta sa masjid</b></p>	<p><b>Alláhumma -j‘al fí qalbí núran, wa fí lisání núran, wa fí sam‘í núran, wa fí basrí núran, wa min fawqí núran, wa min tahtí núran, wa ‘an yamíní núran, wa ‘an shimálí núran, wa min amámí núran, wa min khalfí núrá; wa -j‘al fí nafsí núran; wa a‘dhim lí núran; wa ‘adhdhim lí núran; wa -j‘al lí núran; wa -j‘alni núran; alláhumma a‘tiní núran; wa -j‘al fí ‘asabí núran, wa fí lahmí núran, wa fí damí núran, wa fí sha‘rí núran, wa fí basharí núran.</b> (O Allah, maglagay Ka sa puso ko ng liwanag,<sup>1</sup> sa dila ko ng liwanag, sa pandinig ko ng liwanag, sa paningin ko ng liwanag, sa itaas ko ng liwanag, sa ilalim ko ng liwanag, sa harapan ko ng liwanag, at sa likuran ko ng liwanag. Maglagay Ka sa sarili ko ng liwanag. Magpalaki Ka para sa akin ng liwanag. Magpalakas Ka para sa akin ng liwanag. Maglagay ka para sa akin ng liwanag. Maglagay Ka sa akin ng liwanag. O Allah, bigyan Mo ako ng liwanag. Maglagay ka sa litid ko ng liwanag, sa laman ko ng liwanag, sa dugo ko ng liwanag, sa buhok ko ng liwanag, sa balat ko ng liwanag.)</p>

<sup>1</sup> Ang tinutukoy ng liwanag ay ang tanglaw ng katotohanan at paglilinaw nito.

*Kapag nagbalak ang isa sa inyo ng isang bagay ay magdasal siya ng dalawang rak'ah na hindi isinatungkuling [ṣalāh]. Pagkatapos ay sabihin niya: **Allāhumma innī astakhíruka bi'ilmika, wa astaqdiruka biqdratik, wa as'aluka min fadlika -l'adhím, fa'innaka taqdiru wa lá aqdir, wa ta'lamu wa lá a'lam, wa anta 'allámu -lghuyúb. Allāhumma in kunta ta'lamu anna hádha -l'amra** [banggitin dito ang kailangan] **khayrun lí fí díní wa ma'áshí wa 'áqibati amrí, fa-qdurhu lí wa yassirhu lí, thumma bárik lí fíhi, wa in kunta ta'lamu anna hádha -l'amra sharrun lí fí díní wa ma'áshí wa 'áqibati amrí, fa-ṣrifhu 'anní wa -ṣrifní 'anhu, wa -qdur liya -lkhayra haythu kána thumma arḍíní bih.** (O Allah, sumasangguni ako sa Iyo sa pamamagitan ng kaalaman Mo. Humihiling ako sa Iyo ng kakayahan sa pamamagitan ng kakayahan Mo. Humihingi ako mula sa dakilang kabutihang-loob Mo, sapagkat tunay na Ikaw ay nakakakaya at hindi ako nakakakaya, at nakaalam Ka at hindi ako nakaalam at Ikaw ay ang pinakanakaalam sa mga nakalingid. O Allah, kung nalalaman Mo na ang bagay na ito [banggitin dito ang kailangan] ay mabuti para sa akin: sa relihiyon ko, pamumuhay ko at kahihinatnan ng balak ko ay itakda Mo na mangyari ito sa akin at pagaanin Mo ito para sa akin, pagkatapos ay biyayaan Mo ako rito. Kung nalalaman Mo na ang bagay na ito ay masama para sa akin: sa relihiyon ko, pamumuhay ko at kahihinatnan ng balak ko ilayo Mo ito sa akin at ilayo Mo ako rito, at itakda Mo na mangyari sa akin ang mabuti saanman ito, pagkatapos ay palugudin Mo ako dito.)*

**Allāhumma aslamtu nafsí ilayka, wa fawwadtu amrí ilayka, wa wajjahtu wajhi ilayka, wa alja'tu dhahrí ilayka, raghbataw wa rahbatan ilayka, lá malja'a wa lá manjá minka illá ilayka, ámantu bikitábika -lladhí anzalta wa binabíyika -lladhí arsalta.** (O Allah, isinuko ko ang sarili ko sa Iyo, ipinagkatiwala ko ang kapakanan ko sa Iyo, ibinaling ko ang mukha ko sa Iyo, at ikinanlong ko ang likod ko sa Iyo, dahil sa pangingilabot at pagmimithi sa Iyo. Walang makakanlungan at walang matatakas mula sa Iyo malibang sa Iyo. Sumampalataya ako sa Aklat Mo na ibinaba Mo at sa Propeta Mo na isinugo Mo.)

**Alhamdu lilláhi -lladhí at'amaná wa saqáná wa kafáná wa áwáná, fakam mimman lá káfiya lahu wa lá mu'wiya.** (Ang papuri ay ukol kay Allah na nagpakain sa atin, nagpainom sa atin, nagbigay ng kasapatan sa atin, at nagpatira sa atin sapagkat kay rami ng [taong] walang nagbibigay ng kasapatan sa kanya at walang nagpapatuloy.)

**Allāhumma qiní 'adhábaka yawma tab'athu 'ibádák.** (O Allah, iligtas Mo ako sa parusa Mo sa Araw na bubuhayin Mo ang mga lingkod Mo.)

**Subhánaka -lláhumma rabbí waḍa'tu jambí, wa bika arfa'uhu, fa'in amsakta nafsí fa-rḥamhá, wa in arsaltahá fa-hfadhhá bimá tahfadhu bihi 'ibádaká -ssálihín.** (Kaluwalhatian sa Iyo, o Allah. Panginoon ko ay inilalapag ko ang tagiliran ko, at sa Iyo ay iaangat ko ito. Kaya kung kukunin Mo ang kaluluwa ko ay kaawaan Mo ito, at kung pabalikin Mo ito ay pangalagaan Mo ito sa pamamagitan ng ipinangangalaga Mo sa mga lingkod Mong matutuwid.)

Ihip sa mga kamay at bibigkasin sa wikang Arabe ang Súrah 113 at Súrah 114 at ihahaplos ang mga kamay sa katawan. Hindi matutulog [hangga't maaari] sa bawat gabi malibang nabigkas sa wikang Arabe ang Súrah 32 (asSajdah) at ang Súrah 67 (alMulk).

<sup>1</sup> Paghingi ng patnubay kay Allah sa isang pasyang gagawin.



Talaga ngang itinangi ni Allah ang tao higit sa lahat ng mga nilikha. Ibinukod Niya iyon sa pamamagitan ng biyaya ng pagsasalita at ginawa Niya ang kasangkapan nito, ang dila. Ito ay isang biyayang nagagamit sa kabutihan at kasamaan. Kaya ang sinumang gumamit ng biyayang ito sa kabutihan ay pararatingin siya nito sa kaligayahan sa Mundo at sa mga kalagayang napakataas sa Paraiso. Ngunit ang sinumang gumamit nito sa iba pa roon ay ihahatid siya nito sa mga kapahamakan sa Mundo at Kabilang-buhay. Ang pinakamainam na magagamit sa pakikinabang ng oras matapos ang pagbabasa ng Qur'an ay ang pagsambit ng dhikr<sup>1</sup> kay Allah.

**Ang kainaman ng dhikr kay Allah.** May nasaad na maraming *hadíth* hinggil dito. Ang ilan dito ang sinabi ng Sugo (SAS): *Hindi ba ako magbabalita sa inyo ng tungkol sa higit na mabuti sa mga gawain ninyo, higit na dalisay sa mga ito para sa Hari ninyo, higit na nakaangat sa mga ito sa mga antas ninyo, higit na mabuti para sa inyo kaysa sa paggugol ng ginto at pilak, higit na mabuti para sa inyo kaysa sa makatagpo ninyo ang kaaway ninyo at saka tatagain ninyo ang mga leeg nila at tatagain naman nila ang mga leeg ninyo?* Sinabi nila: Siya nga po. Sinabi niya: *Ang pag-alaala kay Allah.* Isinalaysay ito ni Imám atTirmidhí.

**Ang sabi pa ng Sugo (SAS):** *Ang paghahalintulad sa isang nag-aalaala sa Panginoon niya at sa isang hindi nag-aalaala sa Panginoon niya ay tulad ng buhay at patay. Muttafaq 'Alayhi.*

**Nagsabi si Allah sa *Hadíth Qudsí*:** *Ako ay ayon sa palagay ng lingkod Ko sa Akin at Ako ay kasama niya kapag binanggit niya Ako. Kaya kung binanggit niya Ako sa sarili Niya ay binanggit Ko rin siya sa sarili Ko. Kung binanggit niya Ako sa isang madla ay binanggit Ko rin siya sa isang madla na mainam kaysa sa kanila. Kung nagpakalapit siya sa Akin ng isang dangkal ay nagpakalapit naman Ako sa kanya ng isang bisig.*

**Ang sabi pa ng Sugo (SAS):** *“Nauna ang mga mufarrid.”* Nagsabi sila: “At ano po ang mufarrid, o Sugo ni Allah?” Nagsabi siya: *“Ang mga lalaking nag-aalaala kay Allah nang madalas at ang mga babaing nag-aalaala.”* Isinalaysay ito ni Imám Muslim.


Ang sabi pa ng Sugo (SAS) habang nagtatagubilin sa isa sa mga Kasamahan niya: *Hindi titigil ang dila mo sa pagiging basa dahil sa pag-alaala kay Allah.* Isinalaysay ito ni Imám atTirmidhí. May iba pang mga *hadíth*.

**Ang Pag-iibayo ng mga gantimpala.** Nag-iibayo ang mga gantimpala sa mga matuwid na gawain gaya ng pag-iibayo ng gantimpala sa pagbabasa ng Qur'an. Iyon ay dahil sa dalawang bagay: **1.** alinsunod sa nilalaman ng puso na pananampalataya, katapatan, pag-ibig kay Allah, at ang mga kaalinsabay nito; **2.** alinsunod sa pagmumuni-muni at pagpapakaabala ng puso sa dhikr sapagkat hindi nararapat na ito ay sa dila niya lamang. Kaya kung nalubos iyon, pagtatakpan ni Allah nang lubos ang mga masagwang gawa niya at bibigyan siya ng buong kabayaran niya. Ang kakulangan ay umaalinsunod din doon.

<sup>1</sup> Ang dhikr ay ang pag-alaala o ang pagsambit. Sa Islam, ito ay ang anumang pananalita o pangungusap na sinasambit sa pag-alaala kay Allah bilang papuri, pagluluwalhati, at panalangin sa Kanya.

**Ang mga pakinabang ng dhikr.** Nagsabi si Shaykh al'Islám: Ang dhikr para sa puso ay gaya ng tubig para sa isda. Kaya papaano na ang kalagayan ng isda kapag nahawalay ito sa tubig?

- \* Nagsasanhi ito ng pag-ibig kay Allah, pagkalapit sa Kanya, kasiyahan Niya, pagkatakot sa Kanya, panginigilabot sa Kanya, pagbabalik-loob sa Kanya, pagbabalik sa Kanya, nakatutulong sa pagtalima sa Kanya.
- \* Nag-aalis ito ng ligalig at lumbay sa puso, naghahatak ng galak, at nagdudulot sa puso ng buhay, lakas, at kadalisan.
- \* Sa puso ay may pangangailangan at kakulangan na walang makatutugon kundi ang pagsambit ng dhikr kay Allah, at katigasang walang makatutunaw at makapagpapalambot kundi ang pagsambit ng dhikr kay Allah.
- \* Ang lunas ng puso, ang gamot nito, ang lakas nito, at ang sarap nito na walang makatutumbas sa sarap; ang pagkalingat ang sakit nito.
- \* Ang kakauntian nito ay patunay ng pagkukunwari sa pananampalataya, ang dami nito ay patunay sa lakas ng pananampalataya at katapatan ng pag-ibig kay Allah dahil ang sinumang umibig sa isa ay dinadalasan niya ang pag-aalaala roon.
- \* Ang tao kapag nakakilala kay Allah sa pamamagitan ng pagsambit ng dhikr sa Kanya sa panahon ng kaginhawahan ay kikilalanin siya [ni Allah] sa panahon ng kagipitan, lalo na sa sandali ng kamatayan at paghihingalo niya.
- \* Isang dahilan sa kaligtasan mula sa parusa ni Allah at sa pagpapababa [ni Allah] ng katiwasayan, paglulukob ng awa, at paghingi ng tawad ng mga anghel.
- \* Magpapakaabala rito ang dila sa halip na sa kabalbalan, panlilibak, paninirang-puri, pagsisinungaling, at iba pang mga kinasusuklaman at mga ipinagbabawal.
- \* Ang pinakamadali sa mga pagsamba, at kabilang sa pinakakapita-pitagan at pinakamainam sa mga ito. Ito ay pananim sa Paraiso.
- \* Dinadamitan ang nag-aalaala ng dignidad, karikitan, kaaliwalasan ng mukha. Ang dhikr ay liwanag sa Mundo, sa puntod, at sa Kabilang-buhay.
- \* Nagiging dahilan ng basbas ni Allah at pagdalangin ng mga anhel ng basbas para sa sumasambit ng dhikr. Ipagkakapuri ni Allah ang mga sumasambit ng dhikr sa mga anghel Niya.
- \* Ang pinakamainam sa mga taong may mga gawang pagsamba ay ang pinakamarami sa kanila sa pagsambit ng dhikr kay Allah, kaya naman ang pinakamainam sa mga nag-aayuno ay ang pinakamarami sa kanila sa pagsambit ng dhikr kay Allah sa sandali ng pag-aayuno niya.
- \* Pinadadali nito ang mahirap, pinagiginhawa nito ang di-maginhawa, pinagagaan nito ang mabigat, hinahatak nito ang panustos, at pinalalakas nito ang katawan.
- \* Itinataboy nito ang demonyo, sinsupil iyon, hinihiya iyon, at hinahamak iyon.



**Ang Pang-araw-araw ng Panalangin sa Umaga at Gabi**

N	Ang Pang-araw-araw na Panalangin	Bilang at Oras	Epekto at kainaman nito
1	Ang Áyatulkursí <sup>1</sup>	Sa umaga at gabi, bago matulog, at matapos ang limang saláh	Hindi siya lalapitan ng demonyo at isang dahilan sa pagpasok sa Paraiso
2	Ang dalawang huling áyah ng Súrah alBaqarah 285-286 <sup>2</sup>	Sa gabi at bago matulog	Makasasapat na sa kanya laban sa mga kasamaan ng bawat bagay
3	Súrah 112, Súrah 113, at Súrah 114 <sup>3</sup>	3 ulit sa umaga at 3 ulit sa gabi	

اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ الْحَيُّ الْقَيُّومُ لَا تَأْخُذُهُ سِنَّةٌ وَلَا نَوْمٌ لَهُ مَا فِي السَّمَاوَاتِ وَمَا فِي الْأَرْضِ مَنْ ذَا الَّذِي يَشْفَعُ عِنْدَهُ إِلَّا بِإِذْنِهِ يَعْلَمُ مَا بَيْنَ أَيْدِيهِمْ وَمَا خَلْفَهُمْ وَلَا يُحِيطُونَ بِشَيْءٍ مِّنْ عِلْمِهِ إِلَّا بِمَا شَاءَ وَسِعَ كُرْسِيُّهُ السَّمَاوَاتِ وَالْأَرْضَ وَلَا يَئُودُهُ حِفْظُهُمَا وَهُوَ الْعَلِيُّ الْعَظِيمُ

**Alláhu lá iláha illá huwa -lhayyu -lqayyúm, lá ta'k'udhuhú sinatuw wa lá nawm, lahú má fi -ssamáwátí wa má fi -l'ard; man dhá -lladhí yashfa'u 'indahú illá bi'idhnih, ya'lamu má bayna aydihim wa má khalfahum: wa lá yuhítuna bishay'im min 'ilmihí illá bimá shá', wasi'a kursiyuhu -ssamáwátí wa -l'ard: wa lá ya'úduhú hifdhuhumá, wa huwa -l'alíyu -l'dhím.**

Si Allah, walang Diyos kundi Siya, ang Buháy, ang Tagapagpanatili. Hindi Siya nadadala ng antok ni ng pagkatulog. Sa Kanya ang anumang nasa mga langit at ang anumang nasa lupa. Sino kaya itong makapamamagitan sa Kanya kung walang kalakip na pahintulot Niya? Nalalaman Niya ang hinaharap nila at ang nakaraan nila. Hindi sila makasasaklaw sa anuman mula sa kaalaman Niya maliban sa anumang niloob Niya. Nasakop ng luklukan Niya ang mga langit at ang lupa. Hindi nakabibigat sa Kanya ang pangangalaga sa mga ito. Siya ay ang Matgas, ang Napakadakila.

ءَامَنَ الرَّسُولُ بِمَا أُنزِلَ إِلَيْهِ مِنْ رَبِّهِ وَالْمُؤْمِنُونَ كُلٌّ ءَامَنَ بِاللَّهِ وَمَلَيْكِهِ وَكُتُبِهِ وَرُسُلِهِ لَا نُفِرُّ بِنِعْمَةِ رَبِّنَا وَلَوْ أَن سَمِعْنَا وَأَطَعْنَا غَفَرَ لَكَ رَبَّنَا وَإِلَيْكَ الْمَصِيرُ ﴿٢٨٥﴾ لَا يُكَلِّفُ اللَّهُ نَفْسًا إِلَّا وُسْعَهَا لَهَا مَا كَسَبَتْ وَعَلَيْهَا مَا اكْتَسَبَتْ رَبَّنَا لَا تُؤَاخِذْنَا إِن نَّسِينَا أَوْ أَخْطَأْنَا رَبَّنَا وَلَا تَحْمِلْ عَلَيْنَا إِصْرًا كَمَا حَمَلْتَهُ عَلَى الَّذِينَ مِنْ قَبْلِنَا رَبَّنَا وَلَا تُحَمِّلْنَا مَا لَا طَاقَةَ لَنَا بِهِ وَاعْفُ عَنَّا وَارْحَمْنَا أَنْتَ مَوْلَانَا فَانصُرْنَا عَلَى الْقَوْمِ الْكَافِرِينَ ﴿٢٨٦﴾

<sup>285</sup> **Ámana -rrasúlu bimá unzila ilayhi mir rabbihí wa -lmu'mínún, kullun ámana bi'lláhi wa malá'ikatihí wa kutubihí wa rusulihí lá nufarriqu bayna ahadim mir rusulih, wa qálú sami'ná wa ata'ná: ghufránaka rabbaná wa ilayka -lmasir, <sup>286</sup> lá yukallifu -lláhu nafsán illá wus'ahá, lahá má kasabat wa 'alayhá má -ktasabat; rabbaná lá tu'ákhidhná in nasíná aw akhta'ná, rabbaná wa lá tahmil 'alayná isran kamá hamaltahú 'ala -lladhína min qabliná, rabbaná wa lá tuhamminá má lá táqata laná bihi: wa -fu 'anná wa -ghfir laná wa -rhamná, anta mawláná fa-nsurná 'ala -lqawmi -lkáfirín.** Sumampalataya ang Sugo sa anumang ibinaba sa kanya mula sa Panginoon niya at gayon din ang mga manampalataya. Bawat isa ay sumampalataya kay Allah, sa mga anghel Niya, sa mga kasulatan Niya, at sa mga sugo Niya. "Hindi kami nagtatangi sa isa man sa mga sugo Niya," sabi nila. Nagsabi pa sila: "Narinig namin at tumalima kami. Igawad Mo ang kapatawaran Mo, Panginoon namin, at tungo sa Iyo ang kahahantungan." Hindi nag-aatang si Allah sa isang kaluluwa malibang ayon sa kakayahan nito. Tatamasain nito ang kabutihang nakamit nito at pananagutan nito ang kasamaang nakamtan nito. Panginoon namin, huwag Mo kaming sisihin kung nakalimot kami o nagkamali kami. Panginoon namin, huwag Kang magpatong sa amin ng isang pabigat na gaya ng ipinatong Mo sa mga nauna sa amin. Panginoon namin, huwag Mo kaming pagpasanin ng anumang wala kaming lakas doon. Magpaumanhin Ka sa amin, magpatawad Ka sa amin, at maawa ka sa amin. Ikaw ay Palatangkilik sa amin, kaya iadya Mo kami laban sa mga taong tumatangging sumampalataya.

<sup>3</sup> **Súrah 112** ﴿١﴾ قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ ﴿٢﴾ اللَّهُ الصَّمَدُ ﴿٣﴾ لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ ﴿٤﴾ وَلَمْ يَكُنْ لَهُ كُفُوًا أَحَدٌ

Bismi -lláhi -rrahmání -rrahím ﴿١﴾ **Qul huwa -lláhu ahad, ﴿٢﴾ alláhu -ssamad, ﴿٣﴾ lam yalid wa lam yúlad, ﴿٤﴾ wa lam yakul lahú kufuwan ahad.** Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain. <sup>1</sup> Sabihin mo: "Siya, si Allah, ay Iisa. <sup>2</sup> Si Allah ay ang Dulugan sa pangangailangan. <sup>3</sup> Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak, <sup>4</sup> at walang isa na sa Kanya ay naging kapantay."

**Súrah 113** ﴿١﴾ قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ الْفَلَقِ ﴿٢﴾ مِنَ شَرِّ مَا خَلَقَ ﴿٣﴾ وَمِنْ شَرِّ غَاسِقٍ إِذَا وَقَبَ ﴿٤﴾ وَمِنْ شَرِّ النَّفَّاثَاتِ فِي الْعُقَدِ ﴿٥﴾ وَمِنْ شَرِّ حَاسِدٍ إِذَا حَسَدَ

Bismi -lláhi -rrahmání -rrahím ﴿١﴾ **Qul a'údu birabbi -lfalaq, ﴿٢﴾ min sharri má khalaq, ﴿٣﴾ wa min sharri ghásiqin idhá waqab, ﴿٤﴾ wa min sharri -nnaffátháti fi -l'uqad, ﴿٥﴾ wa min sharri**

4	<p>بِسْمِ اللَّهِ الَّذِي لَا يَضُرُّ مَعَ اسْمِهِ شَيْءٌ فِي الْأَرْضِ وَلَا فِي السَّمَاءِ وَهُوَ السَّمِيعُ الْعَلِيمُ</p> <p><b>Bismi -lláhi -lladhí lá yadurru ma'a -smihi shay'un fi -l'arđi wa lá fi -ssamá'i, wa huwa -ssamí'u l'alím.</b></p> <p>Sa ngalan ni Allah na walang makapipinsala sa pangalan Niya na anumang bagay sa lupa ni sa langit at Siya ay ang Nakaririnig, ang Nakaaalam.</p>	3 ulit sa umaga at 3 ulit sa gabi	Hindi siya biglaang dadapuan ng isang masaklap na pagsubok at hindi siya pipinsalin ng anuman.
5	<p>أَعُوذُ بِكَلِمَاتِ اللَّهِ التَّامَّاتِ مِنْ شَرِّ مَا خَلَقَ.</p> <p><b>A 'údhū bikalimáti -lláhi -ttámmáti min sharri má khalāq.</b></p> <p>Nagpapakupkop ako sa mga ganap na salita ni Allah laban sa masama sa nilikha Niya.</p>	3 ulit sa umaga at 3 ulit sa gabi at kapag tumigil sa isang pook	Isang pananggalang para sa mga pook laban sa bawat kapinsalaan.
6	<p>حَسْبِيَ اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ عَلَيْهِ تَوَكَّلْتُ وَهُوَ رَبُّ الْعَرْشِ الْعَظِيمِ</p> <p><b>Hasbiya -lláhu lá iláha illá huwa: 'alayhi tawakkaltu: wa huwa rabbu -l'arshi -l'adhím.</b></p> <p>Sapat na sa akin si Allah, walang [totoong] Diyos kundi Siya; sa Kanya ako nanalig at Siya ang Panginoon ng Tronong Napakadakila.</p>	7 ulit sa umaga at 7 ulit sa gabi	Pangangalagaan siya ni Allah laban sa bumabagabag sa kanya na alalahanin sa Mundo at Kabilang-buhay.
7	<p><b>Rađítu bi-lláhi rabban, wa bi-l'islámi dínan, wa bimuhámmadin ḡalla -lláhu 'alayhi wa sallama nabíyá.</b> Nasiyahan ako kay Allah bilang Panginoon, sa Islam bilang Relihiyon, at kay Muhammad — basbasan siya ni Allah at pangalagaan — bilang Propeta.</p>	3 ulit sa umaga at 3 ulit sa gabi	Bahala na si Allah na pasiyahin siya.
8	<p><b>Sa umaga: Alláhumma bika ašbahná, wa bika amsayná, wa bika nahyá, wa bika namút, wa ilayka -nnushúr.</b></p> <p>O Allah, sa pamamagitan Mo ay inumaga kami, sa pamamagitan Mo ay ginabi kami, sa pamamagitan Mo ay nabubuhay kami, sa pamamagitan Mo ay mamamatay kami, at patungo sa Iyo ang Pagkabuhay.</p> <p><b>Sa gabi: Alláhumma bika amsayná, wa bika amsayná, wa bika nahyá, wa bika namút, wa ilayka -nnushúr.</b></p> <p>O Allah, sa pamamagitan Mo ay ginabi kami, sa pamamagitan Mo ay inumaga kami, sa pamamagitan Mo ay nabubuhay kami, sa pamamagitan Mo ay mamamatay kami, at patungo sa Iyo ang Pagkabuhay.</p>	Isang ulit sa umaga at sa gabi	Nasaad sa Hadíth ang paghihikayat sa pagsambit nito.
9	<p><b>Ašbahná 'alá fitrati -l'islámi wa 'alá kalimati -l'ikhlási wa 'alá dīni nabíyíná muḡammadin ḡalla -lláhu 'alayhi wa</b></p>	Isang ulit sa umaga	Ang Propeta (SAS) ay

**hásidin idhá ḡasad.** Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain. <sup>1</sup> Sabihin mo: “Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng bukapang-liwayway, <sup>2</sup> laban sa kasamaan ng anumang nilikha Niya, <sup>3</sup> at laban sa kasamaan ng madilim na gabi kapag bumalot ito, <sup>4</sup> at laban sa kasamaan ng mga manggagaway na palaihip sa mga buhol, <sup>5</sup> at laban sa kasamaan ng naiinggit kapag naiinggit ito.”

**Súrah 114** قُلْ أَعُوذُ بِرَبِّ النَّاسِ ① مَلِكِ النَّاسِ ② إِلَهِ النَّاسِ ③ مِنْ شَرِّ الْوَسْوَاسِ الْخَنَّاسِ ④ الَّذِي يُوَسْوِسُ فِي صُدُورِ ⑤ النَّاسِ ⑥ مِنَ الْجِنَّةِ وَالنَّاسِ

Bjsmi -lláhi -rrahmáni ① Qul a'údhū birabbi -nnás, ② maliki -nnás, ③ iláhi -nnás, ④ min sharri -lwaswási -lkhannás, ⑤ alladhí yuwaswisu fí sudúr -nnás, ⑥ mina -ljinnati wa -nnás. Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain. <sup>1</sup> Sabihin mo: “Nagpapakupkop ako sa Panginoon ng mga tao, <sup>2</sup> ang Hari ng mga tao, <sup>3</sup> ang Diyos ng mga tao, <sup>4</sup> laban sa kasamaan ng bumubulong na palaurong— <sup>5</sup> na bumubulong sa mga dibdib ng mga tao— <sup>6</sup> na kabilang sa mga jinn at mga tao.”

	<p><b>sallama millata abíná ibráhíma hanífam musliman wa má kána mina -Imushrikín.</b> <i>Inumaga kami sa likas na Relihiyon ng Islam, sa salita ng pagpakawagas, sa Relihiyon ng Propeta naming si Muhammad — basbasan siya ni Allah at pangalagaan — at sa kapaniniwalaan ng ama nating si Abraham bilang makatotoong Muslim at hindi siya kabilang sa mga nagtatambal [kay Allah].</i></p>		nananawaga n noon sa pagsambit nito.
10	<p><b>Sa umaga: Alláhumma má asbaha bí min ni‘matin aw bi’ahadim min khalqika faminka wahdaka lá sharíka laka, falaka -lhamdu wa laka -shshukru.</b> <i>O Allah, ang anumang inumaga sa akin na biyaya o sa isa sa nilikha Mo ay mula sa Iyo: tanging sa Iyo, wala Kang katambal; kaya ukol sa Iyo ang papuri at ukol sa Iyo ang pasasalamat.</i></p> <p>Sa gabi naman ay palitan ang <b>asbaha (inumaga)</b> ng <b>amsá (ginabi)</b>.</p>	Isang ulit sa umaga at sa gabi	Isinagawa niya ang pasasalamat sa maghapon niya at gabi niya.
11	<p><b>Sa umaga: Alláhumma inní asbahtu, ush'hiduka wa ush'hidu hamalata ‘arshika wa malá’ikataka wa jamí‘a khalqika annaka anta -lláhu lá iláha illá anta wahdaka lá sharíka laka wa anna muhammadan ‘abduka wa rasúluka.</b> <i>O Allah, tunay na inumaga ako. Nagpapasaksi ako sa Iyo at nagpapasaksi ako sa mga tagapasan ng trono Mo, sa mga anghel Mo, at sa lahat ng nilikha Mo, na Ikaw ay si Allah, walang [totoong] Diyos kundi Ikaw: tanging Ikaw, wala Kang katambal; at na si Muhammad ay Lingkod Mo at Sugo Mo.</i></p> <p>Sa gabi naman ay palitan ang <b>asbahtu (inumaga ako)</b> ng <b>amsaytu (ginabi ako)</b>.</p>	4 ulit sa umaga at 4 ulit sa gabi	Ang sinumang nagsasabi nito nang apat na ulit ay palalayain siya ni Allah mula sa Apoy.
12	<p><b>Alláhumma fáṭira -ssamáwáti wa -l’ardi, ‘álima -lghaybi wa -shshahádati, rabba kulla shay’in wa malíkahu, ashhadu an lá iláha illá anta, a’údhu bika min sharri nafsí, wa min sharri -shshayṭáni wa shirkíhi, wa an aqtarifa ‘alá nafsí sú’an aw ajurrahu ilá muslim.</b> <i>O Allah, ang Tagapaglalang ng mga langit at lupa, ang Nakaalam sa Nakalingid at Nasasaksihan, Panginoon ng bawat bagay at Tagapagmay-ari nito, sumasaksi ako na walang [totoong] Diyos kundi Ikaw, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa kasamaan ng sarili ko, laban sa kasamaan ng Demonyo at pagtatambal nito, at [laban sa] paggawa ko sa sarili ko ng isang kasagwaan o pagdulot niyon sa isang Muslim.</i></p>	1 ulit sa umaga at 1 ulit sa gabi at sa pagtulog	Mangangalaga ito sa kanya laban sa mga panunulsol ng Demonyo.
13	<p><b>Alláhumma inní a’údhu bika mina -lhammi wa -l’ajzi, wa a’údhu bika mina -lkasli wa -lbukhli wa -ljubni, wa a’údhu bika min ghalabati -ddayni wa qahri -rrijál.</b> <i>O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa alalahanin at kalungkutan, nagpapakupkop sa Iyo laban sa kawalang-kakayahan at katamaran, nagpapakupkop sa Iyo laban sa karamutan at karuwagan, at nagpapakupkop sa Iyo laban sa panggagapi ng utang, at panlulupig ng mga tao.</i></p>	1 ulit sa umaga at 1 ulit sa gabi	Aalisin nito ang ligalig niya at ang lumbay niya, at wawakasan nito ang pagkakautang niya.

14	<p>اللَّهُمَّ أَنْتَ رَبِّي، لَا إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ خَلَقْتَنِي وَأَنَا عَبْدُكَ، وَأَنَا عَلَى عَهْدِكَ وَوَعْدِكَ مَا اسْتَلَمْتُ، أَعُوذُ بِكَ مِنْ شَرِّ مَا صَنَعْتَ، أَبُوءُ لَكَ بِنِعْمَتِكَ عَلَيَّ وَأَبُوءُ بِذَنْبِي فَاغْفِرْ لِي، فَإِنَّهُ لَا يَغْفِرُ الذُّنُوبَ إِلَّا أَنْتَ.</p> <p><b>Alláhumma anta rabbí, lá iláha illá anta, khalaqtaní wa aná ‘abduka, wa aná ‘alá ‘ahdika wa wa’dika ma -staṭa’tu, a’údhu bika min sharri má ṣana’tu, abú’u laka bini’matika ‘alayya, wa abú’u laka bidhambí, faghfir lí fa’innahú lá yaghfiru -dhdhunúba illá anta.</b> <i>O Allah, Ikaw ang Panginoon ko. Walang [totoong] Diyos kundi Ikaw. Nilikha Mo ako at ako ay alipin Mo. Ako ay nasa ilalim ng kasunduan sa Iyo at pangako sa Iyo hanggang sa abot ng makakaya ko. Nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa masama sa nagawa ko. Kinikilala ko sa Iyo ang biyaya Mo sa akin. Inaamin ko sa Iyo ang kasalanan ko; kaya patawarin Mo po ako sapagkat walang nagpapatawad sa mga pagkakasala kundi Ikaw.</i></p>	Ang pangunahing panalangin sa paghingi ng tawad	Ang sinumang nagsabi nito na nakatitiyak dito sa maghapon at namatay sa araw na iyon o sa gabi at namatay sa gabing iyon, siya ay mapabibilang sa mga maninirahan sa Paraiso.
15	<p>يَا حَيُّ يَا قَيُّوْمُ بِرَحْمَتِكَ أَسْتَغِيْثُ أَصْلِحْ لِي شَأْنِي كُلَّهُ وَلَا تَكُنْ لِي نَفْسِي طَرْفَةَ عَيْنٍ.</p> <p><b>Yá hayyu, yá qayyúmu, birahmatika astaghíthu aslih lí sha’ní kullahu wa la takilní ilá nafsí ṭurfata ‘ayn.</b> <i>O Buháy, o Tagapagpanatili, sa pamamagitan ng awa Mo ay nagpapasaklolo ako: ituwid Mo para sa akin ang lahat ng kapakanan ko at huwag Mo akong ipaubaya sa sarili ko [kahit] sa isang kispag ng mata.</i></p>	1 ulit sa umaga at 1 ulit sa gabi	Itinagubilin ito ng Propeta (SAS) kay Fátimah (RA).
16	<p><b>Alláhumma ‘áfiní fí badaní, alláhumma ‘áfiní fí sam’í, alláhumma ‘áfiní fí baṣarí, lá iláha illá anta; alláhumma inní a’údhu bika mina -lkufri wa -lfaqri wa a’údhu bika min ‘adhábi -lqabri, lá iláha illá anta.</b> <i>O Allah, palusugin Mo ako sa katawan ko. O Allah, palusugin Mo ako sa pandinig ko. O Allah, palusugin Mo ako sa paningin ko. Walang [totoong] Diyos kundi Ikaw. O Allah, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kawalang-pananampalataya, karalitaan, at nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa pagdurusa sa libingan. Walang [totoong] Diyos kundi Ikaw.</i></p>	3 ulit sa umaga at 3 ulit sa gabi	Nasaad sa <u>H</u> adíth ang pagdalangin ng Propeta (SAS) sa pamamagitan nito.
17	<p><b>Alláhumma inní as’aluka -l’áfiyata fí díní wa dunyáya wa ahlí wa máli, alláhumma -stur ‘awráti wa ámin raw’átí, alláhumma -hfadhni mim bayna yadayya wa min khalfí wa ‘an yamíní wa ‘an shimáli wa min fawqí, wa a’údhu bi’adhamatika an ughtála min tahtí.</b> <i>O Allah, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng kagalingan sa relihiyon ko, pangmundong buhay ko, mag-anak ko, at ari-arian ko. O Allah, pagtakpan Mo ang mga kahihyan ko at patiwasayin Mo ang mga pangangilabot ko. O Allah, pangalagaan Mo ako mula sa harapan ko at sa likuran ko, sa dakong kanan ko at sa dakong kaliwa ko, at sa itaas ko. Nagpapakupkop ako sa kadakilaan Mo upang hindi ako lamunin mula sa ilalim ko.</i></p>	1 ulit sa umaga at 1 ulit sa gabi	Hindi nangyaring ang Sugo ni Allah (SAS) ay nag-iwan sa mga salitang ito kapag gumagabi at kapag nag-uumaga.
18	<p><b>Subhána -Iláhi wa bihamdihi ‘adada khalqihi wa ridá nafsíhi wa zinata ‘arshihi wa midáda kalimátihi.</b> <i>Kaluwalhatian kay Alláh at kalakip ng papuri sa Kanya ayon sa bilang ng nilikha Niya, ayon sa kasiyahan ng sarili Niya, ayon sa timbang ng trono Niya, at ayon sa [dami ng] tinta [na ipangsusulat] ng mga salita Niya.</i></p>	3 ulit sa umaga	Mainam ulit-ulitin magmula nang umupo para sumambit ng dhikr mula sa madaling-araw hanggang sa umaga.

## Mga Salita at mga Gawa na May Nasaad na mga Dakilang Kabayaran

N	Salita o gawang mainam	Ang kabayaran at gantimpala nito na nasaad sa Sunnah ayon sa sinabi ng Propeta (SAS)
1	<p><b>Lá iláha illa -lláhu wahdahú lá sharíka lah, lahu -lmuulku wa lahu -lhamd, wa huwa ‘alá kulli shay’in qadír.</b></p> <p>Walang [totoong] Diyos kundi si Alláh — tanging Siya, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan.</p>	<p>Ang sinumang magsabi ng: Lá iláha illa -lláhu wahdahú lá sharíka lah, lahu -lmuulku wa lahu -lhamd, wa huwa ‘alá kulli shay’in qadír nang isandaang ulit sa isang araw ay magkakamit siya ng katumbas sa gantimpala ng pagpapalaya ng sampung alipin<sup>1</sup> at magsusulat [sa talaan ng mga gawa niya] ng isandaang mabuting gawa at magpapawi ng isandaang masamang gawa. Magkakaroon siya ng <b>pananggalang laban sa Demonyo</b> sa araw na iyon hanggang sa gumabi. Walang isa mang makagagawa ng higit na mainam pa sa ginawa niya kundi ang bumigkas nang higit pa sa kanya.</p>
2	<p><b>Subhána -lláh, wa -lhamdu lilláh, wa lá iláha illa -lláhu wa -lláhu akbar.</b></p> <p>Kaluwalhatian kay Allah. Ang papuri ay ukol kay Allah. Walang [totoong] Diyos kundi si Allah. Si Allah ay pinakadakila.</p>	<p>Nakatagpo ko si Ibráhim noong gabing pinaglabay ako [sa langit] at sinabi niya sa akin: “O Muhammad, iparating mo sa Kalipunan mo ang pagbati mula sa akin. Ipatatid mo sa kanila na ang Paraiso ay kaaya-aya ang lupa at matamis ang tubig; na ito ay mga kapatagan at <b>na ang tanim nito ay subhána -lláh, wa -lhamdu lilláh, wa lá iláha illa -lláhu wa -lláhu akbar.</b>”</p>
3	<p><b>Subhána -lláhi wa bihamdih.</b></p> <p>Kaluwalhatian kay Allah at kalakip ng papuri sa Kanya.</p> <p><b>Subhána -lláhi wa bihamdih, subhána -lláhi -l’adhím.</b></p> <p>Kaluwalhatian kay Allah at kalakip ng papuri sa Kanya; kaluwalhatian kay Allah, ang Napakadakila.</p>	<p>Ang sinumang magsabi ng subhána -lláhi wa bihamdih nang isandaang ulit sa isang araw, pabababain ang [bilang ng] mga kamalian niya, kahit pa man kasindami ng bula ng dagat. Hindi madadala ng isa sa araw ng Pagkabuhay ang mainam pa kaysa sa dinala niya, maliban sa isang nagsabi ng tulad sa sinabi niya o dinagdagan pa nito iyon. May dalawang pananalita na magaan sa dila, na mabigat sa timbangan [ng mga gawa], na <b>kaibig-ibig sa Napakamaawain:</b> ang subhána -lláhi wa bihamdih at ang subhána -lláhi wa bihamdih, subhána -lláhi -l’adhím.</p>
4	<p><b>Subhána -lláhi -l’adhími wa bihamdih.</b></p> <p>Kaluwalhatian kay Allah, ang Napakadakila, at kalakip ng papuri sa Kanya.</p>	<p>Ang sinumang nagsabi ng <b>subhána -lláhi -l’adhími wa bihamdih ay magtatanim para sa kanya ng isang datiles sa Paraiso.</b></p>
5	<p><b>Lá hawla wa lá qúwata illá bi-lláh.</b></p> <p>Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah.</p>	<p>Hindi ba ako magtuturo sa iyo ng <b>isang kayamanan mula sa mga kayamanan ng Paraiso?</b> Nagsabi ako: Opo. Nagsabi siya (SAS): [Magsabi ka ng] <b>lá hawla wa lá qúwata illá bi-lláh.</b></p>
6	<p><b>Ang du‘á’ ng kaffáratu -lmajlis:<sup>2</sup></b></p> <p><b>Subhánaka -lláhumma wa bihamdkik, ashhadu al lá iláha illá ant, astaghfiruka wa atúbu ilayk.</b></p> <p>Kaluwalhatian sa Iyo, o Allah, at kalakip ng papuri sa Iyo. Sumasaksi ako na walang [totoong] Diyos kundi Ikaw. Humihingi ako ng tawad sa Iyo at nagbabalik-loob ako sa Iyo.</p>	<p>Ang sinumang dumalo sa isang pagtitipon, na dumami rito ang pag-iingay niya, at nagsabi siya ng: subhánaka -lláhumma wa bihamdkik, ashhadu al lá iláha illá ant, astaghfiruka wa atúbu ilayk bago siya tumindig mula sa kinauupuan niyang iyon, <b>patatawarin siya sa anumang [nasabi niya] sa pagkakaupo niyang iyon.</b></p>

<sup>1</sup> Malaki ang gantimpala ni Allah sa pagpapalaya ng alipin.

<sup>2</sup> Ang du‘á’ na panakip-sala matapos ang pagtitipon. Sinasambit ito matapos ang isang pagtitipon.

7	<b>Ang pagsambit ng panalangin ng basbas (ṣalawát) sa Propeta (SAS)</b>	Ang sinumang dumalangin ng isang dalangin ng basbas sa akin ay <b>babasban siya ni Allah ng sampung basbas at mag-aalis mula sa kanya ng sampung pagkakamali at mag-aangat para sa kanya ng sampung antas.</b>
8	<b>Ang pagbigkas ng ilang talata mula sa Marangal na Qur'an</b>	Ang sinumang bumigkas sa araw at gabi ng limampung áyah ay hindi siya itatala kabilang ng mga nagpapabaya. Ang sinumang bumigkas ng isang daang áyah ay itatala siya kabilang sa mga masunurin. Ang sinumang bumigkas ng dalawang daang áyah ay hindi makikipagtalò sa kanya ang Qur'an sa Araw ng Pagbangon. Ang sinumang bumigkas ng limang daang áyah ay <b>magtatala para sa kanya ng limpak-limpak na kabayaran.</b>
9	<b>Ang pagbigkas ng Súrah al'Íkhlás</b>	Ang sinumang bumigkas ng qul huwa -lláhu aḥad...nang sampung ulit ay <b>magpapatayo si Allah para sa kanya ng isang bahay sa Paraiso.</b> Ang qul huwa -lláhu aḥad... ay nakatutumbas ng isang katlo ng Qur'an.
10	<b>Ang pagsasaulo ng mga áyah mula sa Súrah alKahf (18).</b>	Ang sinumang nagsaulo ng sampung áyah mula sa unang bahagi ng Súrah alKahf ay <b>maisasangalang siya laban sa Bulaang-Kristo.</b>
11	<b>Ang kabayaran ng mga mu'adhdhin</b>	Sapagkat tunay na walang nakaririnig sa adhán na isang tao o isang jinní o isang bagay <b>malibang sasaksi ito para sa kanya sa Araw ng Pagkabuhay.</b> Ang mga mu'adhdhin ay pinakamahaba ang mga leeg sa mga tao sa Araw ng Pagkabuhay.
12	<b>Ang pagsunod sa mu'adhdhin sa sandali ng adhán at ang panalangin matapos niyon.</b>	Ang sinumang nagsabi kapag naririnig niya ang panawagan [sa ṣaláh]: <b>Alláhumma rabba hádhihi -dda'wati -ttámmah, wa -ṣṣaláti -lqá'imah, áti muhammadani -lwasílata wa -lfadílrah, wa -b'athhu maqámam mahmúdani -lladhí wa'adtah<sup>1</sup></b> ay nararapat sa kanya ang Pamamagitan ko sa Araw ng Pagbangon.
13	<b>Ang pagpapahusay sa pagsasagawa ng wudú'</b>	Ang sinumang nagsagawa ng wudú' ay <b>lalabas ang mga kamalian niya mula sa katawan niya hanggang sa lalabas pa ito mula sa ilalim ng mga kuko niya.</b>
14	<b>Ang panalangin matapos ang wudú'</b>	Kapag mayroon sa inyo na isang nagsasagawa ng wudú' at nilulubos ang pagsasagawa ng wudú', pagkatapos ay magsasabi ng <b>ash'hadu an lá iláha illa -lláh wa anna Muḥammadan 'abduhu wa rasúluh,<sup>2</sup> bubuksan para sa kanya ang walong pinto ng Paraiso, na makapapasok siya sa alin man sa mga ito na nanaisin niya.</b>
15	<b>Ang ṣaláh na dalawang rak'ah matapos ang wudú'</b>	Kapag may isang nagsasagawa ng wudú': pinagbubuti niya ang pagsasagawa ng wudú' at pagkatapos ay nagdasal siya ng dalawang rak'ah na nakatuon dito sa pamamagitan ng puso niya at mukha niya, <b>magiging karapat-dapat siya sa Paraiso.</b>
16	<b>Ang dami ng hakbang patungo sa mga masjid</b>	Ang sinumang pumunta sa masjid ng kongregasyon ay <b>may isang hakbang na bumubura sa isang masagwang gawa at may isang hakbang na nagtatala para sa kanya ng isang magandang gawa habang pumupunta at umuwi.</b>

<sup>1</sup> O Allah, Panginoon ng ganap na panawagan na ito at ṣaláh na isasagawa, ibigay Mo kay Muhammad ang karapatang mamagitan at ang kalamangan. Ibangon Mo siya sa kapuri-puring katayuan, na ipinangako Mo.

<sup>2</sup> Sumasaksi ako na walang [totoong] Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.



17 **Ang pagpunta sa masjid**

Ang sinumang pumaroon sa masjid o pumunta ay **maghahanda si Allah para sa kanya sa Paraiso ng isang pang-aliw** sa tuwing pumaroon siya o pumunta.

18 **Ang paghahanda at ang maagang pagpunta sa ṣaláh sa jumu'ah**

Ang sinumang naghugas sa araw ng Biyernes at naligo, pagkatapos ay nagpakaaga at nakaabot nang maaga, naglakad at hindi sumakay, at lumapit sa imám at saka nakinig at hindi gumawa ng walang kabuluhan ay **magkakaroon siya sa bawat hakbang niya ng [gantimpala sa] gawain ng isang taon: sa kabayaran ng pag-aayuno rito at panggabing dasal dito.**

Kapag naligo ang isang lalaki sa araw ng Biyernes, nagpakadalisan ayon sa makakaya niyang kadalisan, nagpahid ng langis niya o sumaling ng pabango ng bahay niya, pagkatapos ay hindi sumisingit sa dalawang [nakaupo na], pagkatapos ay dinasal niya ang anumang itinakda sa kanya, pagkatapos ay nanahimik siya kapag nagsalita ang imám, **patatawarin siya sa [kasalanang] nasa pagitan nito at ng kasunod na Biyernes.**

19 **Ang pagkaabot sa panimulang takbír (takbíratul'ihram)**

Ang sinumang nagdasal kay Allah nang apatnapung araw sa isang kongregasyon habang nakaaabot sa unang takbír ay **magtatakda para sa kanya ng dalawang pagpapawalang-kaugnayan: pagpapawalang-kaugnayan sa Apoy at pagpapawalang-kaugnayan sa pagkukunwari.**

20 **Ang ṣaláh na isinatungkulin na isinasagawa sa kongregasyon**

Ang ṣaláh ng kongregasyon ay **nakalalamang sa ṣaláh ng namumukod** ng dalawampu't pitong antas.

21 **Ang ṣaláh sa 'ishá' at fajr na isinasagawa sa kongregasyon**

Ang sinumang nagdasal ng 'ishá' sa isang kongregasyon ay **para bagang nagdasal ng kalahating gabi.** Ang sinumang nagdasal ng fajr sa isang kongregasyon ay **para bagang nagdasal ng buong gabi.**

22 **Ang ṣaláh sa unang hanay**

**Kung sakaling nalalaman ng mga tao** ang [gantimpala] sa [pagtugon sa] panawagan [ng ṣaláh] at [pagtayo sa] unang hanay at pagkatapos ay hindi sila makakatatagpo [ng puwang] kung hindi sila magpapalabunutan para rito ay talagang nagpalabunutan na sana sila.

23 **Ang pangangalaga sa mga ṣaláh na sunnah.**

Ang sinumang nagdarasal sa araw at gabi ng labindalawang rak'ah ay **magpapatayo para sa kanya ng isang bahay sa Paraiso;** apat [na rak'ah] bago ang *dhuhr* at dalawang rak'ah matapos nito, dalawang rak'ah matapos ang maghrib, dalawang rak'ah matapos ang 'ishá', at dalawang rak'ah bago ang ṣaláh sa fajr.

24 **Ang saláh ng babae sa bahay niya**

May pumuntang babae sa Propeta (SAS) at nagsabi ito: "O Sugo ni Allah, tunay na naiibigan ko ang pagdarasal kasabay mo." Kaya nagsabi siya: "Nalaman ko nga na ikaw ay ibig magdasal kasabay ko, ngunit ang pagdarasal mo sa tulugan mo ay higit na mabuti kaysa sa pagdarasal mo sa silid mo, ang pagdarasal mo sa silid mo ay higit na mabuti kaysa sa pagdarasal mo sa tahanan mo, **ang pagdarasal mo sa tahanan mo ay higit na mabuti** kaysa sa pagdarasal mo sa masjid ng mga kaanak mo, at ang pagdarasal mo sa masjid ng mga kaanak mo ay higit na mabuti kaysa sa pagdarasal mo sa masjid ko."

25	<b>Ang pagpaparami ng <u>ṣaláh</u> na sunnah</b>	<i>Panatilihin mo ang dami ng pagpapatirapa kay Allah sapagkat tunay na ikaw ay kapag nagpatirapa ka kay Allah ng isang pagpapatirapa ay <b>iaangat ka ni Allah dahil doon ng isang antas</b> at mag-aalis Siya sa iyo dahil doon ng isang kamalian.</i>
26	<b>Ang <u>ṣaláh</u> na sunnah bago ang <u>ṣaláh</u> na fajr at ang <u>ṣaláh</u> na fajr</b>	<i>Ang [<u>ṣaláh</u> na] dalawang rak‘ah bago ang [<u>ṣaláh</u> sa] fajr ay higit na mabuti kaysa sa mundo at anumang nasa loob nito. Ang sinumang nagdasal ng fajr, <b>siya ay nasa pag-iingat ni Allah.</b></i>
27	<b>Ang <u>salátudduhá</u></b>	<i>Sa umaga ay tungkulin ng bawat kasu-kasuan ng [bawat] isa sa inyo na magbigay ng kawanggawa. Bawat pagsabi ng subḥána -lláh ay kawanggawa. Bawat pagsabi ng alḥamdu lilláh ay kawanggawa. Bawat pagsabi ng lá iláha illa -lláh ay kawanggawa. Bawat pagsabi ng Alláhu akbar ay kawanggawa. Ang pag-uutos ng nakabubuti ay kawanggawa at ang pagsaway ng nakasasama ay kawanggawa. <b>Maitutumbas roon ang dalawang rak‘ah na dadasalin sa umaga.</b></i>
28	<b>Ang sinumang umupo sa pinagdarasalan niya habang sumasambit ng dhikr kay Allah</b>	<i>Ang mga anghel ay <b>dumadalangin ng kapatawaran para sa [bawat] isa sa inyo</b> hanggat siya ay nasa pinagdarasalan niya, hanggat hindi nasisira ang wudú’, na nagsasabi: O Allah, patawarin Mo siya; o Allah kaawaan Mo siya.</i>
29	<b>Ang pagsambit ng dhikr kay Allah matapos ang <u>ṣaláh</u> sa fajr sa kongregasyon hanggang sa sumikat ang araw at pagkatapos ay magdarasal ng dalawang rak‘ah</b>	<i>Ang sinumang nagdasal ng fajr sa isang kongregasyon at pagkatapos ay naupo habang sumasambit ng dhikr kay Allah hanggang sa sumikat ang araw at pagkatapos ay nagdasal ng dalawang rak‘ah, siya ay <b>magkakaroon ng gaya ng gantimpala sa ḥajj at ‘umrah na lubos na lubos na lubos.</b></i>
30	<b>Ang sinumang nagising upang magdasal sa gabi at gumising sa asawa niya</b>	<i>Ang sinumang nagising upang magdasal sa gabi at gumising sa asawa niya at magkasama silang nagdasal ng dalawang rak‘ah, <b>itatala sila na kabilang sa mga lalaking nag-aalaala at mga babaing nag-aalaala</b> kay Allah nang madalas.</i>
31	<b>Ang sinumang naglayon na magdasal sa gabi ngunit napanaigan siya ng tulog</b>	<i>Kapag ang isang tao na may [nilayong isasagawang] <u>ṣaláh</u> sa gabi at napanaigan siya ng tulog, <b>magtatala si Allah para sa kanya ng gantimpala sa <u>ṣaláh</u> niya [na nilayon niya]</b> at ang pagkatulog niyang iyon ay isang kawanggawa.</i>
32	<b>Ang Panalangin ng sinumang nagising sa gitna ng tulog.</b>	<i>Ang sinumang nagising sa gitna ng tulog sa gabi at nagsabi ng lá iláha illa -lláh wahḍahu lá sharíka lah, lahu -lmuḥu wa lahu -lḥamdu wa huwa ‘alá kulli shay’ in qadír, alḥamdu lilláh, subḥána -lláh, alláhu akbar, wa lá ḥawla wa lá qúwata illá bi-lláh <b>pagkatapos ay nagsabi ng Alláhumma -ghfir lí<sup>1</sup> o dumalangin, tutugunin siya; at kung nagsagawa siya ng wudú’ at nagdasal, <b>tatanggapin ang <u>ṣaláh</u> niya.</b></b></i>

<sup>1</sup> Walang Diyos kundi si Allah, nag-iisa Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay makapangyarihan. Ang papuri ay ukol kay Allah; Kaluwalhatian kay Allah; at Si Allah ay dakila; Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah. Pagkatapos ay nagsabi ng O Allah patawarin Mo ako.

33	<b>Ang pagsambit ng subhána -lláh, alhamdu lilláh, at Alláhu akbar nang tig-33 ulit at ang pangwakas ay ang pagsambit ng lá iláha illa -lláh pagkatapos ng <u>saláh</u> na isinatungkulin</b>	Ang sinumang nagluluwalhati kay Allah <sup>1</sup> sa pagkatapos ng bawat saláh nang tatlumpu't tatlong ulit, nagpupuri kay Allah <sup>2</sup> nang tatlumpu't tatlong ulit, at nagdakila kay Allah <sup>3</sup> nang tatlumpu't tatlong ulit – kaya iyon ay siyannapu't siyam – at nagsabi sa ikalulubos na isang daan ng lá iláha illa -lláh wahdahu lá sharíka lah, lahu -lmu <sup>l</sup> ku wa lahu -lhamdu wa huwa 'alá kulli shay'in qadír <sup>4</sup> ay <b>patatawarin ang mga kamalian niya kahit pa man ang mga iyon ay tulad ng mga bula ng dagat.</b>
34	<b>Ang pagbigkas ng áyatulkursí sa pagkatapos ng <u>saláh</u> na isinatungkulin</b>	Ang sinumang bumigkas ng áyatulkursí sa pagkatapos ng saláh na isinatungkulin ay <b>walang nakapigil sa kanya sa pagpasok sa Paraiso kundi ang mamatay.</b>
35	<b>Ang pagdalaw sa maysakit</b>	Kapag may isang Muslim na dumalaw sa isa pang Muslim [na maysakit] ay dadalangin ng kapatawaran para sa kanya ang pitumpung libong anghel hanggang sa gumabi, at kung dinalaw niya ito sa gabi ay <b>dadalangin ng kapatawaran para sa kanya ang pitumpung libong anghel</b> hanggang sa mag-umaga. Magkakaroon siya ng hardin sa Paraiso.
36	<b>Ang sinumang nanindigan sa adhikain ng Tawhíd at namatay sa gayong kalagayan</b>	Walang tao na nanindigang walang [totoong] Diyos kundi si Allah at pagkatapos ay namatay sa gayong kalagayan malibang <b>papasok sa Paraiso.</b>
37	<b>Ang sinumang dumamay sa isang dinapuan ng kasawian</b>	Ang sinumang dumamay sa isang dinapuan ng kasawian ay <b>magkakaroon siya ng katulad na kabayaran [sa pagtitiis] niyon.</b>
38	<b>Ang pagpapaligo sa patay at ang paglilihim sa kasiraan nito</b>	Ang sinumang nagpaligo sa isang patay at naglilihim [sa kasiraan] nito ay <b>patatawarin siya ni Allah</b> nang apatnapung ulit.
39	<b>Ang pagdalo sa <u>saláh</u> para sa patay at pagkatapos ang pakikipaglibing hanggang sa libingan hanggang sa malibing ito</b>	Ang sinumang dumalo sa paglilibing hanggang sa dasalan ito ay magkakamit ng isang qírát, at ang sinumang dumalo rito hanggang sa mailibing ito ay magkakamit siya ng dalawang qírát. Sinabi: Ano ang dalawang qírát? Sinabi niya: <b>[Gantimpalang] gaya ng dalawang malaking bundok.</b> Talaga ngang nagpalampas kami ng maraming qírát.
40	<b>Ang pagpapatayo ng mga masjid para kay Allah</b>	Ang sinumang nagpatayo para kay Allah ng isang masjid kahit pa man gaya ng isang pugad ng qatáh <sup>5</sup> ay <b>magpapatayo si Allah para sa kanya ng isang bahay sa Paraiso.</b>
41	<b>Ang paggugol sa kabutihan</b>	Walang araw na inumaga ang mga tao dito malibang may dalawang anghel na bumababa at nagsasabi ang isa sa kanila: <b>O Allah, magbigay Ka sa isang gumugogol ng isang kapalit; samantalang nagsasabi naman ang isa pa: O Allah, magbigay ka sa isang nagmamaramot ng pagkawasak.</b>

<sup>1</sup> Nagsasabi ng subhána -lláh (kaluwalhatian kay Allah).

<sup>2</sup> Nagsasabi ng alhamdu lilláh (ang papuri ay ukol kay Allah).

<sup>3</sup> Nagsabi ng Alláhu akbar (si Allah ay pinakadakila).

<sup>4</sup> Walang Diyos kundi si Allah, nag-iisa Siya: wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri, at Siya sa bawat bagay ay makapangyarihan. Ang papuri ay ukol kay Allah; Kaluwalhatian kay Allah; at Si Allah ay dakila; Walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa pamamagitan ni Allah. Pagkatapos ay nagsabi ng O Allah patawarin Mo ako.

<sup>5</sup> Sand grouse sa Ingles.

42	<b>Ang kawanggawa</b>	<p>Hindi nakabawas ang isang kawanggawa mula sa yaman. Walang idinagdag si Allah sa isang tao na nagpapaumanhin kundi karangalan. Walang isang nagpakumbaba kay Allah malibang inangat siya ni Allah.</p> <p><b>Nadaig ng isang dirham ang isang daang libong [dirham].</b> Nagsabi sila: <i>O Sugo ni Allah, papaano?</i> Sinabi niya: <i>May isang lalaki na may dalawang dirham. Kumuha siya ng isa sa dalawa at nagkawanggawa siya sa pamamagitan nito. May isang lalaki naman na may maraming yaman. Kumuha siya mula sa yaman niya ng isang daang libong [dirham] at nagkawanggawa siya sa pamamagitan nito.</i></p>
43	<b>Ang pautang na walang mga tubo</b>	<p>Kapag ang isang Muslim ay nagpapautang sa isang Muslim nang dalawang ulit, <b>iyon ay magiging gaya ng kawanggawa sa unang pagkakataon.</b></p>
44	<b>Ang pagpapatawad sa pagkakautang ng nagigipit</b>	<p>May isang lalaki noon na nagpapautang sa mga tao. Sinasabi niya noon sa utusan niya: “Kapag pinuntahan ka ng isang nagigipit ay patawarin mo siya sa pagkakautang nang harinawa si Allah ay magpatawad sa atin sa pagkakautang. <b>Kaya noong nakatagpo niya si Allah ay pinatawad siya sa pagkakautang.</b></p>
45	<b>Ang pag-aayuno ng isang araw alang-alang kay Allah</b>	<p>Ang sinumang mag-ayuno ng isang araw alang-alang kay Allah ay <b>ilalayo ni Allah ang mukha niya sa Apoy</b> nang pitumpung taon.</p>
46	<b>Ang pag-aayuno ng tatlong araw bawat buwan, sa araw ng ‘Arafah, at sa araw ng ‘Áshúrá’.</b>	<p>Ang pag-aayuno ng tatlong [araw] sa bawat buwan ay pag-aayuno ng buong taon.</p> <p>Tinanong [ang Sugo] tungkol sa pag-aayuno sa araw ng ‘Arafah kaya sinabi niya: <b>Nagtatakip-sala ito sa taong nagdaan at darating.</b></p> <p>Tinanong [ang Sugo] tungkol sa pag-aayuno sa araw ng ‘Áshúrá’ kaya sinabi niya: <b>Nagtatakip-sala ito sa taong nagdaan.</b></p>
47	<b>Ang pag-aayuno ng anim na araw sa buwan ng Shawwál</b>	<p>Ang sinumang nag-ayuno sa Ramadán at pagkatapos ay pinasundan niya ito ng anim na araw [na pag-aayuno] sa Shawwál, <b>ito ay magiging gaya ng pag-aayuno ng isang taon.</b></p>
48	<b>Ang saláh na taráwh kasama ng imám hanggang sa matapos</b>	<p>Tunay na ang lalaki kapag nagdasal kasama ng imám hanggang sa umalis ito ay <b>magtutuos para sa kanya ng gantimpala ng qiyámullayl.</b></p>
49	<b>Ang Hajj na tinanggap</b>	<p>Ang sinumang nagsagawa ng Hajj at hindi gumawa ng kahalayan at hindi sumuway ay <b>babalik siya na gaya ng araw na isinilang siya ng ina niya.</b></p> <p>Ang hajj na tinanggap [ni Allah] ay walang gantimpala <b>kundi ang Paraiso.</b></p>
50	<b>Ang ‘umrah sa Ramadán</b>	<p>Ang isang ‘umrah sa Ramadán ay <b>nakatutumbas ng isang hajj o isang hajj kasama ko.</b></p>
51	<b>Ang matuwid na gawain sa unang sampung araw ng buwan ng Dhulhijjah</b>	<p>Walang mga araw na ang matuwid na gawain sa mga iyon ay <b>higit na kaibig-ibig para kay Allah</b> kaysa sa mga araw na ito. Tinutukoy niya ang mga araw ng unang sampung [araw ng Dhulhijjah]. Sinabi nila: <i>O Sugo ni Allah, pati na ang pakikibaka sa landas ni Allah? Sinabi niya: Pati na ang pakikibaka sa landas ni Allah, maliban sa isang lalaki na humayo [sa pakikibaka] sa pamamagitan ng sarili niya at yaman niya at hindi bumalik mula roon na may dalang anuman.</i></p>

52	<b>Ang alay na hayop</b>	Nagsabi ang mga Kasamahan ng Sugo ni Allah (SAS): <i>O Sugo ni Allah, ano ang mga alay na hayop na ito? Nagsabi siya: Sunnah ng ama ninyong si Ibráhím. Sinabi nila: Kaya ano naman ang mapapala natin sa mga ito, o Sugo ni Allah? Nagsabi siya: <b>Sa bawat buhok ay may magandang gawa.</b> Sinabi nila: At ang balahibo, o Sugo ni Allah? Nagsabi siya: Sa bawat buhok mula sa balahibo ay may magandang gawa.</i>
53	Ang mabuting layunin ay nagpaparating sa mananampalataya sa mga kalalagyang mataas sa Paraiso kalakip ng pagpapauna sa makakayang gawain	Ang paghahalintulad sa kalipunang ito [ng Islam] ay katulad ng apat na tao. May isang lalaki na binigyan ni Allah ng yaman at kaalaman kaya naman siya ay gumagawa ayon sa kaalaman niya: sa yaman niya ay gumugugol siya sa kinauukulan nito. May isang lalaki na binigyan ni Allah ng kaalaman at hindi binigyan ng yaman kaya siya ay nagsasabi: “Kung sakaling nagkaroon ako ng tulad sa [taong] ito ay gagawin ko roon ang tulad sa ginagawa nito.” Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): “ <b>Kaya silang dalawa sa gantimpala ay magkatulad.</b> ” May isang lalaki na binigyan ni Allah ng yaman at hindi binigyan ng kaalaman kaya naman siya ay nagwawaldas sa yaman niya: sa yaman niya ay gumugugol sa hindi kinauukulan nito. May isang lalaki na hindi binigyan ni Allah ng kaalaman ni yaman kaya siya ay nagsasabi: “Kung sakaling nagkaroon ako ng tulad sa [waldas na] ito ay gagawin ko roon ang tulad sa ginagawa nito.” Nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): “ <b>Kaya silang dalawa sa pananagutan ay magkatulad.</b> ”
54	<b>Ang gantimpala ng nakaaalam at ang kalamangan niya</b>	Ang kalamangan ng nakaaalam sa sumasamba ay <b>gaya ng kalamangan ko</b> sa pinakamababa sa inyo. Pagkatapos ay nagsabi pa ang Sugo ni Allah (SAS): “Tunay na si Allah, ang mga anghel Niya, ang mga naninirahan sa mga langit at lupa, pati na ang langgam sa lungga nito, pati na ang balyena ay <b>talagang nagnanis ng kabutihan sa nagtuturo sa mga tao.</b> ”
55	<b>Ang gantimpala ng martir</b>	Ang martir para kay Allah ay may anim na katangian: patatawarin siya sa unang pagkakataon, makikita niya ang kalalagyan niya sa Paraiso, pangangalagaan siya laban sa pagdurusa sa libingan, maliligtas siya sa pinakamalaking hilakbot, maglalagay sa ulo niya ng koronang rubi ng kahinahunan na mainam kaysa sa mundo at anumang narito, ipakakasal siya sa pitumpu’t dalawang asawa na kabilang sa dilag ng Paraiso, at pamamagitanin siya para sa pitumpu sa mga kaanak niya.
56	<b>Ang pagkasugat alang-alang Allah</b>	Kapag nasusugatan ang isa alang-alang kay Allah – at si Allah ay higit na nakaaalam sa kung sino ang nasusugatan alang-alang sa Kanya – ay darating siya sa Araw ng Pagbangon habang ang mukha niya ay tumutulo ng dugo na ang kulay ay kulay ng dugo at ang amoy ay amoy ng musk.
57	<b>Ang pagtatanod laban sa kaaway alang-alang kay Allah</b>	Ang pagtatanod laban sa kaaway alang-alang kay Allah ay <b>mainam kaysa sa mundo at anumang nasa ibabaw nito.</b> Ang bahaging singlaki ng panghagupit ng isa sa inyo sa Paraiso ay <b>mainam kaysa sa mundo at anumang nasa ibabaw nito.</b>
58	<b>Ang pagbibigay ng kakailanganin ng mandirigma</b>	Ang sinumang nagbigay ng kakailanganin ng mandirigma alang-alang kay Allah ay <b>nakidigma nga.</b> Ang sinumang umagapay sa isang mandirigma sa mag-anak nito ay <b>nakidigma nga.</b>
59	<b>Ang paghiling kay Allah ng kamartiran nang may katapatan</b>	Ang sinumang humiling kay Allah ng kamartiran <sup>1</sup> nang may katapatan ay <b>pararatingin siya ni Allah sa mga kalagayan ng mga martir</b> kahit pa man namatay siya sa higaan niya.

<sup>1</sup> Pagiging shahid.

60	<b>Ang pag-iyak dahil sa takot kay Allah at ang pagbantay alang-alang sa Kanya</b>	<i>May dalawang mata na hindi sasalingin ng Apoy: matang umiyak dahil sa takot kay Allah at matang magdamag na nagbantay alang-alang kay Allah.</i>
61	<b>Ang pagsubok</b>	<i>Walang dumadapo sa Muslim na kapaguran ni karamdaman ni kabalisaan ni kalungkutan ni kapinsalaan ni kapighatian – pati na ang tinik na tumuturok sa kanya – na hindi ipambabayad-sala ni Allah iyon sa ilan sa mga kasalanan niya.</i>
62	<b>Ang pananalig kay Allah at ang pagtigil sa pagpapahero, paghiling ng ruqyah [na labag sa Islam], at paniniwala sa masamang pangitain</b>	<i>Itinambad sa Propeta (SAS) ang mga kalipunan sa panaginip niya at nakita niya ang kalipunan niya at may kabilang sa kanila na pitumpong libong papasok sa Paraiso nang walang pagtutuos ni pagdurusa. Sila ang mga hindi humiling na pagsagawaan ng ruqyah, mga hindi nagpapahero, mga hindi naniniwala sa masamang pangitain, at sa Panginoon nila ay nananalig.”</i>
63	<b>Ang gantimpala ng namatay na may mga maliit na anak</b>	<i>Walang Muslim na mamatay habang mayroon siyang tatlong anak na hindi umabot sa tamang gulang malibang papapasukin ito ni Allah sa Paraiso ayon sa kalamangan ng awa Niya sa kanila.</i>
64	<b>Ang pagkawala ng paningin at ang pagtitiis dahil doon</b>	<i>Tunay na si Allah ay nagsabi: Kapag sinubok ko ang lingkod Ko sa pamamagitan [ng pagkawala] ng dalawang pinakamamahal niya at nagtiis siya, tutumbasan Ko siya dahil sa mga ito ng Paraiso. Tinutukoy Niya ang mga mata niyon.</i>
65	<b>Ang pag-iwan ng anuman bilang pangingilag sa pagkakasala kay Allah</b>	<i>Tunay na ikaw ay walang iiwanang anuman bilang pangngilag sa pagkakasala kay Allah malibang bibigyan ka ni Allah ng mainam kaysa roon.</i>
66	<b>Ang pangangalaga sa ari at dila</b>	<i>Ang sinumang gagarantiya sa akin [ng paggamit sa mabuti] ng nasa pagitan ng bigote at balbas niya at ng nasa pagitan ng dalawang paa niya ay maggagarantiya ako sa kanya ng Paraiso. Ang tintutukoy niya ay ang dila at ang ari.</i>
67	<b>Ang pagsambit ng bismi -lláh sa pagpasok sa bahay at sa pagkain</b>	<i>Kapag pumasok ang lalaki sa bahay at bumanggit kay Allah sa pagpasok niya at sa pagkain niya ay magsasabi ang Demonyo [sa mga kampon nito]: walang tutuluyan sa gabi para sa inyo at walang hapunan. Kapag pumasok siya at hindi bumanggit kay Allah ay magsasabi ang Demonyo [sa mga kampon nito]: Nakaabot kayo ng tutuluyan sa gabi. Kapag hindi siya bumanggit kay Allah sa pagkain niya ay magsasabi ito [sa mga kampon nito]: Nakaabot kayo ng tutuluyan sa gabi at hapunan.</i>
68	<b>Ang pagpupuri kay Allah matapos kumain, uminom, at magsuot ng bago</b>	<i>Ang sinumang kumain ng pagkain at nagsabi ng alḥamdu lilláhi -lladhí at ‘amaní hádhá wa razaqaníhi min ghayri ḥawlim minní wa lá qúwah<sup>1</sup> ay patatawarin siya sa nauna sa pagkakasala niya. [Gayon din] kapag uminom siya ng inumin ay nagsabi siya ng alḥamdu lilláhi -lladhí saqáníní<sup>2</sup> hádhá wa razaqaníhi min ghayri ḥawlim minní wa lá qúwah; at kapag nagsuot ng isang bagong kasuutan ay nagsabi ng alḥamdu lilláhi -lladhí kasání<sup>3</sup> hádhá wa razaqaníhi min ghayri ḥawlim minní wa lá qúwah.</i>

<sup>1</sup> Ang papuri ay ukol kay Allah na nagpakain sa akin nito at nagkaloob sa akin nito nang walang kapangyarihan mula sa akin ni lakas

<sup>2</sup> nagpainom sa akin

<sup>3</sup> nagpadamit sa akin

69	<b>Ang sinumang nagnais na pagaanin ni Allah para sa kanya ang hirap ng gawain niya</b>	<i>Humiling si Fátimah (RA) sa Propeta (SAS) ng isang katulong kaya nagsabi siya rito at kay 'Alí: Hindi ba ako magtuturo sa inyo ng mainam kaysa sa hiniling ninyo sa akin? Kapag humiga kayo sa mga higaan ninyo ay magsabi kayo ng Alláh akbar nang tatlumpu't apat na ulit, magsabi kayo ng subhána -lláh ng tatlumpu't tatlong ulit, at magsabi kayo ng alhamdu lilláh nang tatlumpu't tatlong ulit <b>sapagkat ito ay mainam kaysa sa isang katulong.</b></i>
70	<b>Ang pagsubok</b>	<i>Walang dumadapo sa Muslim na kapaguran ni karamdaman ni kabalisaan ni kalungkutan ni kapinsalaan ni kapighatian – pati na ang tinik na tumuturok sa kanya – na hindi <b>ipambabayad-sala ni Allah iyon sa ilan sa mga kasalanan niya.</b></i>
71	<b>Ang paggawa ng maganda sa mga anak na babae</b>	<i>Ang sinumang sinubok dahil sa mga anak na babaeng ito ngunit gumawa ng maganda sa kanila, <b>silá para sa kanya ay magiging pananggalang laban sa Apoy.</b></i>
72	<b>Ang pagbibigay-kasiyahan ng maybahay sa asawa niya</b>	<i>Kapag nagdasal ang babae ng lima sa mga [sálah na] ito, nag-ayuno sa [Ramádan], nangalaga sa puri niya, at tumalima sa asawa niya, sasabihin sa kanya: <b>Pumasok ka sa Paraiso sa alinman sa mga pinto ng Paraiso na loloobin mo.</b></i> <i>Alinmang babae na namatay <b>samantalang ang asawa niya ay nasisiyahan sa kanya</b> ay papasok sa Paraiso.</i>
73	<b>Ang pakikipag-ugnayan sa kaanak</b>	<i>Ang sinumang ikasasaya niya na luwagan siya sa kaloob sa kanya o guni-gunitain siya sa alaala niya ay <b>makiugnay siya sa kaanak niya.</b></i>
74	<b>Ang pag-aaruga sa ulila</b>	<i><b>Ako at ang nag-aaruga ng ulila sa Paraiso ay ganito.</b></i> ” Sinabi niya iyon na magkadikit ang dala-wang daliri niya: ang hintuturo at ang hingigitna.
75	<b>Ang pagmamalasakit sa balo at dukha</b>	<i>Ang nagmamalasakit sa balo at dukha ay <b>gaya ng nakikibaka sa landas ni Allah o gaya nagdarasal na hindi nanghihina at gaya ng nag-aayuno na hindi humihinto.</b></i>
76	<b>Ang kagandahan ng kaasalan</b>	<i>Tunay na ang mananampalataya ay talagang hahantong, sa pamamagitan ng kagandahan ng kaasalan niya, sa <b>antas ng isang nag-aayuno [sa maghapon] at nagdarasal [sa gabi].</b></i> <i>Ako ay pinuno...at may bahay sa kataas-taasan ng Paraiso para sa sinumang naging maganda ang kaasalan niya.</i>
77	<b>Ang pagkaawa sa mga nilikha at ang pagkahabag sa kanila</b>	<i>Kaaawaan lamang ni Allah ang mga lingkod Niyang mga maawain.</i> <i>Kaawaan ninyo ang sinumang nasa lupa, <b>kaaawaan kayo Niya na nasa langit.</b></i>
78	<b>Ang pagkaibig ng mabuti para sa mga Muslim</b>	<i>Hindi sumasampalataya ang [bawat] isa sa inyo malibang iibigin niya para sa kapatid niya ang iniibig niya para sa sarili niya.</i>
79	<b>Ang pagkakaroon ng hiya</b>	<i>Ang pagkakaroon ng hiya ay <b>walang naihahatid kundi mabuti.</b></i> <i>Ang pagkakaroon ng hiya ay <b>bahagi ng pananampalataya.</b></i> <i><b>May apat na kabilang sa mga kaugalian ng mga isinugo:</b> ang pagkakaroon ng hiya, ang pagpapabango, ang paglilinis ng ngipin, at ang pag-aasawa.</i>

80	<b>Ang pagpapasimula ng pagbati</b>	<i>Na may isang lalaki na pumunta sa Propeta (SAS) at nagsabi: Assalámu ‘alaykum. Nagsabi ang Propeta (SAS): <b>Sampu</b>. Pagkatapos ay dumating ang isa pa at nagsabi: Assalámu ‘alaykum wa rah̄matu -lláh, kaya nagsabi ang Propeta (SAS): <b>Dalawampu</b>. Pagkatapos ay dumating naman ang isa pa at nagsabi: Assalámu ‘alaykum wa rah̄matu -lláhi wa barakátuh, kaya nagsabi ang Propeta (SAS): <b>Tatlumpu</b>. Ang tinutukoy ng mga bilang ay ang mga magandang gawa.</i>
81	<b>Ang pagkakamayan sa pagtatagpo</b>	<i>Walang dalawang Muslim na nagtatagpo at nagkakamayan na hindi sila <b>patatawarin</b> bago sila maghiwalay.</i>
82	<b>Ang pagtatanggol sa karangalan ng Muslim</b>	<i>Ang sinumang magsanggalang sa karangalan ng kapatid niya ay <b>ipagsasanggalang ni Allah ang mukha niya laban sa Apoy sa Araw ng Pagbangon</b>.</i>
83	<b>Ang pag-ibig sa mga matuwid at ang pakikisalamuha sa kanila</b>	<i><b>Ikaw ay kasama ng inibig mo.</b></i> Nagsabi si Anas (RA): Kaya walang ikinatuwa ang mga Kasamahan [ng Propeta] sa anuman higit sa pagkatuwa nila sa <u>H</u> adíth na ito.
84	<b>Ang mga nagmamahalan dahil sa pagpipitagan kay Allah</b>	<i>Nagsabi si Allah, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan: Ang mga nagmamahalan dahil sa pagpipitagan sa akin ay <b>magkakaroon sila ng mga pulpitong yari sa liwanag</b>, na magmimithi sa taglay nila ang mga propeta at ang mga martir.</i>
85	<b>Ang sinumang dumalangin para sa kapatid niyang Muslim</b>	<i>Ang sinumang dumalangin para sa kapatid niya nang lingid ay magsasabi ang anghel na itinalaga sa kanya: <b>Amen at magkakaroon ka ng tulad ng sa kanya.</b></i>
86	<b>Ang paghingi ng tawad para sa mga lalaking mananampalataya at mga babaeng mananamapalataya</b>	<i>Ang sinumang humingi ng tawad para sa mga lalaking mananampalataya at mga babaeng mananampalataya ay <b>magtatala si Allah dahil sa bawat lalaking mananampalataya at babaeng mananamapalataya ng isang magandang gawa.</b></i>
87	<b>Ang sinumang nagturo sa isang kabutihan</b>	<i>Ang sinumang nagturo sa isang kabutihan ay <b>magkakaroon siya ng tulad ng kabayaran ng gumagawa nito.</b></i>
88	<b>Ang pag-aalis sa daan ng nakapipinsala</b>	<i>Talaga ngang nakakita ako sa Paraiso ng <b>isang lalaking pagalagala sa Paraiso</b> dahil sa isang punong-kahoy na pinutol niya na nakaharang sa daan na nakapipinsala noon sa mga tao.</i>
89	<b>Ang pagpapamalagi sa kabutihan</b>	<i>Tunay na si Allah ay hindi nagsasawa hanggang sa magsawa kayo at tunay na <b>ang pinakakaibig-ibig sa mga gawain para kay Allah</b> ay ang namamalagi kahit pa man kaunti.</i>
90	<b>Ang paghinto sa pakikipagtatalan at pagsisinungaling</b>	<i>Ako ay pinuno sa <b>isang bahay sa gilid ng Paraiso</b> para sa sinumang huminto sa pakikipagtatalan kahit pa man siya ay nasa katotohanan at sa <b>isang bahay sa gitna ng Paraiso</b> para sa sinumang huminto sa pagsisinungaling kahit pa man siya ay nagbibiro.</i>
91	<b>Ang pagpipigil ng galit</b>	<i>Ang sinumang nagpigil ng galit gayong siya ay makakakayang ipatupad ito ay tatawagin siya ni Allah sa Araw ng Pagbangon sa mga harapan ng mga nilikha hanggang sa <b>pamimiliin siya kung sa aling mga dilag ng Paraiso ang nanaisin niya.</b></i>



92	<b>Ang pagbubunyi ng mabuti o masama</b>	<i>Ang sinumang ipinagbunyi ninyo na mabuti ay <b>magiging karapat-dapat sa kanya ang Paraiso</b> at ang sinumang ipinagbunyi na masama ay <b>magiging karapat-dapat sa kanya ang Apoy</b>. Kayo<sup>1</sup> ay mga saksi ni Allah sa lupa.</i>
93	<b>Ang pagpapahupa sa dalamhati ng Muslim, ang pagpapaghawa sa kanya, at ang pagtatakip sa kanya</b>	<i>Ang sinumang nagpahupa sa isang mananampalataya ng isang dalamhati ng mga dalamhati ng Mundo ay <b>magpapahupa sa kanya si Allah ng isang dalamhati mula sa mga dalamhati ng Araw ng Pagbangon</b>. Ang sinumang nagpaginhawa sa isang nahihirapan ay <b>magpapaghawa sa kanya si Allah sa Mundo at sa Kabilang-buhay</b>. Ang sinumang nagtatakip sa isang Muslim ay <b>magtatakip sa kanya si Allah sa Mundo at Kabilang-buhay</b>. Si Allah ay mananatili sa <b>pagtulong sa lingkod</b> hangga't ang lingkod ay nanatili sa pagtulong ng kapatid niya...</i>
94	<b>Ang pagnanasa ng magandang gawa at ang pagnanasa ng masagwang gawa</b>	<i>Ang sinumang nagnasa ng magandang gawain at hindi niya ginawa ito, itatala ito ni Allah para sa kanya sa ganang Kanya bilang isang buong magandang gawa; ngunit kung nagnasa siya nito at ginawa niya ito, itatala ito ni Allah para sa kanya sa ganang Kanya bilang sampung magandang gawa hanggang sa pitong daang ulit hanggang sa maraming ulit. Ang sinumang nagnasa ng masagwang gawa at hindi niya ginawa ito, itatala ito ni Allah para sa kanya sa ganang Kanya bilang isang buong magandang gawa; at kung siya naman ay nagnasa nito at ginawa niya ito, itatala ito ni Allah para sa kanya sa ganang Kanya bilang iisang masagwang gawa.</i>
95	<b>Ang pananalig kay Allah</b>	<i>Kung sakaling kayo ay nananalig kay Allah nang totoong pananalig ay talagang tutustusan Niya kayo gaya ng pagtustos niya sa ibon na umaalis na walang laman ang tiyan at bumabalik na puno ang tiyan.</i>
96	<b>Ang pagpapahalaga sa Kabilang-buhay</b>	<i>Ang sinumang ang Kabilang-buhay ay nasa niya, maglalagay si Allah sa puso niya ng yaman niya, pag-iisahin ni Allah ang kabuuan niya, at pupuntahan siya ng mundo habang ito ay nagpapakumbaba.</i>
97	<b>Ang kabataan, ang pagkahumaling sa mga masjid, at ang pag-iibig dahil kay Allah</b>	<i><b>May pitong [uri ng tao na] pasisilungin ni Allah sa lilim Niya sa araw na walang lilim kundi ang lilim Niya:</b> makatarungang pinuno; binatang lumaki sa pagsamba kay Allah; lalaking ang puso nito ay nahuhumaling sa mga masjid; dalawang taong nagmamahalan alang-alang kay Allah; nagkikita alang-alang sa Kanya at naghihiwalay alang-alang sa Kanya; isang lalaking tinukso ng isang babaeng may kalagayang mataas at kagandahan ngunit nagsabi ito: 'Tunay na ako ay natatakot kay Allah'; at isang taong nagkawanggawa ng isang kawanggawa at ikinubli nito iyon nang sa gayon ay hindi malaman ng kaliwa nito ang ginugol ng kanan nito; at taong [nang] nakaalaala kay Allah nang nag-iisa ay nag-umapaw ang mga mata nito [sa luha].</i>

<sup>1</sup> Ang kayo at ninyo rito ay tumutukoy sa mga may kabutihang-loob na mananampalataya.

**Mga Gawaing May Nasaad na  
Pagbabawal sa Paggawa ng mga Ito**

193

N	Salita o gawang mainam	Ang kabayaran at gantimpala nito na nasaad sa Sunnah ayon sa sinabi ng Propeta (SAS)
1	<b>Ang pagkamapagmalaki</b>	Hindi papasok sa Paraiso ang sinumang sa puso niya ay may <b>kasingbigat ng langgam</b> na pagkamapagmalaki. <b>Ang pagkamapagmalaki</b> ay ang pagkakaila sa katotohanan at ang panghahamak sa mga tao.
2	<b>Ang pagpapakita ng kagalingan at ang pagpaparinig ng kagalingan</b>	Ang sinumang nagpaparinig ng kagalingan ay magpaparinig si Allah ng kahihyan niya. Ang sinumang nagpapakita ng kagalingan ay magpapakita si Allah ng kahihyan niya.
3	<b>Ang kahalayan</b>	Tunay na ang pinakamasama sa mga tao sa kalagayan sa ganang kay Allah sa Araw ng Pagbangon ay <b>ang iniwan ng mga tao dahil sa pangingingilag sa kahalayan niya.</b>
4	<b>Ang kasinungalingan</b>	Kapighatian sa nagsasalaysay ng salaysay upang makapagpatawa sa pamamagitan nito sa mga tao <b>kaya naman nagsisinungaling siya.</b> Kapighatian sa kanya! Kapighatian sa kanya!
5	<b>Ang mga pagkakasala at ang mga tukso</b>	Ilalahad ang mga tukso sa mga puso gaya ng banig na tinutusok ng isang patpat kasunod ng isang patpat. Kaya ang anumang bahagi ng puso na nanuot [ang tuksong] ito ay nadudungisan ito ng isang maiitim na dungis.
6	<b>Ang paniniktik</b>	Ang sinumang panakaw na nakikinig sa usapan ng mga tao samantalang sila ay nasusuklam sa gayon, <b>bubuhusan ang tainga niya ng lusaw na tingga</b> sa Araw ng Pagbangon.
7	<b>Ang paggawa ng larawan</b>	Tunay na ang pinakamatindi sa mga tao sa pagdurusa sa Araw ng Pagkabuhay ay ang mga tagagawa ng larawan. Hindi pumapasok ang mga anghel sa isang bahay na may aso o larawan.
8	<b>Ang pagkakalat ng paninirang-puri</b>	Walang mapagkalat ng paninirang-puri na papasok sa Paraiso.
9	<b>Ang panlilibak</b>	Sinabi ng Sugo (SAS): Nalalaman ba ninyo kung ano ang panlilibak? Sinabi nila: Si Allah at ang Sugo Niya ay hinggil na nakaalam. Sinabi niya: Ang pagbanggit mo sa kapwa mo tungkol sa anumang kasusuklaman. May nagsabi: Ano po naman ang tingin mo kung taglay ng kapwa ko ang sinasabi ko? Sinabi niya: Kung taglay niya ang sinasabi mo ay nilibak mo nga siya. Kung hindi niya taglay iyon ay nagsinungaling ka sa kanya.
10	<b>Ang pagsumpa</b>	Ang pagsumpa sa mananampalataya ay gaya ng pagpatay sa kanya. Ang mga mapagsumpa ay hindi magiging mga tagapamagitan ni mga saksi sa Araw ng Pagbangon.
11	<b>Ang pagkakalat ng lihim ng iba</b>	Tunay na kabilang sa pinakamasama sa mga tao sa ganang kay Allah sa kalagayan sa Araw ng Pagkabuhay ay ang lalaki na nakikipagniig sa maybahay niya at nakikipagniig ito sa kanya, at pagkakatapos ay ikinakalat niya ang lihim nito.
12	<b>Ang paglabas ng babaeng humahalimuyak sa bango</b>	Bawat mata ay nangangalunya. Ang babae, kapag umaalingasngas sa bango at dumaan sa umpukan, siya ay parang nangangalunya.
13	<b>Ang pagpapatang sa isang Muslim ng kawalang-pananampalataya</b>	Alinmang tao na nagsabi sa kapwa niya: Hoy Káfir, ay <b>naging karapat-dapat nga [sa paratang na] ito ang isa sa kanilang dalawa</b> kung iyon ay gaya ng sinabi niya at kung hindi naman ay babalik ito sa kanya.

14	<b>Ang pag-angking ama ang hindi ama</b>	Ang sinumang mag-angking anak ng hindi naman niya anak samantalang nalalaman niya iyon, <b>ang Paraiso para sa kanya ay bawal</b> . Huwag kayong masuklam sa mga ama ninyo sapagkat ang sinumang nasusuklam sa ama niya, ito ay kawalang-pananampalataya.
15	<b>Ang paninindak sa Muslim</b>	Hindi ipinahihintulot sa isang Muslim na manindak ng isang Muslim. Ang sinumang nanunutok sa kapatid niya ng isang bakal, <b>tunay na ang mga anghel ay susumpa sa kanya</b> hanggang sa ibaba niya ito.
16	<b>Ang pagtawag na ginoo sa Munáfiq at suwail</b>	Huwag kayong magsabi sa Munáfiq: Ginoo, sapagkat tunay na kung siya ay ginoo ay ginalit nga ninyo ang Panginoon ninyo.
17	<b>Ang pagdalaw ng mga babae sa mga libingan</b>	Isinumpa ni Allah ang mga babaeng paladalaw sa mga libingan. Nagsabi si Umm ‘Atíyah (RA): Pinagbawalan kami na sumunod sa mga palibing ngunit hindi binigyang-diin ito sa amin.
18	<b>Ang pagtangi ng babae sa asawa niya</b>	Kapag inanyayahan ng lalaki ang maybahay nito sa higaan nito [upang sumiping] ngunit tumanggi siya na pumunta, <b>susumpain siya ng mga anghel</b> hanggang sa mag-umaga.
19	<b>Ang pandaraya sa taong-bayan</b>	Kapag ang isang tao na pinamuno ni Allah sa mga nasasakupan ay namatay habang siya ay nandaraya sa taong-bayan niya, <b>ipagkakait ni Allah sa kanya ang Paraiso</b> .
20	<b>Ang pagbibigay ng fatwá nang walang kaalaman</b>	Ang sinumang binigyan ng fatwá na hindi alinsunod sa kaalaman, ang kasalanan niya ay iaatang sa nagbigay ng fatwá sa kanya.
21	<b>Ang paghiling ng babae ng diborsiyo</b>	Alinmang babae na humiling sa asawa niya ng diborsiyo nang wala namang katwiran, <b>magiging bawal sa kanya ang halimuyak ng Paraiso</b> .
22	<b>Ang pagpapasuot ng kampanilya sa mga hayop</b>	Hindi sumasama ang mga anghel sa isang pangkat na may aso o kampanilya. Ang kampanilya ay pantugtog ng demonyo.
23	<b>Ang pagliban sa saláh sa jumu‘ah dala ng pagwawalang-bahala</b>	Ang sinumang lumiban sa saláh sa jumu‘ah nang tatlong ulit dala ng pagwawalang-bahala rito tatatakan ni Allah ang puso niya. (Kung lumiban nang walang tanggap na dahilan.)
24	<b>Ang pangangamakan ng lupain</b>	Ang sinumang nangamkam ng [kahit] isang dangkal na lupain bunsod ng paglabag sa katarungan, <b>ikukulyar ito ni Allah sa kanya sa Araw ng Pagbangon</b> sa pitong lupain.
25	<b>Ang pagsasalita na ikinagagalit ni Allah</b>	Tunay na ang tao ay talagang nagsasalita ng pananalita na dahilan ng pagkagalit ni Allah, na hindi niya pinag-uukulan ng pansin, <b>na ikabubulid niya kasama nito sa Impiyerno sa loob ng pitumpung taon</b> .
26	<b>Ang madalas na pagsasalita nang walang pagsambit kay Allah</b>	Huwag ninyong dalasan ang pananalita na walang pagsambit kay Allah, sapagkat tunay na ang kadalasan ng pananalita nang walang pagsambit kay Allah ay katigasan para sa puso.
27	<b>Ang nagkakabit at ang nagpapakabit ng buhok</b>	<b>Isinumpa ni Allah</b> ang nagkakabit at ang nagpapakabit [ng buhok].
28	<b>Ang pag-iawasan ng mga Muslim</b>	Hindi ipinahihintulot sa mananampalataya na iwasan ang kapatid niya nang higit sa tatlong araw. Ang sinumang umiwas sa kapatid niya, <b>iyon ay parang pagpapadanak ng dugo nito</b> .
29	<b>Ang pagwangis sa hindi katulad ng kasarian niya</b>	Isinumpa ng Sugo ni Allah (SAS) ang mga babaing kumakawangis sa mga lalaki at ang mga lalaking kumakawangis sa mga babae.

30	<b>Ang bumabawi sa regalo niya</b>	Ang bumabawi sa regalo niya ay <b>gaya ng aso na sumusuka</b> at pagkatapos ay kinakain ang suka nito. Hindi ipinahihintulot sa tao na magbigay ng isang bigay o magregalo ng isang regalo at babawiin ito.
31	<b>Ang paghahanap ng kaalaman para sa makamundong layon</b>	Ang sinumang nag-aral ng kaalamang kabilang sa ikapagtatamo ng kasiyahan ng mukha ni Allah ngunit hindi niya ito pinag-aaralan kundi upang magtamo ng isang layong kabilang sa mga makamundong kapakanan, <b>hindi niya matatagpuan ang bango ng Paraiso</b> sa Araw ng Pagbangon.
32	<b>Ang pagtingin sa mga ipinagbawal</b>	Itinakda na sa anak ni Adan ang bahagi niya sa pangangalunya na matatamo iyon nang walang pasubali sapagkat ang mga mata, ang pangangalunya ng mga ito ay ang pagtingin [sa bawal]; ang mga tainga, ang pangangalunya ng mga ito ay ang pakikinig [sa bawal]; ang dila, ang pangangalunya nito ay ang pagsasalita [ng bawal]; ang kamay, ang pangangalunya nito ay ang pagkuna [ng bawal]; ang paa, ang pangangalunya nito ay ang paghakbang [tungo sa bawal]. Ang puso ay nagpipithaya at nagmimithi, at pinatotohanan iyon ng ari at pinasisinungalingan.
33	<b>Ang pakikipagsarilinan sa hindi mahram</b>	Hindi nga makikipagsarilinan ang isa sa inyo sa isang babae [na hindi mahram] na hindi mangyayaring ang ikatlo sa kanila ay ang demonyo.
34	<b>Ang pag-aasawa ng babae nang walang walí</b>	Alinmang babaing [Muslim] na nag-asawa nang walang pahintulot ng walí niya, <b>ang pag-aasawa niya ay walang-saysay</b> , ang pag-aasawa niya ay walang-saysay, ang pag-aasawa niya ay walang-saysay.
35	<b>Ang pag-asawa ng shighár</b>	<b>Ipinagbawal niya (SAS) ang shighár.</b> Ang shighár ay ang ipakasal ng lalaki ang babaeng anak niya sa isang lalaki sa kondsiyong ipakakasal din ng lalaking ito ang babaeng anak nito sa kanya, nang walang bigayan ng mahr.
36	<b>Ang pag-uukol sa mga tao ng gawang mabuti</b>	Nagsabi si Allah: Ako ay pinakawalang-pangangailangan sa katambal sa lahat ng tinatambalan. Ang sinumang gumawa ng isang gawain na nagtambal siya doon kasama sa Akin ng iba pa sa Akin, <b>iiwan Ko siya kasama ng itinambal niya.</b>
37	<b>Ang paglalakbay ng babae nang walang mahram</b>	<b>Hindi ipinahihintulot</b> sa isang babaing sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw na maglalakbay sa layong [nilalakbay ng] isang araw malibang may kasamang mahram.
38	<b>Ang malakas ng pagtangis</b>	Ang sinumang tinangisan nang malakas, tunay na siya ay pagdurusahin sa pamamagitan ng malakas na itinangis sa kanya sa Araw ng Pagbangon. Ang patay ay pagdurusahin sa libingan niya sa pamamagitan ng malakas na itinangis sa kanya.
39	<b>Ang pamimirwisyo sa mga nagsasagawa ng salah</b>	Nagsabi si Allah: Ako ay pinakawalang-pangangailangan sa katambal sa lahat ng tinatambalan. Ang sinumang gumawa ng isang gawain na nagtambal siya doon kasama sa Akin ng iba pa sa Akin, <b>iiwan Ko siya kasama ng itinambal niya.</b>
40	<b>Ang panunumpa bukod kay Allah</b>	Nagsabi si Allah: Ako ay pinakawalang-pangangailangan sa katambal sa lahat ng tinatambalan. Ang sinumang gumawa ng isang gawain na nagtambal siya doon kasama sa Akin ng iba pa sa Akin, <b>iiwan Ko siya kasama ng itinambal niya.</b>
41	<b>Ang sinungaling na panunumpa</b>	Ang sinumang sumumpa sa isang sumpang sinasamsam niya sa pamamagitan nito ang ari-arian ng isang taong Muslim at siya sa [panunumpang] ito ay masamang-loob, makakatagpo niya si Allah na galit na galit sa kanya.

42	<b>Ang panunumpa sa pagtitinda</b>	Kaingat kayo sa kadalasan ng panunumpa sa pagtitinda sapagkat ito ay nakapag-uudyok sa pagbili <b>at pagkatapos ay nakapagpapalaho sa biyaya.</b> Ang panunumpa ay pang-udyok sa pagbili ng paninda <b>at pampapalaho ng biyaya.</b>
43	<b>Ang pagpapakawangis sa mga Káfir</b>	Ang sinumang nagpapakawangis sa [isang uri ng] mga tao, <b>siya ay kabilang sa kanila.</b>
44	<b>Ang inggit</b>	Kaingat kayo sa inggit sapagkat tunay na ang inggit ay <b>kumakain sa mga magandang gawa</b> gaya ng pagkain ng apoy sa panggatong. Sa ibang sanaysay ay sinabi niya: sa damo.
45	<b>Ang pagpapatayo ng estruktura sa ibabaw ng libingan</b>	Ipinagbawal ng Sugo ni Allah (SAS) na palitadahan ang libingan, na upuan ito, at na tayuan ito [ng gusali].
46	<b>Ang panlilinlang ang kataksilan</b>	Kapag tinipon ni Allah ang mga una at ang mga huli sa Araw ng Pagkabuhay ay <b>mag-aangat para sa bawat nanlilinlang ng isang watawat</b> at sasabihin: Ito ang panlilinlang ni Polano na anak ni Polano.
47	<b>Ang pag-upo sa ibabaw ng libingan</b>	Ang maupo ang isa sa inyo sa baga <b>kaya sinusunog na nito ang damit niya</b> at aabot na ito sa balat niya ay mainam para sa kanya kaysa sa maupo siya sa puntod.
48	<b>Ang pagluluksa sa patay</b>	<b>Hindi ipinahihintulot</b> sa isang babaing sumasampalataya kay Allah at sa Huling Araw na magluksa sa isang patay nang higit sa tatlong araw maliban kung sa asawa.
49	<b>Ang paghingi nang walang tunay na pangangailangan</b>	May tatlong kalagayan na susumpa ako kaugnay sa mga iyon at magsasalaysay ako sa inyo ng isang salaysay...kapag binuksan ng isang tao ang pinto ng panghihingi ay bubuksan ni Allah ang pinto ng <b>karalitaan.</b>
50	<b>Ang pagtatagisan sa pagtitinda</b>	Hindi magtitinda ang isang <b>hádír</b> para sa isang <b>bádí.</b> <sup>1</sup> Huwag kayong magbilihan sa pamamagitan ng najsh. <sup>2</sup> Hindi magbebenta ang tao sa isang binibentahan na ng kapwa niya.
51	<b>Ang paghahanap ng nawawalang bagay</b>	Ang sinumang nakarinig ng isang lalaki na naghahanap ng isang nawawalang bagay sa masjid ay sabihin: <b>Huwag na sanang ibalik iyon ni Allah sa iyo,</b> sapagkat ang mga masjid ay hindi ipinatayo para sa [paghahanap na] ito.
52	<b>Ang pagdaan sa harap ng nagsasagawa ng saláh</b>	Kung sakaling nalalaman ng nagdaraan sa harapan ng nagdarasal kung ano [ang kasalanan] sa kanya ay talagang <b>ang pagtigil niya ng apatnapung [araw]</b> ay higit na mabuti para sa kanya kaysa sa dumaan siya sa harapan nito.
53	<b>Ang pagliban sa saláh na ‘asr</b>	Ang sinumang lumiban sa <b>saláh</b> na ‘asr ay nawalang-kabuluhan ang gawa niya.
54	<b>Ang pagkukulang sa saláh</b>	Ang kasunduan na nasa pagitan namin at nila ay ang <b>saláh.</b> Kaya ang sinumang lumiban sa pagsasagawa nito ay naging Káfir nga siya. Ang namamagitan sa tao at sa Shirk at Kawalang-pananampalataya ay ang pagliban sa <b>saláh.</b>
55	<b>Ang pag-anyaya tungo sa kaligawan</b>	Ang sinumang nag-anyaya sa kaligawan, siya ay mananagot sa kasalanang <b>tulad ng sa mga kasalanan ng sinumang sumunod sa kanya,</b> na hindi makababawas iyon ng anuman sa mga kasalanan nila.

<sup>1</sup> Ang **hádír** ay ang naninirahan sa bayan, nayon, at lungsod. Ang **bádí** naman ay ang naninirahan sa disyerto. Ang isang **hádír** ay ipinahihintulot na magsilbing *middleman* ng isang **bádí.**

<sup>2</sup> Ang najsh ay ang pag-aalok ng isang mataas na halaga para sa isang paninda ngunit wala naman talagang layuning bilhin ito bagkus ay upang dayain ang isang taong nagnanais talagang bumili.

56	<b>Mga pagbabawal sa pag-inom</b>	Ipinagbawal ng Sugo ni Allah (SAS) ang pag-inom sa bunganga ng sisidlan ng tubig. Sinaway ng Propeta (SAS) ang pag-inom nang nakatayo. Ipinagbawal niya ang pag-hip sa inumin.
57	<b>Ang pag-inom mula sa mga sisidlang yari sa ginto o pilak</b>	Huwag kayong uminom sa mga sisidlang ginto at pilak at huwag kayong magsuot ng manipis na sutla at makapal na sutla sapagkat ito ay para sa kanila sa mundo at <b>para sa inyo sa Kabilang-buhay.</b>
58	<b>Ang pag-inom sa pamamagitan ng kaliwang kamay</b>	Huwag ngang kumain ang isa mula sa inyo sa pamamagitan ng kaliwang kamay niya at huwag nga siyang uminom sa pamamagitan nito sapagkat tunay na <b>ang Demonyo ay kumakain sa pamamagitan ng kaliwang kamay niya</b> at umiinom sa pamamagitan nito.
59	<b>Ang pumuputol sa ugnayan sa kaanak</b>	Hindi papasok sa Paraiso ang pumuputol. Tinutukoy ng Propeta (SAS) ang pumuputol sa ugnayan sa kaanak.
60	<b>Ang pagtigil sa pagdalangin para sa Propeta</b>	Hamak ang isang tao na nabanggit ako sa piling niya ngunit hindi dumalangin para sa akin. Ang maramot ay ang sinumang nabanggit ako sa piling niya ngunit hindi dumalangin para sa akin.
61	<b>Ang pangangalandakan sa pamamagitan ng pananalita</b>	Nagsabi ang Propeta (SAS): Tunay na ang pinakamumuhi-muhi sa inyo para sa akin at ang pinakamalayo mula sa akin sa kauupuan sa Araw ng Pagbangon ay ang mga madaldal, ang mga nangangalandakan, at ang mga ngumangawa.
62	<b>Ang pagmamay-ari ng aso</b>	Ang sinumang nagmay-ari ng isang aso maliban sa asong gamit sa pangangaso o bantay ng mga hayupan, tunay na siya ay nababawasan ng dalawang qirāt sa gantimpala niya sa bawat araw.
63	<b>Ang pagpapahirap sa mga hayop</b>	Pinagdusa ang isang babae dahil sa isang pusa na ikinulong niya hanggang sa namatay ito. Kaya papasok siya, dahil dito, sa Apoy. Huwag ninyong gawing pinatatamaan ang isang bagay na may kaluluwa.
64	<b>Ang patubo sa utang</b>	Isinumpa ni Allah ang kumakain ng patubo at nagpapakain nito. Ang isang dirham na patubo na kinakain ng tao samantalang siya ay nakaaalam tungkol doon ay higit na matindi kaysa sa tatlumpu't tatlong pangangalunya.
65	<b>Ang sugapa sa alak</b>	Walang papasok sa Paraiso na isang sugapa sa alak ni isang sumasampalataya sa panggagaway ni isang pumputol sa ugnayan sa kaanak.
66	<b>Ang pangangaway sa mga tinangkilik ni Allah</b>	Tunay na si Allah ay nagsabi: Ang sinumang nangaway sa isang Aking tinangkilik, ipinahayag Ko na sa kanya ang pakikidigma.
67	<b>Ang pagpatay sa taong nasa ilalim ng pangangalaga ng isang bayang Muslim</b>	Ang sinumang pumatay ng isang taong nakipagkasunduan <sup>1</sup> nang wala sa katwiran ay hindi makasusumpung sa halimuyak ng Paraiso samantalang ang halimuyak ng Paraiso ay talagang nasusumpungan mula sa layong [nilalakbay ng] isang daang taon.
68	<b>Ang pagkakait sa tagapagmana ng mana nito</b>	Ang sinumang nagkait ng pamana sa tagapagmana niya ay ipagkakait ni Allah ang pamana sa kanya na Paraiso sa Araw ng Pagbangon.
69	<b>Ang pagpapahalaga sa kamunduhan</b>	Ang sinumang ang kamunduhan ay nasa niya, <b>ilalagay ni Allah ang karalitaan niya sa harap ng mga mata niya</b> , paghihiwalayin ni Allah ang kabuuan niya, at hindi siya bibigyan ng bahagi sa mundo bukod pa sa itinakda para sa kanya.

<sup>1</sup> Sa mga Muslim o isang bansang Muslim. Ang tinutukoy rito ay ang dayuhang naninirahan nang legal sa isang bansang Muslim.



## Ang Paglalakbay sa Buhay na Walang-hanggan Ang Daan mo tungo sa Paraiso o Impiyerno

**Ang Libingan.** Ito ang una sa mga antas ng Kabilang-buhay, isang hukay ng apoy para sa *Káfir* (tumatangging sumampalataya) at *Munáfiq* (nagkukunwaring sumampalataya) at isang hardin para sa Mu'min (manananmpalataya). **May nasaad sa Hadíth na pagdurusa sa loob ng libingan dahil sa ilang pagsuway gaya ng:** ang hindi paglilinis ng sarili matapos umihi, ang paninirang-puri, ang pang-uumit mula sa nasamsam sa digmaan, ang pagsisinungaling, ang pagtulog na hindi nagsagawa ng *saláh*, ang pagtalikod sa Qur'an, ang pangangalunya, ang sodomiya, ang pagpapatubo sa pautang, ang hindi pagbabayad sa utang, at iba pa. **Ang magliligtas laban doon ay** ang matuwid na tapat na gawain para kay Allah, ang pagpapakupkop laban sa parusa Niya, at ang pagbasa ng Súrah alMulk at iba pa. Ang ipagsasanggalang laban sa parusa niya ay ang martir, *murábit* (nagtatanod ng hangganan ng teritoryong Muslim), ang namatay sa araw ng Biyernes, ang namatay sa sakit sa tiyan, at iba pa.

**Ang Pag-ihip sa Tambuli.** Ito ay isang malaking sungay na isinubo na ni Anghel Isráfíl habang naghihintay kung kailan uutusang hipan ito para sa pag-ihip ng pagpapahilakbot. Nagsabi si Allah (27:87) : **“Sa Araw na ihip sa tambuli ay manghihilakbot ang sinumang nasa mga langit at ang sinumang nasa mga lupa, maliban sa sinumang niloob ni Allah.”** Kaya masisira ang buong Sansinukob. Pagkatapo ng apatnapung panahon ay ihip siya para sa pag-ihip na hudyat ng pagbangon. Nagsabi si Allah (39:68) : **“Pagkatapos ay ihip dito muli at walang-anu-ano sila ay mga nakatayo, na naghihintay.”**

**Ang Pagbangon.** Pagkatapos ay magpapadala si Allah ng isang ulan. Tutubo ang mga katawan (mula sa buto ng dulo ng gulugod (*spinal chord*)) at magiging bagong nilikha na hindi mamamatay, mga nakayapak, at mga hubad. Makikita nila ang mga anhel at ang mga jinní. Bubuhayin sila ayon sa kalagayan ng mga gawa nila.

**Ang Pagtipon.** Kakalapin ni Allah para sa pagtutuos ang mga nilikha, na mga nanghihilakbot na para bagang mga lasing, sa isang araw na dakila na kasingtagal ng limampung libong taon na para bagang ang mundo nila ay tumagal ng isang panahon. Lalapit ang araw sa layong isang milya. Malulunod ang mga tao sa pawis nila ayon sa mga gawa nila. Dito ay magtatalo ang mga mahina at ang mga mapagmalaki. Makikipagtalo ang *Káfir* sa kapisan niya at sa demonyo niya. Isusumpa nila ang isa't isa. Kakagatin ng lumalabag sa katarungan ang mga kamay niya. Hihilahin ang Impiyerno ng 70,000 renda, na hihilain naman ang bawat renda ng 70,000 anghel. Kaya kapag nakita ito ng *Káfir* ay mimithiin niyang tubusin ang sarili at maging alabok. Tungkol naman sa **mga sumusuway**, ang nagmamaramot ng *zakáh* ay pipitpin ang mga salapi niya sa apoy at heheruhan siya sa pamamagitan nito. Ang mga mapagmalaki ay titipunin na para bagang mga langgam. Iubunyag ang sumisira sa kasunduan, ang nang-uumit, at ang nangangamkam. Dadalhin ng magnanakaw ang ninakaw niya. Ilalantad ang mga lihim. Tungkol naman sa mga nangingilagan magkasala, hindi sila panghihilakbutin bagkus ay daraan ito na gaya ng *saláh* sa tanghali.

**Ang Pamamagitan.** Ito ay pinakadakila: **natatangi** sa Propeta (SAS) natin para sa mga nilikha sa Araw ng Pagtipon para sa pag-alis sa dalamhati nila at para sa pagtutuos sa kanila, at pangkalahatan para sa Propeta at sa iba pa sa kanya gaya ng pagpapalabas sa mga mananampalataya mula sa Impieryo at pag-aangat sa mga antas nila.

**Ang Pagtutuos.** Itatanghal ang mga tao na mga nakahanay sa harap ng Panginoon nila, at ipakikita sa kanila ang mga nagawa nila. Panananagutin sila sa mga iyon, at sa kung ano ginamit ang buhay, ang kabataan, ang yaman, kaalaman, ang kaginhawahan, ang pandinig, ang paningin, at ang puso. Ang Káfir at ang Munáfiq ay tutuusin sa harap ng mga nilikha upang sumbatan sila, ilahad ang katwiran sa kanila, at pasaksihin laban sa kanila ang mga tao, ang lupa, ang mga araw, ang mga gabi, ang yaman, ang mga anghel, at ang mga bahagi ng katawan hanggang sa mapagtibay at aminin nila iyon. Ang Mu'min ay makikipagsarilinan si Allah sa kanya. Aaminin nito ang mga pagkakasala nito hanggang sa kapag inakala nito na siya ay mapapahamak na ay sasabihin dito ni Allah: **“Nagtakip Ako sa iyo sa mundo at Ako naman ay magpapatawad sa iyo sa Araw na ito.”** Ang unang tutuusin ay ang kalipunan ni Muhammad (SAS). Ang una sa mga gawain sa pagtutuos ay ang saláh, at sa pagbabayad ay ang kaugnay sa pagpapadanak ng dugo.

**Ang Pagliliparan ng mga Talaan ng Gawa.** Pagkatapos ay magliliparan ang mga talaan ng gawa at kukunin nila ang aklat ng mga gawa **na hindi nag-iiwan ng isang maliit ni isang malaki malibang inisa-isa nito iyon:** ang Mu'min ay sa pamamagitan ng kanang kamay niya, ang Káfir at ang Munáfiq ay sa pamamagitan ng kaliwang kamay nila mula sa likuran nila.

**Ang Timbangan.** Pagkatapos ay titimbangin ang mga gawa ng mga nilikha, **upang gantihan sila ayon sa mga iyon,** sa pamamagitan ng tunay na timbangang tumpak na may dalawang pinggan, na pinabibigatan ng mga gawaing **umaayon** sa Batas ng Islam, na dalisay na ginawa alang-alang kay Allah. Kabilang sa nagpapabigat sa timbangan ay ang pagsabi ng Lá iláha illa 'lláh (Walang [totoong] Diyos kundi si Allah); ang kagandahan ng asal; ang Dhikr gaya ng pagsabi ng Al<sub>h</sub>amdu lilláh (Ang papuri ay ukol kay Allah), ang Sub<sub>h</sub>ána 'lláhi wa bi<sub>h</sub>amdihi (*Kaluwalhatian kay Alláh at papuri sa Kanya*). **Magbabayaran** ang mga tao sa pamamagitan ng mga magandang gawa nila at mga masagwang gawa nila.

**Ang Hawd.** Pagkatapos ay iinom ang mga Mu'min sa Hawd (lawa ng Propeta). Ang sinumang uminom mula rito ay hindi na mauuhaw pagkatapos nito magpakailanman. **Bawat propeta ay may hawd,** na ang pinakamalaki sa mga ito ay ang kay Propeta Muhammad (SAS). Ang tubig nito ay higit na maputi kaysa sa gatas, higit na matamis kaysa sa pulut-pukyutan, at higit na mabango kaysa sa musk. Ang mga panalok nito ay ginto at pilak na gaya ng bilang ng mga bituin. Ang haba nito ay higit na malayo sa layong mula sa Ailah, Jordan hanggang sa Aden, Yemen. Nanggaling ang tubig nito mula sa ilog ng Kawthar.



**Ang Pagsusulit sa mga Mu'min.** Sa huling araw ng Pagtitipon ay susundan ng mga Káfir ang mga diyos nila na sinasamba nila. Pararatingin sila ng mga ito sa Apoy bilang mga pangkat na gaya ng mga kawan ng mga hayupan, na umuusad sa pamamagitan ng mga paa nila o mga mukha nila. Walang matitira kundi ang mga Mu'min at ang mga Munáfiq. Pupuntahan sila ni Allah at magsasabi Siya: **Ano ang hinihintay ninyo?** Sasabihin nila: “Hinihintay namin ang Panginoon namin,” at makikilala nila Siya sa pamamagitan ng lulod Niya kapag itinambad: Niya ito. Susubsob sila na mga nakapatirapa maliban sa mga Munáfiq. Magsasabi si Allah (68:42) : **“Sa Araw na itatambad ang isang lulod ni Allah at tatawagin sila para sa pagpapatirapa ngunit hindi nila makakaya,”** Pagkatapos ay susundan nila Siya at itutukod Niya ang Sirát. **Bibigyan Niya sila ng liwanag at papatayin naman Niya ang liwanag ng mga Munáfiq.**

**Ang Sirát.** Ito ay isang tulay na ilalatag sa ibabaw ng Impiyerno upang tawiran ng mga Mu'min patungo sa Paraiso. Inilarawan ito ng Propeta (sas) na ito ay madulas na nakatitiosod, na may mga sungkit at mga kalawit na gaya ng mga tinik ng *sa'dán*, na higit na manipis kaysa sa buhok at higit na matalas kaysa sa tabak. Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Sa tabi nito ay ibibigay sa mga Mu'min ang liwanag ayon sa dami ng mga gawa nila. Ang pinakamataas sa kanila sa liwanag ay gaya ng mga bundok at ang pinakambaba sa kanila ay kapantay sa taas ng hinlalaki ng paa. Tatanglaw ito sa kanila at tatawirin nila ang sirát na ito sa bilis na ayon sa sukat ng mga gawa nila. Kaya tatawid ang Mu'min sa bilis na gaya ng kisap ng mata, gaya ng kidlat, gaya ng hangin, gaya ng mga ibon, gaya ng mga matuling kabayo, at gaya ng mga sasakyang kamelyo. **Kaya may maliligtas na lubos, may nagalusan na nakaalpas, at may naitulak sa Impiyerno.** Muttafaq 'Alayhi. Tungkol naman sa mga Munáfiq, sila ay walang liwanag. Babalik sila at pagkatapos ay magtatayo sa pagitan nila at ng mga Mu'min ng mga pader. Pagkatapos ay hahangarin nilang tawirin ang sirát ngunit magsisibagsakan sila sa Apoy.

**Ang Apoy.** Papasukin ito ng mga Káfir, pagkatapos ay ng ilan sa mga sumusuway na mga Mu'min, at pagkatapos ay ng mga Munáfiq. Sa bawat 1,000 ay **papasok roon ang 999**. Iyon ay may pitong pintuan. Ito ay **higit na matindi** kaysa sa apoy ng mundo **nang 70 ulit**. **Palalakingin** doon ang katawan ng Káfir upang lubos na malasap niya ang pagdurusa. Kaya ang haba ng nasa pagitan ng mga balikat niya ay layong lalakbayin sa tatlong araw at ang bagang niya ay singlaki ng bundok ng Uhud. Kakapal ang balat niya at papalit-palitan upang malasap niya ang pagdurusa. Ang inumin nila ay tubig na napakamainit na puputol sa mga bituka nila. Ang pagkain nila ay ang Zaqqúm, ang tagas ng sugat, at ang naknak. **Ang pinakamagaan sa kanila sa parusa** ay ang lalagyan ang ilalim ng dalawang paa niya ng baga, na kukulo dahil dito ang utak niya. Sa loob niyon ay may pagluluto ng balat, paglulusaw, pamamaso, pangangaladkad, mga tanikala, at mga kulyar sa leeg. **Ang kailaliman nito** ay malayo. Kung sakaling may inihagis doon na isang sanggol ay talagang aabot ito sa **70 taong gulang** pagdating sa kailaliman. Ang mga

pangkatong nito ay ang mga Káfir at mga bato. Ang hangin nito ay nakapapasong hangin. Ang lilim nito ay maitim na mainit na usok. Ang damit nila ay apoy, na lumalamon ng bawat bagay kaya hindi nagtitira at hindi nag-iiwan, na nagsisiklab, na umuungol, na sumusunog sa mga balat, at umaabot sa mga buto at mga puso.

**Ang Tawiran.** Nagsabi ang Propeta (SAS): *“Maliligtas ang mga Mu’min sa Apoy ngunit patitigilin sila sa isang tawiran sa pagitan ng Paraiso at Impiyerno. Maggagantihan para sa ilan sa kanila dahil sa ilan sa mga paglabag sa katarungan sa pagitan nila noon sa mundo. Kapag nalinis na sila at nadalisay na sila ay ipahihintulot na sa kanila ang pagpasok sa Paraiso. Kaya sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ni Muhammad ay nasa mga kamay Niya, talagang ang bawat isa sa kanila ay higit na nakaaalam sa tirahan niya sa Paraiso kaysa sa tirahan niya noon sa mundo.”* Isinalaysay ito ni Imám alBukhárf.

**Ang Paraiso.** Iyon ang kanlungan ng mga Mu’min. Ang mga gusali niyon ay yari sa pilak at ginto. Ang simento niyon ay musk. Ang mga graba niyon ay mga perlas at mga rubi. Ang alabok niyon ay asapran. Mayroon iyong **walong** pinto, na ang luwang ng isa sa mga ito ay layong lalakbayin sa tatlong araw subalit ito ay maninikip dahil sa siksikan. Sa loob niyon ay may **100** antas, na ang layo sa pagitan ng dalawang antas ay gaya ng layo ng langit at lupa. Ang Firdaws ay ang pinakamataas sa mga ito at mula rito ay bumubulwak ang mga ilog. Ang bubong niyon ay ang trono ni Allah. Ang mga ilog niyon ay pulut-pukyutan, gatas, alak, at tubig, na dumadaloy nang walang agusan, na pinadadaloy ng Mu’min kung papaanong loloobin niya. Ang mga bunga doon ay palagihan, malapit, at pinadaling pitasin. Sa loob niyon ay may hungkag na kubol ng perlas, na ang luwang niyon ay animnapung milya. Sa bawat sulok ay mayroong mga naninirahan: mga walang balahibo sa katawan, mga walang balbas, at mga may mata na initiman sa ilalim. Hindi maglalaho ang kabataan nila at hindi maluluma ang mga damit nila; walang ihi, walang dumi, walang kasalulaan. Ang mga suklay nila ay ginto. Ang pawis nila ay musk. Ang mga babae roon ay magaganda, mga birhen, malalambing, magkakasinggulang. Ang unang papasok doon ay si Muhammad (SAS) at ang mga propeta. **Ang pinakakaunti sa kanila** na magmimithi ay bibigyan ng sampung ulit niyon. Ang mga utusan nila ay mga batang lalaki na pinamalaging *bata* na parang mga mutyang ikinalat. Ang ilan sa pinakadakila sa mga lugod ng Paraiso ay **ang pagkakita kay Allah, ang kasiyahan Niya, at ang buhay na walang-hanggan.**

## Mga Nilalaman

Bilang		Pahina
1	Ang Kalamangan ng Pagbabasa ng Qur'an	4
2	Mga Mahalagang Tanong sa Buhay ng Muslim	67
3	Mahinahong Talakayan	88
4	Ang Pagsaksi na Walang Diyos Kundi si Allah	108
5	Ang Pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ni Allah	110
6	Ang Taharah	112
7	Ang Regla at Ang Istihadah	118
8	Ang Nifas	119
9	Ang Salah	121
10	Ang Zakah	130
11	Ang Pag-aayuno	134
12	Ang Hajj at Ang Umrah	138
13	Sari-saring Paksa	144
14	Ang Ruqyah na Pang-Islam	156
15	Ang Panalangin	165
16	Ang mga Mahalagang Panalanging Dapat Isaulo	168
17	Ang Pang-araw-araw na Panalangin sa Umaga at Gabi	176
18	Mga Salita at mga Gawa na May Nasaad na mga Dakilang Kabayaran	180
19	Mga Gawaing May Nasaad na Pagbawal sa Paggawa ng Mga Ito	191
20	Ang Paglalakbay sa Buhay na Walang Hanggan. Ang Daan mo Tungo sa Paraiso o Impiyerno	196

## Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Wudú'



Hindi magiging tumpak ang saláh nang walang wudú'. Kailangang ito ay sa pamamagitan ng tubig na nakalilinis: ang tubig na nananatili sa kalagayan ng pagkalikha rito gaya ng tubig ng dagat, tubig ng mga balon, tubig ng mga bukal, at tubig ng mga ilog.

**Puna :** Nagiging marumi ang kaunting tubig kapag nadiitan ng karumihan. Ang maraming tubig naman, ang higit sa 210 litro, ay hindi nagiging marumi hanggang hindi nababago ng karumihan ang kulay nito o ang lasa nito o ang amoy nito.



Sinisimulan ang pagsasagawa ng wudú' sa pamamagitan ng pagsabi ng bismi 'lláh. Kaibig-ibig ang paghuhugas sa mga kamay sa bawat pagasasagawa ng wudú' at titiyaking mahuhugasan ang mga ito nang tatlong ulit para sa isang gumising sa pagkatulog sa gabi.

**Puna :** Kinasusuklaman ang kalabisan sa tatlong ulit sa paghuhugas ng lahat ng katawan sa wudú'.



Pagkatapos ay isinatungkuling magmumog nang isang ulit. Ang tatlong ulit ay higit na mainam.

**Puna :** 1. Hindi nakasasapat sa pagmumumog ang pagpapasok ng tubig sa bibig at pagbubuga nito lamang, bagkus ay kailangang gumalaw-galaw ang tubig sa loob ng bibig. 2. Kaibig-ibig ang paggamit ng miswák sa sandali ng pagmumumog.



Pagkatapos ay isinasatungkuling suminghot ng tubig at isisinga ito nang isang ulit. Ang tatlong ulit ay higit na mainam.

**Puna :** Hindi nakasasapat sa pagsinghot ang pagpapasok lamang ng tubig sa ilong, bagkus ay kailangang pumasok ang tubig sa pamamagitan ng paghingang paloob na hahatak sa tubig sa loob ng ilong at pagkatapos ay palalabasin ito sa pamamagitan ng pagsingang palabas, hindi sa pamamagitan ng kamay. Ang isinasatungkulin ay isang ulit, ngunit ang tatlong ulit ay higit na mainam.



Pagkatapos ay isinasatungkuling hugasan ang mukha nang isang ulit. Ang tatlong ulit ay higit na mainam. Ang hangganan ng mukhang isinasatungkuling hugasan ay mula sa isang tainga hanggang sa isa pang tainga sa dakong pahalang at mula sa babang hanggang sa mga bahaging karaniwang tinutubuan ng buhok sa dakong patindig.

**Puna :** Kaiibig-ibig ang pagsuklay-suklay ng kamay sa balbas kapag ito ay malago at isinasatungkulin ito kapag ang balbas ay manipis.



Pagkatapos ay huhugasan nang isang ulit ang mga kamay at mga braso mula sa mga dulo ng mga daliri hanggang sa mga siko. Ang tatlong ulit ay higit na mainam.

**Puna :** Kaibig-ibig ang paghuhugas sa kanang kamay bago ang kaliwang kamay.



Pagkatapos ay hahaplin ng mga kamay ang buong ulo, ipapasok ang mga hintuturo sa butas ng mga tainga habang hinahaplos ng mga hinlalaki ang likod ng mga tainga. Ang lahat ng ito ay isang ulit lamang.

**Puna :** 1. Ang isinasatungkuling haplusin sa ulo ay mula sa hangganan ng mukha hanggang sa batok. 2. Hindi isinatungkuling haplusin ang lumalaylay na bahagi ng buhok. 3. Hahaplin ang anit ng ulo kapag walang buhok.



Pagkatapos ay isinasatungkuling hugasan ang mga paa kasama ang mga bukung-bukong nang isang ulit. Ang tatlong ulit ay higit na mainam.

### Mga Paalaala

1. Ang mga bahagi ng wudú' ay apat:

A. Ang pagmumog, ang pagsinghot at pagsinga ng tubig, at ang paghugas ng mukha. B. Ang paghugas ng mga kamay at mga braso. C. Ang paghaplos sa ulo at mga tainga. D. Ang paghugas sa mga paa kasama ng mga bukung-bukong. Isinasatungkulin ang pagkakasunod ng mga bahaging ito at ang pag-uuna sa isa sa mga ito sa iba pa ay nagpapawalang-saysay sa wudú'.

2. Isinasatungkulin na ang paghuhugas ay tuluy-tuloy. Nawawalan ng saysay ang wudú' sa pamamagitan ng pagtigil sa paghuhugas sa isa sa mga bahagi hanggang sa natuyo na ang nauna sa bahaging ito.

3. Sunnah na sabihin matapos ang wudú': **Ashhadu an lá iláha illa 'lláh, wahdahu lá sharíka lah, wa ash-hadu anna muhammadan 'abduhu wa rasúluh.** (Sumasaksi ako na walang [totoong] Diyos kundi si Allah; tanging Siya, wala Siyang katambal; at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.)

## Ang Pamamaraan ng Pagsasagawa ng Saláh




**Ang mga saligan** ng saláh. Nawawalan ng saysay ang saláh sa hindi pagkakasagawa sa mga shaligang ito dala ng pananadya o pagkaligta. **Ang mga kinakailangan** sa saláh. Nawawalan ng saysay ang saláh sa hindi pagkakasagawa sa mga kinakailangang ito dala ng pananadya. Magsasagawa naman ng *sujúdu 'ssahw* (patirapa para sa pagkaligta) dahil sa hindi pagkakasagawa sa alin sa mga ito dala ng pagkakamali. **Ang mga sunnah** sa saláh. Hindi nawawalan ng saysay ang saláh sa hindi pagkakasagawa sa mga sunnah na ito.

Kapag ninais mo na magsagawa ng saláh, ikaw ay magsasabi ng Alláhu akbar habang ikaw ay ganap na nakatayo. Bibigkasin nang malakas ng *imám* (namumuno sa saláh) ang lahat ng *takbír* (pagsasabi ng Alláhu akbar) upang marinig ito ng sinumang nasa likuran niya, at bibigkasin naman ito nang tahimik ng hindi *imám* sa saláh.

Sa pagsisimula ng *takbír*, iaangat ng nagdarasal ang mga kamay niya na nakadikit ang mga daliri hanggang sa kapantay ng mga balikat. Ang mga *ma'múm* (pinamumunuan sa saláh) naman ay bibigkas ng *takbír* matapos na malubos ng *imám* ang pagbigkas ng *takbír* niya.

**Puna** : Ang sinasasalitang bahagi ng saligan at kinakailangan sa saláh ay kinakailangang bigkasin sa tinig na kayang maiparinig ng nagsasagawa ng saláh sa sarili niya, pati na sa saláh na binibigkas nang tahimik. Ang pinakamababang malakas na pagbigkas ay ang maririnig ng iba at ang



Hahawakan ng nagsasagawa ng saláh sa pamamagitan ng kanang kamay niya ang kamay o ang pulsuhan ng kaliwa niya at ilalagay niya ang mga ito sa ilalim ng dibdib niya samantalang ang paningin niya naman ay nakatuon sa bahaging pagpapatirapaan niya. Pagkatapos ay bibigkasin niya ang *istiftáh* (panimulang panalangin sa saláh) sa pamamagitan ng ilang mga nasaad sa sunnah gaya ng : **subhánaka 'lláhumma wa bihamdika wa tabáraka 'smuka wa ta'alá jadduka wa lá iláha ghayruk** (*Kaluwalhatian sa Iyo, o Alláh, at papuri sa Iyo. Mapagpala ang pangalan Mo, kataastaasan ang kabunyian Mo at walang totoong Diyos maliban sa Iyo*). Pagkatapos ay bibigkasin niya ang *isti'ádhah* (panalangin ng pagpapakupkop kay Allah) : **a'údu bi'lláhi mina 'shshaytáni 'rrajím**

(*Nagpapakupkop ako kay Allah laban sa Demonyong isinumpa*). Pagkatapos ay bibigkasin niya ang *basmalah* : **bismi 'lláhi 'rrahmáni 'rrahím** (*Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain*).

Hindi bibigkasin nang malakas ang lahat ng naunang nabanggit. Pagkatapos ay bibigkasin ang *alFátihah*. Hindi kinakailangan sa *ma'múm* na bumigkas ng *alFátihah* sa mga rak'ah na binibigkas nang malakas, bagkus kaibig-ibig para sa kanya na bigkasin nang tahimik ang *alFátihah* sa sandali ng mga pananahimik ng *imám* at sa mga rak'ah na hindi bumibigkas nang malakas. Pagkatapos ay bibigkas ng makakaya mula sa Qur'an. Lalakasan ng *imám* ang pagbigkas sa saláh sa *subh* (madaling-araw), at sa unang dalawang rak'ah ng saláh sa, *maghrib* (pagkalubog ng araw), at *'ishá'* (gabi). Hihinaan ang pagbigkas sa sa mga rak'ah na iba pa rito.

**Puna** : Kaibig-ibig na bumigkas ng mga kabanata ng Qur'an ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga kabanata at kinasusuklanan na baliktarin ang pagkakasunud-sunod. Ipinagbabawal ang pagbago sa pagkakasunud-sunod ng mga salita o mga talata sa iisang kabanata ng Qur'an.



Pagkatapos ay bibigkasin niya ang *takbír* habang iniaangat ang mga kamay niya at yuyukod siya. Ilalagay niya ang mga kamay niya sa mga tuhod niya na para bagang hinahawakan niya ang mga ito, habang pinaghihiwalay niya ang mga daliri niya. Iuunat niya ang likod niya at gagawin niya ang ulo niya na kapantay ng likod. Pagkatapos ay tatlong ulit beses siyang bibigkas ng : **subhána rabbiya 'l'adhím**

(*Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Dakila*). Sa pamamagitan ng pagyukod na ito ay naabutan ang isang rak'ah.

**Puna** : Ang oras ng pagsambit ng *takbír* at pagsabi ng **sami'a 'lláhu liman hamidah** (*Dinilig ni Allah ang sinumang nagpuri sa Kanya*.) ay sa sandali ng pagsasagawa ng paglipat sa kasunod na posisyon, hindi bago o matapos magsagawa. Iyon ay ginagawa sa lahat ng mga *takbír* ng saláh. Kapag inantala ang *takbír* nang sinasadaya ay mawawalan ng saysay ang saláh.



Pagkatapos ay iaangat niya ang ulo habang nagsasabi ng **sami'a 'lláhu liman hamidah** habang inaangat niya ang mga kamay. Kapag nakatayo na siya nang tuwid ay magsasabi siya ng: **رَبَّنَا وَلَكَ الْحَمْدُ حَمْدًا كَثِيرًا طَيِّبًا مُبَارَكًا فِيهِ، مَلَأَ السَّمَاوَاتِ وَمَلَأَ الْأَرْضِ رَبَّنَا مَا شِئْنَا مِنْ شَيْءٍ بَعْدَ رَبَّنَا وَاعْتَصِمْنَا بِكَ رَبَّنَا وَارْتَضِ بِكَ رَبَّنَا رَبَّنَا** **rabbaná wa laka 'lhamd hamdan kathíran tayyibam mubáran fíhi mil'a 'ssamáwátí wa mil'a 'l'ard, wa mil'a má shi'ta min shay'im ba'd,**

(Ang papuri ay ukol kay Allah, papuring marami, mabuti, nagpapala na makapupuno ng mga langit, makapupuno ng lupa at makapupuno ng anumang bagay na niloob Mo pagkatapos.)

**Puna :** Ang sandali ng pagsasabi ng **rabbaná wa laka 'lhamd** ay matapos malubos ang pagkakatayo mula sa pagkakayukod, hindi sa sandaling umaangat mula sa pagkakayukod.



Pagkatapos ay magpapatirapa habang nagsasabi ng takbír. Habang nakapatirapa, ilalayo niya ang mga bisig niya sa mga tagiliran niya, at ang tiyan niya sa mga hita niya. Ilalpag niya ang mga kamay niya kapantay ng mga balikat niya at nakatukod ang mga dulo ng mga paa, na nakaharap ang mga daliri ng mga kamay at mga paa sa qiblah. Pagkatapos ay tatlong ulit magsasabi ng **سُبْحَانَ رَبِّيَ الْأَعْلَى** **subhána rabbiya 'l'a'lá** (*Kaluwalhatian sa Panginoon ko, ang Pinakamataas*).

**Puna :** Kinakailangang ang pagkapatirapa ay batay sa pagdiit ng pitong bahagi ng katawan: ang mga dulo ng dalawang paa, ang dalawang tuhod, ang dalawang palad, at ang noo kasama ng ilong. Nawawalan ng saysay ang **saláh** sa pamamagitan ng sadyang pagpapatirapa nang hindi nakadiit ang ilan sa pitong bahagi na ito, maliban kung may katanggap-tanggap na dahilan.



Pagkatapos ay iaangat niya ang ulo niya [samantalang nakaupo] habang nagsasabi ng takbír. Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang patirapa ay may dalawang anyo:

1. ang upong *iftirásh*: ihihiga ang kaliwang paa [na nakaturo ang dulo sa gawing kanan] at uupo sa ibabaw nito habang nakatukod ang kanang paa samantalang nakabaluktot ang mga daliri na nakaturo sa qiblah.
2. ang upong nakatukod ang mga paa habang ang mga daliri ng paa ay nakaturo sa qiblah, samantalang nakaupo sa mga bukung-bukong.

[Habang nakaupo,] tatlong ulit siyang magsasabi ng **رَبِّ اغْفِرْ لِي** **rabbi 'ghfir lí** (*Panginoon ko, patawarin Mo ako*) at maaari siyang magdagdag ng **وَارْحَمْنِي اجْبِرْنِي وَارْقُمْني وَأَنْصُرْنِي وَأَهْدِنِي وَارْحَمْنِي** **wa 'rhamní wa 'jburní wa 'rfa'ní wa 'rzuqní wa 'nşurní wa 'hdiní wa 'áfiní wa 'fu 'anní**

(*Kaawaan Mo ako, patnubayan Mo ako, tustusan Mo ako, pariwasain Mo ako at palusugin Mo ako, iangat Mo ako, tustusan Mo ako, iadya Mo ako, patnubayan Mo ako, palusugin Mo ako, at paumanhinan Mo ako*). Pagkatapos ay magpapatirapa muli gaya ng una. Pagkatapos ay iaangat niya ang ulo niya habang nagsasabi ng takbír at babangon na nakatayo sa mga talampakan ng mga paa at isasagawa niya ang ikalawang rak'ah gaya ng una.

**Puna :** Ang pagbigkas ng Súrah alFátihah ay kapag nakatayo na. Kaya kapag sinimulan ang pagbigkas nito bago malubos ang pagtayo, kailangang ulitin ito matapos na malubos ang pagtayo dahil kung hindi ay mawawalan ng saysay ang **saláh**.



Kapag natapos na sa dalawang rak'ah ay uupo ng upong iftirásh para sa unang tashahhud. Ipatatong ang kaliwang kamay sa kaliwang hita at ang kanang kamay sa kanang hita. Ikukuyom ang hinliliit at ang palasingsingan, iipitin ng hinlalaki ang hinlalato, at ipantuturo ang hintuturo. Bibigkasin ang Unang Tashahhud:

التَّحِيَّاتُ لِلَّهِ، وَالصَّلَوَاتُ وَالطَّيِّبَاتُ، السَّلَامُ عَلَيْكَ أَيُّهَا النَّبِيُّ وَرَحْمَةُ اللَّهِ وَبَرَكَاتُهُ، السَّلَامُ عَلَيْنَا وَعَلَىٰ عِبَادِ اللَّهِ الصَّالِحِينَ، أَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ. **attahiyátu lilláhi wa 'ssalawátu wa 'ttayyibát, assalámu 'alayka áyyuha 'nnabíyu wa rahmatu 'lláhi wa barakátuh, assalámu 'alayná wa 'alá 'ibádi 'lláhi 'ssálihín, ashhadu an lá iláha illa 'lláh, wa ashhadu anna muhammadan 'abduhu wa rasúluh.**

(Ang mga pagbati ay ukol kay Allah, at ang mga dasal at mga mabuting gawa. Ang kapayapaan ay sumaiyo, o Propeta, at ang awa ni Allah at ang biyaya Niya. Ang kapayapaan nawa ay sa kanya at sa mga matuwid na lingkod ni Allah. Sumasaksi ako na walang [totoong] Diyos kundi si Allah, nag-iisa Siya, wala Siyang katambal; at sumasaksi rin ako na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.)

Pagkatapos ay tatayo, kung ang saláh ay tatluhan o apatang rak'ah, habang nagsasabi ng takbír at inaangat ang mga kamay. Isasagawa ang nalalabing rak'ah nang gayon din ngunit alFátihah na lamang ang bibigkasin at hindi ito bibigkasin nang malakas.



Pagkatapos ay uupo para sa Huling Tashahhud, kung ang saláh ay tatluhan o apatang rak'ah, ng upong *tawarruk*. Ito ay may tatlong anyo na pawang tumpak :

**1.** Ihihiga ang kaliwang paa at ilalabas ito sa dakong kanan niya **sa ilalim** ng lulod niya habang **nakatukod** ang kanang paa niya at ang pigi niya niya ay nakaupo sa lapag, **2.** Ihihiga ang kaliwang paa at ilalabas ito sa dakong kanan niya **sa ilalim** ng lulod niya habang **nakahiga** ang kanang paa niya at ang pigi niya ay nakaupo sa lapag, **3.** Ihihiga ang kaliwang paa at ilalabas ito sa dakong kanan niya **sa pagitan** ng lulod at hita niya at ang pigi niya ay nakaupo sa lapag. Hindi uupo ng upong tawarruk kung hindi sa huling pag-upo ng saláh na may dalawang tashahhud. Pagkatapos ay sasabihin ang Unang Tashahhud. Pagkatapos ay bigkasin ang *Salawát*:

اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ، وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ، كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ، اللَّهُمَّ بَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ، وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ، كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ، وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

**Alláhumma ṣalli 'alá muḥammadin wa 'alá áli Muḥammad, kamá ṣallayta 'alá ibráhíma wa 'alá áli ibráhím, innaka ḥamídum majíd. Alláhumma bárik 'alá muḥammadin wa 'alá áli muḥammad, kamá bárakta 'alá ibráhím, wa 'alá áli ibráhím, innaka ḥamídum majíd.**

(O Allah, basbasan Mo si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagbasbas Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati. O Allah, pagpalain Mo si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagpala Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati.)

Kaibig-ibig na manalangin pagkatapos niyon ng ilang panalanging nasaad sa *Hadíth*, gaya ng:

أَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ عَذَابِ النَّارِ وَعَذَابِ الْقَبْرِ وَفِتْنَةِ الْمَحْيَا وَالْمَمَاتِ وَفِتْنَةِ الْمَسِيحِ الدَّجَالِ. **A'údu billáhi min 'adhábi 'nnár, wa 'adhábi 'lqabri, wa fitnati 'lmaḥyá wa 'lmaḥáti, wa fitnati 'lmasíhi 'ddajjál.**

(Nagpapakupkop ako kay Allah laban sa pagdurusa sa Apoy, sa pagdurusa sa libingan, sa tukso ng buhay at kamatayan, at sa tukso ng Bulaang Kristo.)



Pagkatapos ay babati sa unang pagkakataon sa dakong kanan niya, na nagsasabi: **اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ، كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ، اللَّهُمَّ بَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ، وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ، كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ، وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.** (Ang kapayapaan ay sumainyo at ang awa ni Allah), at babati rin sa ikalawang pagkatataon sa dakong kaliwa naman niya.

Kapag nakabati na ay bibigkas siya ng du'á' na nasaad sa *Hadíth* habang siya ay nakaupo sa pinagdasalan niya.

## Ang Hinihiling ng Kaalaman ay ang Paggawa

Ang kaalamang walang gawa ay pinupulaan ni Allah, ng Sugo Niya, at ng mga Mu'min. Nagsabi si Allah (61:2-3): **“O mga sumampalataya, bakit ninyo sinasabi ang hindi ninyo ginagawa? Malaking pagkamuhi para kay Allah na sabihin ninyo ang hindi ninyo ginagawa.”** Nagsabi si Abú Hurayrah (RA): **“Ang paghahalintulad sa kaalamang hindi ginagawa ay katulad ng kayamanang hindi nagugugol mula rito ang alang-alang sa landas ni Allah.”**

Nagsabi si alFudayl, kaawaan siya ni Allah : **“Ang nakaaalam ay hindi titigil sa pagiging mangmang sa nalaman niya malibang isagawa niya ito.”** Nagsabi naman si Málík ibnu Dinár, kaawaan siya ni Allah : **“Makatatagpo ka ng lalaking hindi pa nagkakamali sa pagbigkas ng isang titik samantalang ang gawain niya ay mali lahat.”**

### Kapatid na Muslim :

Pinadali nawa ni Allah para sa iyo ang pagbasa sa mapakikinabangang aklat na ito. Manatili nawa ang bunga ng pagbabasa mo, at ito ay ang paggawa ayon sa nasaad dito.

◆ Nakabasa ka na ng ilang bahagi ng Qur'an at pagpapaliwanag nito. Kaya magsigasig ka sa paggawa ayon sa nalaman mo na mga kahulugan nitong mga talata ng Qur'an sapagkat tunay na ang mga Kasamahan ng Propeta (SAS) ay nagpapabigkas sila mula sa Sugo ni Allah (SAS) ng sampung talata ng Qur'an at hindi nila kinukuha ang ibang sampung talata ng Qur'an malibang naisagawa nila ang nasaad doon na kaalaman at gawain. Sinabi nila: **“Kaya nalaman namin ang kaalaman at ang paggawa”** na gaya nga ng pag-uudyok ng Batas ng Islam doon. Nagsabi si Ibnu ‘Abbás (RA) hinggil sa sinabi ni Allah (2:121) : **binibigkas ito nang totoong pagbigkas** : sinusunod nila ito ng totoong pagsunod. Nagsabi naman si alFudayl: **“Ibinaba ang Qur'an upang isagawa lamang ngunit ginawa ng mga tao ang pagbigkas nito bilang isang gawain.”**

◆ Nakabasa ka na rin ng ilang bahagi ng Sunnah ng Propeta (SAS) kaya magdali-dali ka sa pagtugon at paggawa sapagkat tunay na ang mga matuwid na Kalipunang Islam ay walang natutunan na anuman malibang nag-uunahan sila sa pagpapatupad nito at pag-aanyaya tungo rito, bilang pagsunod sa sinabi ng Propeta (SAS): **“Kapag nag-utos ako sa inyo ng isang utos ay isagawa ninyo ito ng makakaya ninyo at ang anumang sinaway ko sa inyo ay iwasan ninyo ito.”**<sup>1</sup> at bilang pangamba sa masakit na parusa ni Allah ayon sa sinabi Niya (24:63): **“Kaya mag-ingat ang mga sumasalungat sa utos niya na baka dapuan sila ng isang pagsubok o dapuan sila ng isang masakit na pagdurusa.”** Kabilang sa mga halimbawa nito ay ang sumusunod:

● Ang ina ng mga Mu'min na si Umm Habíbah (RA) ay nagsasalaysay ng isang Hadíth: **“Ang sinumang magdasal ng labindalawang rak'ah sa araw at gabi ay magpapatayo para sa kanya dahil sa mga ito ng isang bahay sa Paraiso.”**<sup>2</sup>

Sinabi ni Umm Habíbah: **“Kaya hindi ko na itinigil ang mga ito magbuhat nang narinig ko ang mga ito mula sa Sugo ni Allah (SAS).”**

● Si Ibnu ‘Umar (RA) ay nagsasalaysay ng isang Hadíth: **“Hindi karapat-dapat sa taong Muslim na may bagay na itatagubilin niya hinggil doon na magpapagabi ng tatlong gabi kung hindi nakasulat ang tagubilin niya.”**<sup>3</sup> Pagkatapos ay sinabi niya: **“Walang nagdaang gabi sa akin magbuhat nang narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsabi niyon na malibang taglay ko ang tagubilin ko.”**

<sup>1</sup> Isinalaysay ito nina Imám alBukhárí at Imám Muslim.

<sup>2</sup> Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

<sup>3</sup> Isinalaysay ito ni Imám Muslim.



● Nagsabi si Imám Ahmad, kaawaan siya ni Allah: “Wala akong naisulat na hadíth malibang naisagawa ko iyon, hanggang sa nakarating sa akin *na ang Propeta ay nagpagamot sa pamamagitan ng hijámah*<sup>1</sup> at nagbigay kay Abú Taybah ng isang Dínár kaya nagbibigay ako sa hijám ng isang Dínár nang nagpagamot ako sa pamamagitan ng hijámah.”

● Nagsabi si Imám alBukhárí, kaawaan siya ni Allah: “Hindi ako nanlibak sa isa man magbuhat nang nalaman ko na ang panlilibak ay bawal. Tunay na ako ay umaasa na makakatagpo ko si Allah na hindi Niya ako pananagutin na ako ay nanlibak sa isa.”

● Nasaad sa Hadíth: “*Ang sinumang bumigkas ng Áyatulkursí pagkatapos ng bawat saláh ay walang makapigil sa kanya sa pagpasok sa Paraiso kundi ang mamatay siya.*”<sup>2</sup> Nagsabi si Imám Ibnu alQayyim, kaawaan siya ni Allah: “May umabot sa akin tungkol kay Shaykh al’Islám na siya ay nagsabi: Hindi ko itinigil iyon pagkatapos ng bawat saláh malibang dahil sa pagkalimot o gaya niyon.”

◆ Pagkatapos ng kaalaman at paggawa ay kailangan ang pag-anyaya tungo sa ibiniyaya sa iyo ni Allah at na huwag mong pagkaitan ang sarili mo ng kabayaran at huwag pagkaitan ang iba ng kabutihan. Nagsabi ang Propeta (SAS): “*Ang sinumang nagturo ng isang mabuti ay magkakaroon siya ng tulad sa kabayaran ng nagsasagwa niyon.*”<sup>3</sup> Nagsabi pa siya (SAS): “*Ang pinakamabuti sa inyo ay ang nag-aral ng Qur’an at nagturo nito.*”<sup>4</sup> Nagsabi pa siya (SAS): “*Magparating kayo tungkol sa akin kahit lamang na isang talata.*”<sup>5</sup> Ayon sa dami ng pakikilahok sa kabutihan darami at lalaki para sa iyo ang kabayaran at magpapatuloy para sa iyo ang mga magandang gawa sa buhay at matapos ang kamatayan. Nagsabi ang Propeta (SAS): “*Kapag namatay ang tao ay napuputol buhat sa kanya ang gawain niya maliban sa tatlo: maliban sa kawanggawang nagpapatuloy, o kaalamang napakikinabangan, o anak na matuwid na dumadalangin para sa kanya.*”<sup>6</sup>

**Pagliliwanag :** Binibigkas natin ang alFátihah nang higit sa labimpitong ulit bawat araw. Nagpapakupkop tayo laban sa mga kinagalitan at mga naliligaw, pagkatapos ay tumutulad tayo sa kanila sa mga gawain nila. Tinatalikdan natin ang pag-aaral at nagsasagawa tayo ayon sa kamangmangan, kaya nakawawangis natin ang mga Kristiyanong naliligaw; o nag-aaral tayo at hindi nagsasagawa, kaya nakawawangis natin ang mga Hudyong pinagalitan! Hinihiling natin kay Allah na tustusan kami at ikaw ng kaalamang napakikinabangan at gawang matuwid.

Si Allah at ang Sugo Niya ay higit na nakaaalam. Basbasan ni Allah at pangalagaan ang pinuno natin at minamahal nating si Muhammad sampu ng mag-anak niya at lahat ng mga Kasamahan niya.

---

<sup>1</sup> Isang uri ng panggagamot na palasak noon sa mga bayang Muslim na isinasagawa sa pamamagitan ng paggawa ng maliit na hiwa sa isang bahagi ng katawan at pinapatungan ng isang tasa upang mapalabas ang masamang dugo. Ang nanggagamot sa pamamagitan nito ay tinatawag na hijám.

<sup>2</sup> asSunnan alKubrú.

<sup>3</sup> Isinalaysay ito ni Imám Muslim.

<sup>4</sup> Isinalaysay ito ni Imám alBukhárí.

<sup>5</sup> Isinalaysay ito nina Imám alBukhárí at Imám Muslim.

<sup>6</sup> Isinalaysay ito ni Imám Muslim.